



Mga EKSILO,
INANG BAYAN at
PANLIPUNANG
PAGBABAGO

Maruja M. B. Asis, Patnugot

*Mga Eksilo, Inang Bayan
at
Panlipunang Pagbabago*

Maruja M. B. Asis
Patnugot

1999
University of the Philippines
Center for Integrative and Development Studies
sa pakikipagtulungan ng
Scalabrini Migration Center
Lunsod Quezon

*Mga Eksilo, Inang Bayan at
Panlipunang Pagbabago*

**Unang Edisyon
Karapatang-ari © 1999 ng
University of the Philippines
Center for Integrative and Development Studies (UP-CIDS)**

**UP-CIDS
Diliman, Quezon City**

**ISBN - 971-742-033-5
Inilimbag sa Pilipinas**

Paunang Salita

Sa pagdiriwang ng Sentenaryo ng Kalayaan ng Pilipinas (1896-1898/1996-1998), naging palaisipan kung may papel kaya ang migrasyong panlabas sa pagkamit ng kalayaan ng kauna-unahang republika sa Asya at sa mga susunod pang panlipunang pagbabago sa Pilipinas? Kapansin-pansin na ang karanasang eksilyo ay naging bahagi sa pagsulong ng kalayaan, katarungan, kapayaan at iba pang mga pambansang adhikain. Sa mga impormal na talakayan sa mga dalubhasa, unti-unting nahabi ang iba't ibang yugto ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino at ang iba't ibang mukha ng eksilyong migrasyon.

Sa kalaunan, nagkaroon ng pakikipagtulungan ang *University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies (UP-CIDS)* at *Scalabrini Migration Center (SMC)* sa pagpapatupad ng proyekto, at ito ay nagbunga sa dalawang publikasyon: isang aklat sa Pilipino (sa pagtaguyod ng UP-CIDS) at isang bersyon sa wikang Ingles na ilalathala sa isang natatanging isyu ng *Asian and Pacific Migration Journal* (sa pagtaguyod ng SMC).

Hinahangad namin na ang mga sanaysay sa tomong ito ay maging tulay sa pag-alala ng ating nakaraan at ang mga aral nito sa mga pakikibaka ng ating panahon.

Ma. Cynthia Rose B. Bautista
Executive Director
UP-CIDS

Graziano Battistella
Director
SMC

Pasasalamat

Ang proyektong ito ay nagbunga at lumago dahil sa kabutihang-loob at pagtataguyod ng mga institusyon at indibidwal. Malaki ang aking pasasalamat kay Dr. Zeus A. Salazar sa kanyang mga mungkahi at tiwala na maisasagawa ang proyekto. Maraming salamat sa UP-CIDS sa pagbigay ng pondo; kay Dr. Ma. Cynthia B. Bautista, *Executive Director*, na naniwala at nagbigay ng taos-pusong suporta; kay Maricor Baytion, na namahala sa aspeto ng produksyon; kay Ariel Manuel, para sa disenyo ng pabalat; kay Arnie C. Trinidad, para sa *copy editing*; at kina Teresita Tamayo at Josefina Padolina, na nag-asikaso sa mga usaping pang-administrasyon. Ang pag-edit ng mga manuskrito ay ginampanan ng kahusayan ni Ramon Guillermo, at kasama nina Kris Lacaba at Homer Novicio, ay maingat na isinalin ang ilang manuskrito mula sa Ingles. Malugod ko ring kinikilala at pinapahalagahan ang suporta ng SMC sa pamumuno ni Graziano Battistella. Maraming salamat sa matiyaga at masiglang pakikipagtulungan ni Ma. Leonila S. Domingo ng SMC sa *encoding* at *pag-layout* ng mga artikulo. Sa lahat ng mga may-akda, lubos ang aking pasasalamat sa kanilang binahaging kaalaman, pag-unawa, at pakikiisa.

Nilalaman

Paunang Salita	i
Pasasalamat	iii
Panimula <i>Maruja M.B. Asis</i>	1
Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas <i>Zeus A. Salazar</i>	15
Si Rizal at ang mga Ilustrado sa Espanya <i>Noel V. Teodoro</i>	71
Propagandista at Deportado: Pagbabalik-bayan, ca. 1888-1892 <i>Ferdinand C. Llanes</i>	95
Mariano Ponce: Sugo sa Bansang Hapon <i>Ma. Luisa T. Camagay</i>	117
Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eks'lo sa Guam <i>Atoy M. Navarro</i>	135
Eksilyo Bilang Pagtutol: Artemio Ricarte <i>Ricardo T. Jose</i>	155
Pensionado at Manggagawa: Mga Pilipino sa Estados Unidos, 1903-1956 <i>Noel V. Teodoro</i>	187
Gobyernong Eksilo <i>Ricardo T. Jose</i>	215
Mga Eksilo sa Tsina <i>Clarissa V. Militante</i>	233
Ang <i>Hijrah</i> ng MNLF: 1974-1996 <i>Carmen A. Abubakar</i>	249
Ninoy Aquino: Hindi Pangkaraniwang Eksilo <i>Neni Sta. Romana-Cruz</i>	263
Ang Pamayanang Eksilo <i>Jo-Ann Q. Maglipon</i>	279
Mga May Akda	307

PANIMULA

MARUJA M. B. ASIS

Ang Pilipinas ay naging tanyag nitong mga huling tatlong dekada bilang isang bansang pinanggagalingan ng maraming uri ng migrante. Ayon sa pinakahuling bilang ng *Commission on Filipinos Overseas*, may mga 6.97 milyong mga Pilipino ang naninirahan at/o nagtatrabaho sa labas ng bansa. Sa bilang na ito, may mga 2.15 milyong permanente nang lumipat sa mga bansang tumatanggap ng mga permanenteng migrante katulad ng Estados Unidos (EU), Canada, Australia at New Zealand. May mga 2.94 milyon naman na nagtatrabaho sa ibang bansa (mga *Overseas Filipino Workers* o OFWs), at dagdag ang mga 1.88 milyong migrante na hindi dokumentado.

Bilang isang salik panlipunan, ang migrasyon¹ ay maaaring maging sanhi ng pagbabago sa mga lipunang iniwan at sinalihan ng mga migrante. Sa wikang Malay, ang migrasyon o paglalakbay ay naiuugnay sa *merantau* (o *pergi merantau*), na nagpapahiwatig ng pagiging bukas at ng kalayaan (Wang, 1997:16). Layunin ng publikasyong ito na suriin ang papel ng migrasyon sa ating kasaysayan at nang mabigyan ng pangkasaysayang perspektibo ang migrasyon ng mga Pilipino. Sa haba nang pandarayuhan ng mga Pilipino, mahalagang linawin ang papel ng migrasyon bilang salik ng panlipunang pagbabago, lalo na nitong nakaraang sandaang-taon. May mga ilang pumuna na tila may kiling ang kasaysayan sa kasaysayan ng mga permanenteng populasyon o lipunan, kung kaya't nakakaligtaan ang papel ng migrasyon. Nakakaligtaan din ang pagkilala sa migrasyon bilang bahagi ng mahabang karanasan ng sangkatauhan; ang migrasyon ay hindi isang “bagong” penomeno (Rafael at Itty, 1998; Deleuze at Guattari na nasa Featherstone, 1997:239). Maging ang sosyolohiya ay parang nakapako rin sa pagsusuri ng lipunan bilang isang kabuuan, at dahil dito, hindi nabibigyan ng pansin ang mga proseso katulad ng migrasyon na nag-uugnay at nakaka-impluwensiya sa mga lipunan (Featherstone, 1997:248).

Isang anyo ng migrasyon, eksilyo o pagpapatapon, ang tatalakayin ng mga piling artikulo. Bagamat ang salitang eksilo ay ginagamit sa pagtukoy sa sinumang napilitang mawalay sa sariling bayan, ang mga tinutukoy rito ay partikular sa mga pulitikal na eksilo. Ang eksilyo ay isang uri ng migrasyon na hindi pa napag-aralan ng masinsinan dito sa Pilipinas.² Maaring ito'y dahil kadalasan ay kakaunti lang ang bilang ng mga pulitikal na eksilo kung kaya't ang epekto ng kanilang paglisan (o ang persepsyon nito) ay hindi kapansin-pansin. Ang patuloy na ugnayan ng mga eksilo at ng Inang Bayan ay nagmumula sa katangian ng eksilyong migrasyon. May kinalaman ang kanilang paglisan o pananatili sa labas ng bansa sa mga pulitikal na paniniwala at gawa na kadalasan ay laban sa mga awtoridad o estado. Hindi lang mahirap na buhay ang naghihintay sa mga nakisangkot sa mga pulitikal na paniniwala o gawain, maaari ring malagay sa panganib ang kanilang buhay kung sila ay mananatili sa loob ng bansa.³ May mga eksilong napilitang lumisan bunga ng mga pulitikal na salik. Mayroon din namang nangibang-bansa sa kadahilangang personal o ibang dahilan ngunit dahil sa kanilang pakikisangkot sa mga pulitikal na usapin o gawain, nasadlak sa panganib ang kanilang pagbalik sa bansang pinanggalingan. Ganumpaman, ang kanilang paglisan o pagkawalay sa bansa ay hindi pumutol sa mga adhikain na kanilang tinataguyod sa bayang sinilangan, na siyang kabaligtaran ng mga inaasahang epekto ng migrasyon.

Ang mga eksilo at panahon na kasama sa tomong ito ay pinili mula sa mga kritikal na yugto ng ating kasaysayan. Natunghayan ng nakaraang sandaang-taon ang iba't ibang pakikibaka: ang pakikipaglaban sa dayuhang puwersa, ang kaguluhan noong panahon ng digmaan, ang madilim na panahon ng Batas Militar, at ang patuloy na usapin tungkol sa kapayapaan. Bagamat may mga eksilo rin sa loob ng bansa (hal., ang mga *deportados* noong panahon ng mga Kastila at Amerikano, o kaya'y mga "taong labas" katulad ng mga *tulisanes*, *cimarrones*, at *remontados*), nakatuon ang mga sanaysay sa mga eksilong nangibang-bansa. Bilang panimulang pag-aaral tungkol sa migrasyong eksilo, batid ng patnugot na hindi nabigyan ng kaukulang pansin ang iba pang mga eksilo (hal., kailangan pang linangin ang papel ng mga kababaihang eksilo), at malamang na may magtatanong din kung tunay na bayani nga ba ang mga eksilong naisulat dito. Ang hangarin ng mga sanaysay ay hindi upang ilagay sa dambana ang ilang indibidwal kundi upang maunawaan ang karanasang eksilyo at kung paano ito maiugnay sa mas malawakang pangyayari sa ating lipunan. May mga ilang katanungan ang nagsilbing gabay sa mga manunulat sa pagbuo ng personal at panlipunang konteksto na humubog sa eksilyong migrasyon:

- a.) *Mga kondisyon ng kanilang paglisan*: Bakit sila umalis? Paano sila umalis?
- b.) *Pagsasalarawan ng mga eksilo at ng kanilang buhay sa ibang bansa*: Sino ang mga eksilo? Mga ilan sila? Sinu-sino ba ang pangunahing tauhan? May mga kababaihan bang kasama? May matatawag bang komunidad ng mga

eksilo? Ano ang ugnayan ng mga eksilo sa isa't isa, sa mga ibang Pilipino (na hindi eksilo), at sa mga tao at institusyon sa *host society* (lipunang tumanggap sa kanila)?

- k.) *Mga gawain tungo sa pagsulong ng pagbabago sa Pilipinas habang sila ay nasa labas ng bansa:* Ano ang kanilang mga gawain, at anong pamamaraan ang kanilang ginamit sa pagpapatupad ng mga gawain habang sila ay wala sa bansa? Ano ang kanilang *agenda* para sa Pilipinas? Sino ang kanilang kaugnay sa *host society*? Sino ang kanilang kaugnay sa Pilipinas? Anong klaseng ugnayan ang kanilang ipinagpatuloy dito sa Pilipinas?
- d.) *Paghambing ng kanilang mga adhikain at pananaw: bago ang eksilyo, noong sila ay nasa labas ng bansa, at pagbalik sa Pilipinas:* Nagkaroon ba ng pagbabago ang kanilang mga pananaw o pamamaraan sa mga pagbabagong minimithi? Kung mayroon, ito ba ay dala ng kanilang paninirahan sa ibang bansa, o paano ito na-impluwensiyahan ng kanilang paninirahan sa ibang bansa?
- e.) *Ang pagbabalik:* Sino ang mga nakabalik? Ano ang nangyari sa kanilang pagbalik? Sino ang mga hindi nakabalik? Bakit? Ano ang nangyari sa kanila?
- g.) *Pagtatanto sa kanilang papel sa panlipunang pagbabago:* Ano ang pananaw ng mga iba't ibang sektor ng lipunang Pilipino tungkol sa kanilang papel?
- h.) *Mga tala tungkol sa metodolohiya:* Ano ang lapit na ginamit? Ano ang pamamaraan ng pagkalap ng datos? Ano ang mga ginamit na datos (hal., mga sulat, dokumento, pakikipagpanayam, atbp.)?

Tungkol sa mga Artikulo

Ang sanaysay ni Zeus A. Salazar, "Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas," ay tumatalakay sa katangian at kahulugan ng eksilo sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng Pilipinas, hindi lamang nitong nakaraang sandaang-taon kundi sa mas mahabang panahon bago pa man dumating ang mga Kastila hanggang sa kasalukuyan. Pinalalim at pinalawak niya ang konsepto ng pagka-eksilo at pinaliwanag niya ang iba't ibang anyo at manipestasyon nito sa daloy ng kasaysayang Pilipino. Nakagawian nang ituring na mahalagang aspeto ang pook o lugar sa migrasyon ng mga eksilo. Para kay Salazar, tila ang mas importanteng aspeto sa migrasyong eksilyo ay ang pagtukoy kung saan nakaugnay ang loob at hangarin ng eksilo: ito ba ay naka-ugat sa kalinangang Pilipino o ito ba ay nakapako sa kalinangan ng labas o dayuhan? Mahalaga rin para sa kanya kung sino ang nagpapasiya sa pagbubukod ng mga taong loob vs. mga taong labas. Ang mga taong loob sa mata ng kaayusang kolonyal ay maaaring nahiwalay na sa Bayan

samantalang ang mga taong labas ay siyang mga tunay na anak ng Bayan. Hindi rin kinakailangang mapawalay sa bansa upang maging eksilo. May mga nananatili sa loob ng bansa sa pisikal na anyo, subalit ang kanilang kamalayan o diwa ay maaaring hiwalay sa Bayan. Bilang masugid na tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw sa kasaysayan (na nagpapahalaga sa saysay, hindi lamang sa istorya ng mga pangyayari sa pananaw ng mga Pilipino tungo sa pag-unawa ng mga Pilipino), marahil kakaiba sa ibang perspektibo ang kanyang paglahad at interpretasyon ng karanasan ng mga eksilo.⁴ Inaasahan na ang paghahambing ng iba't ibang pananaw ay magbibigay-linaw sa tunay na saysay at kahulugan ng mga usaping ito sa kasaysayan, kasalukuyang pamumuhay at kinabukasan ng mamamayang Pilipino.

Ang panahon ng Kastila, partikular simula noong Pag-alsa ng Kabite 1872 hanggang 1898, ay nagbunga ng maraming eksilong pulitikal (hal., tingnan ang Salazar, Teodoro, Navarro, sa tomong ito). Marami na ang pag-aaral tungkol sa Kilusang Propaganda ng nasabing panahon, ngunit tila hindi pa nabigyan ng masusing pag-aaral ang karanasan ng mga ilustrado at propagandista bilang mga eksilo. Nilarawan ni Noel V. Teodoro sa kanyang sanaysay, "Si Rizal at ang mga Ilustrado sa Espanya," ang komunidad ng mga Pilipino na dinatnan at kinabilangan nila Jose Rizal. Bagamat hindi lahat ng mga ilustrado sa Espanya (o sa Europa) ay lumisan sa kadahilanang pulitikal, naging daan ang kanilang pamamalagi sa Espanya upang maisulong ang mga kinakailangang reporma para sa Pilipinas. Malayo sa sensura at pagmanman ng mga prayle, natunghayan ng mga propagandista ang laya na makapagpahayag ng opinyon at pagsulong ng mga pagbabago. Subalit dumating din ang panahon at pagkilala na ang tunay na labanan ay nasa Pilipinas, na siyang nag-udyok kay Jose Rizal at sa ilan sa kanyang kasamahan na magsibalik dito.

Ang kahulugan ng pagbabalik nina Rizal at ang kahalagahan ng "panahon ng Kalamba" ang tinalakay ni Ferdinand C. Llanes sa kanyang artikulong, "Propagandista at Deportado: Pagbabalik-bayan, ca. 1888-1892." Ayon kay Llanes, ang "panahon ng Kalamba" ay hindi lamang isang lokal na pangyayari kundi ito ay nagsasalalamin ng mga malalim na problema ng buong kapuluan, kasama na rito ang usapin sa lupa. Para sa kanya, ang "panahon ng Kalamba," 1888-1892, ay isang kritikal na yugto na siyang nagpukaw sa mga propagandista sa Espanya sa limitasyon ng daang repormista at nagpatingkad sa daang rebolusyonaryo na kailangang ipaglalaban sa Pilipinas mismo. Ang tulak sa alternatibong rebolusyonaryo ay dala rin ng personal na karanasan ng mga kapamilya ng mga propagandista na ipinatapon ng mga awtoridad sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

Sumiklab ang Himagsikan ng 1896 sa pangunguna ni Andres Bonifacio at ng mga Anak ng Bayan. Ang mga ilustrado na nasa labas ng bansa (bagamat karamihan sa kanila ay mga repormista) ay natalaga o kusang nagbigay ng suporta sa Himagsikan. Isa si Mariano Ponce sa mga ilustrado na nagtaguyod sa Himagsikan habang siya ay nasa labas ng bansa. Dating nakabase sa Espanya, si Ponce ay

naatasan na magtrabaho para sa gobyernong eksilo ni Emilio Aguinaldo, ang *Junta Revolucionario*, o mas kilala bilang Hong Kong Junta. Sa kalaunan, naatasan si Ponce na pumunta ng bansang Hapon upang mamili ng mga armas na ipapadala sa Pilipinas, at upang mangampanya na suportahan ng internasyonal na komunidad ang Republika ng Pilipinas. Ang pagsisikap ni Ponce na makaambag sa paglaban sa rehimeng Espanyol ay tinalakay ni Ma. Luisa T. Camagay sa artikulong, “Mariano Ponce: Sugo sa Bansang Hapon.”

Ang matagal nang minimithing kalayaan ay naging panandalian lamang dahil sa pagpasok ng EU sa eksena. Ika-12 ng Hunyo 1898 nang ideklara ni Emilio Aguinaldo ang kalayaan ng Pilipinas; ika-10 ng Disyembre 1898, ang pagpirma ng Tratado ng Paris, kung saan ang Pilipinas ay ipinaubaya ng Espanya sa EU. Isa si Apolinario Mabini sa mga nag-alinlangan sa mga tunay na hangarin ng mga Amerikano sa Pilipinas. Kilala bilang “utak ng Himagsikan,” si Mabini ang nagbigay ng ideolohikal na direksyon ng Himagsikan upang maging matagumpay ito (Majul, 1963:42). Ikinulong ng mga Espanyol sa hinalang pagsuporta niya sa Katipunan, siya ay muling ikinulong ng mga Amerikano dahil sa patuloy niyang ugnayan sa mga rebolusyonaryo sa “insureksyon” ng mga Pilipino laban sa EU (siya ay nahuli noong ika-10 ng Disyembre 1899, at pinalaya noong ika-3 ng Oktubre 1900). Noong Enero 1901, ipinatapon siya sa Guam, at ayon kay Heneral Arthur MacArthur, “lubhang kailangan” (“*absolutely necessary*”) ang kanyang deportasyon (Majul, 1963:192). Nakasama ni Mabini sa Guam si Melchora Aquino o Tandang Sora, kilalang tagapagtaguyod ng Katipunan, na pinatapon doon ng mga Kastila sa pagsiklab ng Himagsikan. Ayon kay Atoy M. Navarro, may-akda ng “Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam,” ang Guam at ang mga isla sa Marianas ay matagal nang lugar ng pagpapatapon (kabilang ang mga bilanggo rito) sa mga Pilipinong lumalaban sa administrasyong Espanyol. Dumami ang bilang ng mga pinatapon dito mula noong 1872. Maliban sa aspetong ito, may mahabang ugnayan ang Pilipinas at Marianas bago pa man nasakop ang mga ito ng mga Espanyol. Noong mapailalim sila sa Espanya, naging daungan ang Marianas noong panahon ng Kalakalang Galyon, at sa kalaunan ay nilipat sa Maynila ang administrasyon ng Marianas sa pagwakas ng pagbibiyaha ng mga galyon.

Ang administrasyong Amerikano ay hindi katanggap-tanggap sa mga Pilipino kung kaya’t sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano, 1899-1906. Hindi ito natapos noong 1902 dahil maraming Pilipino ang patuloy pang lumaban sa mga Amerikano, sa kabila ng pagdeklara ni Pangulong Theodore Roosevelt (ika-4 ng Hulyo 1902) ng opisyal na pagtatapos ng labanan (Abueva, 1998:86-87; Abueva, 1999:8)⁵. Maliban sa mga kilusang nagpatuloy ng mga mithiin ng Katipunan, kumalat din ang mga sulatin sa *media* na tumututol sa pagsakop ng EU sa Pilipinas (tingnan ang Teodoro — tungkol sa mga pensionado at manggagawa — sa tomong ito). May mga indibidwal ding katulad ni Heneral Artemio Ricarte na piniling

huwag munang bumalik samantalang naghahari pa ang EU sa bansa. Tinanggihan ni Artemio Ricarte, na unang ipinatapon sa Guam ng mga Espanyol, ang alok na amnestiya ng EU, na ang kapalit ay ang kanyang panunumpa sa bandila nito. Sa halip pinili niyang maging eksilo sa bansang Hapon. Ang kanyang paninindigan ay nagsilbing inspirasyon sa mga naiwan sa Pilipinas na ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa mga dayuhang mananakop. Ang kanyang karanasan bilang eksilo, ang kahulugan nito para sa kanya at sa mga rebolusyonaryong Pilipino, at ang kanyang pagbalik sa Pilipinas noong Okupasyon ng mga Hapon ang nilalaman ng artikulo ni Ricardo T. Jose, “Eksilyo Bilang Pagtutol: Artemio Ricarte.”

Sa nakararaming Pilipino na nanatili sa bansa, ang kanilang pagtutol sa EU ay may katumbas na kaparusahan, kasama na ang pagpapatapon sa Guam. Sa mga Pilipino namang hindi tutol sa Amerikanong pamahalaan, nabigyan ng pagkakataon ang ilan sa kanila na makapag-aral sa EU. Ang mga *pensionados* ay pawang mga bagong ilustrado sa bagong rehimen. Pinaaral sila sa Amerika at sa kanilang pagbalik sa Pilipinas ay naging epektibong sugo ng proyektong maka-Amerikano. Kaagapay ng migrasyon ng mga elit sa EU ay ang migrasyon ng mga dukha, ng mga katulad ni Carlos S. Bulosan na naging bahagi ng mga manggagawang agrikultural sa Hawaii at sa Kanlurang Baybayin (*West Coast*) ng EU. Nakadetahe ang dalawang mukha ng migrasyon sa panahong ito sa artikulong, “Pensionado at Manggagawa: Mga Pilipino sa Estados Unidos, 1903-1956,” na sinulat ni Noel V. Teodoro. Halos langit at lupa ang pagkakaiba ng kanilang karanasan sa EU at ang mga adhikain at kilusan na kanilang itinaguyod sa loob at labas ng bansa. Bagamat hindi pulitikal ang ugat ng kanilang paglisan, nagkaroon ng kulay pulitika ang kinahinatnan ng kanilang migrasyon: ang mga nakabalik na *pensionados* ay naging instrumento ng “*pluralizing process*” sa Pilipinas samantalang ang mga manggagawang nanatili sa EU ay naging bahagi ng mga kilusang manggagawa roon.

Hindi lamang mga indibidwal ang naging eksilo kundi pati na rin ang pamahalaan ng Pilipinas sa tatlong pagkakataon: ang Hong Kong Junta (*ca.* 1897-1901)⁶ at ang pamahalaan na pinamunuan nina Manuel L. Quezon (*ca.* 1942-1944) at Jose P. Laurel (*ca.* 1944-1945) noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa sanaysay ni Ricardo T. Jose, “Gobyernong Eksilo,” ang pagtatag ng pamahalaang eksilo nina Quezon at Laurel ay desisyon ng mga banyagang puwersa, ng mga Amerikano sa kaso ni Quezon, at ng mga Hapon sa kaso naman ni Laurel. Batid pareho ng mga Amerikano at Hapon ang kahalagahan ng pamahalaan bilang sagisag ng pakikipaglaban kung kaya’t mahalaga sa bawat kampo na makuha ito. Mababasa sa sanaysay ni Jose ang hinggil sa sapilitang paglisan nina Quezon at Laurel sa Pilipinas. Masalimuot man at mahirap ang kanilang mga pagpipilian, sinikap nilang gawin ang nararapat para sa ikabubuti ng mas maraming Pilipino noong mga panahong iyon.

Uusbong muli ang usapin tungkol sa eksilyong migrasyon sa panahon ng Batas Militar. Malawakan ang naging epekto nito sa lipunan at sambayananang Pilipino. At sa personal na antas, maraming buhay ang nabago ang landas nang ideklara ni Pangulong Ferdinand Marcos ang Batas Militar noong ika-21 ng Setyembre 1972. Ang pagdeklara ng Batas Militar ay kailangan, ayon kay Pangulong Marcos, dala ng kaguluhan at banta ng komunismo na umiiral sa lipunang Pilipino. Napatutungkol ang huling apat na sanaysay sa tomong ito sa mga eksilo na naging produkto o kaya'y nagkaroon ng malaking ugnayan sa kapanahunan ng madilim na yugto ng ating mas kontemporaryong kasaysayan.

Ang mga mag-aaral ay isa sa mga aktibong sektor na bumatikos sa mga patakaran ng pamahalaan mula noong ikalawang hati ng dekadang 60. Ang kilusan ng mga kabataan at mag-aaral ng nasabing panahon ay tinuturing na "*Second Propaganda Movement*," tinawag din ito na "*cultural revolution*," na kumuha ng inspirasyon sa kilusan na nilunsad ni Mao Tse-tung sa Tsina (Ocampo, 1997:78). Sa mga mag-aaral ng panahong iyon, kung ang Pilipinas ay punong-puno ng katiwalian, ang bansang Tsina naman ay larawan ng magandang lipunan. Sa panahon na hindi pa bukas ang Tsina sa mundo, ilang mga Pilipino, kasama na ang ilang piling mag-aaral ang tumungo sa Tsina noong 1971. Ang lakbay-aral na inaasahang tatagal lamang ng tatlong linggo ay naging eksilyo ng mahabang panahon para kina Ericson Baculinao, Jaime Florcruz at Santiago Sta. Romana. Ang kanilang karanasan sa Tsina ang paksa ni Clarissa V. Militante sa sanaysay, "Mga Eksilo sa Tsina." Mababatid sa karanasan ng tatlo kung paano naiba ang takbo ng kanilang buhay dala ng Batas Militar, kung paano sila naging eksilo sa di-inaasahang paraan, at kung paano sila namuhay sa isang sosyalistang lipunan.

Malaki rin ang papel ng Batas Militar sa lumalalim na "suliraning Mindanao" noong dekada 70. Sa simula't sapul ay naging malaking hamon sa mga dayuhang puwersa at sa kalaunan, sa pamahalaang Pilipino, ang pakikiugnay sa mga Muslim. Ang hangaring mapasaloob sila sa iisang kabuuang sosyo-pulitikal na pamayanan o hangaring asimilasyon ay matagumpay na nilabanan ng mga Muslim noon pa man. Ang pangyayaring *Jabidah Massacre*⁷ noong 1968 ay nagkaroon ng malaking papel sa pag-organisa ng *Moro National Liberation Front* (MNLF). Ang MNLF ay naging pangunahing puwersa sa pagsulong ng pagbabago sa Mindanao, partikular sa mga Muslim ng nasabing rehiyon. Isang *profile* ng isang opisyal ng MNLF ang paksa ng sanaysay ni Carmen A. Abubakar na pinamagatang, "Ang *Hijrah* ng MNLF: 1974-1996." Nakaranas ng pagiging eksilo ang propetang Muhamad (*Hijrah* ang tawag sa panahon ng kanyang paglikas mula Mecca tungo sa Medina), kung kaya't may kahalagahan ang karanasang eksilyo sa relihiyong Islam.⁸ Ang kaguluhan sa Mindanao noong dekada 70 ay nagbunga sa paglikas ng mga Muslim patungong Sabah. Isa ito sa mga malakihang *refugee movements* mula sa Pilipinas; mga 400,000-500,000 ang lumikas papuntang Sabah noong nasabing panahon. Kasabay rin nito ang paglikas ng ilang kasapi ng MNLF hindi

lamang upang makaligtas sa panganib kundi para maibahagi sa internasyonal na komunidad ang mga pangyayari sa Mindanao at nang makakuha na rin ng pandaigdigang suporta sa kanilang mga ipinaglalaman. Hindi ito kakaiba sa mga gawain noon ng mga ilustradong naatasang mangampanya upang makakuha ng suporta para sa bagong republika.

Naging haligi ng oposisyon si Benigno S. Aquino, Jr., lalong kilala sa pangalang Ninoy, sa pakikipaglaban sa diktadura noong kapanahunan ng Batas Militar. Bago pa man siya lumisan patungong EU, isa na siyang “taong labas” sa mata ng pamahalaan, kung kaya’t isa siya sa mga tinangkang patahimikin ng rehimen sa pamamagitan ng pagpapakulong. Subalit ang pitong taong pagpiit sa kanya sa bilangguan at ang tatlong taong pamamalagi sa EU ay hindi nagpahina ng kanyang hangaring maibalik ang demokrasya sa Pilipinas. Katulad ni Rizal, dumating din si Ninoy sa puntong hindi na siya mapakali sa EU (bagamat masaya ang kanyang buhay pamilya roon). Ayon sa sanaysay ni Neni Sta. Romana-Cruz, “Ninoy Aquino: Hindi Pangkaraniwang Eksilo,” ang pagbabalik sa Pilipinas ang palaging nasa isip ni Ninoy. Sa kanyang pagbalik noong 1983, baon na ni Ninoy ang mga karanasan at mga aral na kanyang natutunan sa kanyang eksilyo. Ang kanyang pangamba na siya ay ituring na karaniwang eksilo lamang, o sa kasamaang palad, “steak commando,” ay pinabulaanan ng sama-samang paglansag — sa mapayapang paraan — ng mga Pilipino ng diktadurang Marcos.

Panahon din ng Batas Militar nang lumala ang tunggalian ng pamahalaan at ng Kaliwa. Marami sa mga indibidwal na kilalang may simpatiya o ugnayan sa Kaliwa ang inaresto at kinulong upang mapigilan ang paglaganap ng kinakatakutang komunismo sa bansa. Sa panahon ng Batas Militar, ang sinumang tutol sa pamahalaan ay tinuring na komunista at samakatuwid, kaaway ng estado. Kasama sa mga “kaaway” ang mga politiko, mga relihiyoso, mga mag-aaral, mga nagtatrabaho sa media, at mga karaniwang mamamayan na pumupuna o nagpapahayag ng pagtutol laban sa pamahalaang Marcos. Ang mga “kaaway” ng Batas Militar ay tumugon sa iba’t ibang paraan: may mga nag-*underground* o namundok at may mga lumisan ng bansa o pansamantalang tumigil muna sa labas ng Pilipinas. Marami ang nakulong na hindi dumaan sa nararapat na proseso o *due process* (dahil sa pagsuspindi ng *writ of habeas corpus*), marami ang pinatay ng mga awtoridad, at marami rin ang nawala o hindi na nakita pa. Sa pagbalik ng demokrasya noong 1986, maraming *political detainees* ang pinalaya at naumpisahan na rin ang mga usapang pangkapayapaan (*peace talks*). Nang masira ang mga usapang pangkapayapaan, napagpasiyahan ng ilang liderato ng *Communist Party of the Philippines* na umalis o huwag nang bumalik sa Pilipinas. Mababasa sa artikulo ni Jo-Ann Q. Maglipon, “Ang Pamayanang Eksilo,” ang landas na tinahak ni Jose Maria Sison at ng kanyang mga kasamahan tungo sa Utrecht, ang kanilang buhay roon, ang pagkakahati-hati ng partido noong 1991 at ang mga implikasyon nito para sa kilusan.

Eksilyo at Pagbabalik: Ilang Tala

Ilang larawan ng eksilo ang natalakay sa tomong ito. May mga eksilo na ipinatapon ng estado, may mga “klasikal” na eksilo (i.e., napilitang umalis sa kadahilanang pulitikal), may pumili ng buhay-eksilo bilang pagtutol sa mapang-aping sistema, may mga naging aksidental na eksilo, at may mga naging eksilo bunga ng kanilang pakikisangkot sa mga pulitikal na gawain sa kanilang pananatili sa labas ng bansa. Kapansin-pansin na karamihan sa mga eksilo ay mga kalalakihan, na siya ring napuna nina Rafael at Itty (1997:149-150) sa mga “anti-colonial movements.” May ilang mga babaeng eksilo ang nabanggit sa mga artikulo nina Teodoro (tungkol sa mga ilustrado at *pensionado*), Navarro, Jose (tungkol kay Ricarte at mga gob-yernong eksilo), Militante, Sta. Romana-Cruz, Abubakar at Maglipon. Kadalasan ang kanilang eksilyo ay kaugnay ng pagsama nila sa mga kapamilyang eksilo, subalit mababatid sa mga artikulo na sila ay naging aktibo sa mga gawain ng komunidad. Sa kabuuan, ang komunidad ng mga pulitikal na eksilo ay karaniwang maliit lamang. Ang patuloy nilang pakikipag-ugnayan sa mga naiwang kapanalig sa Pilipinas ay mahalagang salik sa kanilang patuloy na pakikibahagi sa buhay ng bansa.⁹

Sa isang panig, nagbukas ang pandarayuhan ng mga bagong karanasan na nagkaroon ng implikasyon sa pagsulong ng panlipunang pagbabago sa Pilipinas. Halimbawa, ang karanasan ng mga ilustrado at propagandista na maging malaya sa Espanya ay nagpatibay sa kanilang pagpupunyagi na isulong ang mga reporma sa Pilipinas. Ang mga Pilipinong nasa labas ng bansa ay naging tulay din sa internasyonal na komunidad (sina Mariano Ponce, Ninoy Aquino, mga opisyal ng MNLF, at mga eksilo sa Utrecht ang ilang halimbawa ng mga eksilo na nagsilbing tagapagsalita hinggil sa mga pangyayari sa Pilipinas). Ang pakikisalamuha ng mga eksilo sa mga kapanalig na banyaga at mga ideya ay nagkaroon din ng impluwensiya sa kanilang mga pananaw at gawain. Halimbawa, nagbago ang isipan ni Artemio Ricarte tungkol sa pagbabago sa pamamaraan ng batas noong siya ay na-eksilo; gayundin, pinili ni Ninoy Aquino ang mapayapang paraan ng pagbabago noong siya ay nasa EU. Kahit malayo, nakakaimpluwensiya pa rin sila sa buhay ng bansa bilang mga simbolo ng mga pambansang adhikain – hal., ang pagbigay ng lakas ng loob sa mga Pilipino ng eksilong gobyerno ni Quezon sa panahon ng mga Hapon.

Sa kabilang panig, mapagalaya man ang karanasan sa labas ng bansa, may mga hirap din na dinanas ang mga eksilo. Ang kawalan sa mga materyal na bagay, ang karanasan ng rasismo, ang mga pagkakahati-hati at tunggalian sa kanilang maliit na komunidad, ang damdamin ng kawalang katiyakan sa kinabukasan ang ilan lamang sa mga problemang naranasan ng karamihan sa kanila. Higit sa lahat, ang pagkalayo sa sariling bayan at paglipas ng panahon sa ibang bansa ang nagdulot ng mga matitinding problema na hinarap ng mga eksilo. Ang pagbabalik sa tinubuang lupa ang isang temang paulit-ulit na lumalabas sa mga pananaw at

damdamin ng mga eksilo.¹⁰ Ayon sa manunulat na si Salman Rushdie, bahagi ng karanasang eksilyo ang damdamin na parang nakatayo ang mga paa sa dalawang kultura, sa lipunang iniwan at sa lipunang kinabibilangan. Bumagabag sa isipan ng mga eksilo ang pag-aalinlangan na baka ang kanilang nilikhang bansa ay mga “imaginary homelands” lamang at hindi na ang tunay o aktwal na bansa (nasa Davis, 1997). May naipahayag sina Jose Rizal, Artemio Ricarte, Manuel Quezon, at Ninoy Aquino na mga pangambang mawalan ng kabuluhan sa bansang nilisan o kaya’y makalimutan pa nga. Ang pagbabalik upang mapatuloy ang mga hindi pa tapos na gawain ay naging mahalagang motibasyon sa mga eksilong katulad nina Jose Rizal at Ninoy Aquino. Ang posibilidad ng pagbabago ay isa ring mapanghikayat na salik, katulad ng pagbabalik ng mga liderato ng MNLF upang ipagpatuloy ang kasunduang pangkapayapaan. May mga bumalik na naging bahagi ng mga pagbabago sa bansa (hal., ang mga ilustrado at *pensionado* na nagkaroon ng matataas na katungkulan), at mayroon ding bumalik na nagkaroon ng problema (hal., ang kaso ni Artemio Ricarte). Hindi lahat ay nakabalik: may mga nabawian ng buhay (ilan sa mga propagandista ang namatay sa labas ng bansa); ang iba ay tuluyan nang nanirahan sa labas ng bansa; para sa iba naman, ang pagbabalik ay nagkakaroon ng katuparan sa ibang paraan (hal., ang “pagbabalik” ni Carlos Bulosan sa paraan ng nobela).

Bagamat may kakanyahan ang pandarayuhan ng mga eksilo, mayroon din itong malalim na ugat sa ating kasaysayan. Noong sinaunang panahon, lulan ng balangay, lumayag, lumayo, at ang iba nating ninuno’y bumalik-balik sa ating mga baybayin. Maliban sa pagiging sasakyang-pandagat, ang balangay ay siya ring pundamental at pinakamaliit na yunit ng lipunang Pilipino. Sa karanasan ng mga eksilong pulitikal, maaaninag ang mga pagbabagong kanilang naranasan dala ng pandarayuhan. Subalit matingkad din na saan man sila mapadpad, dala-dala nila ang diwa ng balangay: ang pagpapahalaga sa ugnayan sa isa’t isa at ang pagsulong ng ikabubuti ng pamayanan. Dahil dito, hindi naging hadlang ang pagkalayo at paglipas ng panahon sa pag-uugnay ng kanilang buhay sa buhay ng bansa. Sa pagbabalik-tanaw sa mga pakikibaka, tagumpay, kabiguan at pag-pupunyagi ng mamamayang Pilipino nitong nakaraang siglo, naging bahagi ang mga eksilo sa paghubog ng ating lipunan.

Mga Tala

1. Ang pag-gamit ng salitang “migrasyon” ay tumutukoy sa internasyonal o panlabas na migrasyon, maliban kung sadyang tinutukoy ang migrasyong panloob.
2. Bagamat marami na ang pag-aaral tungkol sa panlabas na migrasyon ng mga Pilipino, walang nakatalang pag-aaral tungkol sa eksilyong migrasyon mula noong mga dekada 1970 hanggang mga 1998 (SMC, 1996; PMRN, 1998).

Ang mga salitang *diaspora* at *refugee migration* ay ginagamit na katumbas ng *exile*. Mas karaniwan o pangkalahatan ang tinutukoy ng *exile* (o eksilyo): ang pagkawalay sa lupang sinilangan. Ang *diaspora* na madalas ding gamiting katumbas ng migrasyon ay sumasaklaw ng sari-saring konsepto, subalit ayon kay Cohen ang mga ito ay nagkakapareho sa pagkilala na “lahat ng mga komunidad ng diaspora na naninirahan sa labas ng lupang sinilangan (o tinuturing na sinilangan) ay kinikilala “ang lumang bansa” – isang ideya na malalim na nabaon sa wika, relihiyon, tradisyon o kaalamang bayan – na palaging may hawak sa kanilang katapatan at damdamin (1995:ix). [Ang orihinal sa Ingles ay: “... all diasporic communities settled outside their natal (or imagined natal) territories, acknowledge that “the old country” – a notion often buried deep in language, religion, customs or folklore – always has some claim on their loyalty and emotions]. Gumawa si Cohen ng isang balangkas tungo sa depinisyon at pagkilala ng mga elemento at tipo ng diaspora (1995:Ch. 8). Samantala ang *refugee migration* (migrasyon ng mga takas) ay binigyan ng pormal na depinisyon ng 1951 *UN Convention relating to the Status of Refugees*. Ang karanasan ng *holocaust* at maramihang *displacement* ng mga populasyon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang isang puwersang tumulak na mabigyan ng *international protection* ang mga *refugees*. Ayon sa *UN Convention*, ang salitang *refugee* ay tumutukoy sa isang indibidwal na “may sapat na batayan upang matakot na siya’y usigin sa mga kadahilanang kaugnay ng lahi, relihiyon, nasyonalidad, o pagiging kasapi ng isang partikular na grupo o opinyong pulitikal, ay nasa labas ng kanyang bansa o walang kakayahan o, dahil sa naturang takot, ay hindi makakakuha ng proteksyon ng nasabing bansa” (UNHCR, 1997:51-52). [Ang orihinal sa Ingles ay: a person who, “owing to a well-founded fear of being persecuted for reasons of race, religion, nationality, or membership of a particular social group or political opinion, is outside the country of his nationality and is unable or, owing to such fear, is unwilling to avail himself of the protection of that country”]. Mahalagang banggitin na ang *refugee migration* ay nananatiling isang matinding problema sa buong mundo at hindi lang iilang indibidwal ang apektado kundi mga grupo at maraming tao. Nagbago na ang anyo ng *refugee migration*. Pinalawak na ang kategorya ng mga taong nangangailangan ng proteksyon sa ilalim ng konseptong *forced displacement* o sapilitang pagpapalipat-lipat (hal., ang pagkilala sa mga tinatawag na “internally displaced people,” mga taong nanganganib ang buhay at kalayaan sa loob at nanatili sa loob ng kanilang bansa), at sa ngayon, ang kahulugan ng *refugees* ayon sa *UN Convention* ay isang kategorya lamang ng mga “uprooted at vulnerable people” o walang ugat at nanganganib na mga tao (UNHCR, 1997:36-39).

4. Tingnan ang Salazar (1998) para sa malalimang talakayan tungkol sa magkakaibang ugat at adhikain ng Kilusang Propaganda at ng Katipunan.
5. May mga 120,000 sundalong Amerikano ang nakatalaga sa Pilipinas upang suplunhin ang mga Pilipinong rebolusyonaryo noong ideklara ni Roosevelt na “tapos” na ang labanan (Abueva, 1998:87); mas lalong matagal ang tinatawag na “Moro Wars” sa Mindanao, 1899-1912 (Abueva, 1999:8).
6. Tingnan ang Epistola (1996).
7. Pinabulaanan ni Azurin (1996) ang *Jabidah Massacre* ng 1968 na isang mito batay sa mas masusing imbestigasyon ng mga pangyayari at pakikipanayam sa mga nasangkot. Ang insidenteng ito ay ibinunyag ni Jibin Arula, ang kaisa-isa diumanong nakaligtas sa pagpaslang ng mga batang Muslim na bahagi ng proyektong Jabidah ng pamahalaang Marcos. Layunin di umano ng proyekto na lusubin at maibalik ang Sabah sa Pilipinas. (Ito ay pagkatapos ng pahayag ng pamahalaang Malaysia na walang karapatan ang Pilipinas sa Sabah). Ang pangyayaring ito, partikular ang anggulo ng “genocide,” ay naging simbolo ng pakikibaka ng MNLF.
8. Sa tradisyon ng Islam, ang *Hijrah* ay ginagamit na pantukoy sa migrasyon. Ang paglisan ni Mohammad sa Mecca ay naging daan upang mapalakas niya ang kanyang puwersa sa pagsagawa ng *jihad* laban sa Mecca. Ayon kay Masud (na binanggit sa Surkhe, 1995:457), ang paglisan at labanan ay nagbunsod sa paglaganap ng Islam at ang mga elementong ito ang gabay sa pananaw ng Islam tungkol sa mga nagsilikas o *refugees*. Ang *Hijrah* ay tinitingnan bilang paglisan mula sa bayang walang paniniwala (*infidelity*) o mapang-api tungo sa bayan ng Islam. Ang proseso ay maaaring may kaakibat na *jihad* o matagumpay na pagbabalik tungo sa pagpapalaya, pagpapatatag o pagpapalaganap ng Islam.
9. Ang papel ng teknolohiya sa aspetong ito ay binanggit ng isang nakapanayam ni Jo-Ann Q. Maglipon sa kanyang sanaysay. Sa katunayan, ang pagkalap ng datos sa ilang mga eksilo ng panahon ng Batas Militar ay sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa telepono at *e-mail* (tingnan ang Militante at Maglipon sa tomong ito). Ang mga pamamaraang ito ay dagdag sa mga nakagawiang lapit o batis ng mga datos tungkol sa nakaraan.

Isa rin itong katangian ng mga komunidad ng diaspora (Cohen, 1995:ix), at lumabas din ito sa pag-aaral tungkol sa mga eksilo sa Chile (Llambias-Wolf, 1995:230).

Bibliograpiya

Abueva, Jose V.

1999 "Second Phase of Filipino Revolt Forgotten," *Philippine Daily Inquirer*, January 31, 1999:8.

1998 "Tracking the Nation," *Public Policy*, 2(2):83-104.

Azurin, Arnold Molina

1996 "The Jabidah 'Massacre' Myth." Nasa Arnold Molina Azurin, *Beyond the Cult of Dissidence in the Southern Philippines and Wartorn Zones in the Global Village*. Quezon City: University of the Philippines (UP) Center for Integrative and Development Studies and UP Press.

Cohen, Robin

1995 *Global Diasporas: An Introduction*. Seattle: University of Seattle Press.

Davis, Rocio G.

1997 "Ninotchka Rosca's *State of War* and Jessica Hagedorn's *Dogeaters*: Revisioning the Philippines." Nasa Geoffrey Kain (pat.), *Ideas of Home: Literature of Asian Migration*. East Lansing: Michigan State University Press.

Epistola, Silvino V.

1996 *Hong Kong Junta*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Featherstone, Mike

1997 "Travel, Migration, and Images of Social Life." Nasa Wang Gungwu (pat.), *Global History and Migrations*. Boulder: Westview Press.

Llambias-Wolf, James

1995 "Chile's exiles and their return: two faces of expatriation." Nasa Robin Cohen (pat.), *The Cambridge Survey World Migration*. Cambridge: University Press.

Majul, Cesar A.

1963 *Apolinario Mabini, Revolutionary*. Manila: National Heroes Commission.

Ocampo, Satur

1998 "The Revolution Continues," *Public Policy*, 2(2):70-82.

Philippine Migration Research Network (PMRN)

1998 *Philippine Migration Studies: An Annotated Bibliography*. Tinipon nina Aurora E. Perez at Perla C. Patacsil. Lunsod Quezon: PMRN.

Rafael, Vicente at Abraham Itty

1997 "Introduction," *Sojourn*, 12(2):145-152.

Salazar, Zeus A.

1998 "Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon." Nasa A. Navarro at P. Abejo (mga pat.), *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan*. Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan.

Scalabrini Migration Center

1996 *Migration from the Philippines, 1975-1995: An Annotated Bibliography*. Tinipon ni Joyce Yukawa. Quezon City: Scalabrini Migration Center.

Surhke, Astri

1995 "Refugees and Asylum in the Muslim World." Nasa Robin Cohen (pat.), *The Cambridge Survey World Migration*. Cambridge: University Press.

United Nations High Commissioner for Refugees (UNHCR)

1997 *The State of the World's Refugees: A Humanitarian Agenda*. Oxford: Oxford University Press.

Wang, Gungwu

1997 "Migration History: Some Patterns Revisited." Nasa Wang Gungwu (pat.), *Global History and Migrations*. Boulder: Westview Press.

ANG EKSILO SA KASAYSAYAN NG PILIPINAS

ZEUS A. SALAZAR

Bagamat tila wala tayong katumbas ng hiram na katagang “eksilo,”¹ ang penomenong ibig tukuyin nito ay hindi masasabing lumaganap lamang sa pagkahalili ng Kastila sa angkan ni Raha Sulayman sa kaharian ng Maynila bunga ng pagkasugpo sa Sabwatan ng Tondo (1588).² May mga “ipinatatapon” at “itiniwalag” o kusang “tumiwalag” mula sa mga kabuuang sosyo-pulitikal na lumitaw sa agos ng ating kasaysayan mula pa noong panahong Austronesyano (hk.7000/5000 hanggang hk. 1300 B.K.).³ Gayumpaman, ang “eksilo” bilang taong itiniwalag, napatiwalag o kusang tumiwalag sa kinabibilangang lipunan sa dahilang pulitikal ay lalong naging laganap at karaniwan sa pagkasugpo ng Pag-aalsa sa Kabite noong 1872,⁴ ang pangyayaring nagpalala sa lumalawak na pakikipagbanggaan ng nabubuong katutubong elit (na sa kabila ng lahat ay Kastila na ang idyoma at kultura)⁵ — i.e., ang “uring” prinsipalya-ilustrado — laban sa kapangyarihang Kastila. Walang gaanong kinalaman ang “eksilyong”⁶ ito sa mga pagpapatapon sa mga “Indiong” naghihimagsik laban sa dayuhan simula pa noong 1588. Nakaugat pa ang mga ito sa sariling wika at kalinangan. Ngunit manakana at pahapyaw lamang silang nababanggit sa mga dokumentong kolonyal, samantalang ang marurunong magsulat (sa Kastila!) na mga ilustrado ay nakapagpapahayag ng sariling mga layunin at pananaw, kung kaya’t madaling napapansin ng *historia* ng Kastila. Bunga nito, sa pagtinging ilustrado sa Kasaysayan, naging palatandaan ang 1872 ng simula ng “pakikibaka para sa reporma” sa kolonya at para sa pagpapatanggap nito bilang “probinsya” ng *Madre España*. Dahilan ito ng pangyayaring napakaraming mababanggit na “eksilo” mula 1872 na halos lahat ay “may-pinag-aralan,” bagamat mahihinuha naman sa mga batis pangkasaysayan na higit na marami sa “ipinatapon” ng mga Kastila (at Amerikano pagkatapos)

ang nagmula talaga sa hanay ng Bayan. Hanggang kamakailan, hindi nga sila kusang nababanggit ng Historya⁷ ng elit, laluna't dahil nakatuon ito sa papel ng *héroe* o *hero* (ibig sabihin, ang mismong mga elit-ilustrado) sa pagbubuo ng kanilang nasyon.⁸

Hanggang 1872 matutukoy ang tatlong malawakang panahon — alalaumbaga, ang sumasaklaw sa 1) paglaganap ng mga Austronesyano sa Pilipinas hanggang sa paglitaw ng mga unang estadong etniko (i.e., hk. 7000/5000 B.K. hanggang hk. 200 B.K.; 2) pagiging ganap ng mga estadong etniko (kaharian, karahaan at sultanato), mula hk. 200 B.K. hanggang 1588 M.K.; at 3) mga reaksiyon ng mga Pilipino (“Moro,” “Indio” at “Infiel”) sa dayuhang kapangyarihan, mula 1588 hanggang 1872. Mula 1872 naman mahahati ang mga kaganapan sa apat na bahagi: 1) Naudlot na Pagbubuo ng Bansa, 1872-1913⁹; 2) Rebolusyonaryo at Manghihimagsik, 1913-1942; 3) Eksilo sa Loob at Ibang Bayan, 1942-1946; at 4) Mga Eksilo ng Bayang Sawi, 1946 hanggang Kasalukuyan. Sa unang tatlong panahon iba-iba ang mga kabuuang sosyo-pulitikal na pinag-mumulan ng pagkaeksilo o pagkapatapon/pagkatiwalag (eksilyo¹⁰); samantalang sa huling apat na peryod, liban sa peryod 1872-1913 kung saan hiwalay pa sa “Filipinas”/Katagalugan ang mga kabuuang Muslim at nanatiling Lumad, masasabing ang pinakasentro ng pagpapatapon o pagtitiwalag (destiyero¹¹) ay ang buong Pilipinas na. Bukod dito, mas pulitikal sa paparaming mga kaso ang dahilan ng pagkapatapon mula 1588.

Ang Unang Panahon (hk. 7000/5000 - hk. 200 B.K.)

Sa panahong ito nasasalalay ang lipunan sa angkan (Austronesyano: “suku”) at sa relasyon ng mga angkan *exogamous* (i.e., nag-aasawa sa labas ng angkan). Hanggang hk. 1300 B.K. iisa pa rin malamang ang wika-at-kalingang kinabibilangan ng lahat ng Austronesyano¹² at, bukod dito, mayroon na ring mga kabuuang sosyo-pulitikal¹³ na umiikot sa katauhan ng mga “datu” (pinuno ng angkan) at “hari” (pinuno ng mga grupong kinapapalooban ng mga angkan — i.e., ang mga “banua” o “ili”).¹⁴ Samakatuwid, kaugnay ng buhay sa loob ng angkan at ng banua o ili, ang pagpapasiya ng pagpapatapon o kusang pagtitiwalag ay nasa kamay ng mga datu at hari. Batay sa paghahambing na antropolohikal sa buong teritoryong Austronesyano, malamang na mas “pulitikal” ang mga dahilan ng pagpapatapon sa lebel ng hari kaysa sa lebel ng datu, bagamat sa panahong iyon ay nakabalot ang lahat ng bagay sa relihiyon.

Isang napakaimportanteng maaaring maging dahilan ng eksilyo sa lebel ng angkan ay ang paglabag sa mga pagbabawal hinggil sa pag-aasawa at pakikipagtalik sa “mga kadugo,” sa pagdungis sa “lahi” (*cognate* itong huli ng Malayo *lahir* = “ipanganak, isilang”). Dahil *exogamous* ang angkan, hindi maaaring mag-asawa ng (o magnasa sa) isang kadugo o kamag-anak — i.e., bawal “galawin” o sekswal na “makaugnay” ang isang kaangkan.¹⁵ Sa buong mundong Austronesyano ang hatol sa insesto ay kamatayan o dili kaya, pagpapatapon — ibig sabihin, sa panahong

iyon ng palagiang digmaan sa pagitan ng mga angkan at banua o ili, halos kamatayan na rin ito. Sa mga lugar kung saan kamatayan ang sentensya kusa na lamang na tumitiwalag — “nagtatanan” ang kasalukuyang katumbas nitong kataga — sa buong lipunan ang mga nagkasala na, kung nagkataon, ay nakapagsisimula rin ng bagong angkan sa iba’t malayong lugar, marahil sa piling ng mga “katutubong” Austromelanesyano (ninuno ng kasalukuyang mga “Negrito”).¹⁶ Sa lebel na “pulitikal” naman ng hari, ang pagka-eksilo ay maaaring mangahulugan na ang itiniwalag o kusang tumiwalag ay sumama sa ibang kabuuan (angkan, banua o ili) na Austronesyano. Isang posibleng resulta ay ang pang-aalipin sa mga tumiwalag o ipinatapon. Gayumpaman, noong ika-16 na dantaon, isang dahilan kung bakit tinatawag na “maharlika” (malaya) o “timawa” ang mga tauhan (sakop) na mandirigma ng datu ay malaya silang lumipat-lipat ng paninilbihan sa mga datu.¹⁷ Samakatuwid, maaari ring maging mandirigma ng ibang banua o ili ang isang napatuwalag na maharlika o timawa.

May isa pang posibleng uri ng pagtitiwalag, ang paghiwalay ng isang angkan o bahagi ng angkan sa kabuuang kinabibilangan, angkan man ito o banua/ili, dahil sa alitang panloob, digma kaya o iba pang kahirapan.¹⁸ Maraming halimbawa ng penomenong ito ang makakalap sa Pilipinas mismo. Isa na ang mala-alamat na “pagdating sa Panay” ng mga “datong taga-Kalimantan (Borneo)” na pinagbatayan ng panturistang piyesta ng “Ati-atihan.” Hindi man mapatunayan sa pamamagitan ng mahigpit na metodolohiyang pangkasaysayan, ang penomeno ng paglipat-lipat ng mga angkan mula sa iba’t ibang banua ay hindi maitatwa para sa buong rehiyon ng Pilipinas, Malaysia at Indonesya. Sa katunayan, malamang na ito ang naging batayan ng mga ulat na Kastila tungkol sa mga “balangay” (barangay) na Pilipino na diumano ay dumating dito sa atin sa pamumuno ng mga dato (i.e., pinuno/pinakamatanda ng angkan). Maaari pa ngang ilapat ang leyenda ng Panay sa panahon ng pagdatal ng mga Austronesyano sa kapuluan, kung saan ang unang mga naninirahan ay ang mga Austromelanesyano na makakaugnay ng mga Austronesyano sa iba’t ibang paraan. May isa pang halimbawa na nakasandig sa mga batis pangkasaysayan. Ito ang nabanggit ni Combés sa kanyang *Historia de las islas Mindanao, Iolo y sus adyacentes*¹⁹ na pagtatag sa Sulu ng mga prinsipeng mula sa Butuan, ang alam na nating pinakaunang napatanyag na estadong etnikong Pilipino. Mababanggit pa rin ang pagdating ng iba pang maharlika o timawa — mga “eksilo” o “abenturero” (nakikipagsapalaran) mula sa mundong Malayo — sa Sulu rin at pagkatapos sa Magindanaw. Sa mga lugar na ito nakuha rin nilang mapatatag ang Islam, higit sa lahat sa larangang pulitikal, sa pagdulot ng ibayong kabuuan sa mga estadong bayang nabanggit.²⁰ Hindi na sila bumalik sa pinang-galingan, subalit naiugnay nila ang Sulu at Magindanaw sa iba pang karahaan (estadong etniko na pinamumunuan ng isang raha/radya) at sultanato sa Indo-Malaysia.

Ang paglilipat-lipat ng mga prinsipeng, timawa o maharlika ay penomenong maipalalagay na laganap na bago pa man ang 200 B.K. Ngunit lalo pang magiging

karaniwan ito mula sa dantaong sumunod at sa mga unang dantaon mula kay Kristo. Isang mas madramang halimbawa ang paglipat ng buo o isang bahagi ng kaharian ng Dapitan mula sa isla ng Panglaw (Bohol) patungo sa kasalukuyang Dapitan, bunga ng mapanlipol na pagsalakay dito ng mga taga-Ternate.²¹ Ngunit ito'y naganap noong ika-16 na dantaon at matataguriang isang pag-atras sa isang "ilihan" (lugar na pinagtatayuan ng "ili"), pagkatapos umalis sa isang dati, bunga ng pag-atake ng kaaway at upang makabalik at ipagpatuloy ang laban.²² Sa kaso ng Dapitan, gayumpaman, nanatili na lamang ang buong angkan at doon nagtayo ng bagong banua o ili. Sa kabila nito, para sa mga Bagobo ng ika-20 dantaon ang "ilihan" ay pagtitiwalag o pag-aatras pa rin ng isang angkan upang makaligtas. May walo hanggang labindalawang mag-anak ang bawat "ilihan" at nakabalik ang angkan sa dating banua pagkatapos maipagtanggol ang sarili.²³

Lahat ng ito ay mga halimbawa mula sa panahong lampas na sa unang paglaganap ng mga Austronesyano at sa simula ng proseso ng pagkakaiba-iba ng mga wikang Austronesyano tungo sa mga wikang Pilipino mula hk. 1300 B.K.²⁴ Bilang paglalagom, ang angkan at banua o ili (sa bandang huli "bayan" din) ang pook na ginagalawan ng mga Austronesyano sa lahat ng larangan ng buhay. Sa antas ng angkan napakahalaga ng pagturok sa mga alituntuning panlipunan at panrelihiyon, lalo't higit sa larangan ng sekswalidad, bunga ng pagka-*exogamous* ng angkan. Dahil dito pagpapatapon o pagtitiwalag, kung hindi man kamatayan, ang natatamo ng lumabag sa batas na ito ng lahi. May mga pulitikal din na dahilan ng pag-eeksilo sa isang tao at ito'y mas importante sa antas ng banua o ili; ngunit maaaring pumasok sa iba pang angkan o banua ang natitiwalag o tumitiwalag, laluna kung siya ay mandirigma. Ang sandugo,²⁵ na isang paraan ng pagtanggap ng iba o dayuhan sa panahon nina Sikatuna, ay malamang na naroon na sa simula't sapul. Bukod sa indibidwal na pag-eeksilo, mayroon ding pagtitiwalag ng buong angkan, ngunit kadalasan ito'y wala nang balikan. Ito malamang ang isa sa mga dahilan o kaparaanan ng pagkalat ng isang angkan o banua sa isang buong teritoryo at ng paglaganap ng mga populasyong Austronesyano sa mundong Indo-Malaysiano at sa Karagatang Pasipiko hanggang Hawaii at New Zealand (Maori).

Panahon ng mga Estadong Etniko (hk. 200 B.K. - 1588)

Tulad ng naipahiwatig na, may mga estadong bayan sa anyo ng kaharian bago pa man lumitaw ang mga karahaan katulad ng Butuan. Ang kataga at konsepto ng "hari" ay bahagi na ng orihinal na bokabularyong Austronesyano.²⁶ Ngunit hindi natin alam ang lawak at lakas ng mga ito bago lumaganap ang paggamit ng metal (na tinatantiyang mula hk. 800 B.K.) at, higit sa lahat, ng bakal na itinatayang naangkin na ng mga Pilipino noong bandang 200 B.K. sa pinakahuli. Gayumpaman, bago pa man ang bakal, may ebidensya na ang arkeolohiya ng malawakang komersyo na nakararating (at marahil nagmumula rin) sa Pilipinas. Maipalalagay na ang pook ng mga aktibidad na ito (na nagdala ng mga *jade* at *carnelian*) ay ang


mga banua o ili na pinamumunuan ng hari — ibig sabihin, hindi mga simpleng angkan lamang — laluna sa mga baybay dagat. Datapwat, ang paggamit ng bakal ang tahasang nagbago sa pamumuhay ng mga estadong etnikong ito, bagamat noong mga unang 1500 taon ng panahong Kristyano, talagang matatamo ng mga estadong etniko ang kaganapan, laluna sa pakikipag-ugnay sa Timog-Silangang Asya (higit sa lahat, sa Indo-Malaysia) sa simula at, pagkatapos, pati na rin sa Tsina. Bagay itong pinatutunayan ng mga porselanang natuklasan ng arkeolohiya sa mga paghuhukay sa buong kapuluan.

Kung sa simula pa man “hari” ang tawag sa pinuno ng mga mas dinamikong kabuuang lampas sa simpleng pagsasama-sama ng mga angkan (payak na *ili, banua* o bayan), mula mga bandang ika-3 siglo M.K. unti-unti nang lalaganap, sa halip na “hari,” ang titulong “raha.” At ito na nga ang pamagat ng namumuno sa estadong bayan ng Butuan, ang marahil pinakauna sa lahat. May posibilidad na mga “malayophone” (marunong magsalita ng Malayo) — categoryang pangkabihasnan na kinabibilangan ng maraming Pilipino (katulad ng mga *Luções*, mga taga-Luzon, sa panahon ng karahaan ng Malakka) — ang nagpalaganap ng bagong anyong ito ng paghahari, hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong Timog-Silangang Asya, laluna sa Indo-Malaysia.²⁷ Isang kapuna-punang dokumento mula sa panahong ito ang *Laguna Copper Plate* na nakasulat sa Bahasa Melayu at may petsang 900 M.K.²⁸ Di naglaon at nagkaroon din ng alibata ang maraming grupong etniko sa Pilipinas.²⁹ Samakatuwid, dulot malamang ng masigasig na pagkaka-ugnay/pakikipag-ugnayan sa kalakalan at kalinangan ng mga estadong bayang Pilipino sa iba’t ibang bahagi ng Indo-Malaysia ang pagkalat ng mga alibata.³⁰ Daloy rin ito ng migrasyon na sa ating panahon ay aabot hanggang sa Europa, Amerika, Australya at kung saan-saan pang bahagi ng daigdig.³¹

Magkagayunman, malaki ang pagkakahawig ng ating mga alibata sa mga sistema ng pagsusulat sa Sumatera (hal., Batak) at Sulawesi (hal., Bugis). Ang daan ng mga alibata ay siya ring naging daan ng paglaganap ng Islam sa Pilipinas,³² na ipinapalagay na nagsimula na noon pang hk. 1280 M.K. Gayumpaman, ang sistemang “sultanato” ng pamamahala at organisasyon ng teritoryo ay lumitaw lamang noong ika-15 dantaon sa Sulu. Bilang sistemang bayan ng pagsasaayos ng kabuuang sosyo-kultural at pulitikal, makikita sa Dayagram I ang pagkakasunod-sunod ng kaharian, karahaan at sultanato (hanggang sa pagsapit ng Haring Bayan ni Bonifacio bilang pagtangkang palitan ang sistemang Kastila na humalili sa karahaan ng Maynila).

Papaano ang penomeno ng eksilo sa halos 1,800 taóng ito (hk. 200 B.K. - 1588 M.K.) ng ating kasaysayan? Sa mga lugar kung saan wala pang estadong bayan na katulad ng Butuan, Dapitan, Maranaw, Magindanaw, Sugbu, Mindoro, Maynila-Tondo, Bolinao-Lingayen at iba pa pagkatapos, mananatili ang dating kalagayan i.e., ang pagpapatapon ay bunga ng paglabag sa mga alituntuning moral at pulitikal ng kabuuang kinabibilangan at ito’y maaaring humantong sa kamatayan ng eksilo o sa kanyang pagsanib sa ibang kabuuan (bilang alipin o timawang

DAYAGRAM I
ANG ESTADONG BAYAN SA AGOS NG KASAYSAYAN



ZEUS A. SALAZAR

mandirigma) o kaya sa pagbubuo ng ibang banua, ili o bayan. Itong huli ay maiugnay sa proseso ng “pagkalat” ng populasyong Austronesyano sa buong kapuluan na natukoy na sa ilang teoretikal na pag-aaral, kabilang ang natawag ni Yengoyen na “*budding-off process*.”³³ Natural, maipalalagay na ang karamihan sa mga “tumiwalag” o “napatiwalag” ay hindi na bumalik at dahil dito’y naging permanenteng eksilo sa iba’t ibang bahagi ng kapuluan. Sa isang banda, ang mga ito ang magiging dahilan ng pag-iiba-iba ng mga wikang Pilipino mula pa noong hk. 1300 B.K.³⁴

Sa konteksto naman ng estadong bayan ang eksilo ay maaaring “ipinatapon,” “tumakas” o kusang “tumiwalag” sa kinabibilangang kaharian, karahaan o sultanato. Kung hindi bumalik o makabalik, siya at ang mga katulad niya ang masasabing tagapasimuno ng mga bagong pamayanan. At maaaring sila rin ang nagpatuloy ng pagkakaugnay o muling nagpasimula ng ugnayan ng kanilang mga bagong pamayanan sa kanilang pinagmulan o dating pamayanan. Nabanggit na ang pagkakaugnay ng Butuan, Dapitan at Sulu (Jolo at Basilan) bilang kinahantungan ng pagka-eksilo ng ilang prinsipeng lakan o pangeran mula sa una.³⁵ Maidaragdag din siguro ang ugnayan ng Tondo-Maynila at Brunei, kung saan ang pagtitiwalag ay mas malamang na nagmula sa huli. Malakas ang ugnayang ito ng Tondo-Maynila at Brunei noong ika-16 na dantaon. Ngunit, tulad ng mahihinuha sa *Laguna Copper Plate*, noon pang simula ng ika-10 dantaon ay malakas na rin ang pagkakaugnay ng teritoryong Tondo-Pampanga-Maynila sa mundong Indo-Malaysiano. Ang unang ugnayang ito ay naputol marahil dahil sa pagsabog ng Pinatubo noong kalagitnaan ng ika-15 dantaon, kung kaya’t ang relasyon noong ika-16 na dantaon ay naging mas malapitan din. Magkagayunman, sa lahat ng ugnayang ito maipalalagay na malaki ang papel ng mga “napatiwalag” o “kusang tumiwalag.” Isang masasabing halimbawa nito na “may mukha” ay si Muhammad, ang “mangangalakal” na paroo’t parito sa pagitan ng Maynila at Sulu-Brunei at dahil dito, siya ang napagkunan ni Legazpi ng mga impormasyon tungkol sa karahaan ni Sulayman. Sa panahon ni Gobernador Sande, ilan sa naging kolaborador sa kanyang pag-atake sa Brunei ay mga prinsipeng eksilo mula rito. Isang huling halimbawang “indibidwal” sa panahon pa ni Magallanes ay si Enrique de Malacca, ang di-umano’y “alipin” ng Portuges na kasama nito sa kanyang ekspedisyong at naging interprete o *juru bahasa* (katagang nahiram ng Tagalog sa Malayo bilang “dalubhasa” o “eksperto”) ng mga Kastila sa Kabisayaan at Kalimantan. Isa siyang eksilong “indibidwal,” na kung hindi man Pilipino o Bisaya kahit papaano’y “malayophone,” mula man sa Malacca o Silangang Indonesia,³⁶ at napasama kay Magallanes sa Europa.

Isang kapwa-malayophone ni Enrique si Regimo Diraja, isa sa mga pangunahing *Luçoes* sa simula ng ika-16 na dantaon sa Malakka. Dakilang mangangalakal siya na nagpapadala ng mga sasakyang-dagat sa Pasai, Siam, Sunda at hanggang sa Tsina. Isa pang taga-Luzon ay si Surya Diraja³⁷ na nagbayad ng 9,000 *cruzados* sa mga Portuges upang hindi makumpiska ang kanyang mga plantasyon. Bawat

taon nagpapadala siya ng 175 toneladang sili sa Tsina, kung saan napasama siya sa mga Portuges noong 1565, taon ng pagdatal ni Legazpi sa Sugbu. Bukod sa mga *luçoes* na naninirahan sa Malakka,³⁸ marami pang mga Pilipino ang naging mandirigma sa iba't ibang hukbo at ekspedisyon sa buong Timog Silangang Asya. Tulad ni Regimo Diraja at Surya Diraja, mga eksilo silang hindi na bumalik o paminsan-minsan lamang kung bumalik sa Pilipinas.

Iyong mga bumalik o madalas bumalik ang nagkaroon ng ibayong bisa sa kani-kanilang komunidad. Sila ang nagdala ng mga bagong kalakal, kaisipan, anyo ng pananampalataya (hal., katagang diwata) at pagsasaayos ng pamayanan (konsepto ng "raha" at "sultan" at kaugnay na *praxis* at kaisipang sosyo-pulitikal), at iba pa sa kapuluan. Sa pagdating ng Kastila, hanggang sa Pampanga ang distribusyong heograpikal ng "diwata" at ilan pang tinatawag na katagang "Sanskrit" na sa katunayan ay dala sa kapuluan ng mga *malayophone*, i.e., sa karamihan mga "mangangalakal" o dating eksilong Pilipino. Si Sarip Kabungsuwan, ang di-umano'y nagpasok ng Islam sa Magindanaw, ang siya ring pinaniniwalaang nagtatag ng sub-kaharian sa ilawud na siyang kahariang daungan ng nasa-ilayang Buayan, kung kaya't nakilala siya bilang *kapitanlaut* (admiral o laksamana) ng raha nitong huli. Matibay ang ugnayang pangkalakalan ng karahaang Buayan-Magindanaw sa bahaging Molukkas-Borneo.³⁹ Ang panahon sa pagitan ng 1515 at 1588 ay panahon ng kaibayuhan ng Islam sa arkipelago, lalo't higit dahil sa diaspora ng mga prinsipeng Malayo patungong kapuluan, bunga ng pagkagapi ng mga Portuges sa Malakka noong 1511.⁴⁰ Maraming mga pinuno sa Sulu ang nagmula sa Brunei. Sa katunayan, mahigpit na magkakaugnay ang mga dakilang angkan ng Brunei at Sulu.⁴¹ Mababanggit sa mga nanggaling sa Sumatera si Raja Baginda.⁴² Bukod sa laganap nang mga paraw (*perahu* sa Bahasa Melayu) sa iba't ibang dako ng kapuluan, kabilang din sa hukbong dagat ni Sulayman ang mga karakoa, pandigmang sasakyang-dagat na batay sa *coracora* ng Silangang Indonesia.⁴³ Hindi malalayo sa reyalidad kung sasabihin na mga "eksilo" rin ang "nagdala" (kung hindi man nag-imbento) ng mga alibatang lumitaw sa iba't ibang grupong etniko ng kapuluan sa pagitan ng ika-10 at ika-12 dantaon. Ganoon din ang mahihinuha hinggil sa "Imahen ng Agusan" at iba pang mga istatuwang Indo-Malaysiano na natuklasan ng arkeolohiya sa arkipelago. Mga eksilo ang naging tulay sa pagitan ng tradisyonal na Pilipinas at nagbabagong daigdig ng Indo-Malaysia, ang *Dunia Melayu*.⁴⁴

Matataguriang isang "epoka ng eksilo" ang higit sa isang libong taon bago 1588. Ngunit ang pagka-eksilo ng mga Pilipino ay sa isang mundong hindi naiiba sa sarili nilang daigdig at naganap sa isang "kamag-anak" na wikang pangkalahatan na madali nilang matutunan dahil sa parehong pinagmulang Austronesyano, ang Bahasa Melayu. Bukod dito, walang pangkalahatang estadong kumukulong sa kanila, i.e., maaari silang lumipat-lipat sa mga estadong bayan sa Pilipinas at sa mas malalakas na estado sa Indo-Malaysia, na kadugo nila ang mga panginoon. Kung kaya't ang ibinabalik nilang mga "bagong" elemento ng kalinangan ay di

gaanong naiiba o kakaiba. Ang eksilo noon, samakatuwid, ay pagtitiwalag sa isang mundo tungo sa isang di-nalalayo at di-kakaibang daigdig. May pagkakaibang-uri rito ang pagpapatapon at pagtitiwalag na lilitaw sa susunod na panahon.


Eksilo sa Harap ng Dayuhang Kapangyarihan (1588-1872)

Ang 1588, taon ng pagkasugpo sa Sabwatan ng Tondo, ay maituturing na petsa kapwa ng kasaysayang Muslim-Pilipino at ng historyang Kastila sa Pilipinas. Mula sa taóng ito mapapalipat ang sentro ng kasaysayang taal sa Pilipino patungo sa axis ng Sulu-Magindanaw-Maranaw mula sa dating axis ng Sugbu-Mindoro-Maynila. Itong huli’y mapapasa-banyaga at madurugtungan ng mga sentrong bayan ng Bolinao-Lingayen, Vigan-Kordilyera at Lal-lo-Lambak ng Kagayan sa hilaga at ng koneksyong Butuan, Dapitan at Zamboanga sa timog pagkatapos. Nasasalalay sa karahaan ni Sulayman, lahat ng ito’y bubuo ng pinakamalawak at pinakamalakas na larangang historiko-pulitikal ng pagbubuklod sa arkipelago. Watak-watak ngunit nagmumula sa isang daloy ng kasaysayang Pilipino na mas taal pa kaysa sa agos Muslim ay yaong patuloy na tinutungo ng mas maliliit na kabuuang sosyo-pulitikal na ang ilan lamang ang tahasang maipapasok sa kabuuang kolonyal. Ang tatlong patunguhang ito ng pangkalahatang kasaysayang Pilipino mula 1588 ay malinaw na nakatakda sa Dayagram II, ang “Larangan ng mga Puwersang Historiko-pulitikal, 1588-1896 (*infra*. p.10).”

Sa bawat “puwersang historiko-pulitikal” na ito’y iba ang pag-aanyo ng eksilo bilang penomenong sosyo-pulitikal. Magpapatuloy sa pinakamatandang salansan ng maliliit na kabuuan (na mula sa malalawak na angkan ay maaaring magkaanyong “maliliit na kaharian”) ang mga uri ng pagpapatapon at pagtitiwalag ng natalakay nang unang panahon — sa ilang lugar, hanggang sa ika-20 dantaon bilang penomenong etnolohikal. Gayumpaman, magkakaroon ng mga eksilo mula sa mga pamayanang ito na mapapapasok o kusang papasok sa “bakurang sakop” ng Kastila. Ang mga eksilong ito ay manaka-naka’y gagamitin ng kaayusang Katoliko-kolonyal bilang instrumento upang pasukin (*entrar=entradas*) at sakupin (*reducir = reducción*) ang mga komunidad na kanilang nilisan. Kakabit ito ng proseso ng paglawak ng estado ng Maynila.

May pagkakahawig ang mga “pagbabalik” ng mga “eksilo” ng mga kabuuang tradisyunal sa pagbabalik din ng mga “eksilo” mula sa *Dunia Melayu* noong nakaraang panahon; ngunit di rin katulad talaga, dahil ang ipinapasok matapos ang 1588 ay kapangyarihan at kulturang iba — ibig sabihin, isang hegemoniyang talagang banyaga. Kung matagumpay, ang resulta ay isang pagsasaklaw na, sa isang positibong pagtingin, ay maaaring maging tulay ng mga tumitiwalag (pagkatapos) mula sa “bakurang sakop” patungo sa kalayaan ng kaparangan at kabundukan. Sa gayon magiging pugaran itong huli ng mga “taong labas”— *cimarrones, vagamundos, remontados* at, sa huli, *tulisanes*— kakaibang mga eksilo ng mga “*pueblos*” na ang karamihan, kahit bilang *reducciones*, ay ibabatay lamang

DAYAGRAM II
LARANGAN NG MGA PUWERSANG HISTORIKO-PULITIKAL, 1588-1896



Rebisyon ni Salazar (1997) ng *kanyang dayagram sa Marcos, TADHANA Outline (1975) Karapatang-ari*

ng Kastila sa mga “ili,” “balei,” “balen,” “bayan” at “banua” ng Kapilipinuhan. Tulad ng mahihinuha sa salitang *remontados* (mga muling umakyat sa kabundukan), may direksyon patungo sa dating kalinangan at kaayusan ang kusang pagtitiwalag (at marahil pagkapatapon din) mula sa mga *pueblos*. Noong 1619, halimbawa, nabanggit ni Padre Pedro de San Juan na ang populasyon sa mga kabayanan ng Nueva Cáceres ay lumiliit taon-taon dahil sa lumilipat ang mga “katutubo” sa ibang mga bayan at asyenda upang makahanap ng mas maraming kita, magpapakanlong sa mga kabundukan, o dili kaya’y magpapalipat-lipat na lamang ng bayan.⁴⁵

Masalimuot samakatuwid ang eksilo — ang interaksyon, lalo pa, sa pagitan ng mga eksilo mula at patungo sa “bakurang sakop,” sa paligid ng malaya’t mapagpalayang kabundukan — higit sa lahat, sa Luzon.⁴⁶ Iba ang sitwasyon sa katimugan — Mindanaw, Palawan at ilan pang mga isla sa Kabisayaan paminsan-minsan. Ang eksilo mula sa mga taal na kabuuan sa kabundukan ay maaari lamang maging bahagi o biktima ng mga nangangayaw⁴⁷ na grupo ng mga kabuuang Muslim, bagamat sa ugnayang Muslim at Lumad, tulad ng Manuvu at Magindanaw sa isang dako at Sama at Tausog sa kabila, ay maaaring magbigay-daan sa pagiging pinuno ng eksilo sa isa sa mga grupong napagtapunan o kaya sa pagiging Muslim ng isang bahaging kaugnay (Sama). Masalimuot din, samakatuwid, ang penomeno ng eksilo sa mga hangganan ng mga lipunang Muslim at di-Muslim, laluna sa mga malapit sa baybay-dagat. Sa katunayan, kahit na ang mga nasa kabundukang mga Pala’wan at mga Mangyan (Mindoro) ay hindi laging makaliligtas sa mga (naglalayag na) pangangayaw mula sa timog, pangangayaw na tatagurian ng mga Kastila na *piraterías* at lalo pang magiging komersyal sa paglaganap ng kolonyalismo sa Timog-Silangang Asya. Magbibigay-daan ito sa mapapait na eksilyong walang balikan.


Ang eksilyo at eksilo sa mga lipunang Muslim ay pagpapatuloy ng kalakaran sa “panahon ng mga estadong etniko,” laluna mula sa pagsapit ng ika-14 na dantaon. Ngayon ay lalo pang magiging penomenong pulitikal ang pagpapatapon na magiging bahagi ng alitan at labanan para sa kapangyarihan. Malinaw ito sa mga epiko, tulad halimbawa ng *Darangen* ng mga Maranaw, kung saan tampok ang pagkapatapon sa isang prinsipe. Okasyon ito ng pakikialam ng ibang mga kabuuang sosyo-pulitikal, Muslim man ito o Kristyano (Kastila). Ginamit ng mga Kastila ang paghahalili sa trono upang makapasok sa mga estadong Muslim. Sa kabutihang palad, hindi talaga naunawaan ng mga Kastila ang kalinangang Muslim-Pilipino, kung kaya’t hanggang sa huli relatibong napanatili ng mga estadong Muslim ang kanilang kalayaan. Isang magandang halimbawa ang kaso ni Azimuddin (ang “Alimudin” ng mga Kastila) na, nang naging Kristyano, ay itinakwil ng kanyang bayan at ito’y pumili ng isang bagong sultan. Nang bumalik lamang siya sa kanyang relihiyon nagkaroon siya muli ng kaunting impluwensya sa sultanato. Samakatuwid, masasabing walang gaanong epekto sa kanyang lupang tinubuan ang pagbabalik ng eksilong si Azimuddin, kahit na itinakwil niya ang Kristiyanismo.

Sa dominyong kolonyal naman, iba't iba ang naging pag-aanyo ng eksilyo. Ang una ay iyong ipinatatapon ng kapangyarihang Kastila, sa lebel man ng *pueblo* o ng kabuuang kolonyal. Sa lebel ng kabuuang kolonyal, hindi karamihan ang mga eksilo. Nagmumula ang mga ito sa mga tagapaglingkod ng estadong kolonyal na, kung nagkakasala, ay ipinatatapon sa iba't ibang bahagi ng kapuluan (kung saan kasama noon ang Marianas) o ng imperyong Kastila mismo, hanggang sa isla ng Fernando Po, sa dakong Atlantiko ng Hilagang Aprika. Si Don Juan Banal na kabilang sa mga pinunong nakibahagi sa Sabwatan sa Tondo at pinalad na hindi mabitay ay kasama sa mga ipinatapon sa Mehiko o sa ibang lugar sa labas ng Maynila.⁴⁸ Sa labas ng Maynila — sa “Bagong Bayan” noon na pagkatapos ay tatawaging “Luneta” — ipinatapon ang nakararami sa lahing hari nina Sulayman, Magat Salamat at Lakandula. Inilipat sila pagkatapos sa mas malayu-layong Ermita at pagdating ng oras, sa petisyon ng “mga inapo nina Ladia (Raha) Matanda, Lakandola at Soliman” noong 1753, makikita silang nagkalat sa mga lalawigan ng Tondo, Bulakan at Pampanga.⁴⁹ Noong panahon ng Himagsikan, isang inapo ni Sulayman sa linya ng kanyang ina, si Macabulos, ang naging pangunahing pinuno sa Tarlak.⁵⁰ Isang mahaba't malayuang eksilyong pangkamag-anak ito na humantong sa pakikisangkot ng isang kasapi nito sa malawakang pagbawi ng isa ring taga-Tondo (si Andres Bonifacio) sa kapangyarihang tahasan nang naagaw ng Kastila noong 1588 sa lahing hari nina Raha Sulayman at Lakan Dula ng Tondo.


Sa pagitan ng 1753 at ng Himagsikan ni Bonifacio'y dumami ang mga kusang pagpapa-eksilo o pagiging eksilo sa dalawang lupalop na Amerikano bunga ng Kalakalang Galyon. Ngunit hindi lahat ay nawala sa (o naging bahagi ng kultura ng) mga populasyong kanilang napasukan. Noong ika-18 dantaon isang nagngangalang Mallari ang nasentensyahan sa Peru sa salang *brujeria* na sa katunayan marahil ay tumutukoy lamang sa paggamit ng kakayanan ng Pampangong *ballyan* o babaylan.⁵¹ Halos kaalinsabay nito, noong 1763, nagsimulang mapadpad mula sa Mehiko ang mga *Filipino Cajuns* patungo sa Louisiana (na noo'y kabibili lamang ng Espanya ang bahaging kanluran). Noong 1883, habang kusa ring eksilo ang mga ilustradong sina Rizal sa Espanya bilang halos ganap na mga Kastila o Europeo, binisita ni Lafcadio Hearn para sa *Harper's Weekly* ang isang “kakaibang nayon” sa mga *bayous* (bakawan) ng Louisiana: ang *Manila Village*, kung saan nakatira ang mga *Saint Malo Manila Men* na tinawag din ni Hearn na mga “Malayo.” Lahat ng kanilang bahay ay yari sa *true Manila style*⁵² — i.e., tulad ng mga bahay kubo natin noon sa mga probinsya at kahit na sa *arrabales* ng Maynila (tingnan ang Plate I), kung ihahambing sa bahay bato sa *earthquake baroque* ng mga mestizo at Kastila sa Intramuros at iba pang sentro ng populasyon sa Kapuluan. Nanatiling Pilipino, samakatuwid, ang mga inapo ng mga kusang nagpa-eksilong mandaragat ng Kalakalang Galyon, habang ang mga ilustradong nanatili sa Pilipinas ay naging iba na at walang inatupag kundi gayahin ang moda sa Espanya at Europa!

PLATE I


*Pananatiling Pilipino ng mga
Eksilong "Manila Men" sa St. Malo, Louisiana*



Bahay ng "Manila Men"
(Ika-19 na dantaon)



Bahay "Lumad:" Badyaw
(Kasalukuyan)



Bahay Bato ng Ilustrado (Maynila)
(Ika-19 na dantaon)



Bahay Bato ng Ilustrado (Cavite)
(Ika-19 na dantaon)



Bahay "Indio:" Arabal ng Maynila
(Ika-19 na dantaon)

Mababanggit din na ang Pilipinas mismo, sa kanyang dako, ay lugar din ng eksilo mula kahit na sa Espanya mismo. Noong panahon ng pagtitiwalag ng Amerika Latin sa *Madre España*, nagkaroon ng mga eksilong kriolyo at mestisong Kastila mulang Mehiko, karamihan sa hanay ng militar. Napasama sila sa kapwa nilang mga kriolyo at mestisong nagsimula nang humiling ng representasyon sa *Cortés* ng Espanya. Gayumpaman, ang mga militar (sa pamumuno nina Palmero, Novales at magkapatid na Bayot) ang unang nagtangkang ihiwalay ang Pilipinas sa Espanya (sa pamamagitan ng rebelyon ng hukbo, may ilang 50 taon bago ang Pag-aalsa sa Kabite) upang mahawakan ng mga kriolyo at mestiso ang kolonya, tulad ng naganap na sa Amerika, noong huli sa Mehiko. Nauna ang kilusang “Kriolyo” nina Conde de Manila at mga militar sa sekularisasyon ng mga pari, kung saan kasama na ang mga mestisong Tsino, “mestisong Indio” at purong “Indio” mismo. Lahat ng ito ay magiging bukal ng maraming pagpapatapon pulitikal sa lebel ng kolonya bilang kabuuan.

Sa mas mababang lebel naman ng *pueblo*, malakas ang poder ng mga monghe na siyang nagpapatapon o nagrekomendang ipatapon ang isang hindi kanaisnais na mamamayan, kriminal man ito o simpleng hindi makatanggap sa kaayusang kolonyal. Ang pagpapatapon sa lebel na ito ay patungo sa ibang *pueblo* o probinsya. Isang mabuting halimbawa rito ay si Francisco Baltazar na ipinatapon mula sa kanyang sariling *pueblo* at probinsya. Di mapakali si Balagtas at ang kanyang damdamin ng pagka-eksilo sa sariling bayang tinubuan (eksilyong panloob), kaalinsabay ng pagkakilala sa iba pang bayan sa Katagalugan, ang isa marahil sa mga kararasang nag-udyok sa kanya sa paglikhang pampanitikan na ang isang kapuna-punang elemento ay ang pag-ibig sa tinubuang lupa. Sa katunayan, ang mga hinaing ni Florante hinggil sa kanyang “bayang sawi” ay mas patungo na sa “pagkamakabayan” sa pakahulugan ng Katipunan kaysa sa “nasyonalismo” o pag-ibig sa *patria* (“patriotismo”) ng salinlahing “propagandista.” Sa ganito, naging batis si Balagtas (na kapanahon ni Hermano Pule) ng kaisipan ng pagbubuo ng bansa na nagsangang-daan mula 1872. Magkagayunman, si Florante mismo ay isa ring eksilo na itinali pa nga sa gubat upang ipain sa mababangis na hayop dito. Kapuna-puna na hindi lamang laban sa kaliluhang naghahari sa kanyang bayan ang kanyang mga hinaing, kundi ang kanyang naging kaibigan sa pakikipaglaban ay isang Muslim, kabaligtaran ng nilalaman ng mga moro-morong propaganda ng Simbahan at estadong banyaga laban sa kaaway na Muslim at patungo sa pagbubuklod at pagpapalaya sa buong arkipelago.

Ngunit hindi lamang ang mga ipinatapon o itiniwalag ang importante sa kalagayang kolonyal kundi ang mga kusang tumiwalag, tulad ni Kapitan Tales ng *Noli*, ang pampanitikang prototipo ng tulisan at ng kanyang ipinaglalabang katarungan. Naging laganap ang “tulisanismo” sa agos ng ika-19 na dantaon.⁵³ Maraming tulisan ang naging bahagi ng Katipunan at marami ring manghihimagsik na mga anak ng Bayan ang tatawaging “tulisan” ng mga kaaway na Kastila at Amerikano — at kahit na ni Aguinaldo nang ito’y nakipagkasundo sa mga Kastila

sa Biak-na-Bato.⁵⁴ Ang tulisanismo ay pagka-eksilo mula sa *pueblo* (sina Bonifacio ay mga “panloob” na eksilo nito kung ihahambing sa mga kolaborador na gobernadorsilyo katulad ni Aguinaldo), pagtitiwalag na unang baitang patungo sa pagiging anak ng bayan at manghihimagsik.

Nabanggit na ang mga “pinsan” ng tulisan, katulad ng *cimarron* (hindi maakit sa buhay pueblo at sa Kristyanismo), *vagamundo* (hindi mapatigil sa *pueblo* o asyenda upang papagtrabahuhin) at *remontados* (mga bumalik sa dating kalagayang pangkalinangan). Kadiwa sila ng tulisan sa katangian nitong kapwa laban sa pueblo bilang simbolo ng pagsasakop ng Kastila at mapagmahal sa kalayaan na ang sagisag ay ang kabundukan at pakikipag-ugnayan sa malalayang pamayanan dito. May mga aspetong pagbabalik sa dating kalinangan ang kanilang eksilyo.⁵⁵ Nagkakaisa sila sa ideya ng pagtitiwalag sa kaayusang kolonyal, kaisipang taglay din ng daandaang himagsik at paghihimagsik sa ating kasaysayan. Isang panghihimagsik na may ideya ng pagtitiwalag sa Kastila at pagbabalik sa dating kaayusan kaugnay ng kabundukan ay ang “pag-aalsa” ni Dagohoy na tumagal nang higit sa 80 taon at masasabing isang muling pagtatatag ng isang “dating estadong bayan sa loob ng estadong kolonyal.” Isang eksilo mula sa *pueblo* si Dagohoy na, mula sa kabundukan, ay nagpalaya sa Bohol ng apat na henerasyon mula sa sistemang kolonyal.

Katumbas ng natamo ni Dagohoy ang nais sanang isagawa rin ni Diego Silang sa Kailukuhan, Pangasinan at Zambales, bagamat hindi siya nagtagumpay. Panloob na eksilo rin si Silang sa kanyang *pueblo*, hindi kailanman naging katulong ng Kastila rito bilang “governadorsilyo” at may karanasan sa paglalakbay sa ibang bayan. Gayundin si Hermano Pule ng Laguna at Tayabas, isang itinakwil at dahil dito’y tumiwalag sa kanyang komunidad panrelihiyon upang magtatag ng isang samahang panrelihiyon na nag-aanyong pamayanan ng mga “Indios.” Hindi rin siya nanungkulan sa kanyang *pueblo*, may karanasan din sa paglilibot sa iba’t ibang bayan, at napakahalaga sa kanyang kaisipan ang kabundukan, ang Bundok Banahaw. Sa huli, mababanggit si Bonifacio, isa ring taong di nakapaloob sa *pueblo*, nakalibot sa mga bayan hanggang sa Kabikulan, nagpapahalaga sa kaisipang bayan at kalinangang taal sa Pilipino, gagap ang kahalagahan ng kabundukan sa pakikibaka ng bayan.⁵⁶ Pagka-eksilo na humantong sa Himagsikan ng 1896. Ngunit bahagi na ito ng susunod na panahon, kung kailan, mula sa pagkasugpo ng Pag-aalsa ng Kabite, ay magkakaroon ng mas maraming mga eksilo mula sa kabuuan ng estadong kolonyal mismo — mga eksilong hindi magmumula sa Bayan kundi sa hanay ng mga ilustrado, ang mismong mga “taong loob” ng Kastila.

Naudlot na Pagbubuo ng Bansa, 1872-1913

Naging mitikal na petsa ang 1872 para sa mga propagandista na naging “eksilong panlabas” dahil nakapaloob na sila sa — o naging mga “taong loob” na ng — *pueblong* kolonyal ngunit di nila malaman kung saang lugar, kung mayroon man,

sila nakapuwesto o makapuwesto sa ibayo ng (o nakatataas sa) simpleng pagiging pari, gobernadorsilyo, abogado o kaya maliit na komersyante sa ugnayang panlipunan at pangkapangyarihan. Sa ganitong pagtingin, sukdulang insidente ang 1872 sa proseso ng paghahangad ng puwestong panlipunan ng mga ladinong naging paring sekular at pagkatapos ilustrado-propagandista, Kriolyo man, Mestiso o Indio. Bago ang 1872 kahit paghawak sa mga paroko bilang kura ay ipinagmamaramot o ipinagkakait sa kanila; ngayon, bilang may-pinag-aralang “ilustrado” hindi lamang wala pa rin silang tiyak at kasiya-siyang puwesto sa kaayusang kolonyal, kundi nanganganib pa sa kanilang kalagayang panlipunan at kaligtasang pulitikal.⁵⁷ Gayumpaman, tulad sila sa “kapangahasan” ni Hermano Pule na ang pagnanais ay hindi lamang ang “pasukin” ng hamak na “Indio” bilang “paring sekular” ang parokong monghe kundi ang maging monghe mismo ito sa isang ordeng Kastila. Ang batayan mismo ng sistemang kolonyal ang nais malansag nina Hermano Pule; hindi ang mga paring sekular at ng mga ilustrado. Gayunpaman, kung walang mapaghimagsik ng pagtutol sa diwa ni Hermano Pule, saklaw-sakop din ng kapuebluhan at kaayusang kolonyal ng Kastila ang mga “paring sekular” (at pagkatapos ang mga ilustrado at propagandista) kahit hindi nga sila makapasukpasok dito nang puspusan bilang tunay na mamamayan. Ibig sabihin, bahagya o ganap pa rin silang “eksilong panloob” na bukod dito’y nakasanla ang pagkatao’t kalagayang panlipunan sa kapangyarihang monakal at kolonyal.

Ang sitwasyong ito ang trahedyang nina Gomburza at ng mga paring nagpatuloy sa pagkapari at nanatili sa Pilipinas pagkatapos ng 1872. Hindi na ito matanggap ng mga ilustrado-propagandista, mga kauri nila na ang diwa’y namulat, bahagya man lamang, sa labas ng Simbahan at sa ibayo ng bakurang kolonyal. Ang mga ilustrado-propagandista, kasunod ngunit di tulad ng mga pari at iba pang Pilipinong ipinatapon bunga ng 1872, ay kusang lilisan ng Pilipinas bilang “panlabas na eksilo” upang maipaglaban ang lugar na inaasam-asam na ng henerasyon nina Pelaez at Burgos sa loob ng kolonya. May pagkakaugnay at pagkakaiba ang mga “eksilong panlabas” na ito sa mga “paring sekular” na kanilang sinundan sa seryeng nagmula sa mga ladinong nakipagtulungan sa Kastila at bunga nito’y naging “taong loob” ng *pueblo* at ng kabuuang kolonyal. Para kay Rizal, naging Heswita sana siya kung hindi pinahintulutan ng Simbahan ang martiryo ng tatlong pari. Ibig sabihin, naging mas malinaw at tahasang pulitikal ang layunin ng kanilang uring panlipunan patungo sa pagbuklod ng arkipelago sa ilalim ng kanilang pamamahala: ang pagtatag ng isang *nación filipina* sa imahen ng España. Ang sa simula’y pakikibaka lamang para matamo ang puwestong nararapat sa loob ng isang korporatibong samahan (Simbahan) ay naging paghahangad na mahawakan ang isang lampas at mas malawak ditong kabuuan, ang mismong *Filipinas*. Bukod dito, may mga ugnayang “pampamilya” ang magkasunod na grupo ng mga paring sekular at ng ilustrado-propagandista. Halimbawa, mag-aaral at tagasunod ni Padre Burgos si Paciano Mercado, ang kuya ni Rizal. Si del Pilar naman ay may kamag-anak na

paring sekular na naeksilo sa labas ng Pilipinas. Ang ama ni Paterno ay naeksilo rin sa Marianas dahil sa mga pangyayari ng 1872. Mapapalawig ang talaan.

May mga tunay na eksilo talaga, samakatuwid, kaugnay ng 1872, at maraming pari sa kanila, bukod sa mga nasangkot na militar at “mayayamang” Indio, Mestiso at Kriolyo. Hindi maisasama ang mga propagandista sa kategoryang ito, bagamat nanganganib nga ang ilan sa kanila (hal., si del Pilar; subalit hindi si Rizal, kahit na si Lopez Jaena) na dakpin ng mga awtoridad kolonyal. Kung talagang dadakpin at madakip man, may kakayanan silang ipagtanggol ang sarili dahil di kakaunti sa kanila ang propesyonal, karamihan abogado at maykaya at maimpluwensya sa lipunan. Sa kaso halimbawa ng mga kamag-anak ni Rizal sa tunggalian laban sa mga Dominikano sa Asyenda ng Calamba, hindi lubusang napatupad ang sentensya ng eksilyo sa kanila dahil ginamit nila nang puspusan ang prosesong legal.⁵⁸ Kusang nag-eksilo sa sarili ang mga propagandista, karamihan sa kadahilanang personal. Kung maihahambing man ang mga pinaka-masigasig at tunay sa kanila sa mga eksilong Pilipino bago 1888, kahawig sila ng mga tumiwalag noon sa kani-kanilang bayan upang kung saka-sakali’y makamtan o maagaw pagkatapos ang kapangyarihan dito sa tulong ng ibang kaharian, karahaan o sultanato *laban sa sariling angkan*. Ngunit, bagamat kultura na rin ng mga propagandista ang natagpuan sa pinagtatakasang *Madre España* at samakatuwid kahawig ng dating mga Pilipino sa pagiging di-iba sa kapaligiran ng eksilyo, iba na ang kalinangan nila sa nakararaming “Indio” sa kolonya at, laluna, sa iba pang mga grupong Pilipino (Muslim at Lumad). Iba na sila, napawalay na sila sa sariling “katutubong” bayan.⁵⁹

Makikita samakatuwid sa kategorya ng mga “eksilong panlabas” ang dalawang grupo ng “tunay” na ipinatapon ng pamahalaang kolonyal dahil sa pagkasangkot sa Pag-aalsa ng Kabite, sa isang dako, at ng “kusang” nag-eksilo sa sarili sa *Madre España*, sa kabilang dako. Karamihan sa mga una ay bumalik sa Pilipinas at nagpatuloy ng kanilang mga gawain at sa pagpapaibayo ng panindigan, samantalang ang mga kusang eksilo (tulad nina Paterno, Rizal at Lopez Jaena) ay tumungo sa peninsula “upang mag-aral” at tahasan nang makisali sa at magtamasa ng kulturang Kastila at Europeo. Ilan lamang sa kanila, katulad ni del Pilar, ang talagang pumunta roon “upang humingi ng (o makipaglaban para sa) reporma.” Masasabi pa ngang si del Pilar talaga ang naging propesyonal na propagandista, dahil iyon talaga ang itinungo niya sa Espanya at sinuportahan pa nga siya ng isang Komite de Propaganda sa Pilipinas sa gawaing ito. Marami na ang pag-aaral hinggil sa mga eksilo ng Propaganda, kusa man o tunay talaga.⁶⁰ Isang dahilan nito ay ang pangyayaring naging bahagi ng mitolohiyang pangkasaysayan ng kasalukuyang elit ang “kilusan,” higit sa lahat dahil sa kahalagahan nito sa pag-aangkin ng naging “rebolusyonaryong” elit-ilustrado sa nagtatagumpay nang Himagsikan ng Katipunan. Isinasaad ng teoryang ito na ang mga propagandista ang siyang nagpahayag sa Espanya ng hangaring repormista at nang di-umano’y hindi ito nagtagumpay, naging mapagbuo ng nación ang kanilang proyekto. Ito’y iginawad naman nila sa

walang muwang ngunit matagal nang nagdurusang Bayan, na inorganisa ni Bonifacio bilang Katipunan pagkatapos maimpluwensyahan siya ni Rizal at ng iba pang ilustrado at propagandista sa di nagtagal na *Liga filipina*.⁶¹ Tulad ng natalakay na sa ibang pag-aaral, napakalayo ng interpretasyong ito sa katotohanan, sa simpleng dahilan na hindi lamang iba ang adhikaing pambansa ng Katipunan kundi nakaugat pa ito sa kalinangan at mahabang kasaysayan ng mga bayang Pilipino, habang nasasalalay ang proyektong ilustrado sa mga kategoryang liberal na napulot ng mga propagandista at iba pang ilustrado sa Europa noong ika-19 na dantaon.⁶²

Nakakabit sa tradisyon ng Kataas-taasan Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) ang mga “eksilong panloob” (i.e., napapaloob ngunit laban sa sistemang kolonyal), kung ihahambing sa linya ng mga ladino, paring sekular, ilustrado at propagandista na lahat ay tumanggap at nakipagtulungan sa banyagang kapangyarihan.⁶³ Ang unang grupo ng mga “eksilong panloob” ay yaong mga ipinatapon sa loob ng kolonya mismo, bunga ng 1872 o dahil sa iba pang mga “krimen” laban sa sistemang kolonyal. Ipinatapon sila sa iba’t ibang *pueblo* o *alcaldia* ng kapuluan, higit sa lahat sa Palawan, Zamboanga (kahit na sa piling ng mga Subanun), at sa Sulu mismo. Marami ay mga sundalong hindi na talaga mapagkatiwalaan ng gobyerno at samakatuwid ay hindi maisama sa mga “dinidisciplinang batalyon” lamang. Kasama ng mga sibilyang eksilo, ang mga sundalong ipinatapon ang mag-aalsa sa iba’t ibang dako sa pagsiklab ng Himagsikan ng Katipunan noong Agosto 1896. Ngunit may mga mag-aalsa ring mga “dinidisciplinang batalyon.” Sa katunayan, ang buong “dinidisciplinang rehimento,” na ipinatapon ni Heneral Blanco sa Marawi dahil sa kaugnayan nito sa Katipunan, ang siyang nagpasimula ng Himagsikan sa Mindanaw noong taon ding iyon. Magpapatuloy ang pagtitiwalag ng mga kawal Pilipino sa Hukbong Kastila hanggang sa mga huling araw ng Kolonya. Nakatuon sa gawa at di sa salita lamang ang “eksilong panloob” na malapit at nagbubukal sa Bayan.

Mas nakaugat sa Bayan ang pangalawang grupo ng “eksilong panloob” na binubuo noong una pa man ng mga “taong labas,” mula sa mga *cimarrones* at *vagamundos*, hanggang sa mga *tulisanes* at *remontados* at pati na sa mas organisadong mga grupo na ang himagsik ay humantong sa mga paghihimagsik, katulad ng kina Dagohoy, Silang at Hermano Pule. Tulad ng nabanggit na, ang paghihimagsik nitong huli ang huling baitang ng serye ng mga himagsik at paghihimagsik ng mga ili, balen, bayan at banua patungo sa Himagsikan ng mga Anak ng Bayan (ANB) ni Bonifacio. At ang diwang nakapaloob sa lahat, mula pa sa Sabwatan ng Tondo at sa mga himagsik nina Banca, Ladia, Malong at mga kasunod ay pagtatangi o paghihiwalay/pagtitiwalag sa Kastila at sa binuo nitong kolonya. Sa ganito, masasabing produkto ang “eksilong panloob” ng kolonyalismong Kastila, katulad din ng “eksilong panlabas” na ang huwaran ay sina Paterno, Rizal at del Pilar. Ngunit nasasalalay ang pagkapatapon sa Espanya o kusang pag-alis nitong mga huli mulang Pilipinas sa pundamental na pagtanggap

sa pamamahala at kultura ng Kastila, kaakibat ng pagkahiwalay sa kalinangang bayan bilang “taong loob” ng kolonya.⁶⁴ Gayumpaman, sa radikalisyong mga pangyayari sa pagitan ng 1892-1896, iba-iba ang magiging tadhana ng tatlong ilustrado-propagandista. Si del Pilar ay magpapatuloy na eksilo para sa reporma at namatay noong Hulyo 1896 sa pag-asang makalilipat sa Hapon bilang base ng kanyang gawain, samantalang nakabalik na si Paterno at nakikipagtulungan sa Kastila, tulad ng magkapatid na Juan at Antonio Luna. Si Rizal naman ay magiging tunay na eksilo sa Dapitan, pagkapatapon na kanyang sinamantala upang kalimutan ang pulitika. Pagsiklab ng Himagsikan patungo na siya sa Kuba upang tulungan ang Espanya sa pagsugpo ng rebolusyong Kubano. Ganyan kasalimuot ang panindigan ng mga “eksilong panlabas” ng Propaganda. Samantala, ang mga “eksilong panloob,” ang mga “taong labas” ng rehimeng Kolonyal ay tunay na nakasandig sa pagtanggap/pagtakwil sa Kastila batay sa pagkilala at pagpapahalaga sa lakas ng sariling pagkatao at kalinangan.

Ang dalawang karanasang ito ng pagka-eksilo ay humantong sa dalawang magkaibang proyekto/adhikain ng pagkabansa — ang *nación at república* ng Propaganda para sa *Filipinas* at ang nag-aadhikang mabuo ang “Inang Bayan” at “Haring Bayan” para sa “Katagalugan” ng Katipunan. Dalawang beses na naagaw ng elit ang liderato ng Himagsikan ng Bayan upang gawin itong isang *revolución*: una, sa kudeta ng Tejeros noong ika-22 ng Marso 1897 bago isuko nina Aguinaldo ang kamila mismong *revolución* sa Biak-na-Bato, anim na buwan matapos paslangin ang Supremo (ika-10 ng Mayo 1897); at pangalawa, nang ibinalik ng Amerikano sina Aguinaldo mula sa pagka-eksilo sa Hong Kong upang “mapamunuan muli” ang mga hukbo ng mga ANB na patuloy pang nakikipaglaban sa Kastila.⁶⁵ Sa muling pagsasantabi sa mga ANB at sa kaisipang Katipunan, panibagong magtatatag ng isang *república* ang mga bagong uwing “eksilong panlabas sa Hong Kong” mula sa pagkapatapon na panandaliang pagtatakwil lamang sa pagiging “taong loob” ng Kastila sa kolonya. Ang nais lamang nila ay makahawak/makatikim ng kapangyarihan. Hinintay na umatake ang bagong kolonisador at, nang sumalakay na nga, dalawang taóng umatras ang pangkat ni Aguinaldo habang sunod-sunod na lumapit upang makipagtulungan sa Amerikano ang ibang “eksilong panlabas.” Sa kabilang panig naman, nagpapatuloy na lumaban ang mga “eksilong panloob” ng Bayan at lalo pa ipinag-ibayo ang pakikibaka pagkatapos sumuko at nanumpa ng katapatan sa watawat ng Amerika sina Aguinaldo.

Mula 1901, kung gayon, lalo pa ngang muling isasabuhay ng mga kapatid kay Inang Bayan, tulad nina Sakay at kahit na nga ng may kalabuang si Ricarte, ang Katipunan ni Bonifacio. Mula sa eksilyo gaganapin ni Ricarte ang kanyang mga pagtatangkang muling maghimagsik; ngunit, dahil malayo sa bukal ng Bayan, hindi siya magtatagumpay. Pagkatapos, tahasan na nga siyang magiging “eksilong panlabas,” sa bandang huli sa Hapon, kung saan may mga eksilong Pilipino na simula pa noong Himagsikan ng Himagsikan. Ang “pinakamaimpluwensiya” sa mga ito ay si Tomas Arejola, na may kontakt kay Fujita Sonebaka ng Kabahayang

Imperyal. Nagpadala ng espiya ang mga Amerikano upang tiktikan si Arejola. Napag-alaman ng Amerikano na dumating si Jose Lukban, kapatid ni Heneral Vicente Lukban, noong Oktubre 1903 upang mangalap ng armas sa tulong ni Arejola. Umalis si Jose noong Enero 1904 at nanatili sa Hong Kong dahil kaaaresto pa lamang sa kanyang mga kapatid na sina Vicente at Cayetano.⁶⁶ Mayroon ding iba pang mga ilustradong magpapa-eksilo sa Hong Kong mula pa noong nadakip si Aguinaldo noong 1901, isang pangyayaring gagawing leyenda ng “rebolusyon” ng elit nang nakuha nitong maging “taong loob” muli sa bagong kolonya, sa pakikipagtulungan sa bagong kolonyalista mula sa Hilagang Amerika, tungo sa ipinangangako nitong “independensya” na magkakaloob sa kanila ng kapangyarihan sa estado-at-lipunan. Paksa ito ng isang dulang paborito ng mga Inglesero, ang *Portrait of an Artist as Filipino* (Larawan ng Isang Alagad ng Sining bilang Pilipino) ni Nick Joaquin, bilang bahagi ng pagtatanghal ng “kultura” ng ilustrado laban sa lumalaganap na Amerikanisasyon, ngunit sa paggamit ng mismong wikang instrumento nito.

Gayumpaman, hindi lamang “taong loob” ang ipinatapon sa labas ng bansa. Sa pagsiklab na pagsiklab ng Himagsikan noong 1896, si Tandang Sora ay ipinatapon na ng Kastila sa Marianas. Si Apolinario Mabini rin, na ang kaisipan ay mas malapit sa Katipunan kaysa sa Propaganda, ay ipinatapon din doon ng Amerikano. Samakatuwid, “may kalabuan” ang paksa ng pagka-eksilo ng mga Pilipino sa labas ng bansa sa panahong 1901-1913, dahil kapwa “taong labas” at “taong loob” ay nagiging “eksilong panlabas.” Bukod dito, marami sa mabibilang sa kategoryang “taong loob” ay kusang lumabas ng bansa sa isang kumbaga’y “eksilong paghiliwaliw,” tulad ng maraming kasamahan nina Lopez Jaena sa Europa noong Propaganda at tulad din ng mga *steak commandos* sa Amerika pagdating ng oras sa panahon ng Batas Militar.

Ang mga “taong labas” (at samakatuwid “eksilong panloob,” na nagpatuloy ng Himagsikan ng Katipunan sa halimbawa ni Macario Sakay, ay babansagang mga “insurekto” o “tulisan” at tutugisin ng mga bagong “taong loob,” dating “eksilong panlabas” ng rehimeng Amerikano. Sa katunayan, ginawa lamang ng mga ito ang ipinangako nang gagawin ni Aguinaldo sa mga ANB na mangangahas magpatuloy pa sa Himagsikan bilang mga “tulisan,” nang sinang-ayunan niya ang Kasunduan ng Biak-na-Bato bago magpa-eksilo sa Hong Kong. Sa katunayan, bago pa man ang Himagsikan bahagi na rin si Aguinaldo, bilang gobernador-silyo, ng mga “taong loob” ng Kastila na tumutugis sa “taong labas” na ang pinakasagisag ay ang “tulisan.” Samakatuwid, binalikan lamang ng prinsipalya sa “panahong Amerikano” ang kanyang dating papel at gawain noong “panahong Kastila.” Gayumpaman, may mga kasapi ng hanay panlipunang ito — higit sa lahat, ang ilang mga ilustradong nasangkot sa “rebolusyon” ng elit-ilustrado at pati na rin sa Himagsikan ni Bonifacio — na naging “taong labas” (at samakatuwid “eksilong panloob”) din, bahagya man lamang. Isang halimbawa ay ang mga manunulat ng mga “sedisyosong” dula at nobela, sa wika ng Himagsikan, noong unang isa’t

kalahating dekada ng bagong dantaon.⁶⁷ Gayumpaman, mas matataguriang “eksilong panloob,” bagamat sa pakahulugan nitong mas malapit sa mga dating *remontados*, ang mga sektang mula sa Bayan na nagsimulang mabuo o mapatatag sa mga banal na kabundukan, tulad ng Banahaw. Ngunit kasama nila ang mga “eksilong panloob” mula sa elit sa di-pagtanggap kundi man pagtakwil sa bagong kabuuang “nasyonal” na dulot ng kolonyalismong Amerikano.

Sa panahon ding ito matapos ang pagsuko ni Aguinaldo magsisimula ang isang “bagong” uri ng pagka-eksilo — ang migrasyon ng mga pesante at iba pang manggagawang Pilipino patungong Hawaii. Alyenasyong pangkalinangan ito kung ihahambing sa dating pagtungo ng mga Pilipino sa Indo-Malaysia. Alyenasyon din ang mararanasan ng mga *scholars* na ipinadadala ng gobyernong Amerikano sa Estados Unidos (EU) upang “mag-aral at magsanay” roon para sa burokasyang itinatayo noon. Lamang, hindi nila mararamdamang alyenasyon ang patakarang Amerikano dahil sa inihahanda nga sila para maging “taong loob” ng kolonya, tulad noon pa man ng kanilang mga magulang na ang ilan ay nanilbihan na sa Kastila. Kung “eksilo” man sila ay “eksilong panlabas” lamang sila gaya ng mga propagandista. Ang tanging pagkakaiba ay walang katiyakan itong mga huli na hindi aarestuhin bilang *filibustero* sa kanilang pagbalik, samantalang ang mga *pensionados* ay may naghihintay na katungkulan pagkatapos ng “eksilyo” sa Amerika. Ipapasok iyong mga natira sa Pilipinas sa sistema ng edukasyon na pareho rin ang layon: magsanay ng mga kolaborador, mga bagong *ladino* sa wikang Ingles. Samakatuwid, habang nag-aaral sila’y mga “taong loob” na at magiging ahente pa ng Amerikanisasyon. Kung ihahambing sila sa mga kusang eksilo sa Louisiana (“Manila Men”) na nagpatuloy sa buhay Pinoy (laluna sa pamamahay) hanggang sa ika-19 na dantaon (*infra*), ang mga bagong ladinong *pensionados* sa simula ng ika-20 dantaon ay mag-aangkop sa *way of life* ng Amerikano sa Amerika pa man upang ito’y palaganapin pagkatapos sa Pilipinas. Sa gayon, ipagpapatuloy nila ang isinasagawa ng mga sundalo at tunay na gurong Amerikano (na itinatanghal ng pangkaming historiograpiya at kamalayan).

Iba ang eksilo sa mga rehiyong Muslim at Lumad sa panahon ng pagsuko ng elit ng kanilang “rebolusyon” laban sa Amerikano (1901-1913) at kahit na sa panahon bago pa rito — i.e., sa di-umano’y “Kilusang Propaganda” (1872-1892), ayon sa historya ng elit; sa paghahanda at pagsasagawa ng Himagsikan ng Katipunan (1892-Hunyo 1898); at sa tahasang pag-agaw ng elit sa Himagsikan ng KKK at pagsagawa ng kanilang “Rebolusyon” (Hunyo 1898-1901). Sa huling tatlong panahong nabanggit mananatili ang dating kalagayan hinggil sa pagpapatapon sa mga lipunang Muslim at Lumad na hindi nakakaugnay ng o nakikipag-ugnay sa Kastila. Gayumpaman, maipapalagay na ang mga eksilo mula sa mga lipunang ito, kung hindi man napapasama sa mga nagpapaibayong-dagat (higit sa lahat, patungo sa Indo-Malaysia), ay mapapapasok sa “bakurang Kastila.” Kasama ng tradisyonal na mga mangangalakal, ang mga ito ang naging tagapag-ugnay sa pagitan ng mga 1) Muslim at Kristyanong Pilipino; at 2) Lumad at

Kristyano o Muslim na Pilipino sa pamamagitan ng mga dagat at ilog ng kapuluan — ibig sabihin, ang dati pang mga ugnayan bago 1588. Pinag-aaralan ito ngayon ng mga historyador ng Bagong Kasaysayan.⁶⁸

Sa panig ng mga lipunang Muslim, ibayong krisis ang lubusang nakaharap nila, nang lubusan nang atakehin ng Kastila ang mga bahaging Muslim ng Mindanaw, Palawan at Sulu. Bunga ng opensibang ito mapapasailalim sa Kastila ang mga lipunang ito, bagay na nagresulta sa pagpapatapon ng mga lumaban sa iba't ibang bahagi ng kolonyang Kastila hanggang sa Cagayan (hilagang Luzon), halimbawa. Isang palabang pag-eeksilo sa sarili bilang buong pamayanan ang matinding ginamit ng mga lipunang Muslim — at lumad na rin — sa pakikibaka laban sa Kastila. Ito ang ilihan, isa o mga kota sa kabundukan na mapagtatakan ng buong komunidad o grupo ng mga komunidad upang ipagpatuloy ang laban. Noong 1895 ang ilihan ang pinakamabisang depensa ng mga Maranaw laban sa paglusob ng mga puwersa ni Heneral Blanco. Ito'y naging tanggulan at teknikang militar na ng mga taong labas sa agos ng ating kasaysayan. Bilang “real,” naging epektibo rin itong teknika ng pakikibaka para sa Katipunan sa panahon ng Himagsikan. At ito rin ang naging huling depensa ng mga taga-Sulu sa Bud Bagsak noong 1913,⁶⁹ ang taong maituturing na petsang hangganan ng talagang pagkapasok ng mga Muslim sa loob ng bakurang kolonyal at, pagkatapos, “nasyonal” ng Pilipinas. Masasabing nakapook na mula noon ang lahat ng pagpapatapon o pagtitiwalag (kusa man o hindi) sa kabuuang nataguriang “Pilipinas” at samakatuwid, tulad ng iba pang penomenong pangkasaysayan, ay mapag-aaralan na bilang penomenong “pambansa.” Gayumpaman, dapat isaalang-alang na hindi pa rin tiyak ang kabuuran ng loob nito dahil sa ang labas (Amerikano) ang nagpapasiya kung sino ang matutukoy at tratatuhin bilang “taong loob” ng, at “taong labas,” sa kabuuan.

Rebolusyonaryo at Manghihimagsik, 1913-1942

Nakita nang bago pa man ang 1913 maliwanag na sa mga Amerikano kung sino ang mga “taong loob” ng kanilang “*Philippines*” — yaong hindi lamang makikipagtulungan sa pamamahala at pagpapatatag ng “kapayapaan” sa bagong kolonya kundi handa ring magpasa-kultura-at-gawi ng Amerika: ang mga hindi tumututol at tututol sa mapagbigay (*benevolent*) na patakaran ng “asimilasyon” at ng paghahanda sa “demokrasya.” Natural na ito ang mga ilustrado at lahat ng maaaring isama sa hanay na ito sa proseso ng *social engineering* (“siyentipikong” pagpapabago sa lipunan at kalinangan) na isasakatuparan sa pamamagitan ng isang bagong sistema ng edukasyon sa wika ng mananakop. Sang-ayon ang patakarang ito sa pinakaasam-asam ng mga nagsagawa ng *revolución* tungo sa isang *nación* na ang pag-aanyo ay malinaw na Kanluranin para sa mga propagandista at iba pang bahagi ng elit-ilustrado na umagaw sa pamumuno ng Himagsikan ng Katipunan. Samakatuwid, para sa mga *Filipinos*, umiikot ang depinisyon ng taong

loob sa *revolución* na “natalo” ng Amerikano sa pagkahuli at pagkapaamo kay Aguinaldo at hindi sa Himagsikan na ipagpapatuloy pa ng bayang tatawagin dahil dito na “insurekto” o “insurhente.” Gayumpaman, dahil papayagan na ngayon ng Amerikano bilang kapalit ng kooperasyon ng elit-ilustrado, ang naturang “rebolusyon” ay magiging leyenda ng mga “rebolusyonaryong” ilustradong makikipagtulungan sa bagong mananakop; hindi ang Himagsikan ng Katipunan na ipagpapatuloy ng kayrami-raming mga Anak ng Bayan mapahanggang-ngayon. Ang mga tumututol na ito ang siyang magiging “taong labas” na, kung tutuusin, ay hindi talaga iba sa dating mga “taong labas” noong “panahon ng Kastila” at maihahanay sa kategorya ng dating mga “manghihimagsik” ng KKK.

Ang kalinangan ng mga “taong labas” ay hindi ang kulturang napagkasunduan ng Amerika at ng elit na palaganapin sa pamamagitan ng estado at ng bagong sistema ng edukasyon. Nasasalalay ang mga “taong labas” sa kalinangang bayan na ang pinakalaganap na wika ay ang wika ng Himagsikan: ang Tagalog. Uunlad ang wikang ito habang sapilitang ipinatatanggap sa mga Pilipino ang Ingles ng sistema ng edukasyon at administrasyong kolonyal, liban sa panapanahong pagpapatunay ng bagong “demokrasya” sa pamamagitan ng paghalal sa elit.⁷⁰ Sa ganito ay lalong mapapahiwalay ang mga “edukado” (na papasok sa burokrasya at paninilbihan sa komersyo at ekonomiya) sa Bayan⁷¹ na mananatiling nasa labas ng estado at opisyal na buhay ng kolonya.

Sa maikling sabi, mapapatatag ang “dambuhalang pagkakahating pang-kalinangan” ng Kapilipinuhan.⁷² Sa kontekstong ito, madaling tantyahin kung aling grupo ang talagang bumubuo ng “loob” at, kung gayon, alin ang napahiwalay o humiwalay rito. Walang alinlangan na ang talagang nakaugat sa taal na kalinangan at kasaysayan ng Kapilipinuhan ay ang Bayan. Sa katunayan, ang Bayan ang siya talagang mga “taong loob.” Sa depinisyon lamang ng mananakop “taong loob” ang mga sumama, nakisama, napasama o tahasang naghangad sa patakaran ng “asimilasyon.” Sa ganitong pagtingin, ang mga ito ang tunay na “na-eeksilo” o “eksilo” na sa panahong tinatalakay. Dahil napapawalay sila sa Bayan habang nananatiling kaugnay nito at tumutulong sa banyaga upang “hubugin” at “ibahin” ang Bayan, “eksilong panloob” silang subersibo ang balak at epekto *vis-à-vis* sa Bayan. Ngunit “eksilong panloob” din ang mga “taong labas,” tulad ng mga ninuno nilang mga manghihimagsik at mga sinundan nitong *tulisanes*, *remontados* at *cimarrones*. Dobleng alyenasyon, samakatuwid, ang naranasan ng Kapilipinuhan: napawalay ang makapangyarihang elit sa kalinangang bayan at ang bayang nakaugat pa sa taal na kalinangan ng lahi ay sapilitang inihihiwalay sa kapangyarihang tinangkang igawad dito nina Bonifacio sa pamamagitan ng Himagsikan ng KKK.

Magkagayunman, ang mga eksilong panloob na ito ang magtatanghal sa sarili at magpapatanghal sa banyaga sa loob ng lipunang kolonyal, kung kaya't parang ang tama — ang talagang tinutungo ng kanilang “historya” — ay ang kanilang isinusulong na anyo ng pagka-Pilipino, ang kung baga’y nabubuong “loob” ng Kapilipinuhan: ang *Kulturang “nasyonal” sa wikang Ingles*. Ito ang kinalabasan

ng tinutukoy ni Lumbera na pagkakulong ng elit sa mismong midyum ng kanilang edukasyon, na naging sanhi ng kanilang pangkalinangang pagkapaloob sa mga impormasyon, halagahin at panlasang isinusubo sa kanila ng Ingles. Bayad-pinsala sa ganitong pagkakabukod-pagkakakulong (*isolation*) ang pagkapahawak sa kanila ng kapangyarihan, laluna sa panahon ng Komonwelt. Nasa kapangyarihan ng mga “eksilong panloob” na ito na nawalay sa kalinangang bayan, samakatuwid, ang magtakda, sa larangang pulitikal, kung sino ang ipapatapon, ang ititiwalag sa kabuuang kontrolado ng banyagang kinasabwat nila sa kapangyarihan, sa pagpapasya kung saan dapat itungo/tumungo ang Bayan, ang Kapilipinuhan.

Gayumpaman, gaano man makapangyarihan ang elit sa kanyang pagiging “taong loob” ng mga kolonyalista, hindi basta-bastang nananaig ang kanyang “proyekotong” sosyo-pulitiko-kultural na pulot sa banyaga. Nagkaroon man ng kapangyarihan ang mga *pensionado* pagkatapos magpa-eksilong panlabas sa Amerika, kinailangan pa rin nilang makipag-ugnay nang mahinahon sa mga mamamayan upang matanggap ng mga ito, kung posible, ang mga bagong pamamalakad. Ang huling pasiya ay nasa Bayan pa rin. Ito ang hindi maintindihan ng bida ng *His Native Soil* ni Juan C. Laya.⁷³ Ginantimpalaan ng *Commonwealth Award* ang istoryang ito ng pagkabigo ng isang balikbayang elit sa pagpapatupad ng “progresibong” layunin ng *social engineering* ng bagong kolonyalista. Di tulad ng eksilong Pilipino na bumalik mula Indo-Malaysia sa panahon bago 1588 (*infra*) na ang dala-dalang mga elementong pangkalinangan ay di nalalayo sa alam na ng mga Pilipino, iba at kakaiba ang kulturang taglay ng bagong eksilo at marahil, tulad ng ugali, ay “nakalimutan” na rin niya ang sariling wika, yamang mas maipagmamalaki hanggang sa probinsya ang Ingles ng bagong sistema ng administrasyon, komersyo at edukasyon.

May dalawang halimbawa ng eksilong panlabas na kapwa namalagi sa EU ngunit iba ang tinungong adhikain at samakatuwid ay iba rin ang bisa: si Carlos Bulosan at si “Heneral” Hilario C. Moncado. Ang una ay naging lider manggagawa at manunulat para sa migrante at eksilong Pilipino sa kontekstong sosyo-pulitikal ng EU at ng proletaryadong “internasyonal.” Naging bahagi siya ng buhay Amerikano na kanyang tinanggap bilang isang bagay na di-umano’y “nasa puso”⁷⁴ at, tulad ni Steven Javellana pagkatapos ng Digmaang Pandaigdig, ay “ipinaliwanag” niya ang pagka-Pilipino sa wikang Ingles sa mga Amerikano mismo sa *Amerika* (pangkaming pananaw) at hindi sa mga kapwa-Pilipino sa Amerika (na ang nakararami ay hindi pa makabasa ng wikang ito) ni sa Pilipinas mismo sa wika ng Bayan (pantayong pananaw). Sa ganito, katulad lamang siya ng mga eksilong panloob dito sa atin na magsusulat sa wikang Ingles din upang mabasa ng mga marunong mag-Ingles sa Pilipinas at Amerika. Kung kaya’t bahagi silang lahat ng *Fil-American literature* kung hindi isasaalang-alang ang nasyonalidad ng mga katulad nina Garcia Villa, Bienvenido Santos, Gemino Abad at N.V.M. Gonzalez, halimbawa. Gayumpaman, hindi talaga alam ang epekto ni Bulosan sa

pagpapabuti ng kalagayang manggagawa sa Amerika, kahit na sa panig ng mga *old timers* man lamang.

Si Moncado naman ay naging isang lider na hindi nasaklaw ng ideolohiyang maka-kaliwa, manapa'y nagpapakita ng mga elementong panrelihiyon na maiuugnay sa Himagsikang 1896 ang pagkatanggap ng mga kapanalig sa kanyang kilusan, higit sa lahat sa Pilipinas. Sa pag-aaral ni Myfel D. Paluga sa isang grupong “moncadista” sa Mindanao malinaw ang pagkakaugnay ng moncadismo sa iba pang makabayan at makabansang sekta sa Pilipinas,⁷⁵ higit sa lahat sa mga grupo sa Bundok Banahaw. Ibig sabihin, sa mga tagasunod ng aral ni Moncado sa Pilipinas man lamang, patungo sa pagkaPilipino ang pagbubuklod-buklod ng mga Pilipino sa kilusang ito, kung ihahambing sa integrasyonistang direksyon – i.e., patungo sa pagiging Amerikano at pagtanggap/pagpapatanggap sa kulturang Amerikano ng mga samahang manggagawa na kinasangkutan ni Bulosan. Dahilan nito ang pangyayaring pulos pulitikal at pang-ekonomiya ang layunin ng mga ito. Ito rin naman ang pinahahalagahan ng mga maka-Kaliwang burgis sa akademya at mga kasamang intelektuwal sa kilusang kaliwa sa Pilipinas, kung kaya't naging bahagi ng kanilang ikonograpiya si Bulosan.

Mga alagad ng sining ang dalawa pang halimbawa: ang iskultor na si Guillermo Tolentino at ang pintor na si Macario Vitalis. Itong huli ay pesanteng tinedyer na tumakas sa kanyang bayan sa Ilokos lulan ng isang barko upang makipagsapalaran sa EU, kung saan nagtrabaho siya at natutong magpinta nang hindi pumasok sa eskuwela. Hindi nagtagal at lumipat siya sa Europa at napadpad sa Paris sa isang restoran kung saan nag-eeksibit ang mga pintor. Naging kusinero siya rito at di naglao'y nag-eksibit na rin siya rito. Inabot siya ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Paris, kung saan ikinulong siya ng mga Aleman bilang sakop ng Amerikano. Babalik lamang si “Don Macario” sa Pilipinas noong mga taong 80. Ngunit kailanman hindi niya nakuhang ipagpalit ni ang pagkamamamayan ni ang pagkataong Pilipino. Nakikita ito sa kanyang ugali, naririnig sa puntong Ilokano sa Pranses at natitikman sa kanyang pinakbet.⁷⁶ Kilala na ang dakilang si Tolentino, iskultor ng monumento kay Bonifacio sa Kalookan. Di tulad ni Vitalis magbabalik siya, ngunit hindi lamang sa bayan kundi hanggang sa diwa nito, sa ispiritwalismong nakapaloob sa “dating” relihiyon ng mga anito. Bilang isang naging eksilong panlabas mula sa pagiging “taong loob” ng bagong mananakop, nadama niya ang pagkahiwalay sa Bayan, kung kaya't sinikap niyang tumungo uli hanggang sa mga ugat nito, bagay na makikita sa kanyang mga likha.⁷⁷

Ang mga kapwa “taong loob” ni Tolentino, sa kanilang dako, ay tahasan nang tumiwalag sa bayan — laluna ang mga pulitiko at mga manunulat sa Ingles at iba pang “intelektuwal.” Ang wika ngang ito ang naging palatandaan hindi lamang ng pagiging “Amerikanisado” (para sa mga dating ilustrado, kasama rito ang pagtaksil sa, o pagbalimbing mula sa, wikang Kastila at *Hispanidad*) kundi palatandaan din ng kusa o di namamalayang pagtitiwalag sa bayan, kay Inang Bayan. Gayumpaman,

magsusumikap ang isang bahagi ng “bagong elit” na ito na ipagpatuloy ang “rebolusyon” (na di rin namalayan na hindi na ito ang Himagsikan ni Bonifacio) sa pamamagitan ng mga kategoryang sasalukin nila sa isang bagong batis ideolohikal mulang Kanluran: ang sosyalismo sa iba’t ibang anyo nito, laluna ang naging popular at pantakot-sa-makapangyarihan noong “komunismo.” Sa pamamagitan ng maka-masang ideolohiyang ito magkakaroon ng tulay ang mga bagong ilustrado patungo sa Bayan na kanilang hiniwalayan. Tatawagin nila ngayon itong “proletaryado” o “masa,” laluna kung nabibigkas o naisisigaw nito ang mga islogang pandemonstrasyon, hindi man maunawaan ang bagong bokabularyo at kategorya ng pakikibaka tungo sa pagkamit ng kapangyarihang pang-estado. Gayumpaman, ang nakararami, kahit na yaong mga naakit sa Kaliwa, ay patuloy na gagamit ng mas nauunawaang mga kategorya ng Himagsikan ng Katipunan. Ang pinakadinamiko sa mga ito ay ang Kilusang Sakdal, na sisikaping “sakyan” hindi lamang ng mga “siyentipikong sosyalista” kundi ng mga dating mang-hihimagsik-rebolusyonaryong katulad nina Heneral Artemio Ricarte. Itong huli’y tahasan nang naka-eksilo sa Hapon, naghihintay ng pagkakataon na “magbalik sa bayan” — katulad ni Aguinaldo, sa kandungan ng ibang banyagang mananalakay, upang makamtan ang kapangyarihan.

Taong labas na si Ricarte sa panahong ito, laluna kung ihahambing sa mga “taong loob” na *suffragettes* na, mga eksilong panloob sa sariling kalinangan katulad ng mga peminista ngayon, ay nagpapalaganap sa wikang Ingles ng mga “bagong” ideyang di maintindihan ng nakararaming kapwa nilang babae. Mga eksilo at “taong labas” ang mga ito sa bagong diskurso ng babaeng elit. Laluna ang kababaihang mula sa kanayunan na di nalalayo, kahit na ngayon, sa mga kapwa nilang “taong labas” mula sa mga grupong Lumad at Muslim na mula noong 1913 ay kapapasok pa lamang sa loob ng kabuuang “nasyonal.” Bagamat nakapaloob sa sistemang sosyo-pulitikal, mga taong labas sila sa kabuuang sosyo-pulitikal na ito, kasama ng mga lalaki — liban sa mga pulitiko at kasapi ng kanilang sariling mga elit na makikipagtulungan din sa mga Amerikano. Isang babaeng halimbawa sa mga ito, na doble ang alyenasyon at pagka-eksilo — i.e., mula sa kanyang sariling grupong etniko at mula sa kalinangang bayan — ay si Prinsesa Tarhata Kiram na di naiiba ang naging diwang “taong loob” sa kapwa niyang mga elit na Pilipina, kahit na sa kanyang pagiging “eksilong panlabas” bilang *pensionado* sa EU. Gayumpaman, ang kanyang dobleng alyenasyon ay mag-uudyok sa kanya na itanghal pang lalo ang kakanyahang “Moro” sa loob ng Kapilipinuhan. Sa ibang dako, magbibigay-daan ang kalagayan ng mga “eksilong panloob” na mga lipunang Lumad at Muslim sa mga manaka-naka at kalat-kalat na himagsik at paghihimagsik na susugpuin naman ng mga *scouts* at konstabularyang ipagpapatuloy ng koalisyong ng mga “taong loob” na Moro, Lumad at Kristyano mula sa pagkaorganisa ng Amerikano sa mga instrumentong ito ng kapangyarihang pang-estado sa simula pa ng kolonisasyon na ang kinakalaban ay mga “insurekto” o “insurhente” na mga Anak ng Bayan at mga Moro rin.

Lahat ng ito’y magpapatuloy sa susunod na piryod na gayumpaman ay magkakaroon ng iba pang katangian: ang pagkakahati ng mga eksilo sa loob ng Pilipinas sa isang banda, at ng mga lumisan dito patungong EU o di nakabalik dahil sa ikalawang Digmaang Pandaigdig sa kabilang banda.

Eksilo sa Loob at sa Ibang Bayan, 1942-1946

Pagsiklab ng Digmang Pandaigdig mahahati ang mga “taong loob” ng mga Amerikano sa Pilipinas. Dadalhin ng mga ito sa Washington, DC ang mga pinunong kaalyado nila sa pamumuno nina Quezon at Osmeña upang doo’y organisahin bilang isang “pamahalaang naka-eksilo” (*government in exile*). Nagmistula tuloy na itinakas ng hukbong dagat ng banyagang kapangyarihan tungo sa pagka-eksilo ang mga kasapi ng pamahalaang Komonwelt na “inapo” ng o nagmula sa “gobyernong republikano” ng mga unang nagpa-eksilong sina Aguinaldo na, sa kanilang dako, ay dinala rin ng hukbong dagat ng nabanggit na banyagang kapangyarihan. Samakatuwid, sa loob ng dalawang henerasyon, ang mga ilustrado-prinsipal na nagpa-eksilong panlabas sa Hong Kong ay magiging mga eksilong panloob muli (*vis-à-vis* sa kalinangang bayan) sa paggampan sa kanilang dating papel bilang “taong-loob” (kolaborador) ng bagong kolonisador, upang pagdating ng oras ay sumama rito’t muling magpa-eksilo, hindi pabalik sa isang relatibong kalayaan ng pinanggalingang Hong Kong kundi patungo sa pugad mismo ng nakahawak sa kanilang “ibong mandaragit.”⁷⁸ Dito sila “kukupkupin” sa isang ginintuang hawla hanggang sa ibalik, lulan din ng mga boke-de-giyerang Amerikano, sa nagdurusang Inang Bayang Pilipinas na kinunsinti ng Hapong pamahalaan ng isang bahagi ng “taong loob” ng Amerika at noo’y bahagyang pinalaya na ng mga “taong labas” at ilang nanatili ritong mga “taong loob” na hindi sumang-ayon na maging bahagi ni naging bahagi ng itinuring na “gobyernong papet.”

Ang gobyernong papet, anuman ang koneksyong ipinangangalandakan ng ilan sa *exile government in Washington*, ay nasasalalay sa mga “taong loob” na pinagsama-sama ng Hapon para sa pamamanginoon nito sa Pilipinas. May karamihan din sa pangkat na ito ang mga eksilo, panloob man (na binubuo ng mga sakdalistang dating itinuring na “taong labas” ng Komonwelt at mga oportunistang katulad ng kalibapi, atbp.) o panlabas (na binubuo ng mga na-eksilo o kusang nag-eksilo sa sarili sa Hapon at kung saan pa man sa Asya). Isa na rito ay ang naging *samurai* na si Heneral Ricarte na, tulad ni Aguinaldo noong una, ay dinala rin dito ng isang plotang banyaga upang kumbinsihin din ang mga Pilipinong “maki-pagtulungan” sa bagong mananakop. Gayumpaman, di tulad ni Aguinaldo na hindi kasapi ng hukbong dagat ni Dewey, opisyal si Ricarte ng hukbong imperyal ng Hapon. Bukod dito, higit sa dalawang taon ding lumaban sa Amerikano si Aguinaldo bago tahasan nang makipagtulungan sa paghihiwalay ng elit sa Bayan. Magkagayunman, ang buhay ng magkaprobinsya (Ilokanong naging Kabitenyo si Ricarte)


Hapon nagampanan sana ni Ricarte para sa rehimeng Hapones ang papel na ipinagampan ng Amerikano kay Aguinaldo. Ang naging resulta siguro’y pareho rin — i.e., hindi rin tatanggapin ng Bayan si Ricarte. Anuman ang tunay na mga layunin ng dalawa, dama ng Bayan na ang mga ito’y hindi para sa kapakanan ng Kapilipinuhan.

Sa kapakanan ba ng Bayan ang ginawa nagawa ng mga “taong loob” ng Hapon na dating “taong loob” din ng Amerika sa Pilipinas? Mas malapit man sila sa Bayan kaysa sa mga nagpaeksilo sa Washington, nanatiling “eksilong panloob” pa rin sila *vis-à-vis* sa Bayan kung titingnan hindi lamang ang kanilang batayang “kulturang nasyonal” mula sa Propaganda⁷⁹ kundi ang naging epekto rin — kung hindi man tahasan sa kalinangang bayan ay sa sariling kulturang nasyonal nila mismo — ng kulturang Hapones na pinayagan nilang pumasok sa Kapilipinuhan (tingnan ang Dayagram III). Ito’y sa kabila ng pagsusumikap ng rehimeng Hapones na palaganapin ang wikang Tagalog at kalinangang Pilipino bilang pangontra sa kulturang Kanluranin na pinalaganap ng mga “taong loob” ng EU noong Komonwelt.⁸⁰

Sa pamamagitan ng pagtanghal sa wika at kalinangang Pilipino tinangka ng Hapon na akitin ang mga “taong labas” ng panahong Komonwelt. Hindi lamang ang mga sakdalista ang tumugon dito nang positibo at naging “taong loob” din ng Hapon. Ang mga “PC” at “kalibapi” ay mabibilang sa mga ito. Gayumpaman, marami naman sa “taong labas” ng panahong Amerikano ang nanatiling “taong labas” din sa pagkasakop ng Hapon sa Bansa. Di iilan sa mga ito ay hindi lamang nagpatuloy bilang “eksilong panloob” *vis-à-vis* sa kabuuang itinatag ng Hapon kundi namundok pa nga, tulad ng mga *remontados*, *tulisanes* at pati na ang mga anak ng Bayan ng mahaba na nating nakaraan o dili kaya bilang mga bagong mandirigma sa dalawang uri ng kilusang gerilyang anti-Hapon: ang nakakabit at nakasandal sa mga Amerikano at sa “gobyernong naka-eksilo” sa Washington at ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUK) ng Partido Komunista. Ang una ay pinamumunuan ng mga kasapi ng hukbo ng Komonwelt, ROTC, opisyal na Amerikano at mangilan-ngilang pulitiko at tunay na patriyota o makabayan (tulad ni Vinzons, halimbawa), upang ipagtanggol ang pinamamayanihan nilang estadong nagmula sa “Rebolusyon” at naitatag lamang dahil sa “proteksyon” ng “Dakilang Nasyong Norte-Amerikano.”⁸¹ Ibig sabihin, mga “taong loob” silang lahat ng Komonwelt at ng Amerika. Ang pangalawa naman ay pinamumunuan ng mga intelektuwal na nagmula rin ang liderato sa elit. Bagamat ipinaglalaban ng mga ito ang Kapilipinuhan, iba na ang mga batayang kategorya ng analisis at pakikibaka sa pinairal nina Bonifacio sa Katipunan at alam pa ng Bayan hanggang ngayon. Sa katunayan, ang pinagmulang Kanluranin ng kanilang pananaw-sa-daigdig ay siya ring pinagbukalan ng mga paniniwala ng unang uri ng gerilya; magkasalungat nga lamang ang kani-kanilang mga layuning sosyo-pulitikal at pang-ekonomiya. Kung kaya’t mga “taong loob” din talaga sa diwa ang pamunuan ng Huk, bagamat nasa

DAYAGRAM III

ANG DAMBUHALANG PAGKAKAHATING PANGKALINANGAN



Salazar (1990/1997)
Karapatang-ari

kagiliran sila ng kabuuang kolonyal. Sa kabutihang palad nagkaroon sila ng mga pinunong militar tulad ni Taruc na, tulad ng kasapian, ay mula sa Bayan. Hindi man nagkaroon ng propesyonal na pagsasanay katulad ng mga ROTC at opisyal na militar ng unang uri, naging higit na epektibo ang mga ito sa pakikidigma, marahil dahil nakaugat sila sa tradisyon ng pakikipaglaban ng mga “taong labas” at *rebeldes* ng ating kasaysayan mula 1588.⁸²

Samakatuwid, sa dalawang kilusang anti-Hapones nagkasama ang dalawang kategorya ng “taong loob” ng Amerika sa Pilipinas na magkatunggali lamang sa usapin ng kapangyarihang pulitikal at sosyo-ekonomiko at hindi sa pagtanggap sa Kanluran tungo sa pagbuo ng “kulturang nasyonal.”⁸³ Kapwa ay “eksilong panloob” sa kanilang pagkawalay sa Bayan, kung ihahalintulad sa mga “taong labas” (na ang ilan ay pinamumunuan nila sa kilusan) na “eksilong panloob” din ngunit dahil sa kanilang pagkalayo sa kapangyarihang sosyo-pulitikal at pang-ekonomiya ng bansa. Sa ganitong pagtingin, lalo pang mga “eksilo” at hindi lamang “taong labas” kundi “taong nasa labas” ng kabuuang sosyo-pulitikal ang mga Lumad at Moro sa panahong ito. Nakikibaka man sila laban sa mga mananakop na Hapones, madalas pa silang pakialaman sa gawaing ito ng mga tauhan ng Komonwelt mula sa Luzon kung hindi man ng mga padala ng USAFFE mula hanggang Australya — i.e., hindi batay sa kanilang pagkukusa at dakilang tradisyong anti-kolonyal⁸⁴ na hindi nalalayo sa tradisyon ng ibang mga kapatid na “taong labas” ng Kapilipinuhan.⁸⁵

Iba pang uri ng pakikibaka ang isinasagawa ng mga “eksilong panlabas” sa Washington, DC at sa iba pang parte ng EU at Kanluran. “Pakikipagtulungan” o tahasang pagpapatulong ito, kung hindi man pagpapatuloy lamang ng kanilang kinagawian sa kanilang paglagi sa EU. “Pakikipagtulungan” o puspulang kooperasyon sa mga Amerikano upang mapag-tagumpayan ang kalaban sa digmaan sa Pasipiko ang inatupag ng nakaeksilong gobyerno at ng lahat ng “taong loob” na tumakas o napadpad sa Amerika. Samantala, habang nagpapakandahirap ang halos lahat ng mga *old timers* sa pagtratrabaho kahit wala nang perspektibang makauwi, karamihan naman sa mga estudyante, *pensionado* man o karaniwan, ay nagpatuloy ng kanilang pag-aaral, sa pag-asang makabalik sa Pilipinas pag nanalo na ang Amerika. Ang iba naman ay nagpatala sa hukbong Amerikano. Isa sa mga ito si Alfonso Santos, Ilokanong nakipagsapalaran katulad ni Vitalis upang makapag-aral. Nakatapos ng masterado sa Ingles, sundalo ng U.S. Army siyang nakabalik sa Pilipinas at, guro na sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) pagkatapos, nakauniporme pa rin siya kung pumasok sa klase. Gayumpaman, kaalinsabay ng di-mapagkakamalang puntong “G.I.” (“genuine” o wagas na Ilokano) sa Ingles, matindi pa rin ang kanyang pag-ibig sa tinubuang lupa, na kanyang pinangalanan muling “Luvimia” (mula sa “Luzon,” “Visayas” at “Mindanaw”) at pinag-alayan ng di-iilang tula.⁸⁶ Eksilong estudyante rin sa panahong ito si Mamerto Ventura na, pagbalik sa Pilipinas matapos ang giyera, ay naging propesor ng Agham Pampulitika sa UP. Mas malapit ang kanyang karanasan sa karaniwang mga migrante noon, na ang nasapitang diskriminasyon-sa-lahi ay isang tema hindi

lamang ni Bulosan kundi ni Bienvenido Santos na isang estudyante ring inabot ng digmaan noon sa Amerika. Bumalik din sa Pilipinas pagkatapos ng giyera ang Kapangpangang naging Bikol, sumulat ng maraming nobela sa Ingles at nagturo nang matagal bago tahasan nang bumalik uli sa EU upang doon na manirahan. Tadhana o trahedya ito ng maraming manunulat sa Ingles na kung hindi man makuhang manirahan doon ay lilikhain dito ang doon o pairalin dito sa diwa ang diskursong natutunan mula o tungkol doon.

Gayundin, kung tutuusin, ang pamahalaang na-eksilo (o nagpa-eksilo). Ngunit mas pangkalahatan ang epekto nito sa Kapilipinuhan. Sa pagdaong ni MacArthur sa Leyte, tulad ni Dewey na taglay si Aguinaldo, dala-dala rin niya si Osmeña at ang pamahalaang na-eksilo o napatakas sa Washington, DC. Walang duda ang sinuman noon na makatutulong sila sa pagsasaayos ng ating “Bayang Sawi.”

Mga Eksilo ng Bayang Sawi, 1946-Kasalukuyan

Taong loob ng Amerika versus taong loob ng Hapon. Alin ang mananalò: ang tumirá roon o ang náтира rito? Malaki ang magiging ambag ng mga na-eksilo sa Amerika sa muling pagsasaayos sa Pilipinas pagkatapos ng digma, hindi lamang sa larangan ng edukasyon, tulad ng maaaninag sa buhay nina Prop. Ventura at Prop. Alfonso Santos. Si Carlos P. Romulo, ang pinakahalimbawa ng halos palagiang “eksilong panlabas” (na, bilang “heneral” at propagandista ni Douglas MacArthur, ay nakapagyabang sa Amerika na “nakita” niya di-umano ang “pagbagsak ng Pilipinas” sa kamay ng Hapon⁸⁷ at nawalay rin sa kalinangang bayan dahil sa pagkahumaling sa wika, gawi at kultura ng Amerika) ay hindi lamang naging dakilang presidente ng UP kundi matagal ding nanilbihan bilang diplomat sa pagtatag at pagpaibayo sa ugnayang panlabas ng pinakawalang kolonya ng EU. Gayumpaman, sa kabila ng kanilang pagkahumaling sa banyaga (i.e., ang tinulungan mang Hapon o ang kinalabang Amerika), ang mga “taong loob” na nanatili sa Pilipinas ang siyang hahawak sa kapangyarihang pulitikal sa bagong sibol na republika. Ang kolaborador na si Manuel Roxas at hindi ang naging eksilong si Osmeña ang siyang ihahalal ng Bayan na “huling presidente ng Komonwelt” at “unang pangulo ng republika.” Bunga man ito ng *Realpolitik* ni MacArthur o ng tunay na kalooban ng mamamayang Pilipino, kahit na ang mga sumunod na mga pangulo, kahimat produkto rin ng Komonwelt ang mga una, ay walang kinalaman sa *government-in-exile* sa Washington, DC. At kahit na ang palagiang oposisyunistang sina Laurel at Recto, na kapwa nanungkulan din sa Komonwelt, ay nasangkot din nang malalim sa kolaborasyon.

Bakit ganito ang pasiya ng Bayan? Marahil dahil sa pangyayaring, sa kabila ng paninilbihan ng mga kolaborador bilang “taong loob” ng dalawang banyagang poder, ay hindi sila nag-atubiling sumama/makisama sa paghihirap ng Bayan. Iba na ngayon ang trato ng Bayan sa pagbabalik ng eksilong taglay ng (o may kasamang) banyaga. Noong una, napilitan ang naghihimagsik na mga ANB na tanggapin si

Aguinaldo hindi lamang dahil sa kinakailangan ng Himagsikan ang isang pangkalahatang pinuno at ang suporta ng mga ilustrado kundi dahil din sa taglay ng heneral ang pag-aakalang tutulong ang kasama niyang banyaga. Sa pangalawang pagkakataon, hindi man lang pinansin si Heneral Ricarte; igiit man siya ng dayuhan, mas may tiwala ang Bayan sa naririto nang pamunuan. Sa huli, bagamat may respeto kay Osmeña, ganito rin ang naging pagtingin ng mga mamamayan.

May pagkakaugnay na ang Bayan sa kanyang pamunuan. Nanatili man ang diwa nitong “taong loob” at “eksilong panloob” (na tataguriang “Amboy” ng ilan) nitong nakaraang limampu’t dalawang taon, ang tendensya ng pamunuan ay mas maging ekspresyon ng kagustuhan ng Bayan. Sa mga pangulong sumunod kay Roxas, tatlo ang masasabing “nagmula” o kung hindi man ay “pili” ng Bayan: Magsaysay, Macapagal at Estrada. Liban kay Macapagal, malakas ang tutol ng elit sa paborito ng “masa,” ngunit iginiit pa rin nito ang kanyang pasiya. Ibig sabihin, mas nakakaugnay ng Bayan ang mga “eksilong panloob” na hindi talaga napalayo sa kalinangang bayan. Sa ganitong pagtingin, nasa dulo ng pagsulong na ito ang penomenong Erap. Tila nangangahulugan din itong palahò o lumahò na rin ang bisa ng pauwing “eksilong panlabas” na tipong ilustrado sa ating kasaysayan. Sa katunayan, maisasama sa panlalahaat na ito pati na siguro ang kaso ni Ninoy Aquino, na isang eksilong kapwa “panloob” at “panlabas.” Ang bisa ni Ninoy (na umuwi sa Pilipinas mula sa pagka-eksilo sa Amerika nang hindi taglay ng isang hukbong banyaga, sa kabila ng pagkataguri sa kanyang “Amboy”) ay hindi dulot ng kanyang pagbabalik bilang eksilo kundi ng kanyang trahiko at “heroikong” kamatayan at gayundin ng matagal nang tinitimping galit ng mamamayan sa diktadurang Marcos (na matagal niyang kinalaban *dito mismo sa bansa* at hindi mula sa labas). Gayumpaman, kahit na nga ang kanyang kamatayan ay hindi rin naging *mitsa* ng rebolusyon. Isang sangkap lamang ito sa napakarami na nagbigay-daan sa EDSA, isang penomenong dito nakaugat sa atin ang mga sanhi’t dahilan, na kahit na ang propesyonal na mga rebolusyonaryong “sanáy” sa Marxistang analisis ay hindi nakita kung kailan magpapasiklab ng himagsik ng Bayan.

May kabuuan nang ipinamamalas ang Bayan, kahit man lamang sa kasawian. Wala nang bisa ang mga “eksilong panlabas.” Ang kanilang pagiging “taong loob” ng banyagang kapangyarihan, buhat nang paalisin ang mga base militar, ay unti-unti na ring nawawala, bagamat hindi pa namamalayan bilang kahihyan ang pagiging “Amboy” o “Amgirl.” Laluna sa hanay ng mga pulitika. Kung magka-problema lang ang isa sa *ratings*, gusto na kaagad lisanin ang bansa. Natural, patungong EU. Sa kaso ng isang senadorang paingles-ingles, mas mabuti kung bilang isang embahadora. Kung sakali mang patotohanan ito ng senadora, susundan niya lamang ang napakarami nang eksilo nitong nakaraang hating-dantaon. Kasama rito ang ilang dating pulitiko na, bago pa man matapos ang panunungkulan, ay pinaghandaan na ang pagreretiro sa “Tate.” Sa katunayan, hindi lamang mga pulitiko kundi mga artista, manunulat, *businessmen* at karaniwang mamamayang

mayayaman din ang mayroon ding “residens” doon. Ilang alagad ng sining ay “nakabase” pa nga sa Europa, bagamat ilang taon man ang itinagal nila roon matutuklasan pa rin sa ilan sa kanila ang “katangiang Pilipino,” tulad halimbawa ni Nena Saguil (Paris) o ng mas batang si Duddley Diaz,⁸⁸ hindi man sila bumalik nang lubusang katulad nina Tolentino at Edades (tingnan ang Plate II). Gayumpaman, “eksilong panloob” pa rin sa Pilipinas ang mga eksilong Pilipinong nakapag-aral, tulad ng kapwa nilang elit, *vis-à-vis* sa kalinangang bayan. Hindi ito magbabago hangga’t ipinagpapatuloy pa ng sistema ng edukasyon sa Ingles (laluna sa pribadong sektor, kung saan hinuhugot pag nagkataon ang kalihim nito). Ang pagka-eksilong ito ng elit sa diwa ay natalakay na bilang malaking bahagi ng “dambuhalang pagkakahating pangkalinangan,”⁸⁹ na ang unang naging klasikal nang pagtukoy ay isinulat ng isa ring *miseducated Filipino* sa wika mismong naghihiwalay ng elit sa Bayan: ang Ingles.⁹⁰

Datapwat, mayroon pang ibang “eksilong panloob.” Isa na ang Bayan mismo *vis-à-vis* sa kabuuang “nasyonal” ng elit. Nabanggit na na nagpapakita na ng kapangyarihan ito, nitong nakaraang eleksiyong 1998 sa kaso halimbawa ni Erap. Ngunit ang pangulo ay tila natatakot pa sa elit na pumapalibot sa kanya o mga kolumnista. Hindi niya alam ang lakas niyang bumubukal na parang anting-anting mula sa Bayan. Kung kaya’t, bunga ng kanyang pagka-eksilo, wala pa rin itong tunay na kapangyarihang sosyo-pulitikal at pang-ekonomiya, sa kabila ng kalinangang bayang batis ng kanyang lakas. Upang matugunan ang mga pangangailangan sa buhay, marami ang nagpapa-eksilo sa ibang bansa, kung saan lalo pa silang nawawalan ng karapatan. Ang mga eksilong ito, di tulad ng mga eksilong panlabas ng elit, kadalasan ay hindi nawawalay sa kalinangang bayan na kanila pa ngang pinalalaganap sa buong daigdig. Panindigan itong di nalalayo sa pagkapanatili ng mga “Manila Men” sa kalinangang bayan noong ika-19 na dantaon.⁹¹

Bahagi ang eksilyong ito ng penomeno ng migrasyon ng mga manggagawang Pilipino, laluna ang mga babae.⁹² Masalimuot na problema ito; ngunit mas masalimuot siguro ang taglay ng mga eksilong panloob sa Pilipinas na hindi pa tunay na nakapasok sa kabuuang nasyonal, sa larangan man ng karapatang pulitikal at pang-ekonomiya o dahil sa pagiging “minoridad etniko.” Ang huling katawagan ay hindi angkop, dahil ang lahat ng mga grupong etnolingguwistiko sa Pilipinas ay magkakahawig at magkakamag-anak bilang “inapo” at tagapagmanang pangkalinangan ng mga Austronesyano. Gayumpaman, bunga ng huling pagkapasok sa kabuuang nasyonal, di lubusang nakatatamasa ng mga karapatan at biyaya ng pagkaPilipino ang mga lipunang ito ng Lumad at Moro.

Nagbigay daan ang suliranin sa mga paghihimagsik na nagbunga rin ng pagka-eksilo pa sa labas ng bansa para sa ilang manghihimagsik. Halimbawa, si Nur Misuari, pinuno ng *Moro National Liberation Front* (MNLF), at ang kanyang mga kasamahan ay matagal na nag-i-eksilo sa Kanlurang Asya at iba pang lugar.

PLATE II

Sining ng Eksilyo:
Pagkaugat ng "Reyna ng Gabi" ni Duddley Diaz sa Taal na Sining ng Bayan



Ang "*Regina de la Noite*" (may buwan sa ulo) ni Duddley Diaz, *Philippine Daily Inquirer*, ika-25 ng Enero 1999, pah. D1.



Isang *manaog* ng Mandaya (Mindanaw) na may representasyon ng buwan sa ulo (Museo ng Unibersidad ng San Carlos, Cebu).



Bulol sa isang lalagyan ng apog (Ifugaw)



Birhen Maria na may buwan sa paanan (Simbahang Pasig)

Ganito rin ang masasabi hinggil sa pamunuan at ilang kasapian ng *Moro Islamic Liberation Front* (MILF) sa kasalukuyan, habang nakikibaka bilang “eksilong panloob” sa kabuuang “nasyonal” ang nakararami Lumad o Moro man o hindi.

Bilang huli, mababanggit din ang eksilyo nina Joma Sison at kanyang kasamahan sa Utrecht, Olanda, bunga ng pakikibaka ng *National Democratic Front* (NDF) matapos ang diktadura, habang nananatiling “eksilong panloob” pa rin ang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, sa iba’t ibang anyo at direksyon nito. Lubusang naiiba ang eksilyong ito sa kusang pag-eeksilo sa sarili ng ating mga alagad ng sining sa San Francisco, New York, Paris o Roma.

Konklusyon

Magkakaiba ang karanasang personal ng eksilyo, sa kapaitan man o sa kaalwanan nito. Sa panahon ng “Propaganda,” marami sa kasamahan nina Rizal ay hindi nakaramdam ng hapdi ng pagkawalay kay Inang Bayan, na para sa mga “propagandista” ay hindi pa man lamang isang *patria* o kahit na *hogár*. Mangyari pa, hindi pa malinaw sa kanila kung ano o alin ang *nación* na kanilang kinabibilangan o kaya maaaring likhain. Ang kabuuang alam nila — tinakasan man ito o nilisan lamang para sa sariling kapakanan — ay ang *Filipinas* na ang nag-uuri-uri sa mga naninirahan ay ang mga Kastila. Ang mga ito rin ang siyang may karapatang magtakda kung sino ang dapat panatilihin o ihiwalay — ibig sabihin, kung sino ang dapat maging eksilo.

Sa ibang sabi, ang Kastila noon ang nakapagpapasiya kung sinu-sino ang bumubuo ng “loob” sa pakahulugan nitong “mahiwigang kabilugan,” “pugad” o “tahanan” ng mga “taong loob” na hindi dapat payagang pasukin ng sinumang tagalabas na dahil dito’y tatawaging mga “taong labas.” Sa mga kapanahunan bago 1588 kung kailan tahasan nang nakapasok ang Kastila sa kapuluan sa pamamagitan ng pagkabihag sa kaharian nina Raha Mura Sulayman, Raha Matanda at Lakan Dula, malinaw na nakapook ang konsepto ng “taong loob.” Kasapi ito ng “angkan” (*suku* sa panahong Austronesyano) na sakop ng datu o kaya bahagi ng “banua,” “ili,” “balei,” “balen,” “bayan” o “bongto” bilang mga kabuuang ang pinuno ay isang “adi,” “hari” o “hadi.” Maaari rin na ang kabuuan ay mas masalimuot at malawak pa kaysa dalawa at pinamamahalaan ng isang “raha”/ “radya” o, mula ika-15 dantaon, isang “sultan” na Islam na ang relihiyon.

Sa lahat ng kabuuang ito’y walang eksilong panloob — i.e., saklaw ng kabuuan ngunit hiwalay rito. Lahat ng eksilo ay ipinatatapon o itinatapon “sa labas” kung hindi man kusang tumitiwalag sa “loob.” Samakatuwid, lahat ng eksilo ay “panlabas” — tulad ni Florante na pinalabas sa kanyang “bayang sawi” upang ipalamon sa mababangis na hayop ng kagubatan. Gayumpaman, maaari ring lumipat o matanggap ang isang eksilo sa ibang kabuuan (ang sandugo ay nariyan bilang ritwal ng pagtanggap) at pagkatapos bumalik sa kanyang dating bayan bilang mananalakay. Bukod dito, makapagbubuo ang eksilo, laluna kung may kasamang

iba (sa kaso ng *incest*, halimbawa), ng isang bagong bayan. Kapwang uri ng eksilo ay maaari ring maging tagapag-ugnay ng pinagmulang bayan sa sinapian o itinatag, at *vice-versa*.

Lahat ng ito’y sinuri sa mga lipunan ng unang panahon. Noong panahong 1588-1872, tatlo ang pook ng “loob” (ang mga sultanatong Muslim at mga kabuuang Lumad sa tabi ng “estadong kolonyal na Kastila”). Bawat isa ay “labas” para sa isa, ngunit dahil pinakamalaki, maipalalagay ang “estadong kolonyal” bilang pinakasentral na “loob” tungo sa pagbubuo ng bansa, kung kaya’t naging importante kung sino ang nagtatakda ng “loob” na ito. Natural, Kastila ang tagapagtakda hanggang sa panahon ng tahasang pagbubuo ng bansa (na sa kasamaang palad ay naudlot) noong mga taong 1872-1913. Sa panahong ito, ang layunin ng Himagsikan ng Katipunan — ang huling pagkaorganisa ng mga “taong labas” sa isang malawakang paghihimagsik — ay masaklaw ang “loob” na ito — i.e., maging Inang Bayan ng mga “Tagalog” bilang “Bagong Bayan” ng Katagalugan. Ngunit ang mga kolaborador ng Kastila (mula sa mga ladino hanggang sa mga propagandista) ang siyang naging “taong loob” ng Kastila at ninais din nilang magtakda rito sa pagpapaalis sa Kastila. Naudlot ang Himagsikan at bumalik ang mga elit-ilustrado sa pagiging “taong loob” para sa Iba — i.e., hindi na ang Kastila kundi ang Amerikano naman, na kanilang tatanggapin bilang tagapagtakda dahil binigyan sila nito ng pagkakataong makipagtakda. Dahil dito, ang mga “taong labas” na naglunsad ng Himagsikan ay maitutulak muli sa labas at ang isinentro sa Kamalayang “nasyonal” ay ang “Rebolusyon” ng elit.

Mula 1913 hanggang 1942, nakatakda na ang kabuuan (kolonyang Amerikano na magiging Komonwelt pagkatapos), ngunit hindi pa malinaw ang “loob” nito dahil sa dami ng mga “taong labas” pa rito. Kung kaya’t maraming mga grupo ang magiging “eksilong panloob” (mga “rebelde” o “insurekto”/“insurhente” at ang mga nagpapatuloy na ipaglaban ang adhikain ng Katipunan, kasama na ang mga “milinearista” na malapit dito ang mentalidad at mithiin), kasama ang mga “minoridad” etnolingguwistiko. Mula sa iba’t ibang manipestasyon ng mga direksyong ito magkakaroon ng mga “legal” na pagpapatapon ng kolonya at, pagkatapos, ng Komonwelt. Magkakaroon din ng mga “kusang eksilo” sa kaartehan, dahil wala namang motibasyong moral o pulitikal (gusto lang mag-*abroad*). Dito ang pinagmulan ng mga Inglesero; kasama rito ang mga tinatawag na *pensionado* na hindi malaman kung ilan ang nanatili sa EU. Ispesyal na kaso rito ang mga katulad ni Vitalis, ang abenturerong naging isang pintor sa Pransya; kaluluwang kapatid siya ni Mallari ng Peru noong ika-18 dantaon. Bukod dito, nagsimula bago pa man ang 1913, napa-eksilo na ang mga walang malay na “migrante” sa mga plantasyon sa Hawaii. 1942-1946 masisira na naman ang konsepto ng loob, dahil ang mga “taong loob” ay magiging “eksilong panlabas” pati na ang pamahalaang Komonwelt (*cf. government-in-exile* at mga kasama) o mananatiling “taong loob” ang isang bahagi nito ngunit sa pagsunod sa iba na namang panginoon (Laurel atbp.) Samantalang ang mga “eksilong panloob” ay magpapatuloy ng laban (sa

iba't ibang uri ng gerilya), kasama na ang mga Muslim at Lumad, at ilan ding makabayang "taong-loob" ng Amerika. Gayumpaman ang mga Hapon at kanilang sakop na mga "taong loob" (kalibapi, atbp.; kasama na rito ang dating "eksilong panlabas" na si Artemio Ricarte at mga eksilong panloob na "sakdalista") ay magpapatapon din sa iba't ibang dako ng Pilipinas at kahit na sa Hapon, kung hindi man ipapapatay ang mga ayaw maging bahagi ng "loob" na Hapon (hal., katulad ni Vinzons).

Sa panahon mula 1946 babalik ang problema ng kung ano ang magiging anyo at kaluluwa ng "loob" ng republikang igagawad ng Kano. Mananatili ang dating mga tunggalian; ngunit lilitaw ang bagong kamalayan na umiikot sa wika at kalinangang tinataguyod noon pa man ng Katipunan (*cf.* papel ng bagong "Pilipinismo"). Bagamat ang "loob" ay nagmimistula pang "Inglesero," lalo pa itong napapasok ng mga kaisipan ng mga "taong labas" (laluna iyong umiikot sa adhikain ng Katipunan at nakaugat sa kalinangang bayan). Sa ganito, lalo pang mag-aanyong "eksilong panloob" ang mga Ingleserong napahiwalay sa kalinangang bayan, parang nabubuhay sa EU sa kanilang mga *villages*, bagamat tila tumutungo rin sa Bayan ang ilang elemento ng elit, kung isang indikasyon ang pagkahalal ng mga pangulong "makamasa" o "galing sa masa" na katulad nina Magsaysay, Macapagal at, nitong huli, Erap. Bukod dito, mababanggit ang penomeno ng EDSA, ang pakikisangkot ng Bayan sa tadhana ni Flor Contemplacion at ang interes ng elit sa mga sekta sa Banahaw at ibang kabundukan bilang posibleng indikasyon din ng pagbabalik sa Bayan. Nawawalan na rin ng bisa ang mga eksilong panlabas mula sa "taong loob" na elit (kung sakali mang nagkabisa talaga sa ating Kasaysayan, tulad ng ipinahihiwatig ng leyenda ng "Propaganda"); at kahit na ang mga taong-loob na ito sa kasalukuyan ay hindi talaga nakakatakas sa bisa at akit ng kalinangang bayan, tulad ng makikita sa kaso ng mga pintor at iba pang alagad ng sining. Sa Unibersidad mismo, marami na rin ang "nagbabalik sa bayan." Gayumpaman, kapag nabuo na ang Inang Bayan, sa panahon lamang na iyon ang eksilyo'y magiging katulad ng pagkahiwalay o pagkatiwalag sa dating mga bayan at ang eksilo'y yaon lamang talagang nawala at samakatuwid ay tunay at matinding makadarama ng hapdi ng pagkawalay sa tinubuang lupa ng lahat ng Pilipino.

MGA TALA

1. "Kinastilang" salitang Tagalog ang "eksilo" na sa katunayan ay mula sa *exile* na Ingles. Ang tunay na katumbas nitong huli sa Kastila ay *exilio* na sinonimo ng *destierro* (i.e., pagpapaalis o pagkapaalis sa isang partikular na lupain). Sa paghihiram ng Tagalog mula sa Ingles madalas Kastilain muna ang kataga (cf. "sabóng deodorante" kung saan ang "deodorante" ay hindi mula sa Kastilang *desodorante* kundi sa Ingles na *deodorant*).
2. Tingnan ang Z.A. Salazar, "Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas," sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan (mga pat.), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997, p.128-129, tala 1). Gayundin ang Ferdinand E. Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People*, Vol. II: *The Formation of the National Community 1565-1896* (Philippines: Ferdinand E. Marcos, 1976, p.220).
3. Para sa mga petsang hangganan, pakitingnan ang Z. A. Salazar, "Estado, Lipunan at Kultura sa Kasaysayan. Ang Wika sa Pamanang Pangkalinangan ng Pilipino." Panayam Pansentenaryo na ginanap sa Balay Kalinaw, U.P. Diliman noong ika-29 ng Setyembre 1998. Ang petsang hk. 7000 B.K. ang pinakaliberal na pagtatantiya sa pagdating ng mga Austronesyano sa Pilipinas; ang petsang hk. 5000 B.K. naman, ang pinakakonserbatibo. Ang petsang hk. 1300 B.K. ay batay sa glotokronolohiya, samantalang ang hk. 1500 B.K. ang tinatayang petsa ng paglitaw ng palay sa Pilipinas. Ipinaliliwanag din ang apat na petsa sa Z.A. Salazar, "Kasaysayan ng Pilipinas," *loc cit*, p.135, 141-142.
4. Milagros C. Guerrero at John N. Schumacher, "Reform and Revolution," *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*, vol. 5 (Manila: Asia Publishing Company Limited, 1998, p.18-24); at John N. Schumacher, *Revolutionary Clergy. The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1981, p.23-32).
5. Z. A. Salazar, "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa," sa A. Navarro at R. Abejo (mga pat.), *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan*. (Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 1998, p.11-92). Tingnan din ang Z. A. Salazar, "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan," papel na binasa sa ilang kumperensya at nakatakdang ilathala sa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalain Blg. 5 (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999).

6. Tingnan ang tala 1.
7. Hinggil sa pagkakaiba ng *historia* ng elit sa “Kasaysayan” ng Bayan, tingnan ang Z. A. Salazar, “Wika at Historiograpiya: Ang Pag-aaral ng Kasaysayan tungo sa Pagbubuo ng Bansa,” sa Ricardo Ma. Nolasco (pat.), *Wika at Pagpapalaya. Mga Papel ng Ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa Pilipinas* (Lunsod Quezon: The Archive, 1998, p.201-214). May mas malalim na pagtalakay nito sa Z. A. Salazar, “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History,” sa Z.A. Salazar (pat.), *Ethnic Dimension*. Tambuli Special Issue (Alemanya: Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne, 1983, p.107-126). Muling nalathala ang huli sa Neil Martial R. Santillan at Mary Bernadette P. Conde (mga pat.), *Kasaysayan at Kamalayan* (Lunsod Quezon: Palimbagang Pangkasaysayan, 1998, p.17-35).
8. Z. A. Salazar, “Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino,” *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalain Blg. 2 (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997, p.32, 34). Ipinaliwanag din ang paksain sa Salazar, “Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon,” *loc. cit.*
9. Tingnan ang pagkapaliwanag ng 1913 bilang petsang hangganan sa Z.A. Salazar, “Kasaysayan ng Pilipinas,” *loc cit*, p.152.
10. *Cf.* tala 1.
11. *Cf.* tala 1.
12. Salazar, “Estado, Lipunan at Kultura sa Kasaysayan,” *loc. cit.* Tingnan din ang tala 3, *supra*.
13. Z. A. Salazar, “Ang Limang Panahon ng Pamumunong Bayan sa Kasaysayan ng Pilipinas,” Katedratikong Panayam, Bulwagang Rizal, U.P. Diliman, ika-10 ng Pebrero 1997. Ang pinalawak na balangkas ay nailathala sa Edicio de la Torre (pat.), *Lider. Pamumunong Bayan: Karanasan, Katanungan at Kinabukasan* (Lunsod Quezon: Education for Life Foundation, 1997, p.17-26).
14. Z. A. Salazar, “Ang ‘Real’ ni Bonifacio bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas,” *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalain Blg. 1 (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998). Gayundin sa Salazar, “Estado, Lipunan at Kultura sa Kasaysayan,” *loc. cit.*

15. Para sa mga kasalukuyang taga-Mentawai (kapuluan sa kanluran ng Sumatera, Indonesya) na nakapagpanatili ng maraming katangiang Austronesyano, halimbawa, “mga baboy lamang ang gumagawa niyan” (*cf.* Reimar Schefold, “Religiöse Involution auf den Mentawai-Inseln: Veränderungen in den Tabubestimmungen und ihre Folgen,” sa Wilfried Wagner (pat.), *Mentawai. Identität im Wandel auf den indonesischen Außeninseln* (Hamburg u. Münster, LIT-Verlag, 1992, tala 10, p.133).
16. Ang kategoryang panlahi ng “Austromelanesyano” (itim) sa pagkakaiba nito sa mga “Austronesyano” (dilaw o Mongoloid) ay mula kay W.W. Howells, *The Pacific Islanders* (New York: Scribners’ Sons, 1973). Tingnan din ang Peter S. Bellwood, *Man’s Conquest of the Pacific* (New York: Oxford University Press, 1979, p.25-49).
17. Marcos, *op. cit.*, p.72.
18. Isang pangkasalukuyang halimbawa sa Indonesya ay ang kasaysayan ng isa sa mga angkan ng bayan ng Lamalera (“pinggan ng araw”), sa Lembata, kapuluang Sunda. Nagmula ang angkan sa bandang Sulawesi na lumisan sa pinanggalingang lugar dahil di-umano sa madalas na pagbabaha rito; napasáma sa iba’t ibang bayan ang angkan ngunit laging tumitiwalag sa mga ito hanggang sa natanggap ang angkan sa Lamalera, kung saan ito’y namuno pagkatapos. Nasa R. H. Barnes, *Sea Hunters of Indonesia, Fishers and Weavers of Lamalera* (Oxford: Clarendon Press, 1996, p.54 *et seq.*).
19. W.E. Retana, 1897.
20. Cesar Adib Majul, *Muslims in the Philippines* (Quezon City: Asian Center, University of the Philippines, 1973, p.51-78).
21. Salazar, “Ang ‘Real’ ni Bonifacio,” *loc. cit.*, p.18; at Marcos, *op. cit.*, p.107-108.
22. Salazar, “Ang ‘Real’ ni Bonifacio,” *loc. cit.*, p.7-23.
23. *Ibid.*, p.9-11. Gayundin: ang talababa 3, *supra*.
24. Salazar, “Estado, Lipunan at Kultura sa Kasaysayan,” *loc. cit.* Tingnan ang Talahanayan dito, kung saan makikita ang pagkahiwalay ng “Philippine Super Stock” (Dakilang Angkang Pilipino, kasabay ng “Malay Stock,” kapwa mula sa isang nauna ritong grupo (i.e., ang “Austronesyano” o “Kanlurang

- Austronesyano”). Noong 1100 B.K. humiwalay ang “Philippine Stock,” kasama ang Ivatan, Ilongot at Baler Dumagat.
25. Tingnan ang Ma. Bernadette G.L. Abrera, “Sandugo” sa Z. A. Salazar, E. Yulo at A. Navarro, (mga pat.) *Talaarawan 1996. Himagsikang 1896* (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1995, p.Mr3/4). Tinalakay rin ang paksain sa Z.A. Salazar, “Mga Kaisipan at Pilosopiya ng Rebolusyon,” panayam sa seminar-workshop ng Departamento ng Kasaysayan para sa mga guro ng kasaysayan sa Metro Manila, Silid Awdyo-Biswal, Gusaling Palma, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, U.P. Diliman, ika-29 Mayo 1996; at sa Z.A. Salazar, “Ang Bayani Bilang Sakripisyo: Pag-aanyo ng Pagkabayani sa Agos ng Kasaysayang Pilipino,” na binigkas bilang U.P. Katedratikong Panayam noong 1995. Bilang balangkas ng panayam para sa Kumperensya ng ADHIKA sa Tarlac (1994), nalathala ang huli sa Brigido Corpuz at Edgar Rosero (mga pat.), *Kalamidad. Rebolusyon. Kabayanihan. Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon* (Lunsod Quezon: ADHIKA ng-Pilipinas Inc., 1996, p.171-178). Tinalakay rin ang ritwal ng sandugo sa Marcos, *op. cit.*, p.87-88.
 26. Tingnan ang Z. A. Salazar, “A Passage from India: Dr. Francisco’s ‘Notes’ on Tavera,” *The Malayan Connection. Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998, p.47). Gayundin ang Salazar, “Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino,” *loc. cit.*, p.12; at Marcos, *op. cit.*, p.105.
 27. Z.A. Salazar, “The Malay World: Bahasa Melayu in the Philippines,” *The Malayan Connection*, p.81-107.
 28. *Ibid.*, p.84-85.
 29. *Ibid.*
 30. Z.A. Salazar, “The Matter with Influence: Our Asian Linguistic Ties,” *The Malayan Connection*, p.59-80; at Salazar, “The Malay World,” *loc. cit.*, *passim*.
 31. Z. A. Salazar, “The Outflow of Filipinos to the Bundesrepublik Deutschland Since the 1960s,” *Philippine Journal of Public Administration*, Vol. XXXI, No. 4 (October 1987), p.466-467.
 32. Para sa paglaganap ng Islam sa Pilipinas, *cf.* Majul, *op. cit.*, p.51-78; at Salazar, “The Malay World,” *loc. cit.*, p.86 at *passim*.

33. Aram A. Yengoyen, "The Initial Populating of the Philippines: Some Problems and Interpretations," sa Mario D. Zamora (pat.), *Studies in Philippine Anthropology (In Honor of H. Otley Beyer)* (Quezon City: Alemar Phoenix, 1967, p.175-185). Ang batayang palagay ni Yengoyen sa kanyang papel ay nagmula sa Timog ang paglaganap ng tao sa Pilipinas sa simula. Sa kasalukuyan, ang konsensus ng mga dalubhasa ay nagmula ang mga Austronesyano sa Hilaga — i.e., mula Timog Tsina, nagdaan sa Taiwan, patungong Pilipinas. Gayumpaman, mula saan mang direksyon ang "pagsusupan-supan" (*budding-off process*) napakaimportante rito ang eksilyo at pagtitiwalag sa kinagisnang kabuuan.
34. Tingnan ang Talahanayan sa Salazar, "Estado, Lipunan at Kultura sa Kasaysayan," *loc. cit. Cf. din, supra*, tala 24.
35. Marcos, *op. cit.*, p.108-109. Tingnan din ang teksto sa talababa 20, *supra*.
36. Salazar, "The Malay World," *loc. cit.*, p.81-90.
37. Salazar, "The Malay World," *loc. cit.*, p.88
38. Marcos, *op. cit.*, p.93.
39. *Ibid.*, p.109-110.
40. Salazar, "Kasaysayan ng Pilipinas," *loc cit*, p.136, talababa 7.
41. Cesar Adib Majul, *Muslims in the Philippines* (Quezon City: Asian Center, University of the Philippines, 1973, p.361-363). Gayundin ang Salazar, "The Malay World," *loc. cit.*, p.87 at *passim*.
42. Marcos, *op cit*, p.111.
43. Salazar, "The Malay World," *loc. cit.*, p.83.
44. *Ibid.* Tingnan din ang Reynaldo C. Ileto, *Maguindanao, 1860-1888: The Career of Dato Uto of Buayan* (Ithaca, New York: 1981).
45. Marcos, *op. cit.*, p.218.
46. *Ibid.*, p.230, 233.

47. Tinutukoy ng pangangayaw ang pakikidigmang taal sa Pilipino — pagsalakay at “pamumutol ng ulo” sa lupa at biglaang pag-atake at pagkuha ng bihag o kaya alipin sa dagat, sa halip o bilang bahagi ng pangangalakal. Tingnan ang Omar Tonsay, “Ang Kasaysayan ng Pakikidigmang Ampibyong sa Pilipinas (800 BK hanggang 1946)” (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon, 1998).
48. Marcos, *op. cit.*, p.220.
49. Jaime B. Veneracion, *Kasaysayan ng Bulacan (Kolonya (Alemanya): Bahay Saliksikan ng Kasaysayan*, 1986, p.104-107).
50. Tingnan ang Lino L. Dizon, Francisco Makabulos Soliman. *A Biographical Study of A Local Revolutionary Hero* (Tarlac, Philippines: Lino L. Dizon, 1994).
51. Z. A. Salazar, “Ang Migrasyon ng mga Pilipino sa Kasaysayan (Isang Preliminaryong Pagbubuod),” sa Clemen C. Aquino (pat.), *Ang Migrasyong Pilipino: Tungo sa Araling Pang-erya* (Diliman, Lunsod Quezon: Lupon sa Araling Pang-erya, Tanggapan ng Dekano ng DAPP, Abril 1992, p.10).
52. Penelope V. Flores, “The Manila Village of Saint Malo, Louisiana: A Filipino Architectural Landscape, Circa 1883,” sa Anatacio C. Ubalde (pat.), *Filipino American Architecture, Design and Planning Issues* (Los Angeles: Flipside Press, 1996, p.29-35).
53. Isagani Medina, “La Madre de los Ladrones: Tulisanismo in Cavite in the Nineteenth Century,” *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, XLVIII: 1-4 (Enero-Disyembre 1984), p.216-269.
54. Cf, “Pakikibaka sa Anino ng Biak-na-Bato,” p.D21/22; Ronaldo Mactal, “Pakikibakang Panlabas bago ang Hongkong Hunta,” p.N9/10; at Z. A. Salazar, “Pagtalikod at Katapatan: Ang Patuloy na Digma,” p.D31, sa Z.A. Salazar, E. Yulo at A. Navarro (mga pat.), *Talaarawan 1997. Himagsikang Pilipino. Digma ng mga Anak ng Bayan* (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1996).
55. Marcos, *op. cit.*, p.221, 229, 233, 235 236
56. Cf. Salazar, “Ang ‘Real’ ni Bonifacio,” *loc. cit.*

57. Schumacher, *Revolutionary Clergy*.
58. Tingnan ang Raymund Abejo, "Pagpapakilala sa mga Talà," *Ang Nawaglit na Tahanan. Mga Bagong Tuklas na Tala kay Rizal at mga Taga-Calamba* (Maynila: Pambansang Sinupan ng mga Tala, 1997, p.8-23).
59. Tingnan ang Z.A. Salazar, "Kulturelle Entfremdung und Nationalismus: die Philippinische Elite im 19. Jahrhundert," *The Malayan Connection*, p.183-212; 367-368.
60. Pinakakilala ang John N. Schumacher, *The Propaganda Movement: 1880-1895* (Manila: Solidaridad Publishing House, 1973).
61. Halimbawa ng ganitong pagtingin ang Teodoro A. Agoncillo, *The Revolt of the Masses, The Story of Bonifacio and the Katipunan* (Quezon City: University of the Philippines Press, edisyong 1996, p.45 *et seq.*); at ang pinakabagong lathala na Guerrero at Schumacher, *op cit.*, p.153. Gayundin ang Cesar Majul, *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution* (Quezon City: University of the Philippines, 1957, p.15 *at passim*); Schumacher, *Propaganda Movement*, p.207-208, 272; at Jonathan Fast at Jim Richardson, *Roots of Dependency: Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines* (Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1979, p.75-84).
62. Z. A. Salazar, "Ang Limang Panahon ng Pamumunong Bayan sa Kasaysayan ng Pilipinas," *loc. cit.* Tingnan din ang pagkakaiba ng "bayani" at "heróe/hero" sa Salazar, "Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino," *loc. cit.* p.31 *et seq.* Para sa malalimang pagtalakay sa pagkakaiba ng tunguhin ng elit at ng bayan, tingnan ang Salazar, "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon," *loc. cit.*; at Salazar, "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto," *loc. cit.*
63. Tingnan ang Dayagram I ng Salazar, "Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino," *loc. cit.*, p.11.
64. Salazar, *Ang Pagsalakay ni Bonifacio*.
65. Cf. Silvino V. Epistola, *Hong Kong Junta* (Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 1996); tungkol sa pag-agaw ng "rebolusyon" ng elit sa Himagsikan ng Bayan, cf. Z. A. Salazar, "Ang Lohika ng Kudeta," *Talaarawan 1997, Himagsikang Pilipino. Digma ng mga Anak ng Bayan 1897*, p. My11/12. Tingnan din ang Salazar, "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon," *loc. cit.*; Salazar, "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto," *loc. cit.*

66. Grant K. Goodman, "Filipino Secret Agents, 1896-1910," *Philippine Studies*, 46:3(1998), p. 383-385 at National Historical Institute, *Filipinos in History*, tomo II, 1990, p.14-15.
67. Amelia Lapeña-Bonifacio, *The "Seditious" Tagalog Playwrights: Early American Occupation* (Manila: Zarzuela Foundation of the Philippines, Inc. 1972). Basahin din ang Z. A. Salazar, "Wika ng Rebolusyon, Rebolusyon sa Wika: Ang Bagong Kamalayang Pilipino," papel na binasa sa 1998 Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino (PSSP), St. Benilde College-De La Salle University, Taft Ave., Maynila, ika-19 Nobyembre 1998.
68. Tingnan halimbawa sina Mary Jane Rodriquez, "Ili ti Amianan: Kamalayang Bayan sa Panghimagsikang Tradisyon ng Kailokohan-Kaigorotan" (1589-1913), tesis Masteral na ihaharap sa Departamento ng Kasaysayan, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon sa taong ito (1999); Omar Tonsay, *op cit.*; Vicente Villan, "Hangaway: Ang Pakikidigma ng mga Hukbong Panayanhon sa Himagsikan, 1896-1907," (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, DAPP, UP, Lunsod Quezon, 1998); Felice Noelle R. Rodriquez, "Pagbabago ng Larawan: Reducción sa Zamboanga sa Ika-19 Dantaon," (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, DAPP, UP, Lunsod Quezon, 1992); Rudy Buhay Rodil, "Kasaysayan ng mga Pamayanan ng Mindanao at Arkipelago ng Sulu: 1596-1898," (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, DAPP, UP, Lunsod Quezon, 1992); at iba pa.
69. Tingnan ang pinakabagong rebisyon ng Z. A. Salazar, "Ang 'Real' ni Bonifacio bilang Taktikang Militar," sa nakatakdang ilabas na Atoy Navarro (pat.), *Andres Bonifacio: Bayani, Manunulat, Pangulo ng Haring Bayan at Pinunong Militar* (Lunsod Lunsod Quezon: Limbagan ng Kasaysayan, 1999).
70. Basahin ang Salazar, "Wika ng Rebolusyon, Rebolusyon sa Wika" *loc. cit.*
71. Sa pagwiwika ni Bienvenido Lumbera: "... in the name of opening up the world to young Filipinos, the Filipinos came to be walled up in the very medium by which they acquired their education. The resulting cultural isolation confined them to information, values and taste purveyed in English...." ("Translating Foreign Literary Texts: Preparing for a Generation with less English," *Rebyu ng Arte at Literatura ng Pilipinas*, Tomo 2: Bilang 1, 1985-1995, p.89).

72. Para sa pagtalakay sa “dambuhalang pagkakahating pangkalinangan” tingnan ang Salazar, “Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan,” *loc. cit.*, p.98-126. Nailathala rin sa Violeta V. Bautista at Rogelia Pe-pua (mga pat.), *Pilipinolohiya. Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik* (Maynila: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, 1991, p.46-72).
73. Juan C. Laya, *His Native Soil*. Rev. ed. (Quezon City: Kayumanggi Pub., 1972).
74. Cf. Carlos Bulosan, *America is in the Heart, A Personal History* (New York: Harcourt Brace, 1973). Gayundin sa Susan Evangelista, *Carlos Bulosan and His Poetry, A Biography and Anthology* (Quezon City: Ateneo de Manila Press, 1985); at Susan Evangelista, “Filipinos in America: Literature as History,” *Philippine Studies*, 36(1988), p.36-53.
75. Myfel Joseph D. Paluga, “Gahum at Araw ng New Israel: Mga Pananaw at Simbolismo ng Alpha and Omega,” papel na binasa sa 10th Regional Seminar-Workshop on Local History for Region XI and XII, ika - 23 hanggang 24 Hulyo 1998, Mindanao State University, Fatima Campus, Gen. Santos City.
76. Naging matalik na kaibigan ng may-akda si “Don Macario” sa Paris.
77. Rodolfo Paras Perez, *Guillermo E. Tolentino* (Manila: Zone-D Ant. Pub., 1972); Rodolfo Paras Perez, *Tolentino: Text and Design* (Malolos: The National Art Foundation of Malolos, 1976).
78. Amado V. Hernandez, *Mga Ibong Mandaragit: Nobelang Sosyopolitiko* (Quezon City: International Graphic Service, 1969).
79. “Sa pangkalahatan ay dalawang kalinangan sa pakahulugang antropolohikal ang nakapaloob at maaring sumaklaw sa kasalukuyang lipunang Pilipino — ang “kulturang nasyonal” na nagmula sa Propaganda bilang resulta ng pagkatatag ng *nación*/nation (nasyon) sa pamumuno ng elite at ang “kalinangang bayan” bilang kinalabasan ng proseso ng pagkabuo ng mga pama-yanang Pilipino sa isang Bayang Pilipino, ang Inang Bayan ng Himagsikan 1896. Ang una’y umiinog sa konsepto ng “nasyong Pilipino” na sa simula’y binuo sa wikang Kastila... ng mga Propagandista at Rebolusyonista.... Ang pangalawa naman ay nakaugat sa karanasang pangkasaysayan ng mga bayang Pilipino na nagkakumpol-kumpol sa isang Bayang Pilipino sa harap ng panunuot ng Kanluran.” Halaw sa Z. A. Salazar, “Ang Pantayong Pananaw,” *loc. cit.*, p.103. Tingnan ang Dayagram III.

80. Mariano C. Javier, "A Study of the Life and Works of Lope K. Santos with special reference to Banaag at Sikat" (Di-nakalathalang tesis Doktoral sa Ingles, UP, Diliman, Lunsod Quezon, 1960).
81. Ang ekspresyon ay mula sa Pagpahayag ng Independensya ng "*Filipinas*" sa probinsya ni Aguinaldo noong ika-12 ng Hunyo 1898. Hiniling sa deklarasyon ang proteksyon ng Estados Unidos.
82. Salazar, "Ang 'Real' ni Bonifacio," *loc. cit.*
83. Sa "dambuhalang pagkakahating pangkalinangan" sa wikang Ingles at patungong sibilisasyong Amerikano-Kanluranin ang pagbubuo ng "kulturang nasyonal" kung ihahambing sa kataalan ng "kalinangang bayan" (*cf. supra*, tala 71 at 79).
84. Para sa mga taga-Kordilyera, kaugnay ng Ilokandya, tinawag ang tradisyong ito ni Mary Jane Rodriguez na "tradisyong ili" kung saan ang "ili" ay katumbas ng "bayan" at "banua" sa ibang dako ng Pilipinas. Tingnan ang Mary Jane Rodriguez, "Ili Ti Amianan: Kamalayang Bayan sa Panghimagsikang Tradisyon ng Kailokohan-Kaigorotan (1589-1913)," tesis Masteral na ihaharap sa Departamento ng Kasaysayan sa taong ito (1999). Para sa Bangsa Moro, tingnan ang Cesar Adib Majul, *Muslims in the Philippines: Past, Present and Future Prospects* (Manila: Converts to Islam Society of the Philippines, 1971).
85. Salazar, "Ang 'Real' ni Bonifacio," *loc. cit.*
86. Alfonso P. Santos, *Luvimia*. (Quezon City: Balfon House, 1965). May koleksyon ng mga tulang ito ang may-akda, na naging mag-aaral ni Prop. Santos.
87. *Cf.* ang kanyang librong, *I Saw the Fall of the Philippines*. (Garden City: Doubleday, Doran and Company, Inc., 1942).
88. Ang isang Duddley Diaz ay nag-eksibit kamakailan sa Maynila pagkatapos ng labinlimang taong paglalagi sa Firenze, Italya; at ang nakita ng isang naghihinayang na kritik (i.e., bakit hindi naimpluwensyahan di umano ng masining na Florence si Diaz?) ay ang pagkakahawig ng kanyang *Regina de la Noite* (Reyna ng Gabi) sa bulol na Ifugaw at di-umano sa mga santos din ng Birhen, bagamat ang buwan na taglay ng istatuwa ni Diaz ay nasa tuktok ng ulo (*cf.* Ramon E. S. Lerma, "Duddley Diaz Volts In," *Lifestyle, Philippine Daily Inquirer*, Lunes, ika-25 ng Enero 1999, p.D1-D2) at hindi sa paanan

(tulad ng sa Birhen). Sa katunayan, maihahambing talaga ang Reyna ng Gabi sa isang *manaog* ng Mandaya (Mindanaw) na “ladawan” ng buwan bilang diwata. Ang buwan dito ay na sa ulo at hindi sa paanan (tingnan ang Plate II). Bukod dito nakatuon talaga ang mga likha sa mga likhang sining ng mga Lumad sa Mindanaw (bagay na binanggit pa nga ng kritikong si Lerma, na malinaw pa rin ang pagka-taong-loob).

89. *Cf. supra*, tala 72, 79 at 83.
90. Renato Constantino, *The Miseducation of the Filipino* (Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1982). Inilathala rin sa Neil Santillan at Ma. Bernadette Conde (mga pat.), *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan* (Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS), p.231-249).
91. *Cf.* p. 12-13 at tala 52.
92. Z. A. Salazar, “Ang Migrasyon ng mga Pilipino sa Kasaysayan: Isang Preliminaryong Pagbubuod,” sa Clemen Aquino (pat.), *Ang Migrasyon ng mga Pilipino: Tungo sa Araling Pang-erya* (Diliman: UP-DAPP, Tanggapan sa Paglalathala, 1992, p.7-17).

BIBLIOGRAPIYA

Abejo, Raymund

1997 "Pagpapakilala sa mga Talà." Nasa *Ang Nawaglit na Tahanan: Mga Bagong Tuklas na Tala kay Rizal at mga Taga-Calamba*. Maynila: Pambansang Sinupan ng mga Tala.

Abrera, Ma. Bernadette

1995 "Sandugo." Nasa Z. A. Salazar, E. Yulo at A. Navarro (mga pat.), *Talaarawan 1996, Himagsikang 1896*. Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.

Agoncillo, Teodoro A.

1995 *The Revolt of the Masses, The Story of Bonifacio and the Katipunan*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Barnes, R. H.

1996 *Sea Hunters of Indonesia, Fishers and Weavers of Lamalera*. Oxford: Clarendon Press.

Bellwood, Peter S.

1979 *Man's Conquest of the Pacific*. New York: Oxford University Press.

Brigido Corpuz at Edgar Rosero (mga pat.)

1995 *Kalamidad. Rebolusyon. Kabayanihan. Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon*. Lunsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas Inc.

Bulosan, Carlos

1972 *America is in the Heart, A Personal History*. New York: Harcourt Brace.

Constantino, Renato

1982 *The Miseducation of the Filipino*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.

Dizon, Lino L.

1994 *Francisco Makabulos Soliman: A Biographical Study of A Local Revolutionary Hero*. Tarlac: Lino L. Dizon.

Epistola, Silvino V.

1994 *Hong Kong Junta*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Evangelista, Susan

- 1988 "Filipinos in America: Literature as History," *Philippine Studies*, 36:36-53.

1985 *Carlos Bulosan and His Poetry, A Biography and Anthology*. Quezon City: Ateneo de Manila Press.

Fast, Jonathan at Jim Richardson

- 1979 *Roots of Dependency: Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.

Flores, Penelope V.

- 1995 "The Manila Village of Saint Malo, Louisiana: A Filipino Architectural Landscape, Circa 1883." Nasa Anatacio C. Ubalde (pat.), *Filipino American Architecture, Design and Planning Issues*. Los Angeles: Flipside Press.

Goodman, Grant K..

- 1998 "Filipino Secret Agents, 1896-1910," *Philippine Studies*, 46(3):383-385.

1990 *Filipinos in History*, Tomo II. Manila: National Historical Institute.

Guerrero, Milagros C. at John N. Schumacher

- 1998 "Reform and Revolution." *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Vol. 5*. Manila: Asia Publishing Company Limited.

Hernandez, Amado V.

- 1969 *Mga Ibong Mandaragit: Nobelang Sosyopolitiko*. Quezon City: International Graphic Service.

Howells, W.W.

- 1973 *The Pacific Islanders*. New York: Scribners' Sons.

Ileto, Reynaldo C.

- 1981 *Maguindanao, 1860-1888: The Career of Dato Uto of Buayan*. Ithaca: Cornell University Press.

Javier, Mariano C.

- 1960 "A Study of the Life and Works of Lope K. Santos with special reference to Banaag at Sikat." Di-nakalathalang tesis Doktoral sa Ingles, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Lunsod Quezon.

Lapeña-Bonifacio, Amelia

1972 *The "Seditious" Tagalog Playwrights: Early American Occupation*. Manila: Zarzuela Foundation of the Philippines, Inc.

Laya, Juan C.

1972 *His Native Soil*. Rev. ed. Quezon City: Kayumanggi Pub.

Lumbera, Bienvenido

1985-95 "Translating Foreign Literary Texts: Preparing for a Generation with Less English," *Rebyu ng Arte at Literatura ng Pilipinas*, Tomo 2, Bilang 1.

Majul, Cesar

1973 *Muslims in the Philippines*. Quezon City: Asian Center, University of the Philippines.

1970 *Muslims in the Philippines: Past, Present and Future Prospects*. Manila: Converts to Islam Society of the Philippines.

1957 *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution*. Quezon City: University of the Philippines.

Marcos, Ferdinand E.

1976 *Tadhana: The History of the Filipino People, Vol. II: The Formation of the National Community (1565-1896)*. Philippines: Ferdinand E. Marcos.

Medina, Isagani

1984 "La Madre de los Ladrones: Tulisanismo in Cavite in the Nineteenth Century," *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, XLVIII(1-4):216-269.

Paluga, Myfel Joseph D.

1998 "Gahum at Araw ng New Israel: Mga Pananaw at Simbolismo ng Alpha and Omega." Papel na binasa sa 10th Regional Seminar-Workshop on Local History for Region XI and XII, ika - 23-24 Hulyo, Mindanao State University, Fatima Campus, Gen. Santos City.

Perez, Rodolfo Paras

1976 *Tolentino: Text and Design*. Malolos: The National Art Foundation of Malolos.

1972 *Guillermo E. Tolentino*. Manila: Zone-D Ant. Pub.

Retana, W.E.

1897 *Historia de las islas Mindanao, Iolo y sus adyacentes*. Madrid.

Rodil, Rudy Buhay

1992 "Kasaysayan ng mga Pamayanan ng Mindanao at Arkipelago ng Sulu: 1596-1898." Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon.

Rodriguez, Felice Noelle R.

1991 "Pagbabago ng Larawan: Reducción sa Zamboanga sa Ika-19 Dantaon." Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon.

Rodriguez, Mary Jane

1999 "Ili Ti Amianan: Kamalayang Bayan sa Panghimagsikang Tradisyon ng Kailokohan-Kaigorotan (1589-1913)." Tesis Masteral sa Kasaysayan na nakatakdang idepensa ngayong 1999, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon.

Romulo, Carlos P.

1942 *I Saw the Fall of the Philippines*. Garden City: Doubleday, Doran and Company, Inc.

Salazar, Z.A.

1999a "Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan." Nakatakdang ilathala sa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalain Blg. 5 (Lunsod, Quezon: Palimbagan ng Lahi).

1999b "Ang 'Real' ni Bonifacio bilang Taktikang Militar." Nakatakdang ilabas sa Atoy Navarro (pat.), *Andres Bonifacio: Bayani, Manunulat, Pangulo ng Haring Bayan at Pinunong Militar*. Lunsod Quezon: Limbagan ng Kasaysayan.

1998a "Estado, Lipunan at Kultura sa Kasaysayan. Ang Wika sa Pamanang Pangkalinangan ng Pilipino." Panayam Pansentenaryo na ginanap sa Balay Kalinaw, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon, ika-29 ng Setyembre.

1998b "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa." Nasa A. Navarro at R. Abejo

(mga pat.), *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan*. Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan.

-
- 1998k “Wika at Historiograpiya: Ang Pag-aaral ng Kasaysayan tungo sa Pagbubuo ng Bansa.” Nasa Ricardo Ma. Nolasco (pat.), *Wika at Pagpapalaya: Mga Papel ng Ika-8ng Kongreso ng Linggwistiks sa Pilipinas*. Lunsod Quezon: The Archive.
-
- 1998d “Ang ‘Real’ ni Bonifacio bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas,” *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Lathalain Blg. 1. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
-
- 1998e “A Passage from India: Dr. Francisco’s ‘Notes’ on Tavera.” Nasa Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection. Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
-
- 1998g “The Malay World: Bahasa Melayu in the Philippines.” Nasa Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection. Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
-
- 1998h “The Matter with Influence: Our Asian Linguistic Ties.” Nasa Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection. Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
-
- 1998i “Kulturelle Entfremdung und Nationalismus: die Philippinische Elite im 19. Jahrhundert.” Nasa Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection. Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.
-
- 1998l “Wika ng Rebolusyon, Rebolusyon sa Wika: Ang Bagong Kamalayang Pilipino.” Papel na binasa sa 1998 Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino (PSSP), St. Benilde College-De La Salle University, Maynila, ika-19 ng Nobyembre.
-
- 1997a “Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino,” *Bagong Kasaysayan. Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Lathalain Blg. 2. Lunsod Mandaluyong: Palimbagan Kalawakan.

-
- 1997b "Ang Limang Panahon ng Pamumunong Bayan sa Kasaysayan ng Pilipinas." Katedratikong Panayam, Bulwagang Rizal, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon, ika-10 ng Pebrero.
-
- 1997k "Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas." Nasa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan (mga pat.), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.
-
- 1997d "Ang Lohika ng Kudeta." Nasa Zeus A. Salazar, E. Yulo at A. Navarro (mga. pat.) *Talaarawan 1997. Himagsikang Pilipino. Digma ng mga Anak ng Bayan*. Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.
-
- 1996 "Ang Bayani Bilang Sakripisyo: Pag-aanyo ng Pagkabayani sa Agos ng Kasaysayang Pilipino." Nasa Brigido Corpuz at Edgar Rosero (mga pat.), *Kalamidad. Rebolusyon. Kabayanihan. Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon*. Lunsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas Inc.
-
- 1995 "Mga Kaisipan at Pilosopiya ng Rebolusyon." Panayam sa seminar-workshop ng Departamento ng Kasaysayan para sa mga guro ng kasaysayan sa Metro Manila, Silid Awdyo-biswal, Gusaling Palma, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon, ika-29 ng Mayo.
-
- 1992 "Ang Migrasyon ng mga Pilipino sa Kasaysayan, Isang Preliminaryong Pagbubuod." Nasa Clemen C. Aquino (pat.), *Ang Migrasyong Pilipino: Tungo sa Araling Pang-erya*. Lunsod Quezon: Lupon sa Araling Pang-erya, Tanggapan ng Dekano ng DAPP, Unibersidad ng Pilipinas.
-
- 1991 "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasan." Nasa Violeta B. Bautista at Rogelia Pe-pua (mga pat.), *Pilipinohiya. Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*. Lunsod Quezon: Lupon sa Araling Pang-erya, Tanggapan ng Dekano ng DAPP, Unibersidad ng Pilipinas.
-
- 1987 "The Outflow of Filipinos to the Bundesrepublik Deutschland Since the 1960s," *Philippine Journal of Public Administration*, 31(4):466-467.

-
- 1983 "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." Nasa Z.A. Salazar (pat.), *Ethnic Dimension*. Tambuli Special Issue. Kolonya, Alemanya: Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne.

Santos, Alfonso P.

- 1965 *Luvimia*. Quezon City: Balfon House.

-
- 1942 *I Saw the Fall of the Philippines*. Garden City: Doubleday, Doran and Company, Inc.

Schefold, Reimar

- 1992 "Religiöse Involution auf den Mentawai-Inseln: Veränderungen in den Tabubestimmungen und ihre Folgen." Nasa Wilfried Wagner (pat.), *Mentawai. Identität im Wandel auf den indonesischen Außeninseln*. Hamburg u. Münster: LIT-Verlag.

Schumacher, John N.

- 1981 *Revolutionary Clergy. The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903*, Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

-
- 1973 *The Propaganda Movement: 1880-1895*. Manila: Solidaridad Publishing House.

Tonsay, Omar

- 1996 "Ang Kasaysayan ng Pakikidigmang Ampibyong sa Pilipinas (800 BK hanggang 1946)." Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon.

Veneracion, Jaime B.

- 1986 *Kasaysayan ng Bulacan*. Kolonya, Alemanya: Bahay Saliksikan ng Kasaysayan.

Villan, Vicente

- 1994 "Hangaway: Ang Pakikidigma ng mga Hukbong Panayanhon sa Himagsikan, 1896-1907." Di-nakalathalang Tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon.

Yengoyen, Aram A.

- 1967 "The Initial Populating of the Philippines: Some Problems and Interpretations." Nasa Mario D. Zamora (pat.), *Studies in Philippine Anthropology (In Honor of H. Otley Beyer)*. Quezon City: Alemar Phoenix.

SI RIZAL AT ANG MGA ILUSTRADO SA ESPANYA

NOEL V. TEODORO

Mahalagang itampok, bilang panimula, ang pahayag ni Jose Rizal kay Mariano Ponce at sa pamatnugatan ng *La solidaridad* sa liham niya ng ika-18 ng Abril 1889, na nauukol sa mga kaganapan noong taong 1872 laluna ang pagkabitay kina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora na idinawit sa pag-aalsa ng mga trabahador sa arsenal ng Kabite:

Kundi sa mga pangyayari ng 1872 ay wala ngayong Plaridel, o kaya'y Jaena, o kaya'y Sancianco, o kaya'y di nabuo ang magigiting at mararangal na kalipunang Pilipino sa Europa; kundi sa 1872, sana'y Heswita na ngayon si Rizal at sa halip na kathain ang *Noli me tangere* ay sumulat na lamang ng kabaligtaran nito. Dahil sa paghahari ng kawalang katarunga't kalupita'y namulat ang aking kaisipan, isinumpa kong ipaghiganti isa sa mga araw na ito ang mga biktima't napinsala...¹

Malinaw sa siniping pangungusap na naging mabisa't makahulugan ang 1872 sa mga Pilipinong umalis, kundi man lumikas, papuntang Espanya upang takasan at makaligtas sa umiiral na kaayusan na binubuhay at pinalulusog ng konserbatismo sa lahat ng larangan. Namayani laluna ang klima ng persekusyon o pagmamalupit laban sa mga ilustradong Pilipino na nagpahayag ng patriotismo't nasyonalismo sa pamamagitan ng mga progresibo't liberal na paniniwala. Naging mariing hamon

ito sa kapang-yarihang monastiko (o praylokrasya) na nagsilbing gulugod ng reaksyonaryong pamahalaang kolonyal.

Isang atrasadong lipunan ang iniluwal ng mahabang panahon na pananakop ng Espanya. Mahina't walang pag-unlad ang edukasyon na ayon sa isang prayleng Pransiskano'y² hindi kailangan ng mga Pilipinong Indio yayamang hindi naman talaga importante sa pagkakamit ng kaluwalhatian sa langit. Hindi nakabubuti sa Indio, aniya, ang paghiwalay sa kalabaw upang aksayahin lamang ang kanyang panahon sa pag-aaral sa Maynila (at laluna sa labas ng kapuluan matapos buksan ang Kanal Suez noong 1869) sapagkat sa pagbabalik sa pinagbuhatang lugar ay kadalasa'y nagiging masama at palamarang tao, ibig sabihi'y nagiging kalaban ng estado, ng simbahan, at ng mga nasa poder.

Malaking hadlang din sa pagsulong ng karunungan't kaalaman ang *Comisión permanente de censura* na itinatag noong ika-7 ng Oktubre 1856.³ Sumailalim sa sensura ang mga imprenta't limbagan, peryodiko't pahayagan, magasin, libro, iba pang uri ng publikasyon, mga palabas, at pati na ang mga bagay na nagtataglay ng ukit at pintura. Kadalasang mababaw at di makatwiran ang naging batayan sa pagsensura⁴ laluna ng mga tekstong naglalaman ng mga bago at "peligrosong" kaisipan tulad ng "panteismo" at "materyalismo." Lumikha ng napakalaking kapinsalaan ang sensura sa kalayaang pang-intelektwal ng mga manunulat at dahil dito'y ikinampanya ng mga Pilipinong ilustrado na ito'y ipawalang-bisa⁵ sa lalong madaling panahon. Sa ulat ni W.E. Retana⁶ kung saan sinipi ang sinabi ng isang nagngangalang Georgel na "palaging hinihingi ng mga inaapi ang karapatan sa kalayaan ng pamamahayag, samantalang karapatan naman sa sensura ang sa panig ng mga taong mapang-api't maniniil," tinapos ng may-akda ang kanyang ulat sa pamamagitan ng pagsasabi na isa lamang puna o komentaryo sa katunayan ang maihaharap kaugnay ng sari-saring klase ng walang saysay na sensura sa kapuluan. Na sa Pilipinas, ang mga akdang walang kabuluha't puno ng kahangalan lamang ang pinalalampas tulad ng *El Capitán Juan* ni Padre Casimiro Herrero at *Si Tandang Basio Macunat* ni Padre Miguel Lucio Bustamante — mga kilalang dokumento ng rasismo⁷ noong dantaon 19 — na wala naman talagang pinalalaganap kundi mga negatibong "halagahin" tulad ng kapighatian, kababaan ng uri at kahinaan ng lahing Kayumanggi. Kung ganito nga'y kailangan manganino ang Kayumanggi sa kahigtan ng lahing puti na tagapagpala't pinagkakautangan diumano ng kanyang lohika, moralidad, at relihiyon na siyang nagligtas sa Indio sa panahon ng kadiliman,⁸ kung kailan mailalarawan siya bilang isang ganap na *cimarron* at *salvaje*, mabangis at di sibilisado sa pananaw ng mga taga-kanluran. Kaugnay nito, matatandaan na noong 1889 sa pagkakataong ginanap ang Ekposisyon sa Paris⁹ ay itinatag ni Rizal ang *Indios Bravos* ("Mararangal na Indio," hindi *cimarrones* at *salvajes*!) na ang pangunahing layunin ay gawing kapuri-puri ang pagpapahalaga sa sariling lahi sa pamamagitan ng pagpapatingkad ng mabubuting katangian na posibleng makahikayat sa mga Kastila na iwasto ang maling gamit sa katagang Indio at ibahin ang tingin sa bayang-sakop.

Ang Komunidad na Pilipino sa Espanya

Ngunit ang mga Pilipinong ilustrado na di lamang Indjo kundi *bestia* rin sa paningin ng palalong mananakop na Kastila'y hindi nanatili't lumaban sa Pilipinas bagkus ay pumunta sa Espanya upang hingin ang asimilasyon at isulong ang kampanyang gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas upang maisakatuparan daw ang pagkakapantay-pantay ng Kastila't Pilipino. Gayunpaman, kailangang banggitin na bago kay Rizal at sa asosasyong *Indios Bravos* na kanyang itinatag ay mayroon nang mga Pilipinong naninirahan sa Europa. Maibibilang dito ang mga Tavera sa Paris, ang babaeng pintor na si Pelagia Mendoza na naglakbay sa Europa noong dekada 80, mga Regidor sa Madrid at Londres,¹⁰ si Pedro Paterno (sa Salamanca, pagkatapos ay sa Madrid), at si Gregorio Sancianco (sa Madrid). Anak ni Maximo Paterno, mayamang komersyanteng taga-Maynila na ipinatapon sa Marianas noong 1872, si Pedro Paterno'y nag-aral ng pilosopiya't teolohiya sa Salamanca. Nagpatuloy siyang manirahan sa Madrid matapos na matamo ang doktorado sa batas noong 1880 sa *Universidad Central de Madrid*. Madalas naging lunan ng "reunion artisticas" ang kanyang tahanan kung saan nagkatipun-tipon ang mga kilalang tao sa larangan ng panitikan at pulitika ng Espanya.¹¹ Sa mga ganitong okasyon, binasa ni Paterno ang kanyang mga tula na tinipon niya noong 1880 sa isang aklat na pinamagatang *Sampaguitas*, na naging bahagi ng koleksiyong *Biblioteca Filipina* na ang layunin ay ilantad sa mga mambabasang Kastila ang resulta ng mga pagpupunyagi ng mga kabataang Pilipino. Sa pagtatangka ni Paterno na ipakita ang pinagmulan ng taal na kalinangan at lipunang pre-hispaniko hinangad din niyang patunayan na ang mga Pilipino'y may matatawag nang antas ng kabihasnang na maipapantay kundi man makahihigit sa Kastila. Ito'y sinikap na isagawa sa mga sumusunod na akdang inilathala sa Madrid: *La antigua civilización tagala* ("Sinaunang Kabihasnang Tagalog," 1887), *Los itas* ("Ang Mga Ita," 1890), *El Cristianismo en la antigua civilización Tagalog* ("Kristiyanismo sa Sinaunang Kabihasnang Tagalog," 1892) na nakabatay sa paniniwalang nasa Pilipinas na ang Kristiyanismo sa anyo ng "bathalismo" (pagsamba kay Bathala o Kataastaasang Lumikha) bago pa man dumating ang mga Kastila, *La familia tagalo en la historia universal* ("Ang Pamilyang Tagalog sa Kasaysayang Pandaigdig," 1892) na nauukol sa pagpapatunay sa mataas na antas ng sinaunang moralidad at sa pagtalakay sa mga kaugalian sa pagkakasal ng mga Pilipino, at *El barangay* ("Ang Barangay," 1892) na nahihingil sa organisasyon ng pamahalaang pre-hispaniko kaugnay ng sistemang barangay, sa kahariang Tagalog na ayon sa may-akda ay nakabase sa mga simulain ng demokrasya't "bathalismo" ngunit nagtataglay rin ng mga katangian ng monarkiya.¹² Nakilala rin si Paterno dahil sa kanyang nobelang *Ninay: Costumbres filipinas* ("Ninay: Mga Kaugaliang Pilipino," Madrid, 1885) na nakatuon sa paglalarawan sa buhay ng uring maginoo o kamaharlikaang Tagalog na itinuring na huwaran ng kagandahang-asal at maunlad na kulturang hinubog ng mga elementong katutubo at hiram sa ibang bansa.

Pinahahalagahan naman ang abogadong si Gregorio Sancierco y Goson, mestisong Intsik mula sa Malabon, dahil sa kanyang librong *El progreso de Filipinas* (“Ang Kaunlaran ng Pilipinas,” Madrid, 1881),¹³ kung saan ay una (kaysa kay Rizal sa kanyang mahabang sanaysay na “Sobre la indolencia de los Filipinos,” *La solidaridad*, 1890) niyang ipinaliwanag na ang *indolencia* o katamaran ay ang makatwirang sagot ng pangkaraniwang Pilipino sa napakahabang panahon ng pagsasamantala di lamang ng mga Kastila kundi mismong mga sariling kababayang malapit sa mga uring nakapangyayari. Sa kanyang pananaw, ang pagsulong ng Pilipinas ay tamang ibatay lamang sa pagpapalaya ng pangkaraniwang mamamayan sa pagsasamantala at labis na buwis. Maisusulong lamang ang kanyang kakayahan sa pamamagitan ng edukasyon, teknolohiya, mga gawaing pangmadla, mga liberal na kautusan, at kaunlarang pangkabuhayan. Sa palagay ng isang historyador: “Hinawan ni Gregorio Sancierco ang landas patungo sa reporma nang ilathala niya ... ang *El progreso de Filipinas*... na tumututol sa mga pagkukulang ng pamahalaang kolonyal hinggil sa mga bagay na nuukol sa kabuhayan, sa kaisipan, at sa moralidad. Ang salaping nalikom ng pamahalaan, ani Sancierco, ay halos natutungong lahat sa militar at mga bagay na hindi nakapagdudulot ng ginhawa sa mga Pilipino. Sa kabilang dako, ang salaping ginugugol para sa akademya nautika, sa akademya ng magagandang sining, at sa hardin botaniko ay totooong maliit – 208,475.32 piso lamang, samantalang ang para sa militar ay umaabot sa 3,677,534.49 piso. Maliwanag na naglulustay ng salapi ang pamahalaang kolonyal sa mga bagay na hindi gaanong mahalaga. Mahihinuha, batay sa datos na inihanay ni Sancierco, na kaya totooong malaki ang badyet ng militar ay sapagkat natatakot ang pamahalaang kolonyal na maaaring magkaroon ng mapanganib na pagbabangon o kaguluhan sa Pilipinas kaya’t kailangan ang malaking hukbo. Tangi pa riyang, kailangang bigyan ng hanapbuhay ang mga Kastilang militar na hindi pinapansin sa Espanya.”¹⁴ Idinugtong pa niya na “ang badyet ng pamahalaan noong bago sumiklab ang himagsikan ng 1896 ay may gayon ding sinasabi: higit na malaki ang badyet ng militar kaysa iba pang serbisyo at sangay ng pamahalaan. Sa halip na lumiit ang badyet ng militar ay lalo pa ngang lumaki: mula sa mahigit sa tatlong angaw noong 1880-1881 ay naging mahigit sa apat na angaw noong 1896. Dahil dito, halos walang laman ang kaban ng bayan at sa halip na magkaroon ng labis ay kulang pa nga. Sa katagang sabi, laging may dipisit ang pamahalaan, at sapagkat laging may dipisit kung kaya’t laging nakasadlak sa karalitaan ang bayang Pilipino.”¹⁵

Mahalaga marahil banggitin sa puntong ito ang sinabi ni Jaime C. de Veyra¹⁶ na ang mga Pilipinong nagtungo kundi man nagkatagpu-tagpo sa Espanya ay nagbuhat sa iba’t ibang rehiyon ng Kapuluan. Tinapos ni Julio Llorente, tubong-Cebu, ang kanyang doktorado sa batas sa Madrid habang nagsusulat sa *La solidaridad*. Si Valentin Ventura na nagbigay ng tulong pinansyal kay Rizal para mailimbag ang *El filibusterismo* ay taga-Bacolor, Pampanga na namatay rin sa Barcelona noong 1935.¹⁷ Kababayan niya si Francisco Liongson na nag-aral din

sa Madrid.¹⁸ Taga-Mambulao (ngayo'y Jose Ma. Panganiban, Camarines Norte) naman si José María Panganiban. Nagsulat din siya sa *La solidaridad* at tulad nina Jaena at Ventura ay namatay rin sa Barcelona noong ika-19 ng Agosto 1890 dahil sa sakit na tuberkulosis.¹⁹ Nagbuhat sa Vigan, Ilocos Sur, ipinatapon si Isabelo de los Reyes, tagapagtatag ng bilingguwal na pahayagang *El Ilocano*, sa Barcelona dahil sa kanyang kaugnayan sa Katipunan. Maihahanay ang kanyang mga akdang historikal at antropolohikal sa mga akda ng pagpapatunay nina Paterno at Rizal (sa mga anotasyon sa *Sucesos de las islas filipinas* ni Morga) na may maipagmamalaking kultura't sibilisasyon ang sinaunang lipunang Pilipino. Inilathala ni Isabelo de los Reyes mula 1887 hanggang 1909 ang mga sumusunod na pag-aaral na pangkalinangan: *Filipinas: Articulos varios*, *Ilocanadas: Varios trabajos literarios*, *Las Visayas en la época de la conquista*, *El folklore filipino*, *Historia de Filipinas*, *Historia de Ilocos*, at *La religion antigua de los filipinos*.

Ipinanganak naman sa Badok, Ilocos Norte ang magkapatid na Manuel at Juan Luna y Novicio (namatay sa atake sa puso sa Hong Kong noong ika - 7 ng Disyembre 1899). Itong huli'y nakilala laluna sa kanyang pinturang "Spoliarium" na nagantimpalaan ng medalyang ginto sa *Exposición de bellas artes* na ginanap sa Madrid noong 1884. Si José Torres Bugallon, taga-Salasa, Pangasinan, ay naging *pensionado* o iskolar sa Akademya Militar (Toledo) noong 1892. Tagalikha ng mga pinturang historikal at iskulturang pangrelihiyon gayundin ng mga komposisyong musikal, si Telesforo Sucgang na mula Banga, Capiz ay naging *pensionado*, sa loob ng apat na taon, sa Madrid.²⁰ Pinatingkad niya ang temang Espanya sa Pilipinas na puwedeng iugnay sa programang ilustrado ng asimilasyon sa mga kwadrong *El desembarco de Magallanes* (1888), *La llegada de Legazpi y Urdaneta*, at *La llegada del correo español en la bahia de Manila* (1887). Mayroon kayang mas malalim na kahulugan/mensahe ang paggamit ni Sucgang ng mga katagang *desembarco* at *llegada*? Isa kaya itong anyo ng pagdiriwang o selebrasyon ng "pagdating" o "pagpasok" ng sibilisasyóng oksidental na kinakatawan nina Magallanes, Legazpi at Urdaneta na tagapagdala at sugo ng mga puwersa ng "kaliwanagan" na pilit papanaigin ang sarili sa naengkwentrong sibilisasyong "oryental," ang katutubong lipunan na ngayo'y ayaw o tinatanggihang kupkupin o asimilahin ng Espanya?

Kapansin-pansin ang kawalan ng kinatawan mula Mindanaw. Ngunit kapansin-pansin din naman na ang karamiha'y nagbuhat sa Katagaluga't Kamaynilaan, na siyang sentro ng kapangyarihang kolonyal: Gregorio Sancianco (Malabon), José Albert (Binondo), Pedro Paterno (Quiapo), Teodoro Sandiko (Pandakan), Moises Salvador (San Sebastian, Quiapo), Antonio Luna (ipinanganak sa Binondo bagamat Ilokano ang angkang pinagmulan), Rafael del Pan (Intramuros), Pablo Rianzares (Biñan), Manuel Araullo (Maynila), José María Asunción (Sta. Cruz, Maynila), Fernando Canon (Biñan), Mariano V. del Rosario (Intramuros), Joaquin Gonzalez, (Baliwag, Bulakan), Edilberto Evangelista (Sta. Cruz, Maynila), at Mariano Ponce (isinilang sa Baliwag, binawian ng buhay sa Hong Kong noong 1918) na naglathala

noong 1887 ng kanyang *Folklore Bulakeño*, serye ng mga artikulo, sa *La oceania española*, isang peryodikong Espanyol.²¹

Si Maximo Viola na tumulong kay Rizal para mailimbag ang *Noli me tangere*, ay taga-San Miguel, Bulakan. Nagtapos siya ng medisina sa Unibersidad ng Barcelona.²² Isinilang at pumanaw sa Maynila si Dominador Gomez (1868-1929), nagsulat at gumamit ng sagisag-panulat na “Ramiro Franco” sa *La solidaridad*, ngunit sa kanyang pagbabalik sa Maynila’y naging pinuno ng *Union Obrera Democratica de Filipinas* (UODF) na itinatag ni Isabelo de los Reyes. Natamo naman ni Joaquin Gonzalez (taga-Baliwag, Bulakan) ang kanyang *licenciate* sa Unibersidad ng Valladolid at ang titulo sa medisina mula *Universidad Central de Madrid*. Sa Barcelona rin namatay (1913) si Felix Resurrecion Hidalgo (isinilang sa Binondo noong 1853) na nakilala sa kanyang pinturang “*Virgenes cristianas expuestas al populacho*.” Ipinanganak naman sa Hacienda de Nasugbu, Batangas si Galicano Apacible²³ na naging presidente ng samahang *La solidaridad* (sa Barcelona) na ang tagapamansag na pahayaga’y tinawag din sa gayong pangalan. Nagbuhat naman si José Rizal sa bayan ng Kalamba, Laguna na noo’y *hacienda* ng mga paring Dominikano, *hacienda* na pinaglingkuran ng kanyang mga magulang bilang *inquilino*.

“Diego Laura,” “Dolores Manapat” at “Dimasalang”

Sa tatlong napabantog na *expatriates* pagkatapos ni Sancianco – G.L. Jaena, M.H. del Pilar, J. Rizal – si Jaena, maykatha ng mapanudyong akda na pinamagatang *Fray Botod* (1874),²⁴ ang nauna sa Espanya noong 1880 upang mag-aral ng medisina sa Unibersidad ng Valencia, ngunit hindi natapos sapagkat mas naging abala sa pamamahayag. Bilang peryodista, itinatag niya sa Barcelona noong Pebrero 1889 ang pahayagang *La solidaridad* na ang programa’y isinaad nang ganito:

...Bukod sa pagiging simple, malinaw ang aming programa: labanan ang reaksyon, hadlangan ang anumang hakbang na pumipigil sa kaunlaran, purihin at pagtibayin ang bawat kaisipang liberal, ipagtanggol ang mga progresibong kilusan. Sa maikling salita, maging tagapagpalaganap, higit sa lahat, ng mga kaisipang demokratiko upang ang mga ito’y manaig dito at sa lahat ng bansa... Layunin, samakatuwid, ng *La solidaridad* na lumikom at magtala ng mga ideyang nakapagpapalaya na sa araw-araw ay matatagpuan sa larangan ng pulitika, agham, sining, literatura, kalakalan, pagsasaka, at industriya... Itataguyod ng *La solidaridad* ang makatarungan at lehitimong hangarin ng mga lalawigang Kastila sa kabila ng karagatan, ihahayag ang kanilang pangangailangan, at ilalantad ang kanilang mga suliraning humihingi ng lunas ... Hinggil sa Pilipinas, yamang nangangailangan ang mga pulong iyon ng lubusang proteksyon, sapagkat walang representasyon sa *Cortés*, bibigyan namin siya ng

katangi-tanging pagtingin, at sa ganitong paraa'y magagampanan namin ang tungkuling patriotiko tungo sa pagtatanggol ng simulaing demokratiko sa Kapuluan... Ang lalawigang iyon na pinaninirahan ng walong (8) milyong katao'y di dapat at di kailanmang mananatiling lupaing-sakop ng teokrasya't tradisyonalismo.²⁵

Di madaling asahan si Jaena sapagkat iniwan din niya ang tungkulin sa *La solidaridad*. Sa kanyang liham kay Miguel Morayta Sagrario, isang kilalang mason na pinuno ng *Liga anticlerical* at propesor ng Kasaysayan sa *Universidad Central de Madrid*, na may petsang ika-2 ng Hulyo 1889 binanggit niya ang balak na pumunta sa Amerika bagamat di ito natuloy dahil sa kakulangan ng pondo at sa kanyang aktibong pakikisangkot sa mga gawaing pulitikal ng Republikanong *Progresistas* sa Barcelona. Ang isa sa mga pinuno nito'y si Juan Sol y Ortega na naging tagatangkilik ni Jaena. Di rin natuloy ang kanyang planong tumulak papuntang Cuba nang bawiin ni Manuel Becerra ng *Ministerio de Ultramar* ang pahintulot na makapasok sa naturang kolonya ng Espanya sa Karibe. Subalit itinuloy naman niya mula rito ang aktibong pakikisangkot sa mga samahang republikano sa Barcelona pati na ang pagsusulat sa mga pahayagan nito tulad ng *La publicidad* kung saan nagsulat din ng isa o dalawang artikulo si Rizal, at *El látigo nacional* na nanindigan sa paniniwala na ang kalooba't kagustuhan ng tao'y mas makapangyayari kaysa sandaang paniniil. Kahiman di pinagtuunan ng kaukulang pansin ang mga pangyayari sa Pilipinas, nangako ang pamatnugutan na palalaganapin nito ang mga programang republikano sa mga kolonya kasama na ang kaunlaran at mga karapatang akma sa marangal na pagkamamamayan sa loob ng *patria* o ng imperyong Espanyol.

Maidaragdag na noon pa mang una'y nakipag-ugnay na si Jaena (kasama ang iba pang Pilipinong sina Pedro Govantes y Azcárraga at Tomás del Rosario) sa mga peryodistang Kastila tulad ni Jesús Pando y Valle, patnugot ng *Los dos mundos* kung saan tinuligsa niya ang depektibong sistema ng pagbubuwis, *polos y servicios*, at *caciquismo*. Sa isang artikulong lumabas noong 28 Enero 1885, ipinagtanggol naman ni Jaena sina Govantes at Eduardo de Lete na naglalathala noon sa makarepublikang *El globo* (Madrid) ng mga artikulong pumapaksa sa kahinaan ng pamahalaan at simbahan sa Pilipinas. Kasama si Rizal, nagsulat din si Jaena sa radikal na republikanong diyaryo na tinawag na *El progreso*. Kinalaban din niya ang konserbatismo ng patnugutan ng *La época* at *La correspondencia de España* sa pahayagang *El porvenir* ni Manuel Ruiz Zorrilla, isang progresistang republikano.

Noong Hunyo 1891, sa pagtataguyod ng *Comité de propaganda* (naging *Hermanidad de San Patricio* sa Maynila na pinamumunuan ni Pedro Serrano Laktaw ng Malolos, Bulakan, gumamit si Jaena ng balatkayong ngalan o alyas na Diego Lauña at palihim na lumagi sa Maynila sa loob ng apat na araw. Sa pagkatakot na mahuli, tumakas siya – nakabalatkayong marinero – patungong Barcelona kung saa'y ipinarating niya kay Rizal ang panukala ni Basilio Teodoro, taga-Malolos na

nakipagtulungan kay M.H. del Pilar sa publikasyon ng *Diariong Tagalog*, na ipagpatuloy ang paglalakbay sa Europa't Amerika para masabaybayan ang saloobin at pananaw ng iba't ibang bansang kanluranin hinggil sa mga kaganapan sa Pilipinas.²⁶ Gayunpaman, sa pagwawakas ng Oktubre 1891, inumpisahan na niyang ibuhos ang kanyang sama ng loob kina M.H. del Pilar at Mariano Ponce na tinawag niyang *patrioters* o eksaheradong patriotas na ayon sa kanya'y kinasangkapan lamang ang *patriotismo* para sa pansariling kapakanan.²⁷ Mula rito'y unti-unti siyang humiwalay sa kanyang mga kasamahan upang ituon na lamang ang panahon sa ambisyong mahalal na representante sa *Cortés* – sa tulong din ng mga Pilipino't maka-republikang Espanyol sa Barcelona – na siyang naging tugatog ng kanyang hangarin. Si Jaena'y naging tahas sa kanyang pagsasalita tungkol dito:

... Walang alinlangang personal na kapakinabangan lamang ang nagtulak sa akin upang maghangad na maging representante sa *Cortés*, wala nang iba pa. Kung magkatotoo, hindi ko maaaring ipaglaban pa ang pagtatamo ng kalayaan at karapatan para sa mga Pilipino. Kailangang makamit ng Pilipinas ang mga ito pati na ang inde-pendensya sa pamamagitan ng dugo... Kung gusto ko mang maging representante, ang aking pakay lamang ay masabi nang may pagmamalaki na ang isang Pilipino'y nahalal mismo ng mga Kastila sa isang distritong Espanyol.²⁸

Hindi natuloy gayunpaman ang ibinunsod na kandidatura. Hindi na rin siya nakabalik sa Jaro, Iloilo. Noong ika-20 ng Enero 1896, namatay si Jaena sa tuberkulosis, sa Barcelona kung saan nalathala noong 1891 ang *Discursos y artículos varios* na naglalaman ng kanyang mga talumpati't artikulo. Si Heneral José Alejandrino, Kapampangan na nag-aral ng inhinyerya kimika at industriyal sa Ghent, Belhika, at nagsulat rin sa *La solidaridad*, ay naglaan ng ilang pahina kay Graciano López Jaena, orador/mananalumpati ng Kilusang Propaganda, sa kanyang librong *La senda del sacrificio*.²⁹

Itinuring na pinakamabisang propagandista, si Marcelo H. del Pilar ay ipinanganak sa Bulakan, Bulakan noong ika-30 ng Agosto 1850, ngunit binawian rin ng buhay sa Barcelona noong ika-4 ng Hulyo 1896. Bukod sa *nom de plume* na "Plaridel," gumamit siya ng mga sagisag-panulat na "Dolores Manapat" at "Piping Dilat." Sa panig ng mga Pilipinong ilustrado sa Espanya, praktikal at kapaki-pakinabang ang paggamit ng sagisag-panulat³⁰ upang protektahan ang kani-kanilang pamilya't kamag-anak sa Pilipinas mula sa paghihiganti na posibleng ilunsad ng maykapangyarihan na naging paksa ng puntirya't tuligsa ng mga propagandistang nagsulat sa *La solidaridad*.

Bago pa man tumungo sa Espanya noong Oktubre 1888 para takasan ang persekusyon, nakilala na si M.H. del Pilar bilang pangunahing lider ng Kilusang Propaganda sa Pilipinas. Itinatag niya kasama ni Basilio Teodoro y Moran ang bilinggwal (Tagalog-Kastila) na *Diariong Tagalog* noong 1882 na pinaglathalaan

ng artikulong “El Amor Patrio” (“Ang Patriotismo”) ni Rizal na isinalin ni del Pilar sa Tagalog. Noong 1870, nang estudyante pa ng batas (tinapos niya noong 1880) sa Unibersidad ng Santo Tomas, nakipag-away siya sa *cura parroco* ng San Miguel, Maynila dahil sa napakamahal na bayad sa pagbibinyag na sinisingil ng prayleng Kastila. Ito marahil ang isa sa pinakaunang personal na engkwentro niya sa praylokrasya’t kapangyarihang kolonyal na nagsagawa ng deportasyon/pagkatapon ng kanyang nakatatandang kapatid, ang sekular na paring Toribio H. del Pilar,³¹ sa Guam bunga ng pagkakadawit sa kanya sa pag-aalsa sa Kabite noong 1872. Tinuligsa’t binatikos ni Plaridel ang kapangyarihang monastiko, na nakapipinsala’t talagang perhuwisyo sa maayos na pamamahala, sa mga akdang lumabas sa anyo ng tula (“Pasiong Dapat Ipag-alab ng Puso ng Taong Baba Sa Kalupitan ng Fraile,” “Dupluhan,” “Sagot nang España sa Hibik ng Filipinas”), parodya (“Dasalan at Toksohan,” “Caiigat Cayo”), manifesto at pamphlet (“*Viva España, Viva el Rey, Viva el ejército, ¡Fuera los frailes!*” at “*Manifiesto que a la noble nación española dirigen los leales filipinos...* ”).

Noong 1885, hinimok ni del Pilar ang *cabezas de barangay* ng Malolos na labanan ang kautusang nagbibigay ng kapangyarihan sa mga prayle na baguhin ang listahan ng mga nagbabayad ng buwis. Taong 1887 naman nang mapasang-ayon niya ang *gobernadorcillo* ng Malolos na tuligsain si Padre Felipe García sapagkat nilabag nito ang direktiba ng pamahalaan na nagbabawal sa pagtatambad ng mga bangkay sa simbahan.³² Sa taong ding iyo’y pumanig siya sa mga taga-Binondo laban sa kanilang kura na nagtakda ng matataas na puwesto sa simbahan sa mestiso na labis-labis na nakasama sa katutubo na ang kaunlara’y parati na lamang sinusugpo’t hinahadlangan ng pulitika ng diskriminasyon at katiwalian. Kasama sina Doroteo Cortes at Jose Ramos, naging aktibo si del Pilar sa paglulunsad ng demonstrasyon ng Marso Uno (1888) na nilahukan ng humigit kumulang sa 800 kataong sabay-sabay na hiningi ang pagpapalayas sa mga prayle pati na ang pagpapataalsik sa kanilang arsobispo.

Sa Barcelona, inilathala naman ng *Imprenta Ibérica de Francisco Fossas* ang dalawang mapanuring sanaysay ni “Mh. Pláridel,” ang *La soberanía monacal en Filipinas* (1888) at *La frailocracia filipina* (1889) na naglalaman ng nakakukumbinsing paliwanag hinggil sa dimensyong pang-ekonomiya, pampulitika at pangrelihiyon ng institusyunal na pamamayani ng simbaha’t kumbento na nagmistulang mga korporasyong komersyal. Walang patid itong nagaganap sa kolonyal na lipunang patuloy na pinahihirapan ng sobra-sobrang buwis, ng kung anu-ano pang gastos, at gratis na pagsisilbi ng kombertido/ napasampalataya ng misyonero’t prayle na sa bandang huli’y yumama’t nagkalupa sa kapinsalaan ng mga Pilipino. Hinggil sa *tributos* at *impuestos*, sinabi ni del Pilar³³ na nagbabayad ang Pilipino ng direktang buwis na binubuo ng sedula personal, buwis panglunsod, panglalawiga’t pangmunisipyo, at ng indirekta na ipinapataw sa mga palengke’t pamilihan, sasakyan, kabayo, selyo’t rekargo, pagkatay ng baka, buwis sa paggamit ng ilog, at iba pa. Bukod sa direktang buwis, pinairal din ang buwis sa

pagdaraos ng mga kapistahang pangrelihiyon. Ipinagdiriwang nang buong rangya ang kaarawan ng pintakasing patron at kinokolekta ang napakalaking halaga para sa nobena, misa, sermon, prusisyon, musika, banda, manganganta, sakristan, tagatugtog ng kampana, kurtina, altar, kandelabrang pilak, aranya, kandila, at iba pa. Sa panahon ng selebrasyon, ang taumbaya'y kailangang gumasta nang labis-labis habang inuubos ang kanyang naimpok sa mga paputok. Maidaragdag sa listahan ang ibinabayad ng mga mapanata't deboto para sa rosaryo, eskapularyo't mga mapaghimalang bagay, na napupunta lamang sa bulsa ng "mataba't buteteng prayle." Kung gayon ay nag-aambag lamang ang mga Pilipino ng libu-libong piso sa pondong salapi o ingatang-yamang monastiko. At kung hinagupit ni Hesukristo ang mga mangangalakal sa templo, sa lupain ng himala, banggit ni del Pilar, ang hinahagupit ay iyong umaayaw bumili ng paninda ng templo.

Bilang editor ng *La solidaridad*, isang mabigat na katungkulang di ganap na natugunan ni Jaena kaya inilipat sa kanya noong Disyembre 1889, inulit ni del Pilar ang kahilingan ng mga Pilipinong ilustrado na pamahalaan nang mabuti ang *islas filipinas* habang isinusulong ang programa ng hispanisasyo't asimilasyon ng kolonyang ito sa karagatang Pasipiko. Isinama sa mga prinsipal na kahilingan ang pagpapataksik sa mga prayle at ang sekularisasyon ng mga parokya, mas malawak na karapatan at kalayaang panlipuna't pulitikal, aktibong partisipasyon sa mga gawain ng pamahalaan, at representasyon sa *Cortés* ng Espanya.

Katulad ng iba pang ilustradong namalagi sa Espanya, aktibong nakilahok si del Pilar sa masoneria at sa mga balangay/lohiya masonika³⁴ na di naglao'y umunlad bilang lunduyan o sentro ng kaisipang liberal na nakipag-ugnayan kundi man nakipagtulungan sa mga kilusang progresibo at anti-klerikal, mga lohinyang masonika na sa pangala't pangalan pa lamang ay mahihinuhang kontra at salungat sa reaksyonaryong patakara't pamamalakad ng matatanda't lumang rehimen. Ilan sa mga ito ang *Hijos del progreso* ni Miguel Morayta, *Solidaridad* na ang dalawa sa naging pundador ay Pilipino (Rafael del Pan at Ricardo Ayllón), at *Revolución* kung saan nakahihigit sa bilang ang mga Pilipino. Lumalabas na naisagawa ang pagkakatatag (sa Barcelona) ng lohiya ng *Revolución* sa pagpapasimuno ni Celso Mir Deas, dating opisyal ng Hukbong Espanyol sa Pilipinas na nakapag-asawa ng Pilipina. Bukod sa kanya na naging patnugot ng *El pueblo soberano*, pahayagang republikano sa Barcelona, maibibilang sa mga orihinal na kasapi ng *Revolución* sina Graciano Lopez Jaena, M.H. del Pilar, Mariano Ponce, José Ma. Panganiban, at dalawang Kubano – Justo Argudin at Juan José Cañarte na naging miyembro ng lohinyang *Solidaridad* noong 1886. Nakipagtulungan din si Cañarte sa pahayagang *La solidaridad*. Noong 1889 napabilang sa mga bagong kasapi ng *Revolución* sina Santiago Icasiano, Ariston Bautista, Galicano Apacible, Damaso Ponce, Ramon Imperial, Agustin Blanco, Domingo Marcelo Cortés, at Teodoro Sandiko. Naging mahalaga kina Ponce at Del Pilar ang masoneria na sa kanilang pagtingin ay magagamit bilang kasangkapang pulitikal na makatutulong nang malaki sa pagwasak sa praylokrasya't kapangyarihang monastiko sa Pilipinas pati na rin sa

kampanya laban sa sensura, deportasyon at kawalan ng kinatawang Pilipino sa *Cortés*.

Para kay Mariano Ponce, edukasyon ang pinakahaliging hangarin ng masoneria. Itinatag ito para magsilbing paaralan na ang layunin ay ituro ang kahalagahan ng kooperatiba't kolektibo o sama-samang pagkilos, gayundin ng pamumuhay sa isang asosasyon, sa loob ng kapatiran kung saan maipapahayag ang magkakatulad na adhikain na importante sa pagsasakatuparan ng pagkakaisa. Kailangang maihanda nito ang kaisipan ng Pilipino nang sa gayo'y matanggap niya ang mga ideyang anti-klerikal, nasyonalista at progresista na isinusulong ng Kilusang Propaganda. Para kay del Pilar, kailangan namang gawing mas partikular ang tunguhin o direksyon ng masoneria. Pag-aaralan nito ang mga problema na nauukol sa organisasyong pang-ekonomiya, pampulitika't militar ng bansa, habang pinagtutuunan nang sapat na atensyon ang isasagawang hakbang tungo sa pagpapaulad ng mga bagong gobyerno munisipal. Mga "tangke ng kaisipan," wika nga, ang mga lohiya masonika na siyang maghahanap ng positibo't kongkretong solusyon na puwedeng maisakatuparan sa praktika. Pagtutuunan din ng pansin ang mga napapanahong reporma na itinuturing na napakaimportante sa pagpapabuti ng pang-kalahatang kalagayan ng bansa. Tungo rito'y kailangan, ani del Pilar, ang paglalahad ng mga ideyang nagmumula sa iba't ibang sektor ng lipunan, mga ideyang maaaring padaluyin sa mga kumperensya na lalahukan ng mga dalubhasa't eksperto sa kani-kanilang larangan: komersyante hinggil sa komersyo, magsasaka hinggil sa pagsasaka, sundalo hinggil sa usaping militar, at iba pa. Sa pamamagitan nito — sa anyo ng sari-saring pag-aaral — magiging kapakipakinabang ang masoneria bilang instrumento ng propaganda. Gayunpaman, hindi ito maaring magsilbing kasangkapan ng anumang kilusang rebolusyonaryo/separatista na sa katunaya'y mangangailangan pa ng isang natatangi o naiibang organismo.

Kakaiba naman ang pananaw ni Rizal sa masoneria. Ayaw niyang ipaubaya kaninuman ang pagkakamit ng katiwasayan at kapanatagan ng Pilipinas kundi sa mga puwersang nagmumula mismo sa bansa. Ngunit hindi nasiraan ng loob si del Pilar na sa huli'y nagdesisyong lumipat sa Madrid kung saan ay muli niyang binuhay noong ika-10 ng Disyembre 1889 ang lohियang *Solidaridad* na kanyang pinamunuan ngunit nilahukan din nina Rizal at Pedro Serrano Laktaw simula Disyembre 1890. Sa pamamatnubay ni del Pilar, ang mithiing masoniko na nasasalig sa repormismo't pagbubuo ng pamahalaang demokratiko sa Pilipinas ay masigasig na isinulong sa pamamagitan ng panawaga't petisyon na nilagdaan ng ilang libong katao at iniharap sa *Córtes* noong 1895. Sinikap din ni del Pilar na palaganapin ang masoneria sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga itatayong sangay — katulad ni "Nilad" at "Balagtas" nina Pedro Serrano Laktaw, Moises Salvador, Timoteo Paez, at Jose Ramos — na patuloy na makikipag-ugnay sa lohiya masonika ng mga ilustrado sa Espanya. Itinatag din ang lohiya "Walana" sa Maynila noong ika-18 ng Hulyo 1893. Umanib sa lohiya masonikang ito sina Marina Dizon, Rosario

Villaruel, Romualda Lanuza, Sixta Fajardo, Valeriana Legazpi, Purificación Leyva, Trinidad Rizal, at Josefa Rizal na sa huli'y naging pangulo rin ng sangay ng kababaihan ng Katipunan.

Hindi naging madali ang pagsasakatuparan ng pagkakaisang pinangarap nina del Pilar, Ponce at Rizal sapagkat may pagkakataong nagmistulang marupok na babasagin ang pagkakasundo ng mga Pilipino sa Espanya. Halimbawa'y naging isang malaking disbentaha sa kanilang "komunidad" o "kolonya" ang nangyaring hidwaan sa pagitan nina del Pilar at Rizal na sa huli'y humantong sa pagkakahati nila sa dalawang kampo — Pilaristas laban sa Rizalistas. Maiuugnay marahil ang namuong alitan sa negatibong pagtatasa ni Rizal sa mga estudyanteng Pilipino na noon pa mang una'y nagbigay na sa kanya ng sama ng loob. Nasaktan siya sa hindi nila pagbibigay ng kaukulang panahon sa kanilang pag-aaral maging sa kampanyang nasyonalista na pinangungunahan ng patnugutan ng *La solidaridad*. Sa katunaya'y mas abala sila sa moda, huwego't sugal at patuloy nilang hinanap ang kasiyahan sa pambababae. Taglay halimbawa ni Ariston Bautista Lim ang pinakamabisang anting-anting na panlaban sa pagtanggap ng isang binibini.³⁵ Nanguna naman sa pagiging palikero ang isang nangangalang Zacarias Robles.³⁶ Hindi nagkulang si Rizal sa mga paalala't pangaral kundi man sermon sa mga Pilipinong naninirahan sa Barcelona at Madrid sapagkat inakala niya, sa pamamagitan ng kanyang halimbawa bilang "huwarang ilustrado," na makapagbigay siya ng moral at pang-intelektwal na pamumuno na tinangka niyang isakatuparan sa pamamagitan ng pagbubuo ng *Indios Bravos*.

Ngunit noong bisperas ng bagong taon, sa piging ng ika-31 ng Disyembre 1890, sa biglang malas ay waring naging mapagmataas na tao si Rizal nang tanggihan niya ang panlilibre ng *champagne*, at nang sundan pa ito ng mga punang nakasasakit patungkol sa kawalan ng sigasig sa pag-aaral ng mga Pilipino. Kinabukasan, iminungkahi ng mga Pilipino na pagkaisahin ang "kolonya" sa ilalim ng isang halal na pangulo, Rizal o del Pilar. Nanalo si Rizal na mabigat na noon ang hinanakit kay del Pilar dahil sa diumano'y pagtatangka ng mga tagapagtaguyod nito na siya'y itakwil at pabagsakin sa poder bilang lehitimong lider (sa sapantaha ni Rizal) ng "komunidad" na Pilipino sa Espanya. Sa bandang huli'y kailangan din itong pamunuan ni del Pilar nang magbitiw ang kanyang "kalaban" at tuluyang lisanin nito ang Madrid patungong Hong Kong at sa huli'y Pilipinas. Tinutulan niya ang lahat ng pagpupunyagi sa panig ni del Pilar at ng kanyang kaibigang si Ferdinand Blumentritt na muli siyang magsulat sa *La solidaridad*, sapagkat ayaw na raw niyang mag-aksaya ng panahon sa isang proyektong wala nang kabuluhan pa sa anumang pagsisikap na lunasan ang kanser na sumisira sa lipunang Pilipino na kanyang inilarawa't sinuri nang malaliman sa *Noli me tangere* (Berlin, Alemanya, 1887) at lalo pang pinatalas sa karugtong na nobelang *El filibusterismo* (Ghent, Belhika, 1891). Kailangan ilapit, ani Rizal,³⁷ ang lunas o medisina sa pasyente o may sakit. Wala sa Madrid ang lunas gaya ng nais ipahiwatig ng *La solidaridad*

kundi sa sariling bansa, ang tunay na pook ng labanan. Sa kabila ng lahat, umasa pa rin si del Pilar sa pakikipagtulungan ni Rizal na dahil sa hinubog sa mga aklata'y³⁸ nagmistulang salat ang pang-unawa sa pagkakaiba ng gawi't temperamento ng tao. Para kay del Pilar, mas importante ang pagkakaisa't pagkakasundo na nakabase sa pagkakapareho't pagkakaugnay ng damdamin at mithiin. Dalawang bagay na kapwa nakatuon sa pagkapawi sa Pilipinas ng lahat ng balakid sa kalayaan, at sa napapanahong sandali'y ang pag-aalis din sa bandila ng Espanya.³⁹

Magugunita na si del Pilar din ang nagmungkahi kay Rizal na sumulat ng isang liham sa Tagalog para *Sa Mga Kababayang Dalaga sa Malolos* (22 Pebrero 1889),⁴⁰ kung saan binigyang-diin ng may-akda ang napakahalagang papel na ginagampanan ng kababaihan sa pagpapaunlad ng bansa, lipunan, at pamilya. Sa kabila ng pagkontra't pagtutol sa panig ng praylokrasya, naging kahanga-hanga ang ginawang hakbang ng kababaihan ng Malolos nang kanilang ipaglaban ang karapatan sa edukasyon. At ito'y sa pamamagitan muna ng pag-aaral ng Kastila, kolonyal na wika na posibleng maging daan sa kaalaman at kabatiran hinggil sa mga kontemporaryong kaganapan na mababasa sa mga ipinupuslit na literatura ng Kilusang Propaganda na ang pagpapalaganap ay mahigpit na ipinagbabawal ng *Comisión permanente de censura*. Magkagayunpaman, hindi pa rin napigilan ang pagkalat ng "subersibong" babasahin at noong 1892, nakumpiska ng konstabularyo ang ilang kopya ng *Fili* sa magkapanabay na pagsalakay sa mga bahay sa Bulakan, Pampanga at Tarlak⁴¹ na binisita kamakailan lamang ni gobernador Eulogio Despujol.

Abala sa pananaliksik sa London, kung saan kinatha ang napabantog na liham, naging okupado si Rizal,⁴² bilang pantas at paham, sa pagdedetalye ng kanyang paliwanag/anutasyon sa krónikang *Sucesos de las islas filipinas* (Mehiko, 1609)⁴³ ni Antonio de Morga, doktor sa batas kanoniko't sibil. Binalak ni Rizal na ipuslit ang aklat sa tulong ni José María Basa mula Hong Kong patungong Maynila sa pamamagitan ni Manuel Arias Rodríguez, Kastilang mason na may-ari ng *Agencia editorial*. Ang akda'y may paunang salita ng "Pilipinohistang" si Blumentritt,⁴⁴ "*El historiador de Filipinas*,"⁴⁵ iskolar mula Austria na naging kapanalig at matalik na kaibigan ni Rizal. Isinagawa nitong huli ang pananaliksik simula 1888 sa aklatan ng Museo Britaniko upang tuklasin doon ang mahahalagang batis pangkasaysayan na mabisang magagamit bilang sandata ng nasyonalistikong diskurso laban sa buntong ng insulto at upasalang ikinalat nina Francisco Gaínza, OP, Vicente Barrantes, Pablo Feced y Temprano alyas "Quioquiap", Miguel Lucio Bustamante, Casimiro Herrero, Gaspar de San Agustín, Francisco Cañamaque at iba pang anti-Pilipinong manunulat na Espanyol na ang istrukturang mental ay pawang naaalinsunod sa palasak na ideolohiya ng rasismo noong dantaon 19.

Halimbawa'y ipinangalandakan ni Francisco Gaínza, OP, itinalagang obispo ng diyosesis ng Nueva Caceres noong 1863, na ang kultura't kabihasan ng *naturales* ng Kabikolan ay utang nila sa mga misyonerong Espanyol na nag-angat sa

kanila mula sa hamak na sitwasyong materyal at moral. Dahil dito'y hindi na sila nabubuhay sa kaimbihan o kawalang-dangal, na kaiba sa kanilang mga taong-gubat na ninunong nagtiis sa kalagayang di-sibilisado na sa napakatagal na panaho'y sinalaula't pinalala ng kamangmangan, pagsamba sa anito, malulupit na pagsa-sakripisyong kinailangan ng pagdanak ng dugo, mga isinumpang sayaw, malingay at mahahalay na pagdiriwang.⁴⁶ Si *Padre Cura* Gaspar de San Agustin naman ang nagsabing kalahati lamang ang kaluluwa ng Pilipino na diumano'y inapo ng tsonngo.⁴⁷ Awtor ng *Recuerdos de Filipinas: Cosas, casos y usos de aquellas islas* (Madrid, 1877), si Cañamaque ang nagtampok sa di na marere-medyuhan pang *indolencia del indioindigena* ("katamaran ng Katutubo") bilang pangunahing katangian ng katutubo na kanyang tinuya't nilibak nang gayon na lamang. Radikal ang naging reaksiyon dito ni Rizal sa kanyang anotasyon kay Morga, at sa dalawang mahahabang sanaysay na nalathala sa *La solidaridad, Filipinas dentro de cien años* (1889) at *Sobre la indolencia de los filipinos* (1890). Sa una, ipinagunita niya sa bansang-manakop na ang mga katutubo'y may sariling pamahalaan, relihiyon, mga batas, kaugalian, gawi, paraan ng pagsulat, panulaa't awit na unti-unting "mawawala" sa pagsisimula ng "bagong panahon" (ng sindak at kagulumihanan) nang mapasailalim ang Pilipinas sa Korona ng Espanya. Sa ikalawa, ipinamukha naman ni Rizal sa mga mapang-aglahing Kastila na sila sa katunayan ang batugan at matigas ang katawan sapagkat "paano ba sila namumuhay sa mga lupaing maiinit?" Sagot: "Naliligid sila ng maraming katulong, di naglalakad kailanman bagkus ay parating nasa sasakyan, at kinakailangan nila ang mga utusan, di lamang para tanggalin ang kanilang mga bota o sapatos kundi hanggang sa pagpapaypay! ... nabubuhay at kumakain sila nang lalong sagana, gumagawa para sa kanilang sarili lamang, upang magpayaman, taglay ang pag-asa sa isang kinabukasan, malalaya't iginagalang, samantalang ang abang nasasakupan, ang tamad na sakop, ay hindi mabuti ang kinakain, walang inaasahan, nagtatrabaho para sa iba, at pinupuwersang magtrabaho't ginagahasa pa!"⁴⁸ At kung may katamaran mang matatawag sa panig ng katutubo'y resulta o epekto na lamang ito ng di maunlad na uri ng pamumuhay ng pangkariwang tao. Lalo pa itong pinasasama ng mapaniil na pamamalakad ng mga nakapangyayaring uri na ang pinanghahawakang kapangyarihang pulitikal at pang-ekonomiya, na nakabatay sa pag-aari ng asyenda't malalawak na lupaing agrikultural, ay karaniwan nang ginagamit bilang kasangkapan ng pagsasamantala.

Humantong ang lahat ng pagpupunyagi ni Rizal na palalimin at paunlarin ang kaalaman hinggil sa kasaysayan at kabihasnang Pilipino, kasama na ang pagkakaugnay nito sa Mundong Malayo-Polinesyano, sa pagkakatatag ng *Association Internationale des Philippinistes*⁴⁹ ("Pandaigdigang Samahan ng mga Pilipinolohista"), sa Paris noong taong 1889, na bubuuin ng mga iskolar mula sa iba't ibang bansa na interesado sa Pilipinas bilang larangan ng kadalubhasaan. Pangunahing layunin ng samahan ang pag-aaral hinggil sa Pilipinas mula sa siyentipiko't historikal na pananaw. Alinsunod dito'y magdaraos ng pana-panahong

kumperensiya't panayam, mga paligsahang pampubliko hinggil sa mga paksang nauukol sa Kapuluan, at pagsisikapan din ang pagtatayo ng isang museo't aklatang ang lalamnin ay nakatuon lahat sa Pilipinas.

Binalak ni Rizal na tumawag ng isang kapulungang internasyonal noong Agosto 1889, kaalinsabay ng eksposisyon sa Paris, kung saan pag-uusapan ng mga kilalang pantas at paham ang mga sumusunod na paksa: (1) panahong pre-hispaniko (Bago 1521), (2) mula sa pagkakatuklas hanggang sa pagkawala ng kasarinlang Pilipino (1521-1808), (3) mula sa pagkawala ng kasarinlan hanggang sa Pag-aalsa sa Kabite (1808-1872), at (4) linggwistika (Tagalog, Bisaya, Iloko, Ibanag, Kapampangan, Pangasinan, atbp.).

Binuo ang pamunuan ng asosasyon nina Ferdinand Blumentritt (pangulo), Edmund Plauchut (Pranses, pangalawang pangulo), Antonio Regidor at Reinhold Rost (Ingles na ipinanganak sa Alemanya) bilang mga tagapayo, at Rizal (Kalihim). Sa pamamagitan ni Blumentritt, nakilala rin ni Rizal sina Adolf B. Meyer (Direktor ng Museo Etnograpiko ng Dresden), Rudolf Virchow (antropologo na aktibo sa kilusang liberal sa Alemanya), Feodor Jagor (nasa Pilipinas, 1859-1860, at awtor ng *Reisen in den Philippinen*, 1873), at Wilhelm Joest (dalubhasa sa etnograpiya). Naging miyembro rin si Rizal ng *Gesellschaft für Anthropologie, Ethnologie und Urgeschichte*, sa tulong ni Virchow, presidente ng samahan, at noong Abril 1887, nagbasa naman siya ng papel sa harap ng kasapian nito, hinggil sa sining ng pagtula sa Tagalog. Nakapaglathala rin siya, sa tulong naman ni Rost, ng mga artikulong pumapaksa sa kaalaman/ panitikang-bayan (*folklore*) ng Katagalugan sa *Trübner's Record*, larangang kinagiliwan din ni Hendrik Kern, propesor ng Sanskrit at Javanese sa Unibersidad ng Leiden (Olanda) at dalubhasa sa mga wikang Malayo-Polinesyano. Si Kern ay ipinanganak sa Java noong 1883, at namatay sa Utrecht noong 1917 sa gulang na 84.⁵⁰ Napag-aralan niya nang masinsinan ang wikang Tagalog at nagbasa siya ng papel hinggil sa gamit nito sa panitikang-bayan sa isang pandaigdigang kumperensiya ng mga oryentalista na ginanap sa Stockholm, Sweden.⁵¹ Narinig na ni Rizal ang pangalan ni Kern mula kay Blumentritt ngunit hindi sigurado kung personal silang nagkatagpo.

Hindi natuloy ang kapulungang internasyonal sapagkat nilimita ng pamahalaang Pranses ang bilang ng mga idinaraos na kumperensiya kaugnay ng eksposisyon sa Paris noong 1889. Hindi nagtagal ang *Association* sapagkat naging mas abala si Rizal sa kanyang ginagawang anotasyon kay Morga. Hindi rin dumating ang tulong pinansyal mula sa Pilipinas, na inaasahan ni Rizal noon pang Abril 1890, dahil lubhang nasangkot ang pamilya niya sa hidwaang agraryo sa Kalamba na nagresulta sa pagpapalayas sa kanila sa asyendang propyedad ng ordeng Dominikano.

Bumalik si Rizal sa Pilipinas upang itatag ang repormistang *La liga filipina*, sa Tundo noong ika-3 ng Hulyo 1892. Kasunod ang mga layunin⁵² ng bagong samahan na inilatag sa konstitusyong inihanda ni Rizal sa Hong Kong: (1) pagbuklurin ang buong Kapuluan sa iisang matibay, matatag, at magkakauring

pangkat ng mga mamamayan, (2) pagtutulungan sa lahat ng pangangailangan, (3) pagtatanggol laban sa lahat ng uri ng karahasan, (4) pagpapasigla sa edukasyon, agrikultura, at komersyo, at (5) pag-aaral at pagsasakatuparan sa mga balak na reporma. Panandalian lamang ang buhay ng *Liga*, kapisanang itinuring na subersibo ng mga may kapangyarihan. Noong ika-7 ng Hulyo 1892, ipinadakip si Rizal at ipinatapon sa Dapitan, Zamboanga sa hilagang kanlurang Mindanaw kung saan ay lumagi siya nang apat na taon.

Taong 1896 nang masentensiyahan si Jose Rizal ng kamatayan sa pamamagitan ng *fuseria* sa salang rebelyon, sedisyon, at pagtatatag ng isang ilegal na kapisanan. Ayon ito sa hukumang militar na naglitis sa kanya. Binaril siya sa Bagumbayan (ngayo'y Luneta) noong ika-30 ng Disyembre 1896 dahil sa kanyang pagiging *écrivain engagé* (manunulat na nakisangkot), at mga ideyang pulitikal na matatagpuan sa kanyang produksyong pampanitikan na isang pagsisiwalat o pagbubunyag ng mga katiwalian at kabulukan sa pamahalaan. Ngunit bago maganap ang *fuseria*'y kinatha muna ni Rizal ang *Mi ultimo adios*⁵³ tulang nakasulat sa Kastila, tekstong nagpapatunay lamang na ang pag-uwi niya sa Pilipinas ay pagbabalik lamang na pisikal o ng panlabas na kaanyuan. Sapagkat lumalabas na ang kanyang loob, diwa't kaluluwa na pawang nakakabit sa kanluranin/oksidental na ideya ng *patria* (na inulit-ulit pa niya nang limang beses), hindi sa Inang Bayan kundi sa *patria adorada*, sa *querida patria*, sa *patria idolatrada*, ay tila naiwan kundi man nakalimutan sa kanyang *padre* Espanya, na sa loob din naman ng mahaba-habang panaho'y naging angking-*nacion* ng mga Pilipinong ilustrado. Gayunpaman, mukha yatang hindi alintana o wala sa loob ni Rizal na ang batayan ng pagbabalik sa Pilipinas ("Querida Filipinas" sa ika-13 saknong ng *Mi ultimo adios*), ay ang mas pundamental na pagbabalik sa Bayan, at hindi sa *patria* o *nación* ng kanluran.

MGA TALA

1. L. Ma. Guerrero, *The First Filipino: A Biography of Jose Rizal* (Manila: Jose Rizal National Centennial Commission, 1969, p.508, tala blg. 13).
2. Fr. Miguel Lucio Bustamante, *Si Tandang Basio Macunat* (Maynila: Imp. de Amigos del Pais, 1885). Inilathala ang "modernisadong bersyon" ng Aklat Bulawan (Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 1996, 120p).
3. T. Agoncillo, "The Development of the Tagalog Language and Literature," nasa E. San Juan, Jr., *Introduction to Modern Pilipino Literature* (New York: Twayne Publishers, Inc., 1974, p. 13). Basahin din si W. Retana, "Press Cen-

- sorship in the Philippines,” artikulong nalathala sa *Nuestro Tiempo* (Madrid, Nobyembre 1907), salin sa Ingles ni A. Lecaros y del Mundo, nasa *The Philippine Colophon* (Enero-Hunyo, 1965, p.26-52).
4. R. Mojares, *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel Until 1940* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1983, p.110).
 5. Agoncillo, *op.cit.*
 6. Retana, *op.cit.*
 7. Hinggil sa rasismo noong dantaon 19, basahin si Z. Salazar, “Der Malaie als Indio: José Rizal und die Rassendiskriminierung in den kolonialen Philippinen des 19. Jahrhunderts,” nasa Z. Salazar, *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998, p.145-166).
 8. Basahin si Z. Salazar, “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History,” nasa Z. Salazar (pat.), *The Ethnic Dimension: Essays on Philippine Culture, History and Psychology* (Cologne: Counselling Center for Filipinos, 1983, p.107-126).
 9. J. Schumacher, *The Propaganda Movement, 1880-1985* (Manila: Solidaridad Publishing House, 1973, p.213-214).
 10. N. Joaquin, *A Question of Heroes* (Manila: National Book Store, 1981, p.40, 48).
 11. Schumacher, *op. cit.*, p.21.
 12. *Ibid.*, p.204-208. Karamihan ng mga detalyeng nauukol sa mga akda ni Paterno ay mula rito.
 13. G. Sancianco y Goson, *The Progress of the Philippines*, salin sa Ingles ni E. Alzona (Manila: N.H.I., 1975, 184p).
 14. T. A. Agoncillo, *Ang Pilipinas at ang Mga Pilipino: Noon at Ngayon* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co. Inc., 1980, p.147).
 15. *Ibid.*

16. G.L. Jaena, *Speeches, Articles and Letters*, salin sa Ingles ni E. Alzona (Manila: N.H.I., 1974, p.xvi).
17. C. Quirino, *Who's Who in Philippine History* (Manila: Tahanan Books, 1995, p.201).
18. J. Larkin, *The Pampangans: Colonial Society in a Philippine Province* (Quezon City: New Day Publishers, 1993), mga larawan sa pagitan ng p.160 at 161.
19. Quirino, *op.cit.*, p.159-160.
20. E. A. Manuel, *Dictionary of Philippine Biography* (Quezon City: Filipiniana Publications, 1955, Tomo I, p.437-440).
21. G. Zaide, *The Philippine Revolution* (Manila: The Modern Book Company, 1968, p.62).
22. *Ibid.*, p. 203-204.
23. E. Alzona, *Galicano Apacible: Profile of a Filipino Patriot* (The Heirs of Galicano Apacible, 1971).
24. Nasa Jaena, *op.cit.*, p.195-219.
25. *Ibid.*, p.220-222. Agoncillo, *op.cit.*, 150-151.
26. Schumacher, *Propaganda...*, p.244-245.
27. *Ibid.*, p.260.
28. *Ibid.*
29. J. Alejandrino, *The Price of Freedom*, salin sa Ingles ni José M. Alejandrino (Manila: Colcol & Company, 1949).
30. Jose Rizal (Dimasalang/Laon Laan), Antonio Luna (Taga-Ilog), Jose Ma. Panganiban (Jomapa), Dominador Gomez (Ramiro Franco), Mariano Ponce (Kalipulako/Tikbalang). Binanggit ni Zaide, *op.cit.*, p.32.
31. J. Schumacher, *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and The Nationalist Movement, 1850-1903* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1981, p.24.)

32. Zaide, *Philippine Revolution*, p.52.
33. M.H. del Pilar, "Monastic Supremacy in the Philippines," salin sa Ingles ni E. Alzona, nasa T. Agoncillo, *Filipino Nationalism, 1872-1970* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., 1974, p.194-195).
34. Dalawang sanaysay na nauukol sa masoneria ang mababasa sa *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* (Quezon City: Ateneo de Manila Press, 1991) ni J. Schumacher, p.156-177. Nagmula rito ang lahat ng impormasyon hinggil sa masoneria.
35. N. Joaquin, *A Question...*, p.48.
36. *Ibid.*
37. J. Schumacher, *Propaganda Movement...*, p.233.
38. *Ibid.*, p.234.
39. *Ibid.* Mababasa ang mga liham (sa Tagalog at Kastila) ni Del Pilar sa *Epistolario de Marcelo H. del Pilar*, Tomo I (Manila: Imprenta del Gobierno, 1955, 310p.) at Tomo II (Manila: Imprenta del Gobierno, 1958), 208p.
40. Nasa *Mga Akdang Pampulitika at Pangkasaysayan ni Jose Rizal* (Maynila: Pambasang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal, 1961, p.64-73).
41. L. Ma. Guerrero, *The First Filipino...* p.331.
42. Hinggil kay Rizal maaring basahin ang akda ni G. Fischer, *Jose Rizal, 1861-1896: Un aspect du nationalisme moderne* (Paris: Francois Maspero, 1970, 122p).
43. Salin sa Filipino: *Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas* ni Antonio de Morga, inilathala sa Mehiko noong taong 1609 at inihayag sa madla at binigyan ng paliwanag ni José Rizal at sinundan ng pasimulang salita ni Ferdinand Blumentritt (Maynila: Pambasang Komisyon ng mga Bayani, 1964, 371p).
44. Ginawan siya ng isang pag-aaral ni Harry Sichrovsky, *Ferdinand Blumentritt, An Austrian Life for the Philippines: The Story of Jose Rizal's Closest Friend and Companion* (Manila: N.H.I., 1987, 142p).
45. J. Schumacher, *Propaganda Movement...*, p.72, tala blg. 39.

46. *Ibid.*, p.192-193.
47. *Ibid.*, p.64.
48. Nasa J. Rizal, *Mga Akdang Pampulitika...*, p. 264. Pinasukan namin ng ilang pagbabago ang salin sa Filipino.
49. Hinggil dito'y ginamit namin ang mga sumusunod: G. Zaide, *Philippine Revolution*, p.34-35, J. Schumacher, *Propaganda Movement...* p.208-212, at L. Ma. Guerrero, *The First Filipino...*, p.221-222.
50. H. Kern, "*The Philippines in Rizal's Time...*," salin mula sa Olandes ni Antoon Postma, nasa *1898: The Shaping of Philippine History*, Tomo II, Blg. 17 (Oktubre 1998), p.10.
51. Schumacher, *Propaganda Movement ...*, p.211.
52. Nasa Agoncillo, *Ang Pilipinas ...*, p.154.
53. Nasa J.C. de Veyra, "*El último adiós*" de Rizal: *Estudio critico-expositivo en dos partes* (Manila: Bureau of Printing, 1946, p.87-92).

BIBLIOGRAPIYA

Agoncillo, Teodoro

1980 *Ang Pilipinas at ang Mga Pilipino: Noon at Ngayon*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., Inc.

1974 *Filipino Nationalism, 1872-1970*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co.

Alejandrino, Jose

1949 *The Price of Freedom*. Salin sa Ingles ni Jose M. Alejandrino. Manila: M. Colcol & Company.

Alzona, Encarnacion

1971 *Galicano Apacible: Profile of A Filipino Patriot*. The Heirs of Galicano Apacible.

Bustamante, Miguel Lucio

- 1996 "Modernisadong Bersyon" ng *Aklat Bulawan*. Lunsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino.

-
- 1885 *Si Tandang Basio Macunat*. Maynila: Imp. de Amigos del Pais.

Del Pilar, Marcelo

- 1958 *Epistolario de Marcelo H. del Pilar*. Manila: Imprenta del Gobierno. Tomo II.

-
- 1955 *Epistolario de Marcelo H. del Pilar*. Manila: Imprenta del Gobierno. Tomo I.

De Veyra, Jaime

- 1946 "El ultimo adiós" de Rizal: *Estudio Critico-Expositivo en Dos Partes*. Manila: Bureau of Printing.

Fischer, Georges

- 1970 *Jose Rizal, 1861-1896: Un aspect du nationalisme moderne*. Paris: François Maspero.

Guerrero, Leon Ma.

- 1969 *The First Filipino: A Biography of Jose Rizal*. Manila: Jose Rizal National Centennial Commission.

Jaena, Graciano Lopez

- 1974 *Speeches, Articles and Letters*. Salin sa Ingles ni E. Alzona. Manila: National Historical Institute.

Joaquin, Nick

- 1981 *A Question of Heroes*. Manila: National Book Store.

Kern, Hendrik

- 1997 "The Philippines in Rizal's Time." Salin mula sa wikang Olandes ni Antoon Postma, 1898: *The Shaping of Philippine History*, II(17):10-17.

Larkin, John

- 1993 *The Pampangans: Colonial Society in a Philippine Province*. Quezon City: New Day Publishers.

Manuel, E. Arsenio

1970 *Dictionary of Philippine Biography*. Tomo II. Quezon City: Filipiniana Publications.

1955 *Dictionary of Philippine Biography*. Tomo I. Quezon City: Filipiniana Publications.

Mojares, Resil

1982 *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Morga, Antonio de

1964 *Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas... 1609*. Maynila: Pambansang Komisyon ng Mga Bayani.

Quirino, Carlos

1994 *Who's Who in Philippine History*. Manila: Tahanan Books.

Retana, Wenceslao

1965 "Press Censorship in the Philippines," nasa *Nuestro Tiempo* (1907), salin sa Ingles ni Alfonso Lecaros y del Mundo, *The Philippine Colophon*, (Enero-Hunyo):26-52.

Rizal, Jose

1961 *Mga Akdang Pampulitika at Pangkasaysayan*. Maynila: Pambansang Komisyon ng Ikasandaang Taon ni Jose Rizal.

Salazar, Zeus

1998 *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

1983 *The Ethnic Dimension: Essays on Philippine Culture, History and Psychology*. Cologne: Counselling Center for Filipinos.

Sancianco y Goson, Gregorio

1975 *The Progress of the Philippines*. Salin sa Ingles ni E. Alzona. Manila: National Historical Institute.

San Juan, Epifanio

1974 *Introduction to Modern Pilipino Literature*. New York: Twayne Publishers, Inc.

Schumacher, John

1991 *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Quezon City: Ateneo de Manila Press.

1981 *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903*. Quezon City: Ateneo de Manila Press.

1972 *The Propaganda Movement, 1880-1895*. Quezon City: Ateneo de Manila Press.

Sichrovsky, Harry

1987 *Ferdinand Blumentritt, An Austrian Life for the Philippines: The Story of Jose Rizal's Closest Friend and Companion*. Manila: National Historical Institute.

Teodoro, Noel

1998 "Rizal and Kartini," *Public Policy*, April-June, II(2):117-129.

Zaide, Gregorio

1968 *The Philippine Revolution*. Manila: The Modern Book Company.

PROPAGANDISTA AT DEPORTADO: PAGBABALIK-BAYAN, *ca.* 1888-1892¹

FERDINAND C. LLANES

Nagbabalik mandi't parang hinahanap
Dito ang panahong masayang lumipas
Na kung maligo't sa tubig aagap,
Nang hindi abutin ng tabsing ng dagat.²

—*P. Dore kay Rizal, 1889*

Ang pagnanais ng mga ilustrado sa Espanya — bilang mag-aaral, propagandista o kusang deportado—na bumalik sa Pilipinas noong ika-19 na dantaon ay kritikal at mapagpasiyang kabanata hindi lamang ng kanilang pangingibang-bayan kundi ng kanilang buong buhay. Kung ibabatay sa teknikal na kahulugan ng deportasyon,³ maraming ilustradong hindi sapilitang ipinatapon sa Europa. Sarili nilang pagkukusa ang pagkakaparoon—upang magtamo ng edukasyon o kaya'y makibaka para sa pagpapatupad ng reporma sa kolonya—liban sa ilang talagang itinulak ng mga pangyayari na maging deportado.

Ngunit hindi man pagkakatapon ang katayuan ng mga ilustrado, ang pananatili sa Europa ay maitutulad din sa kalagayan ng deportasyon. Napalayo sila sa piling ng kamag-anak at kababayan, nasubsob sa hirap ng pamumuhay sa mga lansangan ng Madrid at Barcelona, at napasubo sa kawalang-katiyakan ng kanilang kinabukasan sa ibang bayan. Una pa rito, ang kanilang kalagayan, tulad ng deportasyon, ay ibinunsod ng mga kagipitang pampulitika sa Pilipinas, kung kaya't

kailangan nilang manatili sa Europa at magtiis ng gutom, sakit at kawalang-katiyakan, hindi malayo sa karanasan ng ibang migranteng Pilipino sa ngayon. Kaya't ang kapasyahang bumalik, ng walang substantibong pakinabang (higit sa lahat, sa inasam na reporma para sa kolonya), maliban sa natamong pansariling edukasyon ng ilan, ay naging proseso ng pagpupuyos ng damdamin, na makabuluhan sa tinakbo ng buhay at tinungo ng kamalayan ng mga propagandista.

May dalawang dimensyon ang pagbabalik-bayan ng mga ilustrado. Ang isang dimensyon ay ang naging tunguhin ng Kilusang Propaganda kaugnay ng mga pangyayari sa Pilipinas noong ika-19 na dantaon tulad ng mga kaganapan sa Kalamba noong 1888 hanggang 1892, na nagsalamin sa kalagayan ng buong bayan. Ang isa pa ay ang pakikipag-ugnayan (at palagiang pag-uulat) sa mga propagandista ng kanilang mga kababayan sa Pilipinas tungkol sa lagay nito, lalo na ng mga deportadong pulitikal sa loob ng kapuluan o yaong tatawagin nating deportadong internal. Kapwa ang Kilusang Propaganda at pakikipag-ugnayan ng mga deportadong internal sa mga propagandista sa Madrid at Barcelona ay nag-iwan ng malalim na tama sa pananatili nitong huli sa Europa.

Magkaugnay ang dalawang penomenong ito. Habang isinusulong ng mga ilustrado ang Kilusang Propaganda sa Espanya, walang-puknat naman ang pandarahas at deportasyon sa loob ng Pilipinas mula Abra hanggang Jolo, na lalong kabaligtaran ng hinihiling at inaasahan nilang reporma mula sa rehimeng Espanyol. Winawalang-saysay ang kabuluhan ng Kilusang Propaganda bilang estratehiya ng pagtatamo ng reporma para sa kolonya ng mga deportasyong pulitikal at iba pang anyo ng paniniil sa kapuluan. Nanlumo ang Kilusang Propaganda hindi lamang dahil sa kawalan ng “pagsagot ng Espanya sa hibik ng Pilipinas” kundi sa pag-ibayo pa nga ng pampulitikang paninikil noong huling kuwarter ng ika-19 na dantaon sa pamamagitan ng mga pag-aresto, pagkulong at deportasyon. Ang pag-iisip at damdamin ng pagbabalik sa bayan ay maaari ngang ibinunsod ng kabalintunaan ng pagsusulong pa ng kilusang reporma. Bagay na ipinahayag ng mga liham ng mga propagandista sa isa't isa at sa kanilang mga kaanak at kababayan sa Pilipinas.

Pinakatampok ang pakikipagsulatan ni Rizal sa kanyang mga kaanak at kapwa ilustrado. Sa mga sulatang ito, naipakita rin ang pag-iisip at damdamin ng iba pang propagandista sa usapin ng pagbabalik sa Pilipinas. Sa pagitan ng 1888 at 1891 na tinatagurian kong “panahon ng Kalamba,”⁴ nagbago ang laman at direksyon ng mga liham ng mga propagandista. Ang dating tikas ng tindig ng mga propagandista sa pagsusulong ng kilusang reporma sa Espanya, na nilaman ng mga unang sulatin ng *La solidaridad*, ay hinalinhan ng pagkasiphayo sa “panahon ng Kalamba.” Sa panahong ito, nagsimula nang magliwanag na bigo ang Kilusang Propaganda sa pag-iisip ng mga propagandista. Ang “pangyayari sa Kalamba”⁵ ay nagdudumilat sa kanilang pagmamaisid. Nang marahas na pinalikas ang mga taga-Kalamba sa hacienda ng mga Dominikano at marami ang ipinatapon sa Bohol, Mindoro at Jolo, gumuho ang buong legal na balangkas na pinagsaligan ng kanilang pag-asa sa kampanyang reporma.⁶ Naging karagdagang panitikan ng Kilusang Pro-

paganda ang mga liham ng mga kaanak na ipinatapon sa mga pulong ito. Ngunit ang diwang tinaglay ng mga talastasan ay hindi na ang dating masiglang pag-asa sa reporma. Isang bagong kolektibong pagnanasa —pagbabalik sa bayan— ang naging tunguhin ng mga liham.

Ang Ating Buhay sa Bayan

Noong 1891, sa isang liham,⁷ isinulat ni Rizal, malamang sa isang kapwa propagandista, ang buod ng kanyang pag-iisip sa katayuan ng mga propagandista sa Europa at ang kabuluhan nito para sa bayan. Sa kauna-unahang pagkakataon, kanyang ipinahayag ang kabiguan ng pananatili sa Europa at ang kahalagahan ng pagbabalik sa bayan. Di kaginsa-ginsa rin, mistulang tanda ng pagbabalik sa bayan, isinulat niya sa wikang Tagalog ang kanyang damdamin. Aniya,

Kung ang inaasahan ng ating mga kababayan ay tayo rito sa Europa, ay totoo silang namamali. Ako'y ayaw magdaya sa kanino man. Kung walang salapi ay wala tayong malaking magagawa. Ang ating maitutulong sa kanila, ay ang ating buhay sa ating bayan. Yaong kamalian ng lahat, na tayo'y makakatulong dito sa malayo, ay salang sala mandin. Ang gamot ay dapat ilapit sa may sakit. Dangan at di ko ibig paikliin ang buhay ng aking mga magulang, di ako sana umalis sa Filipinas anumang mangyari. Yaong limang buan itinira ko roon⁸ ay isang halimbawang buhay, isang librong magaling na di lalo sa *Noli me tangere*.⁹ Ang parang na paglalabanan ay ang Filipinas: doon tayo dapat magtatagpo. Ypalayo ng Dios na huag mamatay ang aking mga magulang at muling makikita ninyo ako sa ating bayan. Doon tayo magtutulong-tulong, doon tayo samasamang magdusa o magtagumpay kaya. Ang karamihan ng mga kababayan sa Europa ay takot, layo sa sunog, at matapang lamang habang layo sa panganib at nasa payapang bayan! Huag umasa ang Filipinas; umasa sa sariling lakas.

Sa pahayag na ito, ang pag-uukol ng “buhay sa bayan” ay maaaring ipalagay na nabuo na sa kamalayan ng mga propagandista, ibinubunsod na nga marahil ng kabalintunaan ng paghiling ng reporma sa harap ng higit pang paninikil sa Pilipinas, tulad ng pagpapalikas at deportasyon ng mga taga-Kalamba.

Malaki ang kabuluhan ng pangyayaring Kalamba sa tinungo ng Kilusang Propaganda. Nasira ang asimilistang imprastrakturang tinuntungan ng kilusang reporma. Ibayong nagbuklod-buklod ang mga propagandista sa Madrid at Barcelona sa mga isyu ng Kalamba. Itinaghoy ng mga propagandista ang deportasyon ng mga kaanak at kababayan ni Rizal tulad nina Francisco Mercado Rizal, Paciano Rizal, Narcisa Rizal, Manuel Timoteo Hidalgo,¹⁰ Antonino Lopez,¹¹ at iba pang ina't anak ng Kalamba, na walang tigil ang pagliham kay Rizal tungkol sa

nangyayari sa kanila. Noong Enero 1889, masama na ang pagtaya ni Antonio Luna sa posibilidad ng tagumpay ng Kilusang Propaganda. Aniya, “Sa ganang aki’y hindi kapani-paniwalang maghahain ang mga espanyol sa atin ng mga karapatan at kalayaang kanilang tinatamasa. Ang mga karapatan ay para sa kanila; ang mga obligasyon ay para sa atin.”¹² Makaraan ang tatlong taon, noong 1892, naipahayag niya sa isang liham¹³ ang maaaring pinakamaliwanag na pusisyon ng mga propagandista sa pangyayaring Kalamba na nakapagbuod sa malalim na epekto nito sa kanilang pananaw sa gawaing repormista sa Espanya:

Nalaman namin ang usaping Kalamba at lahat ng mga pangyayaring naganap diyan at ganito ang aking iniisip. Kinakailangang mag-organisa ngayon ang mga Pilipino sa ibang anyo upang maghandang ipaglaban ang kanilang mga karapatan kung sakaling sila’y salakayin ng dahas habang hindi iniwanan ang kampanya sa Madrid.... Sapagkat ang pulitikang Espanyol, noon, ngayon at magpakailanman ay ang maghari sa pamamagitan ng dahas, at upang makamit ito, ang una nilang hakbang ay hindi magtiwala sa kolonya. Lubha silang nakatitiyak dito kung kaya’t itinulak nitong mag-aklas si Novales¹⁴ at sa ganoong paraan din nagkaroon ng pagbabangon sa Cavite...¹⁵ Kailangan ang propagandang asimilista ngunit higit na dapat maging aktibo ang separatista dahil kung ang una’y hindi matamo o kung ito’y ating matamo (na halos imposible), lalo tayong mapapasama; ang praktikal na paraan ay maghanap na ng mga tagapagpatuloy upang alisin ang pasanin sa balikat. Pinalalawig ko, kung gayon, ang aking iniisip, na dapat tayong sama-samang kumilos para sa kasarinlan, maging mga apostoles upang humikayat ng mga tao at mangalap ng pondo.... Ako ngayo’y babalik ng Maynila at lagi kong isasaisip sa lahat ng aking pagkilos ang aking tungkulin bilang isang separatista.

Sa sigalot na ito, puspusang idinulog ng mga propagandista sa gobyerno sa Madrid ang katarungan sa *hacienda* at pagwawakas sa deportasyon ng mga Kalambenyo. Ang mga liham nina Rizal, Teodora Alonso, ng mga kababaihan ng Kalamba, at higit pa, ng *Asociacion hispano-filipina*,¹⁶ ay nagsulong ng pakikipagtagisang legal. Ngunit ang pagsisikhay na ito’y nag-anyong suntok lamang sa hangin. Mga kabiguang legal ang iniluwal ng mga sumunod na pangyayari, na maaari ngang makabuluhang pinagmulan ng pagrupo ng parliamentaryong pundasyon ng kilusang reporma. Iginuhit ng pangyayaring Kalamba, bilang kinatawan o simbolo ng pangkalahatang lagay ng buong kapuluan, ang pagkasiphayo at panlulumo ng mga propagandista sa aktitud at pagtugon ng Espanya sa hinaing ng mga Pilipino, siya na ngang “katapusang hibik ng Pilipinas.” Maglalaho ang Kilusang Propaganda at magsusumigla ang ideya ni Antonio Luna ng “ibang anyo ng paglaban.”

Kailangang balikan ang Kalamba upang tuntunin ang lohika ng pagguho ng kilusang repormista at ng pagbabalik sa bayan ng mga propagandista tungo sa radikal na direksyon ng pagkilos. May ilang tao sa Kalamba na maaaring pagkunan ng pagtataya sa naging tunguhin ng mga pangyayari sa panahong 1888-1892. Hindi man lubos ay mabuting pinaksa nila ang dimensyong legal at parlamentaryo ng mga usaping bumalot sa sigalot ng Kalamba. Sina Paciano, Nicasio Eigasani¹⁷ at Felipe Buencamino¹⁸ ay matamang nagmasid, sumubaybay at nakibahagi sa mga pagliko't pagpihit ng legal na pakikibaka ng mga taga-Kalamba. Totoong ang usaping Kalamba ay lokal, pampook, ngunit ang mga isyung pinalitaw ng sigalot ay pambayan, tulad ng karanasan ng pag-upa sa mga *hacienda* at ng deportasyon ng mga mamamayan mula Kailokohan hanggang Kamorohan. Nangagsilitaw noong mga taong 1890 at 1891 ang mga pag-iisip sa legalidad ng usaping Kalamba.

Sa isang liham, isinalaysay ni Paciano sa kanyang kapatid na si Jose ang hakbang-hakbang na pagdaan nila sa legal na proseso upang ipaglaban ang katarungan ng kanilang kaso laban sa mga Dominikano. Noong 1889, mayroon pa silang butil ng pag-asa sa Madrid, ngunit sa antas ng mababang hukuman ay nagsimula nang masira ang loob ni Paciano. Noong simula, aniya, naroon ang kanilang pag-asa sa isang paborableng desisyon dahil nasa panig ng mga taga-Kalamba ang *Leyes de indias*. Maaaring tinutukoy niya rito ang kawalan ng karapatan ng sinuman na maningil ng renta kung walang katibayan ng pag-aari sa mga lupain, na siyang direksyon ng pakikibakang legal ng mga taga-Kalamba. Ayon sa kanya, maliit lamang ang halagang pinagbabatayan ng pagpapalikas kung ihahambing sa inaangkin ng mga prayle sa kaso. Nagkaganoon dahil ninasa ng mga prayle ang lahat ng lupain sa Kalamba na tila sila ang nauna rito at nagtamo ng karapatang ariin ang mga ito dahil lamang sa hindi pagkibo ng mga kasamá. Ngunit inilagay na ni Paciano ang kanyang loob sa pagkatalo ng kaso sa una at ikalawang antas ng hukuman dahil natatakot ang mga *juez* sa intriga ng mga prayle. Ayon sa salaysay ni Paciano, "Inirekomenda ng Gobernador, na ipanalo ang *hacienda* sa kasong ito dahil kung hindi'y ipinangangamba niyang ang mga prayle'y gumawa ng gulo sa lalawigan."¹⁹

Higit na masaklaw at sistematiko ang salaysay kay Rizal ni Buencamino tungkol sa prosesong legal. Inilahad niya ang kahirapan ng pag-apela laban sa kaso ng pagpapalikas ng mga taga-Kalamba dahil sa kalaliman ng usapin. Para sa kanya,

Ang dulong usapin sa litigasyong ito ay kaguluhang legal. Hindi maaaring patunayan ng mga prayle ang pag-aari nila sa mga lupain sa Kalamba ngunit hindi rin maaaring patunayan ng iyong mga kababayan ang karapatan nila sa mga ito. Ang realidad ay yaong katunayang historikal ng pagpapaupa sa lupa at ang kakitiran ng batayan ng batas na nagpapahintulot sa magkabilang panig na magdulog ng petisyon sa

husgado, una, para sa pagpapatupad ng mga pagpapalikas, at ikalawa, para sa kapasyahan ng mga pag-aari.²⁰

Kaya't sa kabuuang takbo ng kaso, ang nagawa lamang ni Buencamino ay magdiin sa usapin ng porma o teknikalidad kaysa sa esensya. Naroon kwestiyunin niya ang pagpapatawag at pagsasakdal ng dalawang partikular na kababaihan ng Kalamba dahil walang pagsang-ayon ang kanilang mga asawa, na itinatakda ng batas. Naroon ring hilingin niyang ipawalambisa ang desisyon ng pagpapalikas dahil mali ang petsa ng publikasyon nito, may isang araw nang suspendido ang proseso ng pagharap sa kaso. Sa pangkalahatan, ang natamo lamang ni Buencamino, aniya, ay ang suspensyon ng lahat ng mga kaso at ang pagpapanukala ng kompromiso para malutas ang sigalot sa sumusunod na mga kundisyon: 1) pagkilala sa pag-aari ng bawat isa sa poblacion ng mga loteng kinatitirikan ng kanilang mga tahanan; 2) pagsusuri sa mga titulo ng mga lupa; 3) pagpapahintulot na makabalik ang mga pinalikas sa kanilang mga tahanan hanggang may negosasyon; 4) makatarungang kundisyon ng pagpapaupa kung mapatunayang legal ang mga titulo; at 5) pagbabayad ng lahat ng mga bayarin hanggang sa petsa ng negosasyon. Ngunit ito'y taong 1891. Naisagawa na noong 1890 ang mga pagpapalikas at deportasyon. May halong lungkot ang salaysay ni Buencamino kay Rizal. Aniya, "Ang aking mga impresyon ay napakalungkot; nais ko sanang huwag ka nang isangkot sa kapaitang malaman pa ang mga ito." Sinabi niyang wala na siyang inaasahang makukuha pa. Sa tingin niya'y magpapatuloy pa rin ang mga kaso ng pagpapalikas, nagkaroon lamang ng panahon ang mga taga-Kalamba na makapag-ani ng kanilang mga pananim at muling makapag-ipon ng lakas para sa susunod na pakikipaglaban. Ngunit umano'y nakikita niyang pagod na pagod na ang kanyang mga kababayan (sa litigasyon at mga pagkabahala). Idiniin niyang napakahirap ng kaso hindi lang sa usapin ng batas kundi sa "ibang kumplikasyong may natatanging lugar dahil sa masamang layon ng kabilang panig."²¹

Sa pluma ni Eigasani, dadaloy sa wikang Tagalog ang salaysay ng mga kumplikasyong "may natatanging lugar." Ang saligang usapin ay ang kalakaran sa *hacienda* at sa bayan. Sa panahon ng labanang legal, ang mga kasama ay hindi na pinahintulutang mag-ani at inakusahan pa ng pagnanakaw ng palay. Samantala, naglilibot sa mga *inquilino* ang kura paroko at nananakot na ipapatapon sila kung hindi sila magbayad ng renta. Sa mga sermon nama'y iniintriga silang naghihirap ang bayan dahil hindi sila nagbabayad ng renta. Kailangan na nila umanong magbayad ng renta dahil "talo na ang inyong si Don Jose (Rizal)" at hindi na binigyan ng pagkakataon ng *Tribunal supremo*. Bukod sa pamimilit sa pagbabayad ng renta, isinalaysay ni Eigasani ang pagtatalaga ng *juez de paz* na hindi *propuesta* ng bayan kundi "inilagay lamang ng mga Dominico para paghablahan ng *desahucio* [pagpapalikas] (ng) mga *inquilino*" habang "bawat ihabla ng mga Dominico ay hinahatulan ng talo."²² Kung ibubuod, ang kumplikasyon ay matutunghayan sa

hindi pagbabayad ng mga *inquilino* ng renta sa lupa, sa isang banda, at sa paggigiit ng mga prayle ng kanilang pusisyon sa *hacienda* at kapangyarihan nila sa *pueblo*, sa kabila. Sadyang makitid ang mga salalayan ng batas, tulad ng sinabi ni Buencamino. Sa puntong ito, hindi maliwanag ang legal na batayan ng pagmamamay-ari ng lupa na tiyak na hindi lamang sa Kalamba kundi sa buong kapuluan.

Makabuluhan ang mga kumplikasyong legal sa labanan sa *hacienda* ng Kalamba. Unang-una, ang mga lupaing ito'y inangkin ng mga prayle sa mga sinaunang nagsasaka nito sa kalagayang walang malay ang mga ito sa legalidad ng pag-aari ng lupa. Ikalawa, arbitraryo at labis-labis ang pagkaltas ng renta at iba pang pagbubuwis na lagpas sa kakayanang itinatakda ng kalagayan ng mga *inquilino* at kasamá, bukod pa sa katunayang sila ang nag-ukol ng hirap at salapi sa pagpapaunlad ng mga lupain sa *hacienda*. At pangatlo, dahil sa di maliwanag na batayan ng pagmamay-ari ng mga lupain, ang mga korporasyong relihiyoso ay nag-angkin ng di-matingkalang kapangyarihang magpalikas, sa tulong ng mga ahensya ng gobyernong kolonyal, sa mga nangungupahan dito. Ang kabuluhan ng kumplikasyong legal sa usaping Kalamba ay maaaring nagsimulang magliwanag sa kamalayan ng mga propagandista sa gitna ng pakikipaglaban ng mga *principales* hindi lamang sa Kalamba kundi sa mga lalawigan ng Cavite, Bulacan, Tondo, atbp., para sa kanilang mga karapatan sa lupa. Isang malaking *impasse* ang hinantungan ng pakikipaglabang legal na mukhang hindi lamang nakasalalay sa mga usaping panlupa kundi sa mga karapatang pampulitika rin ng mga mamamayan.

Paanong makikipagtuos sa legal na batayan ng pagmamay-ari ng mga lupain kung ang buong kalupaan ng Pilipinas ay inangkin ng *conquista* sa dahas? Paanong makikipagtuos sa legal na batayan ng deportasyon o sa kahulugan ng *filibusterismo* kung ang talagang usapin ay ang pagtatanggol at pagpapanatili ng isang estadong sapilitang itinatag sa kapuluang ito?

Ayon kay Rizal, huwag isandal ang bayan sa pader. Ngunit mukhang sa mga kumplikasyong legal ng Kalamba at mga usaping panlupa at deportasyon sa buong kapuluan ay naitulak na ang bayan sa hangganan ng legal na pakikibaka. Humahantong na lamang, sa pana-panahon, ang kalutasan ng mga usapin sa kagandahang-loob ng mga institusyong kolonyal tulad ng *indulto* sa mga deportado, kung pagkaminsa'y kinakailangan ito para sa kapanatagan ng lahat, lakip ang ipokritong pagpapatawad ng ordeng relihiyoso sa mga deportado, tulad ng ginawa sa mga taga-Kalamba. Kaya't kung nakasalig lamang ang pagtatamasa ng kaginhawahang pulitikal sa luho't layaw ng mga tapagpatupad ng batas, paanong maitatag sa dambanang parlamentaryo ng *Cortés* ang mga karapatan ng mga *indio* nang pantay sa kolonisador? Ano pa nga ba ang nalalabing batayan ng pag-asam sa reporma? Pagdating ng oras, hindi na napigilan ng mga *indulto* ang pagkalas ng mga propagandista sa parliamentaryong *impasse*. Lalo lamang lumaganap ang *filibusterismo*, na gumatong naman sa higit pang mga deportasyon [na noong 1896 ay umabot sa bilang na isang libong deportadong pulitikal sa buong kapuluan²³].

Noong 1891, ang mga nangungunang propagandista'y nagpahayag na ng pagpabalik sa bayan, danga't ang ilan kundi magpapatuloy ng propaganda hanggang 1895 ay aabutin ng sakuna sa Europa.

Ang kalagayan ng bayan, na binuod ng pangyayaring Kalamba, ang pinagbukalan ng diwa ng pagbabalik-bayan. Kaya't ipinahayag ng ilang propagandista ang pagnanais na ituloy ang gawaing propaganda sa Pilipinas. Ang Komite sa Propaganda, na itinatag sa Maynila kaugnay ng mga aktibidad ng *La solidaridad*, ay patuloy na isasaalang-alang, ngunit magbabago na ang perspektiba. Iminungkahi ni Lopez Jaena kay Jose Ma. Basa na makipag-usap sa mga mayayaman sa Maynila ukol sa pagpapatakbo ng isang pahayagan sa ilalim ng isang rebolusyonaryong partido. Umano'y ayon sa kanyang pamantayan, wala nang makukuha ang Pilipinas liban sa rebolusyon.²⁴ Hindi nalalayo ang iniisip ni Edilberto Evangelista. Hinimok niya si Rizal na isabuhay ang anumang ideya ng pag-oorganisa laban sa gobyerno. Aniya, "ang ibig kong sabihi'y...isang *Club Revolucionario*.... Hindi ba't ang mga Separatista ng Cuba ay mayroon nito? Hindi ba't ang mga Progresista ng Espanya ay mayroon din?"²⁵ At si Mariano Ponce, puno ng sigla't pag-asa, nang makasama na ni Rizal ang kanyang pamilya sa Hong Kong,²⁶ ay nagwika sa Tagalog:

Ngayo'y ligtas na kayo sa kasakiman at kabangisan ng mga halimaw. Kasakit-sakit na totoo na ang ating bayan ang di natin matutungan. Datapua't dadating din ang araw ng paghihiganti! Ngayo'y katungkulan natin ang magdamayan, samantalang di dumarating ang araw ng paghihiganti!²⁷

Kay Rizal, ang paghihiganti ay hindi magkakaroon ng katuparan. Sa kanyang pagbabalik, itinapon siya sa Dapitan sa layuning sirain ang kanyang loob, papanghinain ang kanyang mga tuhod, at punitin ang larawan ng pagkabansang hinahabi niya sa kanyang mga pangarap. Ang propagandista sa Madrid, na nakikibalita lamang dati sa mga kaanak at kababayang deportado, ay naging deportado na rin sa loob ng bayan. Ang katuparan nga ng paghihiganti'y inalis sa mga kamay ni Rizal. Sa katunayan, ang *La liga* ay sumaglit lamang sa pandama ng taumbayan. Halos nagtagumpay nga ang tinatawag ni Mariano Ponce na mga halimaw. Ngunit hindi naglaho sa mga Anak ng Bayan ang paghihiganting inalis sa kanyang mga kamay. Ang bayang binalikan ni Rizal, pagkaraan ng *La liga*, ay nagsabuhay na ng iba't ibang paraan ng pagdadamayan, pag-uugnayan, pagkilos at paglaban, na halos siya ring diwa ng pagbabalik-bayang isinulat kay Rizal nina Lopez Jaena, Evangelista, Antonio Luna at Mariano Ponce, isang diwang sinariwa't pinagyaman ng mga liham sa kanila ng mga deportadong pulitikal sa loob ng bayan.

Ang Europa'y Mistulang Tapunan

Masarap ang simoy ng hangin sa Europa sa *primavera* o tagsibol. Kaiga-igayang maglakad sa mga lansangan at liwasan. Kay ganda ng kapaligiran. Nagsisimula nang sumibol ang mga dahon at bulaklak ng mga puno't halaman. Ngunit noong ika-1 ng Mayo 1891, sa pagpasok ng Espanya sa magandang panahon ng tagsibol, ipinahayag ni Rizal kay Deodato Arellano sa isang liham²⁸ ang kakaibang damdamin. Sa kanyang pagtanaw sa pagreretiro, sinabi niyang kailangan na niyang maghanapbuhay at magtatag ng sarili. At nais niya itong gawin sa Pilipinas, Hong Kong o Hapon, hindi sa Europa. Ang Europa, aniya, ay mistulang tapunan o lugar ng deportasyon. Kung bakit ay hindi ipinaliwanag ni Rizal. Ngunit sa panahong ito'y nadarama na ng mga propagandista ang layo ng Pilipinas sa walang-patid na pagdating ng malulungkot na mga balita ng mga kaanak at kababayan, lalo na ng mga deportado, at silang nasa Europa'y walang magawa sa mga pangyayari sa Pilipinas. Ang sabi nga ni Rizal, "sa bawat liham na dumarating, dinadala ang bago't bagong mga balita ng kasiraan na nagpapanatiling gising ang pagkamalay sa isang *terror popular*." Sadyang gumising sa mga propagandista ang mga salaysay tungkol sa Kalamba. Tulad ng isang liham ni Lucia Rizal²⁹ sa kanyang kapatid na si Jose sa Tagalog:

Magbabalita ako sa iyo ng tungkol dito sa ating bayan; segurong magdaramdam ang puso mo, dahil sa kabulagan ng ating kababayan. Ngayon ay purong abuso, kaululan at ang despotismo ang naghahari. Akalain mo na lang kung papaano ang mangyayari. Kung magpasyal ang mga *lego*³⁰ (sa karuwahe), (nakaupo) sa bangkito ang tenyente ng *Guardia Civil* at ang pangalawang tenyente ang pumaparoon sa prayle. Kung may ipag-uutos ang mga lego para sa *Hacienda*, ang *Capitan*, *Juez de Paz* ang pumaparoon sa *Hacienda*. Ano pa't bulok na bulok ngayon ang ating bayan.

Mistulang binuod ni Rizal ang tema ng ganitong mga liham na nakakarating sa mga propagandista sa isa pang liham:

Nakapanghihilakbot isalarawan ang kagimbal-gimbal na mga pangyayaring sinaksihan ng aking pamilya sa Kalamba: mga taong maysakit na pinalayas sa kanilang mga tahanan; buong mga pamilya na kinailangang magpagabi sa kaparangan; ipinagbawal pa ng mga Dominikano ang iba pang taumbayan na magpatuloy at magkanlong sa mga sinawimpalad na ito...³¹

Taglay rin ng mga liham ang balita ng deportasyon. Si Hidalgo, halimbawa, ay maagap sa pagbanggit ng kanyang sitwasyon upang idulog kay Rizal ang

legalidad ng kanyang pagpapatapon. Sa dalawang liham,³² ibinalita niya kay Rizal na ipinatapon siya sa Bohol sanhi diumano ng kanyang pagiging *flibustero* at kanyang representatibo. Tinukoy niya ang mga personaheng nagpahamak sa kanya sa deportasyon, ang ginamit na mga insidente (kaugnay ng lupa at pulitika) upang siya'y mabitag, at ang kawalan ng pandinig nang siya'y ipatapon. Higit pa, naipadama ni Hidalgo ang “kalamidad” sa kanyang pamilya na ibinunga ng deportasyon. Sa pangalawang liham, halimbawa, kanyang ibinalitang “may apat na buwang ako'y malayo sa tahanan, 300 liga³³ ang layo sa pamilya, at ang aming kabuhayan ay paralisado.” Noong Hunyo 1890, ibinalita ng asawa ni Hidalgo na si Saturnina Rizal ang muling pagpapatapon sa kanya sa Bohol, sa mismong araw ng Pasko, at hiniling niya kay Rizal na tiyaking matapos na ang sigalot na ito. Pagdating ng Setyembre ng taon ding iyon, iba naman ang balita ni Saturnina. Sina Paciano, Antonino Lopez, Dandoy,³⁴ Silvestre Ubaldo³⁵ at Teong³⁶ ay ipinatapon sa Mindoro.³⁷ Salaysay ni Saturnina kay Rizal,

Sila'y inihatid namin ni Sisa³⁸ sa pier; kami'y nanatili roon hanggang sa pag-alis ng barkong *Brutus* na sinakyan ng mga kawawang ito. Ang lima'y mukhang masayang lumisan. Ganoon din kami; hindi kami nagpakita ng lungkot at hindi namin iyon ikinalungkot nang tulad nang si Maneng³⁹ ay unang ipinatapon. Ako'y nasasanay na sa sakit ng pagkakawalay, at lalo na kung iisiping ang mga kalupitan at kasawiang ito'y magbubunga ng kagalingan ng lahat, higit na nagtutumbay ang aking pananalig sa lahat ng iyong sinabi sa akin.

Isinasaad ng kolonyal na batas ang kaparusahan ng deportasyon. Ang layunin ng pagpapatapon ay ihimalay sa kanyang bayan ang sinumang taong nasentensyahan upang hindi makasira sa kapanatagang publiko. Noon pang ipinatapon si Hidalgo, mariin nang tinuligsa ng mga propagandista ang proseso ng pagkakana at pagpapatupad ng deportasyon. Sa isang liham ng *Asociacion hispano-hipina* sa *Ministerio de ultramar*, tinuos ng mga propagandista ang mga suliraning legal at katiwaliang taglay ng pagpapatupad ng deportasyon, batay nga sa mga salaysay ng mga kaanak at kababayang ipinatapon.

Una, walang isinagawang pagsasakdal, pagdinig at paglilitis sa mga ipinatapon. Sa katunayan, sa kaso ng mga taga-Kalamba, walang sentensyang pinagbatayan ng kautusan ng gobernador-heneral na sila'y ipatapon. Alinsunod sa Artículo 99 ng *Codigo penal reformado de 1870*, *no podra ejecutarse pena alguna sino en virtud de sentencia firme*.⁴⁰ Isinasaad pa ng Artículo 86 ng *Codigo penal* ng 1850, na epektibo lamang ang sentensya kung walang nakasampang apela laban dito. Kung may apela sa *Tribunal supremo*, “ang pinal na sentensya ay yaong itinatadhana ng naturang *Tribunal supremo*, alinsunod sa kaparaanan ng batas ng pagpapatupad.” Sa kalagayan ng mga taga-Kalamba, ipinapalagay na batayan ng pagpapatapon ang usapin ng hindi pagbabayad ng renta sa lupa. Ngunit nang

ipatapon ang bayaw ni Rizal na si Hidalgo, atbp. sa Bohol at Mindoro, kasalukuyang nakasampa sa *Tribunal supremo* ang apela ng mga taga-Kalamba sa sigalot sa *hacienda*. Ang punto pa, isang bagay ang hindi pagbabayad sa renta ng lupa na may kaukulan nang parusa ng pagpapalikas (na kailangan pa ring iharap sa pagdinig at pagtibayin) at isa pang bagay ang dahilan ng deportasyon (na itinatakda ng batas). Ang pilipit na pagpapatupad ng batas sa deportasyon ay maihahalintulad sa pagsasakdal ng mga *principales* na lumahok sa demonstrasyon noong ika-1 ng Marso 1888⁴¹ laban sa mga prayle. Walang matatag na batayan sa pagsasakdal, sukduhan ngang nagbago-bago ang kaso (mula *reunion clandestina*, naging *injuria contra la autoridad constituida*, hanggang sa huli'y humantong sa *falsedad de documentos publicos*) sa iba't ibang *juez* na duminig sa usapin. Sinabi nga ni Pedro Serrano Laktaw kay Rizal, "Ang bantog na petisyon para sa pagpapatalsik ng mga prayle ay nakapagbunsod ng kay raming pangyayaring lubhang kakatwa sa kasaysayan ng paghuhukom sa Pilipinas."⁴² Wala itong ikinaiiba sa pagpapatupad ng deportasyon sa buong kapuluan.

Ikalawa, idiniin ng mga propagandistang walang umiiral na pangkalahatang kaguluhan sa lalawigan upang kailanganin ang hakbang ng deportasyon, kung ibabatay sa *Leyes de indias*. Sa mismong *Codigo penal* ng 1870, tinutukoy ang mga aktong maaaring pag-ukulan ng parusang deportasyon, na sa pangkalahatan ay rebelyon sa awtoridad. Ang mga taga-Kalamba ay mukhang wala namang isinagawang anumang pagkilos laban sa kolonyal na awtoridad, na maituturing na humahantong sa pagtuligsa sa estado. Mangyari pa'y idinulog ng mga *inquilino* ang usapin ng lupa sa mga hukuman, na paglao'y inapela naman ng mga Dominikano. Kung natalo man ang mga *inquilino* sa kaso ng lupa noong bandang huli, wala pa ring tiyak at maliwanag na dahilan ng pagbubunsod sa proseso ng deportasyon, alinsunod sa itinathana ng mga batas kolonyal. Kaya't ano na lamang laking parusa sa buong bayan ng pagpapatapon sa kay raming mamamayan sa kung saan-saang pook sa kapuluan dahil sa usaping panglupa o iba pang isyung pangkarapatan o pangkagalingan—walang pagsasakdal, walang pagdinig, walang paglilitis at walang sentensya—*sin juicio ni proceso alguno*, daing ng mga propagandista.

Lubhang taliwas sa itinatakda ng batas ang layo ng destierro, ikatlong isyung tinuos ng mga propagandista. Ipinagtatapon sa kung saan-saang lupalop sa kapuluan ang mga deportado mula sa iba't ibang bayan—Abra, Isabela, Mindoro, Palawan, Iligan, Zamboanga, Jolo, atbp. Itinatadhana ng *Codigo penal* na ang sinentensyahan na *destierro* ay ilalayo ng "sa pinakamababa'y 25 kilometro at sa kasukdula'y 250 kilometro, mula sa puntong itinakda ng sentensya, na karaniwa'y kung saan ginawa ang paglabag, na ang nilikhang *radius* mula sa puntong itinakda ay hindi maaaring puntahan ng sentensyado."⁴³ Ang Jolo, Bohol, Iligan, Zamboanga, atbp., maging ang mga tapunan ng Mindoro at Palawan ay ilang ulit na higit ang layo sa mga bayan ng Luzon, tulad ng Kalamba. Mabigat ito kung matatantong hindi isang bakasyong ninais ng mga deportado ang pagpapatapon. Kahit nga ang Europa ay

itinuring ni Rizal na parang destieruhan. Sapilitan at labag sa kalooban ang pagpapatapon, hiwalay sa pamilya't kabuhayan, na maaaring sumikil din nang husto sa kalooban ni Rizal nang siya naman ang ipatapon sa Dapitan noong 1892.

May isa pang isyung tinuos ang mga propagandista. Hindi maagap na ipinabatid ng gobernador-heneral sa nakatataas na awtoridad sa Madrid ang mga pagpapatapon sa Kalamba. Mahalaga ang kagyat na pagpapabatid upang pagtibayin ang mga dahilan nito. Lehitimo't legal ba ang hakbang? Hindi nga biro ang deportasyon. Sa tapunan, sasalungahin ng deportado ang kalagayang wala siyang kakilala, kakaiba sa kanyang kinagawian ang paraan ng pamumuhay, ang mga pagkilos niya'y limitado't minamatyagan, ang kanyang buong katauhan ay malayo't hiwalay sa mga kaanak at kaibigan, at masahol pa'y walang nakatitiyak kung ano ang maaaring mangyari sa kanya tulad ng pagkakasakit o pagkamatay, na hindi agad mababatid ng pamilya, at walang makapagsasabi kung ano ang hangganan ng kanyang pagiging destierro sa kabila ng sinasabi ng batas na pinakamatagal na anim na taon.⁴⁴ Kaya't may malaking halaga para sa mga propagandista ang pagpapabatid ng deportasyon sa gobyernong Madrid. Usapin ito ng buhay at kamatayan hindi lamang ng mga itinapon kundi ng kanila ring mga iniwan.

Di nga mabilang na mga suliranin sa destieruhan ang nakasaad sa mga opisyal na ulat. Dahil nangangahulugan ang deportasyon ng pakikipamuhay sa isang bayan, isang karaniwan nang usapin ay ang pagkakabuhayan ng deportado. Hindi ito inaasahang ibibigay ng gobyernong lokal. May ulat na nagsasabing "hindi matutugunan ng pueblong ito ang mga bagay na kailangan upang ibigay ang pangmatagalang trabaho ng deportado, na maaaring iukol sa kanyang ikabubuhay." Isa pang mabigat na suliranin ang pagkakasakit ng mga deportado. May mga ulat ng pagdapo ng malubha't nakakahawang mga sakit sa mga deportado na ikinabahala ng mga lokal na awtoridad. May mga sakit na tulad ng kolera, mataas na lagnat (na sa ilang lalawigan ay maaaring malaria, ayon sa isang pananaliksik)⁴⁵ impeksyon ng uretra, erisipela (sakit na *bacterial* sa balat), atbp., na ang ilan dito, dahil sa kawalan ng pasilidad sa paggamot, ay ikinamamatay ng deportado. May ulat din ng pagkasaid ng lakas ng deportado sa mga taon ng pamumuhay sa tapunan, isang mainam na paglalarawan ng sakripisyong kaakibat ng buhay-deportado:

Makaraan ang panghihina dahil sa pagkakakulong, pagdaranas ng matinding kapaguran..., bunga ng masamang lagay ng kalusugan, siya ay inilipat bilang deportado..., nagpapatuloy sa ganitong kahabag-habag na kalagayan hanggang sa mga araw na ito, nang walang anumang ikabubuhay liban sa maibibigay ng kanyang nanghihinang lakas, nasaid na sa mga taon at palaging pagkakasakit, at patuloy pa ring nagdurusa sa isang palaging palaisipan, na imposibleng magpahintulot na siya'y makapagtrabaho sa kampo; sa bagay na ito'y ipinagdadalhamhati niya ang hirap ng bawat saglit ng pag-iisip sa kanyang iniwang mga anak na biktima ng pagka-ulila't kasalatan.⁴⁶

Kaya't matutunghayan din sa rekord ng mga deportado ang mga liham ng mga asawang humihiling na sila at kanilang mga anak ay patirahin sa tapunan upang makapiling ang kani-kanilang asawa. Sa dalamhating inaabot ng mga naiwan, mainam ang sinabi ni Paciano kay Jose tungkol sa nangyari sa kanyang mga kaanak at kababayan. Aniya, “kahit ang mga biyuda’t ulila’y hindi pinatawad ng mga prayle.” Ang kapatid nilang si Narcisa, halimbawa, ay pansamantalang nawalan ng bait, ipinapalagay na sinaklot hindi lamang ng bigat ng pagpasan sa mga suliranin ng pamilya⁴⁷ sa pagkawalay ng kanyang asawang si Antonino kundi ng matinding pangambang siya’y ipatapon din. Kaya't sa sukduka’y binalak pa ni Hidalgo na lumihap kay Reyna Victoria ng Inglatera upang humiling ng “proteksyon sa ngalan ng pagkamakatao.”

Ang karanasan ng deportasyon, dahil sa pagsalanta nito sa buhay ng mga pamilya’t mga bayan, ay maaaring itinuring na ruok ng pampulitikang paniniil. Kaya't sa bawat daing ng mga kaanak at kababayan, tumimo ito nang husto sa kaisipan at kalooban, naging bukambibig nga, ng mga propagandista. Minsang nagbabala si Lopez Jaena na “isang patnugot ng pahayagan at ang kanyang patnugutan ay nasa panganib na ipatapon sa Balabac o sa Marianas kapag lumagpas sila sa hangganan ng opisyal na kuru-kuro.”⁴⁸ Si Marcelo H. del Pilar ay nagwika namang kailangang magbigay ng “palibing at pamisa, kundi’y ipapadala sa Jolo at sa Paragua.”⁴⁹ At noon ngang pinag-iisipan ni Rizal ang pagreretiro, kanyang inihambing ang Europa sa isang tapunan dahil nga marahil sa distansya nito sa Pilipinas. Ngunit tiyak na hinalaw ang paglalarawang ito sa Europa sa mga salaysay ng mga deportado sa kanilang mga karanasan. Mukhang ang bayan talaga ang pinatutungkulan ng paghahambing. Mula sa mga liham ng mga deportadong internal, naiguhit sa kamalayan ng mga propagandista ang larawan ng mga kundisyon sa destieruhan, na mistulang kalagayan nila sa Europa. Ang mahalaga, kanilang nakita sa mga deportasyon, bilang kasukdulan ng kolonyal na paninikil, ang pagwawakas ng kilusang reporma at ang pagbabalik-bayan upang isabuhay ang “ibang anyo ng paglaban.” Noon pa mang 1889, nagbabala na si Rizal,

Sige, gumawa pa sila ng mga pang-aabuso, magkaroon pa ng mga pagpapakulong, pagpapatapon, pamamaslang, mabuti nga. Katuparan sa Tadhana...! Ang mga kalupitan at kasakiman nina Luis XIV at XV ay naghatid ng Rebolusyon...; Kung ang mga mamamayan ay ipatapon, mabuti nga; dahil sa mga islang sila’y mapagtapunan, maipapalaganap nila ang kanilang mga ideya at makapagsasagawa sila ng Propaganda.⁵⁰

Ang hirap ng kalagayan sa mga *hacienda* at tapunan ng mga kaanak at kababayan sa Pilipinas ay naging impiyerno sa kalooban at kaisipan ng mga propagandista sa Europa. Nagmistulang tagtuyot ang tagsibol ng Europa sa kanilang mga damdamin. Anong lapit ng mga propagandista sa mga nagpakana ng kolonyal na pananakop upang dagliang ipagkaloob ng mga ito ang reporma! Ngunit anong

layo ng mithiing ito sa kinakailangang kalutasan sa mga suliranin ng bayan! Kay layo nga nila sa sunog; kailangang ilapit ang gamot sa maysakit, ani Rizal. Kailangang bumalik sa bayan, naroon ang parang ng paglalabanan. Ang kaparangan nga'y pinagniningas na ng mga *eviction* at deportasyon at iba pang paninikil sa mga karapatang pulitikal ng mga mamamayan, dala-dala ng bawat liham at telegramang dumarating sa Espanya. Naroon din sa mga parang na ito, wala sa *Reyna Regente* o sa *Cortes* at sa *Ministerio de ultramar*, ang sagot sa hibik ng bayan. Kaya't tulad ng mga deportado, nasaid na rin ang lakas ng mga propagandista sa walang-saysay na pagtitiyaga't paghihintay sa mga lansangan ng Madrid at Barcelona. Ang panahon nila sa Europa ay inaabot na ng "tabsing ng dagat."

Pagbubuod

Ang diwa ng pagbabalik-bayan ni Rizal at iba pang mga propagandista matapos ang pananatili nila sa Europa ng ilang taon ay isang mahalagang kabanata hindi lamang sa kanilang buhay kundi sa kasaysayan ng rebolusyong pagbabago sa Pilipinas. Mahalagang makitang nabuo sa kamalayan ng mga propagandista ang diwa ng pagbabalik sa bayan dahil nakita nilang matatagpuan ang pagbabago sa kalagayan ng mga Pilipino sa loob ng Pilipinas at hindi sa labas. Sa katunayan, ang kolektibong karanasan ng bayan sa pagpapaalis (*eviction*) mula sa kanilang mga tirahan at lupain at sa deportasyon sa malalayong pook, na rurok lamang ng ilang dantaon nang pagwasak sa mga pamilya't mga bayan sa buong kapuluan, ay gumising sa mga propagandista sa kawalang-saysay ng pagsusumamo nila sa rehimeng kolonyal para sa reporma. Ang diwa ng pagbabalik-bayan noong "panahon ng Kalamba," na dumaloy sa mga liham ng mga propagandista, ay walang iba kundi ang kanilang kolektibong kapasyahang bumalik sa bayan at isabuhay dito ang "ibang anyo ng paglaban" na inaasahang magpapanauli sa "panahong masayang lumipas."

Sa historiograpiya ng rebolusyong pagbabago sa Pilipinas, ang pagtuklas at pagtukoy ng may-akdang ito sa diwa at panahon ng pagbabalik-bayan ng mga propagandista ay bumabago sa tradisyunal na pagtrato sa kilusang propaganda. Ito'y nagpapalawak ng pag-unawa sa mga batayan ng paglalaho ng kilusang reporma noong ika-19 na dantaon at ng pagtungo ng *principalia*, kaisa ng bayan, sa rebolusyong landas ng panlipunang pagbabago. Ipinapakita natin ang isang mahalagang hibla ng *transisyon* mula sa kilusang reporma tungo sa kilusang rebolusyonyo, yun nga'y ang tunguhin ng pagbabalik-bayan ng mga propagandista. Sa katunayan, ang diwa ng pagbabalik-bayan noong 1888 hanggang 1892 ay isang bahagi lamang ng panahong aking tinaguriang "panahon ng Kalamba," ang panahong nagbubuod sa mga kaganapang nagbigay-daan sa paghantong ng bayang Pilipino sa rebolusyong agenda ng 1892. Isang napakahalagang elemento ng transisyong ito ay ang binanggit kong legal o parlamentaryong *impasse*, na ipinakitang at sinimbolo (para sa buong bayan) ng

pangyayaring Kalamba sa mga sigalot sa *hacienda* at deportasyon, bukod sa iba pang isyu ng ilang dantaong paniniil. Ang “panahon ng Kalamba,” na iniharap kong bagong konsepto sa kasaysayan ng rebolusyong Pilipino, ay panahon din ng pagbabalik-bayan ng mga propagandista.

Bilang pagtatapos, iniharap natin dito ang isa sa ilang posibleng kahulugan ng pagbabalik-bayan sa kasaysayan ng Pilipinas. Makikita nating lubhang mahalaga ang kahulugang ito sa ating karanasan at kamalayang historikal sapagkat malaki ang kaugnayan nito sa pagbubuklod ng mga Pilipino bilang isang bayan at sa pagtatag ng bansang Pilipino. Una pa rito, makikita natin ang uri ng pangigingang-bayang iniuudyok ng mahigpit na kalagayan at pangangailangang pulitikal sa loob ng bayan, tulad ng karanasan ng mga ilustrado noong ika-19 na dantaon. Bagamat sa anyo’y sariling pagkukusa ang pagtungo nila sa Europa, totoo ring hinimok ito ng dustang katayuan ng mga Pilipino kaugnay ng mga Espanyol. Ang ganitong kahulugan ng pangigingang-bayan at pagbabalik-bayan ay muling lilitaw sa “panahon ng EDSA,” na nagsimula sa paglisan at paglao’y pagbabalik ni Ninoy Aquino sa Pilipinas noong 1983. Ang kakatwa’y ang ganitong uri ng paglisan at pagbabalik sa bayan, na naglalayon ng pagbabagong panlipunan sa harap ng tiranya o ng pagtatamo ng pambansang paglaya’t kaginhawahan,⁵¹ ay angkin ang pangitain ng kabayanihan at himagsikan. Nagkanlong si Ninoy Aquino sa apelyidong Bonifacio nang siya’y nagbalik. May isang daang taong nakaraan, kinatagpo naman ni Rizal, sa kanyang pagbabalik, ang isang Bonifacio sa *La liga*. Kapwa insidente ng pagbabalik ay nagbigay-daan sa dalawang dakilang pag-aalsa sa kasaysayan ng Pilipinas, na kapasyahang iniugit ng bayan sa loob ng bayan.

MGA TALA

1. Ang artikulong ito ay bahagi ng isang malawak na pag-aaral sa deportasyon na sinimulan ng may-akda noong 1996 sa Madrid, na ang direksyong historiyyograpikal at balangkas ng paksa ay natalakay niya sa ilang kasamahan sa Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas sa mga di-pormal na pag-uusap. Ilang papel ukol dito ang binasa na ng may-akda sa mga kumperensya (nasa Bibliograpiya).
2. Mula sa liham ni P. Dore (Pedro Serrano Laktaw) kay Rizal na sinipi niya mula kay Francisco Baltazar sa *Florante at Laura*, sa bahaging *Kay Celia*. Ang mga tala tungkol sa mga liham at pagsisipi ay nagmula sa *Espistolario Rizalino*, maliban kung binanggit ang pinagkunan. Ang mga siping pangungusap naman, maliban kung binanggit sa teksto na nasa Tagalog, ay isinalin ng may-akda sa Pilipino mula sa orihinal na bersyong Espanyol.

3. Ang deportasyon ay pagpapatapon at pagpapakulong ninuman sa isang lugar, karaniwa'y sa ibang bayan, sa mga dahilang pulitikal o bilang kaparusahan. (Madrid: Real Academia Española, *Diccionario de la lengua española*, 1992)

4. Tungkol sa “panahon ng Kalamba,” tingnan ang papel ng may-akda, “Ang Panahon ng Kalamba: Deportasyon at Filibusterismo,” 1998. Ang “panahon ng Kalamba” ay inihaharap kong bagong kategorisasyon ng isang yugto sa rebolusyonaryong panahon noong ika-19 na dantaon. Para kay John N. Schumacher (*The Propaganda Movement*, Ateneo de Manila University Press, 1997) at iba pang historyador, ang mga taon sa pagitan ng 1880 at 1895 ay panahon ng Kilusang Propaganda, na mayroong iba't ibang yugto. Ngunit sa aking pagtataya ng mga ulat, mainam na ibukod ang panahon mula 1888 hanggang 1892 na isang natatanging panahon. Ito ay panahon ng transisyon sa kamalayang pampulitika ng mga *principales* at mga ilustrado at pagpihit din ng kalagayan sa Pilipinas tungo sa isang rebolusyonaryong sitwasyon. Sa aking palagay, ang “panahon ng Kalamba” ay panahong nagsimulang kumalas ang mga *principales* sa istruktura ng kolonyal na paghahari. Ito ay ibinunsod ng pagkasandal sa pader, kung gagamitin ang mga salita ni Rizal, ng mga mamamayan. Ang pangyayaring Kalamba ay kumatawan at sumimbolo lamang ng isang kalagayan sa buong kapuluan—isang *impasse* sa parlamentaryo o legal na pakikipagtuos ng mga *principales* sa estadong kolonyal. Hindi na mapagtatakpan ng mga legal na institusyon ang imposibilidad ng pagkilala sa pantay na relasyon ng mga Pilipino at mga Espanyol. Kaya't naging posible ang mga kaganapan ng 1892, ibinunga ng lohika ng mga kaganapan sa “panahon ng Kalamba.” Ang problema sa pagtataya nina Schumacher ay ang pagkaligta ng *mga kaganapan sa loob* ng kapuluan bilang mapagpasiya sa naging tunguhin ng lipunang Pilipino noong mga taong 1880 hanggang mga 1890. Kailangang iangat ang mga pangyayari sa mga taong 1887 at 1888 sa loob ng Pilipinas na kritikal sa simula ng pagpihit ng direksyon ng kilusang reporma, pagbabago ng kamalayan ng mga *principales* at ilustrado at pagtungo ng bayan sa pagbubuklod sa isang rebolusyonaryong agenda noong 1892. Ang “panahon ng Kalamba” (kinatangian ng gitgitan sa sigalot sa lupa hindi lamang sa Kalamba, maramihang pang-aaresto at deportasyon, atbp.) ang talagang bisperas ng rebolusyon.

5. Ang bantog na pangyayari sa Kalamba ay tungkol sa pagkabigo ng mga *inquilino* (na binubuo ng angkang Rizal) at ng mga kasamá ng hacienda na magbayad ng renta sa *hacienda* ng mga Dominikano sa Kalamba noong mga taong 1887-1888. Ang mga *inquilino* at kasamá ay pinalikas sa *hacienda* ngunit sila'y nagsampa ng kaso laban sa mga Dominikano hanggang ito'y umabot sa *Tribunal Supremo* sa Madrid. Natalo ang mga *inquilino* at *kasamá* ng *hacienda* at sila'y pinatapon sa Bohol, Mindoro at Jolo. Bilang isang isyu,

ito ay dinala ng mga propagandista sa kanilang kampanyang repormista sa Madrid. Ang puntong ito ay aking tinalakay sa isang papel, "Ang Usapin ng Deportasyon sa Kilusang Propaganda," 1996.

6. Tinalakay ng may-akda ang puntong ito sa isang papel, "Deportasyon at Bayan: Mga Liham Mula/Ukol sa Kalamba," 1997.
7. *Fragmentos de una carta de Rizal en tagalo*, Oktubre 1891.
8. Si Rizal ay unang nagbalik-bayan sa Pilipinas noong 1887.
9. Nailathala ni Rizal ang *Noli me tangere* noong 1887.
10. Si Manuel Timoteo Hidalgo ay asawa ni Saturnina Rizal.
11. Si Antonino Lopez ay asawa ni Narcisa Rizal.
12. Antonio Luna kay Rizal, 15 Enero 1889.
13. Antonio Luna kay Rizal, 8 Enero 1892.
14. Si Andres Novales ay isang *creole* na kapitan sa isang rehimentong Espanyol sa Maynila. Noong 1823, siya ay nanguna sa pag-aaklas ng mga *creole* laban sa mga awtoridad na Espanyol. Siya ay nadakip at binaril sa salang pagtataksil sa Espanya.
15. Pag-aaklas sa Cavite ng 1872. Ito ay isinagawa ng mga sundalong Pilipino sa arsenal ng Cavite sa pamumuno ng sarhentong si Fermin la Madrid bilang pagtutol sa pagbababa ng kanilang sahod at pagtatanggal sa pribiliheyo ng hindi pagbabayad ng tributo.
16. Pinaksa ng may-akda ang mga liham na ito sa isang papel, "Deportasyon at Bayan: Mga Liham Mula/Ukol sa Kalamba," 1997.
17. Si Nicasio Eigasani ay iniulat na dating *cabeza de barangay*.
18. Si Felipe Buencamino ay abugado ng mga taga-Kalamba.
19. Paciano kay Rizal, 27 Mayo 1890.
20. Felipe Buencamino kay Rizal, 7 Pebrero 1891.

21. *Ibid.*
22. Nicasio Eigasani kay Rizal at Marcelo H. Del Pilar, 14 Enero 1891.
23. Ayon kay Gregorio F. Zaide, sa pagsisipi ni Greg Bankoff, *Crime, Society and the State in the Nineteenth Century Philippines* (Lunsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996).
24. Graciano Lopez Jaena kay Rizal, 26 Agosto, 1891.
25. Edilberto Evangelista kay Rizal, 29 Abril, 1892.
26. Noong 1891, sina Francisco Mercado, Paciano Rizal at Silvestre Ubaldo ay nakatakas sa Mindoro at tumungo ng Hong Kong. Sumunod sina Teodora Alonso at Lucia Rizal.
27. Mariano Ponce kay Rizal, 11 Mayo 1892.
28. Rizal kay Deodato Arellano, 1 Mayo 1891.
29. Lucia kay Rizal, 30 Mayo 1890.
30. Ang *lego* ay katuwang ng prayle sa kumbento o hacienda na propesado sa orden ngunit walang kapasidad na kleriko. Sa Ingles ay *lay brother*.
31. Rizal kay Ferdinand Blumentritt, 23 Pebrero 1892.
32. Manuel Timoteo Hidalgo kay Rizal, 15 Oktubre 1888 at 1 Enero 1889.
33. Ang isang liga sa Espanya ay katumbas ng 5,572 metro. Sa pagtutumbas na ito, ang 300 liga ay may 1,670 kilometro.
34. Leandro Lopez.
35. Si Silvestre Ubaldo ay iniulat na dating empleyado ng *telegrafos*.
36. Mateo Elejorde.
37. Saturnina kay Rizal, 6 Setyembre 1890.
38. Narcisa Rizal.

39. Ang kanyang asawang si Hidalgo.
40. Salvador Viada y Vilaseca, : *Codigo penal reformado de 1870* (Madrid:1890.)
41. Ang demonstrasyon ng ika-1 ng Marso 1888 ay isinagawa ng mga *gubernadorcillo* at dating *gubernadorcillo* ng mga bayan ng Maynila't mga karatig-lalawigan. Sila'y naghapag ng petisyon sa gobernador sibil ng Maynila na tumutuligsa sa mga katiwalian ng mga prayle. Isa ito sa iba't ibang pagkilos ng mga *principales* na itinuturing kong mapagpasiya sa pag-ugit ng "panahon ng Kalamba," sa pinaksa ng may-akda sa "Ang Panahon ng Kalamba: Deportasyon at Filibusterismo."
42. Laktaw kay Rizal, 1888.
43. Viada, p.532-533.
44. Kaya't karaniwan, ang mga rekord ng mga deportado ay naglalaman ng mga liham nila o ng kanilang asawa o kaibigan na kundi nagpapabulaan sa mga akusasyong pinagbasehan ng kanilang deportasyon ay dumudulog sa gobernador-heneral na kung maaari'y bigyan sila ng *indulto* (kapatawaran) dahil ipinagdusa na nila ang akusasyon sa kanila, hindi man ito totoo. Ang mga rekord na ito ay isa ring buntong panitikan ng dalamhati at pakikibaka, na walang ipinagkaiba sa mga liham ng mga taga-Kalamba.
45. Nilo S. Ocampo, "Mga Deportado sa Palawan." Nasa Ferdinand C. Llanes (pat.), *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan* (Lunsod Quezon: Trinitas Publishing, 1994).
46. Mga balot ng *Deportados*, Pambansang Sinupan.
47. Namatayan pa si Narcisa ng anak noong Setyembre ng 1891.
48. Pagsisipi at pagsasalin ni Ocampo:
49. *Ibid.*
50. Rizal kay Ponce, 18 Abril 1889.
51. Ang pagbabalik-bayan na ito ay pulitikal. Ngunit taglay rin nito ang bahaging kultural. Sa hanay ng mga propagandista, maaaring hindi ito makita sa kanila bilang isang kabuuan. Ang diwang kultural ng pagbabalik-bayan ay maaaring matunghayan sa antas indibidwal tulad ng pagbabalik ni Rizal sa ating mga

ugat pangkabihasan. Sa pakikipagsulatan niya kay Blumentritt, makikita ang pagbabalik ni Rizal sa ating mga katutubong kaugalian at sa dalumat ng iba't ibang aspeto ng sinaunang kabihasan. Makikita rin ito sa paggamit niya ng wikang Tagalog sa ilang mga liham, kasama na rito ang gawaing isalin/ipasalin ang *Noli me tangere* at ang pagsusulat sa wikang Tagalog ng kanyang ikatlong nobela. Ang transisyong ito ni Rizal ay pinaksa ng may-akda, bilang bahagi ng kanyang radikalismong, sa papel na *Ilang Tala sa Radikalismong ni Jose Rizal: 1886-1892*. Pagdating ng panahon, ang mga ilustradong naging kasapi ng Katipunan ay hindi makakaigpaw sa kanilang paninindigang kiling sa kulturang banyaga. Papasok sila sa balangkas ng pakikipagkasundo sa mga kolonisador. Sina Bonifacio at Jacinto lamang, na nagsimula sa proyekto ng pagkabansa sa batayan ng sariling kalinangan at hindi kinailangang magbalik sa bayan sa kamalayang pangkalinangan, ang nakapanindigan sa Inang Bayan hanggang sa kanilang kamatayan.

BIBLIOGRAPIYA

Bankoff, Greg

1996 *Crime, Society, and the State in the Nineteenth Century Philippines*.
Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Llanes, Ferdinand C.

1998 "Ang Panahon ng Kalamba: Deportasyon at Filibusterismo." Papel na binasa sa Bulacan State University, Malolos, Bulacan, Setyembre 13-16.

1997a "Ilang Tala sa Radikalismong ni Jose Rizal: 1886-1892." Papel na binasa sa Luis Palad National High School, Tayabas, Quezon, Disyembre 29-30.

1997b "Deportasyon at Bayan: Mga Liham Mula/Ukol sa Kalamba." Papel na binasa sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, Los Baños, Laguna, Nobyembre 28-30.

1996 "Ang Usapin ng Deportado sa Kilusang Propaganda."Papel na binasa sa Bulacan State University, Malolos, Bulacan, Nobyembre 28-30.

National Library

1933 *Epistolario Rizalino*. Tomo 2-4. Manila: Bureau of Printing.

Ocampo, Nilo S.

1992 "Mga Deportado sa Palawan." Nasa Ferdinand C. Llanes (pat.) *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan*. Lunsod Quezón: Trinitas Publishing.

Pambansang Sinupan

w.t. "Deportados" (mga piling tinipon na ulat).

Real Academia Española

1992 *Diccionario de la lengua española*. Madrid.

Schumacher, John N.

1997 *The Propaganda Movement: 1880-1895*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Viada y Vilaseca, Salvador

1890 *Codigo penal reformado de 1870*. Madrid.

MARIANO PONCE: SUGO SA BANSANG HAPON

MA. LUISA T. CAMAGAY

Panimula

Para kay Mariano Ponce ang paninirahan sa ibang bansa gaya ng Hapon ay hindi isang bagong karanasan. Sa katunayan, unang nalanghap ni Ponce ang simoy ng hanging banyaga noong siya'y tumulak patungong Espanya sa taong 1887 nang siya ay may 24 na taong gulang. Sa loob ng siyam na taon sa Europa, naging aktibong kalahok siya sa mga gawaing pulitikal ng mga kapwa niyang ilustrado kaugnay ng paghiling ng mga reporma para sa Pilipinas.

Tubo ng Baliwag, Bulacan, nagmula si Mariano Ponce sa isang pamilyang mariwasa. Siya ay panganay na anak nina Mariano Ponce at Maria Collantes de los Santos. Tahimik ang mga nakasulat na talambuhay ni Ponce sa dahilan ng paglisan niya ng Pilipinas, maliban sa binanggit na ipinagpatuloy niya ang pag-aaral niya ng medisina sa *Central Universidad de Madrid*. May banggit sa isang artikulo hinggil sa kanya na ang kanyang pagiging malapit kay Marcelo H. del Pilar, na aktibong bumabatikos sa mga prayle, ang maaaring dahilan ng kanyang pagkamulat sa mga usaping pulitikal ng kolonya at siya ring dahilan ng kanyang pagpunta sa Espanya.

Buhay sa Europa

Habang nasa Europa si Ponce naging isa siyang masugid na kalahok ng Kilusang Propaganda. Naatang sa kanyang balikat ang pagiging katuwang na patnugot ng

La solidaridad. Nagsulat si Ponce ng mga samutsaring artikulo para sa *La solidaridad* gamit ang kanyang *nom de plume* o *pen name* gaya ng Naning na palayaw niya, ng Kalipulako na pangalan ni Lapu-Lapu at ng Tikbalang, isang lamang lupa.

Pinaksa ng isang artikulo ni Ponce si Panday Pira, isang bantog na panday na gumawa ng mga lantaka sa tanggulan ni Rajah Soliman. Bunga ng kahusayan niya bilang panday, hiniling ng mga Espanyol na si Panday Pira ang gumawa ng mga kanyon ng Intramuros. Tugon ito sa mungkahi ni Rizal na dapat banggitin ng *La solidaridad* ang mga bantog na Pilipino. Ipinakita ni Ponce dito ang mataas na antas ng teknolohiya ng mga Pilipino sa harap ng madalas na panlalait ng mga Kastila. Ayon kay Ponce:

Masugid na mangingibig ng mga gloria ng aming lupang sinilangan, lubhang napakasakit sa amin na matunghayan kung paano kinutya at inakusa ang mga anak nitong malawak na arkipelago, pinagkaitan ng lahat ng kakayahang intelektuwal. Tinuring nila kaming mahina at walang kakayahan na matuto, mga *anthropoids*, *quadrupeds*, mga lumaking bata na payat ang mga katawan at mababaw ang isipan, mga *pygmies* na walang lakas, atbp. at dahil dito, walang pag-aalinlangang insultuhin at tratuhin sila bilang mga nilalang na walang matwid.¹

Sa Espanya, nakipag-ugnayan at natunghayan ni Ponce ang sari-saring karanasan ng ilang kababayan. Ipinakilala ni Maximo Viola sina Ponce at Jose Rizal sa pamamagitan ng isang liham. Mababasa ang simula ng pagkakaibigang ito sa sulat ni Rizal kay Ponce noong ika-30 ng Abril 1888 na nagsasaad:²

Ipagpaumahin mo kung ang tawag ko sa iyo ay kaibigan na gaya ng pagtawag ko sa iyo sa sulat na ito. Bagaman hindi pa tayo nagkikita ng personal, itinuturing na kitang isang kaibigan dahil sa marami mong tulong na naibigay sa akin. Malaking karangalan ang maging kaibigan mo. Binanggit ni Viola na kaibigan nating pareho ang pagmamagandang loob mo sa pag-asikaso sa aking mga aklat. Lubos akong nagpapasalamat sa kagandahang loob na ito at sana'y masuklian ko ito. Kasalukuyan akong nasa Amerika at patulak sa Europa. Titigil ako nang matagal-tagal sa Londres. Susulat ako sa iyo mula rito dahil ibig kong magsulatan tayo muli.

Ipinaubaya rin ni Rizal kay Ponce ang pagpapalimbag ng kanyang manuskritong *La vision de fray Rodriguez* at *Por telefono*.

Nasaksihan ni Ponce ang buhay ni Graciano Lopez Jaena sa Espanya. Naging pangarap ni Jaena na makapunta sa Cuba. Nangako si Jaena na gagawin niya ang lahat para sa bayan habang siya'y nasa Cuba. Pinayuhan ni Rizal si Jaena na

huwag nang tumuloy sa Cuba dahil wala raw siyang mahihinatnan sa Cuba kundi ang magkasakit ng *yellow fever*. Hindi napigilan si Jaena sa kanyang balak. Ganoon pa man ay hindi tumulak patungong Cuba si Jaena dahil sa umatras ang *Ministerio de Ultramar* na tustusan ang kanyang pamasaha.³

Nasaksihan din ni Ponce ang malungkot na buhay ni Jose Maria Panganiban, isang Bikolano na tubo ng Mambulao, Camarines Norte. Si Panganiban ay hindi lamang isang magaling na mananalumpati kundi isang mahusay na manunulat. Sumulat rin siya para sa *La solidaridad* gamit ang kanyang sagisag panulat na Jomapa. Nagkaroon ng relasyon si Pepe Panganiban sa isang babeng may asawa, at nagkaroon ng insidente kung saan nabugbog si Pepe (nasugatan siya sa ulo) ng asawa ng babae at ng kaibigan nito. Sabi ni Ponce: “Hindi nakaabot sa korte ang kaso at pinaghiwalay namin ang dalawang magnobyong.” Sumulat si Rizal na nakikiramay siya sa sinapit ni Pepe ngunit inasaahan niya na sana’y palampasin ni Pepe ang nasabing pangyayari at tuluyang ituwid ang kanyang buhay. Batang namatay si Pepe Panganiban sa sakit na TB. Isang parangal kay Pepe Panganiban ang isinulat ni Ponce sa *La solidaridad*. Binanggit ni Ponce na minsang’y pabirong sinabi ni Pepe Panganiban na kung siya’y mamatay, sana isulat ni Ponce sa puntod niya ang mga salitang “Dito nakahimlay ang Tagapagtanggol ng Dangal ng Pilipino.” Tinupad ni Ponce ang kahilingang ito ni Panganiban.

Nakapanayam ni Ponce ang mga Espanyol na may simpatiya sa Pilipinas. Isa na rito si Señor Victor Balaguer, dating Ministro ng mga Kolonya. Binisita ni Ponce si Balaguer sa kanyang bahay bakasyonan na gawa sa nipa at kawayan sa Villanueva y Geltru, at ito ang naging paksa ng isang artikulo ni Ponce sa *La solidaridad*. Ayon kay Ponce, nawika ni Balaguer ang ganito:⁴

... ang mayamang lupa ang pag-asa ng Espanya sa balang araw. Mabuting gobyerno, maayos na pamamahala, mga pamantasan, mga matataas na paaralan, mga paaralan na nagtuturo ng sining at kabuhayan, museo, pampublikong aklatan at iba pang sentro ng edukasyon, libreng pag-papaaral sa mga batang lalaking may kakayahang mag-aral sa Espanya at sa labas ng bansa, nagbibigay sa mga naninirahan ng lahat ng mga nararapat at may kaalaman ng kanilang karapatan at pribilehiyo, isang patakaran na nagbibigkis at nagpapatibay sa mga hangarin sa pagitan ng mga tagapulo at Peninsulares — mga ugnayan na nagbibigkis sa mga probinsiya at kolonya sa ibayong dagat at ang Inang Bayan, paglansag sa patakaran ng karahasan — lahat nang ito ay magbubuhay muli sa Pilipinas at siyang hahango sa pagkaalipin na kanyang kinalalagyan ngayon.

Kung may mga Espanyol na may simpatiya sa Pilipinas, mayroon din namang mga manglalait. Nasangkot si Ponce sa isang insidente sa pagitan nina Antonio Luna at Mir Deas, isang mamamahayag na Kastila na sumulat ng isang artikulong pinamagatang “A Taga-ilog en pueblo Serrano.” Sa artikulong ito, pinaratangan

ni Mir Deas si Taga-ilog na akala niyang si Juan Luna na isang *ingrato*, isang *filibustero* at isang taong walang dangal. Bukod dito, sumipi si Mir Deas ng mga masasamang puna tungkol sa Pilipinas mula kay Cañamague. Dahil nilapastanganan ni Mir Deas ang dangal ng mga Pilipino at binastos ang kanyang kapatid, minabuti ni Antonio Luna na hamunin sa isang duwelo si Mir Deas. Sinuportahan ng mga Pilipino ng Madrid at Barcelona ang balak na ito ni Antonio Luna. Samantala, inakusahan din ni Mir Deas na binigyan siya ni Ponce ng bagong pangalan - Mier Das - na ibig sabihin ay dumi ng tao. Dahil sa bintang na ito, nirekisa ang bahay ni Ponce. Ang nakita ay tatlo o apat na aklat ng *La vision de fray Rodriguez* at ilang kopya ng *Dasalan*. Ayon kay Ponce, ipinaliwanag niya sa Korte na natanggap niya ang mga nasabing aklat bilang patnugot ng *La solidaridad*. Lumabas ang insidenteng ito sa mga pahayagan ng Barcelona at Madrid at tinalakay sa Senado, sa Kongreso at sa Konseho ng mga Ministro. Iniulat rin ni Ponce kay Rizal na pumanig ang mga pahayagang Espanyol sa mga Pilipino. Natapos ang insidente sa pamamagitan ng pagpapawalang bisa ng hukuman sa bintang laban kay Ponce.

Noong pumutok ang rebolusyon sa Pilipinas, napiit si Ponce ng 48 oras sa Barcelona sa suspetsang may kinalaman siya sa rebolusyon. Gaya ng mga kapwa niyang repormista, si Ponce ay naniwala na ang pakikibaka tungo sa mga reporma ay dapat ilunsad sa Espanya at hindi sa Pilipinas sa dahilan na higit na pakikikinggan sila ng pamahalaang Espanyol kung sila'y nasa Espanya. Ang pagpunta ng mga ilustrado sa Espanya ay pagkilala na may mga karapatang pantao – karapatang magbuklod, karapatang maghayag, atbp. – na natatamasa sa Espanya na wala sa Pilipinas. Nabago ang mga mithiin ng mga Pilipino mula sa reporma tungo sa kalayaan noong taong 1898 at dahil dito ay nalipat rin ang larangan ng pakikipabaka mula sa Espanya patungong Hong Kong. Ang Hong Kong ay naging ideyal na lugar para sa mga rebolusyonaryo dahil sa mga sumusunod na kadahilanan: 1) may mga Pilipinong rebolusyonaryo na ninirahan dito, 2) malapit ito sa Pilipinas, 3) hindi sila minamanmanan ng malapitan ng mga Ingles, at 4) naiuugnay ang Hong Kong at Pilipinas sa pamamagitan ng mga barko at linyang pangkomunikasyon. Sa harap ng mga pangyayaring ito, nilisan ni Ponce ang Espanya at pumunta sa Hong Kong kung saan tumuloy ang ilang kasamahan mula sa Espanya. Pagdating niya sa Hong Kong, siya ay hinirang na Kalihim ng *Junta Revolucionario* o kilala bilang Hong Kong Junta, at di naglaon ay nahirang na sugo ng Rebolusyonaryong Pamahalaan ng Pilipinas sa Hapon.

Si Ponce sa Hapon

Dumating si Ponce sa Hapon noong ika-29 ng Hunyo 1898. May 33 taong gulang na siya noon. Pinili ni Ponce na tumigil sa Yokohama dahil sa maraming banyaga sa lugar na ito, hindi gaya ng Tokyo na bihira ang mga banyaga. Dalawang bagay ang dapat magampanan ni Ponce sa lugar na ito para sa Pilipinas. Ang una ay makuha ang suporta ng Hapon para sa rebolusyon sa Pilipinas at ang pangalawa

ay bumili ng armas na gagamitin para sa hukbong sandatahan. Piniling lapitan ng Hong Kong Junta ang Hapon dahil katatapos lamang ang tagumpay nito sa Giyerang Tsina-Hapon. Hinangaan ng mga Pilipino ang Hapon dahil sa natalo nito ang isang malaking bansa gaya ng Tsina.

Nang dumating si Ponce sa Hapon, una niyang nakilala si Jose Ramos, isang Pilipinong matagal nang nakatira sa Yokohama. Ipinakilala ni Ramos si Ponce kay Ikariyama, isa sa bumubuo ng lupon ng Mikado na naatasang siyasin ang sitwasyon sa Pilipinas. Di naglaon ay nakilala rin ni Ponce si Fukushima na instruktur ng prinsipeng imperyal. Niregaluhan ni Ponce si Fukushima ng retrato ni Aguinaldo at nawika ng Hapon na di niya sukat akalain na bata pa si Aguinaldo. Maraming detalye ang itinanong ni Fukushima kay Ponce sa kanilang pag-uusap noong ika-12 ng Hunyo 1898. Nais malaman ni Fukushima ang mga sumusunod: ang patakaran ni Heneral Aguinaldo, ang sitwasyon ng Maynila, ang mga miyembro ng gabinete ni Heneral Aguinaldo, ang ugnayan nila Heneral Aguinaldo at G. Artacho, pondo para sa digmaan, mga obserbasyon ni G. Lichauco sa patakaran ng mga banyagang may kapangyarihan sa Pilipinas, kung ilan ang naiwan sa Hong Kong, ang paggalaw ng mga rebolusyonaryo mula noong dumating ang mga puwersang Amerikano, kung ang mga rebolusyonaryo ng Hilagang Luzon ay kapanig ni Heneral Aguinaldo, kung umabot ang mga armas mula sa Shanghai at Hong Kong, at kung ilan ang natanggap.⁵

Di naglaon nagkaroon ng pagbabago sa pamahalaang Hapon. Nanalo ang Partidong Shimpoto na inilarawan bilang Progresistang Demokratikong Partido. Isinantabi ang usapin hinggil sa Pilipinas sa Mikado upang harapin ang pagbuo ng bagong gabinete sa Hapon. Umasa pa rin si Ponce na makakatulong pa rin si Fukushima dahil sa koneksyon niya sa prinsipeng imperyal.

Samantala, nakaabot sa kaalaman ni Ponce ang pagsuko ng Intramuros noong Agosto 1898 at siya'y naatasang bumili ng armas para sa hukbong sandatahan ng pamahalaang rebolusyonaryo. Sa sulat ni Ponce kay Galicano Apacible noong ika-16 ng Setyembre 1898 binanggit niya ang halagang kakailanganin para ipambili ng mga armas. Ayon kay Ponce, labing-tatlo hanggang labing-apat na libong piso ang kakailanganin para bumili ng isang *schooner*, anim hanggang pitong libo ang pambili ng bala at sampung libo ang pambili ng mga baril. Iminungkahi ni Ponce na makakatipid kung ang isang bapor galing sa Pilipinas ang magdadala ng mga armas. Binanggit ni Ponce na maaring gamitin ang mga bapor na "Bulusan," "Taaleño," "Don Francisco" o "El Pasig."

Habang naghahanap ng mura ngunit mahusay na armas na ipadadala sa Pilipinas, nakilala ni Ponce si Dr. Sun Yat-sen.

Ang Pagkakaibigan nina Ponce at Sun Yat-sen

Unang nakilala ni Ponce si Dr. Sun noong kapwa sila inanyayahang maghapunan sa bahay ni Inukai Ki, isang prominenteng pulitikong Hapon. Nagkakilala ang

dalawa isang gabi ng taglamig noong 1899. Ang kanilang pagtagpo ay ginunita ni Ponce sa kanyang mga isinulat:⁶

. . . Ipinakilala ako sa mga bisitang hindi ko pa kilala, karamihan mga pulitikong Hapon at mga siyentipiko. Kabilang si Sun Yat-sen sa mga panauhin. Natandaan ko ang kanyang pangalan sa nabasa ko sa Barcelona tungkol sa *kidnapping* sa Londres.

Nagsimula ng gabing iyon ang personal na kaalaman ko tungkol sa kanya.

Pareho kaming nakatira sa Yokohama at sabay kaming umuwi nang gabing iyon. Dahil nakatira kami sa iisang lungsod, madalas kaming nagkikita.

Sa kanya-kanyang paraan pareho naming itinataguyod ang iisang mithiin, ang kasiyahan ng aming mga bansa — at ito ang nag-ugnay sa amin.

Naalala ni Ponce na nawika ni Dr. Sun na hindi sapat na mapalaya ang bansa. Higit na mahalaga ang pagtutulungan ng mga bansa para matamo ang kalayaan. Ang ideyang *Pan-Asianism* ay ipinaliwanag ni Ponce nang ganito:⁷

Para kay Sun Yat-sen, ang problema ng iba't-ibang bansa sa Malayong Silangan ay nagkakaugnay-ugnay kung kaya't kailangan pag-aaralan sila bilang isang yunit sa pangkalahatan upang mauunawaan ang bawat isa sa partikular. Maraming mga parehong puntos ang nag-uugnay sa kanilang mga problema. Subalit kailangang makilala ng mga bansang ito ang isa't isa.

Sinabi rin ni Dr. Sun na sa pag-uunawaan ng bawa't bansa sa Asya, magkakaroon ng malasakit sa kalagayan ng bawa't isa. Itinaguyod ni Dr. Sun ang pagbubuo ng isang asosasyon na tinawag na *Association of Oriental Youth*. Ayon kay Ponce, binuo ito ng mga Koreano, Tsino, Hapon, Indian, Siamese at Pilipino. Idinagdag ni Ponce na mula 1899 hanggang 1900, ang sitwasyon ng Pilipinas at Korea ang naging sentro ng talakayan ng asosasyon. Sa bahay ni Ponce sa Yokohama nagtipon ang mga makabayang Tsino at Koreano.

Dahil sa batid ng lahat ang pangangailangan ng armas ng mga Pilipino, lumapit ang dalawang panig ng mga Tsino na nangakong tumulong. Ang isang grupo ay ang mga maka-Manchu Emperor na kinatawan ni G. Lung Tai-Kwang, kalihim ni Kang Yu Wei na pinuno ng Partidong Reformistang Tsino. Nakipagpanayam si G. Lung kay Ponce at Gregorio Agoncillo noong ika-9 ng Nobyembre 1898. Binanggit ni G. Lung na ayon sa mga Hapon na nagpakilala sa kanilang tatlo, ang mga repormistang Tsino at mga Pilipinong rebolusyonaryo ay dapat magtulungan. Ang pangalawang grupo ay kinatawan ni Dr. Sun. Sa pagbanggit ni Ponce kay Dr. Sun

sa misyon niyang bumili ng armas para sa Pilipinas, inilapit siya nito kay Miyazaki Toten, isang dating *samurai* na masugid na tagasubaybay ng mga pangyayari sa Tsina at matalik na kaibigan ni Dr. Sun. Nagkaroon ng kasunduan sina Ponce, Dr. Sun at Miyazaki Toten na magsisilbing ahente ang huling dalawa upang makabili ang mga Pilipino ng armas at maipadala ang mga ito sa Pilipinas. Kapalit nito ang pagbigay ng mga Pilipino ng isang daang libong piso sa rebolusyonyong kaban ng Tsina.⁸ Ang nabanggit na halaga ay ginugol ni Dr. Sun para sa isang pahayagang sasagot sa pahayagang maka-Manchu emperor ni Kang Yu Wei.⁹

Lumapit sina Dr. Sun at Miyazaki kay Inukai Ki na kaparehong kampo ni Okuma Shigenobu¹⁰ para ipaalam sa kanya ang balak. Si Inukai Ki, dating Ministro ng Edukasyon ng Hapon ang heredero ni Okuma sa Partidong Shimpoto, ang partidong progresibo ng Hapon. Hindi tumutol si Inukai Ki sa balak ngunit ipinayo niya na dapat sikreto ang pagpapadala ng armas sa Pilipinas. Iminungkahi ni Inukai Ki na si Nakamura Haizan, pangkalahatang kalihim ng Shimpoto at miyembro ng *Imperial Diet* ang dapat mamahala sa lahat. Tinanggap ni Nakamura ang mahalagang papel na gagampanan niya.¹¹ Masayang tinanggap ni Dr. Sun ang papel rin niya sa negosasyon dahil nakita niya ang potensyal ng Pilipinas bilang lunsaran ng mga rebolusyonyong Tsino.

Upang hindi maghinala ang pamahalaang Hapon tungkol sa pagpapadala ng armas sa Pilipinas, ipinagbili ng hukbong sandatahan ng Hapon ang mga armas sa *Okura Trading Company* na ipinagbili naman sa kaibigan na Aleman ni Nakamura na si Weinberger. Mahalagang banggitin dito na walang tutol ang mga opisyal ng Hukbong Sandatahan ng Hapon sa pagbibili ng mga armas sa Pilipinas ngunit may alinlangan ang Ministro ng Ugnayan Panlabas sa balak dahil sa pangamba na baka magalit ang Estados Unidos. Isang bapor, ang *Nunobiki Maru* ang binili mula sa *Mitsui Company* at ang karbon ay binigay ni Tsunjiro Hiraoka na may ari ng *Fukuoka Colliery*. Tumulak patungong Pilipinas ang bapor mula sa Nagasaki noong gabi ng ika-19 ng Hulyo 1899. Subalit ang bapor na itong may lulan na anim na milyong kilo ng amunisyon, 10,000 riple, isang kanyon, 10 *field guns*, pitong *field glasses*, isang *pressing machine* para sa polbora at iba pang mga materyales sa paggawa ng munisyon ay lumubog noong makasalubong ito ng bagyo malapit sa Shanghai noong ika-21 ng Hulyo 1899.

Lubhang ikinalungkot ito nina Ponce at ni Dr. Sun. Nagboluntaryo si Ponce na magbitiw bilang sugo ng Pamahalaang Rebolusyonyo sa Hapon. Nagkasakit si Ponce dahil sa malaking disgrasyang ito at humiling na magbakasyon muna sa Hong Kong. Binanggit ni Ponce kay Apacible na maaring lapitan ang mga Hapon na mayayaman at kung makaabot man lamang ang koleksyon ng 200 hanggang 300 libong yen ay makakabili muli ng mga armas.

Noong buwan ng Oktubre 1899, nasa Hong Kong si Ponce at ipinaubaya niya kay Dr. Sun ang pagbili ng pangalawang kargada ng mga baril at munisyon. Ito ay mababasa sa sulat ni Ponce kay Dr. Sun noong ika-16 ng Oktubre 1899. Sabi ng liham:¹²

Kumusta ang ating kalagayan? Sa ngayon, ang dalawa't kalahating milyon na ating nabili ay sapat na. Lahat ng sobrang pera, pagkatapos bilhin ang barko, sana ay gamitin sa pagbili ng mga baril na pare-pareho ang mga *cartridges*, maski mga isang daan o humigit kumulang, lahat ng maaring bilhin ng pera. Kung hindi ito makakaantala, maari ring magpadala ng ilang baril. Mas mainam kung hindi ito magiging sagabal.

Ikinalulungkot ko na hindi namin mailabas ang pera na nasa amin ngayon. Ngunit inaasahan ko na sa pagbalik, may dalang pera ang barko, dahil ang aming mga kasama ay naghihintay sa ngayon sa lugar na alam mo, na may mas maraming pera .

Noong Enero 1900, sumulat si Ponce kay Sun Yat-sen na nagpahiwatig ng pag-unawa sa hindi pagtupad ng pagpapadala ng armas sa Pilipinas. Sabi ng sulat ni Ponce:¹³

Nauunawaan ko sa inyong telegrama na imposible sa ngayon ang ating gawain. Lubha naming ikinalulungkot ang aming kasamaang palad, ngunit alam naming wala kaming magagawa sa nakatadhana at kailangang tanggapin namin ang nangyari. Kung ayon sa inyong obserbasyon, tila imposibleng maisagawa namin ang aming mga plano, kailangang tigilan namin ito, kung ito ang pinakamabuti. Maghihintay kami ng mas magandang pagkakataon.

Bagaman nabili ang mga armas at munisyon, hindi ito nakarating sa Pilipinas. Ang kargada ay binaba sa Formosa sa utos ng pamahalaang Hapon bunga ng protesta ng mga Amerikano. Hiniling ni Dr. Sun sa Hong Kong Junta na kung maaring hiram ang mga armas at munisyon upang magamit ng mga rebolusyonaryong Tsino. Pinahintulutan ito ng Hong Kong Junta ngunit ang mga armas ay di na naisauli. Samakatuwid masasabi natin na nakatulong pa ang mga Pilipino sa rebolusyon ng mga Tsino.

Mga Gawaing Propaganda ni Ponce sa Hapon

Sinubaybayan rin ni Ponce ang mga pahayagang Hapon tungkol sa kanilang mga sinusulat na may kaugnayan sa Pilipinas. Sa sulat ni Ponce kay Vergel de Dios, nasabi niya na sinusubaybayan ng mga pahayagang Hapon ang mga pangyayari sa Pilipinas at nakikiisa sa mga Pilipino ang ilan na kilalanin ang inideklarang kalayaan.

Sumulat at nagpakilala si Ponce sa mga patnugot ng mga pahayagang Hapon. Isa na dito si G. Yamagata na patnugot ng *The Yorodzu Choho*.¹⁴

Minamahal kong Ginoo: Labis ang aking pasasalamat sa inyong kabutihan at sa inyong pagtanggap sa akin kahapon. Ngunit higit ang pasasalamat

ko sa inyong kagalang-galang na pagkilala at paborableng pananaw sa aming usapin.

Tama kayo. Kinakalaban namin ngayon ang maling opinyon hinggil sa aming kakayahan sa pansariling panunungkulan. Ilang araw pa lamang ang nakararaan nang makausap ko ang isang mamamahayag na nagtanong tungkol sa aming kakulangan sa pansariling pamahalaan. Ito ang sinabi ko:

May batayan ba ang ganitong paniniwala? Marami kaming mga patunay na magsasabing kayo ay nagkakamali. Sa loob pa lamang ng walong buwang panunungkulan ng aming Gobyerno ay naitatag na namin ang mga lalawigan, mga munisipyo, ang aming pananalapi, ang aming hukbo, mga paaralan at iba pa . . . Niratipika na rin ng aming Kongreso ang aming Konstitusyon. . . . At anumang tagumpay ng aming pamahalaan ay maaring pagtibayin ng sinumang diplomatikong naninirahan sa aming bansa. Sa isang memorandum nila sa pamahalaan ng Amerika, pinatunayan nila na sa ilalim ng Bandilang Pilipino ay ligtas ang mga kapakanan at katauhan ng mga banyaga sa aming bansa. Nalalaman ba ninyo kung saan nagaganap ang mga nakawan, patayan, pananakit, panggugulo sa pamumuhay at ari-arian, pang-aabuso sa katungkulan, mga eskandalo sa lansangan, mga kalasingan at iba pa? Hindi makikita ang mga ito sa anumang lugar sa Pilipinas kundi sa Maynila na pinamamahalaan ng mga Amerikano. Hindi lamang ako ang nagsasabi nito kundi pati na rin ang buong pamamahayag sa Silangang Asya. Idadagdag ko pa na matapos ang pagdaloy ng maraming dugo at mga salaping ginastos sa digmaang tumagal ng dalawang taon para sa kalayaan, hindi basta-basta tatanggapin ng mga Pilipino ang awtoridad ng Estados Unidos. Noong bago masira ang relasyon ng Espanya at Amerika, at nang hindi namin matanto ang siguradong tagumpay laban sa mga Kastila, ayaw naming ipagbili ang anumang tagumpay sa pangakong magiging bahagi ng Amerika. Noong mga panahong iyon ay kasapi ako ng Komiteng Pilipino bilang isang pangkalahatang kalihim, at masasabi kong nagkaroon ng malawakang protesta sa aking bansa sa pagbanggit ng posibilidad na papalitan ng Amerika ang pamumuno ng Espanya sa Pilipinas. Paano namin ibibigay sa mga Amerikano ang aming kalayaan ngayong nasa aming mga kamay na ito? Hindi magpakailanman! Isa itong krimeng walang kapatawaran.

Ganito rin ang mensahe ng mga sulat ni Ponce kay I. Haregawa, patnugot ng pahayagang *Taiyo* at kay K. Sugimura, patnugot ng *The Orient*. Ang mga sulat sa mga patnugot ay bunga ng pagputok ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

Saksi ang mga sulat ni Ponce sa mga patnugot ng pahayagang Hapon sa pagtatanggol niya sa ating bayan. Sinasalamin ito ng kanyang sulat kay G. Sugimura ng *The Orient*.¹⁵

Iginagalang kong Ginoo: Maraming salamat sa inyong liham at sa mga kopya ng ikatlong labas ng *The Orient*. Tumatanaw ako ng utang na loob sa inyong kabaitan.

Sumasang-ayon sa aming adhikain at kinikilala ng sumulat ng artikulo sa inyong lathalain ang aming karapatan. Hindi niya tuwirang sinasabing pabor siya sa amin. Iginagalang ko ang kanyang mga dahilan. Ngunit tinutuligsa niya ang ginagawa ng mga Amerikano. Mahalaga ito para sa amin.

Walang dahilan upang pagbintangan kayo. Sa katunayan, dapat akong magpasalamat sa inyo, lalo sa inyong tapat na deklarasyon na alam ninyong mali ang ginagawa ng Amerika na maging isang imperyalista at ng inyong pagkilala sa kakayahan at katarungan ng protesta ng mga Pilipino.

Hindi namin mapagkakatiwalaan ang pagbibigay ng mga Amerikano. Ilang ulit na nila kaming ininsulto at trinaydor. Alam namin, batay sa malungkot na karanasan, na kung hahayaan namin ang aming kapalaran sa kanilang mga kamay, gagawin lamang nila kaming isang kolonya. Inalok lamang kami ng isang pamahalaan militar ni Heneral Otis sa kanyang proklamasyon noong ika-4 ng Enero.

Gusto naming makasiguro, kahit pumasok kami sa digmaan. Hindi namin kailanman matatanggap ang aneksasyon dahil magiging teritoryong Amerikano ang aming bansa. Ayaw naming mawala ang aming nasyonalidad. Hindi kami tutol maging isang protektorado na may kondisyon. Mangyaring tingnan ninyo ang pagtrato ng mga Amerikano sa mga Indian, Negro at mga Tsino na nasa ilalim ng kanilang pamahalaan. Mga mahihinang lahi! Ganyan din ang turing nila sa amin sa Maynila ngayong hawak nila ito. Nakabuod sa mga salita ni Bishop Porter, ang pinuno ng Simbahang Anglikano sa Estados Unidos, ang pananaw ng hukbong Amerikano sa mahihinang lahi. "Para dito [ang hukbo], ang pinakamabuting Indian ay ang patay na Indian, at ang mahusay na Negro at magaling na Tsino ay yaong mga binigti o sinunog nang buhay."

Hinangad rin ng ilang pahayagang Hapon na makapanayam si Ponce. May panayam si Ponce na lumabas sa *Nippon*, *Kaikwa Nippo* at sa iba pang mga pahayagan. Nagsulat rin si Ponce ng mga artikulo tungkol sa Pilipinas at ito'y lumabas sa *The Orient*, *Keikora Nippo* at *Kaikwa Nippo*. Bilang isang peryodista,

batid ni Ponce ang kahalagahan ng magandang ugnayan sa patnugot ng mga pahayagang Hapon. Hindi nagkulang si Ponce sa pasasalamat niya sa kapwa niyang peryodista. Bahagi ng gawaing propaganda ni Ponce ang pagpapamudmud ng retrato ni Aguinaldo sa mga pahayagan at pagbibigay ng kopya ng Saligang Batas ng Malolos. Nariyan rin ang pagwawasto ng maling impormasyon na lumalabas sa mga pahayagan.

Ipinarating rin ni Ponce sa mga pahayagang Hapon ang mataas na *morale* ng mga Pilipino gaya ng isinulat niya sa patnugot ng *The Orient*. Sabi ng sulat niya:¹⁶

Ikinalulugod kong ipaalam sa inyo na ang aming pag-asang magtagumpay ay lalong lumalakas. Bawat araw ang aming mga kababayan ay matatag at handang panatilihin ang aming Republika at kasarinlan, sa ibabaw ng lahat ng pagtitiis at pagsasakripisyo. Katatanggap lang namin ng liham mula sa aming Gobyerno na nagkumpirma ng kasiglahan ng loob ng aming mga kababayan. Nanaisin pa nilang mamatay kaysa tanggapin ang bagong banyagang “tanikala” ng pagpapa-alipin. Maaring kay G. Aguinaldo: “mawalan tayo ng pag-asang magtagumpay sa ating mga pagpupursigi sa ngayon, dala ng kakulangan ng rekursong pandigma, ngunit hinding hindi tayo mawawalang ng pag-asang mamatay para sa ating kalayaan.

Inanyayahan rin si Ponce ng mga organisasyon upang magbigay ng paliwanag tungkol sa sitwasyon ng Pilipinas. Ito ay ang *Keizaizashi Kiokai* o *Sociedad Economica de Tokyo* at ng *Shoku-min-kyo-kwai* na isang organisasyong nakatuon sa pag-aaral ng mga suliraning kolonyal. Ang sagot ni Ponce sa paanyaya ng *Shoku-min-kyo kwai* ay nagsaad ng ganito:¹⁷

Malalim ang aking pasasalamat sa inyong sulat at ang inyong kabutihang loob na anyayahan ako sa pulong ng *Shoku-min-kyo-wai*, isang importanteng samahang nakatuon sa pag-aaral ng mga problemang kolonyal at pinamumunuan ni Biskonte Buyo Enemoto, na gaganapin sa ika-24. Dapat at nais kong dumalo dahil ito ay isang magandang okasyon upang maipaliwanag ko muli sa harap ng mamamayang Hapon ang aking pasasalamat sa simpatiyang ito sa aming ipinaglalaman. . . .

Mahalagang banggitin dito na ang mga sulat ni Ponce sa mga Hapon ay nakasulat sa Ingles, wikang hindi matatas si Ponce, kung kaya’t mauunawaan natin ang mga pangungusap na katulad nito:¹⁸

Hindi sapat ang mga salita upang maipaabot ko ang kasiglahan ng aking damdamin, mangyaring idagdag ninyo ang aking mainit na damdamin sa malalamig na salita ng wikang Ingles.

Buhay Personal ni Ponce

Hindi lamang mga bagay pulitikal ang pinagkaabalahan ni Ponce. Mababasa natin sa kanyang isinulat na talambuhay ni Dr. Sun at koleksyon ng kanyang liham na tinawag na *Cartas sobre la revolución* na nabighani siya sa isang prinsesang Koreana. Binanggit ni Ponce na naging kaibigan niya ang ama ng prinsesang ito na si Prinsipe Pak Josun Younghio ng Kumnung. Si Prinsipe Pak kasama ang dating ministro ng digmaan na si Heneral An Kien-su at dating ministro ng Ugnayang Panlabas na si Minister Yu Kil-chun ang bumuo ng *Korean Independent Party* na tutol sa malakas na impluwensiya ng mga Ruso sa Korea. Dumako si Prinsipe Pak sa Hapon at dito niya nakilala si Ponce. Sa ilalim mababasa ang banggit ni Ponce sa prinsesang Koreana:¹⁹

. . . Kaawa-awang munting prinsesa ang kanyang anak — napakaganda, napakaputi, napakatamis ng disposisyon, ang kanyang mapaglarong pahilig na mga mata, bilog na baba, mapuputing ngipin, mapupulang labi, balingkinitang katawan, ang kanyang 14 na mga Abril! Nakatira sila sa isang maliit na bahay-Hapon sa Kanagawa, sila na isinilang sa isang maharlikang palasyo, sa gitna ng karangyaan na sagana ang mga palasyo sa Silangan. Hindi man lamang ako makapasok sa abang bahay manggagawa na hindi maaaring maantig na makita ang munting Prinsesa Pak, anak ng mga hari, maharlikang bulaklak na bumubuka pa lamang, sa kanyang simpleng kimono, ang kanyang mapanghalinang aristokratang anyo ay taliwas sa kanyang bulgar na kapaligiran. At ang kanyang inosenteng pangungusap ay nakakatuwa at kabighabighani, kalahati sa wikang Hapon kung saan siya magaling, at kalahati sa wikang Ingles na mabilis niyang natutuhan. Mukhang napakasaya niya sa gitna ng napakalaking pagbabago ng kanyang kapalaran. Isang pribilehiyo ng kabataan na hindi maaring mabakasan ng lungkot!

Mababasa rin sa *Cartas sobre la revolución* ni Ponce ang banggit hinggil sa prinsesang Koreana. Sumulat si Ponce kay Lichauco na dumalo silang dalawa ni G. Rivero sa isang despedida para kay Prinsipe Pak na tutulak patungong Nagasaki upang sunduin ang kanyang anak - “isang prinsesita na oobserbahan niya sa loob ng dalawang linggo.” Sa liham naman ni Ponce sa isang nagnangalang Santos, isinulat ni Ponce ang ganito:²⁰

Nakalulungkot, habang hinihintay kong dumating ang isang prinsesang Koreana na nag-aaral sa Nagasaki. Sinundo siya ng kanyang ama, si Prinsipe ng Kumnung upang alamin kung liligawan ko siya. Nakasama kong kumain ngayon ang ama na nagpaalam upang sunduin ang kanyang anak. Babalik siya sa loob ng dalawang linggo.

Buwan ng Pebrero noong isinulat ni Ponce ang dalawang liham na bumabanggit sa prinsesang Koreana. Noong buwan ng Hunyo, sa isang liham ni Ponce kay Vergel, ipinahayag ni Ponce na:²¹

...Hayaan mo akong hindi muna magsalita tungkol sa Koreana. *Sub judice* ang bagay na ito at kailangang igalang ang pagiging lihim nito. Natutuwa lang akong isipin ang pag-aasawa ng isang republikano at isang dugong-bughaw.

Ito ang huling banggit ni Ponce hinggil sa paksang ito. Ano kaya ang nangyari? Naisip kaya ni Ponce na bata masyado para sa kanya ang prinsesang Koreana? Si Ponce ay may 33 taong gulang na noong panahon na iyon.

Liban sa bagay na ito, mahihinuha rin sa isang sulat ni Ponce na wala siyang balita mula sa kanyang pamilya. Sa sulat ni Ponce kay Vergel, aniya:

... Wala akong balita tungkol sa aking pamilya. Ngunit hindi ako nag-aalala dahil noong panahon ng mga Kastila, higit pang panganib ang dinaanan nila at nakaligtas naman sila. Lalong maaasahang makaliligtas sila ngayon dahil mas maliit ang susuunging panganib....

Maingat si Ponce sa kanyang gastos. Nagbigay siya ng kuwenta ng kanyang gastos kay Galicano Apacible na nasa Hong Kong para sa mga buwan ng Disyembre 1898, Enero at Pebrero 1899. Sinisipi sa ibaba ang kuwenta niya ng gastos para sa buwan ng Disyembre.²²

Mga damit na panlamig na nabigador	\$ 9.70
Biyahe sa Kobe para salubungin ang Komisyon	119.70
Gastos sa pagkain at iba pa	85.49
Mga regalong pamasko at pambagong taon	37.10
Isang sobretodo	23.00
Isang sillon	8.00
Mga kamisetang yari sa lana	4.50
Mesang sulatan	7.00
Mga ibinigay niya kay Señor Aguinaldo	40.00
Isang relong pang-mesa	3.00
10 kuwadro para sa mga larawan	5.60
Isang damit panlamig	30.00
Dalawang kutson	8.00
Kumot, guwantes, isang sobretodo na Hapones na pambahay	14.40
Isang pitaka	4.30
12 larawan	4.40

Mga sulat at telegrama	14.46
Apat na biyaheng pagsama sa Komisyon sa Tokyo	18.78
Dalawang pag-imbata sa mga kaibigang Hapones	42.60
Bahay, katulong, karumas at ilan pang maliliit na gastos	26.00
KABUUAN	\$506.10

Makikita sa itaas kung anu-ano ang mga pinagkagastusan ni Ponce. Nariyan ang mga damit panlamig, mga biyahe sa iba't ibang lugar, koreo atbp. Mapansin na para sa dalawa pang buwan ng Enero at Pebrero, umaabot ang gastos ni Ponce sa mahigit-kumulang \$500.00

Konklusyon

Noong 1907, bumalik si Ponce sa Pilipinas kasama ang kanyang asawang Haponesa na si Okiyo Udangawa at dalawang anak - isang ipinanganak sa Hapon at isa sa Hong Kong. Si Ponce ay naging patnugot ng *El renacimiento* at ng *El ideal*, ang pahayagan ng Partido Nacionalista. Noong 1910, nahalal si Ponce bilang kinatawan ng pangalawang distrito ng Bulakan sa Pambansang Kapulungan.

Namatay si Ponce sa Hong Kong noong ika-23 ng 1918 nang siya'y patungong Tsina upang bisitahin ang kaibigan niyang si Dr. Sun. Malalim ang pagkakaibigan ng dalawa at patunay nito ang pagsulat ni Ponce ng talambuhay ni Dr. Sun na pinamagatang *Sun Yat-sen - El fundador de la republica de China* na inilimbag noong 1912, taon na naging pangulo si Dr. Sun ng Republika ng Tsina.

Maaring sabihin na hindi natugunan ni Ponce ang misyon na ibinigay sa kanya. Hindi siya nagtagumpay sa pagpapadala ng armas sa Pilipinas at hindi niya nakuha ang pagkilala ng Hapon sa deklarasyon ng ating kalayaan. Lubhang napakadali at simpleng husgahan si Ponce na nabigo siya sa kanyang misyon. Gayunpaman, hindi maituturing na sayang ang pagod ni Ponce sa pagbili ng mga armas o pakikihalubilo niya sa mga pulitikong Hapon at iba pang mga Asyano gaya ni Dr. Sun Yat-sen. Ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya ngunit tadhana ang nagkait sa kanya na maisakatuparan niya ang kanyang dalawang misyon. Nararapat lamang na kilalanin ang pagod at paglingap ni Ponce sa ating bayan.

MGA TALA

1. Isinalin mula sa Ingles:

Enthusiastic lover of the glories of the land we were born in, it wounds us deeply to see how the sons of that vast archipelago have been ridiculed and

abused, denied all intellectual ability. They have regarded as unable and incapable of learning, anthropoids, quadrupeds, grown-up children with thin bodies and shallow minds, pygmies without energy, *etc.*, and because of these, there was no compunction insulting and treating them as irrational creatures.

2. Jose Rizal, *Rizal's Correspondence with Fellow Reformists (1882-1896)* (Manila: National Heroes Commission, 1963, p.156).
3. Namatay si Lopez Jaena bago niya natupad ang balak na pumunta ng Cuba. Tingnan ang Noel V. Teodoro, "Si Rizal at ang mga Ilustrado sa Espanya," 1999 (sa tomong ito).
4. *La solidaridad*. Isinalin ni Guadalupe Fores Ganzon. (Quezon City: University of the Philippines Press, 1973), Vol.2, p.431. Ang Ingles na salin ay: ... the rich land is the future hope of Spain. A good government, a good administration, universities, secondary schools, schools of arts and trades, museums, public libraries and other centers of education, scholarship for those able young men to pursue studies in Spain and abroad, giving its inhabitants the status of full citizenship with knowledge of rights and privileges, a policy of attraction which binds and strengthens the unity of aims between Islanders and Peninsulares – the ties which bind the overseas provinces and colonies and the Mother Country, doing away with the policy of violence – all this would regenerate the Philippines and raise her from the prostrate state it is now found.
5. Ma. Luisa T. Camagay, *Ang Papel ni Mariano Ponce sa Rebolusyong Pilipino*. Series 95-96 (Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines, 1995, p.9.)
6. Mariano Ponce, *Sun Yat-sen, The Founder of the Republic of China*. (Manila: Filipino-Chinese Cultural Foundation, Inc., 1965), p.3. Isinalin mula sa Ingles: ... I was presented to the other guests whom I had not met, most of them Japanese politicians and scientists. Among the guests was Sun Yat-sen. His name aroused a recollection of what I read in Barcelona about the kidnapping in London.

From that night dates my personal knowledge of him.

Both of us lived in Yokohama and that night we went home together. Because we lived in the same city, we saw each other often.

Both of us, each in his own way, pursued the same goal, the happiness of our respective countries – and this united us in mutual sympathy.

7. *Ibid.*, p.40. Isinalin mula sa Ingles:

For Sun Yat-sen, the problem posed by the various countries of the Far East were so interwoven that they had to be studied as a unit in general for the appreciation of each in particular. Many common points linked their problems. But these countries need to know each other.

8. Zhang Kaiyan, "Sun Yat-sen and Miyazaki Brothers," *Di-nakalathalang papel*, p.4.
9. Harold Schiffrin, *Sun Yat-sen, Reluctant Revolutionary* (Boston: Little, Brown & Company, 1980, p.67-68).
10. Marius B. Jansen, *The Japanese and Sun Yat-sen* (Cambridge, 1954, p.71).
11. *Ibid.*

12. Mariano Ponce. *Cartas sobre la revolucion* (Manila: Bureau of Printing, 1932, p.464-466). Isinalin mula sa Ingles. Ang orihinal na pagkasulat sa Ingles ay: How is the state of our affairs? At present, the two million and a half we bought will be enough. All excess of money, after buying the vessel, I beg you to employ in rifles belonging to the same catridges never mind whether a hundred, or more or less, all the money can buy. If this will not delay, you can include a number of rifles. Without this inconvenience, it will be better.

I regret that we cannot dispose of some money than we have at hand. But I hope that, on return, the vessel will bring us money, because our people are waiting now in the place you know, with more money. . .

13. *Ibid.*, p.467. Isinalin mula sa Ingles. Ang orihinal na pagkasulat sa Ingles ay: I understood from your telegram that it is now impossible for us to do business. We are very sorry about our bad luck, but we know that we can't do nothing against destiny, and we are compelled to accept our fate. If according to you observation, you see that it is quite impossible to carry out our business, we must stop it, after our best. We will wait for a better chance.
14. Mariano Ponce, *Cartas sobre la revolucion*. Salin sa Filipino nina Ma. Luisa T. Camagay at Wytan de la Peña. (Lunsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino at Office of Research Coordination, 1997, p.307-308).

15. *Ibid.*, p.356-357.
16. Ponce. *op. cit.* p.282-283. Isinalin mula sa Ingles. Ang orihinal na pagkasulat sa Ingles ay:
 I am happy to inform you that more and more, our hope for triumph is increasing. Every day our people are strongly ready to maintain our Republic and independence, above all kinds of suffering and sacrifices. A recent letter just received from our Government confirmed the good spirits of our people. They will prefer to die rather than to accept a new alien yoke of slavery. Mr. Aguinaldo said: "It may happen that we would lose our hope for triumph in our present efforts, due to the insufficiency of our war resources, but we shall never lose our hope of dying for the sake of Independence."
17. *Ibid.*, p.359. Isinalin mula sa Ingles. Ang orihinal na pagkasulat sa Ingles ay:
 I feel very deep gratitude for your kind letter and your benevolence of inviting me to the meeting of the Shoku-min-kyo-kwai, an important society devoted to the study of colonial problems and presided over by Viscount Buyo Enemoto, to take place on the 24th. I should attend very willingly because it would be a good occasion for explaining once more before the Japanese people my grateful sentiments for this sympathy towards our cause...
18. Ang orihinal sa Ingles ay:
 I have not words to express you my hearty feelings; please add to the coldness of utterances expressed in English, the hotness of my cordial sentiments. . .
19. Ponce, *Sun Yat-sen*, p.41. Ang bersyon sa Ingles ay:
 ...A poor little princess was his daughter – so pretty, so white, so sweet, with her naughty slanting eyes, her rounded chin, her white teeth, her red lips, her slim figure, and her 14 Aprils! They lived in a little Japanese house in Kanagawa, they who had been born in a regal palace, amid the luxury that abounds in Oriental palaces. I could never enter the humble laborer's dwelling without being touched to see the little Princess Pak, that descendant of the kings, that royal bud just opening, in a modest kimono, her attractive aristocratic figure contrasting with the vulgar background. And her innocent prattle was pleasant and enchanting, half in Japanese which she spoke so very well, and half in English which she already jabbered fast enough. She seemed very happy in the midst of that great change of fortune. It is the privilege of youth, on whom sorrow makes no mark!

20. Ponce. *Cartas*. Salin nina Camagay at de la Peña, p.305
21. *Ibid.*, p.393.
22. *Ibid.*, p.320-321.

BIBLIOGRAPIYA

Camagay, Ma. Luisa T.

- 1995 *Ang Papel ni Mariano Ponce sa Rebolusyong Pilipino*. Series 95-96. Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines.

Ganzon, Guadalupe (Tagasalin)

- 1973 *La solidaridad*. Vol. 2. Quezon City: University of the Philippines Press.

Jansen, Marius B.

- 1954 *The Japanese and Sun Yat-sen*. Cambridge.

Ponce, Mariano

- 1997 *Cartas sobre la revolucion*. Isinalin sa Filipino nina Ma. Luisa T. Camagay at Wystan de la Peña. Lunsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino at Office of Research Coordination.

-
- 1965 *Sun Yat-sen, The Founder of the Republic of China*. Manila: Filipino-Chinese Cultural Foundation, Inc.,

-
- 1932 *Cartas sobre la revolucion*. Manila: Bureau of Printing.

Rizal, Jose

- 1963 *Rizal's Correspondence with Fellow Reformists (1882-1896)*. Manila: National Heroes Commission.

Schiffirin, Harold

- 1980 *Sun Yat-sen, Reluctant Revolutionary*. Boston: Little, Brown & Company.

UGNAYANG PILIPINAS-MARIANAS SA KASAYSAYAN: ILANG TALA TUNGKOL SA MGA PILIPINONG EKSILO SA GUAM

ATOY M. NAVARRO

Sa patuloy na pagbubuo ng Bagong Kasaysayan, isa sa nahawing landas ang pag-aaral sa araling pangkabanwaan o araling pang-erya.¹ Batid naman natin na ang pag-aaral ng kasaysayan bilang may saysay na nakaraan ay hindi lamang pag-uulat sa sarili tungkol sa sariling kabihasan, kundi pag-uulat din tungkol sa kaugnay o ibang kabihasan. Sa pag-uulat ng ugnayan ng Pilipinas sa ibang lipunan, mahalaga ang pagkakawing sa karanasan at kasaysayang Pilipino. Ang pagkakawing ay maaaring sa paraan ng paghahanap ng mga tagpo o yugto sa kasaysayan kung kailan at saan nagkaugnay ang mga kalinangan at kabihasan. Sa mga pagkakataong walang tiyak na pagtatagpo, maaaring sa paraan ng paghahalintulad ang pag-uugnay na makakatulong sa pagpapalawak ng ating pananaw pandaigdig batay sa sariling talastasan.

Sa panimulang pagtunton sa ugnayang Pilipinas-Marianas sa kasaysayan, inaasahang makakapag-ambag tayo sa pagpapaunlad ng kasaysayang pangkabanwaan.² Bibigyang-diin natin ang pag-uugnay ng Pilipinas at Marianas sa iba't ibang yugto ng kasaysayan. Maghaharap din tayo ng ilang paghahalintulad sa karanasang pangkasaysayan ng dalawang kabuuang pangkabihasan.

Sa pag-aaral na ito, papahalagahan natin ang ilang tala tungkol sa mga Pilipinong eksilo sa Guam, Marianas bago at sa panahon ng Himagsikang Pilipino noong 1896 at Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899 bilang isang landas sa higit na malinaw na pagtunton sa ugnayang Pilipinas-Marianas. Tumutukoy ang salitang “eksilo” sa mga kusa at hindi kusang “inisantabi,” “itinapon” at “itiniwalag” mula sa loob ng sariling bayan tungo sa labas na kinatawan ng isang kaugnay o ibang bayan.³

Malaking pansin din ang ating ilalaan kay Apolinario Mabini, isang halimbawa ng Pilipinong eksilo sa Guam, na nagpatuloy ng mapayapang pagkilos para sa independensya sa labas ng Inang Bayang tinubuan.

Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Daloy ng Kasaysayan

Sa mga pag-aaral sa agham-tao o antropolohiya, partikular na sa larangan ng arkeolohiya at linggwistika, sa panahon ng pagbubuo ng mga sinaunang kalinangan at kabihasan, malinaw na mahihinuha ang ugnayang Pilipinas-Marianas. Nakaugat ang ugnayang ito sa kasaysayan ng malayang paglalayag at paglalakbay ng mga Austronesyano o Nusantao mula Pilipinas patungong Marianas bandang 2000-1000 B.K.⁴ Maaaring bunga rin ang ugnayang ito ng pag-iisantabi, pagpapatapon at pagtitiwalag sa mga lumabag sa batas ng sariling bayan hinggil sa pagbabawal sa pakikipagtalik at pakikipag-asawa sa mga “kadugo” at “kalahi.”⁵ Bunga nito, naitaboy at napadpad ang mga inisantabi, itinaon at itiniwalag sa kaugnay o naging kaugnay na bayan na gaya ng Marianas.

Sa mga pag-aaral sa arkeolohiya, may ilang mga tuklas ng labing nagpapatibay sa ugnayan ng Pilipinas at Marianas. Sinasabing ang uri ng pagpapalayok na tinaguriang Pulang Marianas ng Guam, Saipan at Tinian ay maaaring nagmula sa gitnang Pilipinas bandang 1500 B.K. Malaki ang pagkakatulad ng Pulang Marianas sa mga palayok sa Masbate. Dagdag pa, kapwa sa Pilipinas at Marianas maraming natagpuang labí ng walang dekorasyong palayok.⁶ Ang mga *artifacts* na tulad ng kabibeng *bead*, *bracelet*, *Tridacna* kabibeng adze, batong adzeng Duff tipong 2A at batong adzeng may seksyong sirkular o Duff tipong 6 ay nagpapatunay din ng ugnayang Pilipinas-Marianas.⁷ May ebidensya rin ng pagnganga ng tinatawag nilang *pugua* sa Tinian, Marianas na gaya sa Pilipinas. At hindi tulad ng iba pang kapuluan sa Micronesia maliban sa Palau, may ebidensya rin ng bigas sa Guam, Marianas na maaaring mula sa Pilipinas.⁸

Sa mga pag-aaral naman sa linggwistika, sinasabing isang tipong Pilipinong wika ang wikang Chamorro ng Marianas, na kung hindi kamag-anak ng Ilokano at Tagalog ay malamang mula sa timog Pilipinas.⁹ Pinagtitiyay ito ng mga pag-aaral na nagpapatunay na ang Chamorro, katulad ng mga wikang Pilipino ay kabilang sa Kanlurang Austronesyano o Kanlurang Malayo-Polinesyano na isang sub-grupo ng wikang Austronesyano.¹⁰

Sa mga pag-aaral sa kabuuang sinaunang kabihasan ng Marianas, makikita ang ilan pang pagkakaugnay sa Pilipinas. Sapagkat Austronesyano, hindi katakata halimbawa ang kakayanan sa paggawa at paggamit ng mga sasakyang dagat.¹¹ Gaya sa Pilipinas, ito rin marahil ang pinag-ugatan ng mga barangay, sinaunang pamahayanan at pamayanan ng pangkat etnolinggwistikong katutubo sa Marianas na tinatawag na Chamorro.¹² Sa pangkalahatan, matrilinyal ang lipunan sa Marianas at Pilipinas. Batay sa *matua*, *atchaot* at *manachang* ang paghahati sa lipunan sa Marianas, na maihahalintulad din sa paghahating maguino, maharlika

at alipin sa Pilipinas. Ang mga pinunong Chamorro na tinatawag na *magat-lake* sa Marianas ay katumbas naman ng datu sa Pilipinas.¹³ Malaki ang papel sa lipunan ng pananampalataya sa lipunan na pinangungunahan ng mga *makahnas* ng Marianas na gaya naman ng catalonan o babaylan sa Pilipinas. Ang pananalig sa *aniti* at *taotaomona* sa Marianas ay maihahalintulad sa paniniwala sa anito at bayani sa Pilipinas.¹⁴

Sa pamamagitan naman ng mga pag-aaral sa mga kronika at talang pangkasaysayan, makikita natin ang pagkakaugnay ng Marianas at Pilipinas sa panahon ng krisis ng sinaunang kabihasan. Sa harap ito ng pagpapatuloy ng dating ugnayang nakabatay sa malayang paglalayag at paglalakbay o ng sapilitang pag-iisantabi, pagpapatapon at pagtitiwalag.

Sa mga paglalakbay ng mga Espanyol patungong Pilipinas, una silang dumuong sa Marianas. Sa kanilang mga pagdaong, katulad sa Pilipinas, makailang ulit din silang sinalubong ng mga katutubo ng pakikidigma at pakikipaglaban upang mapanatili ang kanilang kalayaan.¹⁵ Ngunit hindi kagaya sa Pilipinas, natagalan bago tangkaing tuwirang sakupin ang Marianas sa ngalan ng Espanya at Simbahang Katoliko. Simula 1565 hanggang 1668, ang Marianas ay nagsilbing pansamantalang daungan lamang ng mga galyong Espanyol at iba pang sasakyang pandagat. Tanging sa pagdating noong 1668 ng Heswitang si Padre Diego Luis Sanvitores, kasama ang lima pang paring Heswita at ilang misyonerong Pilipino, nasimulan ang pagsakop sa Marianas. Agad na hinirang si Kapitan Juan de Santa Cruz bilang Komandante Militar ng kapuluan. Hindi nagtagal at noong 1676, hinirang ng Biseroy ng Mehiko, kung saan nagmumula ang pangkalahatang administrasyon ng Marianas, si Kapitan Francisco de Irrisarri y Viñar bilang unang Espanyol na Gobernador ng kapuluan. Sinundan pa siya ng iba't ibang Gobernador sa ilalim ng pangkalahatang pamamahala ng Biseroy ng Mehiko at patuloy na pakikipag-ugnay sa Gobernador-Heneral ng Maynila.¹⁶ Tulad ng maaasahan, naging malawakan ang pakikibaka, pakikipaglaban at paghihimagsik ng mga Chamorro para mapanatili ang kanilang kalayaan lalo na sa panahon ng malawakang *reduccion* sa Marianas na maihahalintulad din sa naganap sa Pilipinas.¹⁷ Sa mga panahon ng mga paghihimagsik sa Guam, kabilang ang ilang sundalong Pilipino sa puwersang kolonyal. Sa katunayan, tinatayang 19 na Pilipino ang kabilang sa puwersa noong 1671 at 20 Pilipino naman noong 1684-85.¹⁸

Sa mga sumunod na panahon, higit na dumami ang pag-aasawahan sa pagitan ng mga Chamorro at Pilipino. Sa katunayan, noong 1783, naitala ang 648 Pilipino, kabilang ang kanilang angkan, maliban pa sa 151 sundalo, na malaking bahagi ng kabuuang populasyon na 3,231. Naging mahirap na ring pag-ibahin ang katutubong Chamorro sa Chamorro-Pilipino. Bukod sa pagkaka-ugnay ng kalinangan at kabihasan, pinili pa ng mga Chamorro-Pilipinong maitala bilang katutubo upang makaligtas sa mga buwis para sa mga ari-arian ng mga hindi katutubo.¹⁹

Bandang 1812, bunga ng mga paghihimagsik sa Amerika, nag-umpisang magbago ang kaayusang pulitikal sa Marianas. Sa huling paglalakbay ng galyon

mula Acapulco noong 1815, ganap na nalipat ang administrasyon ng Marianas mula Mehiko tungong Pilipinas. Sa bisa ng kautusang regal, naging *provincia* sa *audencia* ng Maynila, sa ilalim ng tuwirang kontrol ng Gobernador-Heneral ng Pilipinas, ang Marianas.²⁰ Bunga nito, higit na naging mahigpit ang ugnayang Pilipinas-Marianas. Hindi gaya rati, hindi na lamang nalimita ang ugnayan sa pamamagitan ng malayang paglalayag at paglalakbay o pag-iisantabi, pagpapatapon at pagtitiwalag batay sa dating ugnayan. Hindi na rin nalimita ang ugnayan sa pansamantalang pagdaung kaugnay ng kalakalang galyon, pagpapalaganap ng Katolisismo ng mga misyonerong Pilipinong katulong ng mga Espanyol at pagpapasyang manirahan ng ilang Pilipino bilang karaniwang mamamayan o sundalo sa kapuluan. Sa halip, naging higit na maigting ang ugnayang pangkapangyarihan at pangkabuhayan sa pagitan ng Pilipinas at Marianas sa panahong ito. Hindi kataka-taka kung gayon na noong 1819, umabot sa 1,774 ang bilang ng mga Pilipino na higit na marami sa 865 Espanyol.²¹ Ngunit sa kabila nito, naging napakahirap ng pamumuhay sa Marianas bunga ng kakulangan sa likas na yaman na tutugon sa mga batayang pangangailangan ng mga Chamorro. Sa harap ito ng walang puknat na epidemya (gaya ng bulutong at trangkaso) at kalamidad na idinulot ng mga bagyo at lindol na nagdala ng malawak na pagkagutom.²² Ang ganitong kaayusan at kalagayan sa Marianas ang nagbigay-daan naman sa pagpapatupad ng mga Espanyol ng malawakang pag-eeksilo ng mga Pilipino sa kapuluan.

Mga Pilipinong Eksilo sa Guam

Bunga ng kahirapang naranasan ng mga Chamorro na dala ng mga epidemya at kalamidad, na nadagdagan pa ng mga pagpapahirap ng mga abusadong opisyal Espanyol, marami sa kanila ang bumalik na lamang sa simpleng pamumuhay at tumangging makibahagi sa mga patakaran sa paggawa, partikular sa sakahan, ng mga Espanyol.²³ Naging dahilan ito upang magkaroon ng malawak na kakulangan sa mga manggagawa kung kaya nga't noong 1848, sa ilalim ng pamamahala ng bagong Gobernador Pablo Perez, hiniling sa pamahalaan sa Maynila na magpadala ng mga "bilanggong napatunayang nagkasala" upang magamit sa mga gawaing pampamahalaan sa Marianas partikular na sa Guam. Ang kanyang kahilingan para sa mga magsasaka at manggagawa ay natugunan naman noong 1851 sa pagdating mula sa Pilipinas ng barkong Calavelino na dala-dala ang 65 bilanggo na pinawalang-bisa ang parusang kamatayan bilang kapalit ng paglilingkod sa Guam.²⁴ Ang mga "bilanggong napatunayang nagkasala" kung gayon ang maituturing na unang malawakang eksilong Pilipino sa Guam. Dapat linawin na kaiba ang mga eksilong ito sa mga naunang kusa o hindi kusang inisantabi, itinaon at itiniwalag mula sa loob ng sariling bayan tungo sa labas sa isang kaugnay na bayan. Ang mga eksilong ito ay inisantabi, ipinatapon at itinakwil ng mga Espanyol sa loob pa rin ng kanilang kolonyal na nasasakupan ngunit sa labas o sa gilid ng

gitna o sentro ng kapangyarihang kolonyal na nasa Maynila. Dapat ding linawin na may iba't ibang antas at dahilan kung bakit nabilanggo ang mga naging eksilo. May ilang nagkasala alinsunod sa mga batas at patakarang kolonyal tulad ng hindi pagbabayad ng buwis o kawalan ng sapat na kasulatan. Mayroon din namang ang pagkakabilanggo ay bunga ng tuwirang pagsalungat at pagtuligsa sa gobyernong Espanyol sa Pilipinas.²⁵ Ngunit dahilan sa masamang kondisyon sa paglalakbay, dalawa kaagad sa mga unang eksilo ng mga Espanyol ang namatay sa pagkakasakit at halos lahat ng iba pa ay dinapuan ng samu't saring sakit na tulad ng ulser, disorder ng balat o kaya nama'y sakit veneryal. Matapos ang isang buwan, 50 sa mga eksilo ang magaling na upang maging magsasaka at manggagawa. Ipinadala sila sa iba't ibang distrito ng Guam upang magtrabaho. Naging maingat ang mga Espanyol at nagpatupad ng mararahas na kaparusahan sa sinumang nagtangkang tumakas at sumuway sa mga patakarang. Labis namang nakapagpahirap ito sa kondisyon ng mga Pilipinong eksilo. Sa harap ng ganitong kaayusan at kalagayan, matapos ang isa pang buwan, nabalitaan ng mga Espanyol ang balaking maghimagsik at magsitakas ng mga Pilipinong eksilo. Sa tangkang paghihimagsik at pagtakas, nahuli ang pinuno, napatay ang isa sa labanan at nasugatan ang dalawang iba pa. Ang iba naman'y nakatakas sa kabundukan at kagubatan ng Guam ngunit sa loob ng isang linggo, natunton at nahuli kaagad ang lahat ng Pilipinong eksilo. Bunga ng pangyayari, nakumbinsi ang mga Espanyol sa kapalpakan ng paggamit ng mga "bilanggong napatunayang nagkasala" bilang magsasaka at manggagawa kung kaya't nagpasya si Gobernador Perez na pabalikin na lamang ang mga Pilipinong eksilo sa pagkakapiit sa Maynila.²⁶

Ngunit matapos lamang ang isang dekada, sa ilalim naman ng administrasyon ni Gobernador Felipe de la Corte, muli na namang ipinatupad ang patakarang "bilanggong magsasaka-manggagawa" na nagdala sa Guam ng 100 katao mula Pilipinas. Sa pagkakataong ito, nagkaroon ng pang-akit upang manatili sa pulo ang mga bilanggo kahit na matapos nilang pagtrabahuhan ang hatol sa kanila. Inalok ang mga eksilo ng bahagi ng lupa at ilang rasyon ng mga pangangailangan kung maipapakita nilang may pag-unlad ang mga lupang itinalaga sa kanila. Tila nagtagumpay ng ganitong kalakaran kaya nga't walang anumang tala ng kaguluhan sa panahong ito mula sa hanay ng mga Pilipinong eksilo.²⁷

Sa mga panahong ito rin, bandang 1861, higit na pinalawak ang mga pasilidad penal sa Guam at kabuuan ng Marianas upang saklawin ang mga bilanggong pulitikal mula sa Pilipinas.²⁸ Kung kaya nga't hindi kataka-taka na noong bandang 1872, ipinatapon sa Marianas ang 21 Pilipino, kabilang ang ilang prominenteng kasapi ng *Comite de reformadores* na binubuo sa pangkalahatan ng mga indiong pari at kriolyo at mestisong abogado at mangangalakal, na sinasabing kasangkot sa pag-aalsa sa Cavite. Kinabibilangan ng mga eksilo, na nakilala na rin bilang deportado, ang mga paring sina Agustin Mendoza, Jose Guevara, Miguel Laza, Feliciano Gomez, Anacleto Desiderio, Vicente del Rosario, Toribio del Pilar, Mariano Sevilla, Justo Guason, Pedro Dandan; mga abugadong sina Joaquin Pardo

de Tavera, Antonio Ma. Regidor, Mauricio de Leon, Jose Basa Enriquez, Pedro Carrillo, Gervasio Sanchez; at mga mangangalakal na sina Balbino Mauricio, Jose Ma. Basa, Pio Basa, Maximo Paterno at Ramon Maurente. Tanging si Gertrudes Gorricho na kabiyak ni Joaquin Pardo de Tavera ang babaeng sumama sa mga eksilo sa Marianas. Magkakaiba ang hatol kaugnay ng bilang ng taon ng pagka-deportado. Pinakamatagal ang hatol na sampung taon na tanging si Jose Basa Enriquez ang pinatawan. Pinakamaikli naman ang dalawang taong hatol. Sinasabing napakabigat ang deportasyon bilang kaparusahan. Ang deportado ay hindi na inaasahang makakabalik pa sa bayang sinilangan. Bilang *incomunicado*, malayo sila sa sariling bayan at mga mahal sa buhay. Bukod dito, inilagay ng deportasyon sa “malaking kahihiyan at pag-uusig” ang mga naiwang kamag-anak ng deportado sa Pilipinas. Ngunit matapos humingi ng kapatawaran ang mga deportado at natiyak ng mga awtoridad Espanyol ang pagpapatahimik at pagpapayapa sa kanila, samakatwid, hindi na panganib sa Espanya, binibigyan ng *pardon* ang mga eksilo. Pinapayagan na silang makaalis sa Marianas sa kondisyong hindi babalik sa bayang sinilangan. Bunga nito, piniling manahan ng marami sa mga eksilong kriolyo at mestiso sa iba’t ibang malalayong banyagang lupain samantalang pinilit at nagawang makabalik naman ng mga *indio* sa Pilipinas.²⁹ Bagong anyo ng pagiging eksilo ang deportasyon. Pulitikal ang pangunahing dahilan ng mga Espanyol sa deportasyon na kanilang kasangkapan sa pagpaparusa, pagpapatahimik at pagpapayapa sa mga kumakalaban sa kaayusang kolonyal sa Pilipinas. Ngunit katulad ng mga naunang Pilipinong eksilo ng mga Espanyol sa Guam, ang mga deportadong ito ay inisantabi, ipinatapon at itinakwil ng mga Espanyol sa loob pa rin ng kanilang kolonya ngunit sa labas o sa gilid ng gitna o sentro ng kapang-yarihang kolonyal sa Maynila.

Sa mga sumunod pang panahon, naitala ang bilang ng mga Pilipinong bilanggo sa Marianas. Noong 1886, may 99; 1888, may 104 at noong 1891, may tatlong Pilipinong bilanggo.³⁰

Sa pagsiklab ng Himagsikang Pilipino noong 1896, matapos mahuli ng mga Espanyol, humigit-kumulang na 1,000 Anak ng Bayan na nasangkot at nakipaglaban para sa kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan ang ipinatapon sa iba’t ibang lupain tulad ng Marianas, Palawan, Jolo, Mindanao sa Pilipinas at Fernando Po sa Afrika. Kabilang sa 57 deportado sa Guam na kinasuhan ng sedisyon at rebelyon ng gobyernong Espanyol at ipinatapon noong ika-2 ng Setyembre 1896 sina Melchora Aquino at Segunda Puentes Santiago. Matatandaang malaki ang naging papel ni Tandang Sora sa Sigaw ng Kalayaan sa Balintawak kung saan naganap ang malawakang pagpupunit ng sedula na naghudyat ng pagsisimula ng Himagsikan. Samantala, aktibong nakibahagi naman si Puentes Santiago sa armadong sagupaan sa Pinaglabanan noong ika-29 hanggang ika-30 ng Agosto 1896. Sa Guam, ipiniit sa *presidio* ang mga lalaking deportado samantalang sina Aquino at Puentes Santiago ay ipinailalim sa pangangalaga ng mayamang Pilipinong si Justo Dungca sa anyong *house arrest*.³¹

Bandang Disyembre 1896 naman, iniwan ng barkong *Venus* sa Guam ang humigit-kumulang 120 eksilo mula sa Pilipinas. Inilagak at ipiniit ang mga deportado sa mga gusaling nagsilbing himpilan ng mga marino. Gabi ng Kapaskuhan nang isa sa mga Pilipinong sundalo ng puwersang kolonyal na tapat sa mga Espanyol ang nakatuklas sa ilang detalye ng isang sabwatang maghimag sik ang mga bilanggong deportado. Balak nilang paslangin ang mga guwardiya, patayin ang Gobernador ng Guam na si Jacobo Marina at palayain at saklawin ang buong pulo. Maituturing ang balaking ito bilang kawing ng Himagsikang Pilipino. Maaaring tiningnan nilang bahagi ang Guam ng binubuo at pinapalayang Inang Bayang Pilipinas. Ngunit nang makumpirma ng mga Espanyol ang sabwatan, hinigpitan ang pagbabantay sa mga deportado. Nang mapansin ng isa sa mga guwardiya ang ilang kakaibang pagkilos na inakala nilang pagsisimula ng paghihimagsik, agad nagpapatok ang mga guwardiya na naging dahilan ng pagkakapatay sa 40 bilango at pagkakasugat ng halos lahat ng iba pa. Malamang dahilan sa takot na magkaroon muli ng mga balaking paghihimagsik, pinabalik ang mga nabuhay na deportado sa Pilipinas lulan ng barkong nagdala rin sa kanila sa Guam.³²

Ika-20 hanggang ika-22 ng Hunyo 1898, nagkaroon ng malaking pagbabago sa kaayusang pulitikal ng Guam na dulot ng panimulang pagsakop ng mga Amerikano sa pulo sa pangunguna ni Kapitan Henry Glass. Sa pagsuko at pagkabihag sa mga Espanyol, naiwan ang Guam sa pamamahala ng ilang Chamorro, Pilipino, mestisong Espanyol at isang Amerikano na pawang kumilos upang panghawakan ang kapangyarihan sa pulo. Natiyak lamang ang katayuan ng Guam sa pagkakalagda ng Tratado ng Paris noong ika-10 ng Disyembre 1898 na nagtakda sa “pagmamay-ari” ng Amerika sa Pilipinas, Puerto Rico at Guam na itinuring na hiwalay sa Pilipinas. Sa pagtiyak sa pagmamay-ari ng Guam, dumating si Komandante Edward Taussig noong ika-23 ng Enero 1899 upang pamahalaan ang pulo. Isa sa pinaniwalaan ni Taussig na patakaran upang makatayo sa sariling lakas ang Guam ay ang pagpapabalik sa Pilipinas ng mga bilanggong eksilo.³³ Ngunit hindi ganap na naipatupad ang patakaran. Marami pa ring Pilipino ang hindi nakabalik dahil sa kawalan ng salaping pang-gugol.³⁴ Bukod pa rito, simula ng pagsiklab ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong ika-4 ng Pebrero 1899, muling gagawing tapunan ang Guam ng mga Anak ng Bayan na patuloy na nakikipaglaban para sa kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan.

Sa pag-alis ni Taussig, si Don Joaquin Perez ang pangkalahatang namahala sa Guam hanggang sa pagdating ni Tenyente Louis Kaiser noong ika-24 ng Marso 1899. Sa pamamalakad ni Kaiser, ipinatupad ang pagbabawal ng paggala na walang pahintulot sa mga lansangan mula alas-9 ng gabi hanggang alas-5 ng umaga. Ipinagbawal din sa mga katutubong sundalo ang paglahok sa mga pang-relihiyong pagdiriwang. Reaksyon ang mga ito ng mga awtoridad Amerikano upang maiwasan ang sinasabing patuloy na “panggugulo” ng mga Pilipinong bilango sa pulo.³⁵

Napalitan lamang si Kaiser sa pagkakatatag ng kapangyaring nabal sa Guam at pagkakahirang kay Kapitan Richard Leary bilang Amerikanong Gobernador

simula ika-7 ng Agosto 1899. Pinalitan naman si Leary ni Komandante Seaton Schroeder noong ika-19 ng Hulyo 1900.³⁶ Si Schroeder ang dadatnang Gobernador ng Guam ni Apolinario Mabini sa kanyang pagkakaeksilo sa pulo.

Apolinario Mabini: Pilipinong Eksilo sa Guam

Bilang pagpapatibay ng “pagpapatahimik at pagpapayapa” sa Pilipinas sa harap ng patuloy na pakikidigma at himagsikan ng mga Anak ng Bayan, ipinatupad ng mga Amerikano ang iba’t ibang pamamaraan laban sa mga kapanalig ng mga manghihimagsik at rebolusyunaryo. Ang pag-eeksilo sa Guam, na nasa labas ng “bagong kolonyang Pilipinas,” ang isa sa mga ginamit na pamamaraan upang maparusahan, mapatahimik at mapayapa ang mga tumatangging manumpa ng katapatan kay *Uncle Sam*. Pangunahin sa mga eksilo sa panahong ito si Apolinario Mabini, unang Punong Ministro ng Pilipinas sa panahon ng Himagsikan at pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano.³⁷

Itinuring ni Gobernador William Howard Taft si Mabini bilang “pinakakilalang Pilipinong hindi makipagkasundo.” Bilang pagpapaliwanag ng pangangailangang pag-eeksilo, sinabi naman ni Heneral Arthur McArthur na si Mabini ang “pinaka-aktibong tagapag-udyok” na patuloy na tumatanggi sa amnestiya at patuloy na “malawakang nakikipag-ugnay sa mga insurekto sa larangan habang nabubuhay sa Maynila sa ilalim ng proteksyon ng Estados Unidos (EU).”³⁸

Kung kaya nga’t noong ika-15 ng Enero 1901, inilulan sa barkong *Rosecrans* si Mabini, kasama ang kanyang kapatid na si Prudencio at ilang iba pa gaya nina Artemio Ricarte, Pio del Pilar, Maximino Hizon, Mariano Llanera at Julian Gerona upang ipatapon sa Guam.³⁹

Sa Guam, mainam namang pinakitunguhan ang mga bilanggong eksilo ng kanilang mga Amerikanong *warden* sa pangunguna ni Kapitan Melville Jones Shaw. Pinayagan silang makipag-ugnay sa kani-kanilang mag-anak sa Pilipinas sa pamamagitan ng pakikipagsulatan bagamat kinakailangang masiyasat muna ng mga awtoridad Amerikano ang nilalaman ng mga sulat. Ginamit ni Mabini ang pagkakatapon upang makipagsulatan sa kanyang mga kamag-anak at kaibigan lalo na sa kanyang kapatid na si Alejandro.⁴⁰ Pinayagan din ang mga eksilong mag-organisa sa piitan upang maging maayos ang pagpapatupad ng mga gawaing may kinalaman sa kapakanan ng mga bilango. Sa katunayan, nagkaroon ng halalan na pinamahalaan ni Mabini kung saan nahalal si Pio del Pilar bilang Presidente at Julian Gerona bilang Bise-Presidente.⁴¹ Pinagbigyan din ang ilan sa mga kahilingan para sa maayos na kalagayan ng mga eksilo. Sa usapin ng palagiang pagpapakain ng de-latang karne bilang halimbawa, labis na inireklamo ito ng mga eksilo na nagbunga naman ng pagpapahintulot sa kanilang makalabas ng limahan sa piitan upang makapamilya ng “makakaing pagkain” at tuloy, makapamasyal na rin. Sapagkat may kapansanan at hindi makalabas sa piitan, nakontento na lamang si Mabini sa pagpapabili sa mga kasamahang eksilo.⁴²

Ngunit ang sinasabing pinakamalaking pagpapasalamat ng mga eksilo sa mga Amerikanong *warden* ay kaugnay ng pagtuturo ng mga ito ng wikang Ingles sa mga bilanggo kapalit naman ng mga leksyon sa wikang Espanyol. Labis ang pagpapasalamat ng mga eksilo na mahihinuha sa mga sulat ni Mabini na nagsasalaysay ng paghanga kay Kapitan Shaw na sinasabing “maingat niyang naisagawa ang kanyang tungkulin bilang Komandante na walang pagpapabaya sa walang bayad na pagtuturo ng wikang Ingles.” Hindi rin makakalimutan nina Mabini si Gng. Schroeder na sinasabing “buhay na alaala ng isang mabait na babaeng Amerikana.”⁴³ Bunga nito, sa pamamalagi sa Guam ni Mabini, nakapagsalin siya sa Ingles mula sa Tagalog ng *Florante at Laura* na pinamagatan niyang *A Copy of the Poetry Written in Tagalog by the Filipino Francisco Baltazar*. Nakapagsalin din siya ng mga akdang mula sa Espanyol na tulad ng *Ernestina*, *A Nose*, *Fragments of the Drama “The Troubadour,”* *On the Death of the Famous Cuban Poet, Mr. Jose Ma. de Herede*, *Monologue of Sancho Panza*, *The Farmer Invited by a Noble Man at Spanish Proverbs*. Nakapagsalin din siya ng sariling akdang Espanyol na *La revolucion filipina* bilang *The Philippine Revolution* na nagpapakita ng kanyang pananaw sa dakilang Himagsikang Pilipino.⁴⁴

Sa Guam, sa labas ng bayang sinilangan, nagpatuloy ang mapayapang pagkilos ni Mabini para sa independensya sa pamamagitan ng pakikipagsulatan sa mga opisyal na Amerikano kaugnay ng pamamalakad sa Pilipinas.⁴⁵ Sa isang pagkakataon, tumanggap din ng liham na may petsang ika-21 ng Disyembre 1901 si Mabini mula sa nahuling Heneral Emilio Aguinaldo. Ayon sa liham, umaasa si Aguinaldo na “malaki ang maitutulong” ni Mabini “tungo sa kapakanan at pagpapayapa ng taumbayan” kung kaya nga’t maraming nagtatrabaho para sa pagbabalik ng eksilo.⁴⁶ Itinaguyod din niya ang mga pagkilos upang makauwi ang iba pang eksilo sa Guam na marahil nagbunga ng pagbabalik sa sariling bayan ni Segunda Puentes Santiago noong bandang 1902.⁴⁷

Sa harap ng lahat ng ito, ipinahayag ni Presidente Theodore Roosevelt ng EU noong ika-4 ng Hulyo 1902 na tapos na ang “insureksyon” sa Pilipinas at maaari nang bigyan ng kapatawaran ang lahat ng lumahok sa pagkilos sa pamamaraang pulitikal kung ang mga ito’y manunumpa ng katapatan sa Amerika. Ang pahayag ng amnestiyang ito ay nakarating lamang bandang Agosto 1902 sa Guam. Marami sa eksilo ang sinamantala ang amnestiya at nanumpa ng katapatan sa EU. Tanging sina Ricarte at Mabini lamang ang tumangging manumpa.⁴⁸ Hindi tinanggap ni Mabini ang amnestiya sapagkat kinailangan niya ng panahon para pag-isipan ang kanyang nararapat na aksyon. Sinabi niyang “hindi matanggap ng kanyang konsensya” ang manumpa ng katapatan sa harap ng kanyang kawalan ng kaalaman sa mga batas at patakaran na ipinatutupad ng EU sa Pilipinas. Nais din niyang mailinaw ang mga balakin at panukala ng mga Amerikano para sa hinaharap ng Pilipinas. Gayundin, nais din niyang matiyak ang pagkakaroon ng kapayapaan sa Pilipinas.⁴⁹ Bunga ng kanyang hindi pagtanggap ng panukalang panunumpa ng katapatan sa mga Amerikano, napatagal pa ang pagkaka-eksilo ni Mabini sa Guam.

Sa kabila ng pagtanggap ni Mabini, maraming Amerikanong opisyal ang nagtaguyod upang siya'y makalaya. Pangunahin na sa mga ito si Senador George Hoar na sumulat kay Presidente Roosevelt kaugnay ng kanyang pagpapalaya. Sa harap ito ng paunang pagtutol nina Gobernador Taft at Kalihim ng Estado na si Elihu Root.⁵⁰

Matapos ang mga palitan sa usapin ng pagpapalaya kay Mabini, nagpasya si Presidente Roosevelt na payagang makaalis sa Guam ang eksilo nang hindi nanunumpa ng katapatan ngunit hindi papayagang makabalik sa Pilipinas hangga't hindi nanunumpa ng katapatan.⁵¹ Matapos ang ilan pang palitan ng mga sulat, nalinaw ang pagpapalaya kay Mabini at panunumpa nito ng katapatan sa EU sa sasakyang-dagat bago tuluyang makatuntong sa lupang tinubuan.⁵²

Ika - 26 ng Pebrero 1903, sakay ng panghukbong sasakyang-dagat na *Thomas*, nanumpa si Mabini bago tuluyang bumaba sa daungan ng Maynila at makabalik sa sariling bayan. Saksi sa panunumpa si Ricarte, na tumangging manumpa ng katapatan sa EU at nagpasyang magpaeksilo sa Hong Kong.⁵³ Kasabay din ng pagbalik ni Mabini ang pagdaung naman ng sasakyang *Uranus* kung saan kabilang si Tandang Sora sa mga lulang eksilo na binigyan na ng karapatang bumalik sa sariling bayan.⁵⁴

Sa kanyang pagpapasyang bumalik at manumpa ng katapatan, sinabi ni Mabini na “ang prinsipyo ng pangangalaga sa sarili ang nagtulak sa taumbayan na iwan na ang pakikipaglaban at magpailalim sa mga Amerikano.” Sinabi niyang hindi niya sasalungatin ang kagustuhang ito ng taumbayan. Sa harap nito, mananatili siyang “katabi ng taumbayan” upang paalalahanan sila na “magtiwala sa kanilang sarili at katarungan at umasa sa kinabukasan.”⁵⁵ Iniwan na niya ang himagsikan.

Pahimakas

Sa ating pagtunton sa ugnayang Pilipinas-Marianas, ipinook ang pag-eeksilo sa mahaba at malalim na ugnayang pangkalinangan, pangkabihasan at pangkasaysayan.

Nakaugat ang ugnayang ito sa sinaunang kasaysayan ng malayang paglalayag at paglalakbay ng mga Austronesyano o Nusantao mula Pilipinas patungong Marianas. Bunga rin ang ugnayang ito ng pag-iisantabi, pagpapatapon at pagtitiwalag sa mga lumabag sa batas ng sariling bayan hinggil sa pagbabawal sa pakikipagtalik at pakikipag-asawa sa mga “kadugo” at “kalahi” na sanhi ng pagtataboy ng mga inisantabi, itinapon at itiniwalag sa kaugnay o naging kaugnay na bayan ng Marianas.

Ngunit nang lumaon, naging kasangkapan ng pamahalaang kolonyal, kapwa ng mga Espanyol at Amerikano, ang pag-eeksilo upang parusahan, patahimikin at payapain ang mga lumabag sa batas at patakarang kolonyal at patuloy na kumakalaban sa gobyernong kolonyal.

May mga pagkakataong tunay na nailabas sa lupang tinubuan ang mga eksilo. Pinatahimik at pinayapa sila ng pagkaka-eksilo. Ngunit may mga pagkakataon din namang naging kawing ng himagsikan sa Pilipinas ang mga pagkilos ng mga Pilipino sa Guam tulad ng sabwatan noong Disyembre 1896.

Sa kaso ni Mabini, tinangka niyang makaambag sa mga pagkilos para sa independensya ng Pilipinas sa pamamagitan ng mapayapang pagsusulong mula sa Guam ng kapakanan ng mga Pilipino. Bumalik din siya sa Pilipinas matapos manumpa ng katapatan sa EU. Sa huli, naging tagumpay ang pag-eksilo bilang kasangkapan ng mga Amerikano. Ang eksilong si Mabini ay tunay na ngang napatahimik at napayapa sa harap ng pagpapatuloy ng himagsikan. Siya'y tunay na naisantabi, naitapon at naitakwil — naeksilo sa labas ng patuloy na pagkilos, patuloy na himagsikan ng mga tunay na Anak ng Bayan para sa ganap na kalayaan at kasarinlan ng Inang Bayan.⁵⁶

MGA TALA

1. Para sa paunang pagdadalumat ng *bagong kasaysayan*, tingnan ang Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan (mga pat.), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997). Para naman sa *araling pangkabanwaan*, tingnan ang Clemen Aquino (pat.), *Ang Lupon sa Araling Pang-Erya: Isang Panimula* (Lunsod Quezon: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1992); Clemen Aquino (pat.), *Pagpapakilala sa Aprika* (Lunsod Quezon: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1992); Clemen Aquino (pat.), *Ang Migrasyon ng mga Pilipino: Tungo sa Araling Pang-erya* (Lunsod Quezon: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1992); at Ma. Luisa Bolinao, *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan; Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas* (Lunsod Quezon: Trinitas Publishing, Inc., 1993).
2. May nauna nang pagtatangkang pag-aralan ang ugnayang Pilipinas-Marianas sa pangunguna ni Domingo Abella ngunit tila hindi na nasundan ng malawak pang pag-aaral sa larangan ng araling pangkabanwaan. Tingnan bilang halimbawa ang Domingo Abella (pat.), *Vignettes of Philippines-Marianas Colonial History*, Pamplata Bilang 1, Maynila, Pilipinas, Marso 1962.
3. Bahagyang hinango ang kahulugan sa Zeus A. Salazar, “Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas,” 1999 (sa tomong ito).

4. Panukalang petsa na batay sa mapa sa Peter Bellwood, *Prehistory of the Indo-Malaysian Archipelago* (Sydney: Academic Press, 1985, p.121).
5. Tingnan ang Salazar, 1999 (sa tomong ito).
6. Tingnan ang Peter Bellwood, *Man's Conquest of the Pacific* (New York: Oxford University Press, 1979, p.282); Wilhelm Solheim II, "Philippine Prehistory," na nasa Gabriel Casal atbp. (mga pat.), *The People and Art of the Philippines* (Los Angeles: Museum of Cultural History, UCLA, 1981, p.36); Alexander Spoehr, "*Marianas Prehistory: Archaeological Survey and Excavations on Saipan, Tinian and Rota*," *Fieldiana: Anthropology*, Bilang 48, 1957, p.174; Alexander Spoehr, *Zamboanga and Sulu: Archaeological Approach to Ethnic Diversity*, *Ethnology Monograph*, Bilang 1, Department of Anthropology, University of Pittsburgh, 1973, p.274; at Jun Takayama, "Early Pottery and Population Movements in Micronesian Prehistory," *Asian Perspectives*, Tomo XXIV, Bilang 1, 1984, p.4-5.
7. Tingnan ang Bellwood, 1979, p.281, 283; at Roger Duff, "Stone Adzes of Southeast Asia," *Canterbury Museum Bulletin*, 3, 1970, p.16.
8. Tingnan ang Abella, 1962, p.3 at Bellwood, 1979, p.282, 285.
9. Tingnan ang Robert Blust, "The Austronesian Homeland: A Linguistic Perspective," *Asian Perspectives*, Tomo XXVI, Bilang 1, 1988, p.56 at Donald Topping, *Chamorro Reference Grammar* (Honolulu: University Press of Hawaii, 1973, p.3).
10. Tingnan ang Bellwood, 1979, p.104.
11. Tingnan ang Charles Beardsley, *Guam: Past and Present* (Tokyo: Charles E. Tuttle Company, 1964, p.71-76).
12. Tingnan ang Abella, 1962, p.2.
13. Tingnan ang Paul Carano at Pedro Sanchez, *A Complete History of Guam* (Rutland: Charles E. Tuttle Company, 1964, p.20-22); at Laura Thompson, *Guam and its People* (New Jersey: Princeton University Press, 1947, p.49-50).
14. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.88-101; at Carano at Sanchez, 1964, p.23-25.
15. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.105-120; at Carano at Sanchez, 1964, p.39-53.

16. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.121-135; Carano at Sanchez, 1964, p.61-73, 162-163; at Thompson, 1947, p.58.
17. Tingnan ang Abella, 1962, p.9-40; Carano at Sanchez, 1964, p.73-87; at Francis Hezel, *From Conquest to Colonization: Spain in the Mariana Islands, 1690 to 1740* (Saipan: CNMI Division of History Preservation, 1989).
18. Tingnan ang Abella, 1962, p.48.
19. Tingnan ang Thompson, 1947, p.35.
20. Tingnan ang Carano at Sanchez, 1964, p.144; at Thompson, 1947, p.60.
21. Tingnan ang Thompson, 1947, p.36.
22. Tingnan ang Carano at Sanchez, 1964, p.121; at Thompson, 1947, p.205.
23. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.176-177.
24. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.180-181; Carano at Sanchez, 1964, p.151-153; at Thompson, 1947, p.111.
25. Sa pagsisiyasat sa ilang bulto at salansan ng *Presos at Sediciones y Rebelliones*, Pambansang Sinupan ng Pilipinas, Maynila, matutuklasan ang mga ilang halimbawa ng “pagkakasala.” Para sa pangkalahatang pagtingin sa mga tapon sa Marianas, tingnan ang Mary Ellen Cook, “A Survey of Exiles in the Mariana Islands” (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Guam, 1980).
26. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.182-183; Carano at Sanchez, 1964, p.153-154; at Thompson, 1947, p.111.
27. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.184; at Thompson, 1947, p.111.
28. Tingnan ang Greg Bankoff, *Crime, Society and the State in the Nineteenth Century Philippines* (Lunsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996, p.158-159).
29. Tingnan ang Bankoff, 1996, p.187; Celestina Boncan, *Remembering the Cavite Mutiny of 1872* (Kalakhang Maynila: Geronimo Berenguer de los Reyes, Jr. Foundation, Inc., 1995); Carano at Sanchez, 1964, p.160; E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, Tomo I (Lunsod Quezon: Filipiniana Pub-

- lications, 1970, p.316); E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, Tomo II (Lunsod Quezon: Filipiniana Publications, 1970, p. 48-49); at John Schumacher, *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903* (Lunsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1981, p.23-32).
30. Tingnan ang Bankoff, 1996, p.158.
 31. Tingnan ang Bankoff, 1996, p.187; Isagani Medina, "Melchora Aquino," na nasa Rafaelita Soriano (pat.), *Women in the Philippine Revolution*, (Lunsod Quezon: Printon Press, 1995, p.13); at Isagani Medina, "Segunda Puentes y Santiago," na nasa Soriano, 1995, p.82.
 32. Tingnan ang Carano at Sanchez, 1964, p.161.
 33. Tingnan ang Beardsley, 1964, p. 191-195; at Carano at Sanchez, 1964, p.171-181.
 34. Tingnan ang Teodoro Kalaw, *Las cartas politicas de Apolinario Mabini (con prologo y notas)* (Maynila: T.M.K., 1930, p.330).
 35. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.195; at Carano at Sanchez, 1964, p.182-183.
 36. Tingnan ang Beardsley, 1964, p.196-206; at Carano at Sanchez, 1964, p.184-196.
 37. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.321-322. Para sa malawak na talambuhay ni Mabini, tingnan ang Cesar A. Majul, *Mabini and the Philippine Revolution* (Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1960); may bagoñg edisyon, 1996. Para naman sa mapanglagom na paglalahad tungkol kay Mabini bilang Punong Ministro, tingnan ang Atoy Navarro, "Apolinario Mabini: Batangueñong Punong Ministro ng Pilipinas sa Panahon ng Himagsikan," *Sun Star Batangas*, Tomo 33, Bilang 165, Hunyo 16, 1997, p.2-3.
 38. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.322, 352 at Majul, 1960, p.384.
 39. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.322; Apolinario Mabini, "Las Memorias de Guam," *La revolucion filipina (con otros documentos de la epoca)*, Tomo II (Maynila: Bureau of Printing, 1931, p.225); Majul, 1960, p.384; at Artemio Ricarte, *Memoirs of General Artemio Ricarte* (Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan, 1992, p.xviii).

40. Para sa pagpapahintulot sa pakikipagsulatan, tingnan ang Kalaw, 1930, p.323; at Mabini, 1931, p.227-228.
41. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.327-328; at Mabini, 1931, p.234.
42. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.328, 335-336, 339-340; at Mabini, 1931, p.241-246.
43. Tingnan ang Mabini, 1931, p.237; at Alejandrino Perez, "Apolinario Mabini: Sa Bilangguan sa Guam at Pagbabalik sa Lupang Tinubuan," *Ang Bansa*, Taon VIII, Aklat 6, Enero 1965, p.14.
44. Tingnan ang Perez, 1965, p.14.
45. Kaugnay ng pagkakaiba ng *independensya* sa *kalayaan* at *kasarinlan*, tingnan ang Zeus Salazar, "Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa," na nasa Atoy Navarro at Raymund Abejo (mga pat.), *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan* (Lunsod Quezon: LIKAS, 1998, p.11-92); at Evelyn Miranda, *Ang Bayani sa Tingin ng Masa sa Panahon ng Komonwelt* (Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines, 1997, p.1). Para kay Salazar ang independensya ay kakabit ng pagkilos ng mga elitistang *heroe* para sa inangkat na konseptong *nacion-revolucion-republica-progreso* na kakaiba sa mga dalumat ng taumbayan. Para naman kay Miranda, ang independensya ay "huwad na kalayaan na napapaloob pa rin sa kaayusang neokolonyal."
46. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.333-334; at Majul, 1960, p.385.
47. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.330; at Medina, "Segunda Puentes y Santiago," 1995, p.82.
48. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.345; Mabini, 1931, p.250; Majul, 1960, p.385; Perez, 1965, p. 15; Ricarte, 1992, p.xix; at Honesto Villanueva, "Apolinario Mabini – His Exile to Guam," *Historical Bulletin*, Tomo VIII, Bilang 2-3, Hunyo-Setyembre, 1964, p.87.
49. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.346-349; Mabini, 1931, p.250-252; Majul, 1960, p.385; at Villanueva, 1964, p.87-88.
50. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.351-353; Majul, 1960, p.385-387; Perez, 1965, p.15-16; at Villanueva, 1964, p.88-89.

51. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.355; Majul, 1960, p.387; Perez, 1965, p.16; at Villanueva, 1964, p.89.
52. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.355-357; Majul, 1960, p.387-388; Perez, 1965, p.16; at Villanueva, 1964, p.89-90.
53. Tingnan ang Kalaw, 1930, p.358-361; Majul, 1960, p.389; Perez, 1965, p.16; Ricarte, 1992, p.xix; at Villanueva, 1964, p.90.
54. Tingnan ang Medina, "Melchora Aquino," 1995, p.13.
55. Tingnan ang Apolinario Mabini, "Manifiesto-Prologo," *La revolucion filipina (con otros documentos de la epoca)*, Tomo II (Maynila: Bureau of Printing, 1931, p.272-273); at Majul, 1960, p.390.
56. Salungat sa inaakala ni Mabini, nagpatuloy ang pagtataguyod ng sambayanan ng himagsikan. Para sa mapanglagom na paglalahad ng *patuloy na himagsikan*, tingnan ang Atoy Navarro, "Ang Pag-aaral ng Himagsikan sa Ating Panahon," na nasa Atoy Navarro at Ryan Palad, *Tayabas: Pagmumulat sa Kasaysayan, Himagsikan at Sentenaryo* (Lunsod Quezon: LIKAS, 1998, p.206-207).

BIBLIOGRAPIYA

Abella, Danilo (pat.)

1962 "Vignettes of Philippines-Marianas Colonial History." Pamplleta Bilang 1. Maynila.

Aquino, Clemen (pat.)

1992 *Ang Lupon sa Araling Pang-erya: Isang Panimula*. Lunsod Quezon: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas.

1992 *Pagpapakilala sa Aprika*. Lunsod Quezon: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas.

1992 *Ang Migrasyon ng mga Pilipino: Tungo sa Araling Pang-erya*. Lunsod Quezon: Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas.

- Bankoff, Greg
1996 *Crime, Society and the State in the Nineteenth Century Philippines*. Lunsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Beardsley, Charles
1964 *Guam: Past and Present*. Tokyo: Charles E. Tuttle Company.
- Bellwood, Peter
1985 *Pre-history of the Indo-Malaysian Archipelago*. Sydney: Academic Press.
- Boncan, Celestina
1995 *Remembering the Cavite Mutiny of 1872*. Kalakhang Maynila: Geronimo Berenguer de los Reyes.
- Bolinao, Ma. Luisa
1993 *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangangibang-Bayan; Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*. Lunsod Quezon: Trinitas Publishing.
- Blust, Robert
1988 "The Austronesian Homeland: A Linguistic Perspective," *Asian Perspectives*, 26(1).
- Duff, Roger
1970 "Stone Adzes of Southeast Asia," *Canterbury Museum Bulletin*, 3:16.
- Carano, Paul at Pedro Sanchez
1964 *A Complete History of Guam*. Rutland: Charles E. Tuttle Company.
- Cook, Mary Ellen
1980 "A Survey of Exiles in the Mariana Islands." Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Guam.
- Hezel, Francis
1989 *From Conquest to Colonization: Spain in the Mariana Islands, 1690 to 1740*. Saipan: CNMI Division of History Preservation.
- Kalaw, Teodoro
1930 *Las cartas politicas de Apolinario Mabini (con prologo y notas)*. Maynila: T.M.K.

Mabini, Apolinario

1931a "Las memorias de Guam." Nasa *La revolucion Filipina (con otros documentos de la epoca)*, Tomo II. Maynila: Bureau of Printing.

1931b "Manifiesto-Prologo." Nasa *La revolucion Filipina (con otros documentos de la epoca)*, Tomo II. Maynila: Bureau of Printing.

Majul, Cesar

1960 *Mabini and the Philippine Revolution*. Lunsod Quezon: University of the Philippines Press.

Manuel, E. Arsenio

1970 *Dictionary of Philippine Biography*. Lunsod Quezon: Filipiniana Publications.

Medina, Isagani

1995a "Melchora Aquino." Nasa Rafaelita Soriano (pat.), *Women in the Philippine Revolution*. Lunsod Quezon: Printon Press.

1995b "Segunda Puentes y Santiago." Nasa Rafaelita Soriano (pat.), *Women in the Philippine Revolution*. Lunsod Quezon: Printon Press.

Miranda, Evelyn

1997 *Ang Bayan sa Tingin ng Masa sa Panahon ng Komonwelt*. Series 1997. Quezon City: College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines.

Navarro, Atoy

1998 "Ang Pag-aaral ng Himagsikan sa Ating Panahon." Nasa Atoy Navarro at Ryan Palad, *Tayabas: Pagmumulat sa Kasaysayan, Himagsikan at Sentenaryo*. Lunsod Quezon: LIKAS.

Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan (mga pat.)

1997 *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lunsod Manadaluyong: Palimbagang Kalawakan.

Perez, Alejandrino

1965 "Apolinario Mabini: Sa Bilangguan sa Guam at Pagbabalik sa Lupang Tinubuan," *Ang Bansa*, Taon VIII, Aklat 6 (Enero).

Ricarte, Artemio

- 1992 *Memoirs of General Artemio Ricarte*. Maynila: Pambansang Surian Pangkasaysayan.

Salazar, Zeus

- 1999 "Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas." Nasa Maruja M.B. Asis (pat.), *Mga Eksilo, Inang Bayan at Panlipunang Pagbabago*. Lunsod Quezon: UP-CIDS.

-
- 1998 "Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagkakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa." Nasa Atoy Navarro at Raymund Alejo (mga pat.), *Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan*. Lunsod Quezon: LIKAS.

Schumacher, John

- 1981 *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903*. Lunsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Solheim, Wilhelm III

- 1981 "Philippine Prehistory." Nasa Gabriel Casal atbp.. (mga pat.), *The People and Art of the Philippines*. Los Angeles: Museum of Cultural History, UCLA.

Spoehr, Alexander

- 1973 *Zamboanga and Sulu: Archaeological Approach to Ethnic Diversity*. Ethnology Monograph, Bilang 1. Department of Anthropology, University of Pittsburg.

-
- 1957 *Marianas Prehistory: Archaeological Survey and Excavations on Saipan, Tinian and Rota*. Fieldiana: Anthropology, Bilang 48.

Takayama, Jun

- 1984 "Early Pottery and Population Movements in Micronesian Prehistory," *Asian Perspectives*, 23(1):4-5.

Thompson, Laura

- 1947 *Guam and its People*. New Jersey: Princeton University.

Topping, Donald

- 1973 *Chamorro Reference Grammar*. Honolulu: University of Hawaii Press.

EKSILYO BILANG PAGTUTOL: ARTEMIO RICARTE*

RICARDO T. JOSE

Sino si Heneral Artemio Ricarte?

Si Heneral Artemio Ricarte, na kilala rin sa ngalan-pandigma niyang “Vibora,” ay matagal nang isang kontrobersyal na tao. Siya ay naging kasapi ng Katipunan, lumaban sa mga Rebolusyon ng 1896 at 1898, at maging sa Digmaang Pilipino-Amerikano, at tumaas sa ranggo hanggang siya’y maging Punong Heneral ng Hukbong Pilipino. Hindi tulad ng ibang mga pinuno ng hukbong rebolusyonaryo, hindi siya sumumpa na maging tapat sa Estados Unidos (EU), bagkus ay matatag siyang nagpunyagi na muling buhayin ang rebolusyon at palayasin ang mga Amerikano. Sa halip na sumumpa sa EU, pinili niyang maging eksilo at manirahan sa Hong Kong at, matapos nito, sa Hapon. Hindi sa kanya nawala ang pangarap na makita ang Pilipinas na nagsasarili’t malaya at, sa bawat umaga ng kanyang pagka-eksilo, patuloy niyang itinaas ang watawat ng Pilipinas. Nagbalik siya sa Pilipinas kasama ang mga pwersang mananalakay ng Hapon sa simula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pasipiko at tiningnan siya ng marami bilang apolohista o kolaborador ng mga Hapon. Dahil dito, nadungisan ang kanyang reputasyon bagamat ang mga dahilan ng kanyang pakikipagtulungan ay mas makabayan kaysa maka-Hapon. Sa bandang huli, sumama siya sa mga Hapon sa kanilang pag-atras sa hilagang Luzon kung saan siya namatay.

* Isinalin mula sa Ingles.

Ang matatag na panindigan ni Ricarte na mapalaya ang Pilipinas ay walang kaparis sa kasaysayan ng Pilipinas, subalit ang kanyang pagiging malapit sa mga Hapon noong panahon ng kanilang okupasyon ay nagpapadilim sa kanyang reputasyon. Sa muling pagsusuri sa kanyang papel noong panahon ng Hapon, lumilitaw na higit sa lahat, si Ricarte ay nanatiling tapat at matatag na maka-Pilipino.

Si Artemio Ricarte ay ipinanganak noong ika-20 ng Oktubre 1866, sa Batac, Ilocos Norte. Pangalawa siya sa tatlong anak nina Esteban Ricarte y Faustino at Bonifacia Garcia y Rigonan na parehong tubong-Ilocos. Nagtapos siya ng elementarya sa Batac at lumipat sa Maynila para mag-aral sa *Colegio de San Juan de Letran*. Matapos makuha ang kanyang batsilyer, ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Sa UST, natanggap niya ang mga pananaw na humubog kay Rizal subalit sapagkat mula siya sa isang mahirap na mag-anak, hindi siya nakapunta sa Espanya. Sa halip ay nag-aral siya sa *Escuela Normal* at, matapos nito'y, nagturo ng elementarya sa San Francisco de Malabon sa Cavite. Sa panahon ng kanyang pagtuturo dito, nabalitaan at sinalihan niya ang Katipunan na noo'y naghahanda para sa rebolusyon na magpapalaya sa bansa mula sa Espanya. Dahil siya ay nakapag-aral, hinirang siyang ingat-yaman ng sangay ng Katipunan sa kanyang bayan, at ipinagkatiwala sa kanya ang paghiwa sa mga braso ng bagong kasapi ng Katipunan bilang bahagi ng seremonya ng pagsapi. Sa panahong ito niya kinuha ang kodang "Vibora."¹

Sa pagsiklab ng rebolusyon, inangat si Ricarte bilang pinunong militar ng mga pwersang rebolusyonaryo ng Cavite sa paksyong Magdiwang na naging tapat kay Bonifacio. Naging susi ang kanyang papel sa mga operasyong militar sa Cavite, at muli siyang inangat sa Kapitan Heneral ng rebolusyonaryong hukbo ng Pilipinas (ang katapat ngayon ng *commanding general* o *chief of staff*) sa Kumbensyong Tejeros noong Marso 1897. Sa Kumbensyong Tejeros din naganap ang paghihiwalay ng paksyong Magdiwang (na sumusuporta kay Bonifacio) at ng paksyong Magdalo (na sumusuporta kay Aguinaldo) na sa kalauna'y humantong sa pagdakip at pagkamatay ni Bonifacio sa kamay ng mga Magdalo. Subalit kinilala ni Aguinaldo ang kakayahan ni Ricarte bilang kumander at pinanatili siya sa pusisyon ng kapangyarihan. Magkasama sina Ricarte at Aguinaldo sa itinagal ng rebolusyon at sinikap labanan ang kontraopensiba ng mga Espanyol. Sa kanilang pagkabigo rito, sumama siya kay Aguinaldo sa pag-atras sa Biak-na-Bato. Matapos ang paglagda sa Kasunduan ng Biak-na-Bato at ang ibinunga nitong katahimikan, sinikap ni Ricarte na tupdin ang mga kundisyon ng kasunduan: ang pagbaba sa watawat ng rebolusyon, ang paglusaw sa mga hukbong rebolusyonaryo, ang pagpapauwi sa mga kalalakihan, ang pangongolekta ng armas mula sa mga pwersang rebolusyonaryo at ang pagbibigay ng mga ito sa mga Espanyol. Matapos nito'y nanahimik muna siya at naghanda para sa muling pagbangon ng rebolusyon.²

Nang magbalik si Aguinaldo mula sa pagka-eksilo noong Mayo 1898, muling nakidigma si Ricarte laban sa mga Espanyol. Nanatili siyang heneral ng hukbong rebolusyonaryo at magiting na nilabanan ang mga Espanyol at ang mga Amerikano.

Bago pa man sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano, wala na siyang tiwala sa mga Amerikano at noong Disyembre 1898, nang mabunyag ang Tratado ng Paris, binigyan niya si Aguinaldo ng plano para sa pag-alsa laban sa mga Amerikano sa Maynila. Iniwasan ni Aguinaldo ang lantarang pakikidigma sa mga Amerikano hanggang sa maganap ang Insidente sa Tulay ng San Juan noong ika-4 ng Pebrero 1899, na naghudyat sa digmaan. Sa ilang mga pakikipaglaban, nagtagumpay si Ricarte bagamat mas kaunti ang kanyang mga pwersa. Nagsilbi siya bilang kumander ng Santa Ana sa Maynila at, pagkatapos nito, bilang kumander ng ikalawang sona sa paligid ng Maynila.³

Noong Hulyo 1900, napasok ni Ricarte, kasama ang ilang pinagkakatiwalaang pwersa, ang Maynila na hawak ng mga Amerikano. Nakilala sila sa Paco at dinakip. Binigyan siya ng pagkakataong makalaya kung susumpa siya sa EU, subalit ito ay kanyang tinanggihan. Dahil dito, siya ay ipinatapon sa Guam kasama ang iba pang mga di-mapahinunod tulad ni Apolinario Mabini.⁴

Unang Eksilyo: Guam

Si Ricarte ay ipinatapon sa Guam noong Enero 1901. Bagamat binigyan ng pagkakataong makalaya kapalit ng pagsumpa sa watawat ng EU, tinanggihan ito ni Ricarte na minabuti pa ang manatiling eksilo. Isa-isang nagpasyang manumpa ang ibang mga eksilong Pilipino hanggang sa sina Mabini at Ricarte na lamang ang natira.⁵

Ipinahayag ang opisyal na pagwawakas ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong ika-4 ng Hulyo 1902, bagamat nagaganap pa rin ang mga engkwentro sa iba't ibang pook. Pinahintulutan si Ricarte na umuwi sa Pilipinas noong Pebrero 1903, kasama si Mabini na may malubhang karamdaman at nagnanais mamatay sa Pilipinas. Tumanggi pa rin si Ricarte na sumumpa ng katapatan sa EU at sinabing: "Mas nais ko pang mariatay na mahirap at maging martir sa adhikain ng Pilipinas, kaysa talikuran ang aking mga paninindigan." Dahil dito, hindi siya pinayagang bumaba sa barkong paghatid sa kanya sa Pilipinas, ang *SS Thomas*. Inilipat siya sa ibang barko at muling ipinatapon sa Hong Kong.⁶

Ikalawang Eksilyo: Hong Kong

Sa Hong Kong, nakasama niya ang Hong Kong Junta na nagpapatuloy pa rin sa kabila ng pagkakadakip kay Aguinaldo at ng pahayag ng mga Amerikano na tapos na ang digmaan. Nagtatag ang pinuno ng hunta na si Galicano Apacible ng komite na tinawag nilang Katipunan Abuluyan at hinirang ng lahat si Ricarte bilang pangulo nito.⁷

Habang nasa Hong Kong, nakatrabaho ni Ricarte si Manuel Ruiz, na kilala rin sa pangalang "Prin." Nagtulungan ang dalawa sa paggawa ng plano para sa pagtatatag ng pamahalaan, ang *Republica Universal Democrata Filipina*, at itinala

ang mga opisyal at 1,800 tagasuporta nito. Sinikap ng dalawa na isakatuparan ang planong ito bagamat marami na sa mga Pilipino sa Hong Kong ang nawalan na ng pag-asa sa rebolusyon. Nilusaw ni Ricarte ang Junta noong ika-8 ng Disyembre 1903, matapos ang pagsuko ni Heneral Miguel Malvar, subalit ipinanatili ang isang komite para sa pagbubuo ng Republika. Nagtatag din ng isang pansamantalang pamahalaan, ang *Gobierno Triunvirato Dictatorial*, na pinamumunuan ni Ricarte.⁸

Pagbabalik sa Pilipinas

Nakakita si Ricarte ng bagong pagkakataon para palayasin ang mga Amerikano sa nagbabantang Digmaang Ruso-Hapones at sa patuloy na pakikidigma ni Heneral Macario Sakay sa mga Amerikano sa rehiyon ng Timog Katagalugan. Nabalitaan ni Ricarte na mahusay ang takbo ng pakikidigma ni Sakay, at nabalitaan din niya na maraming Pilipino ang handang humawak ng armas para sa kalayaan mabigyan lamang ng pagkakataon.⁹

Lihim na nagbalik si Ricarte sa Pilipinas noong Disyembre 1903 at nag-organisa ng kilusan laban sa EU. Nakipagkita siya sa ibang mga Pilipino na nais makidigma sa mga Amerikano at pinilit na magpalitaw ng armas para sa mga ito. Sa pamamagitan ng ilang mga pahayagan sa Maynila, nanawagan din siya sa mga makabayang Pilipino na makidigma. Samantala, nagpatuloy rin ang komunikasyon sa pagitan ni Ricarte at ni “Prin” sa Hong Kong. Bagamat nag-alok ang mga Amerikano ng gantimpala para sa pagdakip kay Ricarte at alam nilang nagbalik ito sa bansa, nataguan sila ni Ricarte sa pamamagitan ng paggamit ng mga alyas at paglipat-lipat ng lalawigan. Naghanap siya ng trabaho sa pamahalaang kolonyal para makaligtas sa pagkakahuli. Subalit matapos ang limang buwan, ipinagkanulo siya ng isa niyang kasamahan sa trabaho sa mga Amerikano at dinakip siya noong Marso 1904. Hinatulan siya ng huwes na Pilipino ng anim na taon na *solitary confinement* mula ika-7 ng Hunyo 1904.¹⁰

Ang pagsubok na ito ay hindi nakapagpahina kay Ricarte na nagpatuloy sa kanyang paninindigang ipaglaban ang kalayaan ng Pilipinas. Ang tanging dumadalaw sa kanya ay mga Amerikano na nagpipilit baguhin ang kanyang isip hinggil sa pagsumpa ng katapatan sa EU. Hindi siya pumayag rito hanggang sa matapos ang kanyang sentensya noong Hunyo 1910. Sa kanyang paglabas, muli siyang pinasusumpa sa EU. Humingi si Ricarte ng apatnapung araw para pag-isipan ito sa kadahilanang nawalan siya ng anumang komunikasyon sa kanyang pamilya at wala siyang alam sa mga pangyayari sa Pilipinas sa ilalim ng EU. Ang kahilingang ito ay hindi pinagbigyan ng mga Amerikanong opisyal kung kaya’t sinabi sa kanila ni Ricarte: “Sapagkat ayaw ninyo akong bigyan ng 40 araw para pag-isipang mabuti ang bagay na ito, binibigyan ko kayo nang lubos na pahintulot para gawin ang gusto ninyo sa akin na walang kalaban-laban.” Dahil dito, muli siyang ipinatapon sa Hong Kong sa araw ng kanyang paglaya.¹¹

Ikatlong Pagkakatapon: Sa Hong Kong

Namalagi si Ricarte sa Hong Kong mula 1910 hanggang 1915. Habang nasa Hong Kong, pilit na inorganisa ni Ricarte ang kanyang mga kapwa Pilipino at nagtangkang magtatag ng isang rebolusyonaryong pamahalaang eksilo. Lumikha siya ng Saligang-Batas para sa pamahalaang ito (ang Republikang Rizalina) noong 1914. Naglunsad din siya at ang kanyang mga kasama ng kampanyang anti-Amerikano sa pamamagitan ng *El Grito del Presente*, isang publikasyon na lumalabas isang beses sa dalawang linggo.¹²

Kararating pa lamang ni Ricarte sa Hong Kong noong Agosto 1910, nakilala niya si Vicente Sotto na isa ring eksilo na tumakas sa Maynila nang dadakpin na sana siya ng mga Amerikano. Ang kalagayan sa Hong Kong ay mainam para sa mga eksilo dahil sa relatibong kaluwagan ng mga batas ng Ingles. Maraming eksilong politikal mula sa Pilipinas at iba pang mga bansa ang lumikas patungong Hong Kong. Ang dalawa ay unang nagkita sa silid ni Ricarte; pareho sila ng pangarap para sa Pilipinas at naglalayong buhayin ang pakikidigma para sa kalayaan. Nanggaling na si Sotto sa Hapon kung saan nakakilala siya ng mga simpatetikong Hapon. Sinabi ni Ricarte kay Sotto na hinahangaan niya ang Hapon bilang isang sumisikat na kapangyarihang Asyano at sinasalubong ito bilang isang alyado, subalit “hindi niya maaatim na maging amo (ang Hapon).” Sa katunayan, binabalak na ni Ricarte na bumase sa Hapon. Sumulat siya ng ilang artikulo para sa *The Independent* ni Vicente Sotto na ang isa ay naglalaman ng kanyang mga pananaw sa Hapon. Dito, kinilala niya ang lakas ng Hapon lalo nang matapos ang tagumpay nito sa Rusya noong 1905, subalit sinabi rin niya na lalabanan niya ang Hapones kung sasakupin ng mga ito ang Pilipinas. Ayon sa kanya: “Ang mga Pilipino ay hindi nakabababa sa mga Hapones sa usapin ng kultura at sibilisasyon.”¹³

Sa umpisa ng 1911, inorganisa nina Ricarte, Sotto, at iba pang mga opisyal ng hukbong rebolusyonaryo ng Pilipinas (tulad nina Martin Delgado at Tomas Umali na parehong hindi sumukong opisyal ng hukbo ni Aguinaldo at ni Ricardo Basa, isang negosyante) ang *Consejo Revolucionario de Filipinas* na nagpahayag ng mga layuning makabayan at sosyalista. Kabilang sa mga layunin nito ang “agaran at lubos na pagsasarili at pantay-pantay na distribusyon ng kayamanan.” Nangupahan ang *Consejo* ng silid sa Hong Kong bilang tanggapan at nagplano ito kung paano isasagawa ang rebolusyon at isasakatuparan ang mga layunin nito. Nakakuha ito ng pondo mula sa mga kasapi na nagbenta ng lupa nila sa Pilipinas at nagdala ng pera sa Hong Kong; mga kasapi sa Hong Kong na nagtagumpay sa negosyo; at mga kasapi sa Pilipinas na, bagamat sumumpa sa EU, ay lihim na nagpapadala ng pondo sa Hong Kong.¹⁴

Subalit higit pa sa pagpupulong-pulong, nilayon nina Ricarte na makakuha ng pagkilala at ayuda mula sa ibang mga bansa. Sa partikular, opisyal na sinulatan ni Ricarte ang Ministro ng Ugnayang Panlabas ng Hapon at ipinahayag ang pagkakaroon ng rebolusyonaryong pamahalaan ng Pilipinas at ang layunin nitong

wakasan ang paghahari ng Amerikano sa Pilipinas at ibalik ang Saligang-Batas ng Malolos. Sinabi pa ni Ricarte na maaaring makipag-ugnayan sa kanya ang pamahalaan ng imperyong Hapon hinggil sa nakaplanong rebolusyon. Nabanggit sa liham na ito na si Ricarte ay nagkaroon ng komunikasyon kay Onkihiko Usa, isang ultra-nasyonalistang Hapon sa Hong Kong.¹⁵

Subalit matabang ang pagtanggap ng pamahalaang Hapon sa liham ni Ricarte sapagkat wala sa kanilang nakakakilala kay Usa. Inutusan ng Ministro ng Ugnayang Panlabas ang konsul nito sa Hong Kong na siyasatin ang bagay na ito. Matapos ang pagtatanong, lumiham ang tumatayong konsul, si Funazu Tatsuichiro, na ang konseho ni Ricarte ay mayroon lamang 40 kasapi at mukhang walang kakayahang maglunsad ng ganap na rebolusyon. Ang kaya lamang nito ay ang maglunsad ng kontra-Amerikanong propaganda, magboykot ng mga produktong Amerikano, at magsagawa ng maliliit na pagkilos laban sa EU. Si Usa naman ay isang “superpatriot” (*shishi* sa Hapon) na naniniwala sa Pan-Asyanismo at kilala na ni Ricarte noong pang Digmaang Pilipino-Amerikano. Nakikipag-ugnayan din si Usa sa mga rebolusyonaryong Tsino sa pamumuno ni Sun Yat Sen. Binanggit din ng konsul na si Usa ay may masamang reputasyon at nagmamay-ari ng isang kasa ng prostitusyon sa Hong Kong; sa maikling salita, kahiya-hiya siya sa Hapon. Isinulat rin ni Funazu na “kung malalaman ng mga opisyal na Amerikano ang pakikipag-ugnayan ni Usa sa Partidong Rebolusyonaryo ng Pilipinas, magkakaroon ito ng masamang epekto sa relasyon sa pagitan ng EU at Hapon.” Dahil dito, hindi pinansin ng ministro si Ricarte at ang kanyang konseho; sa halip ay inutusan nito ang konsul na bantayan ito lalo na kung nanganganib mapahiya ang Hapon dahil sa pagkakadawit sa konseho.¹⁶

Sa kalaunan, nagkawatak-watak ang konseho dahil sa mga personal na alitan. Si Sotto, sa partikular, ay nawalan ng tiwala kay Ricarte sanhi ng ilang mga bagay. Una, naniwala si Sotto na sina Ricarte at ang buong konseho ay hindi sapat na nagpapahalaga sa seguridad ng grupo at dahil dito ay madaling nakarating ang impormasyon sa mga di-awtorisadong tao. Sinasabi pa nga na alam ni Manuel Quezon sa Maynila ang lahat tungkol sa organisasyon. Hinggil naman kay Quezon, hindi rin nagkasundo si Ricarte at si Sotto: si Ricarte ay nagsisimula nang maniwala na si Quezon ay nasa panig nila, lalo na bilang residenteng komisyoner sa Washington. Sa kabilang banda, walang tiwala si Sotto kay Quezon at ipinapalagay siya bilang isang mapanganib at tusong pulitiko. Pinagbintangan ni Sotto si Ricarte nang paghingi ng kontribusyon ng walang pahintulot ng konseho; sinagot naman ito ni Ricarte sa pagsabing si Sotto ay taong panay salita at walang gawa, at ginagamit lamang nito ang konseho para sa sarili nitong interes. Pinaratangan ni Sotto si Ricarte bilang isang sinungaling at manloloko. Ang pag-aaway na ito ay nasagap ng mga pahayagan sa Maynila na nagsapubliko dito. Sa bandang huli, naghiwalay ng landas sina Ricarte at Sotto at hindi na sila nagkasamang muli.¹⁷

Sa kabila ng personal na di-pagkakasundo, gumanap si Ricarte ng mahalagang papel sa pagpapanatili sa apoy ng rebolusyon hindi lamang sa pamamagitan ng

pag-oorganisa ng mga grupong rebolusyonaryo at pagpapalano ng mga pag-aalsa kundi pati na rin sa pagpapaligalig sa mga awtoridad na Amerikano sa pamamagitan ng pagkakatatagan ng tsismis at pagkakaroon ng maraming tagasuporta sa Pilipinas. Ang kanyang mga tagasunod—kung tawagi’y mga Ricartista—ay naghintay sa kanyang pagbabalik na may dalang tulong galing sa ibang bansa, at nakita siya bilang simbolo ng walang-kamatayang pag-aasam para sa ganap na pagsasarili at rebolusyong panlipunan. Nagtangka diumano ang mga Amerikano na suhulan si Ricarte, sa pamamagitan ng kanilang mga ahente, upang manumpa sa watawat kapalit ng biyahe pauwi sa Pilipinas at pensyon. Tinanggihan ni Ricarte ang mga alok na ito at nagpatuloy sa kanyang pagpapalano laban sa Amerikano.¹⁸

Maraming isinulat si Ricarte sa Hong Kong, kabilang ang Saligang-Batas ng pamahalaang rebolusyonaryo, na naging pamahalaan ng kanyang pinapangarap na Republikang Rizalina. Sinulatan ni Ricarte ang sambayanang Pilipino at ipinaliwanag niya na “ang tanging pagnanais ng aking buhay ay ang maiangat kayo sa tugatog ng kaligayahan, ang gawin kayong malaya at dakila, upang makita nang ibang mga bansa na kayo ay hindi nakabababa sa alinman sa kanila sa lakas, sa pag-iisip, at sa kapangyarihan. Iiwan ko ang lahat, kakalimutan ko ang paghihirap, at itatatakwil ko ang mga matatamis na pangako ng mga nananakop sa inyo ngayon sa paninindigang, sa gitna ng napakaraming kasamaan, ang banal na karapatan ng lahat ng lahi na mabuhay nang malaya at nagsasarili ang siyang magwawagi sa wakas.”¹⁹

Sa kanyang planong Saligang-Batas para sa “Rizalina,” idinitalye niya kung paano ang magiging istruktura nito, kung paano bubuuin ang hukbo, at kung paano hahatiin ang buong Pilipinas sa mga sona na hahatiin naman sa mga distrito na ipapasailalim sa komand ng hukbo.²⁰

Ang paghihirap at hinagpis ng isang makabayan na nasa eksilo ang siyang nilalaman ng isa pang sulat sa sambayanang Pilipino kung saan sinabi ni Ricarte:

Naluluha ako tuwing naiisip ko na sa gitna ng aking paghihirap ay hindi ko kayo makita, o malaman ang inyong mga hangarin, ang inyong mga suliranin at kaligayahan, ang inyong hinagpis at paghihirap...Hindi ako makapapayag na kayo’y manatili sa ilalim ng mga dayuhan at, kapag napapanahon na, tatawirin ko ang mga dagat upang makapiling kayo.²¹

Maraming Pilipino ang humanga kay Ricarte sa unang tatlong dekada ng ika-20 siglo lalo na’t dahil sa kanyang pangako na tutulungan ng Hapon ang anti-Amerikanong pag-aaklas sa kanyang pagbabalik. Ang pangakong ito ni Ricarte ay walang opisyal na batayan sa Hapon subalit nagtagumpay ito para seryosohin ng mga Amerikano si Ricarte. Bagamat opisyal na umiiwas ang pamahalaang Hapon kay Ricarte, nagkaroon siya ng ilang kaugnay na Hapon sa Hong Kong.²²

Sapagkat si Ricarte ang naging sagisag ng walang-kamatayang paghahangad ng Pilipino para sa kalayaan, lumitaw ang ilang maliliit na kilusang mapagpalaya

na nagtataglay ng kanyang pangalan. Ang ilan sa mga ito ay tunay niyang sinusuportahan samantalang ang ilan naman ay gumamit lamang sa kanyang pangalan upang makakuha ng kasapi; ganyan na lamang ang bisa ng pangalan ni Ricarte sa unang dalawampung taon ng ika-20 siglo. Ang isang pag-aalsa sa Pangasinan noong 1912 na nagtangkang umagaw sa mga pangunahing bayan ay ginabayan ng palabang diwa ni Ricarte. Ang isa namang kilusan, na naging kilala bilang "*Ricarte Fourth of July Plot*," kung saan ang mga kasapi ng mga unyon ng manggagawa ay magmamartsa sa Luneta sa ika-4 ng Hulyo at doo'y sasalakayin ang mga nagpaparadang tropang Amerikano sa pamamagitan ng mga nakatagong bolo at punyal. Matapos ang pagsalakay na ito, aagawin nila ang kabang-yaman at dadalhin ang salapi sa Malabon kung saan itatatag ang probisyonal na himpilan ng pamahalaang rebolusyonaryo. Ang pinakaseryosong kilusan ay nagplano ng pag-aalsa sa ika-24 ng Disyembre 1914. Natuklasan ang planong ito bago ito naisagawa at lumitaw ang pangalan ni Ricarte bilang punong instigador nito o di kaya'y inspirasyon: mayroon na ngayong "Hukbong Ricarte" na naitatag sa Bulacan. Naipamalita rin na nagbebenta si Ricarte ng komisyon para sa isang hukbong mapagpalaya. Lahat ng mga pagtatangkang ito ay nabigo dahil sa pagkakatuksal dito ng mga Amerikanong opisyal na nagsagawa ng mga panangga laban dito.²³

Sa panahong ito, sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig sa Europa at nagpasya ang mga Ingles na segruhin ang Hong Kong sa pamagitan ng pagpapaalis sa lahat ng mga eksilong pulitikal. Dahil dito, pinalayas si Ricarte sa Hong Kong ng mga awtoridad na Ingles noong 1915. Inakusahan si Ricarte ng pagkilos para sa pagsasarili ng India at pakikipagpulong sa mga lumalaban para sa pagsasarili ng India kung kaya't dinala siya sa Shanghai at ipinasa sa mga opisyal na Amerikano. Hiniling ng mga Amerikano ang ekstradisyon ni Ricarte dahil sa pinsalang maaaring gawin nito. Subalit nakatakas siya sa kulungan at lihim na nakarating sa Hapon sa tulong ng ilang mga ultranasyonalistikong Hapon (kabilang na si Usa) at ng kanyang asawa, si Agueda Esteban, na siyang bumili ng tiket sa bapor patungong Hapon. Ginamit ni Ricarte ang pangalang Minami Hikosuke.²⁴

Si Ricarte sa Hapon

Ang unang narating ni Ricarte sa Hapon ay ang daungan ng Moji sa timog na kapuluan ng Kyushu kung saan siya'y pansamantalang nanirahan. Sa Hapon, nagtrabaho si Ricarte at ang kanyang asawa bilang "*earthwork laborer*" sa pagawaan ng porselana ng Seto sa Nagoya. Nakipagkaibigan ang may-ari nito kay Ricarte at binigyan siya ng trabaho at libreng tirahan at pagkain. Tumira siya sa Setomachi, sa prepektura ng Aichi. Mahalaga rin ang ginampanang papel ni Usa sa pamamalagi ni Ricarte sa Hapon. Noong 1922, lumipat ang mga Ricarte sa Tokyo sa tulong ni Usa at ni Rash Behari Bose, isang makabayang Indian at pinuno ng kilusan para sa pagsasarili. Si Bose ay lumikas mula sa mga Ingles at nanirahan sa Hapon mula pa noong 1915 kung saan siya ay sinuportahan at tinulungan ng

mga ultra-konserbatibong Hapon tulad nina Mitsuru Toyama, Aizo Soma, at iba pa.²⁵

Hiniling ng mga Amerikano ang ekstradisyon ni Ricarte sa Pilipinas subalit, dahil walang batas sa ekstradisyon, pinahintulutan si Ricarte na mamalagi sa Hapon bagamat mahigpit na sinusubaybayan ng pulisya.

Tinulungan din si Ricarte ng mambabatas na Hapon at ultranasyonalista na si Shimpei Goto na siyang nagpakilala sa kanya sa administrador ng *Kaigai Shokumin Gako* (Paaralan para sa Pag-aaral ng Imigrasyon sa Ibayong-Dagat) sa Setagaya, malapit sa Komaba, Tokyo. Si Goto ay dating gobernador ng Taiwan at naiangat hanggang sa maging ministro ng ugnayang panlabas. Malaki ang kanyang impluwensiya sa pamahalaan kung kayat natulungan niya si Ricarte na makakuha ng trabaho bilang guro ng Espanyol sa nabanggit na paaralan. Ang paaralan ay may isang oras na lakad mula sa mataong istasyon ng tren sa Shibuya, Tokyo. Araw-araw na nilakad ni Ricarte ang distansya mula istasyon hanggang paaralan at naging kilala siya dahil sa pagpupumilit niyang gawin ito anuman ang lagay ng panahon. Tinutulak ng kanyang determinasyon at paninindigan, ni minsan ay hindi siya sumakay at ni minsan ay hindi siya nagpaliban. Layunin ng paaralan ang magsanay sa mga opisyal ng imigrasyon at kolonya na mangingibang-bayan kung kaya't kinailangan si Ricarte na magsilbing mabuting halimbawa sa kanyang mga estudyante; dahil dito, itinigil niya ang paninigarilyo at pag-inom ng alak. Kinilala ng mga estudyante ni Ricarte ang kanyang katatagan at siya ay iginalang.²⁶

Tinulungan din ni Goto si Ricarte na makahanap ng tirahan sa Yamashita-cho sa Yokohama kung saan maraming naninirahan at nagtatrabahong migranteng Tsino at iba pang Asyano.

Para madagdagan ang kanyang kita, nagbukas siya ng maliit na restorang Pilipino na tinawag niyang Karihan Luvimin, hango sa Luzon, Visayas, at Mindanao, upang malaman ng ibang mga Pilipino na mayroon silang kababayan sa lugar. Kadalasa'y tahimik ang karihang ito maliban lamang kung may bapor galing o patungong Pilipinas at dinadalaw ng mga pasaherong Pilipino ang heneral; ito rin ang naging tagpuan ng mga residenteng Pilipino sa Hapon. Sa mga araw ng pistang Pilipino lalo na tuwing Araw ni Bonifacio at Araw ni Rizal, nagiging masigla ang karihan. Tumatanggap din siya ng pondo mula kay Aguinaldo at ilan pang mga dating rebolusyonaryo sa Pilipinas. Tahimik siyang namuhay kasama ang kanyang pangalawang asawa, si Agueda Esteban, ang kanyang anak na si Adriana Ricarte-Dominguez, mga apo na sina Luzviminda Romero, Bislumino Romero, Minviluz Dominguez, Rose Dominguez, at Lourdes Dominguez. Dalawa sa kanyang mga apong babae ang nakatira sa Pilipinas subalit paminsan-minsa'y dumadalaw ang mga ito kay Ricarte.²⁷

Halos walang pampublikong gawaing pulitikal si Ricarte sa Hapon kung saan namuhay siya bilang eksilo subalit, sa pamamagitan ni Rash Behari Bose, nakakilala siya ng ilang mga ultra-konserbatibong Hapon at mga sumusuporta sa Pan-Asyanismo tulad nina Mitsuru Toyama at Aizo Soma. Nagsilbi siyang halimbawa

at sentro ng mga kabataang mag-aaral na Pilipinas sa Hapon na galit sa paghahari ng Amerikano; ang mga ito ay nagdidiskusyon hinggil sa pagkakaisa ng mga lahing di-puti para mapalaya ang Pilipinas.²⁸

Subalit sa kabuuan, tahimik ang naging buhay ni Ricarte sa Hapon na kinatangian ng kanyang araw-araw na paglalakad mula Yokohama patungong *Kaigai Shokumin Gakko*. Ang Yamashita-cho ay ang *Chinatown* ng Yokohama kung kaya't nabukas kay Ricarte at sa kanyang mag-anak ang mga tradisyong Tsino at nawili sila sa mga pagkaing Intsik at selebrasyon. Sapagkat maliit lamang ang kanyang sahod sa pagtuturo at hindi naman regular ang kita ng kanilang karihan, pumasok ang kanyang asawa sa negosyong *real estate* at, sa pamamagitan nito'y nakabili sila ng ilang mga bahay sa Hapon.²⁹

Habang nasa Hapon, hindi nawala kay Ricarte ang pag-ibig sa Pilipinas at sa mga sagisag nito. Araw-araw niyang itinaas ang watawat, at bawat taon niyang ginunita ang mga araw nina Rizal at Bonifacio. Sa paggunita sa mga araw na ito, minsa'y nag-iimbata siya ng mga mag-aaral at residenteng Pilipino sa Hapon kasama ang ilang mga opisyal na Hapones. Noong ika-30 ng Disyembre 1924, nakibahagi si Ricarte sa isang pulong sa *Yokohama Public Hall* para sa pagpaparangal sa mga bayaning Pilipino; nagsalita siya tungkol sa kagitingan ni Rizal at hinggil sa pangangailangang lumikha ng Pilipinas para sa mga Pilipino. Tinawag niya ang pansin ng lahat sa pagbagal ng kilusan para sa pagsasarili at hinimok ang lahat ng nakikinig—mga residenteng Pilipinong propesyunal at mag-aaral, mga opisyal ng hukbong Hapon na may ugnay sa *Black Dragon Society (Kokuryukai)*, isang pangunahing organisasyong Pan-Asyano at ultranasyonalista sa Hapon—na ang mga Pilipino sa Hapon ang siyang dapat manguna at tumulak sa kanilang mga kababayan sa Pilipinas tungo sa pagsasarili. Sa katunayan, ang mga Pilipino sa Hapon—maging mga mag-aaral, negosyante, at dumadalaw na pulitiko—ay sumasadya sa kanyang karihan para kumain at mag-iwan ng malalaking *tip* bilang tulong sa makabayang eksilo. Naaalala ng kanyang apo na “Dahil sa kanya, ang aming tahanan ay parang Mecca na dinudumog ng mga Pilipinong nagtutungo sa Hapon, lalo na ang mga opisyal ng pamahalaang Pilipino.”³⁰

Nilayon ni Ricarte na ipalaganap ang hinggil sa rebolusyong Pilipino at ang mga adhikain nito, at ipinalimbag niya ang kanyang talambuhay at dalawa pang libro tungkol sa rebolusyon sa Yokohama. Ang mga aklat na ito ay ipinagbili sa mga Pilipinong nagdaraan sa Yokohama at naging popular. Nagpalimbag din siya noong 1924 ng isang espesyal na polyeto bilang paggunita sa pagkamatay ni Rizal, na may kasamang *Mi ultimo adios* na nakasalin sa Hapon. Nagpatuloy ang komunikasyon sa pagitan ni Ricarte at ng istoryador na si Jose P. Santos at iba pang mga beterano ng rebolusyon; ipinaliwanag niya ang kanyang mga pagtingin sa paghaharing Amerikano, mga pulitikong Pilipino, at ang kanyang ipinapangarap na tunay na nagsasarili at malayang Pilipinas. Nakikipanayam siya sa mga manunulat na Pilipino para sa mga artikulong lumalabas sa mga pahayagang Pilipino at nagpatuloy rin siya sa pagsusulat.³¹

Sapagkat relatibong maayos pa ang ugnayan sa pagitan ng EU at Hapon sa panahong ito, hindi si Ricarte pinahintulatang maglunsad ng mga gawaing kontra-Amerikano. Patuloy ang pagsusubaybay sa kanya ng pulisya.³²

Noong unang araw ng Setyembre 1923, muntik nang mamatay si Ricarte nang maganap ang malakas na lindol sa Kanto. Naghahapunan siya kasama ang ilang mga kaibigang Pilipino nang yumanig ang lupa; ilang oras siyang lumangoy sa nag-aapoy na dagat bago siya nailigtas ng isang bapor na Ingles. Matapos ang kanyang pagkaligtas, nasambit niya na “ang aking pagkaligtas ay kagustuhan ng Diyos at sa pamamagitan ng tandang ito ay binigyan Niya ako ng bagong pag-asa na bago ako mamatay ay makababalik ako sa aking lupang sinilangan, para mamuhay ng payapa sa piling ng aking mga kababayan, at para tubusin ang sumpa namin bilang mga Katipunero na ipaglaban ang kalayaan ng aming minamahal at marikit na Pilipinas!”³³

Mga Pananaw ni Ricarte Habang nasa Eksilyo

Habang nasa Hapon bilang eksilo, nagpatuloy si Ricarte sa paninindigang ang Pilipinas ay dapat na lumaya, at sumumpa siya na hindi siya tutuntong dito hangga’t lumilipad ang watawat ng EU at hangga’t hindi pa “muling naghu-hudyat ang mga kampanya ng paglaya.” Ang mga pagtatangka ni Ricarte na ipagpatuloy ang armadong pakikidigma laban sa EU ay humupa habang siya ay nasa Hapon, lalo na matapos ang ratipikasyon ng Batas Jones. Wala pa rin siyang tiwala sa mga Amerikano lalo na kung maging Republikano ang admi-nistrasyon, subalit binigyan niya ng panahon ang mga mambabatas na Pilipino na makuha ang pagsasarili sa pamamagitan ng mapayapang paraan. Lumilitaw na natanto ni Ricarte na ang pagsasarili ay maaari at dapat na makuha sa pamamaraang ligal kung kayat pinayuhan niya ang mga kabataang Pilipino sa Hapon na huwag gumawa ng marahas na aksyon. Pinayuhan din niya sila na paunlarin ang kanilang mga sarili sa abot nang makakaya.³⁴

Masama ang loob niyang nagmasid nang ang pamahalaang Amerikano ay mapanghawakan ng mga Republikano at mistulang nabaligtad lahat ng mga pag-unlad tungo sa Pilipinisasyong naisagawa sa ilalim ng pamahalaang Demokrat. Tutol siya sa paghihirang kay Gobernador-Heneral Leonard Wood na kontra-Pilipino at lalong lumakas ang kontra-Amerikano at kontra-Ingles na damdamin ni Ricarte kasabay ng paglakas ng kanyang maka-Asyanong damdamin. Nakiramay siya sa mga Hapon sa pagkabigo ng mga ito na makuha ang mga pangunahing kapangyarihang puti (ang EU at ang Britanya) na wakasan ang dis-kriminasyon batay sa kulay ng balat, at nakita niya ang patuloy na ipina-pangalandakang “*Japanese bogey*” bilang isang pakana ng mga Ingles at Amerikano para magkalat ng di-pagtiwala at di-pagkakasundo sa mga Asyano. Naniwala siya na ang Hapon ang dapat manguna sa paghahatid sa Asya tungo sa paglaya at pagsasarili; naniwala

rin siya na tutulong ang mga ito upang makamit ng Pilipinas ang ganap na kalayaan.³⁵

Pinangarap ni Ricarte ang tunay na malayang Pilipinas na may pantay-pantay na oportunidad para sa lahat. Pinangarap niya ang isang tunay na representatibong pamahalaan, repormang agraryo, at pagkakapantay-pantay sa lipunan—sa madaling salita, ang mga pangarap at adhikain ng Katipunan at ng rebolusyong Pilipino. Sa kanyang pamamalagi sa Hapon, nakita niya na ang buong Asya, maliban sa Hapon, ay nasakop ng mga dayuhan. Dahil dito, naniwala siya na kaya ng Hapon na gumampan ng malaking papel sa pagpapalaya sa Asya at sa Pilipinas. Sa halip na “Pilipinas,” naisip niyang tawagin ang bansa na “Rizalina” at noong dekada 20, ay tinawag naman niya itong “Luzvimin” at iba pang kumbinasyon ng unang mga kataga ng Luzon, Visayas, at Mindanao. Sinuportahan niya si Quezon at ang mga pagtatangka nitong makuha ang pagsasarili sa pamamagitan ng pulitika, subalit hindi niya lubos na tinalikuran ang mga mas radikal na pamamaraan tulad ng mga pagbabangon at pag-aalsa, bagamat nilalayo na niya ang kanyang sarili sa mga ganitong gawain.

Noong 1924, ang ilan pa niyang mga pananaw ay inilahad ng kanyang asawa kay Manuel Roxas nang magtungo ito sa Hapon at dumalaw sa kanyang tahanan. Si Ricarte ay nasa paaralan kung kaya’t ang kanyang asawa ang nagpaliwanag ng kanyang mga pananaw kay Roxas. Bagamat halos sampung taon na siya sa Hapon, alam pa rin niya kung ano ang kalagayan ng Pilipinas at kung ano ang maaaring solusyon sa mga suliranin nito. Naniniwala rin siya na ang Pilipinas ay dapat sumunod sa halimbawa ng Hapon, at mobilisahin ang mga mamamayan para ibangon ang bansa; dapat pamarisan ang debosyon at kasiglahan ng mga Hapontungo sa kanilang bayan. Inulit ni Gng. Ricarte kay Roxas ang sinabi ng kanyang asawa: “Upang maipagtanggol ang ating Inang Bayan, mapatibay ang kanyang pundasyon, at malabanan ang mabangis na mga puti, malugod dapat tayong sumali sa pagbubuo ng isang Samahang Oryental upang maipagtanggol ang ating mga bansa at upang matiyak ang kapayapaan at seguridad.”³⁶

Si Ricarte ay naging kritikal kay Aguinaldo na sa tingin niya’y nagtaksil sa Pilipinas at sa adhikain ng rebolusyon nang manumpa ito sa mga Amerikano. Sa tingin niya ay dagdag na pagtataksil sa Pilipinas ang pagsuporta ni Aguinaldo kay Gobernador-Heneral Wood.³⁷

Malakas na tinuligsa ni Ricarte ang Batas Hare-Hawes-Cutting ng 1933 kung saan pinanigan niya si Quezon. Humupa naman siya nang ipasa ang Batas Tydings-McDuffie noong 1934, sa paniniwalang ito na ang pinakamabuting maaaring makuha ng Pilipinas, lalo na’t ito ang ipinaglaban ni Quezon.³⁸

Nagtangka rin si Ricarte na ipadala ng kanyang mga pananaw sa *Constitutional Convention* ng 1934. Iminungkahi niya na ang pambansang watawat na katanggap-tanggap sa lahat ay tawaging “Minviluz”; na ang pambansang wika na nakabatay sa Tagalog ay dapat tawaging “Miluzuvi.” Nagbigay rin siya ng ilang suhestyon tungkol sa organisasyon ng pamahalaan.³⁹

Nang makipanayam sa kanya ang isang peryodistang Pilipino noong 1934 hinggil sa posibilidad ng digmaan sa pagitan ng EU at Pilipinas, sinabi ni Ricarte na ang mga Pilipino ay

...dapat magpasya kung aling panig ang may katwiran. Kung ang Hapon ay magiging tapat sa kanyang pangako, dapat tayong pumanig sa kanya at bise bersa; kung pareho silang magtatangka laban sa atin, lalabanan natin silang pareho. Sa aking palagay ay hindi gagawin ng Hapon ang kahibangan ng pag-agaw sa atin sa pamamagitan ng dahas. Maaari nila itong gawin nang tahimik, ibig sabihi'y sa usapin ng ekonomiya, subalit sa dahas ay imposible. Hindi tayo lulusubin ng Hapon nang walang dahilan... Ito ay sapagkat magka-kapitbahay tayo at ang Hapon at bilang magkakapitbahay ay maaaring magkaroon ng mga alitan; samakatwid, bilang mga mabubuting magkakapitbahay, dapat nating pag-aralan ang mga kaugalian ng isa't isa upang manatiling magkaibigan.⁴⁰

Noong 1935, dinalaw si Ricarte nina Manuel Quezon at ng Tagapagsalita ng Kongreso na si Quintin Paredes at inanyayahan siyang dumalo sa inagurasyon ng Komonwelt ng Pilipinas. Pinangakuan pa nga ni Quezon si Ricarte ng pusisyon sa gabinete kung siya ay uuwi—ayon sa kanyang apo, ang pusisyon na ito ay bilang kalihim ng pambansang tanggulan. Hindi nila nakumbinsi si Ricarte at tinanggihan niya ang kanilang imbitasyon sapagkat ang Pilipinas ay nasa ilalim pa rin ng EU. Sinabi niya kay Quezon na hihintayin na lamang niya ang 1946 kung kailan kikilalanin ng EU ang pagsasarili ng Pilipinas. Subalit sapagkat ang pagtatatag sa Komonwelt ay isang mahalagang hakbang tungo sa pagsasarili, sinabi niya kina Quezon at Paredes na ipapadala niya ang kanyang asawa't mga apo bilang kinatawan niya sa seremonya. Sa pamamagitan ng kanyang asawa, na sumaksi nga sa seremonya, nagpadala siya kay Quezon ng isang malaking watawat na gawa sa seda na ginamit sa inagurasyon ng Komonwelt.⁴¹

Nagpaabot din siya ng mensahe sa pamamagitan ng kanyang asawa't mga apo. Sa mensaheng ito, binati niya si Quezon para sa tagumpay nito na makuha ang pangako ng mga Amerikano na igawad ang pagsasarili ng Pilipinas; kung ipinangako iyon ng mga Amerikano noon pa mang mga 40 taon nang nakaraan, marahil ay hindi niya nilisan ang Pilipinas. “Subalit lahat niyan ay nakalipas na kaya ngayon ay dapat nating tingnan ang kasalukuyan.” Kinilala rin niya ang maraming pag-unlad na dinala ng mga Amerikano sa Pilipinas, lalo na sa edukasyon.⁴²

Ang Epekto ni Ricarte sa Pilipinas

Maraming popular na kilusan laban sa mga Amerikano ang nagsipaglitawan noong mga dekada 20 at 30, at karamihan dito ay tumingin kay Ricarte bilang sagisag ng

pag-asa ng mga pag-aalsa. Ang mga kilusang ito ay naghangad hindi lamang ng agarang kalayaang pulitikal mula sa EU, kundi naghangad din ng lubos at ganap na pagsasarili at pagbabagong panlipunan, na siyang katangian ng mga adhikain ng Katipunan. Karamihan sa mga kilusang ito ay popular at nakabatay sa masa na naghahangad ng paglaya mula sa pamumuwis at pangongontrol ng iilang mayayaman sa lupa. Tinutulak din sila ng paniniwalang ang mga adhikain ng mamamayan ay sinusuportahan ng Hapon — ang dahilan kung bakit nakaeksilo doon si Ricarte — at magbabalik si Ricarte sa Pilipinas na may pasalubong na tulong mula sa mga Hapon para tapusin ang nabinbing rebolusyon. Isang halimbawa nito ay ang kilusang Tangulan sa Pangasinan na nagpalaganap ng isang liham mula diumano kay Ricarte — sa katunayan ay huwad — na nagsasabing hirang ng heneral ang nasabing kilusan para lumaban para sa Pilipinas at para sa sarili niya. Ayon sa sulat, nakipag-usap si Ricarte sa emperador ng Hapon na nangakong tumulong sa kilusan ni Ricarte. Sinabi ng mga pinuno ng Tangulan na darating ang mga eroplanong Hapon sa sandaling magsimula ang rebelyon. Ginamit ng grupo ang pangalan ni Ricarte noong 1930 at 1931 at kumalat ang panibagong kuwento na pinapasalamat ni Ricarte ang mga Tangulan para sa pagpapalitaw ng salapi na kanyang ibinigay sa emperador ng Hapon para bumili ng armas. Naganap nga ang pag-aalsa sa Tayug, Pangasinan na nilahukan ng mga magsasaka't lider na gumamit sa pangalan ni Ricarte para mamobilisa ang mga inaaping pesante na naghahangad ng pagbuti sa kanilang kalagayan. Limitado lamang ang pag-aalsang ito at madaling nasupil, subalit ang pangalan ni Ricarte ay madadawit sa iba pang mga radikal na kilusang panlipunan sa Luzon. Si Ricarte mismo ay tumangging may kinalaman siya sa kilusang Tangulan.⁴³

Noong 1933, itinatag ang partidong Sakdalista sa ilalim ng pamumuno ni Benigno Ramos. Si Ramos ay unti-unting naging kritikal sa pamumuno ni Quezon at maging sa mga tao at partido pulitikal na nakapaligid dito. Ipinahayag ni Ramos ang kanyang mga pagtingin sa pahayagang *Sakdal*. Tinuligsa ng partido ang elitistang sistema ng pamahalaan na pinangungunahan ni Quezon na nananawagan lamang ng pagsasarili para makuha ang suporta ng publiko. Sa katunayan, ayon kay Ramos, ninanais ng mga naghaharing pulitiko na maging malapit sa EU para sa pagsulong ng sarili nilang interes. Dahil dito, naghangad ang mga Sakdalista ng agarang, lubos at ganap na pagsasarili at, kasabay nito, ang pagpa-patupad ng mga pagbabagong panlipunan, repormang agraryo, at pang-ekonomikong kaunlaran na makabubuti sa mga mamamayan. Samantalang ang husay ni Ramos sa pagtatalumpati ay nagsilbi para maging popular ang partido sa mga pesante ng Rizal, Cavite, Batangas, Tayabas, Laguna, Bulacan, Pampanga, at Nueva Ecija, sinalihan at sinuportahan din ang partido ng mga beterano ng rebolusyon lalo na ang mga tagasunod ni Heneral Ricarte. Kinilala ni Ramos ang popularidad ni Ricarte at nakiisa sa kanyang mga hangarin at pagpupunyagi. Nakatanggap si Ricarte ng mga kopya ng *Sakdal* mula sa Pilipinas, at pinayuhan niya si Ramos na maging matapang sa pagtatanggol ng karapatan ng mga mamamayan.⁴⁴

Sa simula, mahusay ang pagtutulungan nina Ramos at Ricarte: pinuri ni Ramos si Ricarte bilang pinakadakilang rebolusyonyong Pilipino sa pahayagang *Sakdal* samantalang mula sa Hapon ay nagpadala si Ricarte ng mga mensahe ng pagtangkilik.⁴⁵

Sa ratipikasyon ng Batas Tydings-McDuffie na nagtakda sa pagsasarili ng Pilipinas matapos ang sampung taon sa ilalim ng pamahalaang Komonwelt, maraming Pilipino ang nagsaya sa napipintong pagsasarili. Subalit hindi tinanggap ni Ramos ang batas at ang mga pangako ng Amerikano, sa halip ay iginiit niya ang agarang pagsasarili. Iniwan niya ang Pilipinas para magtungo diumano sa EU, subalit bumaba siya sa Yokohama kung saan siya nanirahan bilang eksilo.⁴⁶

Nang pareho nang nasa Hapon sina Ramos at Ricarte, nagpasya ang mga Sakdalista na napapanahon na ang pag-aalsa laban sa di-makatarungang pamahalaan, sa paniniwalang magbabalik sina Ramos at Ricarte na may dalang tulong mula sa Hapon. Nagsimula ang malaking pag-aalsa noong Mayo 1935, bago pinasinayaan ang pamahalaang Komonwelt, sa Laguna, na sinabayan ng iba pang pag-aaklas sa Bulacan, Cavite, Rizal, at Nueva Ecija. Agad na sinupil ng pwersa ng pamahalaang Pilipino ang rebelyon. Noong 1938, nagbalik si Ramos sa Pilipinas at agad na dinakip at ikinulong.⁴⁷

Hindi sinuportahan ni Ricarte ang pag-aalsa at mukhang gumaan na ang kanyang loob sa mga Amerikano at sa Batas Tydings-McDuffie. Mas gusto niya ang payapang transisyon ng kapangyarihan, kung kaya't nagkahiwalay sila ni Ramos ng landas. Naniwala rin si Ricarte na ginagamit lamang ni Ramos ang kanyang pangalan para makakuha ng mga tagasunod; dagdag pa, inisip ni Ricarte na ginagamit ni Ramos ang kanyang pangalan para makakolekta ng pera mula sa mga pesante na kanyang ibinubulsa. Ito ang sanhi ng pagputol ni Ricarte ng pakikipag-ugnayan kay Ramos.⁴⁸

Ang impluwensya ni Ricarte ay hindi lamang matatagpuan sa mga pesante at grupong radikal. Maraming mayayamang Pilipino na dumaan sa Hapon papunta o pabalik sa EU ang sadyang dumadalaw sa karihan ni Ricarte. Noong Hulyo 1924, si Manuel Roxas, na noo'y Tagapagsalita ng Kongreso (at naging Pangulo ng Pilipinas noong 1946) ay dumalaw kay Ricarte habang pauwi siya sa Pilipinas mula sa EU kung saan nagsilbi siyang kasapi ng "independence mission" na sumusuporta sa Panukalang Batas Fairfield. Bagamat Linggo, nasa paaralan si Ricarte kung kaya't hindi sila nagkita. Sa halip, ay ipinaliwanag ni Gng. Ricarte ang mga pagtingin ng kanyang asawa lalo na sa mga usapin ng pakikialam ng EU sa internal na pamamahala ng Pilipinas, ugnayang panlabas, at pambansang tanggulan pagkagawad ng pagsasarili. Ito ay noong panahong pinag-aaralan ng Kongreso ng EU ang Panukalang Batas Fairfield na nagbabalak magbigay ng pagsasarili sa Pilipinas matapos ang mahabang panahon ng transisyon. Ayon sa kanyang asawa, si Ricarte ay nag-iisip din ng mga paraan para madagdagan ang pera at ipon ng Pilipinas upang sa gayo'y magkaroon ng mas balanseng badyet pagkagawad ng pagsasarili; ito ay dagdag pa sa ilang mga kinakailangang reporma

sa pamahalaan. Binanggit din ni Gng. Ricarte kay Roxas ang mga pagtingin ni Ricarte sa usapin ng migrasyon ng mga Pilipino, diskriminasyon batay sa lahi, at pakikitungong Muslim at Kristiyano.⁴⁹

Noong 1933, nagtungo sa Hapon ang *Philippine Legislative Trade Mission* at dinalaw ng mga kasapi nito si Ricarte. Subalit napuna ni Ricarte na silang lahat ay pawang mga “tuta ng Amerikano” at halos itakwil niya ang mga ito. Sinabi niya sa kanila na ang kanilang layunin ay iba sa layunin niya na “agaran, lubos, at ganap na pagsasarili.”

Maging si Manuel L. Quezon ay hayag na nagbigay-galang sa kagalang-galang at di-matinag na rebolusyonaryong heneral noong 1934. Pinadalhan din ni Ricarte ang mga matataas na Pilipinong opisyal ng mga kopya ng kanyang mga aklat; si Laurel ay pinadalhan niya ng isa sa kanyang mga polyeto noong gitnang-1935, nang katatapos lamang ni Laurel ang paghahanda sa Saligang-Batas ng Pilipinas.⁵⁰

Muling dinalaw ni Quezon si Ricarte sa bisperas ng Komonwelt para anyayahan siya sa inagurasyon. Nabanggit na na tinanggihan ni Ricarte ang imbitasyong ito subalit ipinadala ang kanyang asawa’t apo. Sandaling nagkita sina Quezon at Ricarte noong 1937 at 1938 nang magtungo siya sa Hapon. Sa mga pagkikitang ito, binigyan ni Quezon si Ricarte ng tulong pinansyal para maiwasan ni Ricarte ang pagkagipit sa Hapon.⁵¹

Sa isang banda, ang mga pagdalaw ni Quezon kay Ricarte ay bunga ng paggalang subalit, sa kabilang banda nama’y nakita ni Quezon na ang pangalan ni Ricarte ay maaaring gamitin para sa pulitika lalo na’t marami siyang tagasuporta sa Pilipinas. Ang mga pagdalaw na ito ay magpapabango kay Quezon sa mga Ricartistas at magpapaibayo sa kanyang reputasyon bilang isang tunay na kampanyon ng pagsasarili.⁵²

Subalit samantalang tiningala ng mga magsasaka’t manggagawa si Ricarte at nakita ng mga pulitiko ang kahalagahan ni Ricarte bilang sagisag ng pagsasarili at upang makakuha ng suporta ng masa, si Ricarte ay naging pananda na lamang ng nakalipas na panahon. Ang bagong henerasyon ng nakapag-aral na Pilipino ay nagsasalita ng Ingles at namulat sa Amerikanong sistema ng pamahalaan. Ang pagiging makabuluhan ni Ricarte ay hindi na makita ng mga batang intelektwal, at mga empleyado ng pamahalaan at pribadong tanggapan. Ang ilan pa nga ay nag-isip na kung hindi sumiklab ang digmaan ay naglaho na lamang siya nang walang nakakapansin. Subalit nanatili ang kanyang impluwensiya sa mga nakababang uri na hindi nakinabang sa rehimeng Amerikano.⁵³

Nagkaroon din si Ricarte ng epekto sa ilang mga Hapon. Mataas ang pagtingin sa kanya ng mga Hapong tumatangkilik sa Pan-Asyanismo at ultra-nasyonalista. Inanyayahan ng mga ito si Ricarte na magtalumpati at hinangaan nila ang kanyang katatagan sa kapasyahan nitong hindi pag-uwi sa Pilipinas habang okupado ito ng mga Amerikano bilang protesta; hinangaan din nila ang dedikasyon niya sa kanyang mga prinsipyo. Noong ika-24 ng Enero 1941, walang isang taon bago sumiklab ang digmaan, inanyayahan siyang magsalita sa isang kumperensya sa Tokyo hinggil

sa pagpapalaya sa mga Asyano. Kinilala siya bilang delegado ng Pilipinas at pinangunahan niya ang lahat sa pagbibigay-pugay sa emperador.⁵⁴

Nababatid na marami nang pagbabago ang naganap sa Pilipinas, humupa ang negatibong pagtingin ni Ricarte sa EU, subalit tumanggi pa rin siyang magbalik hanggat lumilipad dito ang watawat ng Amerikano.⁵⁵

Ang Simula ng Digmaan at ang Pagbabalik ni Ricarte

Bago pumutok ang digmaan, tinawag si Ricarte para makipagkita sa mga opisyal ng hukbong Hapon. Pinaniniwalaan na pinayuhan niya ang ilang mga taga-planong militar kung paano ang dapat na pagtrato sa mga Pilipino; maaaring kinonsulta rin siya hinggil sa mga pangyayari sa Pilipinas. Lumilitaw na pinangakuan siya ng mataas na pusisyon ng mga opisyal sa Tokyo.⁵⁶

Ang digmaan sa pagitan ng EU at Hapon ay sumiklab noong ika-8 ng Disyembre 1941, at natagpuan na lamang ng Pilipinas ang sarili sa kalagitnaan nito. Binomba ng mga eroplanong Hapon ang Davao, Baguio, at Maynila at agad na inokupa ng mga tropang Hapon ang ilang kapuluan sa hilaga. Naglunsad ang mga Hapon ng malawakang operasyon para sakupin ang Pilipinas at ang mga pinagsanib na pwersang Pilipino't Amerikano sa Luzon ay umatras sa Bataan para maghintay ng ayuda mula sa EU na hindi naman dumating. Para sa halos lahat ng mga Pilipino, ito ay digmaan para ipagtanggol ang Pilipinas sapagkat ang digmaan ay sinimulan ng Hapon na naglunsad ng biglaang pag-atake sa teritoryo nito.

Sa kalagitnaan nito, noong ika-29 ng Disyembre, inilipad si Ricarte sa Aparri ng isang eroplanong pandigma ng Hapon. Makalipas ang dalawang araw, itinaas niya ang watawat ng Hapon at Pilipinas at nagbigay ng talumpati na nananawagan sa mga Pilipino na makipagtulungan sa mga Hapon. Ipinaliwanag ni Ricarte na ang mga Hapon ay dumating sa Pilipinas upang “palayain” ang kapuluan mula sa mga Amerikano.⁵⁷

Sa wakas ay nagbalik si Ricarte sa kanyang lupang tinubuan kung kailan hindi na nagwawagayway ang bandilang Amerikano. Nakita ni Ricarte ang digmaan at ang paglusob ng Hapon bilang ginintuang pagkakataon para mapalayas ang mga Amerikano mula sa kanyang bayang minamahal, kahit na nangangahulugan ito ng pagdating ng mga bagong mananakop. Ang kunswelo lamang dito ay mga Asyano ang mga bagong mananakop at hindi na *Caucasian*. Noong Enero 1942, ipinahayag ng Punong Ministro ng Hapon na si Heneral Hideki Tojo na igagawad ng Hapon sa Pilipinas ang “dangal ng pagsasarili” kung tatanggapin ng mga Pilipino ang mga layunin ng Hapon sa pakikidigma at kung makikipagtulungan ang mga ito sa pamahalaang okupasyon ng Hapon. Si Ricarte, na naipakilala na kay Tojo, ay maaaring may alam na sa mga plano ni Tojo para sa pagsasarili bago pa man sumiklab ang digmaan. Naniwala siya sa pangakong ito at sinikap niya na maibalik ang kaayusan; hinimok niya ang kanyang mga kababayan na tingnan ang digmaan mula sa panig ng Hapon at maniwala sa ipinangakong pagsasarili⁵⁸

Nagtungo si Ricarte sa ilang mga bayan para kumbinsihin ang mga tao hinggil sa kawalang-saysay ng pakikipaglaban sa mga Hapon. Mula sa Aparri, nagtungo siya sa Batac, Ilocos Norte; mula roon, nagtungo siya patimog sa Maynila na narating niya noong ika-6 ng Enero, apat na araw lamang bago ito sakupin ng Hapon. Habang naglalakbay, nagbigay siya ng mga talumpati. Humimpil siya sa Maynila kung saan nakipagkita siya sa ilang mga kasapi ng lumang gabinete at ipinaliwanag sa kanila ang pangako ng mga Hapon na paggawad ng pagsasarili at ang pangangailangan para makipagtulungan upang maibalik ang kapayapaan at kaayusan. Ipinaliwanag niya na ang mga Hapon ay hindi nakikidigma sa mga Pilipino, kundi ay ibinabalik lamang nila ang kapayapaan at kaayusan matapos mapalayas ang mga Amerikano. Nagtungo rin siya sa Calamba, Laguna, kung saan isinilang si Rizal. Subalit dahil sa kanyang edad at sakit na hika, hindi na siya makapagbiyahe hangga't sa nais niya, kung kaya't hiniling niya ang kanyang apo na si Minviluz Dominguez na magsilbing kinatawan niya sa mga kampanyang pasipikasyon sa iba't ibang dako ng bansa.⁵⁹

Naniwala si Ricarte na tutuparin ng mga Hapon ang kanilang pangako kung kaya't nagpatuloy siyang maglakbay at magbigay ng talumpati na nananawagan sa mga Pilipino na makipagtulungan sa mga Hapon at palayasin ang mga Amerikano. Maaaring nangarap din si Ricarte na sa kalauna'y magkakaroon siya ng kapang-yarihan; ayon kay Aguinaldo, nagmalaki si Ricarte na siya ang gagawing pinuno ng pamahalaang itataguyod ng Hapon. Sa sandaling mailagay siya sa kapang-yarihan, wawastuhin niya ang mga kamaliang ginawa sa kanya. Diumano'y nagwasiwas pa nga siya ng isang espada ng samurai na ibinigay sa kanya ni Punong Ministro Tojo, na nagsabi raw kay Ricarte na gamitin ang espada para lagutin ang tanikala ng kolonyalismong Amerikano.⁶⁰

Hindi gaanong sineryoso ng mga opisyal na Hapon sa Pilipinas si Ricarte sapagkat ang kanilang pangunahing pinagkakaabalahan ay ang mga operasyong pandigma at ang pagbabalik ng kaayusan. Nakita ng mga pangunahing residenteng Hapon at mga burukratang tagapayo ng mga opisyal ng hukbo ng Hapon sa Pilipinas ang pagkalayo ng loob ni Ricarte mula sa bagong henerasyon at sa makapang-yarihang iilan, kung kaya't tinutulan nila ang paglalagay kay Ricarte sa mataas na pusisyon. Sa pormal na plano ng mga Hapon na panatilihin ang sistemang pampulitika na naghari bago ang digmaan, si Ricarte ay isinantabi at kinasangkapan na lama ng mga Hapon para sa kanilang kagyat na pangangailangang pulitikal. Hindi nais ng mga Hapon na magkaroon ng rebolusyon kung kaya't pinili nila ang mas konserbatibong landas ng pagtatatag ng pamahalaan sa tulong ng mga maykapangyarihan na bago ang digmaan.⁶¹

Bagamat nilagay ni Ricarte ang kanyang tiwala sa kanyang mga kaibigang Hapon, nakita siya ng ibang mga Hapon bilang masyado nang matanda at huli na sa mga kaganapan sa Pilipinas. Ibinalak ng hukbong Hapon na gamitin siya bilang kasangkapan sa propaganda para makuha ang mga Pilipino sa panig ng Hapon, tumulong sa pagbabalik ng kapayapaan at kaayusan, at pagtatatag ng pamahalaang

sibil; naglabas pa nga sila ng espesyal na polyeto na naglalarawan sa pagbabalik ni Ricarte. Subalit para sa maraming nakapag-aral na Pilipino, si Ricarte ay isa na lamang labi ng nakaraan na wala nang nalalaman hinggil sa kasalukuyan. Halos hindi na siya maintindihan ng marami sa mga nakinig sa kanya dahil sa makaluma niyang Espanyol. Nang matanto ng mga Hapon na hindi nila siya magagamit para makuha ang suporta ng mga Pilipino—halos wala siyang taga-suporta sa mga maykaya at sa mga pinunong pulitikal bago ang digmaan—siya ay isinantabi. Ang mga Pilipinong nagpasyang makipagtulungan sa mga Hapon at bumuo sa *Philippine Executive Commission* noong unang bahagi ng 1942 ay pumasok lamang dito upang mapigil ang pagtaas ni Ricarte sa kapangyarihan; naghihinala sila sa kanyang mga motibo at sa kanyang mga radikal na pananaw hinggil sa lipunan. Nagbigay siya ng ilang talumpati sa unang taon ng okupasyon subalit, matapos ito, halos nawalan siya ng sagsay at hinayaan na lamang siya na tumira sa Pasay kasama ang kanyang pamilya. Paminsan-minsa’y binabanggit siya ng mga pahayagang kontrolado ng Hapon; ipinagdiwang niya ang mga piyestang Hapon at tiningala ang ilang mga bayaning Hapon. Nang ipahayag ng mga Hapon ang “pagsasarili” ng Pilipinas noong Oktubre 1943, magkasama sina Ricarte at Aguinaldo na nagtaas sa watawat ng Pilipinas para lumipad ng nag-iisa. Pinangunahan niya ang mga tao sa pagyuko sa palasyo ng emperador sa Tokyo at sa pagbibigay-pugay sa emperador; pinangunahan din niya ang masayang pagsalubong sa pagsasarili ng Pilipinas. Subalit hindi siya binigyan ng pusisyon sa pamahalaang itinaguyod ng Hapon. Ang tanging posisyong hinawakan niya sa pamahalaan ay bilang kasapi ng pinalawak na Konseho ng Estado na isang organong tagapayo lamang; naging kasapi siya nito noon lamang Abril 1943.⁶²

Ang pagbabalik ni Ricarte at ang pagdating ng mga Hapon ay nakita ng mga taga-suporta ni Ricarte — na kung tawagi’y mga “Ricartista” — bilang paraan para maabot ang mga ideyal na kinatawan ni Ricarte — ang pagsasarili at rebolusyong panlipunan. Nagtatag ang mga Ricartista ng bagong organisasyon na tinawag na “Bagong Pagkakaisa” noong ika-12 ng Enero 1942, bago naitatag ng mga Hapon ang bagong pamahalaan. Ang layunin ng Bagong Pagkakaisa ay ang “ipagtanggol at ipalaganap ang bagong-kamit na kalayaan sa pamamagitan ng pagpapalayas sa imperyalismong *Anglo-Saxon*.” Nilayon nitong palitan ang elitistang pamahalaang naghari bago ang digmaan ng isang tunay na makamamayang pamahalaan. Subalit hindi naging malaki ang organisasyong ito na may kasapian lamang na isang daan, na ang ilan ay nakasama ni Ricarte sa rebolusyon at ang ilan naman ay kasali sa pag-aalsa ng Pasko 1914.⁶³

Nilayon din ng Bagong Pagkakaisa na maibalik ang kapayapaan at kaayusan sa Hapon, at “mapanatag ang kalooban ng mga tao.” Sa pagtagal ng digmaan sa Bataan, ilan sa mga kasapi nito ay nagboluntaryo para manilbihan sa hukbong Hapon — may dalawampu’t dalawang beterano ng rebolusyon ang lumagda sa isang liham na nag-aalok ng kanilang mga serbisyo sa Hapon. Hinimok din nila na lusawin ang *Philippine Executive Commission* (na walang ipinagkaiba mula sa

pamahalaan bago ang digmaan) at palitan ito ng isang tunay na pamahalaang Pilipino — isang pamahalaang diktatoryal na pamumunuan ni Ricarte. Subalit ayaw ng mga Hapon ng mga radikal na pagbabagong panlipunan at hindi nila pinansin ang Bagong Pagkakaisa. Sa kalaunan, ang organisasyon ay nahati sa dalawa — yaong mga pumayag makipagtulungan sa mga Hapon sa pamamagitan ng pagsuporta sa *Philippine Executive Commission* na pinangungunahan ni Jorge B. Vargas, at yaong mga patuloy na pumanig kay Ricarte at tumangging makipagtulungan sa *Philippine Executive Commission*. Ang mga nanatili sa panig ni Ricarte ay pinatalsik sa organisasyon at, sa katagalan, ang organisasyon mismo ay ipinagbawal ng mga Hapon na inakusahan ito ng pagbibigay ng mga *good conduct pass* kapalit ng salapi.⁶⁴

Nalungkot sa hindi pagbigay sa kanya ng anumang pusisyon sa *Philippine Executive Commission* at sa Republika ng Pilipinas, namuhay si Ricarte ng tahimik habang patuloy na ginugunita ang mga kaarawan ng mga bayaning Pilipino. Nawasak ang ilusyon ni Ricarte sa Hapon nang makita niya ang pang-aabuso nito sa mga Pilipino at nang makarating sa kanya ang mga balita ng panggagahasa, pananampal, at di-makataong pagturing sa mga gerilya. Dahil dito, sinikap niyang ibsan ang paghihirap ng mga Pilipinong dulot ng mga Hapones.⁶⁵

Mayroon pang isang kakatwang pangyayari na nagpabatid kay Ricarte na ang mga Hapon ay hindi umaabot sa dati'y mataas niyang pagtingin sa kanila: noong Abril 1942, ipinagbawal ng Hapon ang pagtataas sa publiko ng watawat ng Pilipinas. Inilantad nito ang mga Hapon bilang mga tunay na mananakop. Sinikap ni Ricarte na wakasan ang paghahari ng Hapon at, tungo rito, gumawa siya ng petisyon sa Tokyo para wakasan ang paghahari ng Hapon at para sa paglusaw sa *Japanese Military Administration* sa pinakamadaling panahon. Hiniling niya na suportahan na lamang nito ang isang pamahalaang Pilipino na kinakailangang maging diktatoryal sa kasalukuyan. Muli siyang hindi sineryoso.⁶⁶

Dahil dito nagpunyagi si Ricarte na ibalik ang kapayapaan at kaayusan, at mapalaya ang mga bihag sa digmaan (ang mga beterano ng Bataan at Corregidor) nang mabalitaan niya ang kanilang mga paghihirap. Nabatid niya na habang nananatili silang mga bihag, nagkakasakit, at namamatay, hindi makukuha ng mga Hapon ang tiwala ng mga Pilipino, at walang katapusan ang digmaan sa Pilipinas.⁶⁷

Sa pinakamalaking bahagi ng panahon ng okupasyon, relatibong nanahimik si Ricarte at natanto niya na matapos siyang gamitin ng mga Hapon ay isinantabi na lamang siya. Sinikap niyang protektahan ang mga Pilipino mula sa abuso ng mga Hapon kung kaya't naglabas siya ng mga espesyal na *pass* na naglalahad na ang nagdadala nito ay mabuting tao at hindi dapat hulihin. Sa ganitong paraan, naprotektahan niya ang ilang mga gerilya. Ayon naman sa mga Hapong *Kempeitai* (pulis militar), inabuso ni Ricarte ang kanyang karapatang magbigay ng *passes*; ang iba sa mga ito ay ipinagbili o kinopya ng mga tuso.⁶⁸

Ginamit ni Ricarte ang mabuti niyang relasyon sa mga Hapon para mapalaya ang ilang pinaghihinalang mga gerilya, sa tulong ng kanyang apo at mga opisyal

na Hapon ng Kagawaran ng Impormasyon. Kabilang sa mga pinalaya sa Fort Santiago, salamat sa pakikiusap ni Ricarte, sina Tomas Morato at Eulogio Rodriguez.⁶⁹

Sinikap din ni Ricarte na pahupain ang ilan sa mga radikal na organisasyon sa pangangambang hahantong lamang ang mga ito sa dagdag na pagdanak ng dugo. Tulad ng mga Sakdalista at Bagong Pagkakaisa, ang mga aktibistang opisyal na Hapon na sumusuporta sa di-elitistang pamahalaang Pilipino ay nagtangkang maglunsad ng kudeta laban sa pamahalaang Laurel. Subalit pinahinahon sila ni Ricarte. Bagamat hindi sinuportahan ni Ricarte ang kanilang pagkilos, nagsilbi pa rin siyang sagisag o sentro para sa radikal na pagbabago kung kaya't ipinabalik si Ricarte sa Hapon nang apat na buwan noong 1944. Ilan pang mga pagtatangka ang plinano ng mga radikal na opisyal na Hapon at mga tagasunod ni Ricarte, subalit hindi niya sila sinuportahan dahil sa pangangambang magdudulot lamang ito ng pagdanak ng dugo. Sa isang punto, tinutulan ni Ricarte ang mga plano ng Hapon at sinabing, "Babalik na lamang ako sa Hapon at gugugulin ang mga natitirang araw ko bilang isang ordinaryong Pilipino."⁷⁰

Nagpatuloy si Ricarte sa pagsusulat at naglathala siya ng ilang mga artikulo at polyeto sa panahon ng okupasyon ng Hapon. Kabilang dito ang *Sa Mga Kabataang Filipino*, sa Tagalog at Espanyol, kung saan pinaalala ni Ricarte sa mga kabataan kung ano ang ginawa ng mga Amerikano sa kanilang pananakop sa Pilipinas, at binigyang-diin na ang kanilang mga magulang at ninuno ay lumaban para sa kalayaan. Muli niyang inilahad ang kanyang mga karanasan sa digmaang iyon, ang kanyang pagkakatapon sa Guam, Hong Kong, at Hapon, ang kanyang mga pagsusumikap para ipagpatuloy ang rebolusyon. Nagbanggit siya ng pitong prinsipyo para magabayan ang kabataan tungo sa pagiging makabayan: katapatan at pag-ibig sa malinis na gawa; pagpapaunlad sa pagkakaisa; pagwawaksi sa pagtatangi sa mga puti; pagmamahal sa Diyos, mga nakatatanda't guro, pagtulong sa mga kaibigan, at pagbibigay-pugay sa mga bayani't martir ng bayan; pagpapaunlad sa karaniwang ugali at kaakit-akit na pakikipagkapwa; pagtatanim ng diwa ng pagpapakasakit at sariling pagtitiis para sa kapakanan ng bayan; at paglilingkod sa kabutihan ng lahat at lalo na sa mga kababayan.⁷¹

Sa isang polyeto, pinagtuunan naman niya ng pansin ang Hapon at ang *Bushido*; nagsulat siya tungkol sa Tokyo at pinuri ang syudad at ang mga monumento nito, ang mga Hapon at ang kanilang pagsusumikap sa digmaan. Hinimok din niya ang mga Pilipino na mas aktibong makipagtulungan para sa pagtatayo ng isang malakas na bansa.⁷²

Nagpatuloy siya sa pagiging makabayan at sinikap na ipalaganap ang paggalang sa mga bayaning Pilipino. Iminungkahi niya sa *Manila Shimbunsha* na maglunsad ng isang timpalak sa pagsusulat ng sanaysay tungkol kina Bonifacio at Jacinto bilang paggunita sa Pambansang Araw ng mga Bayani noong 1943.⁷³

Sa paghina ng pwersang Hapon at sa pagbabalik ng mga pwersang Amerikano sa Pilipinas, muling kinasangkapan ng mga Hapon si Ricarte. Ang mga maka-

Hapong Pilipino ay inorganisa sa Makapili (Kalipunan ng mga Makabayang Pilipino) at inilagay nila ang pangalan ni Ricarte bilang pinuno nito. Sa inagurasyon ng Makapili, lumitaw ang maraming simbolong halaw sa Katipunan — ang watawat na batay sa watawat ng Katipunan, ang awit ng Makapili, at iba pa. Ang Makapili ay magugunita sa kasaysayan ng Pilipinas bilang isa sa pinakakinatatakutan at pinakataksil na organisasyon na lumitaw sa panahon ng digmaan. Maging si Ricarte ay nagimbal sa karahasang ipinakita ng mga kasapi nito, at sa pagkakasangkapan dito ng mga Hapon.⁷⁴

Sa katunayan, walang tiwala si Ricarte kay Benigno Ramos sapagkat, bago ang digmaan, ginamit ni Ramos ang kanyang pangalan nang walang pahintulot sa pagtatatag ng anti-pamahalaang kilusan, ang Sakdal. Ang Sakdal ang pinagbatayan ng Makapili at, bagamat inanyayahan siya ni Ramos na maging kasapi, tumanggi rito si Ricarte. Sa kabila nito, ang pangalan niya ay ikinabit sa organisasyon at lumitaw sa mga pahayagan.⁷⁵

Sapagkat wala siyang tiwala kay Ramos, na nangunguna sa Makapili, nagpasya si Ricarte na magtayo ng sarili niyang hukbo na tinawag niyang Hukbo ng Kusangloob sa Kapayapaan at Kaayusan ng Pilipinas, sa Ingles ay *Peace Army*. Sa katunayan, ang hukbong ito ay nauna pang maitatag sa Makapili; nilayon ni Ricarte na magsilbi ito bilang panangga sa Makapili at upang mapigil si Ramos. Nakita rin ni Ricarte ang hukbong ito bilang kontra-pwersa sa mga Hapon na maaaring magtanggol sa pamahalaang Pilipino. Kiniilala ni Laurel ang hukbo ni Ricarte at nagbigay pa nga rito ng isang milyong piso (bagamat “Mickey Mouse money”).⁷⁶

Sa bandang huli, si Ricarte, kasama ang kanyang ayudanteng Hapon na si Kaneshiro Ota at ilang mga tapat na tagasunod, ay sumama sa paatras na Hapon at nagtungo sa bulubundukin ng Hilagang Luzon. Si Ricarte ay nagpasyang magtungo sa hilaga para sumama sa pamahalaang Laurel at magsilbing tagapayo nito kung kinakailangan. Sinamahan siya ng kanyang asawa sa mahaba at mapanganib na paglalakbay, subalit namatay ito sa daan. Sa panahong ito, maging si Ricarte ay may sakit at mahina na. Nag-alok ang mga Hapon na dalhin siya sa Hapon tulad ng ginawa nila kay Jose P. Laurel, ang pangulo ng pangalawang Republika ng Pilipinas. Subalit nabatid na ni Ricarte ang paghihirap ng mga Pilipino sa kamay ng mga Hapon; nabatid na rin niya na kinasangkapan lamang siya ng mga ito. Dahil dito, ang alok ay sinagot niya ng: “Hindi ako maaaring lumikas sa Hapon sa kritikal na yugtong ito kung kailan nanganganib ang aking mga kababayan. Mananatili ako sa aking Inang Bayan hanggang sa wakas.”⁷⁷

Samantala, ang *Peace Army* ay nagkawatak-watak dulot ng paksyunalismo at ng pagpupumilit ng mga Hapon na isama ito sa iba pa nilang pwersa.⁷⁸

Sa patuloy na pag-atras nina Ricarte sa kabundukan, lalong humina ang kanyang katawan dulot ng masamang panahon, kakulangan sa pagkain at pahinga, at pagsalakay ng mga pwersang Amerikano at gerilya. Sa pagwawakas ng Hulyo,

si Ricarte ay nawalan ng malay dulot ng *coma*. Bago nito, ipinaalam niya kay Kol. Ota ang kanyang mga huling kahilingan: “Pakiramdam ko na hindi na ako aabot sa kinabukasan. Subalit ikaw ay bata at sigurado ko na makaliligtas ka sa digmaang ito. Hinihiling ko sa iyo, kung maaari, na ipadala ang aking apong lalaki na si Bislumino (mula sa “Bisayas, Luzon, at Mindanao”) sa Hapon para mag-aral, at magtayo ng puntod para sa akin dito sa Pilipinas at sa Hapon.”⁷⁹

Namatay si Ricarte kinabukasan, noong ika-31 ng Hulyo 1945. Ang kanyang mga labi ay inilibing maliban sa ikatlong daliri ng kaliwang kamay na kinuha ni Kol. Ota para dalhin sa Hapon.⁸⁰

Ang Papel ni Ricarte sa Nagbabagong Lipunan

Hinangaan si Ricarte para sa kanyang di-matinag na patriotismo at sa kanyang determinasyong hindi sumumpa ng katapatan sa mga Amerikano. Pinili niyang mabuhay sa eksilyo kaysa sa lupang nakapailalim sa watawat ng EU.

Subalit may ilang mga pangyayari na nagpagulo sa kanyang buhay at nagpalabo sa kanyang alaala. Bumalik siya na may kasamang bagong mananakop, na natatangi sa pagiging brutal. Nabatid niya na ang mga taong hinangaan niya ay gumamit lamang sa kanya subalit nanatili ang kanyang pagmamahal sa Hapon sa puntong nais niyang magkaroon ng puntod doon. Ang kanyang kapasyahang manatili bilang eksilo ay kakatwa rin sapagkat, bagamat nagsilbi siyang sagisag para sa mga kilusang mapagpalaya ng Pilipinas at pinanatiling buhay ang diwa ng rebolusyon, siya mismo ay nawalan ng pagkakataong baguhin ang Pilipinas at ipaglaban ang pagsasarili sa loob ng sistema. Dahil dito, wala siyang naging papel sa mga pangunahing pagbabago sa Pilipinas at nalipasan siya ng panahon. Masyado bang naging matigas ang kanyang ulo? Sobrang idealistiko? Sa wika ni Armando Malay, ano nga ba talaga si Ricarte: “bayani o oportunistang mapagtangka?”⁸¹

Ang pagiging malapit din niya sa mga Hapon noong panahon ng digmaan ay bahagyang kumokontra sa ipinakita niyang tibay ng loob at katatagan sa pagpiling mamuhay bilang eksilo kaysa manirahan sa ilalim ng mananakop. Tiningnan siya ng marami bilang isang mapanganib na kolaborador, bagay na nag-iwan ng bahid sa kanyang reputasyon. Subalit matapos suriin ang mga dokumentong Hapon, malalaman natin na malaki ring paghihirap ang kanyang dinanas sa pagsaksi sa pang-aabusong isinagawa ng mga Hapon sa Pilipinas. Pinakamalungkot dito ay ang katotohanang ilan sa kanyang mga kamag-anak ang pinagpapatay sa Maynila dahil lamang sa kamag-anak sila ng taong napakaraming nalalaman tungkol sa hukbong Hapon at samakatwid ay banta sa seguridad. Ang bagay na ito ay hindi nalaman ni Ricarte sapagkat nagtungo na siya, kasama ang mga pwersang Hapon, sa bundok upang doo’y mamatay.⁸²

Angkin ni Ricarte ang mga kahanga-hangang katangian ng pagiging tapat, katatagan, determinasyon, at idealismo. Subalit sa anong halaga? Masasabing si

Ricarte ay matigas ang ulo at puspusan sa pagiging makabayan. Mayroon siyang mga tagasunod — subalit umunlad ang kanyang bayang minamahal at siya ay napag-iwanan.

Ngayon, kinikilala si Ricarte bilang unang *chief-of-staff* ng Hukbo ng Pilipinas, unang punong heneral ng Hukbo ng Pilipinas, at tunay na bayani ng rebolusyon. Siya ang paksa ng isang dulang Hapon na pinamagatang “Manila Tei” (“Manila Tea House”) na itinanghal noong 1943. Mayroong isang parke at istatwa na nagpaparangal sa kanya sa Batac, ang bayan ng kanyang kapanganakan. Mayroon din siyang rebulto sa Yamashita Park, kung saan malapit ang tinirahan nila sa Yokohama. Ito ang kauna-unahang monumento ng isang Pilipino sa bansang Hapon. Ang kanyang mga labí ay nakuha at inilipat sa Libingan ng mga Bayani subalit, alinsunod sa kanyang huling kahilingan, ang kanyang daliri ay nakalibing kasama ang mga labí ng mga kamag-anak ni Kol. Ota sa Kodaira. Ang kanyang dedikasyon habang nasa eksilo ay kinikilala rin — mapait lamang na katotohanan na ang bansang naging takbuhan niya ang siya ring nagpahirap sa Pilipinas. Ang kanyang ayudante, si Kol. Kaneshiro Ota ay nagsulat ng libro tungkol sa kanya na ang pamagat ay maaaring isalin sa “Maging ang Demonyo ay Mapapaiyak.” Tunay nga na pinanindigan ni Ricarte ang kanyang mga pangarap — samantalang ang kanyang mga kaibigan, kontemporaryo, at iba pa ay hindi, at sa halip ay kumang-sangkapan sa kanya. Sa ganitong pagtingin, si Ricarte ay isang trahikong bayaning eksilo; subalit mananatiling buhay ang kanyang katatagan at ang kanyang mga pangarap para sa Pilipinas at mga Pilipino.

MGA TALA

1. Armando J. Malay, “Introduction” nasa *Memoirs of General Artemio Ricarte* (Manila: National Heroes Commission, 1963, p.xvi-xvii); Setsuho Ikehata (sinalin ni Elpidio R. Sta. Romana), *The Japanese Military Administration in the Philippines and the Tragedy of General Artemio Ricarte* (Singapore: Department of Japanese Studies, National University of Singapore, 1991, p.2); tingnan din ang Mercedes Y. Amistoso, “General Artemio Ricarte, 1896-1915” (Di-nakalathalang tesis Masteral, Ateneo de Manila University, 1974).
2. Malay, p.xvii; Ikehata, p.2; *General Artemio Ricarte (Vibora): First Commanding General of the Philippine Revolutionary Army, Forerunner of the Present Philippine Army* (Metro Manila: Philippine Army Civil Relations and Information Service, 1978); tingnan din ang Amistoso.

3. Malay, p.xvii; *Gen. Artemio Ricarte*; Grant K. Goodman, "General Artemio Ricarte and Japan," *Journal of Southeast Asian History* (September 1966), p.48.
4. Malay, p.xviii.
5. *Gen. Artemio Ricarte*.
6. Malay, p.xix; Goodman, p.48-49.
7. Malay, p.xix.
8. Malay, p.xix-xx. Tingnan ang Artemio Ricarte, *Memoirs of General Artemio Ricarte* (Manila: National Heroes Commission, 1963, p.104-109) para sa mga detalye.
9. Malay, p.xx.
10. Malay, p.xx-xxi; *Ricarte Memoirs*, p.110-114; mga sulat para at mula kay Prin, p.115-121.
11. Ma. Luisa D. Fleetwood, *General Artemio Ricarte (Vibora)* (Manila: National Historical Institute, 1997, p.3); Malay, p.xxi; Ikehata, p.3.
12. Fleetwood, p.3; Ikehata, p.3; Malay, p.xxi. *Ricarte Memoirs*, p.137-156 ay naglalarawan ng konstitusyon.
13. Resil B. Mojares, *Vicente Sotto: The Maverick Senator* (Cebu: Cebuano Studies Center, 1992, p.53); Malay, xxii; Satoshi Ara, "Si Heneral Artemio Ricarte at ang Kasarinlan ng Pilipinas, 1915-1945" (Di-nakalathalang tesis Doktoral, Unibersidad ng Pilipinas, 1997, p.34).
14. Mojares, p.53-54; Goodman, p.50-51.
15. Goodman, p.49-51. Ang buong sulat ni Ricarte sa Ministeryo ng Panlabas na Ugnayan ng Hapon ay nasa Goodman, p.49-50.
16. Mojares, p.54; Goodman, p.50-52.
17. Mojares, p.56-57; Goodman, p.53.
18. Mojares, p.57; Goodman, p.51.

19. *Ricarte Memoirs*, p.137.
20. *Ricarte Memoirs*, p.139-155.
21. *Ricarte Memoirs*, p.155-156.
22. Ikehata, p.3; Goodman, p.49-53.
23. Malay, p.xxii; *Ricarte Memoirs*, p.157-170 ukol sa ulat ng Pag-aalsa sa Bisperas ng Pasko; Ricarte, 1978; Goodman, p.52-53.
24. Ang Minami bilang apelyido ay makahulugan dahil ito ay timog sa wikang Hapon, at ang Pilipinas ay timog ng bansang Hapon, na naging kinatawan ng iba pang bansa sa Asya na timog ng Hapon na naging bihag nito. Malay, p.xxii, Ikehata, p.3; Goodman, p.53; Ara, p. 34-36.
25. Naging asawa ni Bose ang anak ni Soma at siya ay naging mamamayan ng Hapon. Ikehata, p.3, 27; Ara, p.38-43; Goodman, p.53.
26. Goodman, p.53-54; Ikehata, p.3-4; Ara, p.50-51.
27. Ikehata, p.3-4, 28; Goodman, p.54; *Gen. Artemio Ricarte*. Ayon kay Minviluz, hindi ito regular na restoran. Ara, p.51-52.
28. Ikehata, p.4; Goodman, p.54.
29. Sila, bilang mga banyaga, ay maaring bumili ng bahay ngunit hindi ang lupa kung saan ito nakatirik. Fleetwood, p.4.
30. Fleetwood, p.4; Jose A. Quirino, "I talked with Ricarte shortly before he died." *Weekly Graphic* (December 4, 1963), p.18; Ara, p.63-67; Goodman, p.56.
31. Ang mga aklat na ito ay *Himagsikan Nang Manga Filipino Laban sa Kastila* (Yokohama: Ohmu-sha, 1927); *Mahalay Sa Isang Ganap Na Lalaki Ang Magsisi o Kaya Sumisi* (Yokohama: Ohmu-sha, 1928); *Dagiti Kasuratan Nga Ininayon Tapno Dalen Dagiti Nakarayo o Kauubinga*, (Yokohama: Ohmu-sha, 1929). Tingnan din Ara *passim*, at *Articles and Essays of General Artemio Ricarte* (Mga tinipong di-nakalathalang papel na nasa UP Main Library); Fleetwood, p.4; Malay, p.xxii. Kopya ng pampleta tungkol kay Rizal na nasa may-akda.
32. Ikehata, p.4; Goodman, p.54.

33. Artemio Ricarte "Vibora" 20 October 1866 - 31 July 1945 (Di-nakalathalang artikulo na nasa *Armed Forces of the Philippines, Historical Division*).
34. *Gen. Artemio Ricarte*; Ara, p.48-49; Goodman, p.55.
35. Ara, p.54 *et seq.*
36. Goodman, p.55-56.
37. Ara, p.58-63.
38. Goodman, p.58. Para sa mga detalye, tingnan ang Ara, p.83-101, 107-109.
39. Ara, p.110.
40. *Herald*, 20 October 1934, sinipi sa Goodman, p.58.
41. Fleetwood, p.5, 11; Goodman, p.58; *Gen. Artemio Ricarte*; Ara, p.114-115.
42. Fleetwood, p.11.
43. Motoe Terami-Wada, "Those Who Pinned Their Hopes on the Japanese Military: Filipino Volunteer Armies," nasa Setsuho Ikehata, (pat.), *The Philippines Under Japanese Occupation* (Tokyo: Iwanami Shoten, 1996, p.13) (nasa wikang Hapon; batay sa mga unang salin sa wikang Ingles) ; Goodman, p.56-57; Ara, p.67-73.
44. Terami-Wada, p.10-13, Motoe Terami-Wada, "The Sakdal Movement, 1930-1934." *Philippine Studies*, 36 (1988), p.134-135.
45. Terami-Wada, p.13.
46. Terami-Wada, p.15.
47. Ikehata, p.13.
48. Terami-Wada, p.33; Ara, p.115-118.
49. Goodman, p.55-56.
50. Panayam kay Fleetwood; liham, Laurel kay Ricarte, 3 Hunyo 1935, nasa Jose P. Laurel Memorial Library.

51. Goodman, p.59; tala ni Jose P. Santos na nasa "Articles and Essays of General Artemio Ricarte." (Mga tinipong di-nakalathalang papel na nasa UP Main Library). Hinggil kina Quezon and Ricarte, tingnan ang Ara, p.73-76.
52. Terami-Wada, p.6.
53. Malay, p.xxii.
54. Goodman, p.59.
55. Fleetwood, p.5.
56. Ikehata, p.4; Fleetwood, p.5. Naniniwala si Fleetwood na si Prime Minister Tojo mismo ang nag-utos kay Ricarte na bumalik at tumulong sa pagpapayapa ng bansa.
57. Malay, p.xxii-xxiii.
58. Fleetwood, p.5; panayam kay Fleetwood; tingnan din ang Ara, p.127 *et seq* tungkol sa mga detalye kay Ricarte noong panahon ng okupasyon.
59. Fleetwood, p.6-7; panayam.
60. Malay, p.xxiii; Emilio Aguinaldo at Vicente A. Pacis, *A Second Look at America* (New York: Speller and Sons, 1957, p.184-185).
61. Ikehata, p.4-9.
62. Malay, p. xxiii; panayam kay Malay; panayam kay Fleetwood; nasa *Tribune at Panawagan by Ricarte* (pahina na may programa); Goodman, p. 60; Ikehata, p.9.
63. Terami-Wada, p.5; Ikehata, p.10.
64. Terami-Wada, p.7-9.
65. Ikehata, p.9.
66. Ikehata, p.9-10.
67. Fleetwood, p.5-6.
68. Malay, p.xxiii; Fleetwood, p.8.

69. Fleetwood, p.8; tala ni Jose P. Santos na nasa "Articles and Essays of General Artemio Ricarte" (Mga tinipong di-nakalathalang papel na nasa UP Main Library). Pinuna ni Santos na marami ang sumali sa Makapili dahil sa rekord ni Ricarte sa pagpalaya ng mga Pilipino sa Kuta Santiago.
70. Tingnan ang Terami-Wada, p.23-24; Ikehata, p.16-19 para sa mga detalye tungkol sa mga *coups* at Ricarte.
71. Artemio Ricarte, *Sa mga Kabataan*, (N.p.: n.n., n.d.), p.8-9.
72. Artemio Ricarte, *Nippon at Bushido* (Manila:1943); Ricarte, *An Open Letter to My Countrymen* (Np: np, nd, c.1942); "Tokyo," nasa *Pillars* (December 1944), p.48-49; "Life is Not Worth Living in a Weak Nation" *Sunday Tribune Magazine*, 14 November 1943, p.8.
73. Ricarte to Masao Matsuoka, 27 October 1943, "Articles and Essays of General Artemio Ricarte." (Mga tinipong di-nakalathalang papel na nasa UP Main Library).
74. Malay, p.xxiii; Terami-Wada, p.33-34; panayam kay Fleetwood; Ikehata, p.20-25.
75. Fleetwood, p.12.
76. Terami-Wada, p.45; Ikehata, p.24-25.
77. Malay, p.xxiv; Fleetwood, p.13; Ikehata, p.25-26.
78. Terami-Wada, p.45.
79. Malay, p.xxiv.
80. *Gen. Artemio Ricarte*.
81. Malay, p.xxv.
82. Tingnan ang Fleetwood, p.8-9 para sa mga pangalan at ugnayan ng mga namasaker; Ikehata, p.26.
83. Goodman, p.54; mga personal na tala tungkol sa *memorial*. Ang *memorial* sa Yokohama ay pinondohan ng pamahalaang Hapon at ng Philippine Association of Japan. May *epitaph* si Ricarte sa wikang Hapon at Tagalog - subalit wala sa Ingles, bilang pagpapahiwatig na hindi niya tinanggap kailanman ang pamahalaang Amerikano.

BIBLIOGRAPIYA

Aguinaldo, Emilio at Vicente A. Pacis

1957 *A Second Look at America*. New York: Speller and Sons.

Amistoso, Mercedes Y.

1974 "General Artemio Ricarte, 1896-1915." Di-nakalathalang tesis Masteral, Ateneo de Manila University.

Ara, Satoshi

1997 "Si Heneral Artemio Ricarte at ang Kasarinlan ng Pilipinas, 1915-1945." Di-nakalathalang tesis Doktoral, Unibersidad ng Pilipinas.

Fleetwood, Ma. Luisa D.

1997 *General Artemio Ricarte (Vibora)*. Manila: National Historical Institute.

1978 *General Artemio Ricarte (Vibora): First Commanding General of the Philippine revolutionary Army, Forerunner of the Present Philippine Army*. Metro Manila: Philippine Army Civil Relations and Information Service.

Goodman, Grant K.

1966 "General Artemio Ricarte and Japan," *Journal of Southeast Asian History*, p.48-60.

Ikehata, Setsuho

1991 *The Japanese Military Administration in the Philippines and the Tragedy of General Artemio Ricarte*. Isinalin ni Elpidio R. Sta. Romana. Singapore: Department of Japanese Studies, National University of Singapore.

Malay, Armando J.

1963 "Introduction." *Nasa Memoirs of General Artemio Ricarte*. Manila: National Heroes Commission.

Mojares, Resil B.

1992 *Vicente Sotto: The Maverick Senator*. Cebu: Cebuano Studies Center.

Quirino, Jose A.

1963 "I talked with Ricarte shortly before he died," *Weekly Graphic*, 12(4):18, 87.

Ricarte, Artemio

w.t. "Articles and Essays of General Artemio Ricarte." Mga tinipong di-nakalathalang papel na nasa University of the Philippines Main Library.

1963 *Memoirs of General Artemio Ricarte*. Manila: National Heroes Commission.

1945 "Vibora" 20 October 1866-31 July. Di-nakalathalang artikulo ng *Armed Forces of the Philippines*.

1944 "Tokyo," *Pillars* (Disyembre), p.48-49.

1943a *Nippon at Bushido*. Manila.

1943b "Life is not worth living in a Weak Nation," *Sunday Tribune Magazine* (14 Nobyembre).

Terami-Wada, Motoe

1996 "Those Who Pinned Their Hopes on the Japanese Military: Filipino Volunteer Armies." Nasa Ikehata, Setsuho (pat.), *Ikehata The Philippines Under Japanese Occupation*. Tokyo: Iwanami Shoten (Nasa wikang Hapon; ang mga tala at sipi ay batay sa mga unang salin sa Ingles).

1988 "The Sakdal Movement, 1930-1934," *Philippine Studies*, 36:131-150.

PENSIONADO AT MANGGAGAWA: MGA PILIPINO SA ESTADOS UNIDOS, 1903-1956

NOEL V. TEODORO

Panahong Sinasaklaw

Nagsisimula ang pag-aaral na ito sa taong 1903 nang pagtibayin noong ika-26 ng Agosto ang isang batas (big. 854) na nagkaloob sa 100 Pilipinong pensionado ng perang publiko para sa kanilang pag-aaral sa mga piling institusyong pang-akademiko sa Estados Unidos (EU); ito'y nagtapos sa taong 1956 nang sumakabilang buhay sa Seattle, Washington si Carlos S. Bulosan. Mula sa uring magsasaka, si Bulosan ay dumayo sa kanlurang baybayin ng EU noong 1930, panahon ng Matinding Krisis Pang-Ekonomiya, nang "kumalat" sa halos lahat ng panig ng EU ang humigit kumulang na 108,260¹ Pilipino na ang karamiha'y manggagawa. Taong 1930² rin nang dumayo sa EU ang makata sa Ingles na si José García Villa. Matapos maging biktima ng rasismo sa New Mexico³ kung saa'y natamo ang kanyang batsilyer sa sining mula sa *University of New Mexico* noong 1932, nagtungo naman si Villa sa New York upang doo'y tapusin ang kanyang masterado sa *Columbia University* noong 1941. Mamamayang Amerikano na, ibig sabihi'y di na Pilipino si Villa nang pumanaw sa EU noong 1997.

Taong 1932⁴ naman nang mamatay sa Amoy, Tsina⁵ si Juan Abad, may-akda ng *Tanikalang Ginto*, dulang anti-imperyalista na unang naitanghal sa Teatro Libertad noong 1902, isang taon bago aprubahan ng Komisyon ng Pilipinas, sa panahon ng unang gobernador sibil na si William Howard Taft, ang *Pensionado Act* na isa sa mga isinagawang hakbang sa paggamit ng edukasyon bilang mabisang kasangkapan ng pananakop. Isa si Juan Abad sa napakaraming Pilipinong tumuligsa

sa imperyalismo ng EU sa kabila ng pagtatangkang sugpuin ang kabayanihan na isinagawa sa pamamagitan ng mga batas laban sa pagpapahayag ng makabaya't makabansang damdamin. Isang halimbawa ang Batas Sedisyón (1901) na nagbabawal sa sinumang Pilipino na sumuporta sa kilusang may layong ihiwalay ang Pilipinas sa EU.⁶ Itinadhana nito ang hatol na kamatayan sa sinumang makilalang lumabag sa naturang batas. Isinakdal si Abad sa salang sedisyon nang itanghal ang kanyang *Tanikalang Ginto* sa bayan ng Batangas (lalawigan ng Batangas) noong ika-10 ng Mayo 1903. Sinentensiyahan ng huwes ng dalawang taon sa bilangguan si Abad at minultahan pa ng hukom ng dalawang libong dolyar. Ngunit sinaliwâ ng Korte Suprema ang desisyon ng Hukuman ng Unang Dulugan. Muling inaresto si Abad noong 1904 nang itanghal ang isa pa niyang dulang makabayan — *Isang Punlo ng Kaaway* — sa Teatro Rizal sa Malabon, Rizal noong ika-8 ng Mayo. Pagkatapos nito'y wala na siyang nilikhang dula. Sa Maynila, noong 1923 ay sumapi si Abad sa *Legionarios del trabajo* at pinamatnugutan ang pahayagang *Araw* na siyang tagapamansag ng naturang kilusan. Nagpunta siya sa Tsina noong 1928, pagkatapos ay bumalik sa Maynila, ngunit muling umalis papuntang Tsina at dito na nga sumakabilang buhay.

Manunulat sa Tagalog si Juan Abad, at katulad ng iba pa gaya halimbawa nina Deogracias Rosario, Juan Matapang Cruz, Aurelio Tolentino, Jose Corazon de Jesus, at Benigno Ramos, nakinikinita ni Abad ang kapinsalaang idudulot ng paglagi ng “maimbot” at mapagsamantalang puwersang Amerikano (na kinalawit ni Kamatayan sa huling tagpo ng *Tanikalang Ginto*) sa Kapuluang Pilipinas. Gayundin ng Amerikanisasyon ng lipunan na posibleng humantong sa pagkawasak ng kakanyahang Pilipino nito, kakanyahan o “identidad” na ipinagtanggol sa loob ng napakahabang panahon ng mga tagapagsanggalang ng kalinanga't kabihasnang bayan na kinakatawan sa *Tanikalang Ginto* nina *Liwanag* (o Kalayaan ng Inang Bayan) at K'Ulayaw (o Mandirigmang Bayan/Rebolusyonaryo).

Patuloy na tinugis at inusig ng pamahalaang insular ang tinaguriang “irreconcilable” (kontra sa imperyalismong Amerikano) sa pamamagitan ng *Ley de bandolerismo* (Batas Hinggil sa Panunulisan) na pinagtibay noong ika-12 ng Nobyembre 1902. Ayon dito, hahatulan ng kamatayan o habang-buhay na pagkabilango ang sinumang sumapi sa pangkat ng mga tulisan, ibig sabihi'y kasama ang mga gerilyerong walang tigil na lumalaban sa kolonyal na pamahalaan (hal., Macario Sakay sa Katagalugan, Simeon Ola sa Kabikolan, Vicente Lukban sa Kabisayaan, at iba pa) na itinuring ding bandidos sapagkat tumangging makipagtulungan sa mga Amerikano. Noong 1903, ipinatupad naman ang Batas Hinggil sa Pagsosona na nagbibigay kapangyarihan sa gobernador-heneral na pahintulutan ang mga gobernador ng mga lalawigan na sonahin ang mga bayan na diumano'y pinamumugaran ng “*ladrones* (magnanakaw) at tulisan,” na ang pagsona'y gagawin sa kabayanan o sa malalaking baryo.⁷ Pinagtibay din noong 1907 ang batas na nagbabawal sa mga Pilipino na iladlad ang anumang uri ng

bandila o kasangkapang ginamit laban sa mga Amerikano, gayundin ang mga bandila ng Himagsikan o anumang uri ng watawat na ginamit ng Katipunan.⁸ Noon na lamang 1919 pinawalang-bisa ang batas at pinayagang iwagayway ang bandilang Pilipino. Maiugnay ang mga ganitong hakbang sa nilalaman ng proklamasyon⁹ ni Presidente William McKinley noong ika-21 ng Disyembre 1898.

Pulitika ng Amerikanisasyon

Isinasaad sa naturang proklamasyon na sa pagsasagawa ng tungkuling isulong ang mapagkawangawang kapangyarihang Amerikano – sa pamamagitan ng dahas – gagamitin ang kamay na bakal ng mga nasa poder upang sugpuin ang anumang “kaguluhan” hanggang sa mapagtagumpayan, alinsunod sa imperyalistang argumento, ang mga balakid sa pagkakaloob ng biyaya’t magandang kapalarang nasa anyo ng mabuti’t matibay na pamahalaan sa mga mamamayan ng Kapuluang Pilipinas na nasusukuban na raw noon ng malayang bandila ng EU. Na sa pagtatatag ng isang bagong kapangyarihang pulitikal bilang kahalili ng lumang rehimeng kolonyal, mahigpit na ipatutupad sa kaparaanang naaayon sa batas ang mga patakara’t alituntunin ng nakapuwestong pangasiwaan. Sa kabilang banda, ipinahayag din ang pangangailangang pagsuyuin at payapain ang bayang-sakop upang sa huli’y maipatanggap sa kanila ang realidad ng pagkatalo. Kaugnay nito, kailangang iproklama sa madla sa pamamagitan, laluna ng mga itatayong paaralang-bayan o eskuwela publika, na ang mga Amerikano’y dumating sa Pilipinas hindi bilang mananalakay kundi kaibigan na ang misyon ay “*benevolent assimilation*” na noon ay maitutugma sa “*white man’s burden*” ng mga Ingles, at “*mission civilisatrice*” ng mga Pransés. Na katungkulan ng “kaibigan” na protektahan ang mga katutubo sa kani-kanilang tahanan, hanapbuhay, at tinatamasang mga karapatang pansarili’t pangrelihiyon. Pagsisikapan, alinsunod sa pinakamahalagang layunin daw ng administrasyon, na makuha ang tiwala, pitágan, at pagmamahal ng mga Pilipino. Tatangkilikin din ang lahat ng tagapulo na handang tumulong sa kapangyarihang dayo. Mapapatunayan lamang ng Pilipino ang maluwag sa kaloobang kooperasyon sa pamamagitan ng aktibong pagtataguyod at matapat na pagsuko sa bagong-tatag na pamahalaan ng EU sa Kapuluan. Maaasahan naman ng sinomang nakipagkasundo’t kolaborasyonista ang suporta, proteksyon, at makakatas na puwesto sa pamahalaan tulad halimbawa ng pagiging punong-hukom ng Korte Suprema ni Cayetano Arellano at pagkakahirang sa Komisyon ng Pilipinas nina Trinidad H. Pardo de Tavera at Benito Legarda¹⁰

Naitalaga rin si Florentino Torres sa Kataas-taasang Hukuman. Idineklara naman ni Felipe Buencamino noong 1902 na siya’y Amerikano na, at ang lahat ng salapi sa Pilipinas, pati na ang hangin, liwanag at araw ay pag-aari ng EU. Itinaguyod naman ni Pedro Paterno ang aneksasyon ng Pilipinas bilang isa sa mga estadong federal ng EU. Ipinahayag naman ni Tavera, kilalang Amerikanista’t halal na

pangulo ng maka-Amerikanong Partido Federal, na buong-puso niyang tinatanggap ang pamahalaang Amerikano.¹¹ Noon pa mang una, sa kanyang liham kay Heneral Arthur MacArthur, ay sinabi na niya ang ganito:

Matapos matamo ang kapayapaan, lahat ng ating pagpupunyagi ay itutuon sa Amerikanisasyon ng ating pagkatao. Gayundin sa pagbibigay-katwiran sa pag-aaral at pagpapalaganap ng wikang Ingles sa buong Pilipinas, upang sa pamamagitan nito'y masakop tayo ng diwang Amerikano, at sa ganitong paraa'y maangkin ang mga simulain, kaugaliang pulitikal at katangitanging sibilisasyon nito sa pag-asang sa katapusa'y magiging ganap at lubos ang ating kaligtasa't katubusan.¹²

Sa pagsusulong ng kapangyarihang Amerikano, kinasangkapan muna ang komandante ng sandatahang puwersa ng okupasyon. Nakipagtulungan sa kanila ang *Americanistas*, mga Pilipinong ilustrado na nasa panig na ngayon ng EU, sa pagtatamo ng kapayapaan na kung tutuusi'y nakabatay lamang talaga sa pagtanggap at pagkilala sa "lehitimong" pamahalaan (hal., di sa Republika ng Katagalugan ni Sakay) at sa pagpapasuko sa mga kalaban nitong nakabase sa kanayunan. Ngunit di lamang teritoryo ang kailangang sakupin. Nararapat din namang bihagin ang kamalayaan o kaisipan ng bayang nasasakupan. Hinggil dito, ipinahayag ni Heneral MacArthur na wala na siyang naiisip pang sangay ng pangasiwaan na makatutulong nang malaki sa ikapagtatagumpay ng kampanya tungo sa kapayapaan kundi ang kagya't na pagpapasimula ng isang panlahat at malawakang sistema ng edukasyon.¹³ Noong 1919, iniulat naman ng Direktor ng Edukasyon na ang bawat piso na ginagamit sa pagpapaunlad ng edukasyon laluna sa mga lalawigan ay nangangahulugan ng kaukulang pagkakabawas sa guguling nakalaan sa pagpapairal ng katiwasayan.¹⁴ Kinilala, kaugnay nito, ang malaking bahaging ginampanan ng Hukbong Sandatahan ng EU na ang mga kasapi'y gumanap ng magkakambal na tungkulin ng sundalo't titser, *Thomasites*,¹⁵ at *pensionados* na naging masusunuring lingkod ng estado¹⁶ at ng mga kasangkapan nito gaya ng kolonyal na burukrasya at edukasyong pampubliko na ang buong plano'y inalinsunod sa sistemang Amerikano.

Pensionado bilang Bagong Ilustrado

Tinanggap ni Taft ang ideyang nakapaloob sa programang pensionado. Sa kanyang panukala, sinabi niya na bakit hindi kumuha ng dalawa o tatlong matatalinong batang lalaki mula sa bawat *pueblo* at ipadala sila taun-taon sa EU, papag-aralin sila, habang isinasangkot sa pamahalaang Amerikano ang mga magulang at iba pang nagmamalaskit sa kanila, at kaagad silang pabalikin kung tapos na ng pag-aaral.¹⁷ Pinangasiwaan ng *Bureau of Insular Affairs* (BIA) ang pagpapadala ng mga estudyanteng Pilipino sa EU upang doon ay mag-aral sa ilalim ng programang

pensionado. Dumating ang unang grupo ng pensionados, mga 100 lahat, sa San Francisco noong ika-9 ng Nobyembre 1903.¹⁸ Naging mabuti ang pagtanggap sa kanila ng BIA. Nakipag-ugnay ito sa mabubuting pamilya na handang humubog at maghatid sa pensionados ng mga impluwensiya ng tipikal na tahananang Amerikano. Para mapadali ang asimilasyon ng mga pensionado, laluna sa punto ng wika, napagpasyahan ng BIA na piliin ang mga pamilyang naninirahan sa maliliit na bayan kaysa sa malalaking siyudad. Pinaghiwa-hiwalay din sila para maiwasan ang tayu-tayong uri ng pagsasamahan. Sinubukan din ng BIA na humanap ng mga pamilyang tugma ang pananampalataya't relihiyon sa "panauhing" Pilipino upang ito'y makatiyak na magkatulad na impluwensiyang pangrelihiyon lamang ang mamamayani sa tahanan. Si T.H. Pardo de Tavera ang may-akda ng *Pensionado Act*.¹⁹ Desidido siya talaga sa pagpapalawak ng uring elitista sa Pilipinas sapagkat ang karamihan sa pensionados na kanyang tinangkilik ay nagmula, sa katunayan, sa mayayaman at nakaririwasang angkan. Kung sila man ay galing sa mabababang uri, ang pensionados, sa kanilang pagbabalik mula sa kanilang pag-aaral sa labas ng bansa'y madaling napapasama sa matataas at elitistang uri hanggang sa dumating ang puntong iniuugnay na ang sarili't pagkatao sa mga ito.²⁰ Sa huli'y naging "ahente" o alagad pa sila ng amerikanismo sa Pilipinas kundi man ng kultural na imperyalismo, at tagapaglakô ng kamalayang hinubog ng ala Amerikanong pamumuhay. Sila ang bumuo ng bagong ilustrado na marunong sumulat, bumasa't magsalita ng Ingles. Ngunit di tulad ng mga ilustrado ng huling bahagi ng dantaon 19 na pawang nabibilang sa uring *principalia-cacique*, ang mga bagong ilustrado'y nanggaling sa mas malawak na sektor ng lipunan.²¹

Maisasama sa mahabang listahan ng pensionados²² ang mga Pilipinong nanungkulan sa iba't ibang ahensiya't institusyong pulitikal, pang-ekonomiya, at kultural ng bansa. Isang halimbawa si José Abad Santos (ipinanganak sa San Fernando, Pampanga noong ika-19 ng Pebrero 1886, namatay sa Malabang, Lanao noong ika-2 ng Mayo 1942) na nag-aral ng batas sa *Northwestern University* sa Illinois at kumuha ng masterado sa *George Washington University*. Noong 1911, nagsimula siyang magtrabaho bilang klerk, naging interpreter ng hukuman, at abugado ng iba't ibang korporasyon ng pamahalaan. Nahirang na Kalihim ng Kagawaran ng Katarungan noong 1928, si Abad Santos ay naging punong-hukom ng Korte Suprema noong Disyembre 1941, at sabay na naglingkod bilang Kalihim ng Pananalapi, Agrikultura, at Komersyo. Naitalagang "katiwala" ng Pamahalaang Komonwelt nang nagpasyang lumikas si Manuel L. Quezon papuntang EU noong 1942, si Abad Santos ay pinatay ng Hapones dahil sa kanyang matibay na pagtanggung makipagtulungan sa mga ito.

Ininilang sa Pozzorubio, Pangasinan noong ika-19 ng Nobyembre 1899, si Benigno V. Aldana (namatay sa ospital ng UST noong ika-6 ng Hulyo 1963) ay nagtapos ng kanyang masterado sa Unibersidad ng California sa Berkeley noong 1933. Nagtrabaho siya sa Komite ng Edukasyon ni Quezon (1940) at naging tagapayo ng presidente hinggil sa mga usaping pang-edukasyon (1954) at direktor

ng mga paaralang pampubliko (1957). Bilang direktor, pinahintulutan niya ang publikasyon ng mga teksubuk na nakasulat sa mga wikang Pilipino tulad ng Samal at Tausog. Sa larangan din ng edukasyon nakilala si Encarnacion Alzona,²³ ipinanganak sa Biñan, Laguna bagamat lumaki sa Tayabas (kasalukuyang Quezon). Sa katunayan, ang kanyang akda²⁴ na itinuturing na “unang pinakamahalagang aklat na isinulat ng isang Pilipina,” ay nahihingil sa kasaysayan ng edukasyon sa Pilipinas. Bilang direktang bunga ng proseso ng amerikanisasyon (o oksidentalismasyon/westernismasyon) sa loob at labas ng bansa, si Alzona’y naglathala ng dalawang artikulo²⁵ na pumapaksa’t nagpapahalaga sa karanasang ito, na ang mga kalunus-lunos na resulta’y tinuligsa na noong 1927 ni Teodoro M. Kalaw,²⁶ dating patnugot ng pahayagang *El renacimiento* (o *Muling Pagsilang*), nasyonalistikong peryodiko na naglarawan sa mga banyagang mananakop bilang *aves de rapiña* (mga ibong mandaragit) sa isang editoryal nito noong 1908. Sa kanyang *El legado de España a Filipinas* (1956), binanggit ni Alzona ngayo’y bilang hispanista naman, na ang separasyon ng Pilipinas sa Espanya ay simpleng pagkakahiwalay na pulitikal yamang patuloy na nanatili ang mga pamanang pangkalinangan ng *madre España* sa kanyang *antigua colonia*. Nahahati sa apat na kabanata ang libro — “*La legada de Magallañes*” (Pagdating ni Magellan), “*La cultura pre-hispana de los isleños*” (Kulturang pre-hispaniko ng mga tagapulo), “*El legado de España*” (Pamana ng Espanya), “*Epilogo*” (Pangwakas) — na nagsisilbing tagapaglantzad ng maka-kanlurang punto de bista na naging bahagi ng kasanayang naangkin ni Alzona bilang pensionada sa EU kung saa’y natamo niya ang masterado (Radcliffe College, Cambridge, Massachusetts, 1920) at doktorado (Columbia University, New York, 1922) kapwa sa larangan ng kasaysayan. Sa kanyang pagbabalik, si Alzona’y naatasang magturo ng mga kursong nauukol sa sibilisasyong oksidental sa Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas (UP), hanggang 1945. Naglingkod din siya bilang rehente ng unibersidad mula 1959 hanggang 1966. Bago magkadigma, aktibong nakisangkot si Alzona sa kilusang suprahista, sa kampanyang ipagkaloob sa mga babae ang karapatang bumoto na naisagawa na sa EU noong 1920. Marahil ay lumikha ito ng maringing bisa sa kamalayan ng pensionada. Produkto rin siguro ng ganitong pakikisangkot sa usapin ng kababaihan ang kanyang *The Filipino Woman: Her Social, Economic and Political Status, 1565-1933* (nalathala noong 1934), na nasundan noong 1939 ng *Ang Bisa sa Lipunang Pilipino ng “Urbana at Felisa,”* isang publikasyong pumapaksa sa akdang-prosa ng Pilipinong paring sekular na si Modesto de Castro na bagamat nagkukunwaring aklat ng kagandahang-asal ay nagtuturo sa katunayan ng mga halagahing pyudal at kolonyal laluna sa kababaihan.

Kasamahan ni Alzona sa pagtuturo, si Leandro H. Fernandez,²⁷ tubong-Pagsanjan, Laguna (ika-13 ng Marso 1889), ay may digri sa sining ng pagtuturo mula *Tri-State College* sa Angola (Indiana, 1910), Ph.B. (1912) at masterado sa kasaysayan (1913) mula sa *University of Chicago*, at Ph.D. (1926) mula sa *Columbia University*. Pinamagatang *The Philippine Republic*, ang kanyang disertasyon

ay inilathala sa EU noon ding 1926 bilang tomo CXXII, blg., 1, ng serye ng “mga pag-aaral hinggil sa kasaysayan, ekonomiya at batas publiko” ng *Columbia University*. Sa kanyang pagbabalik sa Maynila noong 1914, naatasan si Fernandez na magturo sa Paaralang Elementarya ng Tondo, ngunit pagkatapos ng dalawang buwa’y nahirang siyang instruktur ng kasaysayan sa UP. Inilathala ng Ginn & Co. (Boston) ang kanyang *A Brief History of the Philippines* (1919) na ginamit na teksbuk ng mga estudyanteng nasa ikapitong baitang sa mga paaralang publiko ng bansa. Sa kanyang paunang salita, sinabi ni Fernandez na tahasang di isinama ang mga usaping kontrobersyal na lilikha lamang ng gulo sa kaisipan ng mga batang mag-aaral. Kasama kaya rito ang mga paksang nauukol sa malawak na kilusang makabayan at anti-imperyalista noong unang dekada ng dantaon 20 na di man lamang pinaglaanan ng kahit na isang pahina sa teksbuk ni Fernandez, habang tinatalakay naman sa kabilang banda ang mga rebelyon, pag-aalsa’t “digmaang Moro” na naganap lahat sa ilalim ng pananakop ng Espanya? Noong 1921, lumabas naman ang kanyang “The Formation of Filipino Nationality” na nalathala sa *Philippine Journal of Education*, at sa *Thinking for Ourselves*, katipunan ng mga sanaysay na pinamatnugutan nina Vicente M. Hilario at Eliseo Quirino na kapwa *assistant professor* ng Ingles sa UP. Nahirang si Fernandez na *registrar* ng UP (1927), dekanong *College of Liberal Arts* (1935), at editor ng *The Philippine Social Science Review* (simula 1936), habang patuloy na nagtuturo ng mga kursong nauukol sa pre-historya ng Pilipinas at Rebolusyong Pilipino. Bilang propesor ng kasaysayan, nagkaroon siya ng maraming estudyante bagamat halos dadalawa lamang sa kanila — Gregorio F. Zaide at Teodoro A. Agoncillo — ang nag-ukol ng mahalagang panahon sa mataimtim na pag-aaral ng kasaysayan bagamat isinagawa mula sa magkasalungat na pananaw. Kapanahon at kababayan ni Fernandez si Conrado Benitez — naging pensionado sa *University of Chicago*, nagturo sa *Philippine Normal School*, nagsilbing dekanong *UP College of Liberal Arts* at unang Pilipinong nanungkulan bilang tagapangulo ng *Economics Department* ng naturang kolehiyo. Ginn & Co. rin ang naglathala ng kanyang *History of the Philippines: Economic, Social, Political* (1926) na ang pagkakasulat ay inalin-sunod sa sirkular ng Direktor ng Edukasyon. Sa katunayan, ginamit din ito sa pagmamatrikula sa *Manila North High School* (ngayo’y Arellano) kung saan nagtapos si Agoncillo²⁸ na magiging estudyante ni Fernández sa UP. Ipinahayag sa sirkular ang pangangailangang maglathala ng isang teksbuk na nagpapakita ng balanseng pagtingin sa lahat ng taong nakapag-ambag sa pang-ekonomiyang pag-unlad ng Kapuluan. Hindi simpleng salaysaying historikal ang kailangan kundi isang tunay na teksto (na magagamit sa loob ng isang semestre) na hubad sa pangangatwirang nauukol sa anumang usapin o panig na sa huli’y nagiging dahilan lamang ng pagsisiwalat ng mga reklamo’t karaingan.²⁹ Ayon kay Benitez, medyo kronolohikal at medyo tematiko ang pamamaraan ng pagtalakay.³⁰ Sa piryodisasyon o pagpapanahon ng kanyang salaysay, ginamit niya ang pag-aaral ng kolaborasyonistang si T.H. Pardo de Tavera na pinamagatang “Results of the Economic

Development of the Philippines,” at ang *La libertad de comercio de las islas filipinas* ni Manuel de Azcárraga y Palmero.

Si Conrado Benitez ang nakababatang kapatid ni Francisco Benitez (1887-1951) na nakilala rin sa larangan ng pagtuturo laluna matapos matamo ang kanyang BS sa Edukasyon noong 1910 bilang pensionado sa *Western Illinois Teachers College*. Naging dekanong siya ng Kolehiyo ng Edukasyon ng UP mula 1918 hanggang 1951, taon ng kanyang kamatayan. Sa pagsusulong ng dakilang mithiin ng edukasyon sa Pilipinas, nagawaran si F. Benitez ng medalya ng *Columbia University* noong 1929. Napangasawa niya ang kilalang manunulat sa Ingles na si Paz Marquez (1894-1983), maykatha ng maikling kuwentong *Dead Stars* at patnugot ng *Philippine Journal of Education* na naglathala ng “The Formation of Filipino Nationality” ni L.H. Fernández.

Mas matanda naman ng isang taon si Jorge Bocobo, ipinanganak sa Gerona, Tarlak noong ika-19 ng Oktubre 1886, pumanaw noong 1965. Natamo ang titulo sa batas mula *Indiana University* noong 1907, nakapasa muna siya sa bar noong 1910 bago maging instruktur sa UP, di naglao’y propesor at dekanong Kolehiyo ng Batas nito. Miyembro ng apat na misyon (1919-1924) na pumunta sa EU upang sa mapayapang paraa’y hingin ang kasarinlan, si Bocobo ang tumulong kay Quezon sa pagbabalangkas ng mga talumpating nagtataguyod sa independensya ng Pilipinas. Inilathala din niya ang dalawang aklat tungkol sa kahalagahan ng autonomiya para sa Kapuluan: *For Freedom and Dignity at General Wood and the Law*. Isinalin niya sa Ingles ang *Noli at Fili* ni Rizal, pati na rin ang pambansang awit at “Mga Katungkulang Gagawin ng Mga Anak ng Bayan” ni Bonifacio. Punong-awtor ng *Civil Code of the Philippines*, si Bocobo’y nahirang na ikalimang presidente ng UP (1934), Kalihim ng Edukasyong Pampubliko (1939), at hukom ng Korte Suprema mula 1942 hanggang 1944. Sa isang itinuturing ng ilan na maapoy na talumpati (1921) sa mga estudyante ng UP, itinampok niya ang peligro ng kanyang tinawag na “college ‘uneducation’” na posibleng mangyari dahil sa mga sumusunod: “1) Book-Worship, 2) Professional Philistinism, 3) Misguided Zeal.”³¹ Hindi Tagalista si Bocobo bagamat may nakapuslit sa talumpating ito na praseng “Lumabis ang karunungan mo” na hindi naman niya nakaligtaang isalin sa Ingles nang ganito: “Your learning is too much” patungkol sa mga estudyanteng wala nang ginawa kundi ang pakasambahin ang libro na, ani Bocobo’y nagsilbing balakid sa pagpapaunlad ng malusog na pangangatwiran at matwid na kaisipan. Iminungkahi rin niya ang sistematikong pagbasa ng literatura na ang ibig marahil sabih’y ang mga melodikong akdang “*The Eve of St. Agnes*” at “*Ode on a Grecian Urn*” ni John Keats (1795-1821), poetang Ingles na nagsabi na “A thing of beauty is a joy forever” na maaaring hindi maunawaan ng simpleng titser na si Juan de la Cruz, ang pangkaraniwang tao/Pilipino, na madalas anyang tawaging “ignorante.” Bagamat matalino sapagkat nauunawaan ang mga misteryo ng buhay, si Juan de la Cruz ay nabiyayaan ng kaligayahang nakabatay sa malalim na kaalaman sa layunin o kahulugan ng buhay. Siya’y mapagpakumbaba. Simple ngunit matibay,

ang kanyang mga di matatawarang halagahin ay sapat nang magbigay kahihyan sa mga tinaguriang “edukado.” Sa panahon ng kagipitan, tiyak na makakaani ang kanyang pagiging mapagtiis ng napakataas na papuri. At ang kanyang napakatayog na pagmamahal sa tahanan ang siyang pinakapundasyon ng ating istrukturang panlipunan. Higit sa lahat, subok at napatunayan na ang kanyang patriotismo. Ngunit ang problema’y ipinahayag ang lahat ng mga ito ng awtor sa wikang hindi talaga ganap na matatarok ng napakaraming Juan de la Cruz, mga ordinaryong Pilipino sa kalsada, pagawaa’t pabrika, tumana’t palayan. Minsa’y sinalungat din naman ni Bocobo ang sarili nang ideklara niya, bilang Kalihim ng Edukasyong Pamubliko, na walang wikang banyaga, Kastila man o Ingles o iba pa, ang maaaring magsilbing tunay na behikulo ng pinakamabisang pagpapahayag ng kaisipa’t damdamin ng mga Pilipino.³² Na walang wikang banyagang magagamit sa pagpapahayag ng pambansang diwa’t kaluluwa. Tinutulan niya ang denasyonalisasyon³³ na posibleng kahantungan ng mga taong pilit na nag-aangkin ng wika ng iba. Magkagayunpaman, noong 1951, inilathala pa rin ni Bocobo ang kanyang antolohiya sa Ingles na pinamagatang *Furrows and Arrows: Poetry and Verse* kung saa’y isinama niya ang tulang “The Public Elementary School”³⁴ na nagpapakita ng kanyang pagpapahalaga sa paaralang publiko bilang kasangkapan ng progreso.

Hindi lahat ng pensionado’y sumang-ayon sa “teorya ng denasyonalisasyon”³⁵ na pinanigan ni Jorge Bocobo. Sina Camilo Osias (isinilang sa Bacnotan, La Union, 1889, namatay sa Maynila noong 1976) at Maximo M. Kalaw (ipinanganak sa Lipa, Batangas, 1891, pumanaw noong 1955 sa Calapan, Oriental Mindoro), mga nangungunang lider sa edukasyon at pulitika ng kanilang henerasyon,³⁶ ay nanindigan na nagtataglay ang Pilipino ng kakayahang magpahayag di lamang sa bernakular kundi sa wikang banyaga rin. Para kay M.M. Kalaw, gamit ang nagtatakda sa pag-aangkin o pagmamay-ari ng isang wika, banyaga man o hindi. Na ang pambansang panitika’y posibleng paunlarin sa isang wika na hindi Pilipino, na sinimulan nang isagawa nina Rizal at Fernando Ma. Guerrero (1873-1929), kilalang makatang Pilipino sa wikang Espanyol. Kaugnay ng Ingles, bago lamang ito sa atin, ayon kay Kalaw, ngunit marami-rami nang akda na maituturing nang bahagi ng nasyonalistikong literatura, ibig sabihi’y nagpapahayag ng ating hangaring lumaya’t magsarili, ay nakasulat sa wikang ito na maaring maangkin katulad ng pagkaangkin ng ilustrado sa Kastila noong dantaon 19. Gayunpaman, hindi nakapagtataakang marinig ang mga ganitong pangungusap mula sa isang dating pensionado sa *Georgetown University* at *George Washington University* na ang pundamental na kasanayan (o “training”) ay sa Ingles. Sa Pilipinas, naitalaga si Kalaw sa mga sumusunod na puwesto: kasamang patnugot ng *The Manila Times*, pagkatapos ay dekanong ng *College of Liberal Arts*, UP, propesor at tagapangulo ng *Political Science Department*, at Kalihim ng Edukasyong Pamubliko (1945) sa gabinete ni Sergio Osmeña. Nahirang din siya sa unang *Independence Mission* sa EU noong 1919, at tagapayo ng Misyong Osmeña-Roxas (“Os-Rox”) na

nagtagumpay matamo ang *Hare-Hawes-Cutting Independence Law* noong 1932. Nahalal din si Kalaw bilang kinatawan ng lalawigan ng Batangas sa Kapulungang Pambansa. Nagsulat siya para sa “Philippine Political Science Series” na ang unang dalawang tomo’y iniukol sa paglalathala ng kanyang *The Development of Philippine Politics, 1872-1920* (Manila, 1926, 491p.) na ayon sa may-akda’y kasaysayan ng papel na ginampanan ng mga partido at lider na Pilipino sa pulitikal na pagkaunlad ng Pilipinas kung saa’y mukhang unang pinag-ukulan ng pagpapahalaga ang “Period of Suppressed Nationalism, 1900-1905” (sa Kabanata IX), at *Philippine Government Under the Jones Law: An Account of Contemporary Philippine Government and Politics* (Manila, 1927, 502p.), na kanyang inihandog kay hukom George A. Malcolm, unang tagapangulo ng *Political Science Department*, UP. Bilang pagtalima marahil sa panawagan ni Bocobo na pag-ukulan din ng pagpapahalaga ang sining at panitikan para maiwasan ang tinawag niyang “fetish of specialization” o walang habas na pagkahumaling sa espesyalisasyon, kinatha ni Maximo Kalaw ang nobelang historikal na pinamagatang *The Filipino Rebel* (1927), isang protesta laban sa kaayusang pulitikal na pinalaganap ng pangasiwaang Amerikano mula 1898 hanggang 1927. Gayunpaman ang pinakaprinsipal na layunin ng akda, sa paningin ng isang kilalang kritiko,³⁷ ay ang pagtuligsa sa matatawag na “materyalismong pulitikal,” ibig sabihi’y ang pagkasira ng etikang pulitikal nang kumampi’t tuluyang mapasama ang mga pinunong Pilipino sa bagong istrukturang kolonyal. Laluna nang kasangkapanin nila ang iba’t ibang paraan ng pakikipagsapakan, pandaraya’t panlilinlang para matamo at mapanatili lamang ang personal at paksyonal na kapangyarihan. Ipinagpatuloy din ni Maximo Kalaw ang nabimbing proyekto ng nakatatanda niyang kapatid na si Teodoro nang isagawa niya ang pagsasalin ng mga liham ni Rizal na matatagpuan sa anim na tomong *Epistolario Rizalino*. Sa panig ni Bocobo, gaya ng nabanggit na, isinalin niya ang *Noli me tangere* at *El filibusterismo* na ginamit naman nang simulang ipatupad ang *Rizal Law* (Batas ng Republika blg. 1425, pinagtibay noong ika-12 ng Hunyo 1956). Sa pamamagitan nito’y naipakita ng pensionado, ng “bagong ilustrado,” ang di- naputol na ugnayan, kahit man lamang sa antas ng teksto’t ideya, sa pagitan nila (amerikanisadong Pilipino) at ng henerasyon ni Rizal (hispanisadong Pilipino) na kapwa resulta ng naganap na engkwentro o pagtatagpo ng Silangan at Kanluran, ng sinakop at mananakop.

Muling isina-Ingles ni Camilo Osias ang mga nobela ni Rizal noong 1956, sa paniniwalang mas binabasa ng madla ang saling Ingles kaysa orihinal at bersyon sa Tagalog (ni Patricio Mariano, halimbawa). Pensionado sa tatlong institusyong akademiko sa EU — *Western Illinois Teachers College, University of Chicago, Columbia University* — si Osias ay nagbalik sa Pilipinas, nagturo sa mga paaralang sekondarya bago mahirang na Pangalawang Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon at unang Presidente ng *National University* noong 1921. Nahalal siyang senador noong 1928 at nahirang na *Philippine Resident Commissioner* sa Washington, DC noong 1929. Ipinapalagay na ang librong *The Filipino Way of Life* (Boston, 1940)

ni Osias ang naglalaman ng pinakamakatarunga't mapanuring pagpapahalaga sa pagkataong Pilipino.³⁸ Estudyante ng *Thomasites*, naniniwala si Osias na ang mga paaralang publiko, bilang kasangkapan ng pagbabagong panlipunan, ay kumakatawan sa landas patungong kaunlaran.³⁹ Lalo siyang nakilala dahil sa kanyang *Philippine Readers I to IV*⁴⁰ ("*Osias Readers*") na ginamit sa mga paaralang primarya at intermedya sa buong Kapuluan. Natapos ang naturang teksbuk (kasama rito ang mga ilustrasyon ni Fernando Amorsolo) sa pagtatapos ng dekada 20 nang superintendente pa si Osias ng mga paaralang publiko. Siya sa katunayan ang unang Pilipinong naitalaga sa ganitong puwesto sa pamahalaan. Sa kanyang mga publikasyon, pinagtuunan din niya ng panahon ang mga paksang nauukol kay Rizal, relihiyon, at edukasyon. Sa kanyang sanaysay na "Nationality and Education,"⁴¹ iniharap niya ang mga simulaing kailangang gumabay sa administrasyon ng edukasyon: nasyonalismo na hindi naman katumbas ng *xenophobia*, demokrasyang naninindigan sa paghahatid ng kaliwanagan sa masa (hindi anarkiya kung saan anya'y sinusupil at binubusalan ang kaisipa't paniniwala ng tao), at kosmopolitanismo/internasyonalismo na nangangahulugan ng harmonisasyon ng mga kultura't sibilisasyon ng Silangan at Kanluran. Nangangahulugan din ito ng pagkaunawa sa mga pandaigdigang etika na akma sa mentalidad ng mga taong naninirahan sa isang mundong pagod na sa digmaan. Halos mamamayan na ng mundo ang mga Pilipino dahil sa kanilang relihiyon. Naisulong pa ang ganitong kalagayan dahil sa Ingles na nagpadali sa pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino sa EU, Inglatera at mga bansang sakop nito. Wika ito ng kapayapaan sapagkat ginamit sa isang kumperensya sa pagbabawas ng armas ("*disarmament*") na noo'y ginaganap sa EU. Sa kanyang konklusyon, hindi naman nakaligtaang sabihin ni Osias na ang dinamikong simulain ng nasyonalismo pa rin ang may higit na kahalagahan sa iba. Hinggil sa sinabi niya tungkol sa demokrasya, maaaring maiugnay ito sa pahayag ni Francisco A. Delgado,⁴² na ang hangarin lamang ng mga pensionado'y maisapraktika sa buong kapuluan ang mga mithiin at simulain ng demokrasya na natutunan sa EU.

Nakita rin ni Juan C. Laya (1911-1952), tubong-San Manuel, Pangasinan, ang kahalagahan ng Ingles. Dahil dito'y nagpunta siya sa EU upang magpakadalubhasa sa wikang ito sa *Indiana University*. Nagturo siya mula 1932 hanggang 1936 sa *Manila East High School* (ngayo'y V. Mapa) at parang ang karanasang ito ang nagtulak sa kanya upang magsulat ng mga *workbook* at plano ng pag-aaral na ang layuni'y maituro nang mabisa ang Ingles. Isinagawa niya ito mula 1936 hanggang 1938 para sa Kagawaran ng Edukasyon. Naitalaga rin siyang superintendente ng Ingles sa Pangasinan at Cebu noong 1941. Pagkatapos ng digmaan, nahirang naman siyang punong-guro ng *Arellano High School* (Manila North), at sa huli'y superintendente ng mga paaralang publiko sa Bataan. Kinatha sa Indiana habang siya'y pensionado pa, ang kanyang *His Native Soil*⁴³ ay nagwagi ng unang gantimpala (sa larangan ng nobela) sa Unang Timpalak Pampanitikan na itinaguyod ng pamahalaang Komonwelt noong 1940.

“Pagbabalik” ang nangingibabaw na tema ng nobela na madaling maiuugnay sa *Noli me tangere* ni Rizal, sa pagbabalik ni Juan Crisostomo Ibarry y Magsalin sa Pilipinas, matapos ang mahaba-haba rin namang panahon ng pamamalagi sa Europa, para magpasok ng radikal na pagbabago sa sistemang pang-edukasyon ng kolonya. Unang isinagawa ito sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang modernong paaralan, tulad ng makikita sa Alemanya, sa bayan ng San Diego na sa katunaya’y matibay na tanggulan ng praylokrasya. Pinapaksa naman ng *His Native Soil* ang pagbabalik at sa huli’y pagkatiwalag ni Martin Romero, ang “modernong Ibarra/Illustrado,” na sa pagkakataong ito’y nagtapos ng BSBA sa *University of Washington* (EU), sa kanyang tinubuang-bayan ng Flores, lalawigan ng Pangasinan. Ngunit gayon na lamang ang pagkabahala ni Martin nang matambad sa kanyang paningin ang halos walang pagbabagong kalagayan ng kalinangang bayan na tila binubuhay na lamang ng mga pamahiin at atrasadong paniniwala ng katutubo na kinakatawan ng matandang albularyo. Sinikap niyang baguhin ang takbo ng buhay sa isang tipikal na lipunang agraryo sa pamamagitan ng walang muwang na pagtatangkang ipasok ang mga tuntunin ng kapitalismo na natutuhan niya sa EU. Binalak niyang pairalin ang mga ito sa isang kompanya o bahay-kalakal, na tinawag na “Romero Mercantile,” na kanyang itinatag kasama ang kanyang pamilya’t kamag-anak na pawang mga migranteng Ilokano. Sa katapusa’y humina at kinailangan pa ngang buwagin ang kompanya sapagkat mahihinuhang hindi talaga maaring bigyang-lugar, hindi akma sa isang sistemang patuloy na pinaghaharian ng kamalayan at mga puwersang pyudal. Nilisan ni Martin ang bayan ng Flores bunga na rin marahil ng kanyang desisyong tumiwalag sa kalinangang bayan at hanapin ang sarili sa loob ng isang sistemang pang-ekonomiya na mas angkop sa diwa’t tunguhin ng kanluraning kapitalismo.

Walang alinlangang Ingles ang wika ng *His Native Soil* bagamat kapansin-pansin ang pagpupursigi o paggugumiit ng kontekstong lokal sa pamamagitan ng ilang ligaw na katagang Iloko, at apat na linya mula sa kantahing-bayang “Aking Bituin”⁴⁴ ng Katagalugan. Nagkaroon si Laya ng mas malalim na interes, kundi man nahumaling, sa kinagisnang wika ng kanyang asawa, si Silvina del Carmen, isang Tagala, at mula rito’y nagsimula na siyang magsulat ng dula sa Tagalog na ang isa’y pinamagatang *Sa Sariling Lupa* (1943) sapagkat batay sa kanyang premyadong nobela. Pinamatnugutan din niya ang *Diwang Kayumanggi*, apat na tomong teksbuk na ginamit sa loob ng mahabang panahon sa mga klase sa Panitikang Pilipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa buong Kapuluan. Nahirang si Laya bilang unang kasaping di Tagalog ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP), matapos mailathala ang kanyang *Basic Tagalog Vocabulary* noong 1947. Ngunit patuloy pa rin naman siyang nagsulat sa Ingles. *This Barangay* (1950) ang ibinigay niyang titulo sa kanyang pangalawang nobela na pumapaksa sa karanasan ng mga Pilipino sa lalawigan ng Pangasinan sa panahon ng okupasyong Hapones. Parang isang kabanata ng kasaysayang lokal ang mababasa sa *This Barangay* na tila isang kuwento ng “paglalakbay”, sa mga bayan ng Lingayen,

Pozzorubio, Carmen, Rosales, Sual, Umingan, at Binalonan, ng mga Lakay, Apo, Manang at Manong na muling matatagpuan sa produksyong pampanitikan ni Carlos Bulosan.

Paglalakbay ng Manggagawang “Pinoy”

Ibang-iba ang natagpuang mundo ni Carlos “Allos” Bulosan,⁴⁵ ng mga manggagawang Pilipino, ng “Pinoy,” na dumayo sa EU matapos bumagsak ang pamilihan ng saping-puhunan (*stock market*) noong Oktubre 1929 kung ihahambing sa maliit ngunit matiwasay na daigdig ng pensionados. Pinalaki ang mga taga-Kanluran, ani Bulosan,⁴⁶ sa paniniwalang mahina’t mababa kundi man karapat-dapat sa walang katapusang panlalait ang mga taga-Silangan o mga taong maykulay. Ngunit ang katawa-tawa’y tinuturuan pa ang mga Pilipino na ipalagay na kapantay nila ang mga Amerikano sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa mga mithiing kanluranin at pakikibagay sa ala-Amerikanong uri ng pamumuhay. Gayumpaman, sinisira lamang ng nakapanghihilakbot na katotohanan ng mapanganib na pamumuhay ng mga Pilipino sa EU ang anumang pagsisikap na isakatuparan ang pangarap na pakikipagkapatiran sa lahing puti.

Sa California, noong dekada 30, humigit kumulang sa 30,000⁴⁷ Pilipino ang pana-panahong nagtrabaho sa pagsisikap na mabuhay ng normal at maayos. Sa pagtatapos ng tagsibol at pagsisimula ng tag-init, sila’y namimitas ng litsugas, istróberi, at aspáragus sa California. Pagkatapos sila’y pumapahilaga patungong Seattle para mula rito’y ilipat sa Alaska upang tumulong sa pagsasade-lata ng salmón sa panahon ng tag-init. Sa taglagas, namimitas naman sila ng mansanas sa Washington, at pagkatapos ay umaani ng gisantes sa California sa tagginaw. Sa panahon ng pinakamalalamig na buwan ng tagginaw, ang mga “Pinoy” ay nagtitipun-tipon sa Los Angeles at San Francisco kung saa’y naghahanapbuhay naman sila sa hotel bilang tagabuhat ng bagahe, katulong sa himpilan ng bus, tagapagsilbi at tagahugas ng pinggan sa mga restoran. Sa kaso ni Bulosan, sa kanyang pagdating sa Seattle noong 1931, ipinagbili siya sa halagang limang dolyar sa isang kontratista para pagsamantalahan sa mga pabrikang nagsasade-lata ng salmón.⁴⁸ Kaugnay nito, isang manggagawang Pilipino ang naghain ng kanyang testimonya hinggil sa abang kalagayan ng manggagawang “Asyatiko”:

Nagpapakahirap... na parang esklabo hanggang gabi at madalas tawagin para magtrabaho nang lampas sa takdang oras. Tatlong sentimos ang ibinabayad sa ilan na nakatapos ng 168 lata, ang iba’y binabayaran ng 15 sentimos bawat oras... Inilagak sa mga hamak at siksikang tirahin, salat sila sa pagkain – inasnang isda o karne at kanin – na itinustos ng kontratista. Nagpapakain lamang ng salmon kung paubos na ang panustos na pagkain ng kontratista...⁴⁹

Lalong sumama ang kalagayan ng manggagawang “Pinoy” sa paglala ng krisis pang-ekonomiya. Dumagsa ang mga walang trabaho. At ang mga puti na dati rati’y matindi ang pagtanggap magtrabaho sa plantasyon bago sumapit ang panahon ng matinding krisis pang-ekonomiya ay bigla na lamang itinuring ang migranteng manggagawa bilang karibal sa paghanap ng trabaho. Tumindi hindi lamang ang pagdaralita kundi pati na rin ang karahasan sa anyo ng rasistang pananalakay. Pinagsama-sama at sabay-sabay na pinalayas ang mga katunggaling dayuhang trabahador mula sa mga plantasyon o malalaking taniman. Mauugat sa katunayan ang kasaysayan ng mga ganitong hakbang sa pagpapatalsik sa mga manggagawang “Pinoy” mula sa Lambak Yakima, Washington.⁵⁰ Ngunit mas lumaganap, naging pangkaraniwang pangyayari noong dekada 30 ang sistematikong pagsugpo sa kompetensiya sa paghanap ng pagkakakitaan na lalong pinatindi ng “pag-aangkat ng manggagawa” mula sa kolonya. Itinuro pang sanhi ng pangkalahatang pagbagsak ng halaga ng suweldo ang lahat ng manggagawa sa kanlurang baybay dagat ng EU na sa katunayan ay napilitan lamang tumanggap ng mababang pasahod dahil sa kagipitan at kawalan ng trabaho. Magkagayunpaman, sa kanilang patuloy na paninindigan sa karapatang magwelga, ang mga manggagawang Pilipino’y dinakip, kinulong, binaril, binantaan ng deportasyon, at pinaratangan pa ng pagmamalabis o diumano’y di pagtalima sa napakaraming restriksyon na itinatakda ng kanilang katayuan bilang “dayuhang lahi” sa Amerika⁵¹.

Napinsala ng tinawag ni E. San Juan, Jr.⁵² na “deteritoryalisasyon,” ang mga kasapi ng nabuong “internal o panloob na kolonya” sa EU ay lumaban para mabuhay habang paulit-ulit na ginigiit ang kanilang karapatan at dangal bilang tao. Nakalikha sila, ani San Juan, ng isang masaklaw at mayamang kultura ng protesta, pakikibaka’t unyonismo na nag-uugnay sa sariling-bayan (pook kung saan sila inagawan ng karampatang puwang) at kapangyarihang metropolitan (lugar na naglagay sa kanila sa kategorya ng kalakal). Maihahanay sa iba’t ibang kilusang panlipunan na kumalat sa lahat ng panig ng Kapuluan ang mga unang samahan ng manggagawang Pilipino sa Hawaii noong 1919. Noong 1920 at 1924, pinangunahan ng *Filipino Federation of Labor* ang mga aklasang itinaguyod ng mga trabahador mula iba’t ibang lahi’t industriya. Itinatag naman sa California noong 1934 ang *Filipino Workers Association*, na binubuo ng humigit kumulang na 2,000 aktibong kasaping sumuporta sa mga welga sa Salinas, El Centro, Vacaville, at sa mga plantasyon ng bulak sa Lambak San Joaquin, California na di nakaligtaang tukuyin sa *America is in the Heart* (1943), akdang awtobiograpikal ni Bulosan.⁵³ Binanggit din dito ang mahalagang papel na ginampanan ng *United Cannery, Agricultural, Packing, and Allied Workers of America* (UCAPAWA)⁵⁴ sa pagbubuklod ng mga manggagawang agrikultural at industriyal at pakikipagtulungan nito sa *Committee for the Protection of Filipino Rights* (CPFR). Pinaniwalaan din na pinamunuan ng mga komunistang Pilipino ang mga inilunsad na welga’t aklasan.⁵⁵ Naharap naman sa parusang deportasyon ang dalawang militanteng unyonista – Chris D. Mensalvas at Ernesto

Mangaong – dahil sa kanilang radikal ngunit lehitimong partisipasyon sa kilusang manggagawa. Kaugnay nito, kinatha ni Bulosan ang “*I Want the Wide American Earth*” (“Hangad Ko Ang Malawak na Lupain ng Amerika”)⁵⁶ na ipinamahagi ng UCAPAWA sa pag-asang makakatulong ito sa pangangalap ng pondo o salapi na magagamit sa depensa nina Mensalvas at Mangaong. Kumakatawan ito sa tulong pinansyal na kusang-loob na ipagkakaloob di lamang ng pangkaraniwang mambabasa kundi ng nakikiisang “kaibigan ng demokrasya” na ang kamalayaang panlipunan ay lalong pinatingkad ng mapagpalayang mensahe ng tula.

Naging bahagi din si Bulosan ng kilusang *Congress of Industrial Organizations* (CIO). Noong 1934, pinamatnugutan niya ang *The New Tide*, magasing makaproletaryo na lalong naglapit sa kanya sa mundo ng mga progresibong manunulat: Richard Wright, William Saroyan, William Carlos Williams, Louis Adamic, at iba pa.⁵⁷ Nagsulat din siya para sa *Philippine Commonwealth Times* at sa dalawa pang pahayagan sa Stockton at Salinas na pawang sumentro sa mga suliranin ng migranteng anak-pawis na Pilipino. Mula 1936 hanggang 1938, binasa ni Bulosan ang mga akda nina Balzac, Neruda, Nazim Hikmet, Steinbeck, Gorky, Marx, Whitman, Nicolas Guillen, Gandhi, Shaw, Rizal, at iba pang manunulat na nakisangkot, pati na ang mga publikasyong *New Masses*, *The New Republic*, at *Nation*.⁵⁸ Hinggil sa panunuring pampanitikan, kinilala rin ni Bulosan ang mahalagang impluwensiya sa kanya ng kaisipang Marxista.⁵⁹ Inisip din niya ang paglalathala ng isang *magnum opus* na pumapaksa kay Rizal.⁶⁰ Noong 1944, inilathala ng Harcourt, Brace & Co. ang kanyang *The Laughter of My Father*, katipunan ng maikling kuwentong nakapaloob sa karanasang Pilipino. Sa EU din unang lumabas ang kanyang mga aklat ng tula: *Chorus for America* (Los Angeles: Wagon & Star, 1942), *Letter from America* (Prairie City, Illinois: J.A. Decker, 1942) at *The Voice of Bataan* (New York: Coward McCann, 1943). Mababasa rin sa mga pahina ng *New Yorker* (1944), *Common Ground* (1949), *Alive Magazine* (1977), *Amerasia Journal* (1979), *A Treasury of American Laughter*, *Best American Stories of 1945*, at *Prose and Poetry of the World* ang ilan sa mga produkto ng kanyang malikhaing imahinasyon. Naisama rin ang pangalan ni Bulosan sa *Who's Who in America* gayundin sa *International Who's Who*.

Noong 1943, sa Washington, DC, tinanggihan ni Bulosan ang alok ni Quezon na siya’y manatili nang pirmihan sa kanyang *entourage* o kawanihan.⁶¹ Ipinakita nito na nabigyan din si Bulosan ng oportunidad na takasan ang malupit na mundo ng manggagawang “Pinoy” na paulit-ulit na niligalig ng mga rasistang karatula’t hakbang na humantong sa brutalisasyon ng kanyang pagkatao. Ngunit hindi ito sinamantala ni Bulosan sapagkat pakikisangkot at pakikiisa, bilang manunulat at aktibista sa unyon, sa kolektibong hangarin ng kababayang manggagawa sa EU ang napagpasyahang pagtuunan ng panahon.

“Katapusan” ng Paglalakbay

Sa “malawak na lupain ng Amerika” na minithi ng manggagawang “Pinoy,” itinuring na krimen ang pagiging Pilipino at dahil dito’y kinailangang takasan ng “kriminal” ang isang kasalanang mabigat na kailanma’y hindi niya ginawa: ang pagiging Pilipino⁶² sa Amerika. Ipinahayag ni Bulosan na hindi niya makakalimutan ang pinagdaanang pagdurusa sa EU bilang biktima ng walang katwirang rasismo na nagsilbing mabisang kasangkapan ng mga puwersa ng kaguluhan at karahasan. Matalim at nakakahiwa ang katagang “Pilipino,” katagang binigyan ng masamang konotasyon ng mga kapanig ng rasistang ideolohiya na noong mga panahong iyon ay laganap din naman sa Europa.⁶³ Ngunit sa kabila ng lahat, nakuha pa ring sabihin ni Bulosan na hindi niya pinagsisisihan na ipinanganak siyang Pilipino. Dahil dito’y hindi kailanman niya isinaisip na matamo ang karapatan sa pagkamamamayang Amerikano.⁶⁴ Nanatiling Pilipino si Bulosan hanggang sa oras ng kanyang kamatayan sa King County Hospital, Seattle, Washington, noong ika-11 ng Setyembre 1956, sa sakit na pulmunya⁶⁵.

Hindi na muli pang nakabalik sa sariling bayan, hindi na rin siya nakapag-asawa’t nagkapamilya sa buong panahong pamamalagi sa Amerika. Hinangad niyang bisitahin ang Pilipinas ngunit kanya ring itinanong sa sarili kung pagkatapos nito’y makakabalik pa siya muli sa EU. Inisip din ni Bulosan kung sa pagbisitang ito’y muli pa niyang makikita ang kanyang mga kaanak⁶⁶ sa nayon ng Mangusmana, Binalonan, Pangasinan, pook na sinilangan noong ika-24 ng Nobyembre 1913. Katulad ng ibang Pilipino na itinaboy ng kahirapan at piyudal na paniniil sa kolonya,⁶⁷ nilisan ni Bulosan, sa gulang na 17, ang bayan ng Mangusmana, sa panahon ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo, dala ang pag-asang makaahon – sa pamamagitan ng pagtitipid, sipag, at pagpapakasakit – sa lupain ng Amerika na kanyang narating noong ika-22 ng Hulyo 1930.

Limitado ang edukasyong natamo ng manggagawang “Pinoy.” Babahagya ang kanyang kaalaman sa Ingles. Halimbawa, tatlo kundi man anim na taon⁶⁸ lamang ang tagal ng pormal na edukasyong nakamit ni Bulosan bago tumulak papuntang EU. Natuto siya ng Ingles sa pamamagitan ng matiyagang pagbabasa sa mga aklatang publiko ng California upang sa huli’y magsulat at magsilbing tinig ng libu-libong manggagawang “Pinoy” sa EU. Malaki ang kaibhan niya sa papel na ginampanan ng pensionado na muling nagbalik sa Pilipinas, dala ang titulo at diplomang Amerikano, upang makibahagi sa pagsusulong ng napasimulan na at nagpapatuloy na proseso ng kultural na amerikanisasyon na isang uri ng matatawag na “pluralizing process” alinsunod sa pagkakagamit ni Camilo Osias sa kanyang “The Filipino People and the Human Family.”⁶⁹ Naging bahagi din naman si Bulosan ng prosesong ito. Ipinahayag niya ang saloobin hindi sa isang buhay na wikang Pilipino kundi sa Ingles, wika ng kapitalismo, na tinawag niyang ekonomiya ng masasamang-loob (*gangster economy*),⁷⁰ wika ng isang nabubulok na mundo ng “sibilisadong brutalidad.”⁷¹ Dahil dito’y damang-dama niya talaga

ang kanyang pagiging eksilo laluna sa isang malupit at marahas na sektor ng lipunang Amerikano kung saa'y paulit-ulit na pinaghihinalaan nang masama ang "Pinoy." Nawalan ng sigla ang kaisipa't buhay ng "Pinoy" sa pagkawasak ng kanyang pagkatao at pagkatiwalag sa kinagisnang kalinangan. Inihambing siya ni Bulosan kay Rizal na animo'y isang dahon na bagamat walang sira'y lubusan namang nahiwalay kundi man natanggal sa "inang puno."⁷²

Magkagayumpaman, hindi nawala ang pagsisikap, sa panig ni Bulosan, na ibsan ang bisa ng pagkatiwalag. Sa kanyang mga akda, hindi niya nakaligtaang pagtuunan ng panahon ang mga pangyayari, uring panlipunan gayundin ang maraming bagay na nakaugat sa kasaysayan at kalinangang bayan: *basi, kilin, doayen, palang*, naglalako ng *boggoong*, bahag ng Igorot, *Colorum*, pag-aalsa sa Tayug, *kundiman*, nagdaralitang magsasaka, *Lam-ang*, at iba pa. Sa kanyang kaisa-isang nobela, *The Power of the People* (ca.1950-1956),⁷³ nalathala lamang noong 1977, pinaksa naman niya, matapos marahil mabasa ang *Born of the People* (New York: International Publishers, 1953) ni Luis Taruc, ang "rebolusyonaryong paglalakbay" ng isang pangkat ng gerilya, kabilang sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) o Huk, sa pagtatapos ng dekada 40 sa Pilipinas. Tinagubilinan ang pangkat na makipagtagpo sa isang nagngangalang Felix Rivas, Pilipinong *expatriate* mula EU na naatasang maghatid ng pinansyal at iba pang tulong sa mapagpalayang kilusang pangmasa. Bagamat hindi lumitaw sa nobela si Rivas, ang salaysay hinggil sa kanyang karanasan ay malinaw na maiuugnay sa pinagdaanang buhay ni Bulosan sa EU. Ipinahihiwatig nito na nakita ng may-akda ang kanyang sarili sa pagkatao ni Rivas bilang *expatriate* na nagbalik sa bayan, kahit man lamang sa antas ng kathambuhay, upang itaguyod ang naganap na digmaang magsasaka mula 1948 hanggang 1950, na nilahukan ng "balikbayang" *expatriate*, si Dante, dating manggagawang "Pinoy" sa EU. Noong 1952, mula sa EU, muling ipinahayag ni Bulosan ang kanyang suporta sa mga kilusang radikal, tulad ng *Congress of Labor Organizations* (CLO)⁷⁴ na pinamumunuan ni Amado V. Hernández, na masigasig na nagpunyaging wakasan ang pagsasamantala't pakikialam ng EU sa Pilipinas upang sa huli matamo ang pambansang kalayaan at sa pamamagitan nito'y lubusang mabawi and karapatang demokratiko ng bayan.

MGA TALA

1. E. San Juan, Jr. *History and Form: Selected Essays* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1996, p.63).
2. *Ibid.*, p.98
3. E. San Juan, *Toward a People's Literature: Essays in the Dialectics and Contradiction in Philippine Writing* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1984, p.74).
4. E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, Volume I (Quezon City: Filipiniana Publications, 1955, p.4). Taong 1939 ang ibinigay sa "100 Culture Heroes," *Sunday Inquirer Magazine*, 17 Enero 1999, p.6.
5. Manuel, *op. cit.* Karamihan ng mga impormasyon hinggil kay Juan Abad ay mula kay Manuel.
6. T.A. Agoncillo, *Ang Pilipinas at ang Mga Pilipino: Noon at Ngayon* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., Inc., 1980, p.241-242).
7. *Ibid.*, p.243.
8. *Ibid.*, p.248
9. Reading 13.1 President McKinley's "Benevolent Assimilation" Proclamation, 21 Disyembre 1898, nasa T.A. Agoncillo at M.C. Guerrero, *History of the Filipino People* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., 1977, p.263).
10. R. Constantino, *The Philippines: A Past Revisited* (Quezon City: Tala Publishing Services, 1975, p.233-234).
11. Hinggil sa isyu ng pulitikal na kolaborasyon noong unang dekada ng dantaon 20, kumuha kami ng impormasyon mula sa *ibid.*, p.231-240. Basahin din ang isinagawang pag-aaral ni Romeo V. Cruz, "Filipino Collaboration with the Americans, 1899-1902" (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, Lunsod Quezon, 1956).
12. Constantino, *The Philippines...*, p.237.
13. L.C. Dery, *The Army of the First Philippine Republic and Other Historical Essays* (Manila: De La Salle University Press, 1995, p.160).

14. *Ibid.*
15. Ito ang tawag sa mga Amerikanong titser na dumating sa Pilipinas lulan ng sasakyang-dagat na *S.S. Thomas*. Kaugnay nito, basahin din ang pag-aaral ni O.D. Corpuz, "Education and Socio-Economic Change in the Philippines, 1870-1960s," *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, Tomo XXXII, Blg. 2 (Hunyo 1967), p.222-223.
16. Sa kanyang *Toward a People's Literature...*, p.72-73, sinabi ni E. San Juan ang ganito: "The establishment of the pensionado system... helped to turn out docile civil service functionaries who serviced the State apparatuses. Eventually, this policy of stultification bore fruit of such wide diversity..."
17. R.V. Cruz, *America's Colonial Desk and The Philippines, 1898-1934* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1974, p.353).
18. *Ibid.*, p.354.
19. *Ibid.*, p.352.
20. *Ibid.*
21. B. Lumbera at C.N. Lumbera, *Philippine Literature: A History and Anthology* (Manila: National Book Store, 1982, p.110).
22. Binabanggit sa pag-aaral ni Celia Bacobo Olivar, "The First Pensionados: An Appraisal of Their Contributions to The National Welfare" (Di-nakalathalang tesis Masteral sa Edukasyon, Unibersidad ng Pilipinas, 1950). Marami-rami ring pangalan ang binanggit ni Carlos Quirino, sa *Who's Who in Philippine History* (Manila: Tahanan Books, 1995). Karamihan ng impormasyon para sa pag-aaral na ito'y mula sa *Who's Who...* ni Quirino.
23. Mababasa ang kanyang mga akda sa antolohiya ni M.L.T. Camagay, *Encarnación Alzona: An Anthology* (Quezon City: ORC, UP, 1996, 418p). Kaugnay nito, kailangang banggitin ang iba pang pensionada na nag-aral sa EU: ang unang manggagamot na Pilipina na si Honoria Sison Acosta (ipinanganak sa Calasiao, Pangasinan noong ika-30 ng Disyembre 1888, sumakabilang buhay noong ika-19 ng Enero 1970), si Luisa Sison ng Pangasinan, Elizabeth Florendo at Eleanor de Leon ng Ilokos Sur, Genoveva Llamas ng Laguna, Clemente Asturias ng Romblon, Pilar Elumba ng Surigao, at Olivia Salamanca (isinilang sa San Roque, Kabite noong ika-1 ng Hulyo 1889, namatay sa Hong Kong noong ika-11 ng Hulyo 1913). Sila ang mga

pensionada na binanggit sa pag-aaral na isinagawa ni M.L.T. Camagay, "Women Pensionados: Purveyors of Modernization Amongst Filipino Women," *Diliman Review*, Tomo 45, Blg.2-3, (1997), p.20-25. Makikita rin dito na may representasyon ang Kabisayaa't Mindanaw sa programang pensionado Kailangang banggitin din ang pangalan ni Maria Y. Orosa (isinilang sa Taal, Batangas noong ika-29 ng Nobyembre 1893, at namatay sa Maynila noong ika-19 ng Pebrero 1945) na hindi pensionada ngunit nagtrabaho sa EU. Ayon kay Quirino, *Who's Who...*, p.153: "Once in Seattle in 1916, she worked as a housemaid to Mrs. Wrentmore, mother-in-law of Governor General Francis Burton Harrison, for \$100 a month. She studied pharmacy at the University of Washington. Received a degree in pharmaceutical chemistry. Returned to the Philippines, 1920, and taught at Centro Escolar University. Became chief of the food preservation division at the Bureau of Science in 1928... She was sent to Europe by the government to observe commercial food preservation." Mas pinagyaman naman ang konteksto ng panahon ng pensionadas sa mapanuring pag-aaral ni Judy M. Taguiwalo, "Dalawang Mukha ng Pakikibaka ng Kababaihan sa Panahon ng Kolonyal na Paghahari ng Estados Unidos sa Pilipinas," *Diliman Review*, Tomo 45, Blg. 2-3 (1997), p.30-38.

24. E. Alzona, *A History of Education in the Philippines, 1565-1930*, unang edisyon (Manila: University of the Philippines Press, 1932).
25. Camagay, E. Alzona ... p.406: "The Americanization of the Filipino," *The Herald Midweek Magazine* (18 Mayo 1932), p.3 at "Westernization of Filipino Women not to be Regretted," *The Philippines Herald* (25 Setyembre 1933), p.4.
26. Sa isang editoryal sa Kastila na may pamagat na "Americanización." Mahalagang sipiin ang isang bahagi nito na isinalin sa Ingles ni N.G. Tiongson: "Many think that foreignization is manifested only in the bad and ridiculous which importation brings us, like balloon pants, short skirts and bobbed hair, and that if we condemn these pants and ridicule these hair and shirts and force our sons and daughters not to imitate these bad examples, we shall have eliminated all danger forever... There is another foreignization or Americanization which comes, which has already arrived, which is propagating itself, much stronger now than yesterday, and tomorrow more terrible than today, and it is the foreignization or Americanization of our wants and needs; because of which we find ourselves unnecessarily forced to use foreign objects, or to prefer the foreign to our own; on an account of the failure of our own ways." Mababasa ang buong salin sa antolohiya nina C.N. Lumbea at T.G. Maceda

- (mga pat.), *Rediscovery: Essays on Philippine Life and Culture*, binagong edisyon (Manila: National Book Store, 1983 p.155-157).
27. Ginawan siya ng maikling pag-aaral ni E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, Vol. II (Quezon City: Filipiniana Publications, 1970, p.187-200).
 28. Hinggil sa kanyang pagsasagunita ng kanyang karanasan sa naturang paaralang publiko, basahin: T.A. Agoncillo, "Student Activism of the 1930s," *Solidarity*, Tomo X, Blg. 4 (Hulyo-Agosto 1976, p.22-28).
 29. C. Benitez, *History of The Philippines: Economic, Social, Political* (Boston: Ginn and Company, 1926, p.iii).
 30. *Ibid.*, p.iv.
 31. J. Bocobo, "College 'Uneducation,'" nasa V. Hilario at E. Quirino (mga pat.), *Thinking for Ourselves: A Collection of Representative Filipino Essays*, ikalawang edisyon (Manila: Oriental Commercial Company, Inc., 1928, p.252-254).
 32. J. R. Hayden, *The Philippines: A Study in National Development* (New York: Arno Press, 1972, p.592).
 33. *Ibid.*, p.595.
 34. J. Bocobo, *Furrows and Arrows: Poetry and Verse* (Manila: M. Colcol and Company, 1951, p.44). Narito ang ilang sipi mula sa naturang tula:

"Then Americans arrived and offered
Public schools released from thralldom.
"Rizal's dream is now a reality,
In every public school are taught
"Precious democracy and liberty
From which our great heroes have fought.
"In these schools the rich and the poor children
Have the same opportunity
"To enter the door, free and wide open,
Unto righteous prosperity" ...
 35. Hayden, *op.cit.*
 36. *Ibid.*, p.593

37. R. Mojares, *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1983, p.340-341).
38. Hayden, *The Philippines*...., p.864.
39. G.A. May, *Social Engineering in the Philippines: The Aims, Execution, and Impact of American Colonial Policy, 1900-1913* (Quezon City: New Day Publishers, 1984, p.123): "To Osias and thousands more, the schools represented a road to advancement and functioned as an agency of social engineering."
40. V.S. Almario *et al.* (mga pat.), *Bumasa at Lumaya: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines* (Pasig City: Anvil Publishing Inc., 1994), p.87, 88-f.
41. Nasa V. Hilario at E. Quirino, *Thinking*...., p.241-250.
42. Dery, *The Army*...., p.174: "... Delgao, a 1903 *pensionado* who later occupied high positions in the Philippines government." Maisasama siya kina Liborio Gomez, patólogo (isinilang sa Santo Tomas, Pampanga, 23 Hulyo 1887, namatay noong 10 Enero 1958) at Potenciano Guazon, siruhano (Baliwag, Bulakan: 19 Mayo 1883, Baguio: 24 Marso 1924).
43. Basahin ang maikling pagsusuri ni N.V. Teodoro sa kanyang "Panitikan at Kasaysayan noong Dekada 30," nasa N.M.R. Santillan at M.B.P. Conde (mga pat.), *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda ukol sa Diskursong Pangkasaysayan* (Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 1998, p.219-220).
44. J.C. Laya, *His Native Soil* (Quezon City: Kayumanggi Publishers, edisyong 1972, p.297).
45. Hinggil sa mga batis na nauukol sa buhay at mga akda ni Carlos Bulosan, ilan sa mga pinagkunan namin na mahalagang impormasyon ay ang mga sumusunod: Carlos Bulosan, "Sound of Falling Light: Letters in Exile," inedit ni D.S. Feria, nasa *The Diliman Review*, Tomo VIII, Bldg. 1-3 (Enero-Setyembre 1960, p. 185-277); Carlos Bulosan, *America is in the Heart: A Personal History* (Seattle and London: University of Washington Press, edisyong 1977, xxiv, 327p); Carlos Bulosan, *The Philippines is in the Heart* (Quezon City: New Day Publishers, 1978, x, 192 p); Susan Evangelista, *Carlos Bulosan and His Poetry: A Biography and Anthology* (Quezon City: Ateneo

- de Manila University Press, 1985, 178 p); E. San Juan, Jr. , *Carlos Bulosan and the Imagination of the Class Struggle* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1972, xvi, 164 p); at Luis V. Teodoro, Jr., "Notes on The Power of the People: Towards Coming to Terms with Philippine Exile Literature," *Mithi*, 1(1985, p.3-14).
46. Bulosan, "Sound...", p.191: "Western peoples were brought up to regard Orientals or colored peoples as inferior, but the mockery of it all is that Filipinos are taught to regard Americans as our equals. Adhering to American ideals, living American life, these are contributory to our feeling of equality. The terrible truth in America shatters the Filipinos' dreams of fraternity."
 47. Evangelista, *Carlos Bulosan...*, p.3.
 48. E. San Juan Jr., *Bulosan: An Introduction...*, p.5.
 49. Emeterio C. Cruz, "Filipino Life in the Alaskan Fish Canneries," *Philippine Magazine*, Hunyo 1933," batay sa pagkakasipi sa *ibid*.
 50. Evangelista, *Carlos Bulosan...*, p.4.
 51. Kaugnay nito, sinabi ni E. San Juan, Jr., *History and Form...*, p.62, ang ganito: "... neither protected wards nor citizens, they were subjected to various forms of racist discrimination and exclusion, circumscribed by (among others) laws of antimiscegenation and prohibited from employment in government and from ownership of land ... Neither citizens nor strictly aliens then, Filipino "nationals" (mostly males) suffered class, national, and racial oppression directed by agribusiness functionaries or administered by technocratic state bureaucracies – the legislature, the courts, and the police. Categorized in this irreconcilable alterity, Filipinos endured as victims of exploitation perpetrated by labor contractors, farmers, gamblers, racist vigilantes, and by state laws..."
 52. *Ibid*.
 53. *Ibid*: "This reservoir of experience eventually enabled the Filipino Agricultural Workers Organizing Committee to lead the historic grape strike of 1965, the matrix of what became the United Farm Workers of America..."
 54. Bulosan, *America...*, p.285.
 55. *Ibid.*, p.279.

56. Evangelista, *Carlos Bulosan...*, p.88-91: Narito ang ilang taludtód mula militanteng tula:

“You cannot frighten us with your bombs and deaths;
 You cannot drive us away from our land with your hate and disease;
 You cannot command us with your nothing,
 Because you are nothing but nothing;
 You cannot put us all in your padded jails;
 You cannot snatch the dawn of life from us!”

“Before the brave, before the proud builders and workers,
 I say I want the wide American earth
 For all the free.
 I want the wide American earth for my people,
 I want my beautiful land.
 I want it with my rippling strength and tenderness
 Of love and light and truth
 For all the free –”

57. San Juan, *History and Form...*, p.64.

58. *Ibid.*

59. Bulosan, “Sound...,” p.272.

60. *Ibid.*, p.237.

61. Binanggit ni D.S. Feria sa kanyang introduksyon sa *ibid.*, p.188.

62. *Ibid.*, p.199: “... I feel like a criminal running away from a crime I did commit. And the crime is that I am a Filipino in America”.

63. *Ibid.*, p.206.

64. *Ibid.*, p.273.

65. *Ibid.*, p.274-275.

66. *Ibid.*, p.273.

67. San Juan, *Bulosan: An Introduction...*, p.3.

68. Basahin ang introduksyon ni Carey McWilliams sa “kasaysayang personal” ni Bulosan, *America* . . . , p.xv, at Quirino, *Whos's Who* . . . , p.51.
69. Nasa A.G. Roseburg (pat.), *Essays: English, American and Filipino* (Manila: Alemar's, 1956), p.166-169.
70. Bulosan, “Sound”, p.221.
71. *Ibid.*, p.219.
72. *Ibid.*, p.221.
73. Sinuri ni E. San Juan, Jr., sa “The Filipino People Against U.S. Imperialism: The Example of Carlos Bulosan,” pangwakas na kataga sa *The Power of the People* (Guelph, Ontario, Canada: Tabloid Books, w.p., p.42-44).
74. San Juan, *Bulosan: An Introduction* p.3.

BIBLIOGRAPIYA

Agoncillo, Teodoro

1980 *Ang Pilipinas at ang Mga Pilipino: Noon at Ngayon*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., Inc.

1976 “Student Activism of the 1930s,” *Solidarity*, July-August, x(4):22-28.

Agoncillo, Teodoro at Milagros C. Guerrero

1977 *History of the Filipino People*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co., Inc.

Almario, Virgilio *et al.* (mga pat.) .

1994 *Bumasa at Lumaya: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines*. Pasig City: Anvil Publishing Inc.

Alzona, Encarnacion

1956 *El legado de España a Filipinas*. Manila: University of the Philippines Press

1932 *A History of Education in the Philippines, 1565-1930*. Manila: University of the Philippines Press.

Benitez, Conrado

1926 *History of the Philippines: Economic, Social, Political*. Boston: Ginn and Company.

Bocobo, Jorge

1951 *Furrows and Arrows: Poetry and Verse*. Manila: Colcol and Company.

Bulosan, Carlos

1978ed. *The Philippines is in the Heart*. Quezon City: New Day Publishers.

1977ed. *America is in the Heart: A Personal History*. Seattle and London: University of Washington Press.

1960 "Sound of Falling Light: Letters in Exile," inedit ni D.S. Feria, *The Diliman Review*, January-September, VIII(1-3):185-277. .

Camagay, Ma. Luisa

1997 "Women Pensionados: Purveyors of Modernization Amongst Filipino Women," *Diliman Review*, 45(2-3):20-25.

1995 *Encarnacion Alzona: An Anthology*. Quezon City: Office of Research Coordination, University of the Philippines.

Constantino, Renato

1975 *The Philippines: A Past Revisited*. Quezon City: Tala Publishing Services.

Corpuz, Onofre D.

1967 "Education and Socio-Economic Change in the Philippines, 1870-1960's," *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, June XXXII(2):193-268.

Cruz, Romeo

1974 *America's Colonial Desk and The Philipines, 1898-1934*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Dery, Luis C.

1996 *The Army of the First Philippine Republic and Other Essays*. Manila: De La Salle University Press.

Evangelista, Susan

1985 *Carlos Bulosan and His Poetry: A Biography and Anthology*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Fernandez, Leandro H.

1919 *A Brief History of the Philippines*. Boston: Ginn and Company.

Hayden, Joseph Ralston

1972ed. *The Philippines: A Study in National Development*. New York: Arno Press.

Hilario, Vicente at Eliseo Quirino (mga pat.)

1927 *Thinking for Ourselves: A Collection of Representative Filipino Essays*. Manila: Oriental Commercial Company, Inc.

Kalaw, Maximo M.

1927 *Philippine Government Under the Jones Law*. Manila: Oriental Commercial Company, Inc.

1926 *The Development of Philippine Politics, 1872-1920*. Manila: Oriental Commercial Co., Inc.

Laya, Juan C.

1972ed. *His Native Soil*. Quezon City: Kayumanggi Publishers.

1954ed. *This Barangay*. Manila: Inang Wika Publishing.

Lumbera, Bienvenido at Cynthia N. Lumbera

1981 *Philippine Literature: A History and Anthology*. Manila: National Bookstore.

Lumbera, Cynthia at Teresita G. Maceda (mga pat.)

1983 *Rediscovery: Essays on Philippine Life and Culture*. Manila: National Bookstore

Manuel, E. Arsenio

1970 *Dictionary of Philippine Biography*. Volume II. Quezon City: Filipiniana Publications.

1955 *A Dictionary of Philippine Biography*. Volume I. Quezon City: Filipiniana Publications.

May, Glenn Anthony

1984 *Social Engineering in the Philippines: The Aims, Execution and Impact of American Colonial Policy, 1900-1913*. Quezon City: New Day Publishers.

Mojares, Resil

1982 *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Quirino, Carlos

1995 *Who's Who in Philippine History*. Manila: Tahanan Books.

Roseburg, Arturo G.

1956 *Essays: English, American and Filipino*. Manila: Alemar's.

San Juan, Epifanio Jr.

1996 *History and Form: Selected Essays*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

1983 *Toward a People's Literature: Essays in the Dialectics and Contradiction in Philippine Writing*. Quezon City: University of the Philippines Press.

1984 *Bulosan: An Introduction with Selections*. Manila: National Book Store.

1971 *Carlos Bulosan and the Imagination of the Class Struggle*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Santillan, Neil Martial at Mary Bernadette P. Conde (mga pat.)

1997 *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda ukol sa Diskursong Pangkasaysayan*. Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan.

Teodoro, Luis Jr.

1985 "Notes on The Power of the People: Towards Coming to Terms with Philippine Exile Literature," *Mithi*, 1:3-14.

GOBYERNONG EKSILO*

RICARDO T. JOSE

Noong panahon ng Hapon, sumailalim ang Pilipinas sa dalawang gobyerno: isang gobyernong *de facto* na suportado ng mga Hapon, at ang Komonwelt na gobyernong naging eksilo sa Amerika. Nang matapos ang digmaan, ang gobyernong Komonwelt—ang legal na gobyerno—ay nagbalik samantalang ang gobyernong suportado ng Hapon, na pinangungunahan ni Jose P. Laurel, ang naging eksilo naman sa bansang Hapon. Ang eksilong gobyerno ng Komonwelt ay nagpatuloy sa gitna ng digmaan samantalang napilitang maging eksilo ang Pangalawang Republika ng Pilipinas bago ito tuluyang maglaho.

Ang Eksilong Gobyernong Komonwelt

Sa pagsabog ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa, naghahanda na ang gobyernong Komonwelt para sa kalayaan na, sa ilalim ng *Tydings-Mc Duffie Act*, ay nakatakda para sa 1946. Ang pagsabog ng digmaan sa Europa at ang pananalasa ng mga Nazi ay ikinabigla ng maraming pamahalaang Europeo at, di nagtagal, karamihan sa mga ito ay napasailalim sa kapangyarihan ng mga Nazi. Upang maipagpatuloy ang pamahalaan at para na rin hindi mawalan ng pag-asa ang mga mamamayan ng Europa na sakop na ng Alemanya, lumikas ang mga pinuno ng ilang mga bansa upang magtayo ng mga eksilong gobyerno. Ang Pransya at Netherlands, halimbawa, ay nagkaroon ng mga gobyernong eksilo na nagsilbing

* Isinalin mula sa Ingles.

inspirasyon para sa patuloy na pakikibaka at naniguro sa pagbabalik ng legal at nagsasariling pamahalaan.

Ang Pilipinas ay unti-unting naapektuhan ng digmaan sa Europa sa usapin ng mga restriksyon sa kalakal at imigrasyon at, sa pagbabanta ng digmaan sa Pilipinas, nagsagawa na rin ng mga plano bilang paghahanda sa anumang pangyayari. Hindi napaghandaan ng mga planong ito ang posibilidad na ang Pilipinas mismo ay mapapasailalim ng kaaway kung kaya't hindi naisipan ang paglikas sa pamunuan at pagtatag ng pamahalaang eksilo.

Nang pumutok na nga ang digmaan sa Pasipiko noong ika-8 ng Disyembre 1941, nabigla ang pamahalaan ng Pilipinas sa bilis ng tagumpay ng mga Hapon at sa pilit na pag-atras ng mga pwersang Pilipino at Amerikano. Sa paglusob ng mga Hapon sa Maynila, naging malinaw ang kahinaan ng sentro ng pamahalaan kung kaya't binigyan ng *Philippine National Assembly* si Pangulong Manuel L. Quezon ng kapangyarihang ilipat ang sentro ng pamahalaan sa mas ligtas na lokasyon. Alinsunod sa payo ni MacArthur, inilipat ni Quezon ang pamahalaang Komonwelt mula sa Maynila patungong Corregidor. Sa ganitong kalagayan, ang gobyerno ay hindi pa eksilo sapagkat kontrolado pa nito ang ilang rehiyong hindi pa naagaw ng Hapon at sapagkat bahagi pa rin ng Pilipinas ang Corregidor. Ang paglipat na ito sa Corregidor ay unagaw sa pagkakataon ng mga Hapon para dakpin ang mga susing pinuno ng Komonwelt; nagbigay rin ito ng pokus para sa patuloy na pakikibaka. Upang maibsan ang paghihirap ng mga rehiyong sakop ng Hapon, pinayuhan ni Quezon ang ilang susing opisyal—kabilang dito ang kanyang kalihim na si Jorge B. Vargas, Jose P. Laurel, Sison, at iba pa—na magpaiwan at maki-pagtulungan sa Hapon hanggang sa muling pagbabalik ng lehitimong pamahalaang Pilipino sa Maynila. Maaari silang makipagtulungan nang hindi sumusumpang maging tapat sa Hapon.¹

Sa paglubha ng digmaan para sa mga Alyado, at sa patuloy na pagkakabukod ng *Malinta Tunnel*, inilipat ni Quezon ang pamahalaan sa Kabisayaan sa paghahangad na mapanatili ang kontrol sa mga rehiyon sa Timog Pilipinas na malaya pa sa Hapon. Subalit napipinto na ang dominasyon ng Hapon sa buong bansa salamat sa superyor na kapangyarihang militar nito. Hindi kagustuhan ni Quezon na lisanin ang Pilipinas ngunit nagdesisyon ang mga opisyal ng Washington, D.C. noon pang ika-31 ng Disyembre 1941, na “higit na kaaya-aya” kung pupunta si Quezon sa Amerika kung saan siya ang magsisilbing pinuno ng eksilong gobyerno ng Komonwelt at tatayong “sagisag ng pagtubos sa Pilipinas.” Dahil dito, maisasama ang Komonwelt sa ibang gobyerno sa Europa na naging eksilo at nagsisilbing sagisag ng malayang mundo ng mga Alyado laban sa pwersang Axis.²

Hindi agad pumayag si Quezon na lisanin ang Pilipinas nang iminungkahi ito ng pinuno ng *U.S. Army Forces in the Far East* (USAFFE) na si Heneral Douglas MacArthur. Subalit matapos konsultahin ang kanyang gabinete sa Corregidor, nagpasya si Quezon na handa siyang “gawin ang anumang inaakala ng gobyernong Amerikano na makakatulong sa matagumpay na pagpapatakbo ng digmaan.” Sa

kabila ng desisyong ito, nabagabag pa rin si Quezon sa maaaring maging epekto ng kanyang pag-alis sa mga mandirigmang Pilipino sa Bataan at iba pang mga lugar.³

Para sa mga Amerikano, si Quezon ay nanatiling simbolo ng pamahalaang Pilipino at mahalaga para sa pagpapatibay ng loob ng mga Pilipino sa pakikipaglaban sa mga Hapon. Subalit nakita rin ng mga Hapon ang kahalagahan ni Quezon kung kaya't hinahanap din nila ito. Ang sinumang makakuha kay Quezon ay magkakaroon ng makapangyarihang kasangkapan sa propaganda. Si Quezon naman, bagamat nanatiling maka-Amerikano, ay nakaisip ding magtungo sa mga Hapon upang maibsan ang paghihirap na dulot ng okupasyon. Nadismaya rin siya sa kawalan ng kongkretong tulong mula sa Estados Unidos (EU) para sa Pilipinas; sa katunayan, natatanto na ni Quezon na ang istrategiya ng EU ay ang talunin muna ang Alemanya kung kaya't marahil na ang Pilipinas ay wala nang maasahan pa. Sumama ang loob ni Quezon sa kakulangan ng suporta ng EU at, nang marinig niya sa istasyon ng radyong kontrolado ng Hapon ang pangako ni Punong Ministro Tojo na paggawad ng pagsasarili sa Pilipinas, nakumbinsi siya na ang digmaan sa Pasipiko ay isang digmaan sa pagitan lamang ng EU at Hapon, at walang kinalaman dito ang Pilipinas.⁴

Itinakas si Quezon sa Corregidor bago ito tuluyang mapaligiran ng Hapon. Kinailangang maging mabilis at patago, nilisan ni Quezon ang Corregidor noong gabi ng ika-20 ng Pebrero 1942, lulan ng submarinong Amerikano, ang *Swordfish*. Sa isang banda, ang gobyernong Komonwelt ay maaaring magpatuloy sa mga rehiyong malaya; sa kabilang banda naman, mas malayang makakikilos si Quezon sa labas ng basa at madilim na interyor ng Malinta Tunnel. Subalit nangangamba ang mga Amerikano sa katapatan ni Quezon: samantalang nasa Corregidor, iminungkahi ni Quezon na ideklara ang Pilipinas bilang bansang nyutral at nagsasarili upang sa gayo'y mapaalis na ang mga pwersang Amerikano at Hapon. Ito ay taktika lamang ni Quezon upang makakuha ng kagyat na tulong mula sa EU, subalit naisip din ni Quezon na magtungo sa mga Hapon upang personal na mamahala mula sa okupadong Maynila. Ang ganitong hakbang ni Quezon ay maaaring maiwasan kung bibigyan siya ng mas malaking kalayaan sa pagkilos at pamumuno sa mga rehiyong malaya. Dinala siya ng *Swordfish* sa Panay at mula roon ay nagtungo sa Bacolod, Negros. Dinala rin siya sa Kabisayaan kung saan sinikap niyang ipagpatuloy ang pamamahala sa mga lugar na hindi pa okupado.⁵

Sa paglapit ng mga pwersang Hapon sa Kabisayaan, lumaki ang posibilidad na si Quezon ay mahuli ng mga Hapon o di kaya'y boluntaryo itong lumipat sa kabilang panig. Dahil dito, iniutos ni MacArthur (na lumikas na sa Mindanao mula sa Corregidor) sa kumander ng *torpedo boat squadron* na hanapin si Quezon at dalhin ito sa Mindanao—sa ayaw nito't sa gusto. Determinado si MacArthur na hindi si Quezon mahulog sa kamay ng Hapon. Tinupad ng *PT boat skipper* ang utos at dinala si Quezon sa Del Monte, Mindanao.⁶

Mula sa Del Monte, si Quezon at ang kanyang mga kasama—ang kanyang pamilya, si Bise-Pangulong Sergio Osmeña, Andres Soriano, Maj. Hen. Basilio Valdes, Kol. Manuel Nieto at iba pa—ay isinakay sa isang *US Army bomber* patungong Australia. Ninais sana ni Quezon na manatili sa Australia sapagkat malapit ito sa Pilipinas, subalit hindi sapat ang mga gamit pang-komunikasyon at iba pang pangangailangan. Nakita ni Osmeña ang halaga ng paglipat sa EU kung saan ang gobyernong Komonwelt sa eksilyo ay magiging mas malapit sa mga matataas na opisyal na Amerikano at maaaring gumawa ng mas mabubuting plano para sa pagtulong sa Pilipinas at pati na rin sa rehabilitasyon nito matapos ang digmaan.⁷

Sa wakas, sumang-ayon dito si Quezon at isinakay silang lahat sa barkong *President Coolidge*, na noo'y ginagamit para sa transportasyon ng mga tropa. Pagkadaong sa San Francisco, isinakay sila sa isang espesyal na tren patungong Washington, DC. Sa kanilang pagbaba sa *Union Station*, sinalubong si Quezon ni Pangulong Franklin D. Roosevelt at ng iba pang matataas na opisyal ng kanyang pamahalaan. Tumigil muna sina Quezon ng ilang araw sa *White House* bago sila lumipat sa *Shoreham Hotel*.⁸

Pagsapit ng panahong ito, bumagsak ang Bataan at si Quezon ay nag-aapoy sa galit. Ang naramdaman niyang kabiguan sa pagiging malayo sa kanyang mga kababayan sa panahon ng pangangailangan ay bumagabag sa kanya nang walang-humpay; naging mainitin ang kanyang ulo at hindi siya maawat, napapamura ng Espanyol sa lahat. Partikular na sanhi ng kanyang sama ng loob ang patakarang “Germany-first” ng EU at ang nararamdaman niyang pag-abandona ng mga Amerikano sa Pilipinas. Sa liham, ibinukas niya kay MacArthur ang kanyang mga sama ng loob subalit, alang-alang sa diplomasya at sa kabuuang pagpapatakbong digmaan, sinunod niya ang payo ni MacArthur, at hindi siya nagbitiw ng salita.

Buhay Eksilo

Nagsilbing tirahan at opisina ni Quezon ang *Shoreham Hotel* sa Washington, D.C. Samantala, nagbase ang eksilong pamahalaan ng Komonwelt sa tanggapan ng *Philippine Resident Commissioner to Washington* sa 1616 Massachusetts Avenue. Ang mga empleyado ng *Resident Commissioner* ay isinama sa eksilong pamahalaan at lumikha si Quezon ng gabinete ng pandigma na binubuo ng mga taong kasama niya sa paglikas at ng mga Pilipinong nasa EU.

Ang gabinete ay binubuo nina Bise-Presidente Sergio Osmeña (na pilit isinasantabi ni Quezon); Maj. Gen. Basilio Valdes bilang kalihim ng Tanggulang Pambansa; Jaime Hernandez bilang Punong-Awditor; Andres Soriano, na bagamat Kastila ay nagpetisyon upang maging Pilipino, bilang Kalihim Pampinansya; Joaquin M. Elizalde, na nagpatuloy bilang *Resident Commissioner* sa EU; at Arturo B. Rotor bilang Ehekutibong Kalihim. Sina Osmeña, Valdes at Soriano ay kasama ni Quezon mula pa sa Corregidor samantalang naninirahan na sa Amerika sina

Elizalde, Hernandez at Rotor. Sa dami ng mga mestiso sa gabinete ni Quezon, nabahala ang ibang mga Pilipino at ilang mga Amerikano na maaaring may malakas na impluwensya dito ang Espanya, na noo'y pinamumunuan ng diktador na si Franco.⁹

Sa kabila ng kanyang gabinete, naniniwala pa rin si Quezon na siya ang sagisag ng Pilipinas. Minsan, habang maysakit, hindi makabangon at naiinggit sa kalusugan ni Osmeña, nasabi ni Quezon na: “Bakit siya ang pinagkalooban ng Diyos ng ganyang katawan samantalang ako nama'y naghihingalo para sa aking buhay? Ako si Manuel L. Quezon—Ako ang sambayanang Pilipino—Ako ang Pilipinas.” Subalit may karamdaman si Quezon at kinailangan siyang dalhin sa ospital at, labag sa kanyang kagustuhan, si Osmeña ay ilang beses na nagsilbing pangulo.¹⁰

Dahil sa paglubha ng kalagayan ni Quezon (unti-unti na siyang ginugupo ng tuberkulosis na pinalala ng basa at malamig na kundisyon sa *Malinta Tunnel*), ang mga tag-init ay pinalipas nila sa Saranac Lake, New York, malayo sa mainit at maalinsangang Washington, DC. Samantalang napapalibutan si Quezon ng kanyang pamilya at katulong, ang ibang mga miyembro ng pamahalaang eksilo ay nagpatuloy sa kanilang mga gawain sa Washington, DC.

Mga Gawain ng Gobyernong Eksilo¹¹

Ang eksilong pamahalaang Komonwelt ay may limang pangunahing layunin. Una ay ang pagpapataas sa moral ng mga Pilipino at ang patuloy na pagpapaalala sa kanila na hindi sila inabandona ng EU at ni Quezon. Sa pamamagitan ng pagpapataas ng moral at pananatiling buhay sa pag-asang magbabalik ang mga Amerikano at ang pamahalaang Komonwelt, mabibigo ang mga ambisyon ng Hapon.

Isa sa mga partikular na ikinabahala ni Quezon ay ang kampanyang pampropaganda ng mga Hapon na maaaring makahikayat ng mga Pilipino sa kanilang panig. Dahil dito, nag-rekord siya at nagpasahimpapawid ng ilang talumpati para sa mga Pilipino na nangangako ng napipintong paglaya at nananawagan sa mga ito na huwag mawalan ng pag-asa at makuha sa propaganda ng Hapon. Noong 1943, nagsalita si Quezon sa pamamagitan ng *short-wave radio* upang pataasin ang moral ng kanyang mga kababayan at manawagan ng paglaban sa Hapon “upang matalo sila sa sarili nilang laro.” Higit sa lahat, nanawagan siya sa mga tao na maging tapat: “Dapat kayong manatiling tapat sa Amerika, na nanatiling tapat sa lahat ng bansa at lalo na sa atin.”

Ang ikalawang tungkulin ng gobyernong eksilo ay ang mapabilis ang pagsasarili ng Pilipinas. Bagamat itinakda na ito ng *Tydings-McDuffie Act* para sa 1946, nangamba si Quezon na maaari itong mabinbin dahil sa digmaan kung kaya't ipinursigi niya ang paggawad dito sa takdang panahon o di kaya'y mas maaga pa. Isa pa ay ang paggamit ng Hapon sa pagsasarili bilang pain sa kanilang propaganda upang makuha ang mga Pilipino sa kanilang panig; sa katunayan, nagtangka ang mga Hapon na maisahan ang mga Amerikano sa pamamagitan ng paggawad

dito noong 1943, sa pagkakatatag ng Ikalawang Republika sa ilalim ni Jose P. Laurel. Nabagabag dito, hinikayat ni Quezon ang kanyang mga kaibigang Amerikano na gawin ang kanilang makakaya upang mapaaga ang pagsasarili ng Pilipinas.

Bagamat hindi sang-ayon ang mga Amerikano sa pagpapaaga sa petsa ng pagsasarili ng Pilipinas, handá silang kilalanin ang gobyernong eksilo bilang isang nagsasariling pamahalaan. Si Quezon o ang sinumang hirangin niyang kinatawan ay inanyayahang dumalo sa unang mga organisasyonal na pagpupulong ng *United Nations*, at ang pamahalaan ng Pilipinas—kasama ang iba pang mga nagsasariling Estado—ay lumagda sa Deklarasyon ng *United Nations* noong 1942. Inanyayahan din si Quezon sa mga pagpupulong ng *Pacific War Council* at sa mga kumperensya para sa pagtatatag ng iba't ibang organisasyong internasyonal tulad ng *International Monetary Fund* at ng *Commission on Food and Agriculture*. Sa pamamagitan ng mga paanyayang ito, hinangad ng EU na ipakita na itinatrato nito ang pamahalaang Komonwelt bilang isang pamahalaang malaya't nagsasarili.¹²

Ang ikatlong tungkulin ng gobyernong eksilo ay ang pagsisikap na baguhin ang taktika ng Alyado upang maituon ang pansin nito mula sa Alemanya tungo sa Pasipiko at sa Pilipinas. Naglunsad ng isang malawakang kampanyang pampubliko na naglalayong ilarawan ang papel ng mga Pilipino sa digmaan, patingkarin ang mga paghihirap at kabayanihan ng mga Pilipino't Amerikanong kawal sa Bataan at Corregidor, at pabilisin ang pagbabalik ng mga Amerikano sa Pilipinas. Kabilang sa kampanyang ito ang paglalabas ng mga magasin at poster at ang pagpapadala ng ilang kilalang Pilipino, tulad ni Carlos P. Romulo, sa iba't ibang dako ng EU para magsalita. Ang pangunahing magasin na inilimbag ng gobyernong eksilo ay ang *Philippines* na pinamatnugutan ng kilalang manunulat na si Bienvenido N. Santos, na inabutan ng digmaan sa EU. Ang isang Pilipinong pintor na gumagawa ng paskil para sa mga sine sa Hollywood ay gumawa ng isang dramatikong poster na nagbibigay-diin sa palabang diwa ng Pilipino. Ang gawain ng pagpapakilala ng Pilipinas sa mga Amerikano at pagbubuhay ng interes dito ay nilahukan din ng iba pang mga Pilipino, maaaring mga pensionado na inabutan ng digmaan sa EU o mga migrante. Si Bienvenido N. Santos ay tumulong sa *US Office of Strategic Services* (OSS) sa pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa Pilipinas; si Jose Garcia Villa ay tumulong sa gobyernong eksilong Komonwelt sa mga programang pampubliko nito. Ang isa pang magasin, ang *Bataan*, na inilimbag sa Washington DC, ay pinamatnugutan ni Diosdado Yap, na tinulungan naman ng manunulat na si Carlos Bulosan. Si Osmeña rin ay naglunsad ng mga pagtatalumpati sa iba't ibang dako ng EU, kung saan pinakinggan siya ng mga Amerikano't Pilipino. Sa kanyang pagdating sa Washington, DC hinarap naman ni Quezon ang Kongreso ng EU. Nagsulat din siya para sa ilang mga magasin sa EU (kabilang dito ang *United Nations Review* at ang *New York Times Magazine*).¹³

Patuloy rin ang komunikasyon sa pagitan nina Quezon at MacArthur upang malaman ang kalagayang militar at upang makatulong sa pagpapalakas sa kilusang gerilya.

Ang ikaapat na layunin ng gobyernong Komonwelt ay ang pagpapalano para sa muling pagbangon at rehabilitasyon matapos ang digmaan. Sinikap ni Quezon na ipaamin sa mga Amerikano ang responsibilidad para sa pagbabangon at rehabilitasyon ng Pilipinas matapos ang digmaan, na siya namang tahimik na tinanggap ng mga Amerikano. Ang Pilipinas nga naman ay nakapailalim sa watawat ng Amerikano at ang EU ay sumumpang ipagtanggol ito; nabigo sila dito kung kaya't ang susunod nilang tungkulin ay iwasto ang pagkasirang dulot ng digmaan. Ang *US War-Damage Corporation*, na nilikha noong 1942, ay binigyan ng kapangyarihang magbayad sa kapinsalaan ng Pilipinas. Napagkasunduan nina Quezon at Roosevelt na magkasamang pag-aralan ang problema tungkol sa rehabilitasyon at, noong ika-13 ng Agosto 1943, sa anibersaryo ng pagpasok ng Amerikano sa Maynila noong 1898, nangako si Roosevelt na tumulong sa “lubos na pagsasaayos” sa lahat ng pagkasira at pagkasalantang dulot ng digmaan. Nakipagkita si Quezon sa mga Amerikanong opisyal upang magplano. Noong Setyembre 1943, nilikha ni Quezon ang *Post-War Planning Board*. Tumugon naman ang Senado ng EU sa pamamagitan ng paglikha ng *Filipino Rehabilitation Commission*, na binubuo ng magkasindaming Pilipino at Amerikano. Ang gobyernong eksilo ay lumikha rin ng ilang komite upang pag-aralan ang pagtulong sa Pilipinas, pagkasalantang dulot ng digmaan, at ang rehabilitasyon ng ekonomiya; subalit noong 1943 at maagang 1944, walang nakaisip sa lawak ng pagkasalanta na magaganap sa huling mga araw ng paghahari ng Hapon. Sa pagdating ng araw ng pagtutupad ng pangako, parehong patay na sina Quezon at Roosevelt, at ang mga pangako ng mga Amerikano ay hindi tinupad nang lubusan.¹⁴

Isa pang layunin ng eksilong pamahalaang Komonwelt — na ipinangarap ni Quezon — ay ang pagtatatag sa isang kumpederasyong Malay at ang dekolonisasyon ng Timog-Silangang Asya. Naisip pa nga ni Quezon na ang *Atlantic Charter* — na gumagarantya ng batayang karapatang pantao — ay maaring ilapat sa Timog-Silangang Asya. Sa kanyang pagtingin, ang halimbawa ng Pilipinas — ang pagsasarili sa 1946 — ay maaaring magsilbing halimbawa para sa buong mundo. Subalit sa paglaon, natanto ni Quezon na bagamat maaaring si Roosevelt ay personal na sumusuporta sa dekolonisasyon, si Winston Churchill ng Gran Bretanya, at iba pang kapangyarihang imperyal, ay hindi sang-ayon sa pagbibitiw sa kanilang mga kolonya.¹⁵

Sa mas personal na usapin, nangamba si Quezon sa pagbagsak ng kanyang popularidad lalo na't wala siya sa gitna ng mga kaganapan sa Pilipinas. Ang kanyang pagsasahimpapawid ng mga talumpati sa radyo ay magpapaalala sa mga Pilipino sa kanilang pangulo samantalang nagsulat siya ng ilang mensahe na inilathala sa mga magasin na ipinuslit ng mga Amerikanong submarino sa mga gerilya. Subalit

kinailangan pa rin niyang malaman kung ano na ang kalagayan ng mga dati niyang opisyal sa ilalim ng mga Hapon, at kung tapat pa rin ang mga ito sa kanya. Tungo rito, nagpadala siya ng sarili niyang ahente, si Lt. Col. Emigdio Cruz, sa Pilipinas sakay ng isang submarino. Bagamat hindi lubos na sanay sa gawain ng pagmamamman at pagtatago ng sarili niyang katauhan — para sa karamihan ng mga gerilya, ang misyon ni Cruz ay maaari lamang humantong sa kapahamakan; na maagang mabubunyag ang kanyang misyon at pagkatao — si Cruz ay determinado at matagumpay niyang narating ang Maynila noong Oktubre 1943. Sa kabila ng lahat, nagtagumpay si Cruz sa kanyang misyon at nakapag-ulat siya kay Quezon na 95 porsyento ng populasyong Pilipino ay nananatiling tapat sa EU at kay Quezon.¹⁶

Upang maipagpatuloy ang makinis na pagdaloy mula sa pamahalaang Komonwelt bago ang digmaan, inilathala ng pamahalaang eksilo ang Amerikanong edisyon ng *Official Gazette* noong 1945, at naglabas ng mga kautusan at proklamasyong ehekutibo na mananatiling may-bisa maging sa pagwawakas ng okupasyon ng Hapon.

Krisis ng Saligang-Batas¹⁷

Bagamat nanatiling tapat ang mga Pilipino kay Quezon, nagkaroon ng krisis sa Saligang-Batas noong 1943. Ayon sa Saligang-Batas ng Pilipinas, ang panunungkulan ni Quezon bilang pangulo ay magwawakas sa ika-15 ng Nobyembre 1943. Sapagkat hindi makapaglunsad ng halalan, si Osmeña ay awtomatikong hahalili kay Quezon sa pagkapangulo. Subalit walang balak si Quezon na bumaba sa kritikal na yugtong ito, kung kailan nasa kamay ng mananalakay ang Pilipinas. Isa sa mga ipinasiyasat niya kay Lt. Col. Cruz ay ang pagtingin ng mga pangunahing pulitiko sa Maynila hinggil sa pagpapahaba sa kanyang panunungkulan; dito ay wala namang tumutol. Upang maging lehitimo ang pagpapahaba sa kanyang panunungkulan, sinulatan ni Quezon si Roosevelt upang ilahad ang kanyang pusisyon at ang pangangailangan para sa makinis na pagpapatuloy ng liderato. Sinulatan din niya si Osmeña para ipaliwanag ang kanyang panig.

Subalit maraming opisyal na Amerikano ang nagpumilit na sundin ang limitasyon ng walong taong panunungkulan. Naniwala rin si Osmeña na ang Saligang-Batas ang dapat masunod at tumanggi siyang sumang-ayon sa kagustuhan ni Quezon. Matapos ang maraming pagpupulong, nagpasya si Osmeña na pagbigyan ang kahilingan ni Quezon na ipagpatuloy ang *status quo* hangga't hindi pa lubos na maipapatupad ang mga prosesong konstitusyonal. Sumulat sina Quezon at Osmeña sa Kongreso ng EU upang maisaayos ang desisyon. Matapos ang mainit na diskusyon, inaprubahan ng Kongreso ng EU ang pagpapahaba sa panunungkulan ni Quezon bilang presidente sa itatakbong digmaan. Noong ika-15 ng Nobyembre 1943, nanumpa si Quezon bilang pangulo sa pinahabang panunungkulan.

Subalit hindi ni Quezon nakita ang pagwawakas ng digmaan: noong unang araw ng Agosto 1944, namatay siya sa Saranac Lake katatapos lamang niyang matanggap ang balita ng pinakahuling pagkilos nina MacArthur papalapit sa Pilipinas. Dahil dito, si Osmeña ang naging pangulo at siyang sasama kay MacArthur sa matagumpay nitong pagbabalik sa Pilipinas.¹⁸

Sa pagkamatay ni Quezon, isinaayos ni Osmeña ang gabinete ng gobyernong eksilo. Pinanatili niya sina Hernandez, Valdez at Rotor at idinagdag sina Manuel Nieto bilang Kalihim ng Agrikultura; Ismael Mathay, Sr. bilang Komisyoner ng Badyet at Pananalapi; Col. Mariano A. Erana bilang *Judge Advocate General* ng Hukbong Sandatahan at *Officer-in-Charge* sa *Department of Justice, Labor, and Welfare*; at si Carlos P. Romulo bilang Kalihim ng Impormasyon at Pamublikong Relasyon. Inilunsad niya ang unang pagpupulong ng kanyang gabinete noong ika-10 ng Agosto, samantalang mabilis nang umaabante ang mga Amerikano patungong Pilipinas. Wala pang dalawang buwan ang lilipas, ang pamahalaang eksilo ay makababalik na sa Pilipinas, at muling itatatag bilang opisyal na pamahalaan ng Pilipinas.¹⁹

Pagtanggap sa Pamahalaang Eksilo ng Okupadong Pilipinas

Parang mabilis na naglaho ang alaala ng mga tao sa pamahalaang Komonwelt at kay Quezon dulot ng distansya nito at ng katotohanan ng okupasyon ng Hapon, kung kailan naging pangunahin para sa lahat ang makaraos lamang dito nang buhay. Ang pinangangambahan ni Quezon na siya ay makalimutan na lamang — di malayo sa kalagayan ni Heneral Ricarte — ay tunay na maaaring mangyari. Subalit marami sa mga kilusang gerilya ang nagpanatiling buhay sa pamahalaang Komonwelt sa mga malalayang lugar, yaong mga rehiyong hindi pa okupado ng Hapon. Nagtatag ng malayang pamahalaang sibil sa karamihan ng mga pulo sa Kabisayaan at sa Minadanao, at ang mga ito ay nanatiling tapat sa Saligang-Batas ng 1935 at sa mga nahalal na opisyal lalo na kay Quezon. Ang mga salaping inilabas para sa mga pangangailangan ng mga gerilya ay kinailangan munang magdaan kay Quezon at, matapos nito'y, ipinalaganap nang may halagang katumbas ng piso bago ang digmaan. Ang larawan ni Quezon ay lumilitaw sa marami sa mga salaping ito, at maraming nagsasabi na awtorisado ito ng pamahalaang Komonwelt. Ang mga polyeto at pahayagang pampropaganda ay naglabas din ng mga larawan ni Quezon at madalas sipiin ang kanyang mga talumpati sa radyo.

Maging ang mga opisyal ng pamahalaang suportado ng Hapon ay nagpatuloy na tumingala kay Quezon at kinilalang siya pa rin ang lehitimong pinuno bagamat, samantalang nasa kapangyarihan ang Hapon, kinakailangan ng isang pamahalaang *de facto*. Bagamat binalewala ng mga pahayagang kontrolado ng Hapon ang pagkamatay ni Quezon at pinagbintangan siyang isang duwag, si Pangulong Laurel mismo ay naglunsad ng espesyal na misa sa Malacañang bilang pagpaparantal

kay Quezon. Naglabas ang mga pahayagang gerilya ng natatanging na nagluluksa sa pagkamatay ni Quezon subalit optimistiko sa hinaharap at kay Osmeña bilang pangulo.²⁰

Ang Ikalawang Republika sa Eksilyo

Pinasinayaan ng Hapon ang Republika ng Pilipinas ng 1943 noong ika-14 ng Oktubre 1943. Sinikap ni Pangulong Jose P. Laurel na manindigan sa harap ng Hapon at gawing makatotohanan ang kalayaan bagamat nalilimitahan ng digmaan at pangongontrol ng Hapon sa mga susing aspeto ng ekonomiya. Maraming Pilipino—kabilang ang mga gerilya—ang kumilala sa mga suliraning kinakaharap ng pamahalaang Laurel subalit, sa kabuuan, walang kibo ang mga ito at naniniwalang huwad ang pagsasarili hangga't naroroon ang mga Hapon.

Naghintay na lamang ang mga Pilipino sa pagbabalik ng mga Amerikano at sa pagpapalayas ng mga Hapon. Noong ika-21 ng Setyembre 1944, nilusob ng mga eroplanong Amerikano ang Maynila sa unang pagkakataon mula noong 1942. Binigyan ng mga Hapon si Laurel ng borador na nagpapahayag ng batas militar at nagbibigay-diin sa pakikidigma ng Pilipinas sa EU—bagay na ipinipilit ng Hapon subalit iniwasan ni Laurel—na hindi na maaaring ipagpaliban pa. Hindi makatanggi, nagpahayag si Laurel ng batas militar at, matapos makipagpulong sa kanyang gabinete, nagpasyang magpahayag ng pakikidigma laban sa EU at sa mga kaalyado nito.

Sa simula ng pambobomba ng mga Amerikano, nawalan ng kapangyarihan ang Republika. Marami sa mga opisyal at tauhan ng Konstabularyo ay umalis sa kanilang mga pwesto dala-dala ang kanilang mga armas; ang iba namang mga empleyado ng pamahalaan ay hindi na pumasok at sa halip ay lumikas tungo sa mas ligtas na pook. Nagsimulang gumuho ang kapangyarihan ng pamahalaan. Sa Maynila, dalawang pulis ang itinalaga para diumano'y protektahan ang bawat ministro ng gabinete. Sa katotohanan, ang pamahalaang Laurel ay nagmistulang bihag.

Sapagkat mahirap pasunurin ang administrasyong Laurel, naghanap ang mga Hapon ng mas matutulunging mga Pilipino at nagmobilisa ng isang maka-Hapong armadong organisasyon, ang Kalipunang Makabayan ng mga Pilipino o Makapili. Ang direktang pangongontrol ng Hapon ay lalong nagpahina sa kapangyarihan ng pamahalaang Laurel. Noong Disyembre 1944, pinilit ng mga kawal na Hapon si Laurel at ang kanyang gabinete na lumikas patungong Baguio kasama ang mga umaatras na pwersang Hapones.

Iniwang si Laurel ang Malacañang patungong Baguio noong ika-21 ng Disyembre 1944. Wala nang nagawa rito si Laurel subalit pinilit niyang manatili sa Pilipinas. Gumawa siya ng liham para kay Hen. Yamashita na nagpapaliwanag sa paninindigan niyang ito at sa kanyang determinasyon na manatili sa Pilipinas kung sakaling pilitin siyang lisanin ito. Ang liham na ito ay hindi naipadala.

Naiwan sa Maynila ang pinakapayak na pamahalaan upang gampanan ang anumang makakaya nito subalit ang mga tanggapan nito'y unti-unting inangkin ng mga Hapon. Ang mga pangunahing gusali ng pamahalaan ay inokupa ng mga Hapon, at ang mga natitirang opisyal ng administrasyong panglunsod ay napilitang magtatag ng pansamantalang tanggapan sa mga maliliit na gusali sa hilaga at timog ng Ilog Pasig. Nagpatuloy rin ang mga lokal na pamahalaan sa harap ng tumitinding panggigipit ng Hapon hanggang sa mapaattras ang mga ito sa pagdating ng mga gerilya o Amerikano o, di kaya'y, hanggang sa ang mga ito ay gumanti at parusahan ang mga mamamayan bago makarating ang mga Amerikano o gerilya.

Noong Araw ni Rizal, 1944, sa Baguio, nagbigay si Laurel ng isang talumpati na nananawagan pa rin sa mga mamamayan na maging tapat sa Republika. Nagpupulong pa rin si Laurel at ang kanyang gabinete para talakayin ang mga pangyayaring lokal, ang kalagayan sa pagkain at iba pa, subalit maliban dito'y wala na silang magawa. Silang lahat ay nagpasyang manatili sa Pilipinas hanggang sa wakas. Samantala, malaking bahagi ng Baguio ang nawasak sa pambobomba ng Amerikano. Inokupa ng mga Hapon ang maraming pribadong tahanan at walang nagawa si Laurel para matigil ito. Subalit nang pagbobombahin ng mga Amerikano ang syudad ay nakaalis na ang mga Hapon.

Sa kabila ng kanyang pagnanais na manatili sa Pilipinas, pinilit si Laurel ng mga Hapones na magtungo sa Hapon. Idiniin ng kautusan mula sa Tokyo na si Laurel at ang kanyang gabinete ay magtungo sa Hapon at tumayong pamahalaang eksilo tulad ng Komonwelt. Pinangarap ng Hapon na ito ay magsisilbing tanda na buháy at nagpapatuloy pa rin ang pamahalaang Pilipino na kanilang itinatag; magsisilbi rin itong kasangkapan sa propaganda para ipakita sa buong mundo na nanalakay ang mga Amerikano ng isang nagsasariling bansa. Ang paglipat kina Laurel sa Hapon ay upang maiwasan din ang epekto ng propagandang Amerikano kung sakaling madakip ng mga ito ang mga pinuno ng pamahalaang binasbasan ng Hapon. Halos lahat ng mga Pilipino ay walang alam sa sapilitang paglipat kay Laurel sa Baguio, at hindi rin ipinamalita ang muling paglilipat nito sa Hapon. Pagsapit ng panahong ito, karamihan sa mga Pilipino—na matabang ang pagtingin sa pamahalaang ito—ay wala nang pakialam sapagkat dumating na ang mga Amerikano sa Pilipinas at muling naitatag ang pamahalaang Komonwelt sa Tacloban at, matapos ang maikling panahon (samantalang nasa Baguio pa ang gabinete ni Laurel), sa Maynila. Walang natirang taga-suporta ang pamahalaang Laurel maliban sa mga Hapon na nagnais na itaguyod ito hanggang sa wakas.

Nag-alok si Laurel na mag-isa na lamang siyang dalhin sa Hapon subalit pinilit ng mga Hapon na isama ang buong gabinete. Sa wakas, nagkasundo ang lahat na ilan lamang sa gabinete ang aalis partikular ang mga walang pamilya sa Baguio; kapalit nito'y nangako ang mga Hapon na hindi papatay ng mga Pilipino. Si Laurel, ang kanyang pamilya, ang ilang ministro ng kanyang gabinete na nagboluntaryong sumama (sina Benigno S. Aquino, Sr., ang Tagapagsalita ng Pambansang Kapulungan; Camilo Osias, Ministro ng Edukasyon; at Hen. Mateo Capinpin), ay

umalis ng Baguio para sa Tuguegarao noong ika-22 ng Marso 1945. Matapos ang isang linggong mapanganib na paglalakbay, narating nila ang Tuguegarao kung saan naghintay sila ng eroplanong Hapon para sunduin sila. Sa pagdating ng eroplanong Hapon, dinala sila sa Taiwan noong ika-30 ng Marso 1945.

Pagsapit ng panahong ito, muling naitatag ang pamahalaang Komonwelt sa Maynila. Ang pangalawang Republika ay nagpatuloy na lamang sa papel subalit nanatili ang Hapon sa pagpapanggap na isa itong nagsasariling pamahalaan sa eksilyo. Nanirahan sina Laurel sa Taihoku, Taipei kung saan tiniis nila ang mahirap na kalagayan—ang kakulangan sa pagkain at ang malamig na pakikitungo ng mga lokal na opisyal na Hapon na walang pagkilala sa kanilang katayuan bilang pamahalaang eksilo. Para sa sarili nilang kapakanan, nag-organisa si Laurel ng mga ehersiyong pangkalusugan, intelektwal, at spiritwal upang manatili silang malusog sa isip, kaluluwa, at katawan. Ipinilit din ni Laurel ang araw-araw na pagkanta ng Pambansang Awit at pagdasal ng Ama Namin.

Ang mga araw ay naging linggo at ang mga linggo ay naging buwan at wala pa ring eroplanong Hapon na makarating sa Taiwan dahil sa nagaganap na digmaan sa Okinawa. Sa wakas, sa mga unang araw ng Hunyo, sina Laurel ay isinakay ng eroplano patungong Shanghai, Tsina, at mula roo'y dinala sa Fukuoka sa Timog Hapon. Mula sa Fukuoka, isinakay sila sa tren patungo sa lumang punong-lungsod ng Nara kung saan sila'y nanatili ng tatlong linggo. Mas mainam ang buhay sa Nara kung ihahambing sa Taiwan, sapagkat mas malayo sa digmaan. Mas masarap ang pagkain at mayroong ilang opisyal mula sa tanggapan ng relasyong panlabas para asikasuhin sila. Subalit, ang ilan sa mga mas nakabababang opisyal na Hapon ay mababa ang pagtingin kina Laurel, at paminsa'y antipatiko at bastos. Hinampas ni Laurel ng payong ang isa rito bilang pagganti sa ganitong pagtrato, at mula noo'y naging mas magalang na ang mga ito. Sa simula, nagkaroon sila ng suliranin sa panustos sapagkat ang tangi nilang dalang salapi ay pisong "*Mickey Mouse*" mula sa Pilipinas. Pinalitan ang mga ito ng mga awtoridad na Hapon sa yen.

Mula sa Nara, inilipat sila sa Tokyo noong ika-27 ng Hunyo 1945, kung saan tinanggap sila ng alinsunod sa mga patakarang diplomatiko; subalit sa panahong ito'y naglaho na halos ang buong imperyong Pasipiko at araw-araw nang nakararanas ng pambobomba. Ang *Imperial Hotel* kung saan nakahimpil sina Laurel ay mistulang anino na lamang ng dati nitong anyo bago ang digmaan; nasunog ang isang bahagi ng gusali, basag ang mga bombilya at hindi na mapalitan, at halos wala nang maitatawag na serbisyo. Nakipagkita si Laurel sa Ministro ng Digmaan at siya ay inanyayahang magbigay ng talumpati hinggil sa kalagayan ng Pilipinas. Subalit higit pa sa diplomatikong pakikiharap, mas mahalaga kay Laurel ang kaligtasan ng may animnapung Pilipino Hapon noong panahong iyon. Sapagkat hindi na ligtas ang Tokyo, nagbalik sina Laurel sa Nara matapos ang tatlong araw.

Walang administratibong tungkuling ginampanan ang pamahalaang Laurel habang ito ay nasa Hapon. Hindi si Laurel bumuo ng gabinete ng pandigma, at hindi rin siya naglabas ng mga kautusang ehekutibo. Ang kanyang gobyerno ay

isang gobyerno sa pangalan lamang at hindi gumampan ng tunay na papel. Sa katunayan, wala itong anumang komunikasyon sa Pilipinas sapagkat halos lahat ng pasilidad ay pinutol at ang ilang natitira ay nasa kamay ng militar na Hapon.

Matapos ang pagpapabagsak ng bomba atomika sa Hiroshima at Nagasaki, at ang pagpasok ng Rusya sa digmaan laban sa Hapon, nagpasya ang emperador ng Hapon na si Hirohito na sumuko sa Alyado noong ika-15 ng Agosto 1945. Sapagkat tanging ang Hapon ang kapangyarihang kumikilala sa republikang Laurel (matagal nang sumuko ang Alemanya at Italya samantalang ang mga ibang bansa'y hindi kumikilala sa Republika), napapanahon na ang pagwawakas sa eksilo ng pamahalaang Laurel. Nagtungo si Jorge Vargas, ang embahador ng Pilipinas sa Tokyo, sa Nara para konsultahin si Laurel; iminungkahi niya kay Laurel na ipahayag ang paglusaw sa Republika. Nag-alinlangan dito si Laurel. Sa muling panggigiit ni Vargas na maglabas ng pahayag, napasang-ayon din si Laurel. Sa pagdiriwang at selebrasyon ng pagwawakas ng digmaan, nasapawan ang pahayag ng ibang mga balita sa mga dyaryo at halos walang nakapansin sa pagyao ng Republikang Laurel.

Sinimulan ng mga Amerikano ang kanilang okupasyon sa Hapon. Si Laurel at lahat ng miyembro ng kanyang pamahalaan sa Hapon ay hinuli at ikinulong bilang mga kolaborador ng Hapon. Nanatili sila sa *Sugamo Prison* hanggang sa huling banda ng Hulyo 1946 kung kailan sila'y pinauwi at ipinasa sa korteng Pilipino para malitis sa pagkakasalang kataksilan.

Sa mga paglilitis, iginiit ng pamahalaan ng okupasyong-Hapon na hindi sila nagtaksil sa Pilipinas sapagkat minabuti nilang manungkulan sa pamahalaan sa ilalim ng Hapon para maibsan ang pagpapahirap sa mga Pilipino. Ang mga Amerikano nga naman ang nabigo sa tungkulin nilang ipagtanggol ang Pilipinas; sa pagkabigong iyon, nagsasarili na lamang ang mga Pilipino at kinailangan nilang ipagtanggol ang kanilang sarili sa abot ng kanilang makakaya. Sa wakas, binigyan sila ng amnestiya ni Pangulong Manuel Roxas noong 1948. Halos wala nang labi ang republika ng panahon ng digmaan, maging sa mga aklat ng kasaysayan. Mas kaunti pa rito ang nalalaman hinggil sa maikling eksilyo ng republikang Laurel sa Hapon.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, samakatwid, ang Pilipinas ay nagkaroon ng dalawang gobyerno sa eksilyo na parehong nilagay sa eksilyo ng mga kapangyarihang lumikha sa kanila; subalit ang isa ay kinilala ng EU at iniharap sa mga internasyonal na organisasyon. Ang pamahalaang Komonwelt sa eksilyo ay nagsilbi bilang isang tunay na pamahalaan; naghahangad ng mas malaking pansin mula sa mga Amerikano para sa Pilipinas, nagsisikap pabilisin o kahit man lamang tiyakin ang pagsasarili ng Pilipinas, at nagsisikap itaas ang moral ng mga Pilipino na nagdurusa sa ilalim ng okupasyon ng kaaway. Ang pamahalaang ito ang nagpatuloy sa daloy ng pamahalaan bago ang digmaan at matapos ang digmaan kung kaya't hindi ito nagsagawa ng malaking pagbabagong panlipunan, pampolitika, o pang-ekonomiya, subalit naging instrumental ito sa pagpapalano

para sa mga patakaran matapos ang digmaan. Ang pangalawang gobyernong eksilo, ang pamahalaang Laurel, ay mas maitutulad sa pamahalaang anino sa kulungan kaysa sa isang tunay na pamahalaan. Kaunti lamang ang nakaalala dito at, maliban sa Hapon, walang kumilala rito. Sapagkat inilabas ito sa Pilipinas ng labag sa kagustuhan nito, hindi ito nagsilbi bilang isang tunay na pamahalaan at nagpatuloy lamang ng ilusyong patuloy pa rin ang Republikang binasbasan ng Hapon. Sa pagwawakas ng digmaan, nabaon ito sa limot.

Subalit ang dalawang gobyernong eksilo ay hindi gaanong naaalala ng karamihan sa mga Pilipino dahil sa mas kagyat na mga katotohanan ng okupasyong Hapon at ng digmaan. Sa katunayan, para sa karamihan ng mga Pilipino, hindi makabuluhan ang pagkakaroon ng gobyernong eksilo, bagamat ang pamahalaang Komonwelt, sapagkat nanatili itong buo at malayo sa kontrol ng Hapon, ay agad na nakagampan sa mga tungkulin nito matapos ang digmaan.

MGA TALA

1. Tingnan, halimbawa, ang Teodoro A. Agoncillo, *The Fateful Years: Japan's Adventure in the Philippines, 1941-1945* (Quezon City: R.P. Garcia, 1965 p.299-303); at Theodore Friend, *Between Two Empires* (Manila: Solidaridad, 1969, p.211-212).
2. Agoncillo, Vol. II, p.778.
3. Agoncillo, Vol. II, p.779.
4. Agoncillo, p.255-276; at William Breuer, *Devil Boats: The PT War Against Japan* (Novato: Presidio Press, 1987, p.50).
5. Manuel L. Quezon, *The Good Fight* (New York: D. Appleton-Century, 1946, p.279-300).
6. Breuer, p.51-56.
7. Agoncillo, p.276, 780.
8. Agoncillo, p.781.
9. Agoncillo, p.782; David Bernstein, *The Philippine Story* (New York: Farrar, Straus and Company, 1947, p.182-186). Tungkol sa ugnayan ni Quezon kay

Osmeña, tingnan ang James K. Eyre, Jr., *The Roosevelt-MacArthur Conflict* (Chambersburg: Craft Press, 1950, p.128-133). Ang gabinete ay pinalawak pagkaraan ng panahon. Tingnan ang Vicente Albano Pacis, *President Sergio Osmeña: A Fully-Documented Biography* (Quezon City: Philippine Constitution Association and others, 1971, p.152-153) tungkol sa iba pang mga opisyal at mga kawani.

10. Eyre, p.131; Pacis, p.164 *et seq.*
11. Ang bahaging ito ay batay kay Bernstein, 186-191; Agoncillo, 786-791; *Official Gazette*, 41:1 (April 1945), p.3-4. Ayon sa *Official Gazette* ang mga tungkulin ng pamahalaang eksilo ay upang: 1)panatiliin ang interes ng mga Amerikano sa pagpalaya sa Pilipinas bilang banal na tungkulin na binalikat ng Estados Unidos; 2) pabilisin ang paghanda ng mga kailangan ng tao, materyales at plano sa muling pagkuha ng Pilipinas; 3) pabilisin ang pagkamit ng ating kalayaan; 4) makakuha ng sapat na mga garantiya tungo sa permanenteng kalayaan ng ating pulitika; 5) magtrabaho para sa ating pang-ekonomiyang rehabilitasyon at katatagan bilang materyal na pundasyon ng ating kalayaan.
12. Tungkol dito, tingnan din ang Milton Walter Meyer, *A Diplomatic History of the Philippine Republic* (Honolulu: University of Hawaii Press, 1965, p.24).
13. Pacis, p.157-162; Bienvenido Santos, *Memory's Fictions: A Personal History* (Quezon City: New Day, 1993, p.90 *et seq.*). Tungkol sa papel ni Romulo: Carlos P. Romulo, *I Walked with Heroes* (New York: Holt, Rinehart and Winston, 1961, p.229-236). Ang ugali ni Romulo na makuha ang atensyon ng publiko sa Amerika ay hindi nagustuhan ni Quezon, na sanay na siya ang sentro ng pagpupuri. Sa katunayan sinikap ni Quezon na mapasailalim si Romulo sa kanya upang makontrol - at malimitahan - niya ang mga pakikipag-ugnayan ni Romulo sa madla. Carlos Quirino, *Quezon: Paladin of Philippine Freedom* (Manila: Filipiniana Book Guild, 1971, p.359-361).
14. Tingnan rin ang Meyer, p.4-5.
15. Agoncillo, p.791; Bernstein, 190.
16. Ang ulat ni Cruz ay nasa Maj. Gen. Charles A. Willoughby (pat.), *The Guerilla Resistance Movement in the Philippines* (New York: Vantage Press, 1972, p.390-397).

17. Tungkol dito, tingnan ang Agoncillo, p.794-822; Rolando M. Gripaldo, *The Quezon-Winslow Correspondence and Other Essays* (Manila: De La Salle University Press, 1994, p.189-205); at Pacis, p.178-203.
18. Ang mga detalye tungkol sa pagkamatay ni Quezon ay nasa Agoncillo, p.822-824.
19. Pacis, p.210-211.
20. Mga kopya ng propaganda ng mga gerilya at kaperahan na nasa may-akda; mga panayam sa iba't ibang gerilya; at Jose P. Laurel, *War Memoirs* (Manila: Jose P. Laurel Memorial Foundation, 1962, p.26).
21. Ang bahaging ito ay batay kay Laurel, p.34-47; Agoncillo, p.867-883; Armando Malay, *Occupied Philippines* (Manila: Filipiniana Book Guild, 1967, p.134-137); Salvador H. Laurel, *A Child's Footnote to History* (N.p.: privately printed, 1989, *passim*); at Leon Ma. Guerrero, *Twilight in Tokyo* (Manila: Manila Times, 1946, *passim*). Ang gawa ni Salvador Laurel ay isang talaarawan ng biyahe ni Laurel mula Maynila papuntang Baguio at pagkatapos sa Taiwan at bansang Hapon. Ang kay Guerrero ay isang salaysay ng isa sa kalihim ng embahada ng Pilipinas sa Tokyo noong 1945.

BIBLIOGRAPIYA

Agoncillo, Teodoro A.

1965 *The Fateful Years: Japan's Adventure in the Philippines, 1941-1945*.
Quezon City: R.P. Garcia.

Bernstein, David

1947 *The Philippine Story*. New York: Farrar, Straus and Company.

Breuer, William

1987 *Devil Boats: The PT War Against Japan*. Novato: Presidio Press.

Eyre, James K. Jr.

1950 *The Roosevelt-MacArthur Conflict*. Chambersburg: Craft Press.

Friend, Theodore

1969 *Between Two Empires*. Manila: Solidaridad.

Gripaldo, Rolando M.

1994 *The Quezon-Winslow Correspondence and Other Essays*. Manila: De La Salle University Press.

Guerrero, Leon Ma.

1946 *Twilight in Tokyo*. Manila: Manila Times.

Laurel, Jose P.

1962 *War Memoirs*. Manila: Jose P. Laurel Memorial Foundation.

Laurel, Salvador H.

1989 *A Child's Footnote to History*. N.p.: privately printed.

Malay, Armando J.

1967 *Occupied Philippines*. Manila: Filipiniana Book Guild.

Meyer, Milton Walter

1965 *A Diplomatic History of the Philippine Republic*. Honolulu: University of Hawaii Press.

Pacis, Vicente Albano

1971 *President Sergio Osmeña: A Fully-Documented Biography*. Quezon City: Philippine Constitution Association and others.

Quezon, Manuel Luis

1946 *The Good Fight*. New York: D. Appleton-Century.

Quirino, Carlos

1971 *Quezon: Paladin of Philippine Freedom*. Manila: Filipiniana Book Guild.

Romulo, Carlos P.

1961 *I Walked with Heroes*. New York: Holt, Rinehart and Winston.

Santos, Bienvenido N.

1993 *Memory's Fictions: A Personal History*. Quezon City: New Day.

Willoughby, Charles A. (pat.)

1972 *The Guerrilla Resistance Movement in the Philippines*. New York: Vantage Press.

MGA EKSILO SA TSINA

CLARISSA V. MILITANTE

Ang makita ang Tsina at masaksihan ang buhay sa sosyalistang lipunan kahit sa pamamagitan ng isang maikling pagbisita lamang ay isang dakilang katuparan na ng pangarap ng maraming kabataang aktibista ng dekada 70. Mithiin ito hindi lamang ng mga itinuturing na Maoista kundi pati na rin ng ibang mga kabataang interesadong malaman kung isa nga bang katotohanan o kaganapan ang sosyalistang rebolusyon na isinisigaw ng mga mas radikal nilang katapat. Isang modelo ang Tsina, isang inspirasyon, isang pagpapatotoo ng maaari ring makamit ng mga naaapi at naghihirap na mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng rebolusyon.

Noong Agosto 1971, tatlong kabataang aktibista ang nagkaroon ng katuparan ang pangarap na makarating sa Tsina at makita ang mga kaganapan doon. Kabilang sina Santiago “Chito” Sta. Romana, Ericson Baculinao, at Jaime Florcruz sa unang grupo ng mga kabataang Pilipino na pinayagang bumisita sa Tsina simula nang isagawa ang Rebolusyong Pangkultura noong ikalawang hati ng dekada 60. Ngunit higit pang pribilehiyo sa ilang linggong bisita ang nakamit ng tatlo. Ang pagbisita na itinuring na pribilehiyo ay nagdulot ng mga suliranin, hamon, at sakripisyo.

Labinlima ang miyembro ng grupong kinabilangan ng tatlo na naimbitahan para sa isang *cultural tour* sa Tsina. Kasama rin sa grupong iyon ang iba pang kabataang tulad nina Vic Manarang, Nizam Abubakar, Vicky Segui, Lito de Dios,

Nagpapasalamat ang awtor kina Chito Sta. Romana, Ericson Baculinao, Jaime Florcruz, Neni Sta. Romana-Cruz, Gloria Jopson, at Ginoong G. na nagpaunlak makipagpanayam. Maraming salamat din kay Aileen Baviera, direktor ng *Philippine-China Development Resource Center*, sa pagbigay ng pagkakataon sa awtor na maging bahagi ng proyektong ito at sa pagtulong sa pakikipag-ugnayan sa tatlong naging eksilo sa Tsina.

Deanie Bocobo, Roz Galang, Grace Punongbayan, Rey Tiquia, at Fr. Caloy Tayag (na hinihinalang dinukot at pinatay ng militar noong 1976.) Ang iba, bukod kina Punongbayan at Tiquia, ay naunang nakauwi noong Disyembre 1971 sa Pilipinas dahil hindi sila kasama sa *blacklist* ng pamahalaan. Sina Punongbayan at Tiquia ay tutungo sa iba't ibang bansa mula Tsina.¹

Para kina Baculinao at iba pang kabataang aktibo sa pulitika noon, ang Tsinang nababasa lamang ng maraming aktibista sa *Red Book* ay isang misteryong dapat tuklasin. Ayon nga kay Florcruz ay hindi gaanong malawak ang kanyang kaalaman tungkol sa Tsina noon maliban sa isa itong sosyalistang bansa. Ayon pa kay Florcruz, hindi pangkaraniwang karanasang makita ang pagsusulong ng komunismo at makarating sa itinuturing na “Mecca ng Maoismo.”²

Ang makita ang Tsina ay hindi lamang makasaysayang pangyayari sa buhay pampulitika ng mga radikal na kabataan kundi pati ng mga itinuturing na *moderate*. Katunayan, nagkaroon ng matinding impluwensya sa pagbabagong “kulay” ng pulitika ni Edgar Jopson ang pagpunta rin dito noong Agosto 1972.³

May kakaibang katangian ang naging buhay ng mga naging eksilong pulitikal sa Tsina. Pangunahing dahilan ang katangian ng bansang Tsina noong panahong iyon, 1971 hanggang unang hati o bahagi ng dekada 80. Dalawang mahahalagang bahagi sa kasaysayan ng nasabing bansa ang sinaklaw ng pagiging eksilo nina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz. Papahina na ang Rebolusyong Pangkultura noong 1971 at nararamdaman na ang mga epekto nito sa lipunang Tsina. Hindi pa maluwag ang Tsina sa pakikipag-ugnayang panlabas. Ito ang taon ng pagpunta sa Tsina nang lihim ni Henry Kissinger, Kalihim ng Estado ng Estados Unidos (EU). Ipinapalagay na ang pagbisita ni Kissinger ang nagbukas ng relasyong Sino-Amerikano. Ngunit isa pang pananaw ang nagsasabing mas may kinalaman sa pulitikal na interes ni Mao Tse-tung ang pagluluwag na ito sa pakikipag-ugnayang panlabas – ito’y upang tumaliwas sa patakarang panlabas na isinusulong ng kanyang katunggali para sa kapangyarihan sa Partido na si Lin Piao.⁴

Ngunit noong panahong iyon ay mahigpit sa mga impormasyong galing sa labas at nasa ilalim ng mahigpit na pagsubaybay at kontrol ng estado ang kilos ng mamamayan. Kontrolado rin ang pagpasok ng mga dayuhan at walang gaanong mga Pilipino dahil hindi naman karaniwang destinasyon ng mga Pilipino ang isang sosyalistang bansa.

Inabutan din nina Sta. Romana ang panahon na muling dumaranas ang Tsina ng transisyon patungo sa isang lipunan na mas bukas sa mga repormang pang-ekonomiya at sa mas limitadong konteksto, pampulitika. Naranasan nila ang muling pagkabuhay ng buhay intelektwal sa Tsina na nagbigay rin ng maraming pagkakataon sa kanila sa unibersidad.

Paano kikilos ang isang Pilipinong aktibista na naging eksilong pulitikal sa Tsina? Sino ang oorganisahin niya? Paano niya matutulungan ang mga kapwa-aktibista na nasa Inang Bayan gano’ng mabagal at hindi sapat ang pagpasok ng

impormasyon tungkol sa pangyayari sa Inang Bayan at kadalasan ay mula sa isang bahagi lamang nito nanggagaling ang komunikasyon?

Turnigil ba ang kanilang pagkilos dahil walang daluyan sa lipunang Tsino ang kanilang mga paniniwalang pampulitikal? Walang kilos protesta na malalahukan, walang pahayagang pagsusulatan ng maiinit na pagbatikos sa isang mapaniil na pamahalaan at sistemang panlipunan, walang *discussion group* o mga talakayan na madadaluhan upang palalimin ang pang-unawang pulitikal.

May halaga pa bang pulitikal ang personal na buhay ng isang eksilo kung ang buhay na ito ay kapos kung hindi man salat sa pagkakataon upang maipahayag at maisabuhay ang mga pulitikal na paniniwala? Tama bang sukatan ng pakikibaka ng isang eksilo ang uri ng pakikibaka ng isang nasa Inang Bayan?

Pangunahin itong mga konteksto na isasaalang-alang sa pagtingin at pagtalakay sa naging buhay eksilo nina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz sa Tsina sa loob ng mahigit sampung taon.

Ang “Biyaha” Patungong Tsina

Nang tumungo sa Tsina sina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz noong Agosto 1971 kasama ng iba pang kabataang Pilipino, inaasahang tatagal lamang ng tatlong linggo ang kanilang pagbisita.

Nagsimula ang “totoong” biyaha nina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz patungo sa pusod ng lipunang Tsina nang ideklara ang Batas Militar sa Pilipinas noong ika-21 ng Setyembre 1972. Kasama ang tatlo sa *blacklist* ng rehime ng Marcos at nakaamba sa kanila ang banta ng pagdakip at pagkulong sa oras na bumalik sila sa Pilipinas.

Ang desisyong manatili sa Tsina nang higit sa itinakdang tatlong linggo ay hindi nabuo sa loob ng ilang araw o maging buwan lamang, o pagkatapos ng ilang pagpapalitan ng kuru-kuro. Para kina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz, naging “biyaha” rin ito patungo sa realisasyon na maaaring bumilang ng taon ang kanilang pagtigil sa Tsina, mula sa pagiging bisita, sila’y magiging eksilo. At kahit noong idineklara na ang Batas Militar sa Pilipinas at naging mas malinaw na kailangang magdesisyon silang manatili nang mas matagal sa Tsina, sa loob ng mahigit 10 taon nilang pamamalagi sa dayuhang bansa ay hindi kailanman naging pinal ang desisyong manatili at maging eksilo.

“Hakbang-hakbang ang pagdating namin sa desisyon na manatili sa Tsina, sumasabay ito noon sa mga pangyayaring nasisiwalat sa Pilipinas. Sa katunayan, walang maituturing na isang okasyon o pangyayari kung kailan masasabing iyon ang panahon o araw na sinabi namin sa aming mga sarili na mamamalagi na kami sa Tsina,” paliwanag ni Sta. Romana (Pakikipanayam, 24 Nobyembre 1998).

Batay sa salaysay ni Sta. Romana, una silang nagkaroon ng hinala o ideya na may hindi magandang nagaganap sa Pilipinas nang itanong ng kanilang tagapagsalin

kung alam ba nila ang kahulugan ng isang salitang Latino: *habeas corpus*. Nabasa ng tagapagsalin sa pahayagan ang tungkol sa pagsuspindi ng *habeas corpus* sa Pilipinas matapos ang pagbomba sa Plaza Miranda. Nabalitaan ng grupo nina Sta. Romana na kaliwa't kanan ang naging pag-aresto sa maraming kasamahan nilang kabataang aktibista. Nagkaroon sila ng pagkakataong makipag-ugnayan sa mga kamag-anak at kaibigan na nagbigay payo na maghintay muna sila sa Tsina kung ano pa ang magaganap sa Pilipinas. Nagdesisyon silang maghintay pa ng ilang buwan at gamitin na rin ang pagkakataon upang masaksihan ang Pambansang Araw ng Tsina, na ipinagdiriwang tuwing Oktubre sa Beijing bilang paggunita sa pagdeklara ni Mao Tse-tung sa *Gate of Heavenly Peace* ng pagtatatag sa *People's Republic of China* noong ika-1 ng Oktubre 1949.

Sampu sa kanilang kasamahan sa grupo ay nagdesisyong umuwi ng Disyembre 1971 dahil hindi sila kasama sa listahan ng mga ipinapadakip ni Marcos. Sila ang magtatantiya kung delikado ang sitwasyon para kina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz. Sa panahong ito, ayon kay Sta. Romana, hindi na naging madali ang komunikasyon sa mga kaibigan at kamag-anak sa Pilipinas. Ngunit nasusubaybayan pa rin nila kahit paano ang nagaganap sa bansa. Isa sa naging paraan ng pagkuha ng balita ay mula sa mga dayuhang kaibigan nila sa Beijing na nakakatanggap ng mga impormasyon at babasahin mula sa mga kamag-anak at kaibigan sa kanilang mga bayan.

Nagsimulang palawakin ng tatlo ang kanilang mga gawain upang hindi panghinaan ng loob at dapuan ng pagkabagot. Lumabas sila ng Beijing at nagpunta sa iba't ibang lalawigan upang makita ang buhay roon. Ngunit naniwala pa rin silang hindi magtatagal at makakapagbalik-bayan na sila, hanggang sa ideklara ang Batas Militar noong Setyembre 1972.

"Inaresto ang aking abugado na si dating Senador Jose W. Diokno at marami pang iba sa oposisyon. Kahit na mas tumindi ang represyon at nakaambang panganib kung babalik kami, hindi pa rin namin inisip na pangmatagalan ang magiging pagtira namin sa Tsina. Ang iniisip ko noon ay *medium-term* lang ito. Ang sabi ko sasagutin ng sambayanan ng pag-aaklas ang pagdedeklara ng Batas Militar. Mag-aalsa ang mga mamamayan at patatalsikin sa kapangyarihan si Marcos. Ngunit naganap ang pagbagsak ni Marcos 14 na taon pagkatapos ideklara ang Batas Militar," ani Sta. Romana.

Ayon kay Baculinao, kahit nang ideklara na ang Batas Militar ay malakas pa rin ang kanyang paniniwalang makakabalik upang ituloy ang pag-aaral sa Kolehiyo ng Batas sa Unibersidad ng Pilipinas. "Hindi ko matukoy ang panahon kung kailan inisip ko sa loob ng 14 taon na mamamalagi na nga ako sa Tsina," ani Baculinao. "Lagi kaming nag-uusap tungkol sa aming pagbabalik at kung ano ang maaaring magaganap sa pagkakataong iyon. Ang mga aktibidad namin ay nakaprograma lamang para sa tatlong buwang ekstensyon ng pagtigil sa Tsina at hindi para sa 15 taon."

Nang panahong iyon, ani Baculinao, lumalabas sila ng Beijing, kung saan sila nakabase upang magtungo sa iba't ibang bahagi ng Tsina ngunit lagi silang

bumabalik sa nasabing siyudad dahil patuloy ang kanilang pagkapit sa paniniwalang hindi magtatagal at makakauwi na sila. “Ang nasa isip ko noon ay bata pa naman ako. Maaari kong pabayaang ‘mawala’ ang tatlo hanggang apat na taon sa buhay ko. Ang ganitong pag-iisip ang nagbigay sa akin ng pag-asa, ang nagpalakas ng loob ko. Wala sa hinagap ko na titira ako sa Tsina. Hindi ako handa sa realidad na ito.”

Nang dumating si Florcruz sa Tsina bilang isang 20 taong gulang na aktibista ay kaunti lang ang kanyang kaalaman sa Tsina at sabik siyang matutunan ang lahat ng maaaring matutuhan sa loob ng tatlong linggong pagbisita rito. “Kaunti pa lamang ang nababasa ko tungkol sa Tsina at na-engganyo akong magpunta rito matapòs mapakinggan sa isang *forum* ang salaysay nina Orly Mercado at Charito Planas tungkol sa kanilang pagbisita sa Tsina. Ngunit ang tatlong linggo ay naging 25 taon nang pagkatuto tungkol sa nasabing bansa, sa aking sarili at sa aking buhay,” salaysay ni Florcruz.

Ilang araw bago umalis ng Pilipinas ay umuwi pa si Florcruz sa kanyang bayan, sa Malolos, Bulacan upang magpaalam sa kanyang mga magulang at kapatid. Doon na lamang sila nagpaalaman ng kanyang pamilya dahil hindi na nakasama ang mga ito sa paliparan sa Maynila. “Marami nang mga indikasyon noon na patungo sa mas matinding represyon ang kalagayan ng Pilipinas ngunit hindi namin alam kung kailan magaganap ito. Hindi namin inasahan na magaganap ito noong kami ay kasalukuyang nasa Tsina. At ito ang nagbago sa aming mga buhay,” ani Florcruz.

Ang Buhay sa Tsina

Ang pinakamabigat na pagbabago sa buhay na dapat kaharapin nina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz ay kung paano maipahayag ang kanilang mga paniniwalang pulitikal, kung paano mabubuhay nang malayo sa pakikibaka sa Pilipinas, kung saan sila’y nagprotesta sa mga lansangan at kabilang sa mga nangungunang radikal nang kilusang kabataan para sa pambansang demokrasya.

Bago pa man naging aktibo sa kilusang kabataan si Sta. Romana ay kilala na siya bilang isang “radikal” na lider sa Pamantasan ng De La Salle kung saan naging pangulo siya ng *Student Council* at patnugot ng pahayagang pangkampus, ang *La Sallian*. Makikita sa mga isinulat ni Sta. Romana sa nasabing pahayagan ang malaking paniniwala niya sa aktibismo ng kabataan na nagaganap sa Pilipinas at sa iba pang bahagi ng daigdig. Ang laging panawagan niya’y makisangkot ang mga mag-aaral sa aktibismo kaya’t lumabas siya mismo sa apat na pader ng pamantasang itinuturing na elitista at lutang sa mga realidad ng lipunan. Naging aktibo siyang tagapangulong pangrehiyon ng *National Union of Students of the Philippines* (NUSP). Nang magtapos sa La Salle ay nagpatuloy ng pag-aaral ng kursong ekonomiks sa Unibersidad ng Pilipinas at naging tagapagsalita ng *Movement for a Democratic Philippines* nang magtungo siya sa Tsina. Ang pag-

kakasangkot niya sa organisasyong ito ang naging dahilan upang ilagay siya sa mga listahan ng “wanted” ng rehimeng Marcos at pinatawan pa ng P150,000 na gantimpala ang pagdakip sa kanya.⁵

Si Baculinao ay naging pangulo rin ng *Student Council* sa Unibersidad ng Pilipinas at kilalang lider estudyante maging sa labas ng kampus. Kasama rin siya sa mga inakusahan ng subersyon ng rehimen. Nang magtungo sa Tsina noong 1972 ay kapapasok pa lamang niya sa Kolehiya ng Batas sa UP.

Nang nagpunting Tsina, aktibo si Florcruz bilang patnugot ng pahayagang pang-kampus sa *Polytechnic University of the Philippines* (PUP), sa pagiging pangulo ng kanilang *Student Council*, at bilang kasapi ng grupong pandulaan, ang *Kamanyang*. Lahat ng mga gawaing ito ay inasahan ni Florcruz na mababalikan niya pagkatapos ng tatlong linggo.

Pumunta sila sa Tsina upang saksihan kung anong mga aral sa loob ng isang sosyalistang lipunan ang maaaring magamit at maging modelo ng Pilipinas sa panahong ang pakikibaka ay hindi lamang upang palitan sa poder si Marcos kundi manawagan din ng isang rebolusyonaryong kilusan sa pagbabago ng buong sistemang panlipunan. Ngunit ibang mga kontradiksyong panlipunan ang kinailangan nilang harapin sa Tsina lalo na’t nagkataon ang kanilang pagpunta at pananatili rito sa panahon ng matinding labanan para sa pampulitakang kapangyarihan sa loob ng Partido Komunista. Ito ay panahon din ng matitinding problemang idinulot ng Rebolusyong Pangkultura sa Partido at lalung-lago na sa mamamayan.

Hindi man naisiwalat agad sa publiko ang mga nagaganap na *intra-party struggle* sa mga taong 1970 hanggang 1971 ay naging mabilis at matindi ang muling pagbubuo ng mga makinarya ng Partido mula sa antas ng pamayanan hanggang sa nasyunal at laluna sa sektor ng militar. Tinitingnan ng mga historyador ang mga hakbang na ito na laban kay Lin Piao, itinuturing na pangalawa kay Mao sa poder. Ang mga hakbang na ito’y nakatuon sa pagkonsolida ni Mao ng kapangyarihan sa Partido.

Pagdating ng 1972 ay magiging opisyal ang pagbunyag sa labanan diumano sa pagitan ng “dalawang linya” sa loob ng Partido, at mababalitang tinangka ni Lin Piao na magkudeta at patayin si Mao Tse-tung. Nang mabigo sa nasabing mga tangka ay tumakas umano ito patungong Unyong Sobyet kasama ang anak na lalaki, asawa, at iba pang kakutsaba, sa kasamaang palad bumagsak ang kanilang *jet aircraft* sa Mongolia.

Kung sa Pilipinas, panahon ng pagtindi ng paniniil ng pamahalaang Marcos ang mga taong 1969 hanggang 1972 at patungo siya sa pagkonsolida rin ng isang diktadura sa gitna ng lumalawak at tumitindi namang kilusang protesta (pati na ng kilusang rebolusyonaryo kung saan malaki ang impluwensya kung hindi man tuwirang hinugis ng kaisipang Mao Tse-tung), papahina naman sa Tsina ang Rebolusyong Pangkultura at lumalabas na ang mga halimaw na nilikha nito.

Sinimulan nang lansagin ang mga *red guards* at muling itinayo ang mga komiteng direktang kontrolado ng Partido. Ang rebelyon ng mga kabataang Tsino laban sa establisamyento at mga tradisyon na si Mao mismo ang naghikayat ay unti-unting pinahina ng mga *old guards*, mga dating pinuno at mas nakatatandang miyembro ng Partido na nakabalik sa kapangyarihan. Ang mga kontradiksyong ito ang nagaganap sa Tsina samantalang nakilahok ang maraming kabataang aktibistang Pilipino sa pagrerebolusyon.

Sa gitna ng ganitong kalagayang panlipunan, ang buhay eksilo ng tatlong kabataang Pilipinong aktibista ay magiging proseso ng pakikibaka hindi lamang sa antas na personal, lalo na sa pagpapatanggap sa mga sarili na kailangang manirahan nang matagal sa Tsina, kundi magiging proseso rin ng pagkatuto mula sa Tsina, hindi na upang pikit-matang gawing “modelo” kundi mamulat sa mga aral ng kasaysaysan dito.

Ngunit sa gitna ng lahat nito ay mananatiling dayuhan at tagalabas sina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz dahil bawal sa kanila ang makisangkot sa mga pampulitikang kaganapan sa Tsina. Bilang mga Pilipinong tinanggap ng pamahalaang Tsina na mga *political refugees*, wala silang ibang maaaring papel kundi ang magmasid, mag-aral, maging saksi.

“Nang *i-extend* namin ang paglagi sa Tsina ng ilang buwan, napansin na namin ang mga indikasyon na may nagaganap na problema. Una, naimbita kami sa kanilang *National Banquet Day* noong Oktubre 1971 kung saan dumalo si Chou-en Lai at ang asawa ni Mao na si Jiang Qing, ngunit si Mao na dati-rati ay dumadalo ay wala. Hindi rin nagbigay ng pananalita ang dalawa at walang *toast* na tradisyunal na ginagawa sa nasabing okasyon. Nang pumunta naman kami sa isang *state farm* ay nakita namin na pinupunit ng mga kabataan ang mga sipi mula kay Lin Piao na nasa *Red Book*,” salaysay ni Sta. Romana.

Kahit na gusto nilang magtanong ay hindi nila magawa dahil hindi rin bukas makipagtalakayan sa kanila ang mga kabataan, maging ang kanilang *host*. “Nakaramdam kami ng *paranoia* sa bahagi nila. Laging ipinagdidiinan na “beware of class enemies,” o kaya ay “be careful of black elements,” at “never forget class struggle.” Handa lang silang makipag-usap ng tungkol sa pulitika kung dalawa lang kayo pero kung may nakakarinig na iba ay paiwas na ang kanilang mga sagot,” dagdag pa ni Sta. Romana.

Naging desisyon ni Sta. Romana na patalasin ang kanyang paggagap sa mga nangyayari sa Tsina. “Pinatalas ko ang aking kakayahang magsuri dahil napagtanto ko na ang tanging mahalaga sa sitwasyong kinalalagyan ko ay kung ano ang nakikita ng aking mga mata at naririnig ng aking mga tenga.” Ginamit rin niyang gabay ang madalas sabihin ni Mao na “Seek truth through facts.” Nabuo sa kanya ang pananaw na kailangang “magsimula sa sarili mong katotohanan, lagi at lagi kang bumalik sa realidad ng iyong kinalalagyang sitwasyon.” Hanggang ngayon ay ito ang dala niyang pananaw sa usapin ng patuloy na pakikibakang rebolusyonaryo

sa Pilipinas. Ayon kay Sta. Romana, ito ang mahalaga at hindi ang dogma. “Ang hamon ngayon sa *Communist Party of the Philippines* (CPP) at mga rebolusyonaryong Pilipino ay kung paano palalakasin at palalawakin ang suporta ng masang Pilipino, kung paanong ang (pampulitikang pananaw) ay iaangkop sa realidad ng Pilipinas.”

Ang isa sanang maaaring ginawa ni Sta. Romana ay pumunta sa ibang bansa ngunit “masyadong mataas ang aking *pride* at ayokong humingi ng pera sa aking mga magulang kaya’t sinikap kong makapag-aral at magtrabaho sa Tsina.” Ang isang naging trabaho ni Sta. Romana ay ang pagtuturo ng wikang Ingles.

Para kay Baculinao ang buhay sa Tsina ay laging pakikibaka sa sarili tungkol sa pagiging eksilo. “Ang pinakamahirap ay itanim sa aking isip na hindi na nga tiyak kung kailan ako makababalik sa Pilipinas. Ang Tsina ay isang bansang masarap pag-aralan at suriin ngunit iba ang buhay rito. Hindi ako handang mamuhay rito. Bago ako nagpunta sa Tsina ay may sarili akong ideya kung ano ang gusto kong mangyari at gawin sa buhay ko, hindi kasama ang manirahan dito.”

Hindi pa uso noon ang kursong abugasya sa Tsina at kung mayroon man ay hindi na rin ito balak ipagpatuloy ni Baculinao dahil “walang silbi sa akin ang mag-aral ng batas ng Tsina.” Tulad ni Sta. Romana at Florcruz, pumasok sa unibersidad si Baculinao upang mag-aral ng wika, bilang pagtanggap na rin sa katotohanang magtatagal sa nasabing bansa. Pinag-aralan din niya ang literatura at kasaysayan ng Tsina. Isang hakbang ng pagtanggap sa kanilang realidad ay ang pag-aaral noong 1974 sa *Beijing Institute of Language* ng wikang Tsino. Ito ang simula ng pagiging aktibo at produktibo ng kanilang buhay intelektwal.

Ngunit hindi lang naganap ang pag-aaral nila sa loob ng unibersidad. Bago pa man nabuksan ang pagkakataong makapag-aral ay nag-aral na sila “sa *state farm*, sa pakikipamuhay sa ibang mga kabataang ipinadala rin dito, sa pagtira sa mga pamayanan ng mga mangingisda, sa pagtatrabaho sa pagawaan.”

Sa buong panahon ng paglagi sa Tsina bilang eksilo ay naging parang obsesyon kay Baculinao ang subaybayan ang mga nangyayari sa Pilipinas kaya’t pinili niyang magtrabaho sa Amerikanong kumpanya sa pamamahayag na NBC “kung saan ako ay napapalibutan ng mga balita.” Ito ang naging paraan niya nang patuloy na pakikipag-ugnayan sa Inang Bayan.

“Ang naging ekspresyon ng patuloy kong pakikisangkot sa nagaganap sa Pilipinas ay pagsubaybay sa mga pangyayari rito. Mas gusto ko mang direktang makisangkot sa mga nagaganap sa ating bayan ay hindi maaari kaya’t ginamit ko rin ang aking pamamalagi sa Tsina upang mag-aral. Naging masigasig ako sa pag-aaral tungkol sa karanasan ng Tsina bilang isang sosyalistang lipunan sa paniniwalang ang mga aral mula rito ay magagamit na gabay sa maaaring maganap sa sariling bayan,” ani Baculinao. Ayon kay Baculinao ay mabagal ang pagdating ng impormasyon sa kanila mula sa mga kaibigan sa Maynila matapos ideklara ang Batas Militar. Madalas ay dumaraan pa ito sa ibang bansa bago dumating sa Tsina.

Dahil din sa kakulangan ng impormasyon ay hindi naging madali para sa kanila ang gumawa ng mga kongkretong plano tungkol sa planong pagbabalik ng bayan.

Ngunit hindi rin naging madali para sa tatlo ang pag-aralan at unawain ang karanasan ng Tsina hindi lamang dahil sa problema noong una sa wika kundi dahil hindi sila maaaring lumahok sa buhay pulitika rito. “Noong simula ay talagang nakaka-*frustrate* para sa amin. Hindi kami maaaring sumali sa mga talakayan, sa mga *study groups* at mga organisasyon. Ang buhay namin ay umiikot sa loob ng hotel kahit na sumusunod din kami sa *regimen* ng aming *host*. Hindi kami agad nakapasok sa unibersidad dahil noong 1972 ay nagsisimula pa lamang itong mabuksan sa mga kabataang Tsino. At ang gusto ng aming *host* ay maipadala muna kami sa *Xiangjiang State Farm* o mga pagawaan,” salaysay ni Florcruz.

Tumira sina Florcruz, Sta. Romana, at Baculinao sa *Xiangjiang State Farm* sa lalawigan ng Hunan (kung saan isinilang si Mao) mula Disyembre 1971 hanggang Hulyo 1972. Dito ay kasama nila ang iba pang kabataan sa iba’t ibang aspeto ng produksyon – “nagtanim ng palay, nagpakain at nag-alaga ng baboy, namitas ng mga dahon ng tsa,” at namuhay nang salat sa maraming materyal na bagay. Inatasang maging sentro ng produksyon ng pagkain ang mga *state farm* na ayon kay Mao ay para sa mamamayan at sa rebolusyon. Walang ibang gawain dito ang mga kabataan kundi ang magtrabaho sa buong maghapon at ang mga gabi ay inilalaan sa mga pampulitikang talakayan at pagpapahusay sa pag-intindi sa mga “kaisipang Mao Tse-tung.” Dito ay hindi na lamang naging basta mga salita ang panawagan sa mga kabataang burgis na “matuto sa masa, sa mga pesante.”

Dahil taglamig nang dumating sila rito, natuto sina Florcruz na gumamit ng mga kahoy na lutuan. Isa hanggang dalawang beses sa isang buwan sila nabibigyan ng pagkakataon na makapag-*hot shower* sa isang *guesthouse* isang oras mula sa *state farm*. Nabanat nang husto ang kanilang buto at katawan sa pagtanim at pag-aani para sa mamamayan. Para kay Florcruz ang panahong iyon ay pagpapatibay sa kalooban at isipan lalo na’t pagkabagot ang itinuring niyang pinakamatinding kalaban.⁶

Nang lisanin ni Florcruz ang *Xiangjiang State Farm* sa Hunan ay malaki ang nabago sa kanyang pagkatao. Hindi lang pagbabanat ng buto ang natutunan niya kundi nasilip rin niya ang lipunang Tsina at Rebolusyong Pangkultura.⁷

“Nang dumating ako sa Tsina ay *hippie* ang aking buhok at sabik na nakipagdaupang-palad sa mga *red guards* na sumalubong sa akin na para bang mga kapatid ko sila na matagal nang napahiwalay. Ang Beijing noon para sa akin ay Mecca ng Maoismo. Disiplinado ang mga tao at sa tingin ko ay masasaya sila kahit mahirap ang buhay at nakababagot. Ang mga *red guards* ay puno ng kasiglahan. Ang maririnig lagi ay mga rebolusyonaryong awit tulad ng *The East is Red*, isang awit ng pagpupugay sa Dakilang Pinuno (na si Mao). Tuwing makikita ko ang mga daan na puno ng bisikleta at mga tao ay pakiramdam ko nasa ibang daigdig ako,” pag-aalala ni Florcruz sa kanyang karanasan.⁸

Ngunit tulad ng iba pang kabataan na kasama niya sa *Xiangjiang State Farm*, unti-unting namulat siya na hindi tama ang lahat ng nangyayari, na marami pang dapat maunawaan sa likod ng mga nakikita niya. Naging saksi sila sa Xiangjiang sa labanang pampulitika sa loob ng Partido. Nasaksihan din nila ang laganap na pampulitikang paniniil. At hindi totoong masagana ang buhay, “lumalala ang mga problemang pang-ekonomiya at nagiging laganap ang pagkawala ng tiwala sa mga layunin ng Rebolusyong Pangkultura.”⁹

Hindi hiwalay ang mga obserbasyon at karanasan nina Florcruz sa marami nang naisulat na awtobayograpiya ng mga nakaranas sa Rebolusyong Pang-kultura. Ayon nga kay Anchee Min, isang dating kabataang *red guard* na ipinadala sa *Red Fire Farm* at awtor ng *Red Azalea*, isa sa kinikilalang testimonya tungkol sa Rebolusyong Pangkultura: “Tinatamong namin sa aming mga sarili kung bakit lalo kaming nagiging mahirap samantalang wala kaming tigil sa pagbungkal ng lupa at pagtanim. Pati ang suplay ng aming pagkain ay hindi kayang sustentuhan ng sarili naming produksyon. Hindi sapat ang pagkain sa kabila ng pagbabanat ng buto ng mahigit 200,000 kabataang ipinadala sa mga *state farms*. Ganito na lang ba ang aming buhay? Nasaan ang katotohanan ng isinisigaw naming ‘Magpatulo ng pawis, magbanat ng buto bilang suporta sa rebolusyon?’”¹⁰

Ngunit ayon kay Baculinao “may sariling lohika sa kasaysayan ang naganap na Rebolusyong Pangkultura sa Tsina. Bahagi iyon ng kabiguan at pagkakamaling maaaring maganap (sa pagrerebolusyon). Ngunit ang karanasang ito ng Tsina ay pagkakataon din upang pag-aralan ang mga motibo ni Mao, ang mga naging epekto sa tao ng pagpapatupad nito.”

Ang Pagbabalik sa Pilipinas ay Pagbabalik sa Tsina

Maaaring sabihing ang isang di-inaasahang epekto ng pagka-eksilo nina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz ay ang pagtanto na nasa Tsina na ang kanilang buhay nang makabalik na sila ng Pilipinas matapos mamamalagi sa isang bansa, lipunan, at kulturang dayuhan para sa kanila. Ang pagbabalik sa Pilipinas ni Florcruz noong 1985 at nina Sta. Romana at Baculinao noong 1986 ay pagharap sa realidad. Ang desisyong mamalagi na sa Tsina na hindi nila tiyakan at direktang nagawa noong nakulong sila sa isang sitwasyong hindi nila pinili ay naging mas matindi at makatotohanan nang muling makabalik sa bayan. Marahil ay nangailangan lang ng “pagsasara” sina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz sa madilim na kabanata ng kanilang buhay personal at pampulitika na dulot ng rehimeng Marcos. Ipinagdiwang din nila at itinuring na tagumpay ng pampulitikang paniniwala ang pagbagsak ng diktadura ni Marcos. Ngunit ang pagbabago sa pulitika ng Pilipinas ay isa ring makasaysayang pananda (*historical marker*) sa kanilang personal na buhay.

“Inisip ko ring manirahan muli sa Pilipinas, humanap dito ng trabaho, ngunit masusi kong itinanong sa sarili kung nasaan ba ang kinabukasan ko. Nang panahong

bumalik ako ay may pamilya na ako sa Tsina at maganda ang takbo ng aking propesyon bilang mamamahayag. Ito rin ang panahon na bigla namang dumating ang alok na pamahalaan ko ang opisina ng ABC sa Tsina,” paliwanag ni Sta. Romana. Ang ABC ay isang nangungunang *broadcasting company* sa EU na may mga opisina sa iba’t ibang bahagi ng daigdig.

Para kay Baculinao ang pagkalayo ng matagal sa sariling bayan, kahit na masugid ang pagsubaybay sa mga nagaganap dito, ay nagdulot din ng pakiramdam ng pagkawala. “Sabay ang pakiramdam na parang walang pagbabagong naganap sa iniwang bayan at sa aking sarili sa muling pagbabalik, at sa isang banda ay ang pakiramdam na magiging estranghero sa takbo ng buhay rito. Iba na ang kinasanayang ikot ng buhay sa Beijing. Mayroon na ring matatag na propesyong maiiwan kapag bumalik sa Pilipinas. Mahigit na sampung taon na akong nagtatrabaho sa NBC. At nakita kong may halaga na rin ang pananatili ko sa Tsina at pagiging pinagmulan ng opinyon at pagsusuri tungkol dito at epekto ng mga pangyayari rito sa Pilipinas.”

Ang relasyon sa pamilya ang pangunahing tunguhin ni Florcruz nang siya ay makabalik sa Pilipinas noong 1985, matapos ang 14 na taong pagiging eksilo sa Tsina. Siya ay kasalukuyang tagapamahala ng opisina ng *Time Magazine* sa Beijing. Aniya: “Sinisikap kong punan ang nawalang mga taon at pagkakataon para makipag-ugnayan at makilalang muli ang aking pamilya – ang mga magulang ko at kapatid. May bahagi ng aking pagkatao ang muli kong nakikilala dahil dito.”¹¹ Simula nang makabalik ang mga eksilo sa Pilipinas ay naging regular na ang kanilang pagdalaw dito.

Lugar ng mga Eksilo sa Pakikibaka

Paano ba dapat sukatin ang kontribusyon ng mga eksilo sa isang *political cause*? Tulad nang nabanggit na, may kakaibang katangian ang Tsina na hindi nagpahintulot upang makakilos ang mga kabataang aktibista tulad nina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz na gaya ng kanilang pakikisangkot noong sila’y nasa Pilipinas pa. Hindi nagbigay ng pagkakataon ang katangiang ito para sa mas direkta at mahigpit na pakikipag-ugnayan sa mga kapwa-aktibista o nakikibaka sa Pilipinas, hindi tulad ng mas maluwag na kalagayan halimbawa sa EU o sa Europa. Nabawasan ba ang halaga ng kanilang pampulitikang paniniwala dahil naging limitado ang pagsasabuhay nito o pagbibigay ng ekspresyon dito?

Ayon sa isang aktibistang propesor noong dekada 70:¹² “Narito ang labanan, dito sa Pilipinas ang larangan ng pakikibaka. Maraming maaaring nabigyan ng pagkakataon para makalabas ng bansa sa mga patagong paraan dahil nasa panganib din ang buhay ngunit tumanggi dahil malayo sa perspektiba’ ng mga nakikibaka ang lumayo sa larangan ng pakikibaka.” Ito ay isang pananaw na dinadala ng marami pa ring aktibista na nakisangkot sa katindihan ng pakikibaka noong dekada 70.

Ngunit ayon kay Sta. Romana, hindi rin naging madali ang gumawa ng pagbabago sa kanilang buhay nang mapilitang manatili sa Tsina. Sanay silang magmartsa sa lansangan, magsalita sa mga rali, dumalo sa mga talakayang pampolitika, mag-organisa, at magsulat ng mga pagtugligsa sa rehimeng Marcos. Nabaligtad sa Tsina ang aktibong buhay pampolitikang ito. “Totoo sa lahat ng eksilo ang *dilemma* tungkol sa anong klaseng gawaing pampolitika ang maaaring kasangkutan upang mabigyang ekspresyon ang pinaniniwalaan. Pero dahil sa aming sitwasyon ay wala masyadong maraming mapagpipilian. Mahalaga sa amin na manatiling naninindigan laban kay Marcos at huwag gumawa ng anumang hakbang na magpapakita ng suporta sa kanyang pamahalaan,” ani Sta. Romana. Ito ang pinanindigan nina Sta. Romana kaya’t tinanggihan nila ang dalawang pagkakataong ibinigay ng pamahalaang Marcos para makabalik sila sa Pilipinas.

Ayon kay Neni Sta. Romana-Cruz, kapatid ni Chito, bago magtungo si Imelda Marcos noong 1974 sa Beijing ay hinikayat ang kanilang ama na sumama sa grupo ng mga maghahatid sa paliparan. Kapalit ng pagpapakita ng suportang ito ay ang pagpayag na makabalik nang ligtas sa Pilipinas ang kanyang kapatid. Hindi nila pinaunlakan ang imibitasyon at nang makadalaw siya at ang kanyang ina sa kapatid sa Beijing at ibinalita ang alok ni Imelda ay hindi rin umano ito pinahalagahan ni Sta. Romana. Noong 1985, si Bongbong Marcos naman ang nagpunta sa Beijing at nagplano ring makipag-usap kina Sta. Romana, Baculinao, at Florcruz. “Hindi namin matatanggap na ang kapalit ng pagbibigay sa amin ng *passports* ay pagsisilbi sa rehimen dahil kung wala ang rehimeng ito ay iba ang aming buhay,” pahayag ni Sta. Romana.

Ayon pa kay Sta. Romana, hindi man sila direktang naging bahagi ng pakikibaka sa Pilipinas ay ipinagpatuloy nila ang pakikipag-ugnayan sa iba’t ibang grupo ng mga nakikibaka sa ibang bahagi ng daigdig. “Ang pinakamalaking paggalang at pagpapahalaga ay dapat ibigay sa mga nanatili sa Pilipinas sa gitna ng pakikibaka. Ngunit ang isang eksilong tulad ko ay hindi nagkaroon ng pagpapanggap na ang naging kontribusyon ko ay kasinlaki ng nagawa ng mga naging martir. Ginawa ko lamang ang abot ng aking makakaya sa kalagayang kinapalooban ko,” ani Sta. Romana. Ayon naman kay Neni Sta. Romana-Cruz, wala siyang gaanong kaalaman sa mga gawain ng kanyang kapatid o ang lawak ng pakikisangkot nito ngunit noong panahong eksilo ito sa Tsina ay isa lang ang laging hiling sa mga sulat na madalang dumating, ang sila’y patuloy magpadala ng mga babasahin tungkol sa nagaganap sa Pilipinas.

Ngunit sa pakikipanayam ng awtor na ito kay Sta. Romana ay sinabi niyang “may mga bagay na hindi pa hinog ang panahon para pag-usapan. Kung matibay ang iyong paninindigan, walang rehimeng magtatagal habambuhay. Kung handa kang makipaglaban para sa iyong mga prinsipyo, ang buhay ay maaaring maging serye ng maliliit na tagumpay. Bata pa ako nang masangkot sa pakikibakang pampolitika at galing pa sa isang maykayang pamilya ngunit hindi nabago ang aking paniniwala na si Marcos ang nasa maling bahagi ng kasaysayan.”

Tulad ni Sta. Romana, ang pinanghawakan nina Baculinao at Florcruz ay ang popular na pangaral ni Mao na “gawing oportunidad ang isang problema.”

Nagbago ang buhay ni Baculinao nang hindi niya plinano. Gusto niyang maging abugado at gamitin ang abugasya sa aktibong pakikibaka ngunit iba ang pinatunguhan ng kanyang buhay. Ngunit para sa kanya ang pananatili ng matagal sa Tsina na nagbigay ng pagkakataon upang matuto siya rito ay isang bagay na sa tingin niya ay hindi rin matatawaran.

Ayon kay Baculinao, “mas gusto ko siyempreng maging direktang sangkot sa nangyayari sa Pilipinas ngunit malaking bagay rin ang nasuri at napag-aralan ko ang karanasan ng Tsina bilang isang sosyalistang lipunan. Umunlad ang aking pananaw na pampulitika, nalaman ko kung ano ang maaaring maganap at hindi dapat maulit sa Pilipinas.”

Minsan ay binabalikan pa rin ni Baculinao ang mga naganap sa Tsina at bago siya magtungo rito, at naiisip niya ang kanyang mga kasamang aktibistang kabataan na ngayon ay nasa iba’t ibang propesyon na rin na kanilang pinili. Mayroon bang nasayang sa kanyang buhay? Mayroon bang maituturing na malaking bahagi nito na nawala? “Hindi ko masasabi na may mahalagang bahagi ng buhay ko na nawala dahil ang panahon at damdaming ibinigay ko sa buhay ko rito sa Tsina ay nagdulot din ng kakaibang kahulugan sa aking buhay at pagkatao,” ani Baculinao.

Tinatanggap din ni Baculinao na umuwi lang sila nang mapabagsak na ang rehimeng Marcos dahil bago nito’y walang naging ibang pagkakataon upang makabalik sila ng ligtas. Maraming pagkakataong napag-usapan ang kanilang maaaring pagbalik sa pamamagitan ng iba’t iba pang paraan ngunit walang naging kongkretong plano sa mga ito.

Hindi rin itinatangi ni Baculinao na “may mga nananatili at sa Pilipinas mismo nakibaka at mayroong naninirahan sa ibang bansa bilang eksilo. Maituturing na mas malaki ang naging sakripisyo ng una.”

Ngunit para kay Florcruz may ibang katangian din ang sakripisyong dala ng pagiging eksilo sa ibang bansa nang hindi inaasahan. “Hindi madali ang bigla mong baguhin ang malaking bahagi ng iyong buhay, ang malagay sa isang sitwasyong hindi mo pinili,” aniya.

Naniniwala sina Florcruz na hanggang ngayon ay nananatili ang mga kadahilanan o ugat ng mga suliraning panlipunan na nagtulak sa marami noong dekada 70 upang makibaka.

Ang madilim na bahagi ng kasaysayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng Marcos ay nagbunga ng kumplikasyon at sakripisyo sa buhay ng maraming nakisangkot sa pampulitikang pakikibaka noon (na para sa marami ay kailangan pa ring ipagpatuloy hanggang ngayon). Totoo ang tinuran ng tatlong naging eksilo sa Tsina na mayroong nalagay sa gitna ng pakikibaka, mayroong nadakip at natortyur, mayroong namatay sa larangan ng pakikidigma, at mayroon ding mga naging eksilo. May iba’t ibang antas ang naging sakripisyo at kontribusyon sa buong pakikibaka,

may kanya-kayang lugar sa kasaysayan. Maaaring ang lugar o papel ng iba ay natukoy na ng kasaysayan, maaaring ang sa iba ay sa mga susunod pang panahon.

Angkop na gamiting pagtatapos ang tinuran ni Gloria Jopson na malawak ang naging karanasan sa pakikibaka hindi lamang dahil sa pagiging asawa ni Edgar Jopson, kinikilalang martir ng rebolusyong Pilipino, kundi dahil din sa sariling pakikisangkot. “Hindi sapat na gamitin ang ginawa ng isa para gawing pamantayan ng iba. Habang buhay ay marami kang maaari pang gawin at patuloy ka pang magbabago batay sa sitwasyong iyong kinapapalooban at sa iyong kapaligiran.”

MGA TALA

1. Neni Sta. Romana-Cruz, “From China with Joy” *MR. & MS. (Special Edition)* 1986, p.149-154.
2. Jaime Florcruz, “Accidental Tourist,” *Time*, 13 Mayo 1996, p.24-26.
3. Benjamin Pimentel, *Rebolusyon! A Generation of Struggle in the Philippines* (New York: The Free Press, 1991).
4. Ang pagbaybay ng mga salitang Tsino ay batay sa *Pinyin*, isang makabagong sistema ng romanisasyon ng mga *Chinese characters* na ginagamit sa mga pang-akademikong publikasyon at pahayagan (Meisner, 1986).
5. Benjamin Pimentel, *Rebolusyon! A Generation of Struggle in the Philippines* (New York: The Free Press, 1991).
6. Jaime Florcruz, “Accidental Tourist,” *Time*, 13 Mayo 1996, p.24-26.
7. *Ibid*
8. *Ibid*
9. *Ibid*
10. Isinalin mula sa Ingles.
11. Noong panahon ng panayam ay masayang ibinalita ni Florcruz na uuwi siya at ang kanyang pamilya sa Pilipinas sa Hunyo 1999 upang makipagdiwang ng anibersaryo sa kasal ng kanyang mga magulang.
12. Hiniling ng kinapanayam na huwag banggitin ang kanyang pangalan.

BIBLIOGRAPIYA

Anchee, Min.

1994 *Red Azalea*. Paperback Edition. London: Victor Gollancz.

Bo, Ma. (Isinalin ni Howard Golblatt)

1996 *Blood Red Sunset, A Memoir of the Chinese Cultural Revolution*. New York: Penguin Books. (Orihinal na nilimbag ng Workers Publishing House sa Tsina noong 1988)

Meisner, Maurice

1986 *Mao's China and After, A History of the People's Republic*. New York: The Free Press.

Pimentel, Benjamin

1991 *Rebolusyon! A Generation of Struggle in the Philippines*. New York: Monthly Review Press.

ANG *HIJRAH* NG MNLF:1974-1996*

CARMEN A. ABUBAKAR

Noong ika-2 ng Setyembre 1996, lumagda ang *Moro National Liberation Front* (MNLF) at ang gobyerno para sa kasunduang pangkapayaan. Inabot ito ng apat na taon ng negosasyon na nagpapatuloy sa mga pagsusumikap para sa kapayapaan ng naunang mga administrasyon nina Marcos at Aquino. Ang kasunduan ay nagwakas sa 20 taong paglalaban na pinaniniwalaang kumitil sa 120,000 buhay at sumira sa ari-ariang nagkakahalaga ng milyun-milyon. Hindi katakatakung ipalagay ni Ramos ang kasunduang ito bilang isa sa kanyang pangunahing tagumpay.¹

Ang mga pangunahing probisyon sa kasunduan ang lumikha sa *Southern Philippine Council for Peace and Development* (SPCPD) upang magsilbing transisyunal na kinatawag tagapagpatupad tungo sa lubos na implementasyon ng 1976 *Tripoli Agreement* na nilagdaan sa Tripoli, Libya noong 1976. Nahahati ito sa dalawang yugto. Ang una ay tumagal ng tatlong taon mula 1996 at nagtataguyod ng *Special Zone of Peace and Development* (SZOPAD) at ng SPCPD, ang magsisilbing grupong pangkonsultasyon. Sa unang yugtong ito, isasanib ang puwersa ng MNLF sa Hukbong Sandatahan ng Pilipinas. Ang ikalawang yugto ay humihingi sa pag-aamyenda o pag-papawalang-bisa sa *Organic Act* (RA 6734) ng *Autonomous Region in Muslim Mindanao* (ARMM) sa pamamagitan ng batas sa Kongreso na idadaan naman sa isang plebisito upang malaman ang sakop ng bagong rehiyong awtonomus.²

* Isinalin mula sa Ingles.

Hindi naging madali ang landas tungo sa kapayapaan. Para malaman ang kabuluhan ng pagkakasundong pangkapayapaan, mabuting balikan ang pinagmulan ng labanan.

Ang Problema ng mga Moro

Nagsimula ang tinaguriang problema ng mga Moro noong panahon ng kolonyalismo nang labanan nila ang mga Kastila at Amerikano bilang pagtanggol sa kanilang teritoryo, relihiyon, at kaugalian. Ang digmaang ito ay tumagal nang mahigit 300 taon at nagbunga ng di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Moro at Pilipino na nanatili maging sa pag-alis ng mga dayuhang mananakop.

Ang pamana ng mga Digmaang Moro ay nakaapekto sa kilusan para sa pagsasarili ng Pilipinas. Samantalang ang mga Pilipino sa Luzon at Kabisayaan ay abalang-abala rito, naglabas ang mga pinunong Moro ng manipesto para tutulan ang pagsasama ng lupaing Moro sa bagong yunit pulitikal. Nagpadala rin sila ng petisyon sa pangulo ng Estados Unidos (EU) at sa Kongreso na nagsasaad hindi lamang sa nabanggit nang pagtutol ngunit, dagdag pa'y, nananawagan para sa pagbabalik ng sarili nilang mga teritoryo upang sa gayo'y makapagtatag ng sarili nilang pamahalaan.³

Ang hidwaan sa pagitan ng mga Moro at mga Pilipino ay hindi nagwakas sa paggawad ng pagsasarili. Sa halip, ang pagpapatuloy ng pamahalaan sa mga patakarang kolonyal tulad ng sa alokasyon ng lupa ay nagpalala lamang sa suliranin nang ipadala sa Mindanao ang mga kasamang walang lupa mula sa Luzon at Kabisayaan. Sa maraming pagkakataon, ang mga lupang pag-aari ng mga Moro at Lumad ay ipinangalan sa mga dayo. Sa pagdami ng mga dayo, nalipat ang kapangyarihang pulitikal at ang mga Moro ay naging minority sa maraming lugar.

Ang mapagpabayang patakaran ng pamahalaan, kasama na ang patakaran ng integrasyon, ay hindi naghatid ng payapang pagsasama sa Mindanao. Sa halip, dumalas at lumubha ang kaguluhan at harapang labanan kung kaya't naglunsad ng isang pag-aaral sa suliraning ito ang Kongreso noong dekada 50. Noong 1961, inilabas ng kinatawan ng Sulu sa Kongreso na si Datu Ombra Amilbangsa ang *House Bill 5682* para sa "Paggawad at Pagkilala sa Pagsasarili ng Lalawigan ng Sulu." Hindi nagtagal, sinundan ito ni Datu Udtug Matalam ng panawagan para sa paghihiwalay ng Mindanao, Sulu, at Palawan at ng pagtatatag sa *Muslim Independence Movement (MIM)*.⁴

Noong 1968, naganap ang *Jabidah Massacre*. Tinutukoy rito ang pagpaslang sa ilang mga nireklutang Moro mula sa Sulu at Tawi-Tawi habang nagsasanay sa Corregidor para sa isang proyektong militar, ang "Merdika," na diumano'y naglalayong sakupin ang Sabah.

Ang pangyayaring ito at ang naganap na pananakip-butas ng gobyerno (ang mga paglilitis ay nagwakas sa pagpapawalang-sala sa lahat ng mga nasangkot) ay kumumbinsi sa ilang kabataang mag-aaral na Moro sa Maynila na kinakailangar

ng mga mamamayang Moro ng proteksyon. Para sa ilan sa mga kabataang ito, ang pinakamabuting pananggol ay ang pagsasarili at ang paghihiwalay mula sa Republika ng Pilipinas. Noong ika-18 ng Marso 1968, lihim na itinatag ng isang grupo ng mga kabataang Moro ang *Moro National Liberation Front* (MNLF). Ang pinuno nito ay si Nur Misuari, isang guro ng agham pampulitika sa Unibersidad ng Pilipinas. Mula sa unang 90 na orihinal na kasapi, na pumailalim sa isang pagsasanay-militar bilang paghahanda sa anumang pangyayari, ang organisasyon ay lumawak hanggang sa ito ay maging isang hukbong mapagpalaya pagsapit ng 1972.⁵

Ang pagkabahalang ito ay bunga ng lumulubhang kaguluhan sa Mindanao kung saan nagaganap na ang isang *shooting war*. Ang kilabot na *Ilaga gang* na sinasabing suportado ng mga pulitikong Kristiyano ay nagsabog ng lagim sa mga pamayanang Moro. Bilang ganti, binuo naman ang mga samahang Moro tulad ng *Barracudas* at *Black Shirts*. Ang “digmaan” ay nagsimula sa Cotabato at kumalat patungong Lanao del Sur, Lanao del Norte at Zamboanga.⁶

Ang pagdeklara ng Batas Militar noong 1972 ay lalong nagpagulo sa bansa. Sa Mindanao, dumalas at tumindi ang mga engkwentro sa pagitan ng mga pwersang MNLF at militar hanggang sa, ayon sa mga ulat, nangailangan ang pamahalaan na gumastos ng isang milyong piso araw-araw para maipagpatuloy ang digmaan. Habang nagpapatuloy ang digmaan, ang mga sibilyan ay napilitang iwan ang kanilang mga tahanan upang makaligtas sa operasyong militar. Matapos ang digmaan sa Jolo noong 1974, libu-libo mula sa Jolo at Tawi-Tawi ang nagtungo sa Sabah bilang *refugees*. Sa ngayon, ang bilang ng mga ito ay umaabot mula 200,000 hanggang sa kalahating milyon.

Sa simula ng Batas Militar sa Maynila, maraming pinuno ng oposisyon ang nakulong. Marami rin ang nagpasyang lisanin ang Pilipinas. Sa kalagitnaan ng dekada 70, ilan sa mga pangunahing kasapi ng MNLF ang umalis sa bansa upang maipagpatuloy ang laban. Nagpunta ang ilan sa Gitnang Silangan samantalang ang iba naman ay nagtungo sa mga karatig-bansa. Ang digmaan ay sumira hindi lamang sa mga pamayanan kundi pati na rin sa mga pamilya na namatayan o nagkawatak-watak nang ang iba sa mga kasapi nito’y mapilitang mangibang-bayan.

Isang Morong *Muhajir*

Ang pagiging eskilo kung saan kinakailangang lisanin ang bayan at ang mga mahal sa buhay upang makamit ang kalayaan ay hindi naiiba sa kasaysayan ng mga Muslim. Ang propetang si Muhammad (Kapayapaan nawa sa Kanya) ay nag-tungo ng Medina nang siya’y usigin sa Mecca. Napakahalaga ng paglikas na ito, na kung tawagi’y *Hijrah*, sa kasaysayang Muslim kung kaya’t dito sinimulan ang kalendaryong Islam. Yaong mga lumikas tungong Medina ay binansagang *Muhajirin* (salitang Arabo para sa “mga migrante o eksilo”). Ang mga tumatanggap at tumutulong sa mga *Muhajirin* ay tinatawag na *Ansar* (katulong). Sa konteksto ng *Hijrah*, maaaring umasa ang *Muhajirin* sa suporta ng kanyang mga kapatid sa

pananampalataya. Ang diwa ng pagsasakripisyo, maging ng buhay o ari-arian, ang namumunong konsepto ng *Hijrah*.⁷

Samantalang ang *Hijrah* ay nangangahulugan ng pag-iwan sa lupang tinubuan upang makamit ang pagbabagong panlipunan, nangangahulugan din ito ng pagbabalik. Ito ay maihahambing sa kasaysayan ng Propetang Muhammad (Kapayapaan nawa sa Kanya) na nagbalik sa Mecca matapos ang sampung taon sa Medina na iginugol sa pagpapanday ng bagong relihiyon at pananaw sa lipunan na tumawid sa Arabia at kumalat sa buong Gitnang Silangan, Aprika at Asya.

Mahirap ang buhay para sa isang eskilo. Malayo sa pamilya't kaibigan at naghahanap ng mainam na kalagayan sa bansang dayuhan, ang pagiging eksilo ay nangangahulugan ng malaking sakripisyo't paghihirap. Malimit na nakararanas ang eksilo ng matinding kalungkutan habang isinusulong ang kanilang mga adhikain.

Isang halimbawa nito ay ang kuwento ni Farouk Mohammad Hussin, isang pangunahing kasapi ng Komite Sentral ng MNLF at tinalagang *foreign liaison officer* ng grupo.

Hindi siya nagbalak na maging isang rebolusyonaryo. Sa halip ay nagsanay siya bilang isang doktor. Sa kanyang pagtatapos ng medisina sa *University of the East* noong 1968, nagtungo siya sa Jolo at pumasok bilang residenteng mang-gagamot sa *Sulu Provincial Hospital*. Sa simula'y pansamantala lamang ang trabahong ito sapagkat ang tunay niyang plano ay ang maghanapbuhay sa EU. Sa katunayan, nakahanda na ang kanyang mga papeles. Subalit ang kanyang pagdalaw ay nagbago sa kanyang mga plano. Napamahal sa kanya ang kanyang gawain at nagustuhan din niya ang paglilingkod sa mga mamamayan. Sa gayon, naging madali para sa kanyang mga kamag-anak na himukin siyang manatili.

Sa loob ng maikling panahon, naging aktibo siyang mamamayan ng Jolo. Pagsapit ng 1971, itinalaga siya bilang hepe ng *Jolo Health Center*. Matapos ang tatlong taon, sinimulan niya ang pribadong panggagamot at, kasama ang sampu pang ibang doktor, itinatag niya ang *Sulu Doctors Hospital*. Siya ang naging bise-presidente ng ospital habang tumatayong presidente ng dalawang samahang sibiko, ang *Sulu Medical Society* at ang *Jolo Jaycees*. Maginhawa ang kanyang buhay bagamat lumulubha ang kalagayang pampulitika. Madalas ang engkwentro ng MNLF at Hukbong Sandatahan ng Pilipinas.⁸ Noong ika-7 ng Pebrero 1974, sumiklab ang digmaan sa Jolo. Ang buong bayan ay natupok dahil sa pambobomba at *strafing* na isinagawa ng mga militar laban sa mga pwersang MNLF na pumasok sa bayan. Apat na araw na nasunog ang bayan. Matapos ang kaguluhan, natuklasan ni Farouk na ang kanyang klinika at ang kanyang bagong kotse ay abo na lamang.

Bagamat nakikiramay sa mga layunin ng MNLF at kumikilala sa mga karapatan ng mga mamamayang malinaw na sinusupil, hindi si Farouk aktibong kasapi ng organisasyon. Subalit ang pagsunog sa Jolo at ang nasaksihan niyang labanan ay nagtulak sa kanya sa aktibong pagkilos. Iniwan niya ang kanyang bayan at sumapi sa mga pwersang MNLF sa Maimbung-Talipao; nakidigma rin siya sa ilang mga

engkwentro sa Pantao bilang manggagamot at mandirigma. Nagsimula rin siyang magbigay ng pagsasanay sa paggamot sa mga kasapi ng organisasyon at nag-alay ng kanyang serbisyo sa mga “kapatid” mula sa ibang kabayanan.

Subalit ang mga gawaing ito ay hindi nasustina dahil sa kakulangan ng gamot at iba pang pangangailangan sa lugar. Hindi nagtagal, hinimok siya ng ilang mga kasapi ng MNLF na mangibang-bayan upang sa gayo’y makatulong sa kilusan. Malinaw sa karamihan na ang pakikidigma ay mangangailangan ng higit pa sa makakayanang iambag ng mga lokal na mamamayan. Ang pinakamainam na lapitan para sa suporta ay ang sandaigdigang pamayanang Muslim o *Ummah*. Dagdag pa rito, naging mahirap na ang pagkilos para kay Farouk. Binalaan din siya na nangunguna ang kanyang pangalan sa listahan ng mga militar.

Kalagitnaan ng 1974, lihim niyang nilisan ang Jolo patungong Maynila. Doon, nakatagpo siya ng trabaho bilang residenteng doktor sa *Chinese General Hospital*. Umiwas siya sa pagkakadakip sa pamamagitan ng pananahimik at madalang na paglabas sa dormitoryo ng ospital habang naghahanap ng pagkakataon upang makaalis ng bansa.

Ang pagkakataong ito ay lumitaw noong Nobyembre 1974 sa taunang *Haji*. Tulad ng nakagawian, nangailangan ng mga doktor at nars para samahan ang mga debotong Pilipino sa Mecca, Saudi Arabia. Noong 1969, nakabilang si Farouk sa *medical team* ng *Haji*. Nakatulong ito sa kanya sapagkat ang komite ng *Haji* ay naghahanap ng manggagamot na mayroon nang karanasan dito. Hinirang siyang pinuno ng grupo.

Sa pagbabalik ng mga deboto sa Pilipinas matapos ang isang buwan, nagpasya si Farouk na magpaiwan sa Saudi upang maghanap ng trabaho. Sa kabutihang palad, napadali ang paghahanap niya ng trabaho sa kadahilanang ang Ministro ng Kalusugan ng Saudi ay dating kamag-aral ng dekanong kolehiyong pinagtapsan ni Farouk. Sapagkat nakapagtapos din si Farouk ng M.A. sa administrasyon ng pampublikong kalusugan sa Unibersidad ng Pilipinas, tinanggap siya bilang deputadong administrador ng pampublikong kalusugan, trabahong sa kabuuang nakatali sa opisina. Mahalaga ang trabaho sapagkat, sa simula, ang MNLF ay sinusustina lamang ng pagsisikap ng mga kasapi nito at ng tulong at suporta ng mga kapatid na Moro na nagtatrabaho sa Gitnang Silangan. Sa kanyang mga paglalakbay, si Farouk ang kadalasang nagbabayad ng sarili niyang pamasaha.

Kalilipas lamang ng dalawang buwan ay inilunsad ng pamahalaang Marcos ang unang negosasyon noong Enero 1975. Dahil sa lumalalang digmaan, napilitan ang administrasyon ni Marcos na maghanap ng solusyong pulitikal dito. Hindi rin si Farouk nakaupo sa kanyang bagong tanggapan; sa halip ay nakibahagi siya sa negosasyon bilang aktibong kasapi ng MNLF. Itinalaga siya bilang *roving ambassador* upang maipaalam sa buong mundo ang hinggil sa kanilang pakikibaka.

Sa huling banda ng 1975, nagtungo siya sa Libya kung saan naghahanap siya ng trabaho sa ospital upang masustentuhan ang sarili habang ipinapagpatuloy ang kanyang mga gawain para sa kilusan. Sadya ang kapasyahan ni Farouk na

magtungong Libya. Doon, ang kalagayang pulitikal ay sumusuporta sa mga organisasyong nagpupunyagi para sa pagsasarili; ang pakikiramay sa mga inaaping mamamayan ay hindi lamang matatagpuan sa mga pinuno nito kundi na rin sa mga mamamayan. Ang kasaysayan ng bansang ito, ang pakikibaka laban sa mga kolonisador⁹ at ang pagkamit nito ng kalayaan mula sa mapanupil na monarkiya ay sariwa pa sa isip ng mga mamamayan sapagkat naganap ito noon lamang ika-1 ng Setyembre 1969, tatlong taon lamang bago sumiklab ang rebelyong MNLF noong 1972 at anim na taon lamang bago mapilitan ang mga pinuno ng MNLF na manatili sa Gitnang Silangan upang doon ipagpatuloy ang pakikidigma.

Hindi nagtagal, nakakilala si Farouk sa ospital ng isang nars na Muslim mula sa Yugoslavia. Sila ay kinasal at ang pagpundar ng pamilya ay nakagaan sa hirap ng eskilo. Madaling maintindihan ang batayan ng pagpili niya sa kanyang asawa. Ang mga mamamayan ng Yugoslavia ay may kasayasan ng pagiging rebolusyonaryo. Ang kanilang tahanan ang naging *contact address* ng organisasyon at pansamantalang tuluyan ng mga kapatid mula sa Pilipinas at iba pang mga bansa na dumarating para sa mga pagpupulong at konsultasyon. Sa panahong ito, karamihan sa mga kasapi ng Komite Sentral ng MNLF sa Libya ay nakapag-asawa na at lumitaw ang isang pamayanan ng eksilo. Sapagkat maliit lamang (hindi lalampas sa 20 kasapi), naging malapit sa isa't isa ang mga kasapi ng pamayananang ito. Halos araw-araw silang nagkikita sa isang tanggapang itinatag nila. Ang tanggapan ang naging sentro ng kanilang mundo, ang kanilang tagpuan at kanlungan. Bagamat ilan sa mga kasapi ng Komite Sentral ay nasa Libya, isa lamang ang tanggapan nila doon sa maraming itinatag sa Gitnang Silangan at iba pang mga rehiyon. Regular na dinalaw ang mga ito ng tagapangulong si Nur Misuari at maaaring sabihing ang sentro ng MNLF sa ibayong-dagat ay kung saan man siya nakabase. Malaki rin ang bilang ng mga manggagawa't mag-aaral sa Gitnang Silangan na mayroong simpatiya sa kilusan at nagbigay dito ng suportang moral at pinansyal. Sa katunayan, mayroong organisasyon ng mga mag-aaral sa Cairo na aktibong tumuligsa sa paniniil ng pamahalaan at sa pagpataw ng Batas Militar sa Pilipinas. Sa Saudi, lalo na sa Jeddah, Mecca, at Medina, may limampung mag-anak na bumuo ng isang mahigpit na grupo. Regular na nagpupulong ang kanilang Konsehal ng mga Nakatatanda upang makahanap ng paraan para suportahan ang kilusan. Sa panahon ng *Hajj*, kung kailan maraming Muslim mula sa buong mundo ang nagtitipon sa Mecca, ang MNLF ay may pagkakataong ipalaganap sa kanilang mga kapwa Muslim ang hinggil sa kanilang pakikibaka at humingi ng suporta. Mayroon ding *Bangsamoro Overseas Women's League* kung saan ang mga kasapi ay nag-aambag para sa *hijab* (damit pantakip na suot ng mga kababaihan) ng mga babaeng kasapi ng MNLF. Limitado lamang ang mga gawaing ito sa loob ng mga organisasyon sapagkat ang mga pampublikong pagtitipong pulitikal ay kadalasa'y hindi sinasang-ayunan ng pamahalaan. Dagdag pa rito, ang paglabas ng mga kababaihan sa publiko at pakikihalubilo ay hindi katanggap-tanggap.

Madalas na iwan ni Farouk ang kanyang gawain sa ospital dala ng kanyang pulitikal na paglalakbay. Dumadalaw siya sa mga embahada, dumadalo sa mga seminar at kumperensya, nakikipagkilala sa mga tao at ipinag-iibayo ang layunin ng MNLF. Tuwing may pagkakataon, nagbibigay din siya ng mga pagsasanay sa pangagamot.

Samantala, noon pang 1972, ang MNLF ay nakipag-ugnayan na sa *Organization of Islamic Conference* (OIC) na kumilala sa kanila bilang tagamasid. Nabuo ang organisasyong ito sa pamamagitan ng pakikipagsundo ng mga kinatawan mula sa 24 bansa noong *Summit Meeting of Muslim Heads of State* sa Rabat, Morocco, noong ika-22 hanggang ika-25 ng Setyembre 1969. Nilayon nitong magtatag ng pagkakaisa at suporta para sa lahat ng mga Muslim mula sa iba't ibang dako ng mundo. Noong 1972, mayroon na itong 30 kasaping bansa. Pagsapit ng 1992, ang bilang nito ay umabot na ng 51.

Nang mabalitaan ng OIC ang paghihirap ng mga Pilipinong Muslim, binuo nito ang Komite ng Apat upang siyasatin ang diumano'y nagaganap na *genocide*. Ang resolusyon hinggil dito ay inilabas noong *Third Islamic Conference* na ginanap sa Jeddah, Saudi Arabia, mula ika-29 ng Enero hanggang sa ika-4 ng Marso 1972. Sa ikaapat na *Islamic Conference* na inilunsad sa Benghazi noong ika-23, 24, at 26 ng Marso 1973, hinirang ang isang delegasyon para magtungo sa Pilipinas.¹⁰ Nagpatuloy ang interes ng OIC sa kalagayan ng mga Moro sa Pilipinas hanggang sa maakusahan ito ng pamahalaan ng Pilipinas ng pakikialam sa mga internal na usapin ng bansa. Sa kabila nito, ang OIC ang mapasalamatan sa paghahatid sa MNLF at sa pamahalaan ng Pilipinas tungo sa negosasyon mula pa noong 1975 na humantong sa kasunduang pangkapayapaan noong 1996.

Noong 1976, isang tratadong pangkapayapaan, ang *Tripoli Agreement*, ang nilagdaan sa Libya.¹¹ Kinilala ang kasunduang ito bilang isang mahalagang hakbang tungo sa paglutas sa suliranin sa Mindanao. Sa pamamagitan ng OIC, ang panawagan para sa pagsasarili ay pinalitan ng awtonomya para sa Bangsamoro na binubuo ng 13 lalawigan at siyam na lungsod.¹² Subalit ang implementasyon ng kasunduang ito ay nagkaroon ng problema dulot ng makaisang-panig na kapasyahan ng dating pamahalaang Marcos na magtatag ng dalawang rehiyong may awtonomya sa halip na isa lamang. Sa madaling sabi, ang mga patakarang isinabatas ni Marcos sa PD 1628 at 1618¹³ ay iba sa mga napagkasunduan kung kaya't hindi ito tinanggap ng MNLF. Nagpatuloy ang pakikibaka.

Sampung mahahabang taon ang lilipas bago muling magkaroon ng negosasyon para sa kapayapaan. Sa panahong ito, lubos ang pagpupunyagi ni Farouk habang nilakbay niya ang mga punong-lungsod ng mundo sa anumang paraan, maging eroplano o tren. Ang tren, ayon kay Farouk, ay hindi lamang praktikal kundi mas mura at madaling paraan ng paglalakbay. Ang kanyang mga paglalakbay ay nagdala sa kanya sa Aprika, Gitnang Silangan, Europa, Latin Amerika, Carribean, EU at Timog-Silangang Asya. Nagkipagkita siya sa mga pulitiko, opisyal ng gobyerno,

pinuno ng mga partidong pulitikal, NGO, at mga mamamahayag na interesado sa ipinaglalaman ng MNLF.

Taong 1978 nang ang MNLF ay kilalanin ng OIC bilang permanenteng tagamasid. Noong 1977 lamang ay kinilala ito bilang nag-iisa at lehitimong kinatawan ng mga Moro sa OIC. Ang katayuang ito at ay nagbigay sa MNLF ng karapatang umasa sa tulong humanitaryo ng mga kasaping bansa at magtatag ng mga tanggapan sa mga bansang ito kung kinakailangan. Nagbigay ito ng panibagong sigla sa kilusan na naging mas aktibo.

Bagamat buong puso ang kanyang paggampan sa mga tungkulin, si Farouk ay nakaramdam ng lungkot at pagod sa mag-isang paglalakbay. Bagamat mayroong mga pagkakataon na nakakasama niya ang iba pang mga kasapi ng MNLF, kadalasa'y mag-isa ang pagbibiyaha ng mga ito upang mas mapalawak ang kanilang sakop. Dagdag pa rito ay ang mga problema sa pagkuha ng mga rekisito sa bisa. Ang kanilang mga pagkilos ay minamanmanan din. Sa pagdating lamang niya sa kanyang destinasyon, sa mainit na pagsalubong ng mga kapanalig, napapawi ang lungkot at pagod at napapalitan ng pag-asa at sigla sa paggampan ng tungkulin. Ang pakikipag-ugnay na ito ay hindi lamang nakatulong sa komunikasyon ng mga pinuno ng MNLF sa mga pwersa nito sa Pilipinas, kundi ay malaki rin ang naiambag sa pagkuha ng suportang internasyonal at pagkilala sa mga adhikain ng MNLF.

Umabot ang mga pagpupunyaging ito sa pagharap ni Farouk sa *United Nations Committee of Twenty-Four on Decolonizing Countries* noong 1979 kung saan inilalahad niya ang kasaysayan ng pakikibaka ng MNLF para sa pagsasarili. Ang paglalahad na ito ay mahigpit na tinutulan ng pamahalaang Marcos.

Subalit ang mundo ng pandaigdigang pulitika ay hindi tiyak o matatag. Sa umpisa pa lamang ng administrasyong Reagan, kinonsentra ang patakaran ng EU sa Gitnang Silangan sa tinaguriang *state terrorism* at naging target ng EU ang Libya. Noong ika-15 ng Abril 1986, alas dos ng umaga (oras sa Libya), pinagbobomba ng mga eroplanong Amerikano ang Tripoli at Benghazi. Ang insidenteng ito ay nagbago sa kalagayang pulitikal at naging mas mahirap para sa mga grupong pulitikal na kumilos sa loob ng Libya. Nagpasyang lumipat ang ilan sa mga pinuno ng MNLF sa Pakistan. Si Farouk at ang kanyang pamilya ay nanatili sa Libya sa pag-asang magnormalisa rin ang kalagayan. Subalit matapos ang ilang buwan, nang hindi na magbalik ang iba pang kasapi ng MNLF, nagsimula na rin si Farouk na mag-isip ng bagong tirahan para sa kanyang pamilya. Sa panahong ito, dinalaw ni Farouk ang Yugoslavia at naisipang dalhin doon ang kanyang pamilya lalo na't mula roon ang kanyang asawa. Subalit pinayuhan siya ng kanyang mga kakilala na ang kalagayan sa Yugoslavia ay hindi gaanong mainam. Tumuloy si Farouk sa Stockholm, Sweden kung saan naisipan niyang manirahan.

Samantala, nagaganap ang mga malalaking pagbabagong pulitikal sa Pilipinas. Winakasan ng Rebolusyong EDSA ang rehimeng Marcos. Nanawagan ng isang

halalan para sa isang bagong pamahalaan. Si Corazon Aquino, ang biyuda ni Ninoy Aquino, ay tumakbo bilang pangulo. Sa yugtong ito nagsimula ang isang serye ng mga pagpupulong sa pagitan ng MNLF at mga pinuno ng oposisyon sa Pilipinas. Ang isa rito ay inilunsad sa Madrid kung saan tinalakay ang pagpapanatili ng kapayapaan sa halalan at hiningi ang tulong ng MNLF sa prosesong ito. Nagkaroon din ng isang pagpupulong sa EU kung saan unang inihain ang posi-bilidad ng negosasyon.

Ang halalan ng ika-7 ng Pebrero 1986, ay nagluklok kay Corazon Aquino bilang pangulo ng Pilipinas. Idineklara ang isang pamahalaang rebolusyonaryo at ipinagtibay ang *Freedom Constitution*. Kung ang mga Pilipino ay nakakita ng pag-asa sa katauhan ni Corazon Aquino, ang mga Moro, lalo na ang MNLF, ay nakakita ng higit pa rito. Naniwala sila na ang bagong pangulo ay “kikilala sa ipinangako ng kanyang yumaong asawa sa mga Moro nang siya ay magtungo sa Gitnang Silangan.”¹⁴ Nang magpunta si Corazon Aquino sa Jolo upang makipagpulong kay Nur Misuari noong ika-5 ng Setyembre, ang pangako ng kapayapaan ay parang magkakatotoo na. Pinatunayan ito ng kasunduan para sa tigil-putukan na agad na ipinatupad.

Sinundan ang pagpupulong na ito ng isa pa sa Jolo kung saan nagtungo si Agapito “Butz” Aquino noong ika-23 ng Nobyembre upang lalong patibayin ang pagkakasundo ng magkabilang panig sa tigil-putukan at sa paglulunsad ng negosasyon sa Enero 1987.

Tulad ng inaasahan, noong ika-2 at 3 ng Enero 1987, naglunsad ng pagpupulong sa Saudi Arabia na nagresulta sa *Jeddah Accord*.¹⁵ Hiniling si Farouk na magbalik mula sa Europa para sa okasyong ito. Bagamat nagtungo siya sa Saudi, hindi siya nasiyahan sa kalagayan. Sa kanyang opinyon, hindi napapanahon ang pag-uusap na ito. Hindi pa handa ang pamahalaang Aquino na makipagnegosasyon sapagkat hindi pa lubos na kontrolado ng mga tao ni Aquino ang pamahalaan. Sa isang porum na inilunsad para talakayin ang negosasyon, tumayo siya upang ilahad ang kanyang personal na opinyon at sinabing hindi siya naniniwalang maisasakatuparan ang mga layunin ng kilusan. Dahil sa lakas ng kanyang paninindigan na ang negosasyon ay hindi magbubunga ng kanilang ninanais, hiniwalay niya ang kanyang sarili sa prosesong pangkapayapaan at nagbalik sa Europa. Samantalang marami ang tumingin dito bilang pagtiwalag sa MNLF, nilinaw ni Farouk na isa lamang itong di-pagkakasundo sa pagitan ng mga magkakapatid at ipinagpatuloy niya ang paggampan sa kanyang mga tungkulin sa loob ng kilusan.

Sa kabila ng pagbabala ni Farouk, pormal na inilunsad ang negosasyon sa Pasig noong ika-9 ng Pebrero 1987. Nagsimula ito nang punong-puno ng pag-asa at kasiglahan subalit, di nagtagal, ay lumitaw ang mga problemang dulot ng di-pagkakasundo ng magkabilang panig sa anumang makabuluhang usapin. Matapos ang tatlong buwan, nagpatigil-tigil ang pag-uusap hanggang sa tuluyan itong maglaho.

Habang nagaganap ito, inanyayahan na ni Farouk ang kanyang pamilya na lumipat mula Libya patungong Stockholm kung saan humingi siya ng *political asylum*. Nangahulugan ang paglipat na ito ng panibagong pakikibagay: ang pag-aaral ng bagong wika at kultura, at paghahanap ng bagong mga kaibigan. Para kay Farouk, nangahulugan ito ng masugid na pag-aaral ng wika upang maipasa niya ang pagsusulit para sa mga doktor upang maari siyang manggamot at sa gayo'y masuportahan ang kanyang pamilya. Ang pagsusulit ay madali naman niyang naipasa.

Samantala, sa Pilipinas, nagkaroon ng mga bagong pangyayari. Noong 1987, binuo ng pamahalaang Aquino ang *Constitutional Commission* para gumawa ng bagong saligang batas na maglalaman ng probisyon para sa paglikha ng mga rehiyong may awtonomya sa Muslim Mindanao at Cordillera. Ang probisyong ito ay nagresulta sa pagkakatatag ng *Regional Consultative Assembly* (RCA) noong ika-24 ng Hulyo 1987, na inatasang lumikha ng batas organiko. Ang borador nito ay inabot sa Kongreso noong Enero 1989 at, sa kalauna'y, isinabatas ang RA 6734 na nagtatatag ng rehiyong may awtonomya sa Muslim Mindanao o ARMM. Ang plebisito para sa pagtatatag ng ARMM ay inilunsad noong ika-19 ng Nobyembre 1989, at nagresulta sa pagpasok ng apat na lalawigan sa rehiyon ng awtonomya. Ang mga ito ay ang Sulu, Tawi-Tawi, Lanao del Sur, at Maguindanao. Sa buong prosesong ito, hindi nakilahok ang MNLF at tinutulan nila ang resulta.

Sa pagpasok ng administrasyong Ramos noong 1992, isa na namang habbang tungo sa kapayapaan ang isinagawa. Sa pagkakataong ito, ang pamahalaang Ramos ay nagsimula sa pagtatatag ng mga mekanismong pangkapayapaan upang magpunla ng tiwala at kagandahang-loob. Kabilang sa mga inisyatibang ito ay ang paglikha sa *National Unification Commission* (NUC), at ang pagsasabatas sa *Executive Order No. 350* at Proklamasyon Blg. 10 na nagbibigay ng amnestiya sa mga rebelde at insurekto.¹⁶ Ang unang *exploratory talks* ay inilunsad sa Tripoli, Libya, mula ika-3 hanggang ika-5 ng Oktubre 1992, para matiyak ang kahandaan ng MNLF para sa negosasyon. Ang ikalawang *exploratory talks* ay inilunsad sa Cipanas, Indonesia mula ika-14 hanggang ika-16 ng Abril 1993. Matapos ang anim na buwan, ang unang pormal na pag-uusap ay muling inilunsad sa Indonesia mula ika-25 ng Oktubre hanggang ika-7 ng Nobyembre 1993. Ang mga sumunod na pag-uusap ay idinaos din sa Indonesia hanggang sa huling paglagda sa kasunduan sa Jakarta noong ika-29 ng Agosto 1996. Inabot nang apat na taon ng patuloy na pagpupunyagi bago narating ang pagkakasundong ito sa tulong ng OIC sa katawan ng Pangkalahatang-Kalihim nito at ng Indonesia bilang kasapi ng OIC.

Ang Pagbabalik ng Isang Muhajir

Nagbalik si Farouk sa Pilipinas noong 1996 para makilahok sa negosasyon; nakasalalay ang kanyang pananatili sa tagumpay nito. Sa paglagda sa huling kasunduan, lumilitaw na tiyak na ang pagbabalik ni Farouk.

Sa pagbabalik-tanaw, sinasabi ni Farouk na hindi niya pinagsisisihan ang mahigit dalawampung taon niyang pagiging *Muhajir*. Bagamat palagi niyang naramdaman ang lungkot at sakripisyo ng pagkawalay sa pamilya, kaibigan at bayan, ito ay napawi sa tagumpay ng kilusan. Sa isang banda, nakapulot siya ng bagong mga kaalaman hinggil sa mga tao at organisasyong pulitikal, mga kaalamang hindi maaaring mapulot sa loob ng mga klinika at ospital. Napayaman ang kanyang buhay ng paglahok sa pagpapalaganap sa buong mundo ng kanilang adhikain, pagkuha ng malawakang suporta, at pagtatag ng pundasyon upang matiyak ang tagumpay ng kapayapaan. Sa kasalukuyan, ang *network* na tumulong siyang itatag ay nagpapadali sa pagkuha ng mga pangangailangan para masustina ang kasunduang pangkapayapaan ng 1996.

Ang kasunduang pangkapayapaan ay naghatid ng pagbabago sa buhay ng mga dating MNLF. Ang mga nagbalik sa kanilang mga bayan ay nagbubuhay na ng araro at hindi ng baril. Sa rehiyong Socsargen (South Cotabato, Sarangani, General Santos) kung saan dati ay mayroong 3,000 mandirigmang MNLF, may 500 ang nakikibahagi sa mga programang pangkabuhayan ng pamahalaan. Ang kabutihang dulot ng kapayapaan ay pinapasalamat ng maraming kasapi ng MNLF. Ayon kay Datu Dema Ambel sa isang panayam: “ang kasunduan ay nagbigay sa akin ng kalayaan at ito ang aking pinakaingatang kayamanan.” Si Teng Nur naman ay napawikang “mas maganda talaga ngayon.”¹⁷

Subalit maliban sa maliit na bahagi na nakatikim ng pagbuti ng buhay, libu-libo naman ang hindi naapektuhan ng Kasunduang Pangkapayapaan. Sa kasalukuyan, ang prosesong pangkapayapaan ay may nakakasalubong na mga suliranin. Ang matataas na pag-aasam na ibinunga nito ay hindi pa rin natutupad matapos ang dalawang taon. Pagkabigo at paminsa’y galit ang nararamdaman ng marami sa kinalabasan ng kasunduan. Bago maging huli ang lahat, nais ni Farouk na ang dalawang panig, ang pamahalaan at ang MNLF, ay sama-samang kumilos para matukoy ang mga kamalian at magsagawa ng pagwawasto.

Para kay Farouk, nangangahulugan ang lubos na kapayapaan ng pagsasakatuparan ng mga mithiin ng MNLF na makabubuti sa pag-unlad ng mga Moro, upang sa gayo’y ang mga nag-alay ng buhay para rito ay maaari nang mamahinga ng payapa.

MGA TALA

1. "FVR cites success of MNLF peace pact," *Manila Bulletin*, 11 September 1997, p.1.
2. Magsaysay S. Werble, "The Mindanao Peace Process: Chronology of Events from Tripoli to Jakarta 1976-1996" (Di-nakalathalang tesis Masteral, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon, 1996, p.87).
3. Carmen A. Abubakar, "The Moro Ethno-nationalist Movement." Nasa Kumar David at Santasilan Kadirgamar (mga pat.), *Ethnicity, Identity, Conflict and Crisis* (Hong Kong: Arena Press, 1989).
4. Tingnan ang Werble, p.4
5. Tingnan ang Abubakar, p.12.
6. R.D. Macamis, "Muslim Filipinos in the 1970s," *Solidarity*, Dec. 1973, p.3-16.
7. Mahmood Ahmad Ghazi, *The Spirit of Hijrah and Its Revival in Modern Times* (Islamabad: Islamic Research Institute, 1401 A.H.).
8. Nakalista ang mga masaker ng Ilagas at militar laban sa mga Moros sa Werble (1996:16-23).
9. Pinasok ng mga puwersang Italyano ang Libya noong ika-30 ng Setyembre 1911. Si Omar El-Mukhtar, ang pinakatanyag na *freedom fighter* ng Libya, ang namuno sa pakikipaglaban sa mga Italyano. Sa kasunduang kapayapaan ng 1947, itinakwil ng Italya ang lahat ng pag-aangkin sa Libya. Noong ika-5 ng Nobyembre, 1950 ang Pambansang Kongres ay nagsagawa ng konstitusyon at ito ay pinahayag noong ika-7 ng Oktubre 1951. Pormal na idineklara ni Haring Idris Al-Sanusi noong ika-24 ng Disyembre 1951 ang malayang Monarkiya, na nalansag sa isang mapayapang rebolusyon noong ika-1 ng Setyembre 1969. Tinatag ang Libyan Arab Jamaharhijiya sa pamumuno ni Muammar Qathafi. Tingnan ang Jaime B. Ramirez, *Muammar al Qathafi, The Great Leader* (Cebu City: JBC Ramirez LTD, 1989).
10. Ang Ministryong Komite ng Apat ay kinabilangan ng Panlabas na Ministro ng Libya, Saudi Arabia, Senegal, at Somalia. Ang iba't ibang resolusyon ng OIC hinggil sa mga Muslim sa Pilipinas ay nasa Werble (1996), annex G.

1. Ang Kasunduang Tripoli ay nilagdaan noong ika-23 ng Disyembre 1976 sa Tripoli, Libya sa tulong ng OIC. Ang mga nagsipaglagda ay sina: Kagalang-galang na Carmelo Z. Barbero, Mabababang Kalihim, Pambansang Depensa para sa Ugnayang Sibilyan; Dr. Ali Abdusalam, Ministro ng Estado sa Usaping Panlabas, Libyan Arab Republic at Tagapangulo ng Negosasyon; G. Nur Misuari, Tagapangulo ng MNLF; at Dr. Amadou Karim Gaye, Kalihim Heneral ng OIC. Para sa teksto ng Kasunduan, tingnan ang Werble (1996), annex A.
12. Ang 13 lalawigan at siyam na lungsod ay: Basilan, Sulu, Tawi-tawi, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte, Maguindanao, Sultan Kudarat, Lanao del Sur, Lanao del Norte, Davao del Sur, South Cotabato, Palawan, at lahat ng mga lungsod at pook sa mga nabanggit na lugar.
13. Inilabas ang PD 1628 noong ika-25 ng Marso 1977 na nagpapahayag ng awtonomya sa Timog Pilipinas. Dalawang rehiyon ang sakop ng awtonomya sa ilalim ng PD 1628: Rehiyon IX at Rehiyon XII. Kabilang sa Rehiyon IX ang mga lalawigan ng Basilan, Sulu, Tawi-Tawi, Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, at ang mga lungsod ng Dipolog, Dapitan, Pagadian at Zamboanga. Kabilang naman sa Rehiyon XI ang Lanao del Sur, Lanao del Norte, Maguindanao, North Cotabato, Sultan Kudarat at ang mga lungsod ng Iligan, Marawi, at Cotabato. Para sa teksto, tingnan ang Werble (1996), annex B.
14. Sukarno D. Tanggol, *Muslim Autonomy in the Philippines: Rhetoric and Reality* (Marawi City: Mindanao State University, 1993).
15. Ang Kasunduang Jeddah ay nilagdaan noong ika-3 hanggang ika-4 ng Enero 1987 sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at MNLF. Ang dalawang lupon ay nagkasundo na ipagpatuloy ang pagtalakay sa panukalang bigyan ng buong awtonomya ang Mindanao. Ang mga nagsipaglagda ay sina Aquilino Pimentel, Jr., Tagapangulo ng Lupon ng Pamahalaan ng Pilipinas; Nur Misuari, Tagapangulo ng Lupon ng MNLF; at natunghayan ni S.S. Perzada, Kalihim Heneral ng OIC. Ang teksto ay nasa Werble (1996), annex H.
- 16a. Ang NUC ay nilikha sa pamamagitan ng Proclamation No. 10-A upang “magsagawa ng malawakang konsultasyon sa mga kinauukulang sektor ng lipunan, kabilang ang mga rebeldeng grupo, upang makagawa ng maayos na programang amnestiya at proseso tungo sa malawakan at pangmatagalan na kapayapaan” (Werble, 1996:74).
- b. Executive Order No. 350 serye ng 1989 ay naghahayag ng mga gabay tungkol sa pag-aplay ng amnestiya. Kabilang dito ang mga indibidwal na sa kanilang

sariling kagustuhan ay nakabalik o babalik sa ilalim ng batas pagkatapos magsagawa ng mga kilos na labag sa batas sa pagpupunyagi sa kanilang mga pulitikal na paniniwala.

- k. Proclamation No. 10, inilabas noong ika-27 ng Hulyo 1992, ay nagbibigay ng amnestiya sa mga 4,453 katao na nag-aplay (o iyong ibang nais mag-aplay) ng amnestiya sa ilalim ng Executive Order No. 350 para sa mga gumawa ng *treason, conspiracy, espionage, rebellion*, atbp. Ang pagbigay ng amnestiya ay nangangahulugan ng pagpawi ng lahat ng mga nagawang krimen at pagwawalang sala at ang pagbalik sa pinagkalooban ng lahat ng sibil at pulitikal na karapatan. Tingnan ang Werble (1996), annex K.
17. "Peace accord changes lives of ex-Moro rebels," *Manila Times*, 4 Agosto 1998, p.4.

BIBLIOGRAPIYA

Abubakar, Carmen

- 1989 "The Moro Ethno-nationalist Movement." Nasa Kumar David at Santasilan Kadirgamar (mga pat.), *Ethnicity, Identity, Conflict and Crisis*. Hong Kong: Arena Press.

Ghazi, Mahmood Ahmad

- 1401A.H. *The Spirit of Hijrah and Its Revival in Modern Times*. Islamabad: Islamic Research Institute.

Macamis, R.D.

- 1973 "Muslim Filipinos in the 1970s," *Solidarity*, 3-16.

Ramirez, Jaime B.

- 1989 *Muammar al Qathafi, The Great Leader*. Cebu City: JBC Ramirez LTD.

Tanggol, Sukarno D.

- 1993 *Muslim Autonomy in the Philippines: Rhetoric and Reality*. Marawi City: Mindanao State University.

Werble, Magsaysay

- 1996 "The Mindanao Peace Process: Chronology of Events from Tripoli to Jakarta 1976-1996." Di-nakalathalang tesis Masteral, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lunsod Quezon.

NINOY AQUINO: HINDI PANGKARANIWANG EKSILLO*

NENI STA. ROMANA-CRUZ

Ninoy Aquino: Bago ang Eksilyo

Sapat na penomenal na ang karera sa periyodismo at pulitika ng kahanga-hangang taong ito upang mapabahagi siya sa kasaysayan. Pero ang di-opisyal na papel ni Ninoy Aquino bilang pinuno ng oposisyon at kalaban ng diktador—mula sa pagkakapiit sa Camp Crame at Fort Bonifacio hanggang sa kaiga-igayang pagkatapon sa Boston hanggang sa kanyang kahambal-hambal na pagmamartir sa tarmak—ang nagbigay sa kanya ng kanyang natatanging lugar sa kasaysayang kontemporanyo.

Bagamat nagreklamo sa walang siglang buhay ang walong taong-gulang na Ninoy, hindi pangkaraniwan ang kinalakihan ni Benigno Simeon Aquino, Jr. Anak siya nina Benigno S. Aquino, Sr., nasyonalista, Tagapagsalita at senador, at Aurora A. Aquino, na galing sa isang pulitikal at may-lupang pamilya mula Tarlac. Isinilang si Ninoy noong ika-27 ng Nobyembre 1932, at lumaki siyang inakalang karaniwan ang magkaroon ng tanyag na ama at lolo sa ama, si Heneral Servillano Aquino, isang rebolusyonaryong lumaban sa mga Espanyol at Amerikano.

Hindi rin naman naging pangkaraniwang bata si Ninoy na napakadaldal at napakabilis matuto. Kung bumibisita ang kanyang lolong heneral sa kanilang bahay sa New Manila, sa masaganang distritong tinirhan ng pamilya nang maging senador si Benigno Sr., napuno ang mapagmasid na apo ng pamimitagan sa lolo na kilalang

* Isinalin mula sa Ingles.

sharpshooter. Pero pinagtakhan at tinanong din ng bata kung paano naging posible iyon, mangyaring may pagkaduling ang kanyang lolo. Nabahala ang ina nang deretsahang tinanong ni Ninoy, “Paano po kayo naging heneral sa mga mata ninyong iyan?” (Joaquin, 1983:189).

Parating nasa kalsada ang batang Ninoy at alam niya ang lahat ng bagong tsismis sa distrito dahil nakikihalubilo siya sa lahat ng tao. Kapag umuuwi ang pamilya sa Concepcion, Tarlac, isang oras pa lang ay masasagap na niya ang pinakahuling balita tungkol sa lahat ng tao. Dahil dito’y binigyan siya ng palayaw na T-V-T (*Tribune, Vanguardia, Taliba*, ang pangunahing magkakasangay na diyaryo noong panahon na iyon) dahil nangunguna siya parati sa balita sa pook nila. Nakini-kinita na ng tatay niya na magiging peryodista ito pagdating ng araw.

Dahil sanay sa mga kaibigan o sa mga nakatatanda, ano man ang kanilang posisyon sa buhay, hindi naging mahiyain ang batang Ninoy sa pag-istima ng mga panauhin ng ama niya, na walang tigil ang pagdating dahilan nang panunungkulan ng senador. Nakapuwesto ang bata sa gitna ng mga panauhing matatanda, nakikipagkuwentuhan, tunay sa pagkakakilala sa kanya bilang madaldal at maagang natuto. Madalas niyang makasama sa masiglang usapan ang mga tsuper ng mga tanyag na mga bisita ng ama niya. At tuwing may pagpupulong sa kalsada, tiyak na nandoon si Ninoy.

Ngunit mayroon ding mga di-nakakatuwang bagay na dapat ding matutunan, simula ng kanyang pagkamulat sa mga pamamaraan ng pulitika, noong panahon ng kanyang kabataan. Sapagkat ang batang itinuring na prinsipal ay biglang naitakwil (Joaquin, 1983:191). Nasaktan siya sa pagbibintang ng publiko sa ama niya bilang kolaborador ng mga Hapon at dahil dito ay napalapit siya sa pamilyang Laurel, lalo na kay Salvador, o Doy, na ang ama ay pinagbibintangan din nang ganoon. (Si Doy ay magiging bise-presidente sa administrasyong Aquino.)

Masakit na sampal nang nagtangkang bumalik sa pulitika ang ama niya pero natalo. Noong 1947, yakap niya ang kanyang ama nang mamatay ito habang nanonood ng boksing, bigong dinala ng labinlimang taong gulang na Ninoy ang ama niya sa isang taksi papuntang ospital (Dalisay at Azurin, 1993:25). Bago pa namatay ang ama, nasaksihan na ni Ninoy—na hindi nakaranas ng normal na kabataan dahil sa mga pangyayari sa buhay niya na nagpatanda sa kanya nang maaga—ang pagkabagsak ng ama bilang bayani. Ang mga balakid na naranasan ng ama ay matindi ring naranasan ng anak. Habang nakaburol ang ama, kinamuhian niya ang pagbibigay ng pinakamataas na parangal dito. Natandaan pa ni Ninoy na “Pawang kabalbalan, inisip ko... iyon ang una kong pagkakataong makaranas ng pait... Dahilan para maging mapag-isa ako” (Joaquin, 1983:194).

Labis na nalungkot si Ninoy, pero kaagad din siyang nabalik sa daigdig ng pulitika nang mangampanya siya para sa kaibigan ng pamilya nilang si Jose Laurel, na tumakbo sa pagkapresidente at natalo kay Elpidio Quirino noong 1949. Ganoon nagsimula ang phenomenal na karera ni Ninoy sa peryodismo at pulitika. Sa edad 17, naakit siya sa sigla ng *media*, at nagprisintang magtrabaho sa *Manila*

Times, ang pangunahing diyaryo noon. Alam niyang tinanggap siyang *copy boy* ng tagalimbag na si Chino Roces dahil magkaibigan ang mga ama nila. Bukod sa kanyang tapang at pagkabata, wala siya masyadong maipagmalaki, alam niyang hindi niya kayang sumulat ng wastong pangungusap. Natuto siya kaagad dahil maingat niyang pinag-aralan iyong mga naayos na manuskrito na dinadala niya at kinukuha sa opisina, nakita niya mismo kung paano magsulat sa diyaryo.

Pinadala siya sa Korea upang sulatin ang Giyerang Koreano at pagkatapos ay tumanggap siya ng *Philippine Legion of Honor* para sa *Meritorious Service* bilang pagkilala sa pagbabalita niya tungkol sa giyera sa edad 18. Pagkaraan ng ilang taon, sa edad 23, tumanggap siya ng isa pang medalyang *Legion of Honor* para sa pag-areglo niya ng pagsuko ng supremo ng Huk na si Luis Taruc, ang pinakamataas na pinunong komunista sa Timog Silangang Asya.

Sa edad ring 23, siya'y naging pinakabatang alkalde ng munisipyo sa bansa; sa edad 27, siya ang pinakabatang bise governor; at naging pinakabatang governor sa edad 29. Sa edad 35, taong 1967, siya ang naging pinakabatang senador ng Republika, ang bugtong na kandidato ng oposisyon na hindi naapektuhan ng makinaryang Marcos. Hindi kataka-takang binabantayan ni Ferdinand Marcos ang baguhang si Ninoy Aquino, na maaring maging hadlang sa kanyang ambisyon at kasakiman sa kapangyarihan. Hindi naging madali ang pagkakapanalo ni Ninoy sa mga eleksyon dahil parating kinukuwestiyon ang kanyang edad. Sa bawat eleksyon, paulit-ulit na lang ang pagtatalo: Binibilang ba ang edad ng kandidato sa araw ng eleksyon o sa araw ng proklamasyon ng pagkapanalo? Mahalagang tanong iyon sa kaso ni Ninoy dahil Nobyembre 27 ang kaarawan niya, dalawang linggo pagkatapos ng eleksyon.

Maski noong alkalde si Ninoy, itinuring na siya ni Presidente Marcos na pangunahing kalaban. Komunista at tagasuporta ng Huk ang dalawa sa mga paboritong bintang ni Marcos kay Ninoy. Pinapasalamat na ni Ninoy si Marcos at ang kanyang mga akusasyon sa pagkapanalo niya sa Senado, dahil nakatulong ang mga ito para matandaan siya ng publiko. Determinado si Ninoy na makilala sa Senado, lalo na dahil ikinagagalak niyang naging miyembro din nito ang kanyang ama. Sunod-sunod at mapupusok ang mga talumpati ni Ninoy. Noong 1968 pa lang, nagbababala na siya na magtatatag si Marcos ng isang estado militar. Ang bibig na hindi maawat ng kanyang ina ay lalong ikinatuwa ng *media* at ng mga mamamayan. Parating ipinapakita ni Ninoy Aquino na “sa panunungkulan at personalidad,” papalitan din niya si Marcos bilang presidente (Dalisay at Azurin, 1993:41).

Sa isa sa mga *di-malimot* at mahusay na mga talumpati niya na ang bilis ay mahirap tularan—tila parating mas marami ang sasabihin niya kaysa pinahihintulutan ng panahon—sa bayang balisa ang kalagayang sosyal at sibil, ibinunyag niya ang “Oplan Sagittarius,” ang plano ng gobyerno na ipatupad ang Batas Militar.

Makaraan ang walong araw, Setyembre 21, ipinatupad nga ni Marcos ang Batas Militar. Hindi nagkataon lamang na si Ninoy Aquino ang pinakaunang

“kalaban ng estado” na inaresto nang walang mga bintang at dinala sa piitan ng militar. Ganoon nagsimula ang pinakamahirap na walong taon sa buhay ni Ninoy nang tanggalin ang lahat ng kanyang mga karapatan bilang mamamayan—panahon ding nagsimula ang kanyang paglalakbay at spiritwal na pagbabago at nagdusa siyang nag-iisa sa selda niya. Masidhi ang sinabi niya tungkol sa kahungkagan ng kanyang buhay, “Pitong taon nang hindi ko nakikita ang buwan at ang mga tala” (De Quiros, 1997:440). Inakala ni Marcos na matatahimik ang prangka at mahilig sa pakikipagkapwang senador kung ihihiwalay siya sa kanyang pamilya at mga manghahalal, pero ipinakita ni Ninoy na mas mahusay pa siyang magtalumpati kung huhubaran ng kapangyarihan.

Hindi kumain nang 40 araw si Ninoy noong 1975 bilang protesta laban sa tribunal militar—ang tinatawag niyang *kangaroo court*—na naglilitis sa kanya, at upang makiisa rin sa lahat ng mga biktima ng pang-aapi at kawalan ng hustisya ng rehimen. Noong 1977, sinentensiyahan siya ng kamatayan sa harap ng *firing squad* sa kasong subersiyon, pagdadala ng armas, at pagpatay. Alam ni Marcos na habang lumalaki ang pangkat ng oposisyon, dapat makahanap siya ng eleganteng paraan nang matanggal sa eksena ang makarisma nilang pinuno. Noong nasa bahay si Ninoy para sa sandaling bakasyon noong Pasko ng 1979, inalok siya ni Marcos ng kalayaan kapalit ng pag-alis nito ng bansa. Kinonsulta ni Ninoy ang kanyang mga kaibigan na nagpayo sa kanya na pumunta sa Estados Unidos (EU) (Komisar, 1987:45). Pero walang dumating na opisyal na utos ukol sa panukalang eksilo.

Habang nagdya-*jogging* si Ninoy noong Marso 1980, inatake siya sa puso at kaagad na itinakbo siya sa *Philippine Heart Center*. Nang irekomenda ng mga doktor ang operasyon sa puso, humingi si Ninoy ng permiso sa presidente na magbiyahe sa labas ng bansa sa Mayo. Pinayagan siya, basta’t magbibigay din ng permiso ang Korte Suprema. Nang bumisita si Gng. Imelda Marcos, pinag-usapan at inareglo ang pagpunta ni Ninoy sa EU para maoperahan. May ilang mga kondisyon ang permiso ni Ninoy na magbiyahe. Pahihintulutan siyang pumuntang EU para magpa-triple heart bypass sa Baylor University Medical Center sa Dallas, Texas, na iilang mga kamag-anak lamang ang makakasama. Ang anak niyang si Noynoy na nag-aaral sa Ateneo ang naiwan sa bansa. Mapalad naman at nataong nasa Hong Kong nakabase ang isa pang anak na si Pinky. Nang magtagal, parehong sumunod ang dalawang anak sa EU. May kondisyon din na kaagad siyang babalik sa bansa, sa detensiyon, pagkatapos niyang magpagaling, at pinagbawalan siyang mamulitika habang nasa labas ng bansa.

Eksilyo Bilang Kalayaan

Bumaligtad si Ninoy sa pasiya niyang tumahimik, 87 araw pagkatapos siyang mapakawalan. “Ang kasunduan sa demonyo ay hindi tunay na kasunduan. Ang pagsauli ng kalayaan sa aking mga kababayan ang hangad ko,” ganoon niya ipinaliwanag ang patuloy niyang pakikibaka (White, 1989:114). Mapusok siyang

nagtalumpati sa *Asia Society* sa New York at sa unang tatlong buwan niya sa labas ng bansa, nakipag-ugnayan na siya sa iba pang mga pinuno ng oposisyon na mga eksilo. Nagkaisa sila sa kanilang hiling na magbitiw sa kapangyarihan si G. Marcos at baklasin niya ang rehimen ng Batas Militar bilang pangunahing pangangailangan sa pagkakaisang nasyonal (White, 1989:114).

Nagsimula ang tatlong taong eksilyo ni Ninoy sa Boston, Massachusetts. Pagkatapos niyang magpagaling sa kanyang operasyong *triple bypass*, inimbita siya sa isang *fellowship* sa *Center for International Affairs* ng *Harvard University*. Sinundan ito ng isa pang *fellowship* sa *Center for International Affairs* ng *Massachusetts Institute of Technology*. Itong tatlong huling taon ng kanyang buhay ang itinuring ng pamilya niya na pinakamasayang mga taon ng buhay nila bilang pamilya.

Bagamat mapayapa at masayang panahon ito na inihantulad ni Cory Aquino sa Camelot, kabaligtaran ng pitong taon at pitong buwang nakakulong, hindi inisip ni Ninoy na maging permanenteng eksilo sa EU. “Panahon ng pagbabago ang turing namin dito, alam naming hindi panghabang-panahon,” sabi ng panganay na babaeng si Ballsy Aquino-Cruz (Panayam, Nobyembre 14, 1998). Hindi marangyang pamumuhay ito, sabi niya, kundi buhay na matipid na ang pinakamahalagang mga pangangailangan lang ang tinutugunan. Dahil, bagamat nagpapadala ng pera ang mga mayayamang Cojuangco, ang pamilya ni Cory, si Pinky lang (na noo’y nagtra-trabaho sa IBM) ang may regular na tinatanggap sa labas ng bansa. Hindi karaniwang humihingi ng tulong sa pamilya ang ina niya, sabi ni Ballsy. Bibilhin nito ang pinakamurang gayat ng karne sa palengke—buntot ng baka, giniling na karne—walang reklamo ang nanay niya sa \$100 na badyet para sa pagkain, parati siyang nakakahanap ng paraan para mapagkasya ito. Bago lamang nalaman ni Ballsy ang maliit na panggastos noon nang magbiyahe siya papuntang EU. Hindi nag-abala ang pamilya na magpakabit ng bintanang pambagyo o pagandahin ang sistema ng pagpapainit ng bahay sa kanilang inarkilang tahananang dekada 1920 sa Newton sa Boston, dahil alam nilang kahit kailan ay maaaring magbalik sila sa Pilipinas. Maganda ang lugar, ngunit hindi komportable sa malupit na taglamig ng Boston. “Alsa balutan” ang tawag ni Ballsy sa paraan ng pamumuhay nila noon. Malayo sa “steak commandos” na pangutyang bansag sa mga eksilong nasa Unang Daigdig.

Nang sulatin ni dating presidenteng Cory Aquino ang tungkol sa naging buhay nila ni Ninoy, idiniin niya ang kamalayan nila na panahon lamang ng pagbabago ang buhay sa Boston: “Habang nasa EU kami, alam namin parating pansamantala lang ang buhay namin doon. Hindi tumitigil si Ninoy sa pagsasalita tungkol sa Pilipinas. Maraming dahilan si Ninoy para bumalik, una na iyong sitwasyong politikal sa bansa at ang bali-balitanang masamang kalusugan ng Presidente” (C. Aquino, 1986a:37).

Ang kamalayang ito malamang ang dahilan ng mabuting pagsasama nina Ninoy at Cory bilang pamilya, samahang hindi kaagad nakasanayan ni Ninoy dahil matagal

siyang nahiwalay sa pamilya niya. Nagkaoras siyang makasama si Kris, na dalawang taong gulang lang nang mapilit ang ama niya. Naaalala ni Ballsy kung gaano naging kapasensiyosong ama si Ninoy, na bumabawi sa lahat ng mga taong hindi niya nakasama ang pamilya niya. At bago siya nakulong, ang ina lang nila ang natatandaan ng mga bata bilang aktibong magulang dahil abala ang ama nila sa kanyang karera sa pulitika.

Nagulat ang mga kaibigan sa kauna-unahang pagkakataon nilang mapasyal kina Ninoy sa Boston dahil sa kanyang marangal na anyo, na malayo sa mapangahas na pulitiko na dati nilang kilala. Mas nagulat sila sa kanyang pagka-suwabe't pagkapitagan, mala-diplomatiko na halos. Nagtaka sila kung paano niya naalis ang lahat ng bakas ng detensiyon.

Ngunit maski libo-libong milya ang layo nila sa Pilipinas at kay Marcos, alam ng buong pamilya na kailangan nilang maging maingat sa kanilang seguridad tulad din sa Manila, isinasaisip na sinusubaybayan sila at tinitiktikan ang kanilang telepono. Napatunayan ito nang mapunit ni Ninoy ang litid ng kanyang *Achilles' heel* habang bumababa sa kotse at kinailangan niyang magsuot ng *cast*. Di nagtagal, may tumawag mula Pilipinas na kaibigang opisyal sa Depensa, kinakamusta si Ninoy sa kanyang aksidente.

Gayunpaman, piyesta ang Boston at Harvard para sa puso't isip ni Ninoy. Alaala ni Cory, "Paraiso ang Boston. Kailangang dumaan ka sa naranasan ni Ninoy sa preso para malaman mo ang kahalagahan ng kalayaan. Sa Boston din, lalong umunlad ang pag-iisip ni Ninoy. Panaginip na nagkatotoo ang Harvard, madalas na sabihin ni Ninoy, at kung hindi siya nakulong sa Fort Bonifacio, hindi siya mapupunta sa Harvard. Ganoon si Ninoy. Nakikita niya parati ang mabuti sa lahat ng pangyayari" (C.Aquino, 1986a:37).

Dahil nabubuhayan si Ninoy sa pakikisalamuha sa mga tao, tila bahay-pukyutan ang tahanan nila sa Boston. May mga Pilipino sa komunidad na tinanggap nang malugod ang mga Aquino. Naalala ni Ballsy na noong bagong dating sila, ipinakilala sila sa iba pang mga Pilipino roon ni Mary Rose Jacinto Ezpeleta, na matagal nang tagaroon. Kabilang si Ezpeleta sa mayamang pamilya, na bakal ang negosyo, na naeksilo rin noong panahon ni Marcos. Walang tigil ang pagdating ng mga bisita, mga kaibigan ni Ninoy mula Pilipinas ang karamihan, na sinusundo mula sa paliparan; naramdaman tuloy ni Ballsy at ni Pinky na mabuti pang magnegosyo na sila nang taksi. Lumipat din sina Ballsy, Pinky at Viel sa *attic* upang magamit parati ng mga bisita ang mga silid sa ikalawang palapag. Bawas sa gulo at pagkabalabog ang ganoon kaysa sa maya-mayang lumilipat sila ng kuwarto tuwing may dumarating na bisita. Pero mayroon pa ring mga kubrekamang kailangang labhan sa bawat pagbisita't pag-alis. Si Kris, 9 taong gulang noon, ang nagsumbong sa kanyang ina na narinig niya ang ama niyang kinukumbinse ang mga bisita na sa kanila na lang tumira kahit mayroon na silang otel, at kung hindi'y "magdadamdad si Cory." Dagdag pa sa insulto kapag nanunukso si Ninoy, dahil tinitiyak niyang naririnig ni Cory na "humihingi siya ng paumanhin" sa mga bisita habang



Maraming aral ang baon ni Ninoy mula sa kanyang buhay eksilyo.

Ayon kay Cory Aquino, mala-paraiso man ang kanilang pamamalagi sa Boston, hindi naisip ni Ninoy na maging permanenteng eksilo sa Estados Unidos.



“Alsa balutan” ang turing ng pamilya Aquino sa kanilang pamumuhay sa Estados Unidos.

Ang mga larawan ay sa kagandahang loob ng Pamilya Aquino.

naghahapunan, “Pasensiya na kayo, si Cory lang ang nagluto.” Lahat ng ito’y tinatawanan lamang ni Cory dahil alam niyang pinupuri rin nang husto ni Ninoy ang luto niya kapag hindi niya naririnig (Sta. Romana-Cruz, 1996:30-31).

Naaaliw pa rin hanggang ngayon si Ballsy kapag naaalala ang labis na kabutihang ipinapakita ng kanyang ama sa pagtanggap ng mga bisita, ang kasabikan nito na makakita ng dating mga kaibigan, mga kaibigan ng kanyang mga anak, pati na rin ang kahit sinong kakilala mula Pilipinas. Pinapagod niya ang mga kaibigang pinapasyal niya sa kanyang taglay na talento bilang kuwentista. Maski noong naka-*cast* ang paa niya at kinailangan niyang magsaklay, nagmaneho pa si Ninoy papuntang paliparan para sunduin ang kapwa kawal ng kalayaan na si Lorenzo Tañada Sr. Tipikal kay Ninoy Aquino na habang nagmamaneho papuntang Newton, walang tigil siyang nagsasalita tungkol sa pulitika at mayamaya’y biglang may ituturo siyang interesanteng tanawin; hanggang sa nagmakaawa na si Tañada na magpokus na lang si Ninoy sa pagmamaneho, dahil nininerberiyos na ang bagong dating na bisita.

Tagakampanya man ng demokrasya si Ninoy, sinasabi ni Ballsy na sa tahanan, autokratiko itong nagdedesisyon para sa buong pamilya at sa kanyang asawa. Hindi niya naramdaman ang pangangailangan ng diskusyong demokratiko. Inaasahan na lang niyang susunod ang kanyang pamilya sa desisyon niya at maniwalang para rin iyon sa ikabubuti nila. Kinukuwento niya na halos mapagmalaking sinasabi ng ina niya na wala siyang reklamong sumunod kay Ninoy at kuntento na si Cory na asawa niya ito. Mataas ang pagtingin ni Cory kay Ninoy at sa taliño nito noong mga taong nagliligawan sila—at nagpatuloy ang pagtingin na ganito maski noong ikasal na sila. Hindi pareklamo ang tono ni Cory kapag tinatawag niya itong *male chauvinist*. Sa isang panayam kay Gail Sheehy ng *Parade Magazine* ng *Washington Post*, ang sabi ni Cory, “Ayaw niyang nasasabing iniimpluwensiyahan ko siya.” Hindi ito minasama ni Cory dahil masaya siya sa kanyang papel na pribado, “Naisip ko, ‘Puwede mong gawin ang gusto mo sa buhay mo sa publiko. Titiyakin kong magiging mabuti at responsableng mga mamamayan ang mga anak natin’” (Belmonte, 1986:37a).

Inamin ni Cory na nakakailang sa kanya ang mapabilang sa mga pagtitipon sa Boston, kung saan nakihalubilo si Ninoy sa mga intelektuwal na nagkukuwentuhan hindi tungkol sa mga librong nabasa nila kundi sa mga librong sinulat nila. Naging malakas si Ninoy, pero nabuhay nang maligaya si Cory sa anino ng mala-alamat niyang asawa. Dahil pinili niyang manatili sa likuran ni Ninoy, lumaganap ang imahen ni Cory bilang tagatimpla ng kape (at ng *quiches*, *Peking duck*, *chicken paté* atbp.). Pero paano nga ba maiiwasang maimpluwensiyahan ni Ninoy? Hindi naman talaga posibleng maging baguhan sa pulitika ang isang kasal sa isang dalubhasang katulad ni Ninoy, inamin ni Cory. “*Osmosis* lang siguro iyon, dahil nangaling din ako sa isang pamilyang pulitikal” (Sta. Romana-Cruz, 1998:292).

Pinili ni Cory ang hindi mapagitna sa entablado. Pero nagkaroon siya ng pagkakataong ipakita ang taglay niyang sariling paninindigan, ang tahimik na

tapang at dignidad na pinanghawakan niya habang nakapiit ang kanyang asawa. Naalala ni Scott Thompson, Amerikanong propesor na malapit sa mga Aquino noong panahong iyon, ang insidenteng natunghayan niya noong kinumbida niya ang mag-asawa sa isang hapunan. Iminungkahi niya na iwan na ng mga ginang ang mga ginoong mananabako. Hindi natuwa si Cory, na ayaw umalis sa kinaroroonan niya—at walang pagkabahalang sinabi ang kanyang nararamdaman, “...alam niya, bilang asawa ng panauhing pinararangalan at bilang babaeng mayaman at may-pinag-aralan, na kaya niyang magsalita ng ganoon” (Policarpio, 1986:80).

Sa tatlong taong eksilyo ni Ninoy, hindi niya pinakawalan ang pangarap niyang makita ang pagbabalik ng demokrasya sa bansa. Bilang isang eksilo sa EU, sumama siya sa kapwa senador at kilalang oposisyonista na si Raul Manglapus. Tinanggihan ni Ninoy ang alok ni Manglapus na maging pangulo ng *Movement for a Free Philippines*, na itinatag at pinamuan ni Manglapus (Manglapus, 1986:xxiii), bagamat pareho silang tahas na kritiko ni Marcos at iisa ang hangaring inaasam. Magkatulong silang sumulat kay noong-Bise Presidente George Bush ukol sa nakakalungkot na sinabi nito sa diktador na Marcos, “Mahal namin ang pagtangkilik ninyo sa mga prinsipyong demokratiko—at sa mga prosesong demokratiko.” Pinaalalahanan nina Aquino’t Manglapus si Bush sa pagbisita nito sa Manila: “Mangyari lamang tandaan ninyo na bawat salitang papuri para sa diktadurang Marcos at ang inyong pagpapakita at litrato kasama ang diktador ay magpapalalim sa kawalang-pagasa ng mga Pilipino, at magtutulak ito sa aming mga kababayan sa mga kamay ng radikal na kaliwa” (Manglapus 1986:230).

Hindi panay tamis at liwanag sa Harvard, dahil habang nandoon si Ninoy, nagsampa sa kanya ang rehimeng Marcos, bukod pa sa dalawa niyang hatol ng kamatayan, ng dalawa pang paratang ng subersiyon at ipinahayag na magkakaroon ng utos na ipaaresto siya oras na tumapak siya sa lupang Pilipinas (B. Aquino, 1983:59). Ngunit ang pagkalayo at ang klima ng akademya ang nakapagbigay kay Ninoy ng “panahon at kapaligiran upang pag-isipan ang kahulugan sa bansa ng mga taong nakakulong siya. At mula sa kanyang tahanan sa Newton na napakalapit sa Harvard, ginawa niya ang pinakahuling biyahe upang iuwi ang mga bunga ng kanyang mga pagmumuni-muni” (C. Aquino, 1986k).

Isang suliranin ni Ninoy noong naka-eksilo siya ay ang pagpili ng paggamit o di-paggamit ng dahas para baklasin ang diktadurang Marcos. Dapat bang tapatan ng dahas ang kalupitan ni Marcos? Tila iyon lang ang paraan para matanggal sa poder ang diktador. Ilang oras ang inilaan ni Ninoy sa pananaliksik sa akademya ukol sa paggamit ng dahas tungo sa pagpapalayang pambansa. Base sa paraan ng kanyang pag-uwi, malinaw kung ano ang pinili niyang posisyon.

Natakot ang pamilya ni Ninoy sa balak nitong pag-uwi sapagkat alam nila na pagkapiit ang uuwian niya; ang balak na ito ay paksang pinag-uusapan sa Maynila, tulad ng kanyang biglang pag-alis noon tungong EU. Marami pa ngang naghinala na wala siya talagang sakit, sa halip ay nakipagkasunduan daw siya sa mga Marcos.

Ngayon, pinaghihinalaan ang pag-uwi niya, dahil bakit niya tatalikuran ang kaginhawaan ng pamumuhay sa Boston?

Nang ipaalam niya ang kanyang planong umuwi sa mga kaibigan, kasama na ang kapwa niyang preso at personalidad sa *media* na si Jose Mari Velez at ang tagapaglimbag ng *Free Press* na si Teodoro Locsin Sr., nilinaw niya na walang makakapagpabago ng pasiya niya. Hindi ang babala ni Imelda Marcos mismo nang mag-usap sila sa New York, tungkol sa kung anong naghihintay kay Ninoy sa Maynila. Hindi ang pag-aalala ni Velez para sa buhay at kalayaan ni Ninoy. Buo na ang pasiya niya, “Handa akong ibigay ang kalayaan ko at bumalik sa Bonifacio mabigyan lang ng sampung minutong makaharap si Marcos. Kailangan ko siyang kumbinsihin na kung hindi niya (FM) tayo ibabalik sa landas tungo sa Demokrasya sa pamamagitan ng malinis at tunay na eleksiyon, hinaharap ng Pilipinas ang magulo at madugong posibilidad ng pagpapabagsak ng militar at rebolusyon” (Maramba, 1983:92-93).

Hindi ang paalala ni Locsin Sr. ng isa pang solitaryong pagkapiit o pagkaaresto sa bahay o maski ang malupit na posibilidad: “Halimbawang mabari ka?” Marangal na sasagot si Ninoy, “Kung hindi pinauwi at binaril si Rizal, mamamatay siyang karaniwang eksilo. Mawawala siya sa kasaysayan natin... Kung magkamali silang patayin o barilin ako, gagawin nila akong bayani at matatalo sila at mananalo ako” (Dalisy at Azurin, 1993:47).

Sa liham kay Sen. Eva Estrada Kalaw na sinulat sa San Francisco noong 21 February 1983, “...Ang pag-uwi na sa bansa natin ay pinag-iisipan kong mabuti. Sa tingin ko, tapos na ang kabuluhan ko rito sa Amerika. At sa tingin ko, mas makakatulong ako sa oposisyon mula riyan kaysa rito sa seguridad ng Amerika” (B. Aquino, 1983:48).

Ang Pagbabalik ni Ninoy: Subersibong Naging Bayani

Ang desisyon ni Ninoy na maglakbay pauwi ay hindi minadali kundi matagal na pinag-isipan. Nakikibalita sa mga kapwa eksilo sa EU at sa mga kasama sa bansa si Ninoy, sabik siyang malaman ang tungkol sa mga pagbabago ng situwasyong pulitikal sa bansa. Ilan sa mga madalas niyang tanong ay: Ano ang tingin sa kanya ng mga batang estudyante, liban sa isang tauhan mula sa nakaraan na ngayo’y miyembro ng oposisyon? Siya ba’y itinuturing nilang isang *steak commando*? Iniiisip ba nila na kaya niyang isulong ang usapin ng kalayaan mula sa EU o oras na ba para umuwi? Gaano ba kapanganib ang umuwi? (Maramba, 1983:122).

Nasa inihandang talumpati ni Ninoy Aquino, na hindi na niya nabigkas, ang kahangalan at maaaring kalabasan ng kanyang pag-uwi, “Pinaghandaan ko ang pinakamasamang posibilidad... at bumabalik ako sa kinabukasang di-tiyak” (B. Aquino, 1983:68). Ang pagkabilanggong nag-iisa o kamatayan sa harap ng *firing squad* ang ipinalagay niya. Ang imahen ng madilim at gulat na mukha ng bayaning umuwi, habang sinasamahan siya ng mga nakaunipormeng mga militar pababa

ng eroplanong *China Airlines* mula Taipei, ay nakunan ng *video* at paulit-ulit nang ipinalabas, noon sa telebisyon at ngayon sa alaala ng mga tao. Sinasabi nito na habang mas grabe pa ang realidad kaysa sa hula niya mismo, tunay na handa siyang mamatay para sa Pilipino na para sa kanya ay marangal na dahilan para mamatay.

Sa isang artikulo, “Ninoy at ang grupo ng 28,” inilahad ni Tony Gatmaitan ang negosasyong naganap kina Ninoy at sa grupo ng 28 na handang magtustos sa programa ni Ninoy na pagalawin ang masa laban kay Marcos. Sinulat niya: “Naniniwala pa rin ang 28 na binaril si Ninoy Aquino dahil sa loob ng tatlong taon, siya’y naging isang ganap na mandirigma. Umuwi siyang mas handang makipaglaban kaysa sa makipag-negosasyon. Umuwi siya upang makipag-negosasyon, totoo, pero kung hindi umubra iyon, handa siyang makipaglaban” (Gatmaitan, 1986:9).

Ang inihandang malapiyestang pag-uwi ng eksilo na may pasaporteng may pangalang Marcial Bonifacio (para sa Martial Law o Batas Militar at Fort Bonifacio kung saan siya ikinulong), ay biglang naging pangyayaring trahiko. Nakahandusay sa tarmak ang pigurang puti ng namartir na bayani, pinatay ng mismong mga sundalong dapat kumalinga sa buhay niya.

Tanda ng simula ng katapusan ng rehimeng Marcos ang Linggong iyon, 1983, ika-21 ng Agosto, dahil ang kamatayan ng umuwing eksilo ay nagbunga ng hindi pa natunghayan na protesta at aksyon ng masa laban sa diktadura. Tila nadinig sa buong mundo ang mga putok ng baril na pumaslang sa kanya at nakiisa ang buong mundo sa kanyang ipinaglaban. Sa halip na matigil at matahimik, nagkaroon ng bagong boses si Ninoy at ang oposisyon. Madalas sabihin na ang kanyang pagkamatay ay katulad ng bilis o takbo ng kanyang buhay — mabilis siyang magsalita, kumain, mag-isip — na tila palaging nakikipag-unahan sa oras. Tila siya na rin ang nagdisenyo ng sarili niyang kamatayan, dahil katulad iyon ng ginusto niya, “mabilis” (Maramba, 1983:87).

Nabago na ang mga Pilipino matapos ang hapon ng Linggong iyon. Higit pa sa kayang tanggapin ng matiising Pilipino ang pagpaslang kay Ninoy Aquino. Nagbigay-pugay sila kay Ninoy habang nakaburol siyang sugatan at duguan, suot ang mismong madugong puting pang-safaring sinuot niya pauwi. Dalawang milyong Pilipinong walang takot ang sumama sa kanya patungo sa himlayan niya sa Parañaque sa isang prosisyon na umabot nang 11 oras lahat-lahat.

Naging sagisag ng pakikibaka para sa katarungan at pagkakasundo-sundo ang kamatayan ni Ninoy. Ang mga ribon at banderang dilaw na nakatali sa mga puno ang naging kulay ng rebolusyon na humantong sa Rebolusyong *People Power* sa EDSA makaraan ang tatlong taon ng kanyang pagkamatay.

Kabaligtaran ng kanyang pasiya ng pagkakasundo at di-paggamit ng dahas, nagkaroon ng kakaibang di-inaasahang kalabasan ang pag-uwi ni Ninoy Aquino. Ang mga mabuti niyang intensiyon ay pinigil ng mga bala ng mga pumatay sa kanya. Ngunit makahulugan pa rin ang kanyang kamatayan dahil tinupad nito ang

layunin ni Ninoy. Tulad ng tanda ng kanyang biyuda sa huling anibersaryo ng Agosto 21, “Tunay na hindi inaasahan ang nangyari sa amin pagkatapos mamatay ni Ninoy. Walang katiyakan na, kung umuwi siya, tutulong sa kanya ang bayan ... Alam ko na na may malaking pagbabagong nagaganap....” (C. Aquino, 1998).

Halos matulig si Cory Aquino nang, sa pagdating ng pamilya nila sa Manila, may grupo ng mga taga-*media* ang nag-abang para makipagpanayam sa kanya— at laksa ng libu-libo na matiyagang nakapila para magpaabot ng pakikiramay. Hindi kapani-paniwala ito sapagkat noong buhay pa siya, malaki na ang magtipon ang 500 tao upang makinig sa kanya.

Nagising ang damdamin ng mga taong dating walang-bahala, at bagamat lohikal lang na umiral ang lakas at kapangyarihan ng nakaupong presidente, lumabas na mapapahina ito ng lingguhang raling nagsimula sa Makati, mga martsa ng dilaw na kompeti, at sa pagpatuloy ng mga protesta ng tao, bumubuo ng letrang L ang mga kamay, sagisag ng partidong Laban ni Ninoy.

Si Cory Aquino, na dating mahiyain at dating di-palaimik noong siya’y maybahay “lang” ni Ninoy, ay biglang natanghal sa matinding ilaw ng publisidad at pagkakilala. Dahil lang sa biyuda siya ni Ninoy, naging sagisag siya ng pakikibaka para sa katotohanan, katarungan at pagkakaisa, at siya’y naging makarismang pinuno na nagbuklod sa watak-watak na oposisyon.

Tatlong taon matapos ng pagkamartir ni Ninoy, naganap ang isang rebolusyon: hindi sa pook ng labanan kundi sa lansangang-bayan, hindi sa paggamit ng armas kundi ng mga magkakakabit-kabit na bisig ng mga kasamang lumalaban para sa kalayaan sa pamamagitan ng dasal at pagkakaisa ng damdamin. Isang mapayapang tatlong araw na rebolusyon ang nagdala kay Marcos sa sarili niyang kahiya-hiyang pagtatapon sa Hawaii, “isang rebolusyong may mukhang nakatawa” ang bansag dito (Magno, 1998:274). Ang rebolusyon ay isang pangyayaring pinanood ng buong mundo dahil iyon ang kauna-unahang panahon sa kasaysayan ng mundo na mga sibilyan ang tinawag para ipagtanggol ang militar. Hindi rin pala naging kahangalan ang desisyon ni Ninoy na umuwi noong Linggong iyon ng Agosto. Pinatunayan ng mga Pilipino na sila nga’y karapat-dapat pag-alayan ng buhay ni Ninoy dahil buong lakas at sama-sama silang nagwikang, “Ninoy, hindi ka nag-iisa”.

At sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari na hindi mailalarawan o sa lawak at karingalan na hindi malilikha kahit ng pinakamagaling na kuwentista, ang matapang na babaeng nakadilaw na dati’y kilala lamang bilang masunuring maybahay na nagsisilbi ng kape sa mga bisitang walang patid ang pagdating ay inihalal bilang Presidente ng Pilipinas. Tulad ng sabi ng maybahay na naging pinuno ng oposisyon na naging presidente sa isang talumpati ilang buwan matapos maupo sa puwesto, “Tingin ko’y hindi na kailangang sabihin na pinapangarap ko at ng mga anak ko na si Ninoy ang nakatayo at nanumpa doon. Ngunit naiintindihan ko kung bakit hindi ito maaari” (C. Aquino, 1986b).

Tumaas at bumaba ang galak sa rebolusyon ng EDSA sa mga taóng dumaan. Marami na ang nagpahayag ng pagkabigo dahil sa mga lumampas na mga

pagkakataon para sa kadakilaan at tunay na demokrasya, habang lantarang mapamintas ang iba sa nakikita nila sa administrasyon ni Aquino sa pinupuna nilang kakulangan ng seryosong mga hakbang sa pagbabalik ng kadakilaang matagal nang nakalaan sa bansa. Hindi ba sapat na katuparan ang muling pagtatag ng mga institusyong demokratiko na tuluyang nawala noong panahon ng diktadura? Kulang pa ba ang muling pagtatag ng demokrasya at umalalay sa mapayapang transisyon mula kay Presidente Aquino hanggang kay Presidente Ramos? Hindi ba sukat ng lakas ang magtanggol laban sa pitong tinangkang kudeta?

Maaaring rebolusyong di-tapos ang EDSA, pero hindi masasabing maliit ang naabot nito. Hindi madali para sa karamihan ng mga bansa sa mundo ang matamo ang demokrasya. Kailangang maging likha ito ng sambayanan.

BIBLIOGRAPIYA

Aquino, Benigno S., Jr.

1983 *Letters - Prison & Exile*. Metro Manila: Aquino Family and La Ignaciana Apostolic Center.

Aquino, Corazon C.

1998 "A Call for Transformation, Courage & Selflessness." Talumpati sa EDSA Shrine, ika-21 ng Agosto.

1986a "My Life with Ninoy," *1985-86 Fookien Times Yearbook*, 36-37.

1986b "Non-Violence: The Key to Peace." Talumpati sa Harvard University, Boston, Massachusetts, ika-22 ng Setyembre.

1986k "A Sentimental Journey." Talumpati sa isang pagtitipon na inihanda ni Alkalde Ramon Flynn, Boston, Massachusetts, ika-20 ng Setyembre.

Belmonte, Betty Go

1986 "Editor's Note," *1985-86 Fookien Times Philippine Yearbook*, 37a.

Burton, Sandra.

1989 *Impossible Dream: The Marcoses, the Aquinos, and the Unfinished Revolution*. New York: Warner Books.

Crisostomo, Isabelo T.

1986 *Cory: Profile of a President*. Quezon City: J.Kriz Publishing Enterprises.

Dalisay, Jose Y., Jr. at Arnold M. Azurin

1993 "Benigno S. Aquino, Jr.: The Making of a Martyr." Nasa Asuncion David Maramba (pat.), *Six Modern Filipino Heroes*. Metro Manila: Anvil Publishing Inc.

De Quiros, Conrad

1997 *Dead Aim: How Marcos Ambushed Philippine Democracy*. Pasig City: Foundation for Worldwide People Power, Inc.

Gatmaitan, Tony

1986 "Ninoy and the Group of 28," *Sunday Inquirer Magazine*, 24 August.

Joaquin, Nick

1983 *The Aquinos of Tarlac: An Essay on History as Three Generations*. Metro Manila: Cacho Hermanos, Inc.

Komisar, Lucy

1983 *Cory Aquino: The Story of a Revolution*. New York: George Brazillier, Inc.

Maramba, Asuncion David, pat.

1983 *Ninoy Aquino: The Man, the Legend*. Mandaluyong: Cacho Hermanos.

Manglapus, Raul S.

1986 *A Pen for Democracy*. Manila: Movement for a Free Philippines.

Magno, Alexander R.

1998 "The Aquino Assassination." Nasa Jose Y. Dalisay, Jr. (pat.), *A Nation Reborn, Kasaysayan: The Story of the Filipino People*, Vol. 9. Manila: Asia Publishing Company, Ltd.

Mercado, Monina Allarey

1993 *People Power, An Eyewitness History: The Philippine Revolution of 1986*. Manila: Writers and Readers Publishing, Inc. and Tenth Avenue Editions, Inc.

Policarpio, Alfonso P., Jr.

1986 *Ninoy: The Willing Martyr*. Manila: Isaiah Books.

Sapnit, Socorro Enage, pat.

1986 *Ninoy: Ideals & Ideologies 1932-1983*. Metro Manila: Benigno S. Aquino Jr. Foundation, Inc.

Sta. Romana-Cruz, Neni

1997 "Cory Aquino, Citizen." Nasa Jose Y. Dalisay, Jr. (pat.), *A Nation Reborn, Kasaysayan: The Story of the Filipino People*, Vol. 9. Manila: Asia Publishing Company, Ltd.

1996 "Recipes of the Smart and Famous: Ninoy's Favorites," *Food*, I(11):28-32.

White, Mel

1989 *Aquino*. USA: Word Publishing.

ANG PAMAYANANG EKSILO*

JO-ANN Q. MAGLIPON

1

Bago sila mapagbintangan ng *megalomania* ng kanilang mga kalaban—gayong napakarami nila, kabilang malamang ang buong aparato ng estadong Pilipinas—hayaang mabanggit sa mula't sapul pa lang: ang mga Pilipinong naka-eksilyo sa Olanda sa dantaon 1900, di-makailang mga subersibo ng panahong ito, ay hindi nagpupumilit na mahanay sila sa mga Pilipinong nakaeksilyo sa Espanya noong dantaon 1800, di-makailang mga subersibo ng kanilang panahon.

Ang paghahanay sa dalawa ay tungkulin lang ng katotohanan.

Sa republikong naghihingalo na sa mga alaalang sentenyal, nararapat lang na kilalanin ang di-ginustong eksilyo bilang katiyakan sa kanyang buhay-pulitikal. Isang tradisyon na sa pagpapatakbo, wika nga, na nagmula sa isang nakaraang pinamunuan ng mga mananakop, tradisyon, magmula sa panahong iyon hanggang sa ngayon, na ayaw pa ring mamatay. Isang tradisyon, katunayan, na bumabakas sa buhay ngayon sa demokrasyang pinupuri at sinasabing naghahari.

Ang katotohanan: Ang pagka-eksilong pulitikal ay nakasanayang kaimbihan, at hindi ang paminsan-minsang kabaliwan tulad ng dinadahilan ng gobyerno.

Isa pa, matulain na halos, sa bansang usapin pa rin ang sariling identidad sandaang mahigit matapos pagtibayin ang isang republika, na kilalanin ang kawalanghiyaan ng kanyang kawalan ng alaala. Ang kaawa-awang kasaysayan

* Isinalin mula sa Ingles.

nito ng di-pagtanda ng nakaraan, hindi ang mga rebolusyon, hindi ang mga eksilyo. Isang kuwentong malungkot na maaaring magpaliwanag tungkol sa kung bakit, bilang isang bansa, pinagtatalunan pa rin kung sino ang bayani at kung sino ang kaaway sa kasaysayan nito.

Tunay, sa pagbanggit natin ng mga eksilyo ng kasalukuyan (sa isang librong) nandoon din ang mga eksilyo ng nakaraan, ito marahil ang kailangan ng kasaysayan natin upang gisingin ang kaluluwa ng bansa.

2

Makikita sa mga bilang na marami sa mga Pilipino—mga aktibista’t mga ideyalista, mga unyonista’t mga peryodista, mga mula sa simbahan at mga nakikipag-ugnay sa mga alagad ng sining, kasama ang kanilang mga pamilya—na lumisan sa bansa noong maagang bahagi ng dekada sitenta hanggang sa dekada nobenta ang lumisan ng sapilitan. Minarapat ng panahon ang marahas na pagkilos: ang Batas Militar na pinataw ng dating Presidente Ferdinand E. Marcos ay kasindak-sindak na paraan sa pagpapadami ng mga namamatay.

Ayon sa tantiya ng *Task Force Detainees of the Philippines* (TFDP), grupong nakabase sa simbahan na binuo upang harapin ang rehimeng militar: 1972-73 aresto at pagkulong—30,000; 1977-1986—21,883; at 1986-1991—25,023. Bilang paglilinaw, hindi kasama dito ang bilang ng mga Pilipinong itinuturing na (a) tinortyur, (b) desparasido, (k) madaliang pinaslang, at (d) minasaker — o mga kategorya na ginamit ng TFDP upang bilangin ang mga pinatay sa bansa.

Kaagad napilitang sumapi sa lihim na pagkilos si Antonio Zumel, punong patnugot ng *Manila Bulletin*, dalawang beses na presidente ng *National Press Club*, at kilalang kritiko ng pamahalaang Marcos, at pagkatapos nagpa-eksilyo. Inilantad na nga naman ng makinaryang Marcos ang kanilang binabalak. Nilagay ang mukha’t pangalan niya sa mga paskil na “Wanted,” na may P1,000,000.00 gantimpala para sa impormasyong makakatulong sa kanyang pagdakip. Ang mga paskil na ito ang ibinigay ni Zumel nang humiling siya ng asilo para sa kanya at sa kanyang pamilya mula sa pamahalaang Olandes noong 1990, bilang patunay ng pag-uusig sa kanya.

Bale wala kay Zumel na si Corazon Aquino na ang presidente noon. Sa kanyang pagtantiya, buo pa rin ang makinaryang Marcos—mga mapang-aping mga batas, mga pangkat *paramilitary*, mga militar na hinirang sa mga tungkuling sibilyan.

Noong nakaraang taon lamang, nagpunta sa Pilipinas si Zumel at ang kanyang asawang si Mela Castillo gamit ang mga di-tunay na pangalan. Ginawa nila ito pagkatapos mabuwag ang mga usaping pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaang Pilipino at ng *National Democratic Front* (NDF) at nakatakda sa kanila ang muling pagbuhay nito. Ayon kay Zumel, “Tutulungan namin ang lupon ng NDF na noo’y nakikipagpulong sa mga sugo ng rehimeng Aquino upang buhayng muli ang 1986-1987 usaping pagkapayapaan na nagtapos noong ika-21 ng Enero 1987, nang

minasaker ng mga sundalo ng AFP ang mga magsasakang humihingi ng reporma sa lupa na ipinangako ni Aquino noong eleksyon.”

Samantala, dagdag niya, natuklasan ng ilang mga awtoridad sa militar ang ilegal na paglisan nila at natiyak nilang aarestuhin sila sa kanilang pagbalik, kaya’t nagpasiya silang humingi ng asilo sa Olanda.

Sa bahagi ni Luis Jalandoni at ni Coni Ledesma, mga erebero ng yaman ng plantasyon at dating mga miyembro ng mga orden, nakulong na sila sa Fort Bonifacio, ang pinakamalaking istruktura ng militar sa *National Capital Region*. Napiit mula Setyembre 1973 hanggang Hulyo/Agosto 1974, hindi sila kinasuhan ng pormal o binigyan ng araw sa korte. Sa kaalaman na dadakipin sila ayon sa kinatatatutang *Arrest, Search and Seizure Order* (ASSO), tumakas sila ng bansa. Isang makapangyarihang papel ang ASSO na nangangailangan lang ng pirma ng kalihim sa depensa ni Marcos, si Juan Ponce Enrile, para ipadakip ang kahit sinong mamamayan; walang maituturing na hukuman ang bansa.

Nananatili ngayon ang dalawa sa Olanda at mayroon silang pasaporteng Olandes. Pinamumunuan ni Jalandoni ang lupon ng mga makikipag-usap ng NDFP, miyembro din siya ng pambansang lupon ng mga tagapamahala, at siya ang pinunong kinatawan internasyonal ng NDFP. Miyembro din si Ledesma ng lupon ng makikipag-usap ng NDFP.

Nandiyan din si Monsignor Nonoy Hacbang. Isang malaking tao na palangiti, dating pari si Hacbang ng parokya ng Catbalogan, Samar, na humingi ng asilo sa Europa noong Disyembre 1983. Punong bikaryo rin siya noon, kaya’t sakop ng kaniyang diyosesis ang 22 pari sa probinsyang nakabaon sa hirap, sa isang bansang itinuturing na bahagi ng Ikatlong Daigdig. Lalong masama, nasa probinsya siya kung saan damang-dama ang pamumunong militar.

Sa isang panayam sa kanya noong Setyembre 1998 sa okasyon ng kanyang pagbisita sa bansa noong Setyembre 1998, si Hacbang, na gayo’y wala na sa simbahan at kasal sa isang aktibistang Irlandes, kinuwento niya sa panayam ang mga panahong iyon. “Ayaw ng mga taga-Samar ang Batas Militar noon, pasiya namin bilang simbahan lokal na maglingkod sa tao. Nangahas kaming ilahad ang hindi mabigkas ng tao.”

Nangangahulugan ito, wika niya, ang pagsalita sa pulpito “kada Linggo” tungkol sa pananampalataya, sa karapatang pantao, at sa estado. Higit pa rito, ang paglabas niya sa mga peryodikong lokal at pagsalita sa radyo na sinasabihan ang gobyerno na “magsilbi sa tao.” At mas higit pa, tatayo sa kalsada at sa liwasan—sa 5’11” at mga 70 kilo noon, tunay na malaking tao ang monsignor sa bansang may 5’ lamang ang karamihan—upang sumama sa mga “mangingisda, magsasaka, at mga maralitang lunsod” sa protesta. Hindi maaaring maliitin ang pagsasapanganib niya. Panahon ito na krimen ang magpulong ang limang tao, panahon na sinasalakay ng mga sundalo ang mga kumbento at seminaryo na kunwaring naghahanap ng mga rebelde, at nakumpirma na mga kuwento ng mga paring ikinukulong, hinuhubaran, pinapahiya at kinukunan ng litrato ng mga nagtotortyur sa kanila.

Naalala niya ang isang araw ng katapangan nang napuno ang mga kalsada ng rekord na 6,000 na taga-Samar. Pinatapang ng kanilang galit, hiniling nila na patigilin na ang mga aresto't mga pagkawala ng mga tao. Nang biglang, walang babala, narinig ang mga putok ng baril. Nagkagulo. Kaagad nagsalita ang monsignor. "Tumigil kayo!" ang pasigaw na pakiusap niya sa walang partikular na tao, bagamat natitiyak niya ngayon maski noon na mga manunulsol ng estado ang namaril. "Tigil, seryoso ito! At pakialis itong mga *barbwire*! Tao kami, hindi baka!"

Hindi nagtagal, pinagbintangan siya ng estado na isang komunista, nangangahulugang hindi na siya sasantuhin. Humingi siya ng tulong sa kanyang mga superyor. Nabalisa siya sa pagtangga nila.

Ayon sa kanya: "Hindi ako tinulungan ng Simbahan, ang institusyon na 15 taon kong pinagtrabahuhan. Maski ni Cardinal Sin. Lumapit ako, nasa Leyte siya isang beses. Sabi niya na nasa panganib ako kung mananatili ako roon. Dapat daw akong tumira sa Palasyo ng San Miguel [ang tirahan ng Arsobispo sa Manila]. Apat na araw akong nakatira sa Palasyo nang sabihin niyang, 'Hindi na kita matutulungan.' Sabi ko, 'Takot ba kayo sa militar?' Sabi niya, 'Hindi.' Hindi ko maintindihan, wika ko. Sabi lang niya, hindi na kita matutulungan. Natakot siya. Siguro natakot siya. Sinabi niya sa akin na pinahahalagahan niya ako, malakas daw ako, at naninindigan para sa tao. Sabi ko dahil iyon sa pangako ko sa tao. Tinanong niya ang mga plano ko. Sabi ko, hindi ko alam, pero kung mayroon man, hindi ko sasabihin sa inyo."

Nag-iisa na ang monsignor—nakakatakot para sa isang relihiyoso na, matapos magpasya sa pagkapari, ipinagkatiwala ang kanyang buong buhay sa Simbahan. Ano man, walang-wala ang pari. Nang, masigla niyang kinuwento, may dumating na hulog ng Diyos: isang paanyayang dumalo sa isang kumperensya sa Pransiya. Isang pagtakas. Mula Pransiya, madali na lang tumuloy ng Olanda.

Makaraan ng 14 taon, katrabaho pa rin ni Nonoy Hacbang ang mga migrante sa Europa, ang pinakaunang gawain niya noon pang unang taon ng kanyang pagka-eksilyo noong 1984.

3

Bakit sa Olanda?

At bakit sa Utrecht?

Itinadhana ng pag-aaral at ng pagkakataon ang mga dahilan.

Nabatid ng mga eksilo sa pag-aaral ng mga internasyonal na pagkilos na ang Olanda ang isa sa mga pinaka-liberal na bansa. Tunay na sa dumaan na mga dantaon, ang gobyerno't mga mamamayan nila ang pinakabukas sa mga taong tinutugis, maging makakaliwa man o makakanan.

Gayon din sa Sweden. Ngunit wala sa Sweden, maski sa Irlanda, Italya o Pransiya, ang isang bagay: ang mga boluntaryong Olandes. Ito ang mga taong tumira ng ilang taon noong bata sila kasama ang pinakamahirap na mga Pilipino,

at nang makauwi sila, nagpasyang magtatag ng *support network* upang makatulong sa kapakanan ng mga Pilipino. Mapapatunayan ang tibay at halaga ng kanilang pakikisangkot kaya't, nang magtagal, marami sa kanila ang susumpa bilang mga miyembro ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Kaya't nang itatag ng NDF ang kanilang pangunahing tanggapan sa Europa, hindi katakakang Olanda ang napili nilang lugar. At partikular, sa Utrecht. Karaniwang bayang may pamantasan ang Utrecht, isang lunsod na rural na hindi sentro ng diplomasya o ng media o ng usaping pandaigdig, pero narito ang wala sa mga mas kilalang lunsod ng Paris, London at Roma: ang pinakamarami at pinakamasigasig sa mga tapat na boluntaryong Olandes.

Noong huling bahagi ng dekada 70, isang presidente ng Ikatlong Daigdig ang malapit nang mahubaran sa buong mundo bilang isang diktador, at handa na iyong mga boluntaryong Olandes. Inalok nila ang kanilang tulong—kakayahan, mga kakilala, pera, tirahan, sasakyan at, higit sa lahat, panahon—sa pagtutulungan laban sa diktadura. Partikular na iyong tulong nila sa Kaliwa ng Pilipinas na alam nila, noong panahong iyon, na may pinakamatinding pita—dagdag pa sa organisasyon—na pabagsakin ang diktadura.

Dalawang Pilipinong parati nilang natutulungan sina Sr. Mariani Dimaranan, sa dekadang ito isang kandidato para sa *Nobel Peace Prize* sa kanyang trabaho sa TFDP, at ang matalinong si Senador Jose "Pepe" Diokno, ngayo'y pumanaw na, parehong paboritong tagapagsalita sa mga pulong Europeo tungkol sa Pilipinas.

Tulad ng sabi ng ilang mga eksilong Pilipino, kung susulatin ang pakikibaka ng mga Pilipino laban sa diktadura magiging mga pangunahing tagaganap din ang mga dayuhang ito.

Nang magtagal, gagawing himpilan nina Luis Jalandoni at Coni Ledesma ang Utrecht. Sinubukan nila ang Irlanda dahil may mga kamag-anak sila roon, pero nagdesisyon silang sa Utrecht pa rin magandang mag-organisa. Taong 1976-1977 ito.

Nang makarating sa Utrecht noong 1983 si Sixto Carlos—isa sa mga pinaka-unang mga intelektwal ng Kaliwa na magtago at isang nakulong ng apat na taon at kalahati sa panahon ni Marcos — tunay na maganda ang kapaligiran.

Inamin ni Carlos na: "Sa isang banda, mapalad ako dahil nakarating ako maraming taon na ang nakaraan mula nang itatag ng mga kasama para sa aming *network*. Sa ganoon masasabi na mas mapalad pa ako kaysa sa mga katulad ni Louie (Jalandoni) na dumating sa Europa na hindi pa handa ang *network* ng pagkakaisa." Nang makilala na si Marcos sa mundo bilang maniniil, dalawang buwan lang ang lilipas bago mabigyan si Carlos ng asilo.

Ngunit nagbabago din ang kondisyon maski sa liberal na Olanda. Nang mapalayas si Marcos noong 1986 at naging pinuno si Aquino, lumamig ang pagtanggap ng mga Olandes sa mga Pilipino.

Pagsapit ng 1990, taong humiling si Tony Zumel ng asilo para sa kanya at sa asawa't anak niya, naging mas mahaba na at mas mahirap ang proseso. Sa isang

panayam sa *e-mail* noong Nobyembre 1998, sabi ni Zumel: “Mula nang isampa namin ang aming aplikasyon para sa asilo pulitikal, inutusan kaming tumira sa isang bulok na otel na ginawang tanggapan ng mga *refugees* sa Breda sa silanganan ng bansa. Kami lang ang mga Pilipino sa grupo ng mga aplikante na kinabibilangan ng mga Yugoslav mula Kosovo, Romanyan, Albanyan, Bulgaryan, Syrian, atbp. Makaraan ang tatlong buwan sa Breda, nilipat kami sa kampo ng mga asilo para sa mga *political refugees* sa Amersfoot, mga 15 kilometro mula Utrecht, at matapos ang ilang linggo, pinayagan kaming lumabas.”

Ang anak nilang babaeng si Malaya, o Aya, ang nabigatan nang husto sa mga kondisyon. Sa parehong panayam, sinabi ng ina niyang si Mela Castillo, kilala sa sirkulo ng mga Kaliwa bilang Ruth de Leon, “Iniwan namin siya sa isang pamilyang Olandes-Pilipino ng isang buwan dahil may kinailangan kaming asikasuhin na trabaho bilang mga kinatawan sa iba-ibang bansa. Sa lagay na iyon, na kararating lang namin sa Olanda at maiiwan siya sa isang pamilyang halos hindi niya kilala, nakakabigla siguro sa kanya iyon. Nang humiling kami ng asilo pulitikal, mangyaring marami kaming nakasamang hindi kilala na may maraming mga salaysay na nakakatakot tungkol sa kanilang mga karanasan, sobra-sobra iyon para sa isang batang siyam na anyos. Hinahanap-hanap niya ang kanyang lola’t mga pinsan. Kaya’t sa tatlong buwang tumira kami sa Breda at sa kampo sa Amersfoot, halos araw-araw siyang umiiyak. Siyempre, hindi maintindihan ng kanyang musmos na isip bakit namin kailangang iwan ang Pilipinas at tumira sa isang kampong mga di-kakilala ang kasama. Sa simula, isang malaking karanasang di pangkaraniwan ang lahat para sa kanya, bumabiyaha sa iba’t ibang bansa. Hindi niya maiwasang sisihin kami para sa ganoong sitwasyon... Panahon itong hindi pinapayagang mag-aral si Aya. Iyak siya nang iyak habang nakikita ang ibang mga batang pumupuntang klase. Nakakabiglang karanasan iyon para sa kanya. Madalas naghahanda ng mainit na katas ng limon para sa mga okasyong iyon si Piet Vrins, ang mabait na lalaking nagpapatakbo noon ng *refugee center*.”

Dagdag ni Castillo na hindi niya balak palakihin ang drama ng buhay nila. Sabi niya, “Sa Pilipinas, may mga mas naghirap pa kaysa sa amin,” at iniisa-isa niya ang mga kasama na namatay noong panahon ng Batas Militar. Pero inaamin niya na kahit papaano, ang naaalaala pa niya ay ang 9 na taong gulang na si Aya sa *refugee center* sa Breda. Samantala, nakabawi na si Aya mula noon. “Nang malipat kami mula Breda pa-Amersfoot at mapalaya mula sa kampo detensyon, pumasok siya sa eskuwela, humabol sa klase sa Mahatma Gandhi Elementary School at nanguna sa klase niya.”

Gayumpaman, walang katiyakan ang mga kondisyon. Hindi tinanggap ng Ministeryo ng Hustisya at ng *Dutch Aliens’ Court* ang hiling nila na asilo pulitikal. Ngunit pinayagan silang manirahan doon noong 1996, anim na taon mula ng una silang humiling ng asilo.

4

Napatunayan na ang paghanap ng tulong pulitikal sa Olanda ay ibang uri ng pakikibaka. Iyon ang lumalabas sa pinakakilalang eksilo ng bansa: si Jose Maria “Joma” Sison, isa sa mga nagtatag ng 1968 *Communist Party of the Philippines* (CPP) at ang nangingibabaw na boses sa lupon ng makikipag-usap bagamat “pangunahing tagapayong pulitikal” ang turing sa kanya.

Hindi siyempre karaniwang eksilo si Sison. Siya si Amado Guerrero sa pagkakaalam ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas, ang may-akda ng *Philippine Society and Revolution*, ang librong nagtakda ng kahulugan ng pagbabagong panlipunan sa kontemporaryong Pilipinas para sa isang henerasyon, at isa sa mga pangunahing tauhan sa matapang na pag-akit ng mga aktibista noong dekada 70; at bilang Armando Liwanag, pinuno ng CPP mula 1992 at minsang kinasuhan (binawi na ang demanda) bilang utak ng pagbomba noong 1971 ng Plaza Miranda, ang mismong pinagsamantalahan ni Marcos na pagkakataon para isuspinde ang maraming karapatang sibil.

Makaraan ang 10 taon, nakikipaglaban pa rin siya sa mga awtoridad na Olandes.

Sa pagsubaybay kay Sison sa kanyang kasong asiyo, ito ang ilang bahagi ng talumpati niya bilang protesta sa Utrecht noong ika-13 ng Disyembre 1997.

Humiling ako ng asilo noong ika-24 ng Oktubre 1998, dala ng pagkansela ng rehimeng Aquino ng pasaporte kong Pilipino noong ika-16 ng Setyembre 1998, dahil sa pagdidiin ng mga opisyal ng militar, kasama sina Heneral (Fidel) Ramos at (Renato) De Villa.

Mula noon, walang kahihiyang kumilos laban sa akin ang ministeryo ng katarungan ng Olanda na para bagang sila ang kinatawan ng pag-uusig ng gobyernong Pilipinas at Estados Unidos. Ginawa nilang mapanghamak na pahirap para sa akin at sa pamilya ko ang pagkuha ng asilo. Paulit-ulit na hindi nito pinansin ang 1992 at 1995 na hatol na pabor sa akin ng *Raad van State* (Konseho ng Estado) at salbaheng inulit-ulit lang ang kanilang pangangatwirang laban sa asilo ko nang magsasampung taon na.

Matapos ng kanilang hindi pagkilos kaagad sa hiling ko ng asilo mula 1988 hanggang 1990, binigay ng ministeryo ng katarungan ng Olanda ang kanilang kauna-unahang desisyong pagtanggap noong ika-13 ng Hulyo 1990. Binanggit nila ang misteryosong pagsisiyasat at mga lihim na *dossier* sa akin ng Serbisyo Paniniktik Olandes (BVD) bilang basihan ng kanilang pagtanggap. Nagsinungaling sila sa akin bilang *auctor intellectualis* ng karahasang rebolusyonaryo ng Bagong Hukbong Bayan. Nagbigay pa sila ng maling panggigiit na hindi nga ako *political refugee*, isang

taong walang sapat na dahilang matakot sa pag-uusig, na demanda lang at parusang nararapat sa kasong subersyon ang hinaharap ko.

Noong 1992, dalawang taon matapos ng kanilang unang pagtangga, pinadaan ako ng ministeryo ng katarungan sa isang paglilitis ng kanilang komisyon ng tagapagpayo. Hindi makatarungan ang paglilitis. Tinutulan ng komisyon ang hiling ko na pakinggan ang mga saksi tungkol sa mga lihim na *dossier* ng BVD laban sa akin at pagsisiyasat na ideolohikal ukol sa nilalaman ng librong sinulat ko noong 1969 sa paggamit ng aking kalayaang maglahad ng nasasaisip.

Noong Oktubre 1992, pinakinggan ng *Raad van State* ang hiling ko. Nililitis ako nang ideklara ng kinatawan ng ministeryo ng katarungan ng Olanda na ikakagalit ng isang ikatlong partidong alyado sa mga gobyernong Olandes at Pilipino ang pagbigay sa akin ng asilo. May kinalaman ang pagsabi nito sa pangangatwiran na kailangang panatilihin ng estadong Olandes ang integridad at kredibilidad nito sa mga kaalyado niya.

Disyembre 1992 nang magbigay ang *Raad van State* ng hatol na pabor sa hiling ko ng asilo at kinilala akong *political refugee*, na may batayan ang takot ng pag-uusig, na hindi ako maaaring pabalikin sa Pilipinas ayon sa prinsipyo ng *nonrefoulement*, na walang sapat na batayan para patunayan na may kinalaman sa anumang sala na kriminal at ang paggamit ng mga lihim na *dossier* laban sa akin ay kontra sa kabuuan ng isang tuwid na paglapat ng katarungan. Umabot pa na pinagalitan ng pinakamataas na korte ng pangangasiwa ng Olanda ang Ministeryo ng Katarungan sa kanilang hindi pagkaloob ng asilo sa akin pagkatapos ng apat na taon.

Noong panahon ng hatol ng *Raad van State*, binawi na ng gobyernong Pilipinas ang batas kontra-subersyon noong Setyembre 1992. Pero mas masahol pa ang inasal ng Ministeryo ng Katarungan ng Olanda kaysa sa gobyernong Pilipinas sa kanilang paulit-ulit na paggamit ng di totoong bintang sa akin na wala nang saysay dahilang pagkabawi ng batas kontra-subersyon at sa pag-ulit ng mapaniil na prinsipyo ng pagkakasala base sa pakikisaping ayon sa nasabing batas. Bagamat binawi na 'yung batas, nagpataw sa akin ng isang milyong pisong gantimpala ang gobyernong Pilipinas noong 1990 at gumawa-gawa ng sakdal ng *multiple murder* laban sa akin noong 1991.

Imbes na gabayan sila ng utos ng 1992 hatol ng *Raad van State* na pabor sa akin, naglabas ng *press release* ang Ministeryo ng Katarungan, binibintangan akong "responsable sa mga krimen laban sa sangkatauhan."

Hindi nila pinansin ang hatol ng *Raad van State* at patuloy na hindi ako kinilala bilang *political refugee*, hindi ako tinanggap bilang *political refugee* at tinanggihan ako ng pahintulot na manirahan sa Olanda.

Noong 1993, patuloy sila sa paggamit ng mga lihim na *dossier* mula sa BVD at nangatwirang hindi nila dapat ako sa isinama sa mga isi-nasaalang-alang sa mga ituturing na *political refugees* at saka ginamit nila ang sulat ng Ministryong Panlabas ng Olanda na nangangatwirang walang peligro kung babalik ako sa Pilipinas dahil maaari naman daw akong tumanggap ng amnestiya at magiging kasing ligtas ko lang ang mga pinakawalang mga presong pulitikal, lalo na't kilalang kalaban ako ng rehimeng Ramos.

Makaraan ng dalawa pang taon ng taktikang pagpapatagal ng ministryo ng katarungan, kinailangan kong muling humiling sa *Raad van State*. Pebrero 21, 1995, muling humatol ng pabor sa akin ang *Raad van State*. Muli nilang idiniin ang pagkilala sa akin bilang *political refugee*. Iwinalang bisa nila ang mga argumento ng ministryo ng katarungan, sinabing hindi maaaring huwag akong isama sa pagkilala bilang *political refugee*, na ayon sa Artikulo 3 ng *European Convention for the Protection of Human Rights and Fundamental Freedoms*, hindi ako puwedeng ipadala sa anumang bansang maghaharap sa akin sa tortyur o sa di-makatao o mapanghamak na pagtrato o parusa, at dapat tanggapin ako sa Olanda bilang *refugee*.

Noong Hunyo 8, 1996, ipinataw ng Ministryo ng Katarungan ang kanilang ikatlong desisyon ng pagtanggap at nangatwirang ang pagkilala sa akin ng *Raad van State* bilang *political refugee* ay hindi nangangahulugang tatanggapin ako bilang *refugee*. Noong Nobyembre 1996, ihinarap nila ang katwirang hindi pagtatapon sa akin sa Pilipinas kahit hindi ako tinanggap na *refugee* at walang pahintulot na manirahan ay sapat na sa pagsunod sa Artikulo 3 ng *European Convention*.

Nang unang bahagi ng 1997, biglang binago ng *Aliens' Chamber* ang kaso sa *Law Unity Chamber/Rechtsennheidskamer* (REK) na kaagad nagdesisyon na isaalang-alang ang mga lihim na *dossier* ng BVD. Malinaw na nakikipagsabwatan ang ministryo ng katarungan ng Olanda sa REK upang umiwas at kontrahin ang 1995 hatol ng *Raad van State*.

Setyembre 11, 1997, naghatol ang REK. Tulad ng Ministryo ng Katarungan ng Olanda, inamin nila na kinikilala ako bilang *political refugee* at hindi maaaring ipadala sa Pilipinas o sa anumang bansa na maaari kong harapin ang pagtrato labag sa Artikulo 3 ng *European Convention*.

Ngunit nagdesisyon sila na sinusunod ng ministryo ng katarungan ang Artikulo 3 ng *European Convention* sa hindi pagtapon sa akin sabay na pinagkakaitan ako ng legal na pagtanggap bilang *refugee* at ng pahintulot na manirahan.

Kung walang legal na pagtanggap sa akin bilang *refugee* at walang pahintulot na manirahan, pinagbabawalan din akong kumuha ng pahintulot na magtrabaho, ng pagpraktis ng aking propesyon bilang guro at ng pagkakaroon ng dokumentong magbiyahe at kumilos ng malaya kahit man lang sa loob ng lugar na protektado ng *European Convention*.

Nilalagay ako sa kalagayan ng pagtatapon. Ito ang kalagayan ng di-makatwirang parusa na labag sa mga karapatan ko. Magsasampung taon na tumatakbo ang hiling ko ng asilo mula 1988. Nagdurusa kami ng pamilya ko dahil sa mga di-kinakailangang mga pagbabawal na hindi pinagdaraan ng ibang mga *refugees*. Dahil dito, patuloy ang Ministryo ng Katarungan bilang instrumento ng mga gobyernong EU at Pilipinas sa pag-usig sa akin at sa aking pamilya.

Mula noon, marami pang hadlang na legal para kay Sison. Ayon ito sa *Action Alert* na pinadala noong mga huling linggo ng 1998 ng *International Campaign for the Asylum of the Sison Family* (ICASF), Amersfoot; *Filipino Refugees in the Netherlands* (FREN), Utrecht, at *Komitee 'Politiek Asiel voor de Familie Sison, Nu!'*, Rotterdam, Olanda.

Bahagi ng teksto:

Noong Pebrero 26, 1998, hiniling ni Prop. Jose Maria Sison sa *Aliens' Police* na mabigyan ng pahintulot na manirahan upang makapagtrabaho siya bilang tagapayong pulitikal na may sahod ng *Stichting NDF Information Bureau*, isang rehistradong institusyong Olandes. Sumunod, ang ministryo ng katarungan ng Olanda ay nagbigay ng desisyong may petsang Oktubre 22, 1998, na tinatanggi ang nasabing hiling.

Gayumpaman, sa pasyang Oktubre 22, 1998 ng Ministryo ng Katarungan ng Olanda, binibigyan si Prop. Sison ng pagkakataong magpetisyon para sa isang pagsuri muli ng pasya hanggang apat na linggo mula sa nakalagay na petsa.

Subalit noong Oktubre 26, 1998, binigyan ng Hepe ng Pulis si Prop. Sison ng opisyal na babala na dapat siyang umalis ng Olanda kung hindi'y sapilitan siyang palalaysin pagsunod daw sa Artikulo 24 ng *Aliens Law*. Ayon sa babala, ang mga panahong nakasaad sa Artikulo 30 at 33c ng

Aliens Law sa pagtupad ng isang legal na lunas ay walang kinalaman sa babala.

Ang negatibo na pasya ng Ministeryo ng Katarungan ng Olanda ay iyon lamang bahaging tinatanggihan si Prop. Sison ng hiling niyang manirahan para makapagtrabaho. Pero inutos ng pulisya ang pagpapalayas sa kanya ayon sa pangangatwiran ng Ministeryo ng Katarungan na saliwa sa *European Convention*, maski sa ilang bahagi ng 1997 desisyon ng REK na pabor sa kanya.

Naka-apela ang kaso ni Sison sa Korte Europeo ng Karapatang Pantao. Hinarap sa *European Convention* ang apela noong Pebrero 26, 1998, bilang Sison versus Olanda. Tungkol ito sa reklamo sa gobyernong Olandes sa paglabag sa ilang mga artikulo ng *European Convention on the Protection of Human Rights and Fundamental Freedoms* at sa pagtangi kay Sison ng buong proteksiyong nakalaan sa nasabing kombensyon.

Kabilang ang mga sumusunod sa mga paksang nabanggit:

* Maaari bang sumalungat ang gobyernong Olandes sa matatag na kapangyarihan ng Korte Europeo ng Karapatang Pantao kaya't ang taong protektado ng Artikulo 3 ng *European Convention*, hindi na maaaring timbangin ang interes ng publiko sa mga karapatang indibidwal?

* Maaari bang sumalungat ang gobyernong Olandes sa matatag na kapangyarihan ng Korte Europeo na oras na protektado ang indibidwal ng Artikulo 3 ng *European Convention*, karapatan niya ang tanggapin ang buong proteksiyon ng nasabing kombensiyon? Kabilang sa buong proteksiyon ng kombensyon ang karapatang maituring na walang sala hanggang sa mapatunayan ang sala, ang karapatan laban sa diskriminasyon, ang karapatang magtrabaho, ang karapatang manirahan ng legal, ang karapatang makasama ang pamilya, ang karapatang maka-pagbiyahe nang malaya, at iba pa.

Ginagawa ng Ministeryo ng Katarungan ng Olanda ang lahat ng di-makatarungang laban sa kanya. Mula pagbubusinging nakakauyam tungkol sa pagkilala at pagtanggap bilang *political refugee* para itanggi sa kanya ang pagtanggap, sa pamamagitan ng pagturing sa kanyang kriminal na hindi dumadaan sa legal na proseso, hanggang sa paulit-ulit na pananakot ng pulisya na palalayasin siya.

Nananawagan sa mga tao ng Olanda at sa ibang bansa ang mga nakapirmang komite na kaagad ipaalam ang kanilang protesta laban sa kawalan ng katarungan kay Prop. Sison (sa pamamagitan ng mga liham sa Punong Ministrong Olandes Wim Kok at sa pamamagitan ng mga patalastas at resolusyon), para magbuo ng malakihang pagkilos protesta na pandaigdig para suportahan ang trabaho ng mga nakapirma sa pakikibaka sa kanyang mga karapatan.

Habang nakabitin ang kaso ni Sison sa Korte Europeo ng Karapatang Pantao, tinanggihan ang hiling ng asawa niya ng asilo pulitikal. Samantala, binigyan siya at ang 16 anyos nilang anak na si Jasm ng pahintulot na manirahan ngunit hindi binigyan ng mga pasaporteng dayuhan na Olandes. Isang sitwasyon, puna ni Sison, na hindi karaniwang ginagawa.

5

Maski sa mga kasama na may mga pangalang hindi pumupukaw ng parehong reaksyon mula sa Ministeryo ng Katarungan ng Olanda, hindi naging piknik ang buhay ng mga eksilo.

Hindi lang mga problemang legal ang kinailangang bakahin ng mga Pilipinong eksilo. Ang mga sapolitang pagbabago sa kapiligran at pamumuhay ay bahagi rin ng pakikibagay. Dagdag pa ang bagong pakikiugnay na hinihingi ng pagbabago sa mga asawa, anak at kaibigan ay problema rin. At nandiyan din ang rasismo.

Una muna ang kapiligran. Bago ang Utrecht, hindi gaanong aktibo si Rose Bocar, 52, sa Kaliwa. Sapat ang kanyang kaalaman sa mga gawaing kaugnay ng pag-uunyon upang makapagturo ng panimulang kurso tungkol dito, gawain na hiniling sa kanya ng organisadong manggagawa noong 1981. Hanggang doon lang, ayon sa kanya. “Hindi gaanong kaakit-akit sa akin ang Kilusan,” paliwanag niya, “dahil mas maraming oras ang iginugol ng aking asawa doon kaysa sa aming pamilya. Lahat ng aming awayan ay tungkol dito, kaya paano pa ako magiging bahagi nito?” Sa kabilang dako, ang kanyang asawa, si Byron, 53, ay lubog sa pakikisangkot sa Partido. Unti-unti, nakuha niya ang interes ni Rose. “Nakita ko ang pagkakabigkis ng kanilang grupo at kung paano sila nagsasakripisyo para sa kanilang ipinaglalaman. At nakikita ko na ang mga kasong kanilang dinedepensa ay upang makakuha ng hustisya ang mga maliliit na tao, at nagkaroon ako ng simpatiya.” Subalit inilinaw niyang hindi pa rin siya maaaring ituring na “aktibo.” Aktibo siya sa pagpapalaki ng kanilang apat na anak.

Maraming binago ang Utrecht. Doon, naging bahagi siya sa pag-organisa ng Alab, isang grupong pangkultural na naghahatid ng mga sosyo-pulitikal na drama, sayaw, musika at komedya sa tanghalan para sa mga *Overseas Filipino Workers* (OFWs). Sa kanyang gawain, palagi niyang nakakasama ang mga Pilipinang katulong, na siyang nais ma-organisa ng Alab. Napamahal sa kanya ang samahan.

“Napakasaya ko. Kinukuwento sa akin ng mga kababaihan ang kanilang mga kuwentong-buhay at mga problema at mga pangarap. Gustong-gusto ko ‘yon.” Subalit may ibang plano ang Kilusan para sa kanya. Naging opisyal na kawani siya ng NDF at nabigyan ng mga administratibong gawain. “Hindi ako nakonsulta, maniwala ka? Binigyan lang ako ng bagong trabaho at nalalaman ko na ang ibig sabihin nito ay hindi na ako makapag-organisa sa mga Pilipina.” Pagkaraan ng madugong proseso, ginawa niya ang inaasahan sa mga mabubuting sundalo: nagpalit siya ng trabaho.

Hindi lang pagbabago sa trabaho ang kanyang hinaharap noong mga panahong iyon. Ang pagdadala ng pamilya sa labas ng bansa, sa kanyang pagbabalik-tanaw sa kanilang unang apat na taon sa pagka-eksilo, ay isang karanasan na hindi pa niya nadaanan. Noong panahon na iyon, ang kanyang panganay ay pitong taon at ang bunso naman ay dalawa. Maging sila ni ang kanilang mga anak ay hindi sanay sa gawi ng mga Olandes na tinapay ang kinakain sa tanghalian. “Mantakin mo na halos nagluluto ako buong araw sa lahat ng araw!” Totoo, kahit sa Pilipinas ay hindi naka-ambag sa mga gawaing bahay ang kanyang palaging abalang asawa subalit nandiyan ang mga kamag-anak na maaasahan, at mga katulong. Sa Olanda, nag-iisa siya. Ang hirap na ito ay nakaapekto sa kanilang mag-asawa.

Aniya, “Napakahirap talaga kung hindi kayo nag-uusap sa paghahati ng gawaing bahay. Panay miting at miting ang sa kanya samantalang naiiwan ako sa mga bata. Halos hindi na siya kilala ng mga bata. Aalis siya ng bahay kung kailan wala na ang mga bata sa bahay. Babalik naman pag mahimbing na ang tulog ng mga bata. Ah, walang katapusan ang kanilang miting. Dahil ang pinag-uusapan nila ay mga problema ng mundo. Ako, naiiwan sa mga bata at hindi na umuunlad ang pulitika. Natuto na lang ako sa pagbabasa, pero wala ring oras para magbasa. O kaya dadalo siya sa mga kumperensiyang pulitikal sa ibang bansa. Pagbalik sa bahay, gutom na gutom ako para sa balita. Kaya lang pagod na siya, hindi na maaaring makibalita. May panahon din na makakapagbahagi na siya, kaya lang hindi ko na masakyan dahil napakalayo ko na sa mga pang-araw-araw na pangyayari at wala naman akong *update*.”

Ang ganitong tensyon, ayon kay Rose, ay hindi pambihira sa ibang mga mag-asawa. Sa totoo, ang ibang mga samahan o mag-asawa na tinuturing na ideyal ay nasira. Sila ni Byron ay nakaahon. At katulad ng ibang mga asawa, nanatili siya sa Utrecht sa lahat ng 14 na taon. “Pagod na pagod ang aking katawan,” aniya, “gayumpama’y kahit papaano doon nakakatiyak ako na uuwi nang buhay ang aking asawa. Sa Pilipinas, palagi na lang ako naghihintay ng masamang balita.”

Mayroon pang ibang aspeto. Nandiyan ang rasismo. Liberal man ang lipunan ng Olanda, buhay ang rasismo, at kadalasan ang mga bata ang natatamaan nito.

Sa Hilversum, kung saan nanirahan ang mga Bocar bago lumipat ng Utrecht, nawala ang lahat ng pagtitimpi ni Rose nang may isang babaeng Olandes, ina ng kaklase ng kanyang anak na babae, na nagreklamo sa kanilang grado. Hindi siya makapaniwala, sabi ng babaeng Olandes, na ang grado ng kanyang sariling anak

ay bababa pa sa grado ng isang kulay-kayumanggi niyang kaklase! Kaya si Rose, na hindi nagpakita ng galit sa buong panahong iyon bilang isang humihingi ng asilo na may tungkuling magtimpi, ang sumugod sa paaralang Katoliko, hinarap ang titser at sinabi kung ano ang kanyang nasasaisip. Kinampihan siya ng titser.

Sa Utrecht, pinaaral ng mga Bocar ang kanilang mga anak sa isang publikong paaralan kung saan mas halo ang mga mag-aaral. Naisip nila na makabubuti ang pakikihalubilo ng kanilang mga anak sa mga di-puti. At tama nga sila, kung sa mga dahilan na hindi nila inaasahan. Ang mga bata ay sumasama na sa mga Surinamese at mga Hindu, halimbawa, at nagdadamayang sa pagprotekta sa kanilang mga sarili. Malubhang pangangailangan ito. Isang araw, kuwento ni Rose, ang isa niyang anak na lalaki ay sinaktan ng isang batang lalaking Olandes ng walang kadahilanan. Nang malaman ito ng isa sa kanyang anak na babae, tinipon ang kanyang gang ng mga hindi puti at pinagsabihan ang batang Olandes: “Kapag ginambala mo pa ang aking kapatid, sisipain ko ang ari mo!” Sa madaling salita wala nang nanggambala sa anak ni Rose mula noon.

Hindi nga sa paaralan. Ibang teritoryo ang tahanan. May panahon na umuwi si Rose na may iba’t ibang laki ng bato sa harap ng kanilang bahay. Iyon pala, kinolekta ang mga ito ng mga bata bilang paghahanda sa giyera. Sinabi nilang sawang-sawa na sila sa bansag na “*brown beans*” sa wikang Olandes at handa nang makipaglaban. Hindi sila pinigilan ni Rose.

6

Subalit hindi nangangahulugang napilay ang mga eksilo. Sa katunayan, ang kabaligtaran ang totoo.

Kaagad sumabak sina Luis Jalandoni at Coni Ledesma sa trabaho. At ginawa nila ito sa ilalim ng mga nakakatakot na kondisyon. Para silang mga bulag noong umpisa. Dahil noong panahong iyon, hindi pa naimamapa para sa Kaliwa ng Pilipinas ang trabahong pandaigdig. Paano magtatayo ng pinakamalawak na suporta sa Europa para sa isang rebolusyong nagaganap sa Asya? Saan magsisimula sa pagtatag ng *network*? Paano mauunawaan nang lubos ang mga pagkakaibang kultural, panlipunan, pangrelihiyon, at pang-edukasyon ng mga taong hinihiwalay ng mga kontinente?

Nahirang na Kinatawan Pandaigdig ng NDF si Jalandoni noong 1977—si Edgar Jopson, puno noon ng *Preparatory Committee* ng NDF ang naghirang—nangangahulugang iilang buwan pa lang siyang nagsasanay sa trabaho. Iyon din ang mga buwan na kinailangang bigyan ng atensyon ng dating paring Katoliko ang kanyang hiling ng asilo.

Sa isang panayam sa *e-mail* noong Nobyembre 1998, isinalaysay ni Jalandoni ang mga una niyang gawain: “Tumulong kami ni Coni (Ledesma) sa pagtayo ng mga grupo ng pagkakaisa na tutulong sa NDF at sa pakikibaka ng mga Pilipino, at dumalo sa isang kumperensyang pandaigdig bilang mga kinatawan ng NDF. Isang

partikular na kumperensya na mahalaga iyong *Permanent People's Tribunal Session on the Philippines* mula ika-30 ng Oktubre hanggang ika-4 ng Nobyembre 1980, sa Antwerp, Belgium. Sa *Tribunal* na ito, malubhang kinondena ang diktadurang Marcos at isinakdal para sa mga krimen laban sa mga Pilipino. Kinilala ng huradong kinabibilangan ng sampung mga bantog na mga hurista at akademiko ang NDF bilang opisyal na kinatawan ng mga Pilipino. Dineklara din ng *Tribunal* na ang 'sandatahang pakikibaka sa pagitan ng rehimeng Marcos at ng Pilipino at mga tao ng Bangsa Moro ay taglay ang itinuturing sa pandaigdigang batas bilang kondisyon ng digmaan at, samakatuwid dapat respetuhin ng mga partido ang mga probisyon ng mga batas ng digmaan ayon sa Kumbensyong Geneva—isang puna na naging kailangan dahil sa maraming kalupitan ng mga kawal ni Marcos sa mga nagdaang taon.' Malaking naitulong ng *Tribunal* sa pandaigdigang pagkabukod ng diktadurang Marcos. Marami ang anti-imperyalista at mga puwersang progresibo ang dumalo ng *Tribunal* at naglahad ang kanilang suporta para sa NDF."

Para kay Tony Zumel at Mela Castillo, hindi dapat aksayahin kahit ang panahon ng di-katiyakan na hinihintay ang resulta ng hiling nila para sa asilo.

Sulat ni Mela Castillo: "Pagkatapos kaming pakawalan sa mga kampo ng *refugee*, tumira kami sa Utrecht sa isang *apartment* na pag-aari ng isang institusyon na tumutulong sa mga Pilipinong *refugees*. Dahil alam naming matagal kaming maghihintay, binigyan kami ng mga takdang gawain na makakatulong sa trabaho ng Kilusan. Di nagtagal, naging tagapamahala ako ng Pandaigdigang Tanggapan ng NDFP sa Utrecht. Itinakda si AZ [Antonio Zumel] na tumulong sa trabahong impormasyon at pangangatawan."

Ano ba talaga ang hinihingi nila sa kanilang mga sarili?

Ayon kay Castillo, isang matalino at prangka na tao, "Pinupuna ni AZ, na 66 anyos na ngayon, ang sarili niya sa pagkahulog (literal na bumagsak siya habang nasa ospital) habang sa trabaho. Habang hinihintay ang desisyon ng gobyernong Olandes sa petisyon namin sa asilo pulitikal, at habang pinamamahalaan nila ang insyurans medikal, ilang beses siyang naospital sanhi ng sari-saring sakit. Dalawang beses na-ospital si AZ para ma-operahan ang isang *blocked carotid artery* sa kanang bahagi ng leeg, at pagkatapos, sa kaliwa, tibok ng puso na hindi regular, at bagubago lang, *diabetes mellitus*. Siguro, iyong ibang mga kasama namin ang maaaring magsabi kung paano namin ginampanan ang trabaho namin. Pero sinikap naming pagbutihin ang trabaho namin."

Miyembro ng pamunuan ng NDFP, binanggit ni Castillo ang pangmasang pagkilos na sinalihan nila, "Ilang beses na kaming nagmartsa patungong parlamento ng Olanda at sa ministryo ng katarungan ng Olanda sa Hague para hingin na bigyan ng asilo si Joma Sison at ang mga lehitimong humihingi ng asilo mula ibang bansa. Sumapi kami sa mga Olandes at mga Turko at mga Moroccan sa mga martsa dito mismo sa Utrecht at sa Amsterdam. Sumama kami sa mga Indonesian at Silangang Timorese sa mga demonstrasyon sa embahadang Indones ni Suharto sa Hague. Noong rehimeng Ramos, may mga piket sa embahadang Pilipinas...

piniket namin ang konsulato-heneral ng Singapore sa Rotterdam noong bisperas ng pagbitay kay Flor Contemplacion, namigay ng mga polyeto at sumigaw hanggang mamaos, pumiket sa konsulado ng United Arab Emirates sa Hague para kay Sara Balabagan. Naghahanap ng abugado ang ibang mga kasama para ipagtanggol ang isang batang Pilipino na nagkaproblema sa mga pinagtatrabahuhan niya.”

Wala sa mga gawaing ito ang basta-basta nangyayari ayon kay Zumel at Castillo. Kailangang maglaan ng panahon ang eksilo.

Paliwanag nila, hinihingi ng gobyernong Olandes na magtrabaho ang mga eksilong binigyan ng asilo, lalo na ang mga bata, “Ito ay nakababawas ng oras na maaring ilaan ng mga kasama sa mga gawain namin.”

Ngunit, sa tantiya ng dalawa, natatapos pa rin ang mga gawain.

Sabi ng dalawa: “Kasama sa gawain namin ang pagbuklod ng mga Pilipino sa Olanda—maaaring may 15,000—kabilang ang mga nars na ‘old timer,’ mga mag-aaral, mga katulong, mga mangagawa’t empleyado, mga Pilipinong lalake’t babae na nag-asawa ng mga Olandes (may iilan), at mga kapwa *refugee*. Sa gawaing huling nabanggit, labis na nakakatuwang makihalubilo sa mga kababayan, pinapaliwanag sa kanila kung ano ang NDFP, ang CPP at ang Bagong Hukbong Bayan, sinasagot ang mga tanong nila tungkol sa mga tuntunin at programa, tinatanong pati ang tungkol sa kanilang mga buhay, sa mga problema nila sa labas ng bansa, at sa makakaya namin, tinutulungan sila. Bilang resulta ng aming gawaing pandaigdigang pagkakabuklod, dahan-dahang dumami ang mga hanay namin at nabubuo sa iba’t ibang bahagi ng Europa ang mga grupong pangsuporta.”

Parhong uri ng kuwento ang binibigay ni Nonoy Hacbang. Hindi maghihintay lamang ang dating pari’t aktibista habang pinagtatalunan ng mga kapangyarihang Olandes ang kanyang hiling para sa asilo. Hinanap niya ang mga marinong Pilipino sa makabagong lunsod daungan ng Rotterdam. Sapat lang, dahil mayroong base sa dagat na programa para sa mga migrante doon, at di nagtagal, nangyari sa taong itong dating namahala ng isang buong diyosisis ang “bumibisita ng mga migrante at inaasikaso ang kanilang *newsletter* at ang kanilang pagmumulat.” Mahigit isang taon niyang ginawa ito, umalis lang nang sumali siya ng *Commission for Filipino Migrant Workers* (CFMW). Muli, tamang-tama lang, dahil nagpasya ang CFMW, samahang itinatag ng mga misyonerong Europeo na bumabalik mula iba’t ibang bansa sa kanilang mga itinakdang gawain, na itulak bilang isa sa kanilang gawain ang pagtaguyod sa karapatan at sa anumang ikabubuti ng mga Pilipino.

“Isa sa mga ipinaglalaban nila,” sabi ni Hacbang, “ay iyong batas ni Marcos ng sapilitang pagpapadala ng kuwarta. Puwersado ang mga Pilipinong manggagawa sa labas ng bansa na ipadala’t ipadaan sa mga institusyong pinili ng gobyerno ang kanilang mga kinikita. Dahil sa malakas na kampanya, hindi natuloy ang batas sa Europa pero isinagawa sa Asya at sa Gitnang Silangan.”

Gayunpaman, hindi doon nagsisimula o nagtatapos ang gawain ng eksilong Pilipino. Salaysay ng eksilo sa Utrecht na si Sixto Carlos, isang marunong na tao

na may reputasyong mabigat sa Kaliwa ng Pilipinas at hindi nag-iisa sa sa kanyang pangunguna ng kursong Marxistang dinaraan ng lahat ng gustong sumali ng CPP bago manumpaang bilang miyembro.

Ang Kaliwa ng Pilipinas sa Europa, sabi ni Carlos, ay kilala ngayon bilang kilusang tumutukoy hindi lang sa sarili niyang kumplikadong pakikibaka pero sa kasing kumplikadong pakikibaka ng ibang mga taga-Ikatlong Daigdig. Katunayan, sabi niya, mas malaki pa ang papel na ginagampanan ng samahan kaysa sa pagkuha ng suporta sa Pilipinas, ang orihinal niyang tungkulin.

Ang gawaing pandaigdig ng Kaliwa, wika niya, ay matagal nang nagbibigay ng “suportang pulitikal at moral” para sa kalayaan ng mga katulad ng mga Palestinian, mga taga-Silangang Timor, mga taga-Kanlurang Papua, ang pakikibaka ng mga taong Timog Aprika laban sa *apartheid*, at mga kilusang welga ng mga mangagawa sa Europa.

Muli, sa Europa nagsimula ang pakikiisa ng Kaliwa sa mga kaibigang bansa sa Aprika, Asya at Gitnang Silangan.

“Sa proseso,” sabi niya, “kinilala ang kilusang rebolusyonaryo ng Pilipinas, minsa’y lantaran at minsa’y patago, ng mga kilusang mapagpalaya ng iba’t ibang bansa.”

Siyempre, sa larangang ito kinailangang mag-ingat ang mga eksilong Pilipino. Partikular na sensitibo ang gawaing may kalamayan sa pagbunyag ng mga materyales na mula sa mga kaalyadong mga bansa, na kung mabubunyag ay maaaring maging sanhi ng mga protestang diplomatiko o tahas na paghihiganti sa loob ng kanilang bansa. Kung anuman, malaya silang sabihin na ang Kaliwa ng Pilipinas ay inanyayahan na makilahok sa maraming “kumperensiyang kontra imperyalista” sa iba’t ibang kontinente.

“Sa pananaw ko,” sabi ni Carlos, “may dalawang lebel ang halaga ng mga kumperensiya. Lantaran, nakukuha namin ang mga pasya ng suportang pulitikal at palitan ukol sa mga sitwasyon. Pero ang mga mas malalim na karanasan at aral ng pakikibaka, nakukuha namin karamihan sa mga pulong sa tabi-tabi.”

Malinaw, sabi ng abugado at dating residente ng Utrecht na si Byron Bocar, na hindi nasunod ang lahat ng mga orihinal na plano ng Kaliwa para sa mga eksilo. Ganoon naman talaga dapat, dagdag niya. “Dahil nakita namin ang sarili namin sa kapaligirang Europeo, nagsimulang nakita namin kung gaano kakitid ang perspektibo ng gawaing harap namin.”

Bilang halimbawa, isinalaysay niya kung paano sa Europa naintindihan na hindi maaari na makipag-ugnayan lamang ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kapwa partido komunista. Na kung gusto ng Partido na palawakin ang base nito, kailangang makisama sa mga samahan at mga taong progresibo, partikular iyong mga may impluwensiya sa lipunan, maski iyong mga partidong hindi sumasang-ayon sa mga doktrina ng komunismo.

Binanggit din niya ang mga eksilong nababatid na hindi maaari sa Europa ang pag-organisa lamang ng mga Pilipinong sumusuporta ng National Democratic

Front. Na mahalaga ang pag-organisa sa mga pinakamalawak na mga komunidad ng mga Pilipino sa ibang bansa, mga komunidad na hindi pamilyar sa National Democratic Front o iyong matatakot sa anumang banggit ng armadong pakikibaka.

7

Ngunit paano ang buhay sa Utrecht? Paano ang pamumuhay sa isang komunidad ng mga eksilo?

Wika nga ng beteranong taga-Utrecht: hindi ito nakakabuhay ng loob. Ang Pilipinong eksilo na si Nathan Quimpo ang nagsabing malaki ang kinalaman dito ni Jose Maria Sison at noong 1993 inilahad niya sa *Sunday Inquirer Magazine* kung bakit.

Lumabas dito na sadyang may kinikilingan ang may akda. Si Quimpo ay kilala bilang kauna-unahang miyembro ng CPP na pinatalsik ng dati nitong pinuno na si Armando Liwanag. Bago pa man lumabas ang nasabing artikulo, si Quimpo at Liwanag—na pinagpipilitan ng mga militar na si Jose Maria Sison—ay marami nang hindi pinagkakasunduan sa larangan ng mga usaping teoretikal at mga isyu tungkol sa kanilang organisasyon. Ang kanilang alitan ay lumampas na sa pagiging intelektwal na pagtatalo.

Ngunit ang sanaysay na nalathala ay makakatayong mag-isa. Ito ay malinaw at nagpapakita ng karunungan sa kabila ng galit at, kung masasabing katotohanan man ito, ay nagbibigay ng mahahalagang kuro-kuro sa daigdig ng mga eksilong komunista.

Galing ang mga sumusunod sa sanaysay ni Quimpo na “Buhay sa Barrio ng Utrecht.”

Utrecht. Itong maliit at magandang siyudad Olandes ay talo marahil ang mga malalaking siyudad sa mundo—New York, London at Paris—at ito pa ang natatanging banyagang siyudad na palaging nababanggit sa mga pahayagan sa Maynila. Nagsisilbing kuta ng *National Democratic Front* (NDF) ang Utrecht at tahanan din ng walang-kupas na si Jose Ma. Sison, ang nagtaguyod ng *Communist Party of the Philippines* (CPP) at naglalayong magawaran ng asilo pulitikal sa Olanda.

Mula sa Maynila, ang kaibigan kong si Jose Rocamora ay sumulat: “Ang mga mamamahayag na taga-departamento ng pagtanggol ay nagsabi na ang ilang heneral ay naniniwalang isang bansa ang Utrecht. Lumalabas na napakalaki nito at nagsisilbing malaking hadlang sa pakikipaglaban nila sa CPP.”

Ilan sa mga Pilipinong eksilo na nakatira o nagtatrabaho sa Utrecht ay taliwas ang pananaw. Para sa kanila, isang barrio lamang ang Utrecht.

Nahubog na kami ng kaisipang dulot ng maliit na lugar na aming ginagalawan, kaya't nabigyan na rin namin ito ng mga katangiang Pilipino. Isang baryong nahubog sa tradisyon ang Barrio Utrecht. Kilala mo ang lahat kaya't hindi maiwasang mapag-usapan ang ibang tao. Kung nagkikita, masaya, magulo, maraming pagkain. Mayroong kaunting sosyalan, at siyempre naman, may tsismis din.

Lumalabas na lipunang nagbibigay ng matinding diin sa iba't-ibang antas ng lipunan ang Barrio Utrecht. Hindi nangangahulugang ang mga galing dito ay naniniwalang mas nakahihigit sila kaysa sa ibang tao. "Kami ang nauna rito!" Kung mayroon mang pangyayaring nag-uugat dito ay madali itong nabibigyan ng lunas.

Sa itaas ng istrukturang panlipunan ng Barrio Utrecht ay ang mga tinatawag na mga matatanda o mga tigulang. Hindi nawawalang ipagpilitan nila ang kanilang mga pananaw lalo na sa mga ideolohikal at politikal na bagay sa komunidad ng mga eksilo. Naniniwala akong ang pagsulpot ng Barrio Utrecht ay dahil na rin sa pagbibigkis ng mga nakatatanda na siyang nagbigay-buhay sa isang elitistang samahan. Madalas silang nagkikita-kita upang pag-usapan ang mga bagay na hinaharap ng CPP at ng NDFP. Ngunit habang nadadalas ang kanilang pagtatagpo, naging madalang naman ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng CPP at NDFP at iba pang grupong galing sa Kanlurang Europa. Umiikot lamang sa kanila ang diskusyon ukol sa mga pandaigdigang isyu at hindi na naririnig ang tinig ng ibang mga kasama. Hanggang sa ang mga ordinaryong miyembro ng CPP at NDFP ay hindi na makapagbigay ng suporta sa mga pananaw ng nakatatanda, at lalong hindi nila magawang makibahagi sa pagpapalaganap ng mga kuru-kurong ito.

Naging higit na matayog ang tore sa Barrio Utrecht kaysa sa buong Utrecht mismo. At gawa ang toreng ito sa *ivory*.

Isang kadre ng NDFP ang bumuo ng teorya ukol sa nangyari sa mga nakatatanda at hango ito sa "*groupthink*" ng sikolohiyang panlipunan. Sa librong, *Victims of Groupthink*, pinaliwanag ni Irving Janis kung paano ang isang grupo ng mga mambabatas ay naging biktima ng "*groupthink*": Ang mga miyembro ng isang grupo ay nagkakaroon ng ilusyon nang sobrang kapangyarihan na nagbibigay naman ng lakas ng loob upang gawin ang anumang bagay. Ang lakas ng loob na ito ang nagpapatatag sa grupo at handa silang iwaksi ang mga bagay na taliwas sa kanilang paniniwala. Bulag na paniniwala rin ang umiiral sa kanilang moralidad at

siyang nag-uudyok sa mga kasapi upang huwag nang isipin ang kalalabasan ng kanilang mga desisyon. Karaniwa’y ang pananaw nila sa mga kaaway ay mga taong balot ng kasamaan, napakahina o kaya ay sobra ang katangahan upang pagbigyan sa isang pag-uusap. Ang dominanteng pananaw ng grupo ang inaasahang sundan ng bawat miyembro at sila ay hindi pinababayaang magpahayag ng argumentong kumakalaban sa mga kolektibong paniniwala, ilusyon at mga adhikain. Ang pananahimik ng mga kasaping kumakalaban o kaya’y mga nagdududa ay nakikita bilang pagsang-ayon. Mayroon ding mga naaatasan bilang “*mindguards*”—mga miyembrong may layong bigyan ng proteksyon mula sa taliwas na impormasyong sisira lamang sa pagiging epektibo at moralidad ng kanilang mga desisyon.

Maliban sa mga nabanggit na iba’t ibang uri ng makitid na pag-iisip—“*exile-think*,” “*barrio-think*” at “*groupthink*”—mayroon pang isang nakahihigit dito: “*methink*.” Hindi mahirap malaman kung sino ang mayroon nito dito sa komunidad ng mga Pilipino. Basahin lamang ang pamagat ng kanyang libro. Subukang makipag-usap sa kanya; makakakuha ka ng pangaral mula sa isang propesor. Maswerte ka kung ikaw ay makakapag-singit ng isa o dalawang pangungusap. (May nakapagsabi sa aking mahinang salita ang “*methink*,” mas tumpak ang *megalomania*. Hindi ko maisusulat ito sapagka’t baka makabuo ako ng isang libro at hindi isang sanaysay lamang na tulad nito.)

Nakalulungkot ngunit sa Barrio Utrecht, ang “*methink*” ay mabilis na nagiging “*groupthink*.” Tinatanggap ng mga nakakatanda ang wika ng Magaling na Pinuno bilang katotohanan at sila’y malugod na sumasang-ayon sa mga salitang tumutukoy sa rebolusyong pang-kultura na hango naman sa mga sinaunang Intsik. Naglalaban-laban sila kung kanino ipapataw ang korona bilang “No.1 Mindguard” o “super-alalay” sa kanilang maestro. Subalit may isang lumihis ng landas. Isang kadre na hindi na matagalan ang monopolyo sa mga diskuyon ng pinuno at ang naging bulag na pagsang-ayon ng mga nakakatanda ang nagpasyang tumigil na sa pagdalo sa mga pagpupulong.

Sa gitna ng matinding alitan ng CPP at NDFP, marami sa aming miyembro ng eksilong komunidad sa Olanda, kasama ang 70 porsyento ng CPP at NDFP sa Kanlurang Europa at sa ibang sulok ng daigdig, ang naging mulat sa kapahamakang dulot ng “*small-world thinking*.”

Sa kagandahang palad, hindi kami lubusang nasakop ng Barrio Utrecht.

Oo, “nasasakop” ang tamang salita. Kung lingid pa sa inyong kaalaman, ang Barrio Utrecht ay hindi isang lugar. Ito ay isang pag-iisip.

Hindi nanahimik si Sison at kinalaban niya rin si Quimpo. Noong 1997, pinahayag niya sa Utrecht: “Noong 1991, ang *Central Intelligence Agency* ng Estados Unidos at ang BVD na Olandes ang nagsabwatan upang himukin ang isang Pilipinong humihiling ng asilo na mag-espiya sa akin. Nahuli sila sa akto ng mga mamamahayag ng VPRO na isang programang balita sa telebisyon. Sa kabila nito, tuloy pa rin sila sa paghimok sa taong ito hanggang sa siya’y gantimpalaan na ng asilo at biyahe sa Amerika bago siya naging isang naturalisadong Olandes. Mabibigyan rin siya ng laya upang magpabalik-balik sa Olanda at Pilipinas upang magkalat ng propaganda laban kay Sison.”

Alam ng lahat na ang tinutukoy dito ay si Nathan Quimpo. Mula noon, tuloy ang pagpuna ni Sison kay Quimpo sa mga pahayagan sa Pilipinas.

8

Nang pumutok ang balita noong 1992 na ang CPP ay mahahati sa dalawang malalaking grupo at sa tatlong maliit at magkaagapay na bitak na binubuo pa ng ilang mas maliit na bahagi, ang unang nakadama ng namumuong hidwaan ay ang mga eksilo sa Europa. Sapagkat doon naganap ang unang pag-uusap tungkol sa sinulat ni Armando Liwanag, ang “*Reaffirm our Basic Principles and Rectify the Errors,*” ang nagsilbing ningas sa paghihiwalay ng grupo.

Upang lalong maintindihan ang isang napakalalim na pangyayari, pagtuunan natin ng pansin ang dalawa lamang sa nakakatandang kadre buhat sa maka-Kaliwang grupo. Si Antonio Zumel na minarapat na bigyang diin ang sinulat ni Armando Liwanag at si Sixto Carlos na hindi naman sumang-ayon dito. (Ang dalawang kampo ay makikilala bilang “*Reaffirmists/RA*” at “*Rejectionists/RJ*.”) Mataas ang tingin sa dalawang taong ito hindi lamang sa sariling bayan kung hindi sa Europa din kung saan sinasabing respetado rin sila ng kanilang kaaway.

Wika ni Zumel tungkol kay Quimpo at mga miyembro ng partidong tumiwalag matapos ang mga taon ng mainit na pag-aalitan: “May ilan sa mga dating kasama, na malapit din sa amin, ang tumiwalag sa kilusan noong 1992 hanggang 1993. Ang pagbagsak ng rehimeng rebisyunista sa Unyong Sobyet at Kanlurang Europa at ang pagbabalik ng kapitalismo sa Tsina ang nagpahina sa kanilang mga pananaw.

“Ang mga nasa Olanda at ibang bahagi ng Europa na nakipag-isa sa mga ‘*rejectionist*’ sa Pilipinas, o pumigil sa implementasyon ng ‘*Second Great Ratification Movement*’ na hinihingi ng liderato ng CPP at NDFP, ang tumiwalag o kaya ay inalis matapos silang hindi dumating sa mga naitakdang pag-uusap ukol sa problema.

“Ang ibang elemento ay nasasangkot sa kagimbal-gimbal na mga gawain tulad ng Kampanyang Ahos (*Garlic Campaign*) sa Mindanao na humantong sa pag-

pagpapahirap at kamatayan ng daan-daang miyembro ng CPP at NDFP, ng NPA, aktibista at mga pesante noong 1985-1986 dahil napagkamalang ig mga kalaban.

to sa Europa, ginagamit nila ang kanilang posisyon sa NDFP upang labanan san at mga kadre. Minarapat nilang suportahan ang mga nasa Pilipinas na ipagpatuloy ang maagang pagtaguyod ng mga tauhan ng NPA upang ang armadong pakikibaka. Kahit na wala na sila sa NDFP ay ipinagdiriwang ila ang anibersaryo ng kilusan...”

naman ang pananaw ni Sixto Carlos: “Hindi marami ang may alam na ang agtatalo na nauwi sa pagkakahati ng grupo ay nangyari sa Utrecht. Dahil ni Joma ang mga naunang nilalaman ng dokumento sa Olanda at ang unang on ay umikot sa isang hindi pa tapos na dokumento, sa palagay ko’y dito ang paniniwala ni Joma na magiging ugat lamang ito ng hindi pagkarian sa Pilipinas. Dahil sa Olanda pa lamang, nang magpatawag siya ng u’t-limang kasama ay marami na ang hindi sumang-ayon sa nilalaman ng into.

indi ko sinasabing mali ang dokumento. Kung tutuusin, sumang-ayon ang ian sa amin sa ibang tinatalakay dito, ngunit marami rin ang hindi namin gap, at ilang bagay na hindi kami makapagbigay ng kuru-kuro dahil labas sa aming karanasan. Ngunit ipinakita namin kay Jo na gusto naming lim ang dokumento sa isang malawak na diskusyon at doon mag-debate. ulat namin ang kahalagahan ng dokumento na magsisilbing buod ng ilang akikibaka para sa rebolusyon. Minungkahi namin sa liderato ng partido na -diin ang pakikipagtalastasan sa ikalawang kongreso ng Partido.

ngunit natakot marahil si Joma sa ganoong demokratikong proseso. Kaya giniit niyang matuloy ang ‘*Tenth Plenum*’—at kongreso.

t iyon ang aking pinagsisisihan. Pinalampas ni Jo ang isang magandang ataon upang makilala sa pandaigdigang komunidad. Kung siya, bilang taguyod ng partido, sa puntong iyon ng pakikibaka ay pumayag sa isang gong pamamaraan upang pag-usapan ang isang mahalagang dokumento lim ito sa isang demokratikong pag-uusap... Ang problema ay nagbalik radisyonal at klasikong pamamaraang hango kay Stalin kung saan lahat ay sa wika ng pinuno at binabansagan bilang kaaway ang sinumang hindi l.”

salukuyang paghihiwalay ay pinangunahan ng maka-kaliwang panig sa s dahil sa mga pangyayaring gawa ng mga eksilo sa Olanda.

ila pa noong kalagitnaan ng dekada 70 hanggang dekada 80, hindi aila na ang mga maka-kaliwang eksilo ang pinaka-organizado at naghanda wakang pakikipaglaban sa diktadura ni Marcos mula sa Europa. Mahirap

itong malampasan ng sinumang tao o grupo ng mga Pilipino buhat doon. Sa katotohanan, ang malalaking anomalya ni Marcos at kanyang pamilya ay tinapatan ng malawakang pandaigdigang gawain ng mga eksilong ito.

Tulad ng mga maka-kaliwang puwersa sa ating bansa, kahanga-hanga ang ginawa nilang pakikibaka. Naisagawa ito sa kabila ng problemang kanilang dinadala: pagkahiwalay sa pamilya, napabayaang trabaho, pag-ibig na nawala, pati na rin ang mga pansariling pangarap na naisantabi. Babanggitin pa ba ang kanilang mga anak? Paano maibabalik ang mga oras na nawala? Paano sila matutulungan sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa buhay? Paano sasagutin ang mga sisi sa hinaharap?

Higit sa lahat, tulad ng ibang miyembro ng kilusan, hindi sila bibigyan ng anumang pabuya sa huli. Sa pagkawala ni Marcos at habang maraming nahihirang bilang bayani, ang pag-alala ng kasaysayan ay umiikot lamang sa mga tauhan sa EDSA. Naaalala lamang ang Pebrero 1986, na para bang ang labintatlong taong pamamayagpag ng diktador ay katumbas lamang ng isang buwang pakikipaglaban.

Ang katarungan ba, tulad ng panitikan, ay mabibigyang saysay lamang kapag ang mga eksilo ng kasalukuyan ay ihahambing sa mga naunang eksilo? Ang huli ay matatawag ngang bayani; ang una naman ay tinatahak na ang landas patungo roon.

Sinagot ni Antonio Zumel ang ilang katanungan.

Mga pagkakapareho ng dalawang grupo?

Parehong si Rizal at ang kanyang mga kasama noong Unang Propaganda, ay naging eksilo sa bansang umaalipusta, ang Espanya, nagtaguyod ng *La solidaridad* at ginusto ring makipag-isa sa mga liberal na Kastila na sa kanilang pananaw, ay magbibigay-suporta sa kampanya at reporma sa lupang tinubuan. Samakatuwid, ang kanilang pinaglaban ay ang “pagpapalit ng kolonyal na estado ng Pilipinas sa isang probinsya ng Espanya.” Hindi sila nagtagumpay dahil ang mga repormang kanilang hiniling ay hindi ginawad.

Ang puwersa ng Espanya ay nahaharap din laban sa ibang bansang Europa at isa pang mahigpit na katunggali—isang payabong na bansang kapitalista na sa darating pang mga taon ay mahihirang bilang pinakamakapangyarihang imperyalistang bansa sa buong mundo—ang EU.

Sa ganoong pangyayari, hindi handa ang Espanya kung paano ang gagawin sa mga taong hawak nito. Tandaan na ang *La solidaridad*, kulang man ito sa pera, ay isinulat sa wikang Kastila na hindi naiintindihan ng maraming Pilipino dahil sa batas na nagbabawal turuan ang mga indio ng Kastila. Habang ang *La solidaridad* at ang mga propagandista ay nabigong makuha

ang hinihiling na reporma, ang panitikan ng protesta naman ay nagdulot ng kamulatan sa mga magiging liderato ng rebolusyon at magbibigay-diwa sa mga tao na magkaisa. Sa pagbabalik sa Pilipinas, si Rizal at ang kanyang mga kasama (kasama na si Andres Bonifacio na magtatatag ng rebolusyonaryong Katipunan) ang nagtayo ng *La liga filipina* na magpapalakas sa pagkakaisa ng mga tao. Ngunit ang *La liga filipina* ay “nabigong bigyan ng diin ang isang armadong pakikibaka upang mapahiwalay sa Espanya.” Ang pagkaka-aresto kay Rizal ng mga Kastila at ang pagpapatapon sa kanya sa Dapitan, Mindanao, ito ang nagbigay daan sa pagkakatatag ng Katipunan noong ika-7 ng Hulyo 1892.

Makikitang pareho ang ginawa ng mga propagandista noon at mga gawain ng mga kadre at aktibista ng NDFP, CPP at ilan pang rebolusyonaryong kilusan at ibang organisasyon sa ibang bansa—na nagbibigay-linaw sa mga dayuhan ukol sa sitwasyong pampulitikal at pang-ekonomiya ng Pilipinas kaya’t nakakakuha sila ng suporta sa pamamagitan ng pagbuo ng mga grupo, at pagtataguyod ng mga kakilala sa partidong Marxista at Leninista, mga grupong laban sa imperyalismo, pasista at mga Nazi.

Hinahanap-hanap ba ng mga propagandista ang tinubuang lupa habang nasa Espanya? Sigurado ito. Ito rin ang nararamdaman namin. Mas matagal kaysa inaasahan ang aming pagiging eksilo kaya naman sadyang nangungulila kami sa Pilipinas. Kung ang mga propagandista ay kakaunti lamang noon sa Espanya, milyon na sila ngayon dito, sa Estados Unidos, sa ilang bahagi ng Europa, sa Saudi Arabia at sa Gitnang Silangan, sa Libya at ilang bahagi ng Aprika at sa Asya-Pasipiko. Marami ang mga Pilipino sa Olanda, kaya’t ang aming pangungulila ay naiibsan ng mga pagsasalu-salo.

At ang kaibahan?

Ang pagkakaiba ng Unang Kilusang Propaganda sa pakikibaka ngayon ay mga bagay na nauukol sa pulitikal at pagbabago sa teknolohiyang nangyari nitong huling sandaang taon.

Noong Unang Kilusang Propaganda, ang hindi pagbibigay sa kanila ng reporma ay nangangahulugang isang armadong rebolusyon lamang ang sagot sa malawakang pagbabago. Kaya naman gumamit na ng dahas ang rebolusyonaryong kilusan noong 1892 na humantong sa armadong pakikipaglaban noong Agosto 1896. Sa mga miyembro ng kasalukuyang NDFP, CPP at iba pang organisasyon sa ibang bansa, handa silang

suportahan ang armadong pakikibaka matapos itatag ang New People's Army ng CPP noong ika-29 ng Marso 1969.

Ang paniniwala ng CPP at NDFP ay pagpapatuloy lamang ng kasalukuyang rebolusyon sa Pilipinas ng Rebolusyon ng 1896 kung saan nakamit ang kalayaan mula sa Espanya noong 1897 ngunit inagaw naman ng imperyalismong Amerika kaya't nagkaroon ng digmaan ng mga Pilipino at Amerikano.

Ang tinaguriang *First Quarter Storm* noong 1970 na minsa'y tinatawag na Ikalawang Kilusang Propaganda (una ang kina Rizal, atbp.) ay nagsilbing sulo upang magbigkis muli ang taong-bayan bago madeklara ang Batas Militar ni Marcos noong 1972. Ang kilusan sa ibang bayan ay nagbibigay ng suporta sa mga rebolusyonaryo sa Pilipinas (kasali na ang New People's Army) at iba pang ligal o ilegal na organisasyon.

Isang pagkakaiba na dala ng teknolohikal na pagbabago ng nakalipas na 100 taon ay ang pagsibol ng mga sasakyang pang-himpapawid at ng kakayahan sa larangan ng komunikasyon. Kaya naman mas malawak na populasyon ng mga manggagawa, nagtatrabaho at estudyante ang naka-kaalam sa mga gawain ng mga propagandista sa ibang bansa.

Kung si Rizal at mga kasama niya ay nagbigay-halaga sa mga liberal na Kastila lamang, ang propagandista sa kasalukuyan ay di-hamak na mas marami ang naabot: mga liberal, progresibo, rebolusyonaryo, migranteng Pilipino (manggagawa, mga Pilipinong nakapag-asawa ng Olandes at kanilang mga pamilya), estudyante at mga taong iba-iba ang nasyonalidad.

Noong ika-25 anibersaryo ng NDFP noong Abril 1998, o noong ika-10 anibersaryo ng aplikasyon ni Joma Sison para sa *political asylum* ngayong Oktubre, maraming mga kaibigan at kasama ang mula sa Alemanya, Belgium, Olanda, Indonesia, Turkiya, Kurdistan, Grecia, Mexico, Panama, Canada, India, Italya, Luxembourg, Estados Unidos, atbp.

Malaki rin ang naidulot ng kompyuter at ibang sistemang pang-komunikasyon. Sa *e-mail* at sa telebisyon, mabubuklat natin ang mga pahayagan sa Pilipinas kahit araw-araw di tulad noong panahon ni Rizal na kailangan ang matagal na panahon upang malaman ang nangyayari sa isang malayong lugar. Ito ang malaking pagkakaiba ng mga kasalukuyang propagandista na puwede pa ngang magpahayag ng kanilang mga nasasa-isip sa araw-araw na nangyayari sa kanilang bayan.

Kabilang din dito ang radyo. Kung may mga pangyayari sa Pilipinas kung saan kinakailangang magbigay ng panig si Louie Jalandoni, Joma Sison o si Fidel Agcaoili, nakakatanggap kami ng tawag mula sa mga istasyon ng radyo sa Maynila at sa ilang sandali ay nakakapagbigay na ng salaysay ang mga kasama. Ang tanging problema lamang ay kung kinakailangan hingan ng panayam nang ika-7 o ika-8 ng umaga, kaila-ngang gumising sina Joe, Louie o si Fidel ng ika-1 o ika-2 ng madaling-araw (nauuna ng anim na oras ang Maynila sa Olanda). Wala noong ganitong teknolohiya.

Sa kabuuan, ang kasalukuyang Pilipinong propagandista sa ibang bayan ay 1) may gawaing ihasik ang kasaysayan ng bansang produkto ng kolonyal at pyudal na mga bagay na ugat naman ang imperyalismo, pyudalismo at kapitalismo; 2) nagpapaliwanag din kung bakit armadong pakikibaka lamang ang magdudulot ng reporma tungo sa sosyalismo; 3) tumutulong sa mga grupong tinatag ng mga kaibigan at iba pang mga progresibo sa ibang bayan; 4) nagbibigay kalinga sa mga kababayang napipilit ng gobyernong magtrabaho sa ibang bayan; 5) humahalili sa pagtatatag ng koordinasyon, kooperasyon at pagkakaisa mula sa iba pang progresibo at rebolusyonaryong kilusan na lumalaban sa imperyalismo at pasismo.

Sa kaso ng mga eksilong NDFP sa Utrecht, sila ang naaatasan na isulong ang usapang pang-kapayapaan sa gitna ng kanilang puwersa at Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Binigyan din sila ng kapangyarihan ng liderato ng NDFP at 17 rebolusyonaryong puwersang bumubuo sa kilusan kaya't naghahanap sila ng isang mapayapang solusyon—kung posible man ito—sa GRP. Ang armadong pakikibaka sa Pilipinas ay 30 taon na, at ang usapang pang-kapayapaan ay patuloy sa kabila ng nagaganap na mga paglalaban.

Marami ang nagbibigay ng tulong at handang maglakbay mula sa Pilipinas patungong Olanda kung kinakailangan. Kabilang dito ang abugadong si Romeo T. Capulong, *general counsel* ng NDFP at taga-pagtaguyod at direktor ng *Public Interest Law Center* (PILC) sa Pilipinas at iba pa sa hanay ng NDFP na sina Dan Borjal, Sotero Llamas, Rafael Baylosis, Vic Ladlad, dating heneral ng Sandatahang Pilipinas na si Raymundo Jarque at marami pang iba.

Ang ilan sa mga kasama ay naturalisadong Olandes. Ngunit maging Olandes man o Pilipino, ang araw-araw na pamumuhay ay umiikot pa rin sa mga kasamang nasa inang bayan, ang problemang pulitikal at pang-

ekonomiya nito at ang pagpapatuloy ng rebolusyonaryong pakikibaka. Halimbawa, nagbalikbayan lamang si Louie Jalandoni nang ilang beses mula 1976 mula nang naatasang mangibang bansa sila ni Coni, ngunit marami ang nagigimbal sa lawak ng kanyang nalalaman tungkol sa nangyayari sa Pilipinas. Kaya't maaaring sabihin na ang mga kasamang matagal nang wala sa tinubuang lupa ay mas maraming alam tungkol sa problema ng bayan—ang ugat at solusyon nito—kaysa kina Gng. Cory Aquino, Fidel Ramos at Joseph Estrada na punung-puno ng mga programa na maka-imperyalista, pyudal at hindi pakikinabangan ng nakararami.

Ang kinahinatnan ng pandaigdigang mga gawain ng CPP at NDFP, ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ay tinitingala ng mga partidong Marxista at Leninista, mga pambansang rebolusyonaryong kilusan, ang pandaigdigang organisasyon laban sa imperyalismo, at marami pang mga kapatid sa pakikibaka.

Kung babalikan ang Unang Kilusang Propaganda, alam nating marami ang dumanas ng mahirap na buhay sa Espanya tulad ni Marcelo H. del Pilar. Isa sa mga istorya ay tungkol sa pagpupulot ni del Pilar—“Plaridel”—ng sigarilyo sa mga kalsada.

Hindi namin alam kung may mga kasamang dumating na sa ganoong kalagayan. Marami sa kanila at sa kanilang mga anak ang nakatira sa mumurahing bahagi ng New York kung saan nag-uumpaw ang mga daga at ipis (nakakakuha kami ng balita mula sa mga mayayamang pamilya nila sa Maynila). Kung ang isang kasama sa Utrecht ay may bisyo ng paninigarilyo at magsimula siyang mamulot ng mga upos dahil wala na siyang pambili, hihikayatin namin siyang tumigil na sa paninigarilyo.

10

Patuloy ang buhay-eksilyo sa Utrecht. Sa kasamaang palad, ang mga signos ay nagpapahiwatig na ang mga susunod na araw ay lalo pang lalala. Hindi lang dahil sa lumalayo na sa patakarang mapagbigay ang pamahalaang Olandes sa mga Pilipinong humihingi ng asilo. At hindi lang dahil may mga baha-bahagi sa lipunang Olandes na kakikitaan ng nakababahalang rasismo. Higit sa lahat dahil ang pamayanang eksilo ay nagkawatak-watak mula sa loob, hindi lang maliliit na lamat kundi ng walang pakundangang tunggalian.

MGA MAY-AKDA

CARMEN A. ABUBAKAR

Propesor sa *Institute of Islamic Studies*, UP, Diliman, nagtuturo siya ng mga kurso tungkol sa lipunan at kultura ng mga Muslim. Nakatuon ang kanyang mga pananaliksik, sa kasalukuyan, sa mga kababaihan at pulitika.

MARUJA M.B. ASIS

Kasalukuyang Direktor ng Pananaliksik at Publikasyon sa Scalabrini Migration Center. Nagsanay sa sosyolohiya (BA Sosyolohiya at MA Demograpiya mula sa UP, at PhD Sosyolohiya mula sa *Bowling Green State University*), si Dr. Asis ay may akda ng mga artikulo na nailathala at/o nabasa sa mga kumperensiya sa loob at labas ng bansa. Ang pag-aaral ng iba't ibang aspeto ng migrasyong internasyonal ang kanyang pangunahing interes sa pananaliksik at pagsusulat.

MA. LOURDES T. CAMAGAY

Propesor sa Departamento ng Kasaysayan, UP, Diliman at kasalukuyang Tagapag-ugnay ng Pananaliksik at Publikasyon sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya sa UP. May hawak ng *doctorate de troisieme cycle* mula sa *École des Hautes Études en Sciences Sociales* sa Paris, Pransya. Si Dr. Camagay ay may-akda ng maraming artikulo at ilang aklat. Ang kanyang librong, *Kasaysayang Panlipunan ng Pilipinas (1765-1898)*, ay nanalo ng 1993 *National Book Award* sa katagorya ng kasaysayan.

RICARDO T. JOSE

Kasamang Propesor sa Departamento ng Kasaysayan, UP, Diliman. Nagtamo ng Batsilyer at Masterado sa Kasaysayan mula sa UP at ng PhD sa Kasaysayan mula sa *Tokyo University of Foreign Studies*. Si Dr. Jose ay kilala sa loob at labas ng bansa bilang dalubhasa sa panahon ng Okupasyon ng mga Hapon sa Pilipinas at sa kasaysayan ng militar at diplomasya. Nahirang siyang *Outstanding Young Scientist* noong 1997, ang kauna-unahan sa larangan ng kasaysayan na nabigyan ng nasabing parangal.

FERDINAND C. LLANES

Katuwang na Propesor sa Departamento ng Kasaysayan, UP, Diliman at kandidato sa doktoradong programa ng *Philippine Studies*, sa parehong pamantasan. Pinamatnugutan niya ang mga publikasyong *Katipunan: Isang Pambansang Kilusan* (1992) at *Pagbabalik sa Bayan: Mga Lektura sa*

Historiograpiya (1993). Hinggil sa kasaysayan ng Mindoro, mga deportados sa Pilipinas ng 19 dantaon, at ugnayang Pilipinas at Thailand ang kanyang pananaliksik.

JO-ANN Q. MAGLIPON

Mamahayag o *working journalist* mula 1972, maliban sa mga limang taon noong panahon ng Batas Militar na pansamantala siyang tumigil sa pamamahayag. Naging kolumnista siya ng *We Forum*, *The Chronicle*, at *The Manila Times*, at naging patnugot ng *Sunday Times Magazine*. Ang kanyang akdang *Primed* (1993) ay napiling isa sa *Ten Outstanding Books of the Decade* (1988-1998).

CLARISSA V. MILITANTE

Kasaluyang *Publications and Databank Officer* sa *Philippine-China Development Resource Center* (PDRC). Bago naging bahagi ng PDRC noong Agosto 1998, naging patnugot siya ng *Philippine Agenda*, isang *social science bulletin* para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan, at mamahayag ng *Philippine News Features* (PNF). Nagtapos siya ng Literatura sa Pamantasan ng De La Salle noong 1985.

ATOY M. NAVARRO

Kasalukuyang instruktur at mag-aaral ng Masterado sa Kasaysayan, UP, Diliman. Kabilang sa kanyang mga publikasyon ay ang *Talaarawan 1996 at Himagsikang 1896* (Salazar, Yulo at Navarro, mga pat., 1996), *Talaarawan 1997 at Himagsikang 1897* (Salazar, Yulo at Navarro, mga pat., 1997), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan* (Navarro, Rodriguez at Villan, mga pat., 1997), *Wika, Panitikan at Sining Himagsikan* (Navarro at Abejo, mga pat., 1998), at *Tayabas: Pagmumulat sa Kasaysayan, Himagsikan at Sentenaryo* (Navarro at Palad, 1998).

ZEUS A. SALAZAR

Propesor sa Departamento ng Kasaysayan at dating Dekano ng Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP, Diliman. Nag-aral sa UP (BA Kasaysayan, *summa cum laude*), *Ecole Nationale des Langues Orientales Vivantes*, *Frei Universität Berlin* at *Universiteit te Leiden*, at nagtamo ng *Docteur en Ethnologie*, *Sorbonne*, Paris. Si Dr. Salazar ay naging panauhing propesor sa maraming unibersidad sa Europa, na ang pinakahuli ay sa *Universität Bremen* (Alemanya). Siya ay ginawaran ng maraming parangal, kasama na rito ang *French decoration "Chevalier des Palmes Académiques,"* "Gawad ng Pagkilala" mula sa Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, Departamento ng Edukasyon, Kultura at Palakasan, at ang "Gawad Lope K.

Santos” mula sa Sentro ng Wikang Pilipino, UP System. Siya ay may-akda at/ o patnugot ng maraming artikulo at aklat sa kasaysayan.

NENI STA. ROMANA-CRUZ

Free-lance journalist, premyadong manunulat at guro. Bilang mamahayag at manunulat, tinuturing niyang isang pribilehiyo na makapanayam ang dating Pangulong Corazon C. Aquino mula noong 1983. Kasalukuyan siyang namumuno ng *Children's Media Center ng International School Manila*.

NOEL V. TEODORO

Kasamang Propesor sa Departamento ng Kasaysayan, UP, Diliman. Natamo niya ang BA (*cum laude*) at MA mula sa UP, Diliman at ang DEA (graduate diploma, 1985) at PhD (1989) sa Kasaysayan at Kabihasan ng Mundong Malayo-Indones (na may pinakamataas na karangalan) mula sa *École des Hautes Etudes en Sciences Sociales* (EHESS, Paris). Naglingkod siya bilang panlabas na tagapayo sa *Universiti Kebangsaan Malaysia*, bilang panlabas na eksaminer sa *Universiti Brunei Darussalam*, at nakapagbasa ng papel sa mga kumperensyang pang-internasyonal sa Pransya, Malaysia, Indonesia, at Brunei. Nakatuon ang kanyang interes sa pananaliksik sa kasaysayang pangkalinangan, Timog-Silangang Asya, at historiograpiya.



Nakatuon ang mga sanaysay sa tomong ito sa ugnayan ng mga pulitikal na eksilo at mga panlipunang pagbabago nitong nakaraang sandaang-taon. Tinalakay ng mga may-akda ang paglisan ng mga eksilo, ang patuloy nilang pagsubaybay at pakikisangkot sa mga mahalagang usapin sa Pilipinas, ang kanilang karanasan sa ibang bansa, ang pagbabago o pagpapatibay ng kanilang mga gawain at paniniwala habang sila ay nasa ibang bansa, at ang mito o realidad ng kanilang pagbalik sa lupang sinilangan.

Inaasahan na makaambag ang publikasyong ito sa pagpapayabong ng perspektibo ng kasaysayan sa migrasyon ng mga Pilipino, at sa pag-unawa sa papel ng migrasyon sa kasaysayan ng bayang Pilipino.

Mga may-akda

Carmen A. Abubakar, Ma. Lourdes T. Camagay, Ricardo T. Jose,
Ferdinand C. Llanes, Jo-Ann Q. Maglipon, Clarissa V. Militante,
Atoy M. Navarro, Zeus A. Salazar, Neni Sta. Romana-Cruz, at Noel V. Teodoro.

Patnugot

Maruja M. B. Asis

Ito ay publikasyon ng *UP Center for Integrative and Development Studies*
sa pakikipagtulungan ng *Scalabrini Migration Center*.

Disenyo ng Pabalat

Ariel G. Manuel

ISBN 971-742-033-5



9 789717 420332